PINAGAANG KAHULUGAN NG MALUWALHATING QURAN SA WIKANG TAGALOG

PINAGAANG KAHULUGAN NG
MALUWALHATING QURAN
SA WIKANG TAGALOG

Isinalin sa Wikang Filipino ni
Mujahid Navarra

Maaari ninyo kaming kontakin o dalawin kung
nais ninyong makilala ang Islam o yumakap sa Islam

PEACE CENTER MANILA
MASJID EL GRANDE, 221 El Grande Ave. BF Homes Paranaque
https://peacecentermanila.com/
https://www.youtube.com/@peaceworldtv9932
https://youtube.com/@PeaceWorldTVEng
https://www.youtube.com/@peaceworldtvurdu7005
https://peacecentermanila.com/quran-tagalog
https://www.tiktok.com/@peacecentermanila
https://www.facebook.com/peacecentermanila
peaceworldtv19@gmail.com

HASANAH MEDIA AGENCY
https://www.facebook.com/hasanahmediaagency
https://www.youtube.com/c/HASANAHMEDIAAGENCY
https://islamsapilipinas.com

GOODWORD BOOKS
https://www.goodwordbooks.com
https://play.google.com/store/apps/details?id=io.goodword.quran
https://apps.apple.com/us/app/goodword-quran/id1538137662

peacecentermanila Peace Center Manila PEACE WORLD TV
GoodWord peacecentermanila.com peaceworldtv19@gmail.com
(02) 8724 4822 (+63) 917 190 6753 (GLOBE) (+63) 998 9973223 (SMART)

MGA NILALAMAN

1. SURATUL FATIHAH (ANG PANIMULA) 7
2. SURATUL BAQARAH (ANG BAKA) 7
3. SURAH ALI 'IMRAN (ANG PAMILYA NI 'IMRAN) 46
4. SURATUN NISA' (ANG KABABAIHAN) 69
5. SURATUL MAIDAH (ANG MESA) 93
6. SURATUL AN'AM (ANG MGA PINAPASTOL NA HAYOP) 111
7. SURATUL A'RAF (ANG MATAAS NA LUGAR) 131
8. SURATUL ANFAL (ANG KULIMBAT SA LABANAN) 154
9. SURATUT TAWBAH (ANG PAGBABALIK LOOB) 163
10. SURAH YUNUS (SI PROPETA YUNUS) 180
11. SURAH HUD (SI PROPETA HUD) 193
12. SURAH YUSUF (SI PROPETA YUSUF) 206
13. SURATUR RA'D (ANG KIDLAT) 218
14. SURAH IBRAHIM (SI PROPETA IBRAHIM) 224
15. SURATUL HIJR (ANG MABATONG BUNDOK) 230
16. SURATUN NAHL (ANG MGA BUBUYOG) 235
17. SURATUL ISRA' (ANG PAGLALAKBAY SA GABI) 249
18. SURATUL KAHF (ANG KUWEBA) 260
19. SURAH MARYAM (SI BIRHENG MARIA) 272
20. SURAH TAHA 279
21. SURATUL ANBIYA' (ANG MGA PROPETA) 288
22. SURATUL HAJJ (ANG PEREGRINASYON) 297
23. SURATUL MU'MINUN (ANG MGA MANANAMPALATAYA) 306
24. SURATUN NUR (ANG LIWANAG) 313
25. SURATUL FURQAN (ANG PAMANTAYAN) 322
26. SURATUSH SHU'ARA' (ANG MGA MAKATA) 329

27. SURATUN NAML (ANG MGA LANGGAM) 338
28. SURATUL QASAS (ANG MGA KUWENTO) 346
29. SURATUL ANKABUT (ANG GAGAMBA) 355
30. SURATUR RUM (ANG MGA ROMANO) 362
31. SURAH LUQMAN (SI LUQMAN) 368
32. SURATUS SAJDAH (ANG PAGPAPATIRAPA) 372
33. SURATUL AHZAB (ANG ALYANSA) 374
34. SURATUS SABA' (ANG NASYON NG SABA') 383
35. SURAH FATIR (ANG TAGAPAGSIMULA) 389
36. SURAH YA SIN 395
37. SURATUS SAFFAT (ANG MGA HANAY) 400
38. SURAH SAD 407
39. SURATUZ ZUMAR (ANG GRUPO) 412
40. SURAH GHAFIR (ANG NAGPAPATAWAD) 420
41. SURAH FUSSILAT (ANG PINALINAW) 429
42. SURATUSH SHURA (ANG SANGGUNIAN) 434
43. SURATUZ ZUKHRUF (ANG PALAMUTI) 440
44. SURATUD DUKHAN (ANG USOK) 446
45. SURATUL JATHIYAH (ANG NAKALUHOD) 449
46. SURATUL AHQAF 452
(ANG MGA BUNDOK NG BUHANGIN)
47. SURAH MUHAMMAD (SI PROPETA MUHAMMAD) 457
48. SURATUL FATH (ANG PAGSAKOP) 461
49. SURATUL HUJURAT (ANG MGA KUWARTO) 465
50. SURAH QAF 467
51. SURATUDH DHARIYAT 470
(ANG HANGING TAGAPAGKALAT)
52. SURATUT TUR (ANG BUNDOK TUR) 473

53. SURATUN NAJM (ANG BITUIN) 475
54. SURATUL QAMAR (ANG BUWAN) 477
55. SURATUR RAHMAN (ANG MAAWAIN) 480
56. SURATUL WAQI'AH (ANG HINDI MAPIPIGILANG PANGYAYARI) 484
57. SURATUL HADID (ANG BAKAL) 487
58. SURATUL MUJADILAH (ANG BABAENG NAKIKIPAGTALO) 491
59. SURATUL HASHR (ANG PAGPAPATAPON) 494
60. SURATUL MUMTAHANAH (ANG BABAENG SINUBOK) 497
61. SURATUS SAFF (ANG HANAY) 500
62. SURATUL JUMU'AH (ANG ARAW NG BIYERNES) 502
63. SURATUL MUNAFIQUN (ANG MGA NAGPAPANGGAP NA MUSLIM) 503
64. SURATUT TAGHABUN (ANG PAGKALUGI) 504
65. SURATUTTALAQ (ANG DIBORSIYO) 506
66. SURATUT TAHRIM (ANG PAGBABAWAL) 508
67. SURATUL MULK (ANG KAHARIAN) 510
68. SURATUL QALAM (ANG PANULAT) 513
69. SURATUL HAQQAH (PAGKABUHAY-MULI) 515
70. SURATUL MA'ARIJ (ANG MGA DAAN PAAKYAT) 517
71. SURAH NUH (SI PROPETA NOAH) 519
72. SURATUL JINN (ANG ENGKANTO) 520
73. SURATUL MUZZAMMIL (ANG NAKATALUKBONG) 522
74. SURATUL MUDDATHTHIR (ANG NAKABALABAL) 524
75. SURATUL QIYAMAH (ANG PAGKABUHAY-MULI) 526
76. SURATUL INSAN (ANG TAO) 527

77. SURATUL MURSALAT (ANG MGA ISINUGO) 529
78. SURATUN NABA' (ANG BALITA) 530
79. SURATUN NAZI'AT (ANG MGA HUMIHILA) 532
80. SURAH ABASA (ANG SUMIMANGOT) 533
81. SURATUT TAKWIR (ANG PAGBALOT) 534
82. SURATUL INFITAR (ANG PAGSABOG) 535
83. SURATUL MUTAFFIFIN (ANG MGA MANDARAYA) 536
84. SURATUL INSHIQAQ (ANG PAGBIYAK) 537
85. SURATUL BURUJ (ANG MALALAKING BITUIN) 538
86. SURATUT TARIQ (ANG BITUING MALIWANAG) 539
87. SURATUL A'LA (ANG KATAAS-TAASAN) 539
88. SURATUL GHASHIYAH 540
(ANG NAKAKATAKOT NA KAGANAPAN)
89. SURATUL FAJR (ANG BUKANG-LIWAYWAY) 541
90. SURATUL BALAD (ANG LUNGSOD) 542
91. SURATUSH SHAMS (ANG ARAW) 543
92. SURATUL LAYL (ANG GABI) 543
93. SURATUD DUHA (ANG UMAGA) 544
94. SURATUSH SHARH (ANG GINHAWA) 544
95. SURATUT TIN (ANG IGOS) 545
96. SURATUL ALAQ 545
(ANG NAMUONG LAMAN NA NAKABITIN)
97. SURATUL QADR (ANG GABI NG PAGTATAKDA) 546
98. SURATUL BAYYINAH (ANG MALINAW NA TANDA) 546
99. SURATUZ ZALZALAH (ANG LINDOL) 547
100. SURATUL 'ADIYAT (MGA KABAYONG PANDIGMA) 547
101. SURATUL QARI'AH (ANG MALAGIM NA KAGANAPAN) 548
102. SURATUT TAKATHUR (ANG PAGPAPARAMIHAN) 548

103. SURATUL ASR (ANG PANAHON) 549
104. SURATUL HUMAZAH (ANG MAPANIRANG-PURI) 549
105. SURATUL FIL (ANG ELEPANTE) 549
106. SURAH QURAYSH (ANG TRIBONG QURAYSH) 550
107. SURATUL MA'UN (ANG MALIIT NA KAWANGGAWA) 550
108. SURATUL KAWTHAR (ISANG ILOG SAPARAISO) 550
109. SURATUL KAFIRUN (ANG MGA HINDI NANAMPALATAYA) 551
110. SURATUN NASR (ANG TAGUMPAY) 551
111. SURATUL MASAD (ANG HIBLA NG PALMERA) 551
112. SURATUL IKHLAS (ANG KADALISAYAN) 552
113. SURATUL FALAQ (ANG BUKANG-LIWAYWAY) 552
114. SURATUN NAS (ANG SANGKATUHAN) 552

1. SURATUL FATIHAH (ANG PANIMULA)

1:1. Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin. 1:2. Ang papuri ay para kay Allah ang Panginoon ng lahat ng nilikha. 1:3. Ang Maawain at ang Mahabagin. 1:4. Ang Hari ng Araw ng Paghuhukom. 1:5. Sa Iyo lamang kami sumasamba at sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong. 1:6. Gabayan Mo kami tungo sa landas na matuwid. 1:7. Ang landas ng Iyong mga biniyayaan: hindi ang landas ng mga kinamuhian at hindi ng mga naligaw.

2. SURATUL BAQARAH (ANG BAKA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

2:1. Alif Lam Mim.

2:2. Ito ang aklat na walang pagdududa rito. Gabay para sa mga may takot kay Allah. 2:3. Silang mga naniniwala sa nalilingid, nagtataguyod ng obligadong pagdarasal at mula sa mga ibiniyaya Namin sa kanila ay nagtutustos. 2:4. Silang mga nanampalataya sa siyang ibinaba sa iyo O Muhammad at sa mga ipinahayag sa mga nauna sa iyo at sa Kabilang-buhay, sila ay nakatitiyak. 2:5. Sila yaong mga nasa gabay mula sa kanilang Panginoon at sila yaong mga matagumpay.

2:6. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya ay pareho lamang sa kanila kung babalaan mo sila o hindi mo sila babalaan - hindi sila mananampalataya. 2:7. Tinakpan na ni Allah ang kanilang mga puso at ang kanilang mga pandinig. At sa kanilang mga mata ay ang tabing. Para sa kanila ang matinding parusa.

2:8. Kabilang sa mga tao ay yaong nagsasabing, 'Nanampalataya kami kay Allah at sa Kabilang-buhay.' Subalit hindi naman sila mga mananampalataya. 2:9. Nililinlang nila si Allah at ang mga nanampalataya subalit wala silang nililinlang liban pa sa kanilang mga sarili at hindi nila ito napapansin.

2:10. Ang kanilang mga puso ay may sakit at ito ay dinagdagan pa ni Allah ng sakit at para sa kanila ang masakit na parusa dahil sa kanilang pagsisinungaling. 2:11. Kapag sinabi sa kanila na, 'Huwag kayong magkalat ng kasamaan sa lupa.' Sasabihin nilang, 'Tunay na kami ay mga tagapagsaayos lamang.' 2:12. Tunay na sila ay mga mapanira subalit hindi nila ito napapansin. 2:13. At kapag sinabi sa kanila, 'Manampalataya kayo tulad ng kung paanong nanampalataya ang mga tao.' Sasabihin nilang, 'Mananampalataya ba kami tulad ng kung paanong nanampalataya ang mga tanga?' Tunay na sila ang mga tanga subalit hindi nila ito nalalaman. 2:14. Kapag kasama nila ang mga nanampalataya ay sinasabi nilang, 'Nanampalataya kami.' At kapag wala silang kasama liban pa sa kanilang mga demonyo at kapwa nila hindi mananampalataya ay sasabihin nilang, 'Tunay na kami ay kasama ninyo at tunay na kami ay nangungutya lamang.' 2:15. Subalit si Allah ang nangungutya sa kanila at inilulugmok sila sa kanilang pagsuway na mga bulag. 2:16. Sila yaong bumili sa pagkaligaw kapalit ng gabay, kaya hindi tumubo ang pagbebenta nilang ito at hindi rin sila mga nagabayan.

2:17. Ang katulad nila ay yaong nagsindi ng apoy at nang nagkaliwanag na sa kanyang paligid ay inalis ni Allah ang kanilang mga ilaw at iniwan sila sa kadiliman na hindi sila makakita.

2:18. Bingi, pipi at bulag – sila ay hindi na makababalik. 2:19. O tulad ng malakas na ulan mula sa langit na dala nito ang kadiliman, kulog at kidlat. Inilalagay nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga dahil sa takot sa kamatayan. Si Allah ay nakasasaklaw sa mga hindi nanampalataya. 2:20. Ang kidlat ay halos humablot sa kanilang mga paningin. Tuwinang iniilawan nito ang kanilang daan ay lumalakad sila at kapag dumilim para sa kanila ay tumitigil muli sila. Kung nanaisin lamang ni Allah ay aalisin Niya ang kanilang mga pandinig at paningin. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

2:21. O mga tao, sambahin ninyo ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo upang kayo nawa ay magkaroon ng takot kay Allah. 2:22. Ang Siyang nagdulot para sa inyo na ang lupa ay maging malapad at ginawa Niya ang langit na parang gusali. At nagpababa mula sa langit ng tubig at pinatubo Niya sa pamamagitan nito ang mga bunga bilang biyaya sa inyo. Kaya, huwag kayong kumuha para kay Allah ng mga katambal samantalang nalalaman ninyo ito. 2:23. Kung kayo ay may duda sa kung anumang ibinaba Namin sa Aming lingkod na si Propeta Muhammad ay maglabas kayo ng isang kabanata na tulad ng kabanata ng Quran. Tawagin ninyo ang mga saksi ninyo liban pa kay Allah kung kayo ay mga makatotohanan. 2:24. Kung hindi ninyo ito magawa at hinding-hindi ninyo ito magagawa ay katakutan ninyo ang apoy na ang panggatong dito ay mga tao at mga bato na inihanda para sa mga hindi nanampalataya. 2:25. Balitaan mo ang mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan na para sa kanila ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Tuwinang sila ay bibiyayaan dito mula sa mga bunga nito bilang biyaya ay sasabihin nilang, 'Ito ang ibiniyaya sa amin noon.' At ibinigay nga sa kanila ang katulad nito noon sa mundo ngunit mas mainam ang anumang nasa Paraiso. Para sa kanila rito ang mga asawang dalisay. Sila rito ay mananahan habang-panahon.

2:26.Tunay na si Allah ay hindi nahihiya na magbigay ng halimbawa ng lamok o anumang mas maliit pa rito. Yaong mga nanampalataya ay nalalaman nila na ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Subalit ang mga hindi nanampalataya ay magsasabi, 'Ano kaya ang ibig sabihin ni Allah sa paghahambing na ito?' Inililigaw Niya sa pamamagitan nito ang marami at ginagabayan Niya sa pamamagitan nito ang marami. Hindi Siya nagliligaw sa pamamagitan nito liban pa sa mga suwail. 2:27. Yaong mga sumira sa kasunduan nila kay Allah matapos ang pagpapatibay nito at mga pumutol sa iniutos ni Allah na maidugtong at naghahasik ng kasamaan sa lupa, sila ang mga talunan.

2:28. Paano ninyo nagawang hindi manampalataya kay Allah samantalang kayo noon ay walang buhay at binuhay Niya kayo at babawian Niya kayo ng buhay at bubuhaying-muli at tungo sa Kanya kayo ay ibabalik. 2:29. Siya ang lumikha para sa inyo ng anumang nasa lupa lahat-lahat at Siya ay bumaling sa langit at ginawa Niya itong pitong kalangitan. Siya sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

2:30. Nang sinabi ng iyong Panginoon sa mga anghel, 'Tunay na Ako ay maglalagay sa lupa ng sunud-sunod na mga tagapangasiwa.' Sinabi ng mga anghel, 'Maglalagay Ka ba rito ng maghahasik lamang ng kasamaan at magpapadanak ng dugo? Samantalang kami ay nagpupuri lamang sa Iyo at lumuluwalhati sa Iyo.' Sinabi ni Allah, 'Tunay na nalalaman Ko ang hindi ninyo nalalaman.'

2:31. Itinuro Niya kay Adan ang pangalan ng lahat ng bagay. At ito ay ipinakita Niya sa mga anghel at nagsabing, 'Sabihin ninyo sa Akin ang pangalan ng mga ito kung kayo ay makatotohanan.' 2:32. Sinabi nila, 'Luwalhati sa Iyo, wala kaming kaalaman liban na lamang sa itinuro Mo sa amin. Tunay na Ikaw ang Nakaaalam at ang Maalam.' 2:33. Sinabi ni Allah, 'O Adan, ituro mo sa kanila ang pangalan ng mga ito.' Nang itinuro nga ni Adan sa kanila ang mga pangalan ng mga bagay-bagay ay sinabi ni Allah, 'Hindi ba't sinabi Ko sa inyo na tunay na nalalaman Ko ang nalilingid sa kalangitan at sa lupa at nalalaman Ko kung ano ang mga ihinahayag ninyo at inililihim ninyo?'

2:34. Nang sinabi Namin sa mga anghel, 'Magpatirapa kayo kay Adan.' Kaya silang lahat ay nagpatirapa liban kay Satanas. Siya ay tumanggi at nagmalaki at naging kabilang sa mga hindi nanampalataya. 2:35. Sinabi Namin, 'O Adan, tumira ka at ang iyong asawa dito sa Paraiso, at kumain kayong dalawa mula sa kasaganahan na naririto saan man kayo naroroon. Subalit huwag ninyong lalapitan ang puno na ito at kayo ay mabibilang sa mga makasalanan.' 2:36. Subalit iniligaw sila ni Satanas

mula rito at inalis sila mula sa kanilang kasalukuyang kalagayan. Sinabi Namin, 'Umalis kayo na sa isat isa ay kalaban at para sa inyo sa lupa ang tahanan at panustos hanggang sa takdang panahon.' 2:37. Tinanggap ni Adan mula sa kanyang Panginoon ang mga kapahayagan at tinanggap ni Allah ang pagbabalik-loob ni Adan. Tunay na Siya ang Tagatanggap ng pagbabalik-loob at ang Mahabagin. 2:38. Sinabi Namin, 'Bumaba kayo mula rito lahat-lahat. Kung darating sa inyo mula sa Akin ang gabay, sinumang sumunod sa Aking gabay ay wala silang katatakutan at sila ay hindi malulungkot. 2:39. Ang mga hindi nanampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga tanda ay sila yaong mga mananahan sa Impiyerno at dito sila mananatili habang-panahon.

2:40. O Angkan ng Israel, alalahanin ninyo ang Aking biyaya na ibinigay Ko sa inyo at tuparin ninyo ang kasunduan Ko sa inyo upang tuparin Ko ang kasunduan ninyo sa Akin. Sa Akin lamang kayo matakot. 2:41. Manampalataya kayo sa anumang ibinaba Ko na nagpapatibay sa anumang tangan ninyo. Huwag maging kauna-unahang mawawalan ng pananampalataya rito. Huwag ninyong ipagpapalit ang Aking mga tanda sa maliit na halaga. Sa Akin lamang kayo matakot. 2:42. Huwag ninyong balutin ang katotohanan ng kasinungalingan o kaya ay itatago ninyo ang katotohanan habang ito ay nalalaman ninyo. 2:43. Itaguyod ninyo ang obligadong pagdarasal, magbayad kayo ng obligadong kawanggawa at yumukod kasama ng mga nakayukod'. 2:44. Inuutusan ba ninyo ang mga tao ng kabutihan ngunit kinakalimutan ninyo ang inyong mga sarili habang nagbabasa kayo ng kasulatan? Hindi ba kayo nag-iisip? 2:45. Humingi kayo ng tulong sa pamamagitan ng tiyaga at pagdarasal dahil tunay na ito ay mahirap liban na lamang sa mga mapagpakumbaba. 2:46. Yaong mga nakatitiyak na makahaharap nila ang kanilang Panginoon at sila sa Kanya ay magbabalik.

2:47. O Angkan ng Israel, alalahanin ninyo ang Aking mga biyaya na ibinigay Ko sa inyo na kayo ay hinirang Ko sa lahat ng nilikha. 2:48. Katakutan ninyo ang Araw na walang mananagot na sinuman para sa iba pa sa kahit ano at hindi tatanggapin mula rito ang pamamagitan o kaya ay kukunin mula sa kanya ang kabayaran at sila ay hindi matutulungan. 2:49. Alalahanin ninyo nang iniligtas Namin kayo mula kay Paraon at kanyang hukbo na nagparusa sa inyo ng matinding parusa, na pumapatay sa inyong mga bagong silang na anak na lalaki at hinayaang mabuhay ang inyong kababaihan upang alipinin. Tunay na naririto ang pagsubok mula sa inyong Panginoon na matindi. 2:50. Hinati Namin para sa inyo ang dagat, iniligtas Namin kayo at nilunod Namin si Paraon at ang kanyang hukbo habang kayo ay nakatingin. 2:51. Kami ay nakipagkasunduan kay Moises ng apatnapung gabi at sinamba ninyo ang batang baka paglisan niya habang kayo ay mga makasalanan. 2:52. Pinaumanhinan Namin kayo pagkatapos nito upang kayo nawa ay magpasalamat. 2:53. Ibinigay Namin kay Moises ang kasulatan at ang Pamantayan upang kayo nawa ay magabayan. 2:54. Sinabi ni Moises sa kanyang nasyon, 'O aking nasyon, tunay na kayo ay nang-api sa inyong mga sarili sa pamamagitan ng pagsamba ninyo sa batang baka. Magbalik-loob kayo sa inyong Panginoon at patayin ng mga inosente sa inyo mula sa pagsamba sa batang baka ang mga maysala rito. Ito ang pinakamainam para sa inyo mula sa inyong Tagapaglikha.' Siya ay tatanggap sa inyong pagbabalik-loob, tunay na Siya ang Tumatanggap ng pagbabalik-loob at ang Maawain. 2:55. Sinabi ninyo, 'O Moises, hindi kami mananampalataya sa iyo hanggang sa makita namin si Allah nang hayagan.' Kaya tumama sa inyo ang kidlat habang kayo ay nakatingin. 2:56. Pagkatapos niyun ay binuhay Namin kayong muli matapos ang inyong kamatayan upang kayo nawa ay magpasalamat. 2:57. Nililiman Namin kayo sa pamamagitan ng mga ulap at ibinaba Namin sa inyo ang Manna na pagkain mula sa langit at mga pugo. 'Kumain kayo mula sa mababuting ibiniyaya Namin sa inyo.' Hindi nila Kami naapi, bagkus sila sa kanilang mga sarili ay nang-aapi.

2:58. Sinabi Namin, ‘Pumasok kayo sa bayang ito at kumain mula rito saan man ninyo naisin nang may kasaganahan at pumasok kayo sa lagusan nito nang mapagpakumbaba at sabihin ninyo, ‘Patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala.’ Patatawarin Namin ang inyong mga kasalanan at daragdagan Namin yaong mga gumagawa ng kabutihan. 2:59. Pinalitan ng mga makasalanan ang salitang ito ng iba pa roon sa pinasasabi sa kanila kaya nagpababa Kami sa mga nagkasala ng parusa mula sa langit dahil sa kanilang pagsuway. 2:60. Alalahanin nang nanalangin si Moises sa Amin ng tubig para sa kanyang nasyon at sinabi Namin, ‘Hampasin mo sa pamamagitan ng iyong tungkod ang bato.’ At umagos mula rito ang labindalawang bukal at natukoy ng bawat angkan ang kanilang pagkukunan ng tubig. ‘Kumain kayo at uminom mula sa mga biyaya ni Allah at huwag umabuso sa lupa na naghahasik ng kasiraan.’ 2:61. Sinabi ninyo, ‘O Moises, hindi namin kayang tiisin ang isang uri ng pagkain lamang. Kaya manalangin ka para sa amin sa iyong Panginoon na patubuin para sa amin ang mula sa tumutubo sa lupa na mga berdeng halaman; mga pipino, bawang, lentil at sibuyas.’ Sinabi ni Moises, ‘Ipagpapalit ba ninyo sa mas mababa ang mas mainam? Humayo kayo sa ibang lugar at makukuha ninyo ang inyong hinahanap.’ Kaya binalot sila ng kahihiyan at kahirapan at sila ay nagkamit ng galit ni Allah. Yaon ay dahil sa sila ay hindi nanampalataya sa mga tanda ni Allah at pumapatay sa mga propeta nang walang katarungan. Ito ay dahil sa kanilang pagsuway at paglampas sa hangganan.

2:62. Tunay na yaong mga nanampalataya at yaong mga Hudyo, Kristiyano at Sabiano; sinumang manampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay at gumawa ng kabutihan ay para sa kanila ang gantimpala nila mula sa kanilang Panginoon. Walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot.

2:63. Kinuha Namin ang kasunduan mula sa inyo at iniangat Namin sa ibabaw ninyo ang bundok, ‘Kunin ninyo ang anumang ibinigay Namin sa inyo nang may paninindigan at alalahanin ninyo ang anumang nilalaman nito upang kayo nawa ay magkaroon ng takot kay Allah.’

2:64. Ngunit kayo ay tumalikod pagkatapos nito. Kung hindi lamang dahil sa biyaya ni Allah sa inyo at Kanyang habag sa inyo ay tunay na kayo ay naging kabilang sa mga talunan. 2:65. At nalaman na ninyo ang tungkol doon sa mga sumuway sa Sabbath, sa araw ng pangilin sa Sabado na mga kabilang sa inyo. Sinabi Namin sa kanila, 'Maging mga unggoy kayo na kinamumuhian.' 2:66. At ginawa Namin itong babala para roon sa mga nabuhay kasabay nila at sa mga sumunod sa kanila at aral para sa mga may takot kay Allah.

2:67. Sinabi ni Moises sa kanyang nasyon, 'Tunay na si Allah ay nag-utos sa inyo na magkatay kayo ng baka.' Sinabi nila, 'Ginagawa mo ba kaming katawa-tawa?' Sinabi ni Moises, 'Ako ay nagpapakupkop kay Allah na ako ay mapabilang sa mga mangmang.' 2:68. Sinabi nila, 'Manalangin ka sa iyong Panginoon upang gawin Niyang malinaw sa amin kung anong klase ito.' Tumugon si Moises, 'Tunay na Siya ay nagsasabi, 'Ito ay isang baka na hindi matanda o birhen bagkus ay nasa pagitan ng mga ito.' Kaya gawin na ninyo ang ipinag-utos sa inyo.' 2:69. Sinabi nila, 'Manalangin ka sa iyong Panginoon upang sabihin sa amin kung anong kulay ito.' Sinabi ni Moises, 'Tunay na Siya ay nagsasabi, 'Tunay na ito ay isang baka na dilaw na maganda ang kulay at nagpapasaya sa tumitingin dito.'' 2:70. Sinabi nila, 'Manalangin ka sa iyong Panginoon upang linawin Niya kung ano ito. Tunay na ang mga baka ay pare-pareho lamang sa amin. At tunay na kami, kung nanaisin ni Allah, ay magagabayan.' 2:71. Sinabi ni Moises, 'Tunay na Siya ay nagsasabi, 'Ito ay isang baka na hindi sinanay upang mag-araro ng lupa o magpatubig sa sakahan. Baka na walang kapintasan dito at walang anumang marka rito.'' Sinabi nila, 'Ngayon ay ipinakita mo ang katotohanan.' Kaya kinatay nila ito matapos na halos hindi nila ito magawa. 2:72. Nang nakapatay kayo ng isang tao at kayo ay nagtalu-talo rito subalit si Allah ay magsisiwalat ng kung anumang inyong inililihim. 2:73. Kaya sinabi Namin, 'Dampian ninyo siya ng parte ng bakang ito.' Ganito binubuhay muli ni Allah ang mga patay at ipinapakita Niya sa inyo ang Kanyang mga tanda upang kayo nawa ay makapag-isip.

2:74. At tumigas ang inyong mga puso pagkatapos nito at ito ay tulad ng bato o mas matigas pa rito. Tunay na mayroong mga bato na umaagos mula rito ang mga ilog. Mayroong iba na nabibiyak at bumubukal mula rito ang tubig. Mayroon namang iba na bumabagsak dahil sa takot kay Allah. Si Allah ay hindi nalilingat sa anumang ginagawa ninyo.

2:75. Hinahangad ba ninyo, O mga nanampalataya, na maniniwala ang mga Hudyo sa inyo samantalang ang iba sa kanila ay nakaririnig sa salita ni Allah at binabago nila ito matapos nila itong maunawaan habang ito ay kanilang nalalaman? 2:76. Tuwinang kasama nila ang mga nanampalataya ay sinasabi nilang, 'Nanampalataya kami.' Subalit kung sila-sila na lamang ang magkakasama ay sinasabi nila, 'Nakikipag-usap ba kayo sa kanila tungkol sa anumang ipinahayag ni Allah sa inyo sa Torah upang kayo ay magtalo tungkol kay Propeta Muhammad sa harap ng inyong Panginoon? Hindi ba kayo nakauunawa?' 2:77. Hindi ba nila nalalaman, na nalalaman ni Allah ang anumang kanilang inililihim at ihinahayag.

2:78. Kabilang sa kanila yaong mga hindi makabasa at makasulat na hindi nakaaalam sa nilalaman ng Torah liban na lamang sa kasinungalingan, bagkus sila ay mga taong nag-aakala lamang. 2:79. Kasawian sa mga nagsusulat ng kasulatan sa pamamagitan ng kanilang mga kamay at nagsasabing, 'Ito ay galing kay Allah.' Upang ito ay ipagbili sa mababang halaga. Kasawian sa kanila sa anumang isinulat ng kanilang mga kamay at kasawian sa kanila sa kung anumang kinita nila. 2:80. Sinabi nila, 'Hindi kami dadapuan ng Apoy liban na lamang sa ilang araw.' Sabihin mo O Muhammad, 'Kayo ba ay nakipagkasunduan kay Allah ng kasunduan? Hindi babaliin ni Allah ang Kanyang kasunduan. O kayo ba ay nagsasabi tungkol kay Allah ng bagay na hindi ninyo nalalaman?' 2:81. Oo, sinumang nagkamit ng kasamaan at pumalibot sa kanya ang kanyang pagkakasala ay sila yaong mga mananahan sa Impiyerno at sila ay mananahan dito habang-panahon. 2:82. Ang mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan – sila ang mga mananahan sa Paraiso. Sila ay mananahan dito habang-panahon.

2:83. Nakipagkasunduan Kami sa Angkan ng Israel, ‘Wala kayong sasambahin liban kay Allah at sa mga magulang ay maging mabuti at sa mga kamag-anak, ulila at nangangailangan. Magsabi kayo sa tao ng kabutihan. Magtaguyod ng obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa.’ Subalit kayo ay tumalikod, liban na lamang sa iilan sa inyo at kayo ay mga tumatanggi.

2:84. Kami ay nakipagkasunduan sa inyo, ‘Huwag kayong magpapadanak ng dugo ng isat isa o magpalayas sa isat isa mula sa mga tahanan ninyo.’ Kayo ay umaamin habang kayo ay mga nakasasaksi. 2:85. Kayo yaong mga pumapatay sa isat isa at nagpapalayas sa isang grupo ninyo mula sa tahanan nila at nagkakaisa laban sa kanila sa kasalanan at pang-aapi. At kung sila naman ay darating sa inyo bilang mga bihag ay binabayaran ninyo ang kanilang kalayaan at ipinagbabawal ninyo sa sarili ninyo ang pagpapalayas sa kanila. Kaya, kayo ba ay naniniwala sa ibang bahagi ng kasulatan at tumatanggi naman sa iba pang bahagi nito? Kaya, ano ba ang gantimpala ng mga gumagawa nito na kabilang sa inyo liban pa sa kahihiyan sa buhay dito sa mundo? At sa Araw ng Paghuhukom, sila ay ibabalik sa pinakamatinding parusa. Si Allah ay hindi nalilingat sa anumang inyong ginagawa. 2:86. Sila yaong bumili ng buhay dito sa mundo kapalit ang Kabilang-buhay. Hindi pagagaanin para sa kanila ang parusa at hindi sila matutulungan.

2:87. Ibinigay Namin kay Moises ang Torah at sinundan Namin siya ng iba pang mga Sugo. At ibinigay Namin kay Jesus na anak ni Maria ang malilinaw na patunay at sinuportahan Namin siya sa pamamagitan ng banal na espiritu na si Anghel Gabriel. Hindi ba’t tuwinang darating sa inyo ang isang sugo na hindi ninyo nagugustuhan ay nagmamalaki kayo at may grupo ng mga sugo na inyong pinasinungalingan at may grupo naman na inyong pinatay? 2:88. Sinabi nila, ‘Ang aming mga puso ay natakpan na.’ Bagkus ay isinumpa sila ni Allah dahil sa kanilang kawalan ng panana-mpalataya at napakakaunti ng kanilang pinaniniwalaan. 2:89. Nang dumating sa kanila ang isang aklat mula kay Allah na nagpapatibay sa kung

anumang tangan nila samantalang sila noon ay nananalangin ng tagumpay laban sa mga hindi nanampalataya. Nang dumating sa kanila ang bagay na nakikilala nila ay tumanggi sila rito. Ang sumpa ni Allah ay para sa mga hindi nanampalataya. 2:90. Napakasama ng bagay na ipinagpalit nila sa kanilang mga sarili – ang hindi sila manampalataya sa ipinahayag ni Allah dahil sa kanilang pagkamuhi na maaaring ibaba ni Allah ang Kanyang pabor sa sinumang Kanyang naisin sa Kanyang mga alipin. Kaya sila ay nagkamit ng sunud-sunod na galit. Para sa mga hindi nanampalataya ang parusang kahiya-hiya.

2:91. Kapag sinabi sa kanila, 'Maniwala kayo sa ipinahayag ni Allah' ay sasabihin nila na, 'Mananampalataya kami sa ipinahayag lamang sa amin.' At sila ay hindi mananampalataya sa mga ipinahayag pagkatapos niyun, samantalang ito ang katototohanan na nagpapatibay sa kasulatang tangan nila. Sabihin mo sa kanila O Muhammad, 'Kaya bakit ninyo pinatay ang mga propeta ni Allah na nauna, kung kayo nga ay mga mananampalataya?' 2:92. Dumating sa inyo si Moises na may dalang malilinaw na patunay sa inyo ngunit sinamba ninyo ang batang baka paglisan niya habang kayo ay mga makasalanan. 2:93. Nakipagkasunduan Kami sa inyo at iniangat Namin sa ibabaw ninyo ang bundok, 'Kunin ninyo ang ibinigay Namin sa inyo nang may paninindigan at makinig kayo.' Sinabi nila, 'Narinig namin at sumuway kami.' Pumasok sa kanilang mga puso ang pagsamba sa batang baka dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Sabihin mo O Muhammad, 'Napakasama ng iniuutos ng inyong paniniwala kung kayo ay tunay na mga naniniwala sa anumang ipinahayag ni Allah.' 2:94. Sabihin mo O Muhammad, 'Kung para sa inyo lamang ang tahanan sa Kabilang-buhay na mula kay Allah at hindi para sa iba pang tao ay hangarin ninyo ang kamatayan kung kayo ay makatotohanan.' 2:95. Subalit hindi nila ito hahangarin kahit kailan dahil sa ginawa ng kanilang mga kamay. Si Allah ay Nakaaalam sa mga makasalanan. 2:96. Tiyak na makikita ninyo sila na pinakagahaman sa mga tao sa buhay kaysa sa iba pang nagtatambal kay Allah. Naghahangad ang kahit sino sa kanila na mabuhay ng isang libong taon. Subalit ito ay hindi maglalayo sa kanya

kahit papaano mula sa parusa kung siya man ay bibigyan ng buhay na ganito. Si Allah ay Nakakakita ng kanilang ginagawa.

2:97. Sabihin mo O Muhammad, 'Sinumang kalaban ni Anghel Gabriel - na siyang nagbaba ng Quran sa iyong puso sa pahintulot ni Allah na nagpapatunay sa anumang nauna rito at bilang gabay at magandang balita para sa mga nanampalataya. 2:98. Sinumang kalaban ni Allah, mga anghel Niya, mga sugo Niya, at nina Anghel Gabriel at Anghel Miguel, tunay na si Allah ay kalaban ng mga hindi nanampalataya. 2:99. Ibinaba Namin sa iyo ang mga tanda na malilinaw at walang sinuman ang hindi mananampalataya rito liban pa sa mga suwail.

2:100. Hindi ba't tuwinang sila ay makikipagkasunduan ay itinatakwil ito ng ilan sa kanila. Bagkus ay mas marami sa kanila ang hindi nananampalataya. 2:101. Nang dumating sa kanila ang Sugo mula kay Allah na nagpapatibay sa anumang tangan nila, itinakwil ito ng isang grupo na binigyan ng kasulatan at nagtapon sa Aklat ni Allah sa kanilang mga likuran na tila hindi nila ito nalalaman.

2:102. Sinunod nila ang ipinahayag ng mga demonyo sa panahon ng kaharian ni Solomon. Hindi nawalan ng pananampalataya si Solomon bagkus ang mga demonyo ang tumangging manampalataya. Tinuturuan nila ang mga tao ng salamangka. Anumang ipinahayag sa dalawang anghel sa Babel na sina Harut at Marut ay hindi sila nagturo sa sinuman liban na lamang na sinabi muna nila na, 'Tunay na kami ay pagsubok lamang kaya huwag kayong mawalan ng pananampalataya.' Subalit sila ay nag-aral mula sa kanilang dalawa ng mga bagay na maghihiwalay sa pagitan ng lalaki at kanyang asawa. Hindi sila nakapamiminsala sa pamamagitan nito sa sinuman liban na lamang sa pahintulot ni Allah. Sila ay nag-aral ng bagay na makapipinsala sa kanila at hindi magdudulot sa kanila ng kabutihan. Nalaman ng sinumang bumili nito na siya sa Kabilang-buhay ay walang bahagi. Napakasama ng bagay na ipinagpalit nila rito ang kanilang mga sarili kung nalalaman lamang nila. 2:103. Kung sila lamang ay

nanampalataya at natakot sa Kanya ay tunay na ang gantimpala mula kay Allah ay mas mainam kung nalalaman lamang nila.

2:104. O mga nanampalataya, huwag ninyong sabihin sa Sugo ni Allah na, 'Magdahan-dahan ka' bilang paghamak. Bagkus ang sabihin ninyo ay, 'Hintayin mo kami at pangalagaan' at makinig kayo. Para sa mga hindi nanampalataya ang parusang masakit. 2:105. Hindi nais ng mga hindi nanampalataya na kabilang sa Angkan ng Kasulatan at yaong mga paganong nagtambal kay Allah na dumating sa inyo ang kabutihan mula sa inyong Panginoon. Si Allah ay naghihirang para sa Kanyang habag sa sinumang Kanyang naisin. Si Allah ang may tangan ng gantimpalang dakila. 2:106. Hindi Namin pinapalitan ang anumang talata o dulutin na ito ay makalimutan liban na lamang na papalitan Namin ito ng mas mainam pa rito o tulad nito. Hindi mo ba nalaman na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan? 2:107. Hindi mo ba nalaman na kay Allah ang paghahari sa kalangitan at lupa at para sa inyo liban kay Allah ay wala kayong tagapag-ingat at tagapagtanggol? 2:108. O nais ba ninyo na tanungin ninyo ang inyong Sugo katulad ng kung paanong tinanong si Moises noon? Sinumang palitan niya ang kanyang pananampalataya ng kawalang pananampalataya ay tunay na naligaw mula sa matuwid na landas.

2:109. Naghangad ang marami sa Angkan ng Kasulatan na maibalik nila kayo sa kawalang pananampalataya matapos ang inyong paniniwala dahil sa inggit na nasa kanilang mga sarili matapos na maging malinaw sa kanila ang katotohanan. Magpaumanhin at magpatawad hanggang sa iparating ni Allah ang Kanyang utos. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 2:110. Magtaguyod kayo ng obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa. Anumang gawin ninyo para sa inyong mga sarili na mabuti ay matatagpuan ninyo ito kay Allah. Tunay na si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita. 2:111. Sinabi nila, 'Walang papasok sa Paraiso liban pa sa Hudyo o Kristiyano. Ito ay pangarap lamang nila. Sabihin mo O Muhammad, 'Ilantad ninyo ang inyong mga patunay kung kayo ay makatotohanan.' 2:112. Bagkus,

sinumang isinuko niya ang kanyang mukha kay Allah at siya ay matuwid ay para sa kanya ang gantimpala mula sa kanyang Panginoon. Walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot.

2:113. Sinabi ng mga Hudyo, 'Ang mga Kristiyano ay walang pinanghahawakan.' Sinabi ng mga Kristiyano, 'Ang mga Hudyo ay walang pinanghahawakan.' Samantalang sila ay nagbabasa ng kasulatan. Ganito rin ang sinabi ng mga walang nalalaman na tulad ng sinabi nila. Si Allah ang maghahatol sa kanila sa Araw ng Paghuhukom ukol sa mga pinagtatalunan nila. 2:114. Sino ba ang higit na mapang-api kaysa roon sa mga nagbabawal sa mga Masjid ni Allah na mabanggit dito ang pangalan Niya at nagsisikap sa pagsira nito. Samantalang hindi marapat para sa kanila na pumasok sa mga ito liban na lamang na sila ay mga takot. Para sa kanila sa mundo ang kahihiyan at para sa kanila sa Kabilang-buhay ang parusang matindi. 2:115. Kay Allah ang Silangan at Kanluran. Kaya saan man kayo humarap, ay naroon si Allah. Tunay na si Allah ang Nakasasaklaw at Nakaaalam. 2:116. Sinabi nila, 'Si Allah ay nagkaroon ng anak na lalaki.' Luwalhati sa Kanya, bagkus ay sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Lahat sa Kanya ay masunurin. 2:117. Tagapagsimula ng kalangitan at lupa. Kapag itinakda Niya ang isang bagay, ang sasabihin lamang Niya ay, 'Mangyari' at ito ay mangyayari nga.

2:118. Sinabi ng mga walang nalalaman, 'Bakit hindi kami kausapin ni Allah o bigyan kami ng palatandaan?' Ganito rin ang sinabi ng mga nauna sa kanila na tulad ng kanilang sinabi. Nagkatulad ang kanilang mga puso. Nilinaw na Namin ang mga tanda para sa mga nakatitiyak. 2:119. Tunay na Kami ay nagsugo sa iyo nang buong katotohanan bilang tagapagbalita at tagapagbabala. Hindi ka tatanungin tungkol sa mga mananahan sa Impiyerno. 2:120. Hindi malulugod sa iyo ang mga Hudyo at mga Kristiyano hanggang sa sundin mo ang kanilang relihiyon. Sabihin mo O Muhammad, 'Tunay na ang gabay ni Allah ang siyang tunay na gabay.' Kung susundin mo ang kanilang mga pagnanasa matapos ang dumating sa iyo na kaalaman, para sa iyo laban kay Allah ay walang tagapag-ingat o

tagapagtanggol. 2:121. Yaong mga binigyan Namin ng kasulatan at binabasa nila ito nang tamang pagbasa ay sila yaong nananampalataya rito. Sinumang tumanggi rito ay sila yaong mga talunan.

2:122. O Angkan ng Israel, alalahanin ninyo ang Aking mga biyaya na ibinigay Ko sa inyo na hinirang Ko kayo sa lahat ng nilikha. 2:123. Katakutan ninyo ang araw na walang mananagot na sinuman para sa iba pa sa anumang bagay, walang tatanggapin mula sa sinuman na kabayaran at wala ring pakinabang sa kanya ang pamamagitan at hindi sila matutulungan. 2:124. Nang si Abraham ay sinubok ng kanyang Panginoon sa pamamagitan ng mga utos at ito ay tinupad niya. Sinabi ni Allah, 'Tunay na gagawin kita para sa mga tao na isang pinuno.' Sinabi ni Abraham, 'Maging ang aking mga apo?' Sinabi Niya, 'Hindi magkakamit ng Aking kasunduan ang mga makasalanan.'

2:125. Ginawa Namin ang Ka'bah bilang isang lugar na binabalikan ng mga tao at ligtas. Kunin ninyo ang pook tayuan ni Abraham bilang lugar ng pagdarasal. Inatasan Namin sina Abraham at Ishmael, 'Dalisayin ninyong dalawa ang Aking bahay para roon sa mga ritwal na umiikot dito, mga nananatili rito upang sumamba at mga nakayukod at nakapatirapa. ' 2:126. Sinabi ni Abraham, 'O aking Panginoon, gawin Mo itong lungsod na ligtas at biyayaan Mo ang mga tao rito mula sa mga bunga para sa sinumang manampalataya kay Allah at sa Huling-araw na kabilang sa kanila.' Sinabi ni Allah, 'Sinumang hindi manampalataya ay bibigyan Ko ng sandaling kaligayahan at pagkatapos nito ay pipilitiin Ko siya patungo sa parusa sa Impiyerno. Napakasamang hantungan nito.'

2:127. Itinayo ni Abraham ang mga pundasyon ng Ka'bah at kasama niya si Ishmael at sinabi nila, 'Aming Panginoon, tanggapin Mo ito mula sa amin. Tunay na Ikaw ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 2:128. Aming Panginoon, gawin Mo kaming mga Muslim na sumuko sa Iyo at kabilang sa aming mga inapo ay gawin Mo silang nasyong Muslim na sumuko sa Iyo. Ituro Mo sa amin ang aming mga gawaing pagsamba at tanggapin Mo

ang aming pagbabalik-loob. Tunay na Ikaw ang Tagatanggap ng pagbabalik-loob at ang Mahabagin. 2:129. O aming Panginoon, magpadala Ka ng sugo mula sa kanila na magbabasa sa kanila ng Iyong mga talata at magtuturo sa kanila ng Aklat at karunungan at magdadalisay sa kanila. Tunay na Ikaw ang Makapangyarihan at ang Maalam.'

2:130. Sino ba ang tatanggi sa relihiyon ni Abraham liban pa sa siyang ginagawa niyang tanga ang kanyang sarili. Hinirang Namin siya rito sa mundo at tunay na siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa matutuwid.

2:131. Sinabi sa kanya ng kanyang Panginoon, 'Sumuko ka.' Sinabi niya, 'Ako ay sumuko na sa Panginoon ng mga nilikha.' 2:132. Naghabilin nito si Abraham sa kanyang mga anak at gayundin si Jacob, 'O aking mga anak tunay na si Allah ang pumili para sa inyo ng relihiyong ito, kaya huwag na huwag kayong mamamatay liban na lamang na kayo ay mga Muslim.' 2:133. Kayo ba ay mga saksi nang ang kamatayan ay dumating kay Jacob at sinabi niya sa kanyang mga anak, 'Ano ang sasambahin ninyo paglisan ko?' Sinabi nila, 'Sasambahin namin ang iyong Diyos at ang Diyos ng iyong mga ninuno na sina Abraham, Ishmael, at Isaac, ang Diyos na nag-iisa. Kami ay mga Muslim na sumusuko sa Kanya.' 2:134. Yaon ay isang nasyon na lumipas na. Para rito ang inani nito at para sa inyo ang inani ninyo. Kayo ay hindi tatanungin tungkol sa mga ginawa nila.

2:135. Sinabi nila, 'Maging Hudyo kayo o Kristiyano upang kayo ay magabayan.' Sabihin mo O Muhammad, 'Bagkus, ay sinusunod namin ang relihiyon ni Abraham, na sumasamba sa nag-iisang Diyos at hindi kabilang sa mga nagtatambal kay Allah.' 2:136. Sabihin ninyo, 'Kami ay nanampalataya kay Allah at sa ipinahayag sa amin at sa ipinahayag kina Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob at kanilang mga apo. Gayundin sa ipinahayag kina Moises, Jesus at sa ibinigay sa mga propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagtatangi-tangi sa kanila at kami sa Kanya ay sumusuko.' 2:137. Kaya, kung sila ay mananampalataya sa pinanampalatayanan ninyo ay nagabayan sila. At kung sila naman ay tatalikod ay

katiyakang sila ay nasa pagtatalu-talo lamang at sapat na si Allah sa iyo laban sa kanila. Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 2:138. Sabihin ninyo, 'Ang aming relihiyon ay ang relihiyon ni Allah. Sino ba ang mas mainam pa kay Allah sa pagtatatag ng relihiyon? Kami sa Kanya ay mga sumasamba.' 2:139. Sabihin O Muhammad, 'Nakikipagtalo ba kayo sa amin tungkol kay Allah samantalang Siya ang aming Panginoon at inyong Panginoon? Para sa amin ang aming mga gawain at para sa inyo ang inyong mga gawain. Kami sa Kanya ay matatapat. 2:140. O sinasabi ba ninyo na sina Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob at ang kanilang mga inapo ay mga Hudyo o Kristiyano? Sabihin O Muhammad, 'Kayo ba ang mas nakaaalam o si Allah?' At sino ba ang mas mapang-api liban pa roon sa nagtago ng pagsaksi sa kanyang sarili mula kay Allah? Si Allah ay hindi nalilingat sa inyong mga ginagawa. 2:141. Yaon ay isang nasyon na lumipas na. Para rito ang inani nito at para sa inyo ang inani ninyo. At hindi kayo tatanungin tungkol sa mga ginagawa nila.

2:142. Sasabihin ng mga taong tanga, 'Ano ang nagdulot na lumihis sila mula sa kanilang direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na dati nilang hinaharap?' Sabihin O Muhammad, 'Kay Allah ang Silangan at Kanluran. Ginagabayan Niya ang sinumang Kanyang naisin tungo sa matuwid na landas.' 2:143. Gayundin ay ginawa Namin kayong katamtamang nasyon upang kayo ay maging mga saksi sa mga tao at ang Sugo naman na ipinadala sa inyo ay maging saksi sa inyo. Hindi Namin itinalaga ang direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na inyong hinaharap dati liban na lamang upang malaman Namin kung sino ang susunod sa Sugo at kung sino ang mga tatalikod sa talampakan nila. Ito ay mahirap liban na lamang doon sa mga ginabayan ni Allah. Si Allah ay hindi magpapawalang-saysay sa inyong pananampalataya. Tunay na si Allah sa tao ay Mabuti at Mahabagin.

2:144. Nakikita Namin ang pagharap ng iyong mukha O Muhammad tungo sa langit at tiyak na ihaharap ka Namin sa direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na kalulugdan mo. Kaya iharap mo ang iyong mukha

tungo sa direksiyon ng Masjidul Haram. Nasaan man kayo ay iharap ninyo ang mukha ninyo sa direksiyon nito. Tunay na yaong mga binigyan ng kasulatan ay nalalaman nila na ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Si Allah ay hindi nalilingat sa kanilang mga ginagawa. 2:145. Kung bibigyan man ninyo ang mga binigyan ng kasulatan ng lahat ng tanda ay hindi nila susundin ang iyong direksiyon ng pagharap sa pagdarasal. Ikaw ay hindi rin susunod sa kanilang direksiyon ng pagharap sa pagdarasal. Ang iba sa kanila ay hindi rin susunod sa direksiyon ng pagharap sa pagdarasal ng iba pa. Kaya kung ikaw ay susunod sa kanilang mga pagnanasa sa kabila ng dumating sa iyo na kaalaman ay tunay na ikaw ay kabilang sa mga makasalanan. 2:146. Yaong mga binigyan Namin ng kasulatan ay nakakakilala kay Propeta Muhammad tulad ng pagkakakilala nila sa kanilang mga anak. Subalit tunay na ang ilan sa kanila ay nagkukubli sa katotohanan samantalang nalalaman nila ito. 2:147. Ang katotohanan ay mula sa iyong Panginoon. Kaya huwag maging kabilang sa mga nagdududa.

2:148. Para sa bawat relihiyon ang direksiyon na hinaharap nito. Kaya mag-unahan kayo sa kabutihan. Saan man kayo naroon ay titipunin kayo ni Allah, lahat-lahat. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 2:149. Saan ka man nanggaling ay iharap mo ang iyong mukha sa direksiyon ng Masjidul Haram. Tunay na ito ang tiyak na katotohanan mula sa iyong Panginoon. Si Allah ay hindi nalilingat sa inyong ginagawa. 2:150. Saan ka man nanggaling ay iharap mo ang iyong mukha tungo sa direksiyon ng Masjidul Haram. Saan man kayo naroroon ay iharap ninyo ang inyong mukha sa direksiyon nito upang hindi magkaroon ang mga tao ng katwiran laban sa inyo liban na lamang doon sa mga makasalanan na kabilang sa kanila. Huwag ninyo silang katakutan bagkus ay katakutan ninyo Ako. Upang makumpleto Ko ang Aking mga pabor sa inyo at upang kayo nawa ay magabayan. 2:151. Tulad ng kung paano Namin isinugo ang isang Sugo na kabilang sa inyo na nagbabasa sa inyo ng mga talata Namin, nagdadalisay sa inyo at nagtuturo sa inyo ng Aklat at karunungan at nagtuturo sa inyo ng mga

bagay na hindi ninyo nalaman. 2:152. Kaya alalahanin ninyo Ako at aalalahanin Ko kayo. Magpasalamat kayo sa Akin at huwag kayong mawalan ng pananampalataya.

2:153. O mga nanampalataya, humingi kayo ng tulong sa pamamagitan ng tiyaga at obligadong pagdarasal. Tunay na si Allah ay kapiling ng mga matiisin. 2:154. Huwag ninyong sabihin tungkol sa mga napatay sa landas ni Allah na sila ay mga patay. Sila ay mga buhay subalit hindi ninyo ito nararamdaman. 2:155. Katiyakang susubukan Namin kayo sa pamamagitan ng takot, gutom, kabawasan sa inyong mga kayamanan, buhay at mga bunga. Bigyan mo ng magandang balita ang mga matiisin. 2:156. Silang tuwinang dinadapuan ng sakuna ay nagsasabing, 'Tunay na kami ay mula kay Allah at tunay na sa Kanya kami ay magbabalik.' 2:157. Sila yaong magkakamit ng biyaya mula sa kanilang Panginoon at habag. Sila yaong mga nagabayan.

2:158. Tunay na ang mga burol ng Safa at Marwah malapit sa Ka'bah sa Makkah ay kabilang sa mga sagisag ni Allah. Kaya sinumang nagsagawa ng Peregrinasyon sa Makkah tungo sa Ka'bah o nagsagawa ng boluntaryong peregrinasyon – ay walang problema kung sila ay umikot sa pagitan ng mga ito. Sinuman ang boluntaryong gumawa ng kabutihan ay tunay na si Allah ay Mapagpasalamat at Nakaaalam. 2:159. Tunay na yaong mga nagkukubli ng Aming mga ibinabang patunay at gabay matapos na nilinaw Namin ito sa mga tao sa Aklat ay sila yaong mga isinusumpa ni Allah at isinusumpa ng mga nilikha. 2:160. Liban na lamang doon sa mga nagbalik-loob, nagpakamatuwid at nagpahayag ng kanilang itinago noon. Sila yaong mga tatanggapin Ko ang pagbabalik-loob nila at Ako ang Tagatanggap ng pagbabalik-loob at ang Mahabagin. 2:161. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya at namatay na hindi nanampalataya ay mapapasakanila ang sumpa ni Allah, ng mga anghel at lahat ng tao. 2:162. Sila ay mananahan dito habang-panahon. Hindi pagagaanin para sa kanila ang parusa at hindi sila palulugitan.

2:163. Ang inyong diyos ay nag-iisang Diyos. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, ang Maawain at ang Mahabagin. 2:164. Tunay na sa pagkakalikha sa kalangitan at lupa, sa pagpapalitan ng gabi at maghapon, gayundin sa malalaking barko na naglalayag sa dagat na nagdudulot ng pakinabang sa mga tao at sa ibinaba ni Allah mula sa langit na tubig na binubuhay Niya sa pamamagitan nito ang lupa matapos ang pagkatigang nito at nagpasibol dito ng lahat ng uri ng hayop. Gayundin sa pamamahala Niya sa hangin at mga ulap na nakaaapekto sa langit at lupa. Katiyakang ang mga ito ay mga palatandaan para sa mga taong nag-iisip.

2:165. May mga tao na nagtuturing sa iba pa liban kay Allah bilang Kanyang mga katambal. Minamahal nila ang mga ito tulad ng pagmamahal nila kay Allah. Ngunit ang mga nanampalataya ay mas matindi ang pagmamahal nila kay Allah. Kung maiisip lamang ng mga makasalanan kapag nakita na nila ang parusa, ay makatitiyak sila na ang lahat ng kapangyarihan ay pag-aari ni Allah at si Allah ay malupit kung magparusa. 2:166. Kapag itinanggi ng mga sinunod sa kawalang pananampalataya ang mga sumunod sa kanila at makikita nilang lahat ang parusa ay puputulin nila ang kinalaman nila sa kanila. 2:167. Sasabihin ng mga sumunod sa kawalang pananampalataya, ‘Kung kami lamang ay magkakaroon ng isa pang pagkakataon sa buhay ay aalisin namin ang aming kinalaman sa kanila tulad ng pagtanggi nila sa kanilang kinalaman sa amin.’ Sa ganitong paraan ay ipapakita ni Allah sa kanila ang kanilang mga gawain at ang mga ito ay pagsisisihan nila. Sila ay hindi lalabas mula sa Apoy.

2:168. O mga tao, kumain kayo mula sa kung anumang nasa lupa na pinahihintulutan at mabuti. Huwag ninyong sundin ang yapak ni Satanas. Tunay na siya para sa inyo ay kalaban na malinaw. 2:169. Siya ay nag-uutos sa inyo ng kasamaan lamang, kahalayan at ang magsabi kayo laban kay Allah ng mga bagay na hindi ninyo nalalaman. 2:170. At

kapag sinabi sa kanila, ‘Sundin ninyo kung ano ang ipinahayag ni Allah.’ Ang sasabihin nila, ‘Bagkus ang susundin lamang namin ay ang anumang natagpuan namin sa aming mga ninuno.’ Kahit pa ang kanilang mga ninuno ay walang nauunawaan na anuman at hindi mga nagabayan. 2:171. Ang halimbawa ng mga hindi nanampalataya ay tulad sa siyang sumisigaw doon sa mga hindi nakaririnig liban na lamang sa tunog na hindi nila nauunawaan; sila ay bingi, pipi at bulag at hindi sila nakauunawa.

2:172. O mga nanampalataya, kumain kayo mula sa mabubuting ibiniyaya Namin sa inyo at magpasalamat kay Allah kung kayo ay sa Kanya lamang sumasamba. 2:173. Siya ay nagbawal sa inyo ng mga patay na hayop, dugo, karne ng baboy at iba pang hayop lamang na inialay sa iba pa liban kay Allah. Sinumang mapilitan dahil sa matinding pangangailangan nang hindi niya ito nagugustuhan o hindi dahil sa paghahangad ng pagsuway ay wala siyang kasalanan dito. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 2:174. Tunay na yaong mga nagtatago sa ibinaba ni Allah mula sa Aklat at ipinagbibili ito sa murang halaga ay sila yaong mga hindi kumakain sa kanilang mga sikmura liban pa sa apoy. Hindi sila kakausapin ni Allah sa Araw ng Paghuhukom at hindi sila dadalisayin. Para sa kanila ang parusang masakit. 2:175. Sila yaong bumili ng pagkaligaw kapalit ang gabay at bumili ng parusa kapalit ang kapatawaran. Ano ang magdudulot sa kanila na maging matiisin sa Impiyerno? 2:176. Ito ay dahil sa ibinaba ni Allah ang Aklat nang buong katotohanan. Tunay na yaong mga nagtalu-talo tungkol sa Aklat ay nasa hindi pagkakaunawaan na malayo. 2:177. Hindi kabanalan ang pagharap ng inyong mga mukha sa direksiyon ng silangan at kanluran bagkus ang kabanalan ay nasa taong nanampalataya kay Allah, sa Huling araw, sa mga Anghel, sa mga Aklat at sa mga propeta, mga nagkakawanggawa sa kanilang mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, mga manlalakbay, mga namamalimos at para sa pagpapalaya sa mga alipin at mga bihag - sa kabila ng pagmamahal nila sa kayamanan. Silang mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal at nagbabayad ng

obligadong kawanggawa. Silang mga tumutupad sa kanilang mga pangako tuwinang nakikipagkasunduan sila. Silang mga matiisin sa kanilang pagiging dukha, sa paghihirap at sa labanan. Sila yaong naging mga makatotohanan. Sila ang mga may takot kay Allah. 2:178. O mga nanampalataya, itinalaga sa inyo ang legal na pagganti para sa mga napaslang. Isang malaya para sa malaya, alipin para sa alipin at babae para sa babae. Ngunit sinumang magpatawad sa kanyang kapatid ng anuman ay marapat na sundan ito ng kabutihan at pagbabayad ng danyos sa kanya sa mainam na paraan. Ito ay pagpapagaan mula sa inyong Panginoon at habag. Subalit sinumang lumampas sa hangganan matapos nito ay para sa kanya ang parusang masakit. 2:179. Matatagpuan ninyo sa legal na pagganti ang pagliligtas ng buhay O mga taong may bukas na pag-iisip, upang kayo nawa ay maging matutuwid. 2:180. Itinalaga sa inyo kapag nalalapit na sa sinuman sa inyo ang kamatayan na kung siya ay may iiwan na kayamanan ay marapat na siya ay gumawa ng habilin para sa kanyang mga magulang at malalapit na kamag-anak ayon sa kung ano ang katanggap-tanggap. Isang kaparatan para sa matutuwid. 2:181. Sinumang baguhin niya ang huling habilin na ito ng namatay matapos na ito ay kanyang narinig – ang kasalanan dito ay doon lamang sa mga nagbago nito. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 2:182. Sinumang matakot na maaaring may pagkakamali o kaya ay pagkakasala sa naghabilin at ito ay itinama niya, ay walang pagkakasala sa kanya. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 2:183. O mga nanampalataya, itinalaga sa inyo ang pag-aayuno katulad ng kung paanong itinalaga ito sa mga nauna sa inyo upang kayo nawa ay magkaroon ng takot kay Allah. 2:184. Mga araw na tukoy ang bilang. Kaya sinuman sa inyo ang may sakit o kaya ay naglalakbay ay bayaran na lamang niya ito sa iba pang mga araw. Para naman doon sa mga taong mahirap para sa kanila ang mag-ayuno ay bayaran nila ito ng pagpapakain ng isang taong mahirap sa bawat araw na hindi niya mapag-ayunuhan. Sinumang magdagdag pa ng boluntaryo ay mainam ito para sa kanya. Subalit ang mag-ayuno ay pinakamainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman. 2:185. Ang buwan ng

Ramadhan ay ang buwan na ibinaba rito ang Quran. Gabay para sa mga tao at malinaw na batayan mula sa patnubay at Pamantayan. Sinumang makasaksi sa buwan na ito ay mag-ayuno. Sinumang may sakit o nasa paglalakbay ay bayaran niya ito sa iba pang mga araw. Si Allah ay nagnanais para sa inyo ng kadalian at hindi nagnanais para sa inyo ng paghihirap. Upang makumpleto ninyo ang bilang ng mga araw at upang dakilain ninyo si Allah sa pagkakagabay Niya sa inyo at upang kayo nawa ay maging mapagpasalamat.

2:186. Kapag tinanong ka ng Aking mga alipin tungkol sa Akin ay sabihin mo O Muhammad, 'Tunay na Ako ay malapit. Ako ay tumutugon sa panalangin ng nagdarasal kapag Ako ay dinadasalan niya. Kaya marapat na tumugon sila sa Akin at manampalataya sa Akin upang sila nawa ay magabayan.' 2:187. Pinahintulutan para sa inyo sa gabi ng pag-aayuno na makipagtalik sa inyong mga asawang babae. Sila ay damit para sa inyo at kayo ay damit para sa kanila. Nalalaman ni Allah na nililinlang ninyo ang inyong mga sarili kaya tinanggap Niya ang inyong pagbabalik-loob at Siya ay nagpaumanhin sa inyo. Kaya ngayon, makipagtalik kayo sa kanila sa gabi at hangarin ninyo ang itinakda ni Allah para sa inyo. Kumain kayo at uminom hanggang sa maging malinaw para sa inyo ang puting sinulid mula sa itim na sinulid ng bukang-liwayway. At pagkatapos ay kumpletuhin ang pag-aayuno hanggang sa paglubog ng araw. Huwag kayong makipagtalik sa kanila habang kayo ay nananatili para sa debosyon sa mga Masjid. Yaon ang mga hangganan na itinakda ni Allah at huwag ninyo itong lapitan. Ganito nililinaw ni Allah ang Kanyang mga talata para sa mga tao upang sila nawa ay matakot kay Allah. 2:188. Huwag ninyong kainin ang yaman ng isat isa nang walang katarungan o gamitin itong pangsuhol sa mga pinuno o kaya ay gamitin ang bahagi ng kayamanan ng mga tao sa pagkakasala habang nalalaman ninyo ito.

2:189. Tinatanong ka nila O Muhammad tungkol sa mga bagong buwan. Sabihin mo, 'Ang mga ito ay sukat ng panahon para sa mga tao at sa

Peregrinasyon sa Makkah.' Hindi kabanalan na kayo ay papasok sa inyong mga bahay sa likod nito, bagkus ang kabanalan ay nasa taong may takot kay Allah kaya pumasok kayo sa mga bahay sa mga pinto nito. Katakutan ninyo si Allah upang kayo nawa ay magtagumpay. 2:190. Makibaka sa landas ni Allah laban doon sa mga kumakalaban sa inyo sa panahon ng digmaan subalit huwag kayong magmalabis. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapagmalabis. 2:191. Patayin ninyo sila saan man ninyo sila matagpuan at palayasin ninyo sila mula sa kung saan man nila kayo pinalayas bilang ganti sa mga panahon ng digmaan. Ang panggugulo ay mas masahol pa sa pagpatay. Huwag ninyo silang labanan sa Masjidul Haram hanggang sa labanan nila kayo roon. Kung sila man ay lalaban sa inyo ay patayin ninyo sila sa panahon ng digmaan. Yaon ang ganti sa mga hindi nanampalataya kapag nakasagupa ninyo sila sa digmaan. 2:192. At kung sila ay titigil, tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 2:193. Labanan ninyo sila hanggang sa wala nang pang-aapi sa relihiyon at ang pagsamba ay para lamang kay Allah. Kung sila ay titigil at maghangad ng kapayapaan ay wala nang paglaban liban na lamang sa mga mapang-api.

2:194. Ang pakikibaka ninyo sa banal na buwan ay dahil sa kasamaan na nagawa nila laban sa inyo sa banal na buwan bilang ganti sa kanila. Para sa lahat ng paglabag ay ang pinahihintulutang pagganti. Kaya sinumang sumalakay sa inyo ay salakayin ninyo tulad ng pagsalakay nila sa inyo. Katakutan ninyo si Allah at marapat na malaman ninyo na si Allah ay kapiling ng mga may takot sa Kanya. 2:195. Magtustos sa landas ni Allah at huwag ninyong itatapon ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng inyong mga kamay sa pagkawasak. Magpakamatuwid kayo. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa matutuwid.

2:196. Kumpletuhin ninyo ang obligadong Peregrinasyon sa Makkah at ang boluntaryong Peregrinasyon para kay Allah. Kung kayo man ay pinigilan ay gawin ninyo ang madali sa inyo na pagkatay sa alay na hayop. Huwag ninyong ahitin ang inyong mga ulo hanggang sa ang mga

hayop ay makarating sa lugar ng pagkakatayan. Sinuman sa inyo ang may sakit o may karamdaman sa ulo kaya nag-ahit siya ng ulo nang mas maaga ay magbayad siya ng pag-aayuno o kaya ay kawanggawa at pagkatay ng hayop. At kung kayo ay ligtas, para sa sinumang magsagawa ng boluntaryong Peregrinasyon sa panahon ng Peregrinasyon sa Makkah at sinundan ito ng obligadong Peregrinasyon ay marapat na mag-alay siya ng hayop na madali para sa kanya. Sinumang walang kataying hayop ay mag-ayuno ng tatlong araw sa panahon ng Peregrinasyon at pitong araw sa inyong pagbalik sa inyong lugar. Ito ay sampung araw na kumpleto. Ito ay para roon sa mga tao na ang kanilang pamilya ay wala sa paligid ng Masjidul Haram. Katakutan ninyo si Allah at dapat ninyong malaman na tunay na si Allah ay malupit magparusa. 2:197. Ang Peregrinasyon sa Makkah ay nasa mga buwan na nakikilala. Sinumang naging obligado para sa kanya ang Peregrinasyon sa Makkah sa pamamagitan ng pagpasok sa Ihram ay walang pakikipagtalik para sa kanya, walang pagsuway at walang pakikipagtalo habang siya ay nasa Peregrinasyon. Anumang gawin ninyong kabutihan ay nalalaman ito ni Allah. Magbaon kayo, tunay na ang pinakamainam na baon na panustos ay ang takot kay Allah. Katakutan ninyo Ako, O mga taong may bukas na pag-iisip.

2:198. Wala kayong kasalanan kung kayo ay hahanap ng biyaya ng inyong Panginoon sa panahon ng Peregrinasyon. Kapag lumisan kayo ng Arafah ay alalahanin ninyo si Allah sa Mash'arul Haram sa Muzdalifah. Alalahanin ninyo Siya, tulad ng paggabay Niya sa inyo na kayo noon ay kabilang sa mga ligaw. 2:199. Lumisan kayo mula sa lugar na mula rito ay lumilisan ang mga tao at humingi kayo ng tawad kay Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 2:200. Kapag nakumpleto na ninyo ang mga ritwal ninyo ay alalahanin ninyo si Allah tulad ng pag-alaala ninyo sa inyong mga ninuno o mas higit pang pag-aalaala. Kabilang sa mga tao yaong mga nagsasabing, 'Aming Panginoon, bigyan Mo kami ng kabutihan dito sa mundo.' Subalit siya sa Kabilang-buhay ay wala silang bahagi. 2:201. Subalit ang ilan naman

sa kanila ay nagsasabi, ‘Aming Panginoon, bigyan Mo kami sa mundo ng kabutihan at sa Kabilang-buhay ng kabutihan at iligtas Mo kami mula sa parusa sa Impiyerno.’ 2:202. Sila yaong para sa kanila ang bahagi ng kanilang mga nakamit at si Allah ay mabilis sa pagtutuos. 2:203. Alalahanin ninyo si Allah sa mga araw na tukoy. Sinumang magmadali sa paglisan sa dalawang araw ay walang kasalanan para sa kanya at sinumang nagpaliban ay walang kasalanan para sa kanya – para roon sa may takot kay Allah. Katakutan ninyo si Allah at alamin ninyo na kayo, tungo sa Kanya ay titipunin.

2:204. May mga taong mapagkunwari na magugustuhan mo ang sinasabi nila dito sa mundo at ginagawa nilang saksi si Allah sa anumang nasa kanyang puso subalit siya ang pinakamalupit sa pakikipag-away. 2:205. Kapag siya ay humayo ay nagsisikap siya na magdulot ng kasamaan sa lupa at pamiminsala ng pananim at mga hayop. Si Allah ay hindi nagmamahal sa pamiminsala. 2:206. Kapag sinabi sa kanya, ‘Katakutan mo si Allah’ ay nagmamalaki sa kanyang kasalanan. Sapat sa kanya ang Impiyerno at napakasamang hantungan nito. 2:207. May mga tao na ipinagbili na ang kanyang sarili na naghahangad ng kaluguran ni Allah. Si Allah ay Mabuti sa Kanyang mga alipin. 2:208. O mga nanampalataya, pumasok sa Islam nang buung-buo at huwag sumunod sa mga yapak ni Satanas. Tunay na siya para sa inyo ay kaaway na malinaw. 2:209. Ngunit kung kayo ay lilihis matapos na dumating sa inyo ang malilinaw na patunay, ay alamin ninyo na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 2:210. Naghihintay ba sila na darating sa kanila si Allah sa silong ng mga ulap gayundin ang mga anghel upang ang bagay na ito ay mapagpasyahan na? Kay Allah magbabalik ang lahat ng bagay. 2:211. Tanungin mo ang Angkan ng Israel kung ilan ang ibinigay Namin sa kanilang malilinaw na patunay. Sinumang ipagpalit niya ang biyaya ni Allah matapos na ito ay dumating sa kanya ay tunay na si Allah ay malupit magparusa. 2:212. Pinaganda para sa mga hindi nanampalataya ang buhay sa mundo at hinahamak nila ang mga nanampalataya. Subalit yaong mga may takot kay Allah ay mangingibabaw sa kanila sa Araw ng

Paghuhukom. Si Allah ay nagbibiyaya sa sinumang naisin Niya nang walang pagtutuos.

2:213. Ang sangkatauhan noon ay isang nasyon lamang, ngunit ang mga tao ay nagkaiba-iba kaya si Allah ay nagpadala ng mga propeta bilang mga tagapagbalita at tagapagbabala, at ipinadala kasama nila ang Aklat na naglalaman ng katotohanan, upang Siya ay maghatol sa mga tao ukol sa kanilang mga pinagtatalunan. Silang mga binigyan ng kasulatan ay hindi nagtatalo tungkol dito matapos na dumating sa kanila ang malilinaw na tanda liban na lamang dahil sa pagkamuhi nila sa isat isa. Sa Kanyang pahintulot ay ginabayan ni Allah yaong mga nanampalataya tungo sa katotohanan mula sa kanilang pinagtatalunan. Si Allah ay naggagabay sa sinumang Kanyang naisin tungo sa landas na matuwid. 2:214. Inaakala ba ninyo na papasok kayo sa Paraiso nang hindi dumarating sa inyo ang pagsubok na katulad ng dumating sa mga nauna sa inyo? Dinapuan sila ng kahirapan, paghihirap at niyanig sila hanggang sa sinabi ng sugo at ng mga naniwala kasama niya, 'Kailan darating ang tulong ni Allah?' Walang duda, tunay na ang tulong ni Allah ay malapit.

2:215. Tinatanong ka nila kung ano ang kanilang itutustos. Sabihin mo O Muhammad, 'Anumang itinutustos ninyo na mabuti para sa inyong mga magulang, kamag-anak, mga ulila, mga dukha at mga naantalang manlalakbay. Anumang kabutihang inyong gawin ay tunay na si Allah dito ay Nakaaalam.' 2:216. Itinalaga sa inyo ang pakikibaka samantalang ito ay kinamumuhian ninyo. Maaaring kinamumuhian ninyo ang bagay na mainam para sa inyo at mamahalin ninyo ang bagay na masama para sa inyo. Si Allah ay nakaaalam at kayo ay hindi nakaaalam.

2:217. Tinatanong ka nila tungkol sa mga banal na buwan at tungkol sa pakikipaglaban dito. Sabihin mo O Muhammad, 'Ang pakikipaglaban dito ay malaking kasalanan subalit ang pagharang sa mga tao mula sa

landas ni Allah, ang kawalan ng pananampalataya sa Kanya, ang pagpigil sa pagpasok sa Masjidul Haram at ang pagpapalayas sa mga tao rito ay mas malaking kasalanan para kay Allah. Ang pang-aapi sa relihiyon ay mas masahol pa sa pagpatay.' Mananatili sila sa pakikibaka sa inyo hanggang sa talikuran ninyo ang inyong relihiyon kung magagawa lamang nila ito. Sinumang tumalikod sa inyo sa kanyang relihiyon at mamatay na hindi mananampalataya ay sila yaong mawawalang-saysay ang kanilang mga gawain sa mundo at Kabilang-buhay. Sila yaong mga mananahan sa Impiyerno. Mananatili sila rito habang-panahon.

2:218. Tunay na yaong mga nanampalataya, lumikas at nakibaka sa landas ni Allah ay sila yaong mga naghahangad ng habag ni Allah. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

2:219. Tinatanong ka nila tungkol sa alak at sugal. Sabihin mo O Muhammad, 'Naririto ang malaking kasalanan at ilang kabutihan sa tao. Subalit ang kasalanan sa mga ito ay mas malaki kaysa sa kabutihan nilang dalawa.' At tinatanong ka nila kung ano ang kanilang itutustos. Sabihin mo O Muhammad, 'Ang sobra sa inyong pangangailangan.' Ganito nililinaw ni Allah sa inyo ang mga talata upang kayo nawa ay mag-isip. 2:220. Sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. Tinatanong ka nila tungkol sa mga ulila. Sabihin O Muhammad, 'Ang pagsasaayos para sa kanila ay mainam. Kung pagsasaluhan ninyo ang mga bagay-bagay ay kapatid ninyo sila sa relihiyon. Nalalaman ni Allah ang mga tagasira mula sa mga tagapagsaayos. Kung nanaisin lamang ni Allah ay pinahirapan Niya kayo. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 2:221. Huwag kayong mag-asawa ng kababaihang nagtatambal kay Allah hanggang sa sila ay manampalataya. Ang aliping babae na nanampalataya ay mas mainam kaysa sa isang babaeng nagtatambal kay Allah kahit pa siya ay kalugud-lugod sa inyo. Huwag ninyong ikakasal ang mga lalaking nagtatambal kay Allah sa inyong kababaihan hanggang sa sila ay manampalataya. Ang aliping nananampalataya ay mas mainam pa kaysa sa isang nagtatambal kay Allah kahit pa nalulugod kayo sa kanya. Sila ay nag-aanyaya tungo sa Impiyerno ngunit si Allah ay nag-iimbita tungo sa Paraiso at tungo sa

kapatawaran kung nanaisin Niya. Nililinaw Niya ang Kanyang mga talata sa mga tao upang sila nawa ay makaalala. 2:222. Tinatanong ka nila tungkol sa buwanang-dalaw. Sabihin mo O Muhammad, 'Ito ay pinsala. Kaya lumayo kayo sa inyong mga asawa sa panahon ng kanilang buwanang-dalaw. Huwag kayong makipagtalik sa kanila hanggang sa sila ay maging dalisay. Kapag dinalisay na nila ang kanilang mga sarili, ay makipagtalik kayo sa kanila ayon sa kung ano ang itinakda sa inyo ni Allah. Tunay na minamahal ni Allah yaong mga nagbabalik-loob at yaong mga nagdadalisay.

2:223. Ang inyong mga asawang babae ay bukirin para sa inyo kaya tumungo kayo sa inyong bukid paano man ninyo naisin. Gumawa kayo ng mabuti para sa inyong mga sarili. Katakutan ninyo si Allah at alamin ninyo na makahaharap ninyo Siya.' Bigyan mo ng magandang balita ang mga nanampalataya.

2:224. Huwag ninyong gamitin si Allah sa inyong panunumpa upang umiwas kayo sa paggawa ng kabutihan, o umiwas na magpakamatuwid o magsaayos sa mga tao. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 2:225. Hindi kayo tutuusin ni Allah sa mga hindi sinasadya sa inyong mga panunumpa bagkus ay tutuusin Niya kayo sa nilayon ng inyong mga puso. Si Allah ay Mapagpatawad at Mapagpaumanhin. 2:226. Yaong mga nanunumpa na hindi makikipagtalik sa kanilang mga asawa nang walang diborsiyo ay hanggang apat na buwan lamang ito. Kung magbabalik sila sa normal na relasyon ay tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 2:227. Kung sila ay magdesisyon na magdiborsiyo ay tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 2:228. Ang mga diniborsiyong babae ay hindi maaaring mag-asawang muli sa loob ng tatlong buwanang-dalaw. Hindi pinahihintulutan sa kanila na ikubli ang nilikha ni Allah sa kanilang mga sinapupunan sa kanilang pagbubuntis kung sila ay nananampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay. Ang kanilang mga asawa ay may higit na karapatan na ibalik sila sa loob ng takdang panahon kung nais nila ng pagkakaayos. Ang mga babae ay

may karapatan ayon sa kung ano ang makatarungan. Para sa mga lalaki ang mas mataas na antas sa kanila dahil sa pananagutan ng mga lalaki sa kanila. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

2:229. Ang diborsiyo ay dalawang ulit. Matapos nito ay panatilihin mo ang iyong asawang babae sa maayos na paraan o hiwalayan siya nang maayos. Hindi maaaring bawiin ninyo ang ibinigay ninyong dote liban na lamang na katakutan nilang dalawa na hindi nila mapanatili ang mga hangganan ni Allah. Kung kinatatakutan ninyo na hindi ninyo mapananatili ang hangganan ni Allah ay walang problema sa kanilang dalawa kung ang babae ay magbabayad upang diborsiyuhin siya. Ito ang mga hangganan ni Allah kaya huwag ninyo itong lampasan. Sinumang lumampas sa hangganan ni Allah ay sila yaong mga mapang-api. 2:230. Kung siya ay magdiborsiyo sa kanyang asawang babae sa ikatlong ulit ay hindi siya maaaring mapangasawa niyang muli liban na lamang kung ang babae ay mag-aasawa ng iba pang lalaki, may mangyaring pagtatalik sa pagitan nila at hindi para sa layunin na makipagbalikan sa unang asawa ng babae. Kung ang babae ay didiborsiyuhin ng lalaking ito o kung ang lalaki ay mamamatay ay walang problema sa kanilang dalawa na naunang nagdiborsiyo na magpakasal muli sa isat isa kung inaakala nila na mapapanatili nila ang hangganan ni Allah. Ito ang mga hangganan na itinakda ni Allah na nililinaw Niya para sa mga taong nakaaalam. 2:231. Kapag nagdiborsiyo kayo ng kababaihan at natapos na ang takdang panahon ng paghihintay ay ibalik ninyo sila ayon sa kung ano ang makatarungan o palayain ninyo sila ayon sa kung ano ang tama. Huwag ninyo silang panatilihing asawa kung ang nais ninyo lamang ay pinsala at pang-aapi sa kanila. Sinumang gumawa nito ay tunay na nang-api sa kanyang sarili. Huwag ninyong iturin ang mga talata ni Allah na katatawanan. Alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo at ang ibinaba Niya sa inyo na Aklat at Karunungan na pinapangaralan Niya kayo sa pamamagitan nito. Katakutan ninyo si Allah at alamin ninyo na si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 2:232. Kapag diniborsiyo ninyo ang kababaihan at natapos nila ang

kanilang takdang panahon ay huwag ninyo silang pigilan na magpakasal muli sa kanilang dating asawa kung magkakasundo sila sa isat isa ayon sa kung ano ang marapat. Ito ang pangaral sa sinuman sa inyo na nanampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Yaon ay mas mainam para sa inyo at mas dalisay. Si Allah ay Nakaaalam at kayo ay hindi nakaaalam. 2:233. Ang mga ina ay magpasuso ng kanilang mga anak sa dalawang taon para roon sa nagnanais na makumpleto ang pagpapasuso. Ang ama ay may obligasyon ng pagtustos at pananamit nila ayon sa kung ano ang tama. Walang sinuman ang bibigyan ng pasanin na higit pa sa kanyang kakayanan. Hindi maaaring pinsalain ang ina dahil sa kanyang anak at gayundin ang ama dahil sa kanyang anak. Ang tagapagmana ng ama ay may pananagutan na tulad nito. Kung naisin ng dalawang magulang na ipatigil ang pagpapasuso dahil sa kasunduan ay walang problema para sa kanilang dalawa. Kung nais ninyo na pasusuhin ang inyong anak sa iba pa ay walang problema sa inyo hanggat kayo ay magbabayad ng kung ano ang marapat. Katakutan ninyo si Allah at alamin ninyo na si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita.

2:234. Sinumang mamatay at iwan niya ang kanyang mga asawa, ay maghihintay ang kanyang mga asawa ng apat na buwan at sampung araw. Kapag lumipas ang takdang panahon ay walang kasalanan para sa inyo kung anuman ang gawin nila para sa kanilang mga sarili ayon sa kung ano ang tama. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid. 2:235. Walang kasalanan para sa inyo kung magpapakita kayo ng kagustuhan na mapangasawa ang isang babae o ililihim ninyo ito sa inyong mga sarili. Nalalaman ni Allah na nababanggit ninyo sila subalit huwag ninyo silang pangakuan nang lihim liban na lamang sa tamang pananalita. Huwag kayong magtukoy ng kasal bago pa lumipas ang takdang panahon ng paghihintay bago mag-asawang muli ang isang biyuda o hiniwalayan ng asawa. Alamin ninyo na nalalaman ni Allah ang anumang nasa inyong mga sarili kaya pangilagan ninyo Siya. Alamin ninyo na si Allah ay Mapagpatawad at Mapagpaumanhin. 2:236. Walang kasalanan para sa inyo kung didiborsiyuhin ninyo ang asawang babaeng hindi pa kayo

nakipagtalik sa kanila o kaya ay bago pa naibigay ang dote. Ngunit sila ay bigyan ninyo ng danyos. Ang mayaman ayon sa kanyang kakayanan at ang mahirap ayon sa kanyang kakayanan. Panustos ayon sa kung ano ang marapat at obligasyon para sa matutuwid. 2:237. Kung sila ay didiborsiyuhin ninyo bago pa kayo makipagtalik sa kanila at nagbigay na kayo ng dote ay ibigay ninyo ang kalahati nito liban na lamang na magpaumanhin ang babae na hindi na tumanggap ng dote o ibigay ng lalaki ang buong dote. Ang pagpapaumanhin ay mas malapit sa pagiging matuwid. Huwag kalimutan ang kagandahang-loob sa pagitan ninyo. Tunay na si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita.

2:238. Pangalagaan ninyo ang mga obligadong pagdarasal at ang panggitnang obligadong pagdarasal sa hapon at tumayo kayo para kay Allah nang taimtim. 2:239. Kung natatakot kayo ay magtaguyod kayo ng obligadong pagdarasal sa pamamagitan ng Salatul Khawf nang naglalakad o nakasakay. Subalit kung kayo ay ligtas na ay alalahanin ninyo si Allah tulad ng kung paano Niya itinuro ang hindi ninyo nalaman. 2:240. Sinumang mamatay sa inyo at iiwan niya ang kanyang mga asawa ay maghabilin para sa kanilang mga asawa ng panustos sa isang taon at hindi pagpapaalis sa kanila sa tahanan ng dating asawa. Kung sila ay lilisan nang kusa ay wala kayong kasalanan sa ginawa nila sa kanilang sarili sa kung ano ang marapat. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 2:241. Para sa mga diniborsiyong babae ang panustos ayon sa kung ano ang marapat. Isang obligasyon para sa matutuwid. 2:242 Ganito nililinaw ni Allah sa inyo ang Kanyang mga talata upang kayo nawa ay makaunawa.

2:243. Hindi mo ba nakita yaong mga lumisan mula sa kanilang mga tahanan nang libu-libo dahil sa takot sa kamatayan? Sinabi ni Allah sa kanila, 'Mamatay kayo.' At pagkatapos nito ay binuhay Niya silang muli. Tunay na si Allah ay nagtataglay ng biyaya para sa mga tao ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nagpapasalamat. 2:244. Makibaka sa landas ni Allah at alamin ninyo na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 2:245. Sino ba sa inyo ang magpapautang kay Allah ng magandang

pautang upang ito ay doblehin ni Allah para sa kanya ng maraming ulit? Si Allah ang pumipigil at namamahagi ng biyaya at tungo sa Kanya kayo ay ibabalik.

2:246. Nakita mo ba ang mayayaman sa Angkan ng Israel matapos ang panahon ni Moises nang sinabi nila sa propeta na ipinadala sa kanila, 'Bigyan mo kami ng hari at kami ay makikibaka sa landas ni Allah.' Sinabi ng propeta, 'Kayo ba ay tatanggi kung itatalaga sa inyo ang pakikibaka at hindi kayo makikipaglaban?' Sinabi nila, 'Bakit kami hindi makikibaka sa landas ni Allah kung kami ay pinalayas mula sa aming mga tahanan at mula sa aming mga anak?' Ngunit nang iniutos na ang pakikibaka ay tumalikod sila liban na lamang sa iilan sa kanila. Si Allah ang Nakaaalam sa mga makasalanan. 2:247. Sinabi sa kanila ng kanilang propeta, 'Tunay na si Allah ay nagpadala sa inyo kay Saul bilang Hari.' Sinabi nila, 'Paanong siya ay magiging hari namin samantalang kami ay higit na karapat-dapat sa pagiging hari kaysa sa kanya at siya ay hindi binigyan ng kayamanan?' Sinabi ng propeta, 'Tunay na si Allah ang humirang sa kanya sa halip na sa inyo at dinagdagan Niya siya sa kaalaman at pangangatawan.' Si Allah ay nagbibigay ng Kanyang kaharian sa Kanyang naisin. Si Allah ang Nakaaarok sa lahat at Nakaaalam.' 2:248. Sinabi ng kanilang propeta, 'Tunay na ang tanda ng kanyang pagiging hari ay darating sa inyo ang isang baul na isang kapanatagan mula sa inyong Panginoon at labi ng kung anumang iniwan ng pamilya nina Moises at Aaron na dinadala ng mga anghel. Tunay na naririto ang tanda para sa inyo kung kayo ay mga mananampalataya.

2:249. Nang humayo si Saul kasama ang kanyang hukbo ay sinabi niya, 'Tunay na si Allah ay susubok sa inyo sa pamamagitan ng isang ilog na sinumang uminom dito ay hindi kabilang sa akin at sinumang hindi tumikim dito ay kabilang sa akin liban na lamang sa sumalok lamang sa kanyang kamay.' Sila ay uminom mula rito liban na lamang sa iilan sa kanila at nang tinawid niya ang ilog kasama ang

mga nanampalataya ay sinabi nila, ‘Wala tayong lakas sa araw na ito laban kay Goliath at sa kanyang hukbo.’ Sinabi ng mga nakatitiyak na makahaharap nila si Allah, ‘Ilang grupo ba na maliliit ang gumapi sa grupong mas malaki sa pahintulot ni Allah? Si Allah ay kapiling ng mga matiisin.’ 2:250. Nang nagpakita na sa kanila si Goliath at ang kanyang hukbo ay sinabi nila, ‘Aming Panginoon, bigyan Mo kami ng tiyaga at patatagin Mo ang aming mga paa at pagtagumpayin Mo kami laban sa mga hindi nanampalataya.’ 2:251. Ginapi nila sila sa pahintulot ni Allah at pinatay ni David si Goliath at ibinigay sa kanya ni Allah ang kaharian at pagkapropeta at itinuro sa kanya ang anumang ninais ni Allah. Kung hindi lamang sa pagsubok ni Allah sa tao sa pamamagitan ng iba pa ay tunay na nasira ang mundo subalit si Allah ay puspos ng biyaya para sa mga nilikha.

2:252. Ito ang mga talata ni Allah na binabasa Namin sa iyo O Muhammad sa buong katotohanan. Tunay na ikaw ay kabilang sa mga sugo. 2:253. Yaon ang mga sugo na ginawa Naming nakahihigit ang iba sa iba pa. Kabilang sa kanila ang kinausap ni Allah at iniangat ang iba sa mas mataas na antas. Ibinigay Namin kay Jesus na anak ni Maria ang mga patunay at sinuportahan Namin siya sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Kung naisin lamang ni Allah, hindi maglalaban-laban sa isat isa yaong mga sumunod na henerasyon matapos na dumating sa kanila ang malilinaw na patunay. Ngunit sila ay nagtalu-talo, ang ilan sa kanila ay nanampalataya habang ang ilan ay hindi nanampalataya. Kung naisin lamang ni Allah ay hindi nila lalabanan ang isat isa bagkus si Allah ay gumagawa ng anumang naisin Niya.

2:254. O mga nanampalataya, magtustos kayo mula sa ibiniyaya Namin sa inyo bago pa dumating ang Araw na walang pagbebenta, pagkakaibigan at pamamagitan. Ang mga hindi nanampalataya ay sila ang mga mapang-api. 2:255. Si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Ang Buhay at ang Tagapagtaguyod. Hindi

Siya inaantok at natutulog. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Sino ba ang mamamagitan sa Kanya liban na lamang sa Kanyang pahintulot? Nalalaman Niya ang nasa kasalukuyan at ang hinaharap nila. Hindi nila maaarok ang anumang kaalaman Niya liban na lamang sa naisin Niya. Nasasakop ng Kanyang patungan ng paa ang kalangitan at lupa. Hindi Siya napapagod sa pagpapanatili sa mga ito. Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila. 2:256. Walang sapilitan sa relihiyon. Naging malinaw na ang gabay mula sa pagkaligaw. Sinumang magtakwil sa diyus-diyosan at manampalataya kay Allah ay kumapit sa makakapitang matibay na hindi mapapatid. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 2:257. Si Allah ang Tagapag-ingat ng mga nanampalataya, Siya ay nag-aalis sa kanila mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Yaong mga hindi nanampalataya, ang mga tagapag-ingat nila ay ang mga diyus-diyosan na nag-aalis sa kanila mula sa liwanag tungo sa kadiliman. Sila ang mga mananahan sa Impiyerno at sila ay mananatili rito habang-panahon.

2:258. Hindi mo ba nakita yaong nakipagtalo kay Abraham tungkol sa kanyang Panginoon dahil lamang sa binigyan siya ni Allah ng kaharian? Sinabi ni Abraham, ‘Ang aking Panginoon ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito.’ Sinabi nito, ‘Ako ay bumubuhay at pumapatay.’ Sinabi ni Abraham, ‘Tunay na si Allah ay nagpapasikat ng araw sa Silangan kaya pasikatin mo ito mula sa Kanluran.’ Nagapi ang hindi nanampalataya. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga mapang-api.

2:259. O kaya ay tulad ng isang dumaan sa isang bayan na nawasak. Sinabi niya, ‘Paano kaya ito bubuhaying-muli ni Allah matapos ang kamatayan nito?’ Kaya si Allah ay nagdulot na mamatay siya ng isandaang taon at siya ay binuhay Niyang muli. Sinabi ni Allah, ‘Gaano katagal kang nanatili?’ Sinabi niya, ‘Isang araw o bahagi lang nito.’ Sinabi ni Allah, ‘Ikaw ay nanatili nang isandaang taon. Tingnan mo ang iyong pagkain at inumin, ito ay hindi nagbago sa

paglipas ng panahon. Tingnan mo ang iyong asno. Ikaw ay gagawin Naming palatandaan para sa mga tao. Tingnan mo ang mga buto ng asno kung paano Namin ito bubuuin at babalutan ng laman.' At nang naging malinaw sa kanya ay sinabi niya, 'Ngayon ay alam ko na, na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.' 2:260. Nang sinabi ni Abraham, 'Aking Panginoon, ipakita Mo sa akin kung paano Mo binubuhay ang mga patay.' Sinabi ni Allah, 'Hindi ka ba naniniwala?' Sinabi ni Abraham, 'Naniniwala ako, ngunit upang mapanatag ang aking puso.' Sinabi ni Allah, 'Kumuha ka ng apat na ibon, katayin mo ang mga ito at ikalat mo sa mga bundok ang hiwa-hiwalay na bahagi ng mga ito. Tawagin mo sila at sila ay babalik sa iyo nang mabilis.' Alamin mo na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

2:261. Ang halimbawa ng mga nagtutustos ng yaman nila sa landas ni Allah ay tulad ng buto ng halaman na tumutubo na may pitong sanga. Ang bawat sanga ay mayroong isandaang butil. Si Allah ay nagdodoble ng gantimpala sa sinumang naisin Niya. Si Allah ay Nakaaarok at Nakaaalam. 2:262. Yaong mga nagtutustos mula sa kanilang mga kayamanan sa landas ni Allah at hindi ito sinusundan ng panunumbat at pamiminsala ay para sa kanila ang gantimpala mula sa kanilang Panginoon. Walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. 2:263. Ang mabuting pananalita at pagpapatawad ay mas mainam kaysa sa kawanggawa na sinundan ng pinsala. Si Allah ay Mayaman at Mapagpaumanhin. 2:264. O mga nanampalataya, huwag ninyong pawalang-saysay ang inyong mga kawanggawa sa pamamagitan ng panunumbat o pamiminsala tulad ng nagtutustos ng kanyang kayamanan upang magpakitang-tao lamang at hindi nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Ang halimbawa niya ay yaong makinis na bato na may alikabok sa ibabaw nito at ito ay inulan at naging makinis muli ito. Wala silang mapapanatili sa mga nakamit nila. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga hindi nanampalataya.

2:265. Ang halimbawa ng mga nagtutustos ng kayamanan nila na naghahangad ng kaluguran ni Allah at pagpapatatag sa kanilang mga sarili ay tulad ng hardin na inulan at ang bunga nito ay dumoble. At kung hindi ito ulanin ay sapat na ang ambon. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita. 2:266. Nais ba ng sinuman sa inyo na magkaroon siya ng hardin ng mga palmera at ubas na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at naririto para sa kanya ang lahat ng uri ng bunga. Subalit siya ay tumanda na at siya ay may mga anak na mahihina at tinamaan ang hardin na ito ng buhawi na may apoy at ito ay nasunog. Ganito nililinaw ni Allah sa inyo ang Kanyang mga talata upang kayo nawa ay mag-isip.

2:267. O mga nanampalataya, magtustos kayo mula sa mga mabubuting kinita ninyo at mula roon sa mga pinatubo Namin para sa inyo mula sa lupa. Huwag magtustos mula sa masasamang bagay samantalang hindi ninyo ito kukunin liban na lamang na kayo ay nakapikit. Alamin ninyo na si Allah ay Mayaman at Kapuri-puri. 2:268. Si Satanas ay nagbabanta sa inyo ng kahirapan at nag-uutos sa inyo ng imoralidad samantalang si Allah ay nangangako sa inyo ng kapatawaran Niya at biyaya. Si Allah ay Nakaaarok at Nakaaalam. 2:269. Ibinibigay Niya ang karunungan sa sinumang naisin Niya. Sinumang mabigyan ng karunungan ay binigyan ng napakaraming kabutihan. Walang nakakaalala liban na lamang sa mga nakauunawa.

2:270. Anumang itustos ninyo na panustos o panata ninyo mula sa mga panata ay tunay na si Allah ay nakaaalam nito. Ang mga mapang-api ay walang tagatulong. 2:271. Kung ihahayag ninyo ang inyong mga kawanggawa ay mabuti ito. Ngunit kung ililihim ninyo ito at ibigay ito sa mahihirap ay mas mainam ito para sa inyo at aalisin ni Allah ang ilan sa inyong mga kasalanan. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid. 2:272. Wala sa iyong kamay O Muhammad ang gabay nila bagkus si Allah ang naggagabay sa sinumang Kanyang naisin. Anumang itustos ninyo na kabutihan ay

para sa inyong mga sarili. Huwag kayong magtustos liban na lamang na para kay Allah. Anumang itustos ninyo na kabutihan ay ibabalik sa inyo at hindi kayo madadaya. 2:273. Para sa mahihirap na abala sa landas ni Allah na hindi nakapaglalakbay upang maghanapbuhay sa lupa. Inaakala ng mga mangmang na sila ay walang pangangailangan dahil sa hindi nila pamamalimos ngunit makikilala mo sila sa kanilang katangian. Hindi sila nanghihingi sa mga tao. Anumang gugulin ninyo na kabutihan ay tunay na si Allah dito ay Nakaaalam. 2:274. Yaong mga nagtutustos mula sa kanilang mga kayamanan sa gabi at maghapon, lihim man o hayagan. Para sa kanila ang gantimpala mula sa kanilang Panginoon. Walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot.

2:275. Yaong mga kumakain ng pautang na may patubo ay hindi tatayo sa Araw ng Paghuhukom liban na lamang na tulad ng isang pinapalo ni Satanas hanggang sa mabaliw. Ito ay dahil sa sila ay nagsasabing, 'Ang negosyo ay katulad lamang ng pautang na may patubo.' Pinahintulutan ni Allah ang negosyo at ipinagbawal Niya ang pautang na may patubo. Kaya sinumang datnan ng babala mula sa Kanyang Panginoon at tumigil dito ay para sa kanya ang anumang lumipas na at ang hantungan niya ay kay Allah. Ngunit sinumang bumalik dito ay sila ang mga mananahan sa Impiyerno at sila rito ay mananatili habang-panahon. 2:276 Winawasak ni Allah ang pautang na may patubo at pinagyayaman ang kawanggawa. Si Allah ay hindi nagmamahal sa mga hindi nanampalatayang makasalanan. 2:277. Tunay na ang mga nanampalataya, gumawa ng kabutihan, nagtaguyod ng obligadong pagdarasal at nagbayad ng obligadong kawanggawa ay para sa kanila ang gantimpala nila mula sa kanilang Panginoon. Walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot.

2:278. O mga nanampalataya, katakutan ninyo si Allah at iwan ninyo ang anumang naiwan sa pautang na may patubo kung kayo ay mga nanampalataya. 2:279. Kung hindi ninyo ito ginawa ay alamin ninyo

ang deklarasyon ni Allah at ng Kanyang Sugo ng digmaan laban sa inyo. Ngunit kung kayo ay magsisisi, ay maaari ninyong bawiin ang inyong mga puhunan na hindi kayo nang-api at hindi kayo inapi. 2:280. Kung ang sinumang may utang sa inyo ay nasa kagipitan ay bigyan siya ng palugit hanggang sa panahon ng ginhawa. Ngunit kung ibibigay ninyo ito bilang kawanggawa ay mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman. 2:281. Katakutan ninyo ang Araw na ibabalik kayo rito kay Allah. At makakamit ng bawat isa ang kanyang inani at hindi sila dadayain.

2:282. O mga nanampalataya, kung kayo ay nangutang sa isang takdang panahon ay isulat ninyo ito. Magsulat sa pagitan ninyo ang isang tagasulat nang may katarungan. Hindi marapat na tumanggi ang tagasulat na sumulat tulad ng itinuro sa kanya ni Allah. Marapat na siya ay magsulat at magdikta ang nangutang. Marapat na katakutan niya si Allah, ang kanyang Panginoon, at huwag siyang mag-iwan at hindi maglista ng anuman. Ngunit kung ang nangutang ay may mahinang pag-iisip o katawan o hindi makapagdikta ay magdidikta para sa kanya ang kanyang tagapag-ingat nang may katarungan at magdala ng dalawang saksi mula sa kalalakihan ninyo. Kung walang dalawang lalaking saksi ay sapat na ang isang lalaki at dalawang babae na tatanggapin ninyo bilang saksi na kung ang isang babae ay magkakamali ay paaalal hanan siya ng isa pa. Hindi maaaring tumanggi ang mga saksi kung sila ay ipatatawag. Huwag kayong mag-atubili na magtala ng maliit man o malaki para sa takdang panahon. Ito ay mas makatarungan sa paningin ni Allah at mas malakas na patunay bilang pagsaksi at mag-aalis ng pagdududa sa pagitan ninyo. Liban na lamang na kung ito ay mabilisang usapan na ginawa ninyo sa isat isa. Dito ay wala kayong kasalanan kung kayo ay hindi magtatala nito. Kumuha kayo ng mga saksi kung gagawa kayo ng kontrata. Hindi maaaring pinsalain ang sinumang tagatala o saksi. Kapag ginawa ninyo ito ay tunay na ito ay malaking pagsuway ninyo. Katakutan ninyo si Allah at tuturuan kayo ni Allah. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

2:283. Kung kayo ay nasa paglalakbay at wala kayong natagpuang tagasulat ay dapat magkaroon ng sangla. Kung sinuman sa inyo ang magtitiwala sa isa pa ay marapat na ang pinagkatiwalaan ay maging matapat sa ipinagkatiwala sa kanya at katakutan niya si Allah, ang kanyang Panginoon. Huwag kayong magtago ng pagsaksi dahil sinumang magtago nito ay tunay na makasalanan ang kanyang puso. Si Allah, sa inyong mga ginagawa ay Nakaaalam.

2:284. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Ihayag man ninyo ang nasa inyong mga sarili o ilihim ito ay tutuusin kayo ni Allah dito. Pinatatawad Niya ang nais Niya at pinarurusahan Niya ang nais Niya. Si Allah, sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 2:285. Nanampalataya ang Sugo sa ibinaba sa kanya mula sa Kanyang Panginoon at gayundin ang mga nanampalataya. Lahat sila ay nanampalataya kay Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga aklat at sa Kanyang mga sugo. 'Hindi kami nagtatangi-tangi sa sinuman sa Kanyang mga sugo.' Sinabi nila, 'Narinig namin at sumunod kami. Patawarin Mo kami aming Panginoon at sa Iyo ang aming pagbabalik.' 2:286. Hindi nag-aatang si Allah ng pasanin sa sinuman liban pa sa kakayanan nito. Para sa kanya ang nakamit nitong mabuti at laban sa kanya ang inani nitong masama. Aming Panginoon, huwag Mo kaming parusahan kung kami ay nakalimot o nagkamali. Panginoon namin, huwag Mo iatang sa amin ang tulad ng iniatang Mo sa mga nauna sa amin. Aming Panginoon huwag Mo kaming bigyan ng pasanin na wala kaming kakayanan na pasanin. Paumanhinan Mo kami, patawarin Mo kami at kahabagan Mo kami. Ikaw ang aming tagapag-ingat, pagtagumpayin Mo kami laban sa mga hindi nanampalataya.

3. SURAH ALI 'IMRAN (ANG PAMILYA NI 'IMRAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

3:1. Alif Lam Mim.

3:2. Si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Ang Buhay at ang Tagapagtaguyod. 3:3. Ipinadala Niya sa iyo O Muhammad ang Aklat nang buong katotohanan na nagpapatibay sa mga nauna rito. Ipinahayag Niya ang Torah at ang Ebanghelyo. 3:4. Ipinahayag Niya ang mga ito noon bilang gabay sa mga tao. At ipinahayag Niya ang Pamantayan. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya sa mga talata ni Allah ay para sa kanila ang parusang matindi. Si Allah ay Makapangyarihan at Tagapagtaglay ng Pagganti. 3:5. Tunay na kay Allah ay walang nalilingid sa lupa o sa langit. 3:6. Siya ang naghugis sa inyo sa mga sinapupunan paano man Niya ito naisin. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Ang Makapangyarihan, ang Maalam.

3:7. Siya ang nagpababa sa iyo ng Aklat O Muhammad. Naririto ang malilinaw na mga talata na saligan ng Aklat at iba pang mga talatang matalinghaga at hindi lantad ang kahulugan. Yaong mga tao na sa kanilang mga puso ay may paglihis ay sumusunod sa matalinghagang mga talata na nagnanais ng kaguluhan at naghahanap ng kahulugan na nais nila. Walang nakaaalam ng tunay na kahulugan ng mga ito liban kay Allah. Subalit yaong matatatag sa kaalaman ay nagsasabing, 'Kami ay nanampalataya rito. Lahat ng ito ay mula sa aming Panginoon.' Walang nakaaalala liban pa sa mga nakauunawa. 3:8. 'O aming Panginoon, huwag Mong iligaw ang aming mga puso matapos na kami ay Iyong gabayan. Ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong habag. Tunay na Ikaw ang Tagapagkaloob. 3:9. Aming Panginoon, tunay na Ikaw ang tagatipon sa mga tao sa Araw na walang pagdududa rito. Tunay na si Allah ay hindi sumisira sa pangako.'

3:10. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya ay hindi makatutulong ang kanilang mga kayamanan at mga anak laban kay Allah nang kahit na ano. Sila ang mga panggatong sa Impiyerno. 3:11. Tulad ng tradisyon ng nasyon ni Paraon at ng mga nauna sa kanila. Pinasinungalingan nila ang Aming mga tanda, kaya pinarusahan sila ni Allah

dahil sa kanilang mga kasalanan. Si Allah ay malupit sa pagparusa. 3:12. Sabihin mo O Muhammad sa mga hindi nanampalataya, 'Kayo ay magagapi at titipunin sa Impiyerno at ito ay napakasamang hantungan.' 3:13. Para sa inyo ang tanda mula sa dalawang hukbo na nagkasagupa. Grupo na nakikibaka sa landas ni Allah at ang isa naman ay hindi nanampalataya. Sa paningin ng isat isa ay doble ang dami ng kalaban kaysa sa kanila. Subalit si Allah ay tumutulong sa pamamagitan ng Kanyang tagumpay sa sinumang naisin Niya. Tunay na yaon ay aral para sa mga may pananaw.

3:14. Pinaganda para sa mga tao ang pagmamahal sa mga bagay na kinagigiliwan nila; sa kababaihan at mga anak, bulto ng mga ginto at pilak, kabayong magaganda ang lahi, mga pinapastol na hayop at lupaing sakahan. Ito ang ligaya ng buhay sa mundo. Kay Allah ang mainam na pagbabalik. 3:15. Sabihin mo O Muhammad, 'Sasabihin ko ba sa inyo ang mas mainam pa kaysa roon?' Para sa mga may takot kay Allah, mula sa kanilang Panginoon ay ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog, sila ay mananahan dito habang-panahon; sa mga dalisay na asawa at kalugurang mula kay Allah. Si Allah ay Nakakakita sa Kanyang mga alipin. 3:16. Silang mga nagsasabing, 'Aming Panginoon, tunay na kami ay nanampalataya kaya patawarin Mo para sa amin ang aming mga pagkakasala at iligtas Mo kami mula sa parusa sa Impiyerno.' 3:17. Ang mga matiisin, makatotohanan, masunurin, nagtutustos sa landas ni Allah at humihingi ng tawad sa madaling araw.

3:18. Sumaksi si Allah na walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, gayundin ang mga anghel at ang mga may kaalaman ay sumasaksi na si Allah ay nagtataguyod ng katarungan. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Ang Makapangyarihan at ang Maalam. 3:19. Tunay na ang relihiyon para kay Allah ay ang Islam. Silang mga binigyan ng kasulatan na mga Hudyo at Kristiyano ay hindi nagtalu-talo tungkol dito liban na lamang na matapos na

dumating sa kanila ang malilinaw na tanda dahil sa pagkamuhi nila sa isat isa. Sinumang hindi manampalataya sa mga talata ni Allah ay tunay na si Allah ay mabilis sa pagtutuos. 3:20. Kung sila ay makikipagtalo sa iyo ay sabihin mo O Muhammad, 'Ako ay sumuko kay Allah at gayundin ang mga sumunod sa akin.' At sabihin mo roon sa mga binigyan ng kasulatan at mga hindi nakapag-aral na mga paganong Arabo, 'Kayo ba ay sumuko na rin?' Kung sila ay susuko ay nagabayan sila. Ngunit kung sila ay tatalikod ay tunay na ang obligasyon mo ay ang pagpapabatid lamang. Si Allah ay Nakakakita sa Kanyang mga alipin. 3:21. Yaong mga hindi nanampalataya sa mga tanda ni Allah at pumapatay sa mga propeta nang walang katarungan at pumapatay sa mga nag-uutos ng katarungan sa mga tao – balitaan mo sila ng masakit na parusa. 3:22. Sila yaong mawawalan ng saysay ang kanilang mga gawain sa mundo at sa Kabilang-buhay. Wala silang magiging mga tagatulong.

3:23. Hindi mo ba nakita O Muhammad yaong mga binigyan ng bahagi ng Aklat? Inaanyayahan sila tungo sa Aklat ni Allah upang maghatol sa kanila. Subalit tumatalikod ang ilan sa kanila at sila ay tumatanggi. 3:24. Yaon ay dahil sa sila ay nagsabing, 'Hindi kami dadampian ng apoy liban na lamang sa ilang araw.' Sila ay nililinlang sa relihiyon na kanilang mga inimbento. 3:25. Paano pa kaya kapag tinipon Namin sila sa Araw na walang pagdududa rito at ibibigay sa bawat isa ang inani nito at hindi sila madadaya? 3:26. Sabihin mo O Muhammad, 'O Allah, Tagapagmay-ari ng Kaharian. Ibinibigay Mo ang kaharian sa sinumang naisin Mo at binabawi Mo ang kaharian mula sa sinumang naisin Mo. Pinararangalan Mo ang nais Mo at hinahamak Mo ang nais Mo. Nasa kamay Mo ang kabutihan. Tunay na Ikaw sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 3:27. Ipinapasok Mo ang gabi sa umaga at ipinapasok Mo ang umaga sa gabi. Inilalabas Mo ang buhay mula sa patay tulad ng halaman na mula sa walang buhay na butil at inilalabas Mo ang patay mula sa buhay tulad ng walang buhay na itlog mula sa may buhay na manok.

Binibiyayaan Mo ang naisin Mo nang walang pagtutuos.

3:28. Hindi marapat sa mga nanampalataya na kumuha ng hindi mananampalataya bilang kakampi sa halip na mga mananampalataya. Sinumang gumawa nito ay walang kinalaman kay Allah liban na lamang na ito ay dahil sa pinangingilagan lamang ninyo sila ng marapat na pangingilag dulot ng inyong kahinaan. Nagbabalala si Allah sa inyo laban sa Kanyang sarili. Kay Allah ang huling hantungan. 3:29. Sabihin O Muhammad, 'Ilihim man ninyo ang nasa inyong mga dibdib o ihayag ito, ay nalalaman ito ni Allah. Nalalaman Niya ang nasa kalangitan at nasa lupa. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.' 3:30. Sa Araw na matatagpuan ng bawat isa ang ginawa nitong kabutihan na itatanghal at anumang ginawa nitong kasamaan. Hihilingin nito na sa pagitan niya at ng kanyang kasamaan ay may distansiyang malayo. Nagbabalala si Allah sa inyo laban sa Kanyang sarili. Si Allah ay Mabuti sa Kanyang mga alipin. 3:31. Sabihin O Muhammad, 'Kung kayo ay nagmamahal kay Allah ay sundin ninyo ako at mamahalin kayo ni Allah at patatawarin ang inyong mga kasalanan. Si Allah ay Mapagpatawad at Maawain.' 3:32. Sabihin O Muhammad, 'Sundin ninyo si Allah at ang Sugo.' Kung kayo ay tatalikod ay tunay na hindi minamahal ni Allah ang mga hindi nanampalataya.

3:33. Tunay na si Allah ay naghirang kina Adan at Noah at sa pamilya ni Abraham at ang pamilya ni 'Imran sa lahat ng nilikha. 3:34. Mga inapo na ang iba ay mula sa kanila. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 3:35. Nang sinabi ng asawa ni 'Imran, 'Aking Panginoon, tunay na ako ay namanata sa Iyo ng sanggol sa aking sinapupunan bilang panata, kaya tanggapin Mo ito mula sa akin. Tunay na Ikaw ang Nakaririnig at Nakaaalam.' 3:36. Subalit nang siya ay nanganak ay sinabi niya, 'Aking Panginoon, ako ay nanganak ng isang sanggol na babae.' Si Allah ang higit na nakaaalam kung ano ang kanyang isinilang. 'Ang lalaki ay hindi katulad ng babae. Tunay

na ako ay nagpangalan sa kanya bilang Maria. At tunay na pinapakupkop ko siya sa Iyo at ang kanyang mga inapo mula sa Satanas na isinumpa.' 3:37. Tinanggap ito ng kanyang Panginoon mula sa kanya nang mabuting pagtanggap at dinulot Niya na siya ay lumaki nang maayos. Inalagaan siya ni Zacarias. Tuwinang dadalaw sa kanya si Zacarias sa kanyang pook dasalan ay natatagpuan niya rito ang mga biyaya. Sinabi niya, 'O Maria, saan nanggaling ang mga ito?' Sinabi niya, 'Ito ay mula kay Allah. Tunay na si Allah ay nagtutustos sa sinumang Kanyang naisin nang walang pagtutuos.' 3:38. Dahil dito ay nanalangin si Zacarias sa kanyang Panginoon at nagsabing, 'Aking Panginoon, biyayaan Mo ako mula sa Iyo ng anak na mabuti. Tunay na Ikaw ay Nakaririnig ng mga panalangin.' 3:39. Tinawag siya ng mga anghel habang siya ay nakatayo na nagdarasal sa pook dasalan, 'Si Allah ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita tungkol kay Yahya (Juan) na nagpapatunay sa salitang mula kay Allah, na si Jesus na anak ni Maria. Si Juan ay marangal, malayo sa kalaswaan at isang propeta na kabilang sa matutuwid. 3:40. Sinabi niya, 'Aking Panginoon, paanong ako ay magkakaroon ng anak na lalaki samantalang ako ay matanda na at ang aking asawa ay baog?' Ang anghel ay nagsabi, 'Ganoon si Allah, ginagawa Niya ang Kanyang naisin.' 3:41. Sinabi niya, 'Panginoon ko, bigyan Mo ako ng palatandaan.' Sinabi Niya, 'Ang iyong palatandaan ay hindi mo magagawang makipag-usap sa mga tao sa loob ng tatlong araw liban na lamang sa mga senyas. Alalahanin mo ang iyong Panginoon nang madalas at dakilain Siya sa gabi at umaga. 3:42. Nang sinabi ng mga anghel, 'O Maria, tunay na si Allah ay naghirang sa iyo, nagdalisay sa iyo at naghirang sa iyo sa lahat ng kababaihan sa lahat ng nilikha.' 3:43. O Maria, maging masunurin sa iyong Panginoon. Magpatirapa at yumukod kasama ang mga nakayukod. 3:44. Yaon ay mula sa mga balitang nalilingid na ipinahayag Namin sa iyo O Muhammad. Ikaw ay hindi nila kasama nang sila ay nagpalabunutan ng mga panulat kung sino ang mangangalaga kay Maria. Hindi ka rin nila kasama nang sila ay nagtalu-talo tungkol dito.

3:45. Nang sinabi ng mga anghel, ‘O Maria, tunay na si Allah ay nagbibigay ng magandang balita sa iyo ng salita mula sa Kanya, ang utos Niya na ‘Mangyari’ at ito ay mangyayari nga, at ang pangalan niya ay ang Messiah, si Jesus, anak ni Maria. Marangal sa mundong ito at sa Kabilang-buhay at kabilang sa malalapit kay Allah. 3:46. Siya ay makikipag-usap sa mga tao mula sa kuna at sa pagtanda at siya ay kabilang sa matutuwid. 3:47. Sinabi ni Maria, ‘Panginoon ko, paano ako magkakaroon ng anak na wala namang nakagalaw sa akin na tao?’ Sinabi ng Anghel, ‘Ganoon si Allah, nililikha Niya ang anumang naisin Niya. Kapag ninais Niyang pangyarihin ang isang bagay ay sasabihin lamang Niyang ‘Mangyari.’ At ito ay mangyayari nga. 3:48. Siya ay magtuturo sa kanya ng Aklat at kaalaman gayundin ang Torah at Ebanghelyo. 3:49. Siya ay magiging sugo sa Angkan ng Israel na nagsasabing, ‘Ako ay dumating sa inyo na may dalang tanda mula sa inyong Panginoon. Ako ay gagawa para sa inyo mula sa putik ng hugis ibon at hihingahan ko ito at ito ay magiging ibon sa pahintulot ni Allah. Ako ay gagamot sa bulag, sa ketongin at ako ay bubuhay sa patay sa pahintulot ni Allah. Ipaaalam ko sa inyo

kung ano ang inyong kinakain at itinatago sa inyong mga bahay. Tunay na ito ay tanda sa inyo kung kayo ay mananampalataya. 3:50. Ako ay isinugo upang patotohanan ang nauna sa akin na mula sa Torah at pahintulutan para sa inyo ang ilang ipinagbawal sa inyo. Dumating ako sa inyo na may dalang tanda mula sa inyong Panginoon kaya katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako. 3:51. Tunay na si Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon kaya sambahin ninyo Siya. Ito ang landas na matuwid.’

3:52. Nang maramdaman ni Jesus sa kanila ang kawalan ng pananampalataya ay sinabi niya, ‘Sino ang aking mga tagatulong para kay Allah?’ Sumagot ang mga disipulo, ‘Kami ang mga tagatulong ni Allah. Nanampalataya kami kay Allah at sumaksi ka na kami ay mga Muslim. 3:53. Panginoon namin, kami ay nanampalataya sa Iyong

ipinahayag at sumunod kami sa sugo kaya itala Mo kami kasama ng mga saksi.' 3:54. Nagplano sila at nagplano si Allah. Si Allah ang pinakamainam na tagaplano. 3:55. Sinabi ni Allah, 'O Jesus, tunay na kukunin kita at iaangat kita tungo sa Akin at magdadalisay sa iyo mula sa mga hindi nanampalataya at gagawin Ko ang iyong mga tagasunod na mangibabaw sa mga hindi nanampalataya hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Tungo sa Akin ang inyong pagbabalik at Ako ay maghahatol sa inyo tungkol sa mga bagay na inyong pinagtatalunan tungkol kay Jesus. 3:56. Ukol doon sa mga hindi nanampalataya, parurusahan Ko sila ng parusang matindi sa mundong ito at sa Kabilang-buhay at wala silang magiging mga tagatulong. 3:57. Subalit yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay ibibigay sa kanila ang kanilang gantimpala. Si Allah ay hindi nagmamahal sa mga makasalanan. 3:58. Ito ang binabasa Namin sa iyo O Muhammad mula sa Aming mga talata at paalaala na maalam.

3:59. Tunay na ang halimbawa ni Jesus kay Allah ay katulad kay Adan. Nilikha siya ni Allah mula sa alabok at sinabi Niya sa kanya, 'Maging.' At ito ay nangyari nga. 3:60. Ang katotohanan ay mula sa iyong Panginoon kaya huwag maging kabilang sa mga nagdududa. 3:61. Kaya sinumang makipagtalo sa iyo tungkol dito matapos na dumating sa iyo ang kaalaman ay sabihin mo, 'Halina, tawagin natin ang aming mga anak at ang inyong mga anak, ang aming kababaihan at inyong kababaihan, ang aming mga sarili at ang inyong mga sarili; at manalangin tayo nang taimtim at hilingin na dumating ang sumpa ni Allah sa mga sinungaling.' 3:62. Tunay na ito ang kuwentong totoo. Walang diyos na marapat sambahin liban kay Allah. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 3:63. Ngunit kung sila ay tatalikod ay tunay na si Allah ay Nakaaalam sa mga mapanira.

3:64. Sabihin, 'O Angkan ng Kasulatan, halina sa isang salitang pagkakasunduan natin – na wala tayong sasambahin liban kay Allah at hindi tayo magtatambal ng kahit ano sa Kanya o kukuha ang

sinuman sa atin ng iba pang Panginoon liban kay Allah.' Ngunit kung sila ay tatalikod ay sabihin mo, 'Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim.' 3:65. O Angkan ng Kasulatan, bakit kayo nakikipagtalo tungkol kay Abraham samantalang hindi ibinaba ang Torah at ang Ebanghelyo liban na lamang pagkalipas niya? Hindi ba kayo nag-iisip? 3:66. Naririto kayo na nakikipagtalo ayon sa tangan ninyong kaalaman. Subalit bakit kayo nakikipagtalo rin tungkol sa bagay na wala kayong kaalaman? Si Allah ay nakaaalam at kayo ay hindi nakaaalam. 3:67. Si Abraham ay hindi Hudyo o Kristiyano bagkus siya ay tagasunod ng katotohanan at isang Muslim. At hindi siya kabilang sa mga nagtatambal. 3:68. Tunay na ang pinakakarapat-dapat na tao kay Abraham ay yaong mga sumunod sa kanya at ang Propetang ito na si Propeta Muhammad at mga nanampalataya. Si Allah ang Tagapag-ingat ng mga nanampalataya. 3:69. Naghahangad ang ilang grupo mula sa Angkan ng Kasulatan na mailigaw nila kayo. Ngunit wala silang inililigaw liban pa sa kanilang mga sarili at hindi nila ito napapansin. 3:70. O Angkan ng Kasulatan, bakit kayo tumatanggi sa mga talata ni Allah habang kayo ay sumasaksi? 3:71. O Angkan ng Kasulatan, bakit ninyo binabalot ang katotohanan ng kasinungalingan at itinatago ninyo ang katotohanan habang nalalaman ninyo ito?

3:72. Sinabi ng ilang grupo mula sa Angkan ng Kasulatan, 'Maniwala kayo sa ipinahayag sa mga nanampalataya sa umaga at tanggihan ninyo ito sa gabi upang talikuran nila ang kanilang relihiyon.' 3:73. Huwag kayong magtiwala liban na lamang sa siyang sumunod sa inyong relihiyon.' Sabihin, 'Tunay na ang gabay ay ang gabay ni Allah. Kinatatakutan ba ninyong mga Hudyo na maaaring mabigyan ang sinuman ng tulad ng ibinigay sa inyo at sila ay makikipagtalo sa inyo sa harap ng inyong Panginoon?' Sabihin, 'Tunay na ang biyaya ay nasa kamay ni Allah at ibinibigay Niya ito sa Kanyang naisin. Si Allah ay nakaaarok sa lahat at nakaaalam.' 3:74. Siya ay naghihirang para sa Kanyang habag sa sinumang naisin Niya. Si Allah ang nagtataglay

ng biyayang dakila. 3:75. Kabilang sa Angkan ng Kasulatan, lalo na ang mga Hudyo, ay yaong kapag pinagkatiwalaan mo siya ng kayamanan ay ibinabalik niya ito. Mayroon namang kapag pinagkatiwalaan mo ng kahit isang dinar ay hindi niya ito ibabalik sa iyo liban na lamang na manatili kang naniningil nito. Ito ay dahil sa sinasabi nila na, 'Walang problema sa amin na dayain o kamkamin ang yaman ng mga hindi nakapag-aral o ang mga arabo.' Sila ay nagsasabi tungkol kay Allah ng kasinungalingan habang nalalaman nila ito. 3:76. Bagkus, sinumang tumupad sa kasunduan at natakot kay Allah ay tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga may takot sa Kanya.

3:77. Tunay na yaong mga ipinagpalit ang kasunduan kay Allah at kanilang mga panunumpa para sa maliit na halaga – sila yaong walang bahagi para sa kanila sa Kabilang-buhay at sila ay hindi kakausapin ni Allah at hindi Niya sila titingnan sa Araw ng Paghuhukom. Hindi Niya sila dadalisayin at para sa kanila ang parusang masakit. 3:78. Tunay na may ilan sa kanila ang gumagamit sa kanilang mga dila upang baguhin ang kasulatan upang isipin ninyo na ito ay mula sa kasulatan ngunit ito ay hindi mula sa kasulatan. Sinasabi nilang, 'Ito ay mula kay Allah.' Samantalang hindi naman ito galing kay Allah. Sila ay nagsasabi laban kay Allah ng kasinungalingan habang nalalaman nila ito. 3:79. Hindi marapat para sa sinumang tao na si Allah ay magbibigay sa kanya ng kasulatan, autoridad at pagkapropeta at matapos nito ay sasabihin niya sa mga tao, 'Maging mga alipin ko sa halip na kay Allah.' Bagkus ang sasabihin nila dapat ay, 'Maging mga lingkod ng Panginoon dahil sa mga itinuro sa inyo mula sa kasulatan at dahil sa anumang inyong pinag-aralan.' 3:80. Hindi rin maaaring utusan niya kayo na iturin ang mga anghel at mga propeta bilang mga Panginoon. Uutusan ba niya kayo na hindi manampalataya matapos na kayo ay naging mga Muslim?

3:81. Si Allah ay nakipagtipanan sa mga propeta. 'Anumang ibigay Ko sa inyo na kasulatan at karunungan at pagkatapos ay dumating sa

inyo ang sugo na nagpapatibay sa anumang tangan ninyo ay marapat na maniwala kayo sa kanya at tulungan siya.' Sinabi ni Allah, 'Kayo ba ay tumatanggap sa ating kasunduan?' Sinabi nila, 'Oo, tinatanggap namin ito.' Sinabi ni Allah, 'Kaya sumaksi kayo dahil Ako ay kasama ninyo na kabilang sa mga saksi.' 3:82. Sinumang tumalikod matapos ito ay sila ang mga suwail. 3:83. Iba pa bang relihiyon liban pa sa relihiyon ni Allah ang hangad nila, samantalang sa Kanya sumuko ang lahat ng nasa kalangitan at lupa nang kusang-loob man o sapilitan at sa Kanya sila ibabalik? 3:84. Sabihin, 'Nanampalataya kami kay Allah at sa ipinahayag sa amin at sa ipinahayag kay Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob, sa mga propeta ng Labindalawang Angkan ng Israel, sa ipinahayag kay Moises, Jesus at mga propeta mula sa kanilang Panginoon. Hindi kami nagtatangi-tangi sa kahit sino sa kanila at kami sa Kanya ay mga Muslim.' 3:85. Sinumang maghangad ng iba pang relihiyon liban pa sa Islam ay hindi ito tatanggapin mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga talunan. 3:86. Paanong gagabayan ni Allah ang mga taong nawalan ng pananampalataya matapos silang manampalataya at sumaksi na ang Sugo ay tunay at dumating sa kanila ang malilinaw na patunay? Si Allah ay hindi naggagabay sa mga makasalanan. 3:87. Sila yaong ang gantimpala nila ay ang sumpa ni Allah, ng mga anghel at ng mga tao lahat-lahat. 3:88. Sila ay mananatili rito habang-panahon. Hindi pagagaanin para sa kanila ang parusa at hindi sila palulugitan. 3:89. Liban na lamang doon sa mga nagbalik-loob matapos ito at nagsaayos. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Maawain. 3:90. Tunay na yaong mga tumalikod sa pananampalataya matapos nilang manampalataya at tumindi sa hindi pananampalataya, ay hindi tatanggapin ang kanilang pagbabalik-loob. Sila ang mga naligaw. 3:91. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya at namatay na mga hindi nanampalataya – ay hindi tatanggapin mula sa sinuman sa kanila ang kasinglaki ng mundo na ginto kahit ipangtubos pa nila ito. Sila yaong magkakamit ng masakit na parusa at wala silang magiging mga tagatulong.

3:92. Hindi kayo magkakamit ng kabanalan hanggang sa magtustos kayo mula sa mga minamahal ninyo. Wala kayong anumang itutustos liban na lamang na si Allah dito ay Nakaaalam. 3:93. Lahat ng pagkain ay naunang pinahintulutan sa Angkan ng Israel liban na lamang sa ipinagbawal ng Israel sa sarili nito bago pa ibinaba ang Torah. Sabihin O Muhammad, 'Ilabas ninyo ang Torah at basahin ninyo ito kung kayo ay makatotohanan.' 3:94. Sinumang mag-imbento ng kasinungalingan laban kay Allah matapos nito ay tunay na sila ang mga makasalanan. 3:95. Sabihin, 'Nagsabi ng katotohanan si Allah, kaya sundin ninyo ang relihiyon ni Abraham na kumiling sa katotohanan at hindi kabilang sa mga nagtatambal kay Allah. 3:96. Tunay na ang unang bahay sambahan na inilagay para sa tao ay ang nasa Bakkah na pinagpala at ginawang gabay sa mga nilikha. 3:97. Naririto ang malilinaw na patunay tulad ng pook-tayuan ni Abraham. Sinumang pumasok dito ay ligtas. Obligasyon ng tao para kay Allah ang Peregrinasyon sa Makkah patungo sa Bahay sambahan sa Ka'bah para sa sinumang may kakayanang tumungo rito. Sinumang hindi manampalataya ay tunay na si Allah ay walang pangangailangan sa Kanyang nilikha. 3:98. Sabihin, 'O Angkan ng Kasulatan, bakit hindi kayo nanampalataya sa mga talata ni Allah samantalang si Allah ay Saksi sa inyong mga ginagawa?' 3:99. Sabihin, 'O Angkan ng Kasulatan, bakit ninyo hinahadlangan mula sa landas ni Allah ang mga nanampalataya, na pinagmumukha ninyo itong baluktot habang kayo ay mga saksi? Si Allah ay hindi nalilingat sa inyong ginagawa.'

3:100. O mga nanampalataya, kung susunod kayo sa anumang grupo ng binigyan ng Kasulatan ay ibabalik nila kayo tungo sa pagiging hindi mananampalataya matapos kayong manampalataya. 3:101. Paano ninyo nagagawang mawalan ng pananampalataya samantalang binabasa sa inyo ang mga talata ni Allah at kapiling ninyo ang Kanyang Sugo? Sinumang kumapit kay Allah ay tunay na nagabayan tungo sa landas na matuwid. 3:102. O mga nanampalataya, katakutan

ninyo si Allah nang tunay na pagkatakot at huwag kayong mamamatay liban na lamang na kayo ay mga Muslim. 3:103. Kumapit kayo sa lubid ni Allah lahat-lahat at huwag maghiwa-hiwalay. Alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo nang kayo noon ay magkakaaway ngunit pinaglapit Niya ang inyong mga puso at kayo sa Kanyang biyaya ay naging magkakapatid. Kayo ay nasa bingit na ng hukay sa Impiyerno at iniligtas Niya kayo mula rito. Ganito nililinaw ni Allah para sa inyo ang Kanyang mga talata upang kayo nawa ay magabayan.

3:104. Marapat na magkaroon sa inyo ng grupo na nag-aanyaya tungo sa kabutihan, nag-uutos ng kabutihan at nagbabawal sa kasamaan. Sila yaong matagumpay. 3:105. Huwag maging katulad ng mga nagkawatak-watak at nagtalu-talo matapos na dumating sa kanila ang malilinaw na patunay. Para sa kanila ang parusang matindi. 3:106. Sa Araw na ang ibang mga mukha ay magniningning at ang iba naman ay mangingitim. Yaong mga nangitim ang mga mukha ay sasabihan, 'Nawalan ba kayo ng pananampalataya matapos ang inyong pananampalataya? Kaya tikman ninyo ang parusa dahil sa inyong pagtangging manampalataya.' 3:107. Yaong magniningning ang mukha ay nasa habag ni Allah. Sila ay mananatili rito habang-panahon. 3:108. Ito ang mga talata ni Allah. Binabasa Namin ito sa iyo O Muhammad nang buong katotohanan. Si Allah ay hindi nagnanais ng pang-aapi sa Kanyang nilikha. 3:109. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Kay Allah ibabalik ang lahat ng bagay.

3:110. Kayo ang pinakamainam na nasyon na umusbong sa mga tao. Nag-uutos kayo ng kabutihan, nagbabawal kayo sa kasamaan at nananampalataya kayo kay Allah. Kung naniwala lamang ang Angkan ng Kasulatan ay mainam ito para sa kanila. Ang ilan sa kanila ay nanampalataya ngunit ang karamihan sa kanila ay mga suwail. 3:111. Sila ay hindi makapipinsala sa inyo liban na lamang sa insulto.

lalabanan nila kayo ay aatras lamang sila at hindi sila matutulungan. 3:112. Sila ay hinamak na saan man sila naroon liban na lamang sa kasunduan kay Allah at kasunduan sa mga Muslim. Sila ay nagkamit ng galit ni Allah at naging mga dukha. Ito ay dahil sa hindi sila nanampalataya sa mga talata ni Allah at pinatay nila ang mga propeta nang walang katarungan. Ito ay dahil sila ay sumuway at lumampas sa mga hangganan.

3:113. Sila ay hindi magkakapareho. Kabilang sa Angkan ng Kasulatan ay yaong mga nakatayong masunurin at nagbabasa ng mga talata ni Allah sa gabi at sila ay nagpapatirapa. 3:114. Silang mga nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw, nag-uutos ng kabutihan, nagbabawal sa kasamaan at nag-uunahan sa kabutihan. Sila ay kabilang sa matutuwid. 3:115. Anumang gawin nilang kabutihan ay hindi itatakwil. Si Allah ay Nakaaalam sa mga may takot sa Kanya. 3:116. Tunay na ang mga hindi nanampalataya ay walang maitutulong sa kanila ang kanilang mga kayamanan at mga anak laban kay Allah nang kahit ano. Sila ang mga mananahan sa Impiyerno at mananatili sila rito habang-panahon. 3:117. Ang halimbawa ng kanilang ginagasta sa buhay na ito sa mundo ay ang hangin na may dalang yelo na tumatama sa ani ng mga tao na nandaya sa kanilang mga sarili at nawasak ang mga ito. Hindi sila inapi ni Allah bagkus sila sa kanilang mga sarili ang nang-api.

3:118. O mga nanampalataya, huwag kayong kumuha ng kakampi liban pa sa inyong kapwa nanampalataya. Hindi nila kayo palalampasin sa anumang pagkawasak. Naghahangad sila ng anumang pipinsala sa inyo. Lumitaw na ang pagkamuhi sa kanilang mga bibig at ang nalilingid sa kanilang mga dibdib ay mas masahol. Ginawa Naming malinaw sa inyo ang mga palatandaan kung kayo ay nag-iisip. 3:119. Naririto kayo na nagmamahal sa kanila ngunit hindi sila nagmamahal sa inyo. Samantalang naniniwala kayo sa lahat ng kasulatan. Kapag nasalubong nila kayo ay sasabihin nilang, 'Nanampalataya kami.'

Ngunit kapag sila ay mag-isa ay kinakagat nila ang dulo ng kanilang mga daliri sa galit. Sabihin mo O Muhammad, ‘Mamatay kayo sa galit ninyo. Tunay na si Allah ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga dibdib.’ 3:120. Kung dadapo sa inyo ang kabutihan ay ikinalulungkot nila ito. At kung darating sa inyo ang pinsala ay nagbubunyi sila rito. Kung kayo ay magtitiis at matatakot kay Allah ay hindi kayo mapipinsala ng kanilang mga plano ng kahit anuman. Tunay na si Allah sa ginagawa nila ay Nakaaarok.

3:121. Nang iniwan mo ang iyong pamilya upang isaayos ang mga nanampalataya sa mga posisyong pandigmaan sa labanan sa Uhud - si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 3:122. Nang ang dalawang grupo sa inyo ay halos masiraan ng loob subalit si Allah ay kanilang kakampi. Kay Allah marapat na manalig ang mga nanampalataya. 3:123. Pinagtagumpay kayo ni Allah sa labanan sa Badr kahit kaunti ang bilang ninyo. Kaya katakutan ninyo si Allah upang kayo nawa ay magpasalamat. 3:124. Nang sinabi mo sa mga nanampalataya, ‘Hindi ba sapat para sa inyo na tutulungan kayo ng inyong Panginoon sa pamamagitan ng tatlong libong anghel na bababa?’ 3:125. Oo, kung kayo ay magtitiis at matatakot kay Allah at lumusob sa inyo ang kalaban, ang inyong Panginoon ay tutulong sa inyo sa pamamagitan ng limang libong anghel na pawang may mga marka ng husay sa labanan. 3:126. Hindi ito ginawa ni Allah liban na lamang bilang magandang balita sa inyo at upang mapanatag ang inyong mga puso rito. Ang tagumpay ay hindi matatagpuan liban na lamang kay Allah, ang Makapangyarihan at ang Maalam. 3:127. Upang wasakin Niya ang ilang grupo ng mga hindi nanampalataya o kaya ay pigilin sila upang umatras silang bigo. 3:128. Wala sa iyo O Muhammad ang desisyon kung naisin Niya na patawarin o parusahan sila dahil tunay na sila ay mga mapang-api. 3:129. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Pinatatawad Niya ang naisin Niya at pinarurusahan Niya ang naisin Niya. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

3:130. O mga nanampalataya, huwag kayong kumain ng pautang na may patubo, doble man o mahigit pa. Katakutan ninyo si Allah upang kayo nawa ay magtagumpay. 3:131. Katakutan ninyo ang apoy na inihanda sa mga hindi nanampalataya. 3:132. Sundin ninyo si Allah at ang Sugo upang kayo nawa ay kahabagan. 3:133. Magmadali kayo tungo sa kapatawaran mula inyong Panginoon at sa hardin na ang lapad nito ay katulad ng kalangitan at lupa na inihanda para sa matutuwid. 3:134. Silang mga nagtutustos sa ginhawa at kagipitan, nagkikimkim ng galit at nagpapaumanhin sa mga tao. Si Allah ay nagmamahal sa matutuwid. 3:135. Silang tuwinang nakagagawa ng kahalayan o nang-api sa kanilang mga sarili ay umaalala kay Allah at humihingi ng tawad sa kanilang mga kasalanan. Sino ba ang nagpapatawad ng mga kasalanan liban kay Allah? Silang hindi nananatili sa mali nilang ginawa habang nalalaman nila ito. 3:136. Sila yaong ang gantimpala nila ay ang kapatawaran mula sa kanilang Panginoon at mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon. Napakainam na gantimpala para sa mga gumagawa ng mabuti. 3:137. Lumipas na bago pa kayo ang mga nasyon na nauna sa inyo. Kaya humayo kayo sa lupa at tingnan ninyo kung ano ang katapusan ng mga nagpasinungaling. 3:138. Ang Quran na ito ay malinaw na pagpapabatid sa mga tao, at gabay at aral para sa mga may takot kay Allah.

3:139. Kaya huwag kayong panghinaan ng loob o malungkot habang kayo ay nangingibabaw, kung kayo ay mga mananampalataya. 3:140. Kung kayo ay nasugatan ay nasugatan din ang inyong kalaban ng tulad nito. Yaon ang mga araw na pinagsasalit-salitan Namin ang mga tao rito upang malaman ni Allah kung sino ang mga nanampalataya at upang maghirang sa inyo ng mga martir. Si Allah ay hindi nagmamahal sa mga makasalanan. 3:141. At upang dalisayin ni Allah ang mga nanampalataya at wasakin ang mga hindi nanampalataya. 3:142. Iniisip ba ninyo na papasok kayo sa Paraiso nang hindi nakikilala ni Allah kung sino ang nakibaka sa inyo at makilala Niya

kung sino ang mga matiisin. 3:143. Hinangad ninyo ang pagiging martir bago pa ninyo ito makaharap at ngayon ay natagpuan na ninyo ito habang kayo ay nakatingin.

3:144. Si Muhammad ay hindi hihigit pa sa isang Sugo at nauna na sa kanya ang iba pang mga sugo. Kung siya ay mamamatay o mapapatay ay aatras ba kayo sa inyong mga talampakan? Sinumang umatras sa kanyang talampakan ay hindi niya mapipinsala si Allah nang anuman. Gagantimpalaan ni Allah ang mga mapagpasalamat. 3:145. Hindi marapat para sa sinuman ang mamatay liban na lamang sa pahintulot ni Allah at sa pagtatakda. Sinumang maghangad ng gantimpala ng mundo ay ibibigay Namin sa kanya ang mula rito at sinumang maghangad ng gantimpala sa Kabilang-buhay ay ibibigay Namin sa kanya ang mula rito. Gagantimpalaan Namin ang mga mapagpasalamat. 3:146. Ilang propeta na ang nakibaka na kasama nila ang mga lingkod ni Allah na marami. Sila ay hindi nasiraan ng loob sa nangyari sa kanila sa landas ni Allah, hindi sila nanghina o sumuko. Si Allah ay nagmamahal sa mga matiisin. 3:147. Wala silang sinabi liban na lamang na sinabi nila, ‘Aming Panginoon, patawarin Mo kami sa aming pagkakasala at pagmamalabis sa aming mga gawain. Patatagin Mo ang aming mga paa at pagtagumpayin Mo kami laban sa mga hindi nanampalataya. 3:148. Kaya ibinigay ni Allah ang gantimpala sa mundo at mabuting gantimpala sa Kabilang-buhay. Si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

3:149. O mga nanampalataya, kung susundin ninyo ang mga hindi nanampalataya ay patatalikurin nila kayo sa inyong mga talampakan at kayo ay magiging kabilang sa mga talunan. 3:150. Bagkus si Allah ang inyong Tagapag-ingat at Siya ang pinakamainam na tagatulong. 3:151. Ilalagay Namin sa puso ng mga hindi nanampalataya ang takot dahil sa kanilang itinambal kay Allah na wala Siyang ipinadalang autoridad dito. Ang kanilang hantungan ay ang Impiyerno.

Napakasamang hantungan nito para sa mga hindi nanampalataya. 3:152. Tinupad sa inyo ni Allah ang Kanyang pangako nang kayo ay pumapatay sa inyong mga kalaban sa Labanan sa Uhud sa pahintulot Niya. Hanggang sa kayo ay nanghina at nagtalu-talo tungkol sa utos at sumuway kayo matapos na ipinakita Niya sa inyo ang mga minamahal ninyo na kulimbat ng digmaan. Kabilang sa inyo ay yaong naghahangad sa mundo at ang iba naman ay naghahangad ng Kabilang-buhay. Siya ay nagdulot na kayo ay magapi nila upang subukan kayo. Pinaumanhinan na Niya kayo. Si Allah ang nagtataglay ng biyaya para sa mga nanampalataya. 3:153. Nang kayo ay umakyat sa bundok nang hindi lumilingon sa sinuman habang ang Sugo ay tumatawag sa inyo mula sa likuran ninyo. Kaya ginantihan kayo ni Allah ng pighati na sinundan ng pighati upang matuto kayo na hindi manghinayang sa hindi ninyo nakamit o anumang nangyari sa inyo. Si Allah ay Nakababatid sa inyong ginagawa. 3:154. At ibinaba Niya sa inyo pagkatapos ng pighati ang seguridad sa pamamagitan ng antok na bumalot sa ilan sa inyo. Habang ang ilan naman ay nag-alala para sa kanilang mga sarili na nag-aakala kay Allah ng iba pang bagay liban pa sa katotohanan na pawang pag-aakala ng kamangmangan. Nagsasabi na, 'May pagpipilian ba kami rito?' Sabihin mo O Muhammad, 'Tunay na ang bagay na ito ay nasa desisyon lahat ni Allah.' Itinatago nila sa kanilang mga sarili ang hindi nila ipapakita sa iyo. Sinasabi nilang, 'Kung mayroon lamang sana kaming pagpipilian sa bagay na ito ay hindi kami mapapatay dito.' Sabihin O Muhammad, 'Kahit kayo pa ay nasa inyong mga bahay, yaong mga itinakdang mapatay ay tutungo sa lugar na kanilang kamamatayan.' Ito ay upang subukin ni Allah kung ano ang nasa inyong mga dibdib at dalisayin ang anumang nasa inyong mga puso. Si Allah ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga dibdib. 3:155. Tunay na yaong mga tumalikod sa inyo noong araw na nagharap ang dalawang hukbo, inilihis lamang sila ni Satanas dahil sa ilan sa kanilang mga nagawa. Subalit si Allah ay nagpatawad na sa kanila. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mapagpaumanhin.

3:156. O mga nanampalataya huwag maging tulad ng mga hindi nanampalataya at nagsabi sa kanilang mga kapatid kapag naglakbay sila sa lupa o humayo upang makibaka, 'Kung sila ay kasama namin ay hindi sana sila namatay o hindi sila napatay.' Kaya ito ay dinulot ni Allah na maging isang bagay na pagsisisihan nila sa kanilang mga puso. Si Allah ay nagbibigay ng buhay at bumabawi nito. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita. 3:157. Kung kayo ay mapapatay sa landas ni Allah o mamatay kayo – ang kapatawaran ni Allah at ang Kanyang habag ay mas mainam pa sa anumang maipon nila. 3:158. Kung kayo ay mamatay o mapatay ay tungo kay Allah kayo ay titipunin. 3:159. Sa pamamagitan ng habag ni Allah ay naging malumanay ka sa kanila O Muhammad. Kung ikaw man ay naging magaspang o matigas ang puso ay tiyak na lumayo sila sa paligid mo. Kaya paumanhinan mo sila, humingi ng tawad para sa kanila at sumangguni sa kanila sa mga bagay-bagay. Kapag ikaw ay nakapagdesisyon na ay manalig ka kay Allah. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga nananalig. 3:160. Kung tutulungan kayo ni Allah ay walang makagagapi sa inyo. Ngunit kung itatakwil Niya kayo ay sino pa ang makatutulong sa inyo liban sa Kanya? Kay Allah marapat na manalig ang mga nanampalataya.

3:161. Hindi marapat para sa isang propeta ang mandaya sa mga kulimbat sa digmaan. Sinumang mandaya rito ay dadalhin niya ang kanyang kinupit na kulimbat sa Araw ng Paghuhukom. Gagantimpalaan ang bawat isa ayon sa kanyang inani at hindi sila dadayain. 3:162. Ang siyang naghangad ng kaluguran ni Allah ay katulad ba ng siyang umani ng galit ni Allah at ang tahanan niya ay ang Impiyerno? Napakasamang hantungan nito. 3:163. Sila ay may ibat ibang antas para kay Allah. Si Allah ay Nakakakita sa kanilang ginagawa. 3:164. Biniyayaan ni Allah ang mga nanampalataya nang ipinadala sa kanila ang Sugo mula sa kanilang mga sarili na nagbabasa sa kanila ng Kanyang mga talata, nagdadalisay sa kanila at nagtuturo sa kanila ng Aklat at karunungan kahit pa sila noon ay nasa pagkaligaw na malinaw.

3:165. Bakit nang dumating sa inyo ang isang sakuna sa labanan sa Uhud kahit pa doble ang inyong pinsalang idinulot sa kalaban sa labanan sa Badr ay sinasabi ninyong, ‘Saan nanggaling ang sakunang ito?’ Sabihin mo O Muhammad, ‘Ito ay mula sa inyong mga sarili.’ Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 3:166. Anumang dumating sa inyong sakuna sa araw na nagsagupa ang dalawang hukbo ay ayon sa pahintulot ni Allah at upang makilala Niya ang mga nanampalataya. 3:167. At upang malaman Niya ang mga nagpapanggap na Muslim. Kapag sinabi sa kanila, ‘Halina, makibaka kayo sa landas ni Allah o magtanggol man lamang.’ Sasabihin nilang, ‘Kung nalaman lang namin na mayroong labanan ay hindi sana kami sumunod sa inyo.’ Mas malapit sila sa hindi pananampalataya sa araw na yaon kaysa sa pananampalataya. Sinasabi nila sa kanilang mga bibig ang mga bagay na wala sa kanilang mga puso. Si Allah ang pinakanakaaalam sa anumang inililihim nila. 3:168. Yaong mga nagsabi sa kanilang mga kapatid habang sila ay nakaupo sa kanilang mga tahanan, ‘Kung sumunod lamang sila sa amin ay hindi sana sila napatay.’ Sabihin mo O Muhammad, ‘Ilayo ninyo mula sa inyong mga sarili ang kamatayan kung kayo ay makatotohanan.’

3:169. Huwag ninyong akalain na yaong mga napatay sa landas ni Allah ay mga patay. Bagkus sila ay mga buhay at malapit sa kanilang Panginoon na binibiyayaan. 3:170. Sila ay maligaya sa anumang ibinigay ni Allah sa kanila na biyaya Niya. Sila ay tumatanggap ng magandang balita tungkol doon sa mga magiging martir pagkatapos nila na hindi pa nila nakakasama – wala silang katatakutan at hindi sila malulungkot. 3:171. Tumatanggap sila ng magandang balita ng biyaya mula kay Allah at pabor na si Allah ay hindi magpapawalang saysay sa gantimpala ng mga nanampalataya. 3:172. Yaong mga tumugon kay Allah at sa Sugo matapos na sila ay mapinsala. Para sa mga gumawa ng mabuti na kabilang sa kanila at natakot kay Allah ay ang dakilang gantimpala. 3:173. Silang mga sinasabihan ng mga

nagpapanggap na Muslim, ‘Tunay na ang mga tao ay nagkaisa laban sa inyo kaya katakutan ninyo sila.’ Ngunit ito ay nagpatibay lamang ng kanilang pananampalataya at sinabi nilang, ‘Sapat na si Allah para sa amin, ang pinakamainam na Tagapamahala.’ 3:174. Kaya sila ay nagbalik mula sa Hamra’ Al Asad patungong Madinah pagkatapos ng Labanan sa Uhud nang may biyaya ni Allah at pabor na walang dumapo sa kanilang kasamaan. Sila ay sumunod sa kaluguran ni Allah. Si Allah ay nagtataglay ng biyayang dakila. 3:175. Yaon si Satanas na tumatakot lamang sa inyo sa pamamagitan ng kanyang mga alagad. Huwag ninyo silang katakutan bagkus ay katakutan ninyo Ako kung kayo ay nanampalataya.

3:176. Huwag mong ikalungkot O Muhammad, yaong nagmamadali sa hindi pananampalataya. Tunay na hindi nila mapipinsala si Allah nang anuman. Nais ni Allah na hindi sila bigyan ng bahagi sa Kabilang-buhay at para sa kanila ang parusang malaki. 3:177. Tunay na yaong mga bumili ng hindi pananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi nila mapipinsala si Allah kahit anuman. Para sa kanila ang parusang masakit. 3:178. Huwag iisipin ng mga hindi nanampalataya na dahil lamang sa pinalugitan Namin sila ay mainam na ito para sa kanila. Kami ay nagpalugit lamang sa kanila upang madagdagan sila ng kasalanan. Para sa kanila ang kahiya-hiyang parusa. 3:179. Si Allah ay hindi iiwan sa mga nanampalataya sa kasalukuyang kalagayan ninyo hanggang sa ihiwalay Niya ang masama sa mabuti. Si Allah ay hindi magsisiwalat sa inyo ng mga bagay na nalilingid ngunit si Allah ay naghihirang mula sa mga Sugo ng sinumang Kanyang naisin. Kaya manampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang mga Sugo. Kung kayo ay manampalataya at matakot sa Kanya ay para sa inyo ang dakilang gantimpala.

3:180. Huwag akalain ng mga nagdadamot sa ibinigay sa kanila ni Allah mula sa mga biyaya Niya na ito ay mabuti para sa kanila. Bagkus ito ay masama para sa kanila. Sila ay sasakalin ng anumang

kanilang ipinagdamot sa Araw ng Paghuhukom. Kay Allah ang pagpapamana at paghahari sa anumang nasa kalangitan at lupa. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid. 3:181. Narinig ni Allah ang sinabi ng mga Hudyo na, 'Tunay na si Allah ay mahirap at kami ay mayayaman.' Kami ay magtatala ng kanilang sinabi gayundin ang pagpatay nila sa mga propeta nang walang katarungan. Sasabihin Namin sa kanila, 'Tikman ninyo ang parusang apoy. 3:182. Ito ay para sa anumang inani ng inyong mga kamay dahil si Allah ay hindi mapang-api sa Kanyang mga alipin.' 3:183. Yaong mga nagsabing, 'Tunay na si Allah ay nakipagtipanan sa amin na hindi kami manampalataya sa sinumang sugo hanggang sa dalhin niya sa amin ang isang alay na kakainin ng apoy.' Sabihin O Muhammad, 'May dumating na sa inyong mga sugo na nauna sa akin na may dalang malilinaw na patunay kahit pa yaong sinasabi ninyo. Pero bakit ninyo sila pinatay kung kayo ay makatotohanan?' 3:184. Kung sila ay magpapasinungaling sa iyo O Muhammad ay pinasinungalingan din ang mga naunang sugo sa iyo. Dala nila ang malilinaw na mga patunay, batas at kasulatan na naglilinaw. 3:185. Ang bawat isa ay makatitikim ng kamatayan. Kayo ay mabibigyan lamang ng mga gantimpala ninyo sa Araw ng Paghuhukom. Sinumang nailigtas mula sa Impiyerno at ipinasok sa Paraiso ay nagtagumpay. Ang buhay sa mundo ay hindi hihigit pa sa libangan na mapanlinlang.

3:186. Tunay na kayo ay susubukin sa inyong mga kayamanan at mga sarili. Tiyak na kayo ay makaririnig mula sa mga binigyan ng kasulatan na nauna sa inyo at mula sa mga nagtambal kay Allah ng maraming pang-iinsulto. Kung kayo ay magtitiis at matatakot kay Allah ay tunay na ito ay isang bagay na dapat pagsikapan. 3:187. Si Allah ay nakipagkasunduan sa mga binigyan ng kasulatan, 'Marapat na ihayag ninyo ito sa mga tao at huwag ninyo itong sarilinin.' Ngunit ito ay itinapon nila sa kanilang mga likuran at ipinagpalit ito sa maliit na halaga. Napakasama ng kanilang binibili. 3:188. Huwag na huwag mong akalain na yaong mga nagbubunyi sa kanilang

ginawa at nagmamahal na mapuri sa mga bagay na hindi nila ginawa – huwag na huwag mong akalain na sila ay ligtas sa parusa. Para sa kanila ang parusang masakit. 3:189. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 3:190. Tunay na sa pagkakalikha sa kalangitan at lupa at sa pagpapalitan ng gabi at araw ay may mga tanda para sa mga may bukas na pag-iisip. 3:191. Silang mga umaalaala kay Allah nang nakatayo, nakaupo at nakahiga sa kanilang tagiliran at nagmumuni-muni sa pagkakalikha sa kalangitan at lupa na nagsasabing, 'Aming Panginoon, hindi Mo nilikha ang mga ito nang walang saysay. Luwalhati sa Iyo at iligtas Mo kami mula sa parusa sa Impiyerno. 3:192. Aming Panginoon tunay na sinumang ipasok Mo sa Impiyerno ay hinamak Mo at ang mga makasalanan ay walang magiging tagatulong. 3:193. Aming Panginoon, tunay na narinig namin ang tagatawag na tumatawag tungo sa pananampalataya, 'Manampalataya kayo sa inyong Panginoon.' At kami ay nanampalataya. Panginoon namin, patawarin Mo ang aming mga kasalanan at alisin mula sa amin ang aming kasamaan at dulutin Mo na kami ay mamatay kasama ang matutuwid. 3:194. Panginoon namin, ibigay Mo sa amin ang Iyong ipinangako sa Iyong mga Sugo at huwag Mo kaming ipahiya sa Araw ng Paghuhukom. Tunay na Ikaw ay hindi bumabali sa pangako.' 3:195. Tumugon sa kanila ang kanilang Panginoon, 'Hindi Ko pawawalang-saysay ang anumang gawain ng sinumang gumawa sa inyo, lalaki man o babae. Kayo ay mula sa isat isa. Yaong mga lumikas, pinalayas mula sa kanilang mga tahanan, napinsala sa Aking landas, lumaban at napatay – tiyak na aalisin Ko sa kanila ang kanilang mga kasalanan at tiyak na ipapasok Ko sila sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog bilang gantimpala mula kay Allah. Kay Allah ang pinakamainam na gantimpala. 3:196. Huwag na huwag kang magpapalinlang sa marangyang pamumuhay ng mga hindi nanampalataya sa lupa. 3:197. Panustos na kaunti at pagkatapos nito, ang kanilang tirahan ay ang Impiyerno at napakasamang hantungan nito. 3:198. Ngunit yaong mga may takot sa

kanilang Panginoon ay para sa kanila ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Mananahan sila rito habang-panahon. Pagsalubong na mula kay Allah. Anumang taglay ni Allah ay mas mainam para sa matutuwid. 3:199. Tunay na kabilang sa Angkan ng Kasulatan ay yaong mga nanampalataya kay Allah at sa ipinahayag sa inyo at sa ipinahayag sa kanila na mga tumatalima kay Allah. Hindi nila ipinagpapalit ang mga talata ni Allah sa maliit na halaga. Sila yaong magkakamit ng gantimpala nila mula sa kanilang Panginoon. Tunay na si Allah ay mabilis sa pagtutuos. 3:200. O mga nanampalataya, magtiis at magpunyagi, manatiling nakamatyag sa kalaban at katakutan si Allah upang kayo nawa ay magtagumpay.

4. SURATUN NISA' (ANG KABABAIHAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

4:1. O mga tao, katakutan ninyo ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao at nilikha Niya mula rito ang asawa nito. At pinasibol Niya mula sa kanilang dalawa ang maraming kalalakihan at kababaihan. Katakutan ninyo si Allah na sa pamamagitan Niya ay sinisingil ninyo ang inyong mga karapatan at pananatili ng inyong pagkakamag-anakan. Tunay na si Allah sa inyo ay Nakamasid. 4:2. Ibigay ninyo sa mga ulila ang kanilang mga kayamanan at huwag ninyong palitan ng sira ninyong gamit ang maayos nilang gamit. Huwag ninyong kamkamin ang kanilang mga ari-arian upang maging ari-arian ninyo. Tunay na ito ay kasalanang malaki. 4:3. Kung kinatatakutan ninyo na hindi kayo magiging makatarungan sa mga ulilang batang babae ay mag-asawa kayo ng sinumang kalugdan ninyong babae; dalawa, tatlo o apat. Ngunit kung kinatatakutan ninyo na hindi kayo magiging makatarungan ay isa lamang o kaya ay ang aliping tangan ng inyong mga kanang kamay. Ito ay mas mainam upang hindi kayo makapang-api. 4:4. Ibigay sa kababaihan na inyong mapapangasawa ang kanilang dote. Ngunit kung ibibigay man nila ito sa inyo nang kusang loob ay tanggapin ninyo ito at gawing kapaki-pakinabang.

4:5. Huwag ninyong ibigay sa mahihina ang pag-iisip ang inyong mga kayamanan na ibinigay ni Allah sa inyo bilang panustos. Tustusan ninyo sila sa pamamagitan nito at damitan at pagsalitaan lamang sila ng mabuti. 4:6. Subukin ninyo ang mga ulila sa kanilang kakayanan hanggang sa edad na maaari na silang mag-asawa. Kung makitaan ninyo sila ng matinong pag-iisip ay ibigay ninyo sa kanila ang kanilang mga kayamanan. Huwag ninyo itong gastusin nang labis-labis dahil inaasahan ninyo na sila ay lalaki. Sinumang tagapag-ingat na mayaman ay hindi marapat na kumuha ng bayad mula sa mga ulila. Sinumang mahirap ay kunin niya kung ano lamang ang marapat. Kapag ibinigay ninyo sa kanila ang kanilang kayamanan ay magkaroon kayo ng saksi. Sapat si Allah bilang tagapagtuos. 4:7. Para sa kalalakihan ang bahagi na iniwan ng dalawang magulang o malalapit na kamag-anak. Ang kababaihan ay mayroong bahagi sa iniwan ng dalawang magulang at malalapit na kamag-anak. Maliit man ito o malaki ay obligadong bahagi. 4:8. Kung ang iba pang kaanak, ulila at dukha ay naroroon sa panahon ng paghahati-hati ng mana ay bigyan ninyo sila ng bahagi nito at magsalita sa kanila ng matuwid na pananalita. 4:9. Marapat na matakot ang mga tagapag-ingat sa kawalang katarungan na parang sila ay mag-iiwan ng mga anak na mahihina at nangangamba para sa kanila. Marapat na katakutan nila si Allah at magsabi lamang sila ng matuwid. 4:10. Tunay na yaong mga nangangamkam ng kayamanan ng mga ulila nang walang katarungan ay walang kinakain sa kanilang mga sikmura liban pa sa apoy. Sila ay itatapon sa apoy.

4:11. Si Allah ay nagtuturo sa inyo tungkol sa inyong mga anak. Para sa isang lalaki ang katumbas ng bahagi ng dalawang babae. Kung mayroon lamang dalawang anak na babae o mahigit pa ay para sa kanila ang dalawang ikatlong bahagi (2/3) ng pamana. Kung may isang anak na babae lamang ay para sa kanya ang kalahati (1/2). Para sa kanyang dalawang magulang, para sa bawat isa sa kanila ang ikaanim na bahagi (1/6) ng mana kung siya ay may mga anak. Ngunit

kung wala siyang mga anak at ang mga magulang lamang ang magmamana sa kanya ay para sa kanyang ina ang ikatlong bahagi nito (1/3). Kung siya ay may mga kapatid ay para sa kanyang ina ang ikaanim na bahagi (1/6) ng mana. Matapos mabayaran ang kanyang mga bilin o utang. Ang inyong mga magulang at mga anak – hindi ninyo nalalaman kung sino sa kanila ang pinakamalapit sa inyo sa pakinabang. Ang mga bahagi na ito sa mana ay inobliga ni Allah. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:12. Para sa inyo ang kalahati (1/2) ng iiwan ng inyong mga asawang babae kung wala silang anak. Ngunit kung sila ay may anak ay para sa inyo ang ikaapat na bahagi (1/4) ng iniwan nila matapos na maibawas dito ang anumang bilin o utang. Para naman sa mga asawang babae ang ikaapat na bahagi (1/4) ng iniwan ninyo kung wala kayong anak na maiiwan. Kung may maiiwan kayong anak ay para sa asawang babae ang ikawalong bahagi (1/8) ng iiwan ninyo matapos na maibawas dito ang mga bilin ninyo o utang. Kung ang isang lalaki o babae ay hindi mag-iiwan ng tagapagmanang anak o magulang ngunit sila ay may kapatid na lalaki o babae ay para sa bawat isa ang ikaanim na bahagi (1/6). Kung sila ay may mahigit pa sa dalawang kapatid ay maghahati sila sa ikatlong bahagi (1/3) matapos na maibawas ang anumang bilin o utang at wala itong idudulot na pinsala. Ito ang batas ni Allah. Si Allah ang Nakaaalam at Pinakamaunawain. 4:13. Ito ang mga hangganan ni Allah. Sinumang sumunod kay Allah at sa kanyang Sugo ay ipapasok Niya sa Paraiso na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon. Ito ang tagumpay na dakila. 4:14. Sinumang sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo at lumalampas sa hangganan Niya ay ipapasok Niya sa Impiyerno nang habang-panahon at para sa kanya ang parusang kahiya-hiya. 4:15. Sinumang kababaihan ninyo ang makiapid ay marapat na sumaksi laban sa kanila ang apat na saksi mula sa inyo. Kung sila ay napatunayang maysala ay ikulong sila sa kanilang mga tahanan hanggang sa sila ay abutan ng kamatayan o si Allah ay magtakda ng iba pang paraan. 4:16. Sinumang lalaki at babae na

gumawa nito sa inyo ay hamakin ninyo sila pareho. Ngunit kung sila ay magbabalik-loob kay Allah at itatama ang kanilang mga sarili ay hayaan ninyo sila. Tunay na si Allah ay Tumatanggap ng pagbabalik-loob at Maawain. 4:17. Ang pagbabalik-loob ay tinatanggap lamang ni Allah mula roon sa mga nagkasala dahil sa kakulangan ng kaalaman at sila ay nagbalik-loob agad pagkatapos nito. Sila yaong mga tatanggapin ni Allah ang kanilang pagbabalik-loob. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:18. Ang pagbabalik-loob ay hindi tatanggapin mula roon sa nagpapatuloy sa kasalanan hanggang sa abutan sila ng kamatayan na magsasabing, 'Ako ngayon ay nagbabalik-loob na kay Allah.' O kaya ay mamamatay habang sila ay hindi nanampalataya. Para sa kanila ay inihanda Namin ang parusang masakit. 4:19. O mga nanampalataya, ibinawal sa inyo na manahin ang mga iniwang asawa ng inyong mga ama nang sapilitan na aasawahin ninyo sila o pipigilan ninyo silang mag-asawa ng iba o gumawa ng gusto nila na pinahintulutan ni Allah. Huwag ninyong gipitin ang inyong mga asawa upang mabawi ninyo ang ibinigay ninyong dote liban na lamang kung sila ay nakagawa ng napatunayang imoralidad. Pakisamahan sila nang mabuti. Kung kamumuhian ninyo sila ay maaaring kinamumuhian ninyo ang isang bagay na si Allah ay naglagay din dito ng maraming kabutihan. 4:20. Kung nais ninyong palitan ang isa ninyong asawa ng isa pa at binigyan ninyo ang isa sa kanila ng malaking regalo ay huwag ninyong bawiin ang kahit ano mula rito. Babawiin ba ninyo ito nang walang katarungan na isang malinaw na kasalanan? 4:21. Paano ninyo magagawang kunin ito samantalang pinaligaya ninyo ang isat isa habang kayo ay mag-asawa pa at nakipagkasunduan kayo ng matibay na kasunduan sa isat isa. 4:22. Huwag ninyong asawahin ang mga naging asawa ng inyong mga ama liban na lamang sa kung anumang lumipas na noong panahon ng kamangmangan bago pa dumating ang Islam. Tunay na ito ay kalaswaan, kamuhi-muhi at napakasamang paraan. 4:23. Ipinagbabawal na inyong mapangasawa ang inyong mga ina, anak na babae, kapatid na babae, tiyahin sa ama, tiyahin sa ina, mga

pamangking babae sa iyong kapatid na lalaki at babae, ang babaeng nagpasuso sa inyo at anak na babae nito, ang ina ng inyong mga asawa at anak na babae ng inyong mga asawang babae sa ibang lalaki at nagkaroon kayo ng pakikipagtatalik sa asawa ninyong babae na ito. Ngunit kung walang pagtatalik na nangyari ay wala kayong kasalanan dito. Ipinagbabawal din ang asawa ng sarili ninyong mga anak. Ipinagbabawal din na sabay ninyong mapangasawa ang magkapatid na babae liban na lamang sa lumipas na. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 4:24. Ipinagbabawal din na mapangasawa ninyo ang mga may asawang babae liban sa aliping tangan ng inyong kanang kamay na mga bihag ninyo sa digmaan. Ito ang itinakda ni Allah sa inyo. Pinahihintulutan sa inyo ang iba pang liban dito hanggat hinangad ninyo na sila ay pakasalan ninyo at magbigay kayo ng dote mula sa inyong mga kayamanan na naghahangad ng kadalisayan at hindi ang ipinagbabawal na pakikipagtalik. Kaya anumang pakinabangan ninyo sa pagpapakasal sa kanila ay ibigay ninyo ang marapat sa kanila bilang obligasyon. Wala kayong kasalanan sa anumang mapagkakasunduan ninyo na higit pa sa inyong obligasyon. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:25. Sinuman sa inyo ang walang kakayanan na makapangasawa ng malaya at mananampalatayang babae ay mag-asawa siya ng mula sa aliping tangan ng inyong mga kanang kamay na kabilang sa mga mananampalatayang babaeng alipin ninyo. Si Allah ang higit na Nakaaalam sa inyong pananampalataya. Kayo ay mula sa isat isa. Kaya pakasalanan ninyo sila nang may pahintulot ng kanilang mga tagapangalaga at ibigay sa kanila ang dote na katanggap-tanggap. Sila ay marapat na mga dalisay at hindi kabilang sa mga nakikiapid o nakikipagkasintahan. Kapag sila ay nakasal na at sila ay makikiapid ay para sa kanila ang kalahati ng parusa sa isang malayang dalagang babae. Ito ang itinakda para sa sinuman sa inyo na natatakot na magkasala. Ang magtiis ay mas mainam para sa inyo. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

4:26. Nais ni Allah na linawin sa inyo at gabayan kayo tungo sa mabuting gawain ng mga nauna sa inyo at tanggapin ang inyong pagbabalik-loob. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:27. Nais ni Allah na tanggapin ang inyong pagbabalik-loob ngunit yaong sumusunod sa pagnanasa ay naghahangad na iligaw kayo ng malaking paglihis. 4:28. Nais ni Allah na pagaanin para sa inyo ang inyong mga pasanin. Ang tao ay nilikha na mahina.

4:29. O mga nanampalataya, huwag angkinin ang kayamanan ng isat isa nang walang katarungan liban na lamang sa pinahintulutang negosyo na may pagkalugod sa pagitan ninyo. Huwag ninyong patayin ang inyong mga sarili. Tunay na si Allah sa inyo ay Mahabagin. 4:30. Sinumang gumawa nito nang may paglabag at pang-aapi ay itatapon Namin sa Impiyerno. Ito para kay Allah ay madali. 4:31. Kung iiwasan ninyo ang malalaking kasalanan na ipinagbawal sa inyo ay aalisin Namin sa inyo ang mga kasalanan ninyo at tatanggapin kayo sa marangal na pintuan ng Paraiso. 4:32. Huwag ninyong hangarin ang anumang ibinigay ni Allah nang higit pa sa iba pa kaysa sa ibinigay sa inyo. Para sa kalalakihan ang bahagi na inani nila at para sa kababaihan ang bahagi na inani nila. Humiling kay Allah mula sa Kanyang mga biyaya. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 4:33. Para sa lahat ay ginawa Namin silang mga tagapagmana sa kung anumang iniwan ng magulang o kamag-anak. At yaong mga nakipagkasunduan kayo sa kanila ay ibigay ninyo ang bahagi nila. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Saksi.

4:34. Ang kalalakihan ay tagapagtaguyod ng kababaihan ayon sa kung ano ang ibiniyaya ni Allah na higit sa iba pa at sa itinustos nila sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan. Ang matutuwid na babae ay masunurin at nag-iingat sa pagliban ng kanyang asawa sa mga itinakda ni Allah na pag-ingatan niya. Ngunit yaong mga asawa na kinatatakutan mo ang katigasan ng ulo ay payuhan muna sila,

sunod ay huwag kayong makipagtalik sa kanila at panghuli ay paluin sila. Kung sila ay susunod ay huwag nang magmalabis sa parusa. Tunay na si Allah ay Kataas-taasan at Pinakadakila. 4:35. Kung katakutan man ninyo ang hidwaan sa pagitan ng mag-asawa ay magpadala kayo ng kinatawan mula sa pamilya ng lalaki at kinatawan mula sa pamilya ng babae. Kung nais nilang dalawa ng pagkakaayos ay pag-aayusin ni Allah silang dalawa. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Nakababatid.

4:36. Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng kahit ano, maging mabuti sa inyong mga magulang at sa mga kamag-anak, mga ulila, mahihirap, malapit at malayong kapitbahay, kasama sa iyong tabi, naantalang manlalakbay at mga aliping tangan ng inyong mga kanang kamay. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapagmataas at mayabang. 4:37. Silang mararamot at nag-uudyok sa mga tao ng karamutan at makasarili sa ibinigay sa kanila ni Allah mula sa Kanyang biyaya. Kami ay naghanda para sa mga hindi nanampalataya ng parusang kahiya-hiya. 4:38. Silang mga nagtutustos mula sa kanilang mga kayamanan upang magpakitang-tao lamang at hindi nananampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay. Sinumang kasama ni Satanas, ay tunay na napakasama niyang kasama. 4:39. Ano bang kasamaan ang idudulot kung sila ay manampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay at magtustos mula sa mga ibiniyaya ni Allah sa kanila? Si Allah sa kanila ay Nakaaalam. 4:40. Tunay na si Allah ay hindi nang-aapi nang kahit kasingtimbang ng atom. Kung ito ay kabutihan ay dodoblehin Niya ito at magbibigay mula sa Kanya ng gantimpalang malaki.

4:41. Paano kaya kung kukuha Kami mula sa bawat nasyon ng saksi at ginawa ka Namin O Muhammad sa kanila bilang saksi? 4:42. Sa Araw na yaon, hihilingin ng mga hindi nanampalataya at sumuway sa Sugo na sila ay matabunan ng mundo. Hindi sila makapaglilihim kay Allah ng anumang salaysay. 4:43. O mga nanampalataya huwag kayong lalapit

sa obligadong pagdarasal habang kayo ay mga lasing hanggang sa malaman ninyo kung ano ang sinasabi ninyo o kaya ay kung kayo ay nasa ritwal na karumihan liban na lamang doon sa dumadaan lamang sa Masjid hanggang sa kayo ay makaligo. Kung kayo ay maysakit o naglal-akbay o kung sinuman sa inyo ang gumamit ng palikuran o nakipagtalik kayo sa kababaihan at wala kayong matagpuang tubig ay magpadalisay kayo gamit ang malinis na lupa at ipunas ito sa inyong mga mukha at mga kamay sa Tayammum. Tunay na si Allah ay Mapagpaumanhin at Mapagpatawad. 4:44. Hindi mo ba nakita yaong binigyan ng bahagi ng kasulatan at ipinagpalit ito sa kamalian at naghahangad na kayo ay maligaw sa landas? 4:45. Si Allah ang nakaaalam sa inyong mga kaaway. Sapat si Allah bilang kakampi at sapat si Allah bilang tagatu-long. 4:46. Kabilang sa mga Hudyo ay yaong mga bumabago sa mga salita sa tamang gamit ng mga ito at nagsasabing, 'Narinig namin at sumuway kami' at 'Makinig nang hindi nakaririnig' at 'Tingnan mo kami', sa pagbali sa kanilang mga dila at paghamak sa relihiyon. Kung sinabi lamang nila na 'Nakinig kami at sumunod kami' at 'Hintayin mo kami na makaunawa', ay mas mainam ito para sa kanila at mas marapat. Ngunit isinumpa sila ni Allah sa kanilang kawalan ng pananampalataya, kaya sila ay hindi nanampalataya liban na lamang sa iilan.
4:47. O Angkan ng Kasulatan, manampalataya kayo sa ipinahayag Namin na nagpapatibay sa anumang tangan ninyo, bago pa Namin burahin ang mga mukha at iharap ito sa likuran nila o kaya ay isumpa Namin sila tulad ng pagsumpa Namin sa mga lumabag sa Sabbath. Ang utos ni Allah ay matutupad. 4:48. Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad sa kasalanan na Siya ay pagtatambalan subalit Siya ay magpapatawad sa iba pang kasalanan liban dito para sa sinumang Kanyang naisin. Sinumang magtambal kay Allah ay nag-imbento ng kasalanang malaki. 4:49. Hindi mo ba nakita yaong mga nagmamalinis sa kanilang mga sarili? Bagkus si Allah ay nagdadalisay sa sinumang Kanyang naisin at hindi sila maaapi kahit pa ito ay kasing liit ng hibla ng buto ng datiles. 4:50. Tingnan mo kung paano sila

mag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan at sapat na ito bilang kasalanang malinaw.

4:51. Nakikita mo ba yaong mga binigyan ng bahagi ng kasulatan na naniniwala sa mga pamahiin at diyus-diyosan at nagsasabi tungkol sa mga hindi-nanampalataya, 'Sila ay higit na nagabayan kaysa sa mga nanampalataya sa kanilang pamamaraan'? 4:52. Sila yaong mga isinumpa ni Allah. Sinumang isumpa ni Allah ay wala kang makikita para sa kanya na tagatulong. 4:53. O sila ba ay may bahagi sa pagma may-ari sa kaharian? Kung gayon nga ay hindi sila magbibigay sa tao ng kahit isang tuldok sa buto ng datiles. 4:54. O kinaiinggitan ba nila ang mga tao dahil sa ibinigay ni Allah sa kanila mula sa Kanyang biyaya? Ibinigay na Namin sa Angkan ni Abraham ang kasulatan at karunungan at ibinigay Namin sa kanila ang kahariang dakila. 4:55. Ang ilan sa kanila ay naniwala rito at ang iba naman ay nagtakwil at nagtaboy sa mga tao palayo rito. Sapat na ang Impiyerno bilang apoy para sa hindi nanampalataya. 4:56. Tunay na yaong mga nagtakwil sa Aming mga talata ay itatapon Namin sa Impiyerno. Tuwinang ang kanilang mga balat ay masusunog ay papalitan Namin ito ng bagong balat upang matikman nila ang parusa. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 4:57. Ngunit yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay papapasukin Namin sa mga hardin na sa ilalim nito ay dumadaloy ang mga ilog at mananahan sila rito habang-panahon. Para sa kanila rito ang mga asawang dalisay at ipapasok Namin sila sa lilim na malamig.

4:58. Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na ibalik ang mga ipinagkatiwala sa inyo sa nagmamay-ari nito at kung kayo ay maghahatol sa mga tao ay maghatol kayo nang may katarungan. Tunay na si Allah ay mainam na nangangaral sa inyo nito. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakakakita. 4:59. O mga nanampalataya, sundin ninyo si Allah, sundin ninyo ang Sugo at ang mga may autoridad sa inyo. Kung kayo ay magtatalu-talo sa isang bagay ay ibalik ninyo ito

kay Allah at sa Sugo kung kayo ay nananampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay. Ito ay mainam at pinakamagandang kahihinatnan. 4:60. Hindi mo ba nakita yaong umaangkin na sila ay nanampalataya sa ipinahayag sa iyo O Muhammad at gayundin sa mga ipinahayag sa nauna iyo? Nais nilang humingi ng hatol mula sa mga diyus-diyosan samantalang sila ay inutusan na itakwil ang mga ito. Ninanais ni Satanas na iligaw sila sa pagkaligaw na malayo. 4:61. Kung sasabihin sa kanilang, 'Halina tungo sa ipinahayag ni Allah at tungo sa Sugo' ay makikita mo ang mga nagpapanggap na Muslim na lumalayo sa iyo nang matinding paglayo. 4:62. Kaya paano pa kapag dinapuan sila ng sakuna dahil sa ginawa ng kanilang mga kamay at darating sila sa iyo na nanunumpa kay Allah, 'Wala kaming hinangad kundi kabutihan at gabay.' 4:63. Sila yaong mga nakikilala ni Allah ang laman ng kanilang mga puso kaya layuan mo sila ngunit babalaan mo sila at sabihan mo sila ng makabuluhang pananalita.

4:64. Hindi Kami nagpadala ng sugo liban na lamang upang sundin sa pahintulot ni Allah. Tuwinang sila ay nang-api sa kanilang mga sarili ay tutungo sila sa iyo O Muhammad at hihingi ng kapatawaran ni Allah at upang humingi ng tawad para sa kanila ang Sugo. Makikita nila na si Allah ay Tumatanggap ng pagbabalik-loob at Mahabagin. 4:65. Ngunit hindi, sumpa man sa iyong Panginoon, sila ay hindi tunay na nanampalataya hanggat hindi ka nila gawing hukom O Muhammad sa anumang kanilang pinagtatalunan at hindi sila makakita sa kanilang mga sarili ng kagipitan sa naging hatol mo at sila ay magpapasakop ng buung-buong pagpapasakop. 4:66. Kung itatakda Namin sa kanilang mga nagpapanggap na Muslim na, 'Patayin ng mga inosente sa inyo ang mga nagkasala sa inyo' o 'Iwan ninyo ang inyong mga tahanan' ay hindi nila ito gagawin liban na lamang sa iilan sa kanila. Ngunit kung gagawin lamang nila ang iniutos sa kanila ay mas mainam ito para sa kanila at mas matatag sa kanilang pananampalataya. 4:67. Pagkatapos niyun ay bibigyan Namin sila mula sa Amin ng gantimpalang malaki. 4:68. At

gagabayan Namin sila sa landas na matuwid. 4:69. Sinumang sumunod kay Allah at sa Sugo ay sila yaong mga biniyayaan ni Allah ng tulad ng biyaya Niya sa mga propeta, mga makatotohanan, mga martir at matutuwid. Napakainam ng mga yaon bilang kasama. 4:70. Ito ang biyaya ni Allah, sapat si Allah bilang nakaaalam.

4:71. O mga nanampalataya, dalhin ninyo ang inyong mga pananggalang at humayo kayo nang pangkat-pangkat o sabay-sabay sa labanan. 4:72. Tunay na kabilang sa inyo yaong mga nagpapaiwan at kung darating sa inyo ang sakuna ay sasabihin niyang, 'Si Allah ay nagbiyaya sa akin na hindi ako nakasama sa kanila.' 4:73. Ngunit kung darating sa inyo ang biyaya mula kay Allah ay tiyak na sasabihin niya na parang walang namagitan na pagmamahal sa kanya at sa inyo, 'Sana ay nakasama ako sa kanila upang nagtagumpay ako ng tagumpay na dakila.'4:74. Marapat na makibaka sa landas ni Allah yaong mga ipinagpalit na nila ang buhay dito sa mundo sa Kabilang-buhay. Sinumang makibaka sa landas ni Allah na mapapatay o magtatagumpay ay bibigyan Namin ng gantimpalang dakila. 4:75. Ano ang problema sa inyo at hindi kayo nakikibaka sa landas ni Allah at para roon sa mga inaping kalalakihan, kababaihan at kabataan na mga nagsasabing, 'Aming Panginoon, alisin Mo kami mula sa bayan na ito na mapang-api ang mga mamamayan nito at magtalaga Ka para sa amin mula sa Iyo ng isang tagapagtanggol at magtalaga Ka para sa amin mula sa Iyo ng isang tagatulong.' 4:76. Yaong mga nanampalataya ay nakikibaka sa landas ni Allah at ang mga hindi nanampalataya ay nakikibaka sa landas ng mga diyus-diyosan. Labanan ninyo ang mga kakampi ni Satanas. Tunay na ang plano ni Satanas ay palaging mahina.

4:77. Hindi mo ba nakita yaong mga sinabihang, 'Pigilan muna ninyo ang inyong mga kamay mula sa pakikibaka at magtaguyod muna kayo ng obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa.'? Ngunit nang itinakda na ang pakikibaka sa kanila,

ang isang grupo nila ay natakot sa mga tao tulad ng takot kay Allah o mas matindi pa. Sinabi nila, 'Aming Panginoon, bakit Mo itinakda sa amin ang pakikibaka? Kung ipinagpaliban Mo lamang ito sana ng kahit maikling panahon.' Sabihin, 'Ang ligaya sa mundong ito ay kaunti at ang Kabilang-buhay ay mas mainam para sa mga may takot kay Allah. Hindi kayo maaapi nang kahit gahibla ng buto ng datiles.' 4:78. Saan man kayo naroroon ay aabutan kayo ng kamatayan kahit magtago pa kayo sa matataas at matitibay na tore. Kung may darating sa kanilang kabutihan ay sasabihin nilang, 'Ito ay mula kay Allah.' At kung may darating sa kanilang kasamaan ay sasabihin nilang, 'Ito ay dahil sa iyo.' Sabihin, 'Ang lahat ng bagay ay nagmumula kay Allah.' Kaya ano ba ang nangyayari sa mga tao na hindi nakauunawa ng kahit anong salita? 4:79. Anumang dumating sa iyo na kabutihan ay mula ito kay Allah ngunit anumang masamang dumating sa iyo ay mula sa iyong sarili. Ipinadala ka Namin O Muhammad sa mga tao bilang Sugo at sapat si Allah bilang saksi.

4:80. Sinumang sumunod sa Sugo ay sumunod din kay Allah. Ukol naman doon sa mga tumalikod ay hindi ka Namin isinugo sa kanila bilang tagapag-ingat. 4:81. Sinasabi nila, 'Kami ay susunod.' Ngunit kapag iniwan ka nila, ang isang grupo nila ay nagpaplano sa gabi na gawin ang taliwas sa sinabi mo. Itinatala ni Allah ang kanilang mga plano sa gabi. Layuan mo sila at manalig lamang kay Allah. Sapat si Allah bilang mapananaligan. 4:82. Hindi ba sila nag-iisip na kung ang Quran ay galing sa iba pa liban kay Allah ay makatatagpo sila rito ng maraming salungatan. 4:83. At kung may darating sa kanilang balita tungkol sa kaligtasan o takot ay ikinakalat nila ito. Kung sumangguni lamang muna sila sa Sugo at sa mga may autoridad sa kanila ay tunay na nalaman na ito ng mga may tamang desisyon sa bagay na ito na kabilang sa kanila. Kung hindi lamang sa biyaya ni Allah sa inyo at sa Kanyang habag ay sinunod ninyo si Satanas liban na lamang sa iilan.

4:84. Kaya makibaka ka O Muhammad sa landas ni Allah at wala kang pananagutan liban na lamang sa iyong sarili. Himukin mo ang mga nanampalataya na sumama sa iyo. Maaaring pipigilin ni Allah ang lakas ng mga hindi nanampalataya. Si Allah ay mas makapangyarihan at mas malakas sa pagpaparusa. 4:85. Sinumang mamagitan sa kabutihan ay magkakaroon ng gantimpala dito. Sinumang mamagitan sa kasamaan ay magkakaroon ng pananagutan dito. Si Allah sa lahat ng bagay ay Tagapagpanatili. 4:86. Kapag kayo ay binati ng isang pagbati ay gantihan ninyo ito ng mas mainam o katulad nito. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Nagtutuos. 4:87. Si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Tiyak na titipunin Niya kayo sa Araw ng Paghuhukom nang walang duda rito. Sino ba ang mas makatotohanan kay Allah sa pananalita?

4:88. Ano ang problema ninyo tungkol sa mga nagpapanggap na mga Muslim at kayo ay naging dalawang grupo samantalang si Allah ay nagdulot na malugmok sila dahil sa mga ginawa nila? Nais ba ninyong gabayan yaong mga iniligaw ni Allah? Sinumang iligaw ni Allah ay wala kayong matatagpuan para sa kanila na anumang daan. 4:89. Ninanais ng mga nagpapanggap na Muslim na kayo ay hindi manampalataya tulad ng kung paanong hindi sila nanampalataya upang maging pareho kayo. Huwag ninyong kunin ang sinuman sa kanila bilang kakampi hanggang sa lumikas sila sa landas ni Allah. Ngunit kung sila ay tatalikod sa Islam at kumampi sa kalaban ay arestuhin ninyo sila at patayin ninyo sila saan man ninyo sila makita bilang mga traydor. Huwag kayong kumuha mula sa kanila ng kakampi o tagatulong. 4:90. Liban na lamang doon sa nagpapakup-kop na mga tao na mayroon kayong kasunduan sa kanila o kaya ay yaong tutungo sa inyo na ang kanilang mga puso ay nahahati sa pakikibaka laban sa inyo o laban sa kanilang grupo. Kung ninais lamang ni Allah ay binigyan Niya sila ng kapangyarihan sa inyo at lalabanan nila kayo. Kaya kung lalayo sila sa inyo at hindi kayo lalabanan at nag-alay ng kapayapaan ay hindi nagdulot si Allah ng

dahilan upang labanan sila. 4:91. Makikita mo ang iba na naghahangad ng seguridad sa inyo at para sa kanilang grupo. Tuwinang sila ay napupunta sa tukso ng hindi pananampalataya ay bumabalik sila rito. Kaya kung hindi sila lalayo sa inyo o mag-alay sa inyo ng kapayapaan o pigilan ang kanilang mga kamay ay lusubin ninyo sila at patayin saan man ninyo sila maabutan sa digmaan. Para sa mga yaon ay binigyan Namin kayo ng malinaw na autoridad. 4:92. Hindi marapat sa mananampalataya na pumatay ng mananampalataya liban na lamang sa pagkakamali. Sinumang makapatay ng mananampalataya dahil sa pagkakamali ay marapat na magpalaya ng alipin na mananampalataya at magbayad ng danyos sa pamilya ng napatay liban na lamang kung magpatawad sila bilang kawanggawa. Kung ang napatay ay kabilang sa mga taong may digmaan kayo sa kanila at siya ay mananampalataya ay pagpapalaya lamang ng malayang alipin na mananampalataya. Kung siya ay kabilang sa mga tao na kayo ay may kasunduan ay marapat na magbayad ng danyos sa pamilya ng napaslang at pagpapalaya ng aliping mananampalataya. Sinumang walang kakayanan ay marapat na mag-ayuno ng dalawang buwang sunud-sunod bilang pagbabalik-loob kay Allah. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:93. Sinumang pumatay ng mananampalataya nang sinasadya – ang kanyang gantimpala ay ang Impiyerno at mananahan siya rito habang-panahon. Kamumuhian siya ni Allah at isusumpa at inihanda para sa kanya ang parusang masakit.

4:94. O mga nanampalataya, kung hahayo kayo sa pakikibaka sa landas ni Allah ay manigurado kayo. Huwag ninyo sabihin sa sinumang bumabati sa inyo ng kapayapaan na, 'Ikaw ay hindi mananampalataya' na naghahangad ng kinang ng buhay sa mundo. Kay Allah ang maraming kulimbat ng digmaan. Ganito kayo noon at kayo ay biniyayaan ni Allah kaya manigurado kayo. Tunay na si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid. 4:95. Hindi magkatulad yaong mga nanatili sa kanilang mga tahanan na nanampalataya at ang mga nakikibaka sa landas ni Allah sa

pamamagitan ng kanilang kayamanan at buhay liban na lamang sa mga naiwan dahil sa kapansanan. Iniangat ni Allah ang mga nakibaka sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at buhay nang higit doon sa mga nanatili, sa mataas na antas. Pareho silang pinangakuan ni Allah ng mainam na gantimpala. Ngunit pinahigitan ni Allah ang mga nakibaka sa landas Niya kaysa sa mga nagpaiwan, ng malaking gantimpala. 4:96. Matataas na antas mula sa Kanya, kapatawaran at habag. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 4:97. Tunay na yaong mga kinuha ng mga anghel ang kaluluwa nila habang inaapi nila ang kanilang mga sarili ay sasabihin sa kanila, 'Sa anong kalagayan kayo naroroon?' Sasabihin nila, 'Kami ay inapi sa lupa.' Sasabihin ng mga anghel, 'Hindi ba ang lupa ni Allah ay malawak upang lumikas kayo rito?' Para sa kanila ang tahanan sa Impiyerno – at napakasamang hantungan nito. 4:98. Liban na lamang sa mga inaping kalalakihan, kababaihan at kabataan na walang kakayanang gumawa ng paraan o hindi nagabayan tungo sa paraan na makaalis sila sa kanilang kalagayan. 4:99. Maaaring si Allah ay magpapaumanhin sa kanila. Si Allah ay Mapagpaumanhin at Mapagpatawad. 4:100. Sinumang lumikas sa landas ni Allah mula sa lugar na pinagtatambalan si Allah ay matatagpuan niya sa mundo ang maraming iba pang lugar at kasaganahan. Sinumang iwan niya ang kanyang tahanan upang lumikas tungo kay Allah at Kanyang Sugo at siya ay inabutan ng kamatayan – ay nagkamit ng gantimpala niya mula kay Allah. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

4:101. Kapag kayo ay naglakbay sa lupa ay wala kayong kasalanan kung paiikliin ninyo ang inyong mga obligadong pagdarasal kung kinatatakutan ninyo na lusubin kayo ng mga hindi nanampalataya. Tunay na ang mga hindi mananampalataya ay kaaway na malinaw para sa inyo. 4:102. Kung ikaw ay kasama nila at pinamunuan mo sila sa obligadong pagdarasal ay marapat na tumayo ang isang grupo nila na kasama ka at dalhin nila ang kanilang mga armas. Kapag sila ay nagpatirapa ay marapat na sila ay nasa likod ninyo at ang isa pang

grupo na hindi pa nakapagtaguyod ng obligadong pagdarasal ay magtataguyod ng obligadong pagdarasal kasama ka nang may pag-iingat na dala ang kanilang armas. Nais ng mga hindi nanampalataya na malingat kayo sa inyong mga sandata at kagamitan at lulusubin nila kayo ng isang paglusob. Wala kayong kasalanan kung kayo ay inabala ng ulan o sakit sa pagbababa ng inyong mga sandata. Dalhin ninyo ang inyong pananggalang at sandata. Tunay na si Allah ay naghanda para sa mga hindi nanampalataya ng parusang nakakahiya. 4:103. Pagkatapos ninyong magtaguyod ng obligadong pagdarasal ay alalahanin ninyo si Allah nang nakatayo, nakaupo o nakahiga sa tagiliran. Kung kayo ay maging ligtas na ay itaguyod ninyo ang normal na obligadong pagdarasal. Tunay na ang obligadong pagdarasal ay itinalaga sa mga nanampalataya sa oras na nakatakda. 4:104. Huwag kayong manghina sa paghabol sa kalaban. Kung kayo ay nagdurusa ay tunay na nagdurusa rin sila tulad ng pagdurusa ninyo. Subalit kayo ay umaasa kay Allah ng anumang hindi nila inaasahan. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam.

4:105. Tunay na ipinahayag Namin sa iyo O Muhammad ang Aklat sa buong katotohanan upang ikaw ay maghatol sa mga tao sa anumang ipinakita sa iyo ni Allah. Huwag maging kakampi ng mga mapanlinlang. 4:106. Humingi ng tawad kay Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 4:107. Huwag makipagtalo para roon sa mga nanlinlang sa kanilang mga sarili. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa mapanlinlang na makasalanan. 4:108. Sila ay nagkukubli sa mga tao ngunit hindi nila ito maikukubli kay Allah. Siya ay kapiling nila kapag sila ay nagpaplano sa gabi ng mga pananalitang hindi Niya kinalulugdan. Si Allah sa kanilang ginagawa ay Nakaaarok.

4:109. Nariyan na naman kayo na mga nakikipagtalo para sa kanila sa buhay sa mundo ngunit sino ang makikipagtalo para sa kanila sa Araw ng Paghuhukom o kaya ay magiging kinatawan nila?

4:110. Sinumang gumawa ng kasamaan o nang-api sa sarili at humingi ng tawad kay Allah ay matatagpuan niya na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 4:111. Sinumang magkasala ay inani niya ito laban sa kanyang sarili lamang. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:112. Sinumang nagkamali o nagkasala at ibinintang ang pagkakagawa nito sa inosenteng tao ay nakagawa ng paninirang-puri at kasalanang malinaw. 4:113. Kung hindi lamang sa biyaya ni Allah sa iyo O Muhammad at Kanyang habag ay maninindigan ang isang grupo nila na iligaw ka. Ngunit sila ay walang inililigaw liban na lamang sa kanilang mga sarili. Sila ay hindi makapamiminsala sa iyo ng kahit ano. Ibinaba ni Allah sa iyo ang Aklat at ang karunungan at nagturo sa iyo ng mga bagay na hindi mo nalaman. Ang biyaya sa iyo ni Allah ay palaging dakila.

4:114. Walang kabutihan sa karamihan ng kanilang mga lihim na pag-uusap liban na lamang doon sa nag-uutos sa kawanggawa, kabutihan o pagsasaayos sa mga tao. Sinumang gumawa nito na naghahangad ng kaluguran ni Allah ay bibigyan Namin ng malaking gantimpala. 4:115. Sinumang tumaliwas sa Sugo matapos na naging malinaw sa kanya ang gabay at sumunod sa landas na iba pa sa landas ng mga mananampalataya ay ibibigay Namin sa kanya ang kanyang hinangad at ipapasok Namin siya sa Impiyerno. Napakasamang hantungan nito.

4:116. Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad sa kasalanan na Siya ay pagtatambalan subalit Siya ay magpapatawad sa iba pang kasalanan liban dito para sa sinumang Kanyang naisin. Sinumang magtambal kay Allah ay naligaw nang malayong pagkaligaw. 4:117. Sila ay nananalangin sa iba pa liban sa Kanya, sa mga babaeng diyus-diyosan ngunit sila ay nananalangin talaga sa rebeldeng Satanas. 4:118. Sumpain nawa siya ni Allah. Dahil sinabi niya, ‘Katiyakang ako kay kukuha mula sa iyong mga alipin ng takdang bilang. 4:119. Katiyakang ililigaw ko sila at pagniningasin sa kanila

ang mga makasalanang pagnanasa. Ako ay mag-uutos sa kanila upang hiwain nila ang mga tainga ng mga pinapastol na hayop at uutusan sila upang baguhin nila ang nilikha ni Allah.' Sinumang kumuha kay Satanas bilang kakampi sa halip na si Allah ay tunay na nalugi ng malinaw na pagkalugi.' 4:120. Nangangako si Satanas sa kanila at nagpapaningas ng mga pagnanasa. Ngunit si Satanas ay hindi nangangako sa kanila ng anuman liban na lamang sa guni-guni. 4:121. Sila yaong Impiyerno ang magiging tahanan at wala silang makikitang matatakasan mula rito. 4:122. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay papapasukin Namin sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Sila ay mananahan dito habang-panahon. Ang pangako ni Allah ay totoo. Sino ba ang mas makatotohanan kaysa kay Allah sa pananalita?

4:123. Hindi ito nakakamit sa pangangarap lamang ninyo o sa pangarap ng Angkan ng Kasulatan. Sinumang gumawa ng kasamaan ay gagantihan dahil dito at wala siyang makikitang liban kay Allah na kakampi at tagatulong. 4:124. Sinumang gumawa ng kabutihan mula sa kalalakihan o kababaihan habang siya ay nananampalataya ay sila yaong papasok sa Paraiso at hindi sila dadayain ng kahit gatuldok sa buto ng datiles. 4:125. Sino ba ang pinakamainam sa relihiyon liban pa sa siyang isinuko niya ang kanyang sarili kay Allah habang gumagawa ng kabutihan at sumunod sa relihiyon ni Abraham na kumikiling sa katotohanan? Si Allah ay kumuha kay Abraham bilang malapit na kaibigan. 4:126. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaarok.

4:127. Sila ay humihingi sa iyo O Muhammad ng kahatulan para sa kababaihan. Sabihin, 'Si Allah ay nagbigay ng kahatulan sa inyo tungkol sa kanila at sa binabasa sa inyo mula sa Aklat tungkol sa mga ulilang batang babae na hindi ninyo ibinigay sa kanila ang itinakda para sa kanila ngunit ninanais ninyo na pakasalan sila. At tungkol sa mga inaping kabataan na marapat na sustentuhan ninyo ang mga ulila

nang may katarungan.' Anumang kabutihang gawin ninyo ay tunay na si Allah dito ay Nakaaalam. 4:128. Kung ang babae ay natatakot mula sa kanyang asawa ng paghamak o pagtakwil, ay wala silang kasalanan kung sila ay magkaroon sa isat isa ng kasunduan. Ang kasunduan ay pinakamainam. Ang kaluluwa ng tao ay may karamutan. Ngunit kung kayo ay gagawa ng mababuti at matatakot kay Allah ay tunay na si Allah sa inyong mga gawain ay Nakababatid. 4:129. Hindi ninyo magagawang pagpantayin ang inyong damdamin para sa inyong mga asawa kahit pagsikapan ninyo ito. Huwag kumiling ng lahat ng pagkiling sa isa at pababayaan mo naman ang isa pa na tila nakabitin na hindi niya alam kung siya ba ay mananatiling asawa o hihiwalayan. Kung kayo ay magsasaayos at matatakot kay Allah ay tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Maawain. 4:130. Ngunit kung sila ay magdidiborsiyo ay pagyayamanin sila ni Allah mula sa Kanyang biyaya. Si Allah ay Nakaaarok at Maalam.

4:131. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Nagtalaga Kami sa mga binigyan ng kasulatan na nauna sa inyo at nagtalaga din Kami sa inyo na katakutan ninyo si Allah. Kung kayo ay hindi mananampalataya ay tunay na kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Si Allah ay Mayaman at Kapuri-puri. 4:132. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Sapat si Allah bilang mapananaligan. 4:133. Kung nanaisin Niya ay aalisin Niya kayong mga tao at magpapasibol ng iba pa. Si Allah dito ay may kakayanan. 4:134. Sinumang maghangad ng gantimpala dito sa mundo ay katiyakang kay Allah ang gantimpala sa mundong ito at Kabilang-buhay. Si Allah ay Nakaririnig at Nakakakita.

4:135. O mga nanampalataya, maging mga tagapagtaguyod ng katarungan at mga saksi para kay Allah kahit pa ito ay laban sa inyong mga sarili, mga magulang o mga kamag-anak. Mayaman man o mahirap, si Allah ang higit na karapat-dapat sa dalawang ito. Kaya huwag ninyo sundin ang mga sariling pagkiling at pagnanasa kaysa

sa pagiging makatarungan. Kung babaluktutin ninyo ang inyong salaysay o hindi ito ibibigay, ay tunay na si Allah sa inyong mga gawain ay Nakababatid.

4:136. O mga nanampalataya, manampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang Sugo, sa Aklat na ipinadala Niya sa Kanyang Sugo at sa kasulatan na nauna Niyang ibinaba. Sinumang hindi manampalataya kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, mga Aklat, mga sugo at sa Kabilang-buhay ay tunay na naligaw ng malayong pagkaligaw. 4:137. Tunay na yaong mga nanampalataya at pagkatapos ay hindi nanampalataya, nanampalataya muli at hindi na naman nanampalataya at nadagdagan pa ng hindi pananampalataya, si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila at hindi sila gagabayan tungo sa tamang daan. 4:138. Balitaan ang mga nagpapanggap na Muslim na para sa kanila ang masakit na parusa. 4:139. Yaong mga kumuha sa mga hindi nanampalataya bilang mga kakampi sa halip na mga nanampalataya. Hinahangad ba nila sa kanila ang karangalan? Tunay na ang karangalan ay kay Allah lahat-lahat.

4:140. Ipinahayag sa inyo sa Aklat na kung maririnig ninyo ang mga talata ni Allah na itinatakwil o hinahamak ay huwag kayong maupo kasama nila hanggang sa mag-usap sila ng iba pang usapin liban dito. Tunay na kayo ay magiging tulad nila. Tunay na si Allah ay magtitipon sa mga nagpapanggap na Muslim at mga hindi nanampalataya sa Impiyerno lahat-lahat. 4:141. Yaong mga nagmamasid lamang sa inyo, kapag kayo ay pinagtagumpay ni Allah ay sasabihin nilang, 'Hindi ba't kasama ninyo kami?' Ngunit kapag nagtagumpay ang hindi mananampalataya ay sasabihin nila sa mga hindi nanampalataya, 'Hindi ba namin kayo pinagtagumpay at nag-ingat sa inyo mula sa mga nanampalataya.' Si Allah ang maghahatol sa inyong lahat sa Araw ng Paghuhukom, hindi magdudulot si Allah para sa mga hindi nanampalataya ng anumang paraan laban sa mga nanampalataya.

4:142. Tunay na ang mga nagpapanggap na Muslim ay nanlilinlang kay Allah ngunit Siya ang nanlilinlang sa kanila. Kapag sila ay tumindig sa obligadong pagdarasal ay tumatayo silang tinatamad. Nagpapakitang-tao at hindi umaalala kay Allah liban na lamang sa kaunti. 4:143 Sila ay palipat-lipat dito. Hindi sa mga mananampalataya at hindi rin sa mga hindi nanampalataya. Sinumang iligaw ni Allah ay wala kang makikitang daan para sa kanila. 4:144. O mga nanampalataya, huwag ninyong kunin ang mga hindi nanampalataya bilang kakampi sa halip na mga nanampalataya. Nais ba ninyong bigyan si Allah ng malinaw na patunay laban sa inyo? 4:145. Tunay na ang mga nagpapanggap na mga Muslim ay nasa pinakamalalim na bahagi ng Impiyerno at hindi ka makakakita para sa kanila ng tagatulong. 4:146. Liban na lamang doon sa mga nagbalik-loob, nagtama sa kanilang mga sarili, kumapit kay Allah at naging taus-puso sa relihiyon ni Allah. Sila ay magiging kabilang sa mga nanampalataya. Bibigyan ni Allah ang mga nanampalataya ng malaking gantimpala. 4:147. Ano pa ang gagawin ni Allah sa pagpaparusa sa inyo kung kayo ay nagpasalamat at nanampalataya? Si Allah ay Mapagpasalamat at Maalam.

4:148. Hindi minamahal ni Allah ang paghahayag sa kasamaan na nagawa ninuman sa pamamagitan ng pananalita liban na lamang para sa isang inapi. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 4:149. Kung ipapakita ninyo ang kabutihan o ikukubli ito o magpaumanhin sa kasamaan ay tunay na si Allah ay Mapagpaumanhin at May Kakayanan. 4:150. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang mga sugo at nagnanais na magtangi sa pagitan ni Allah at Kanyang mga sugo na nagsasabi na, 'Naniniwala kami sa ilan at hindi kami naniniwala sa iba.' At nagnanais na kumuha ng gitnang paraan dito ng pagkaligaw. 4:151. Sila yaong mga hindi nanampalataya, siyang tunay. Inihanda Namin para sa mga hindi nanampalataya ang kahiya-hiyang parusa. 4:152. Yaong mga nanampalataya kay Allah at sa Kanyang mga sugo at hindi nagtatangi-tangi

sa sinuman sa kanila, sila yaong bibigyan Niya ng kanilang gantimpala. Si Allah ay Mapagpatawad at Maawain.

4:153. Humihiling sa iyo ang Angkan ng Kasulatan na magbaba ka sa kanila ng aklat mula sa langit. Sila ay humiling kay Moises ng mas masahol pa rito at nagsabing, 'Ipakita mo sa amin si Allah nang hayagan.' Kaya sila ay tinamaan ng kidlat dahil sa kanilang kasalanan. At itinuring nila ang batang baka bilang diyos matapos na dumating sa kanila ang malilinaw na patunay ngunit pinatawad pa rin Namin ito. Binigyan Namin si Moises ng malinaw na autoridad dito. 4:154. Iniangat Namin sa ibabaw nila ang bundok dahil sa pagbali nila sa kasunduan. Sinabi Namin sa kanila, 'Pumasok kayo sa pintuan nang mapagpakumbaba.' At sinabi Namin, 'Huwag ninyong labagin ang Sabbath.' Nakipagtipanan Kami sa kanila ng mahigpit na kasunduan.

4:155. Dahil sa pagbali nila sa kasunduan at pagtakwil nila sa mga tanda ni Allah at kanilang pagpatay sa mga propeta nang walang katarungan at pagsasabi nilang, 'Ang aming mga puso ay nakatakip.' Bagkus si Allah ay nagtakip sa kanilang mga puso dahil sa kawalan nila ng pananampalataya, kaya hindi sila nananampalataya liban na lamang sa iilan sa kanila. 4:156. Dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya at sinasabi nila laban kay Maria na malaking paninirang-puri. 4:157. At sa sinasabi nilang, 'Tunay na pinatay namin ang Messiah na si Jesus na anak ni Maria, sugo ni Allah.' Hindi nila siya napatay o naipako siya sa krus. Bagkus ito ay pinag-akala lamang sa kanila. Tunay na yaong mga nagtalu-talo rito ay nagdududa rito. Wala silang taglay dito na kaalaman liban na lamang sa pagsunod sa pag-aakala. Hindi nila siya napatay nang may katiyakan. 4:158. Bagkus ay iniangat siya ni Allah tungo sa Kanya. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

4:159. Walang sinuman sa Angkan ng Kasulatan liban na lamang na

tiyak na maniniwala kay Jesus bago mamatay si Jesus sa dulo ng panahon. Sa Araw ng Paghuhukom, siya ay magiging saksi laban sa kanila. 4:160. Dahil sa kasalanan ng mga Hudyo ay ipinagbawal Namin sa kanila ang mababuting pagkain na ipinahintulot sa kanila noon at dahil din sa pagpigil nila sa maraming tao sa landas ni Allah. 4:161. Sa kanilang pagpapautang na may patubo kahit ipinagbawal ito sa kanila at pagkamkam nila sa yaman ng ibang tao nang walang katarungan. Inihanda Namin para sa mga hindi nanampalataya na kabilang sa kanila ang masakit na parusa. 4:162. Ngunit yaong mga matatag sa kanila sa kaalaman at ang mga nanampalataya ay nananampalataya sa ipinahayag sa iyo O Muhammad at sa mga ipinahayag sa nauna sa iyo. Ang mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at ang mga nanampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay sila yaong bibigyan Namin ng malaking gantimpala.

4:163. Tunay na nagpahayag Kami sa iyo O Muhammad tulad ng pagpahayag Namin kay Noah at sa mga propeta pagkatapos niya. Nagpahayag Kami kina Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob, sa mga Propeta ng Angkan ng Israel, Jesus, Job, Jonas, Aaron, Solomon at kay David ay ibinigay Namin ang Salmo. 4:164. Mga sugo na ikinuwento Namin sa iyo na mga nauna at mga sugo na hindi Namin nabanggit sa iyo. Kinausap ni Allah si Moises nang direkta. 4:165. Mga sugo na tagapagbigay ng magandang balita at tagapagbabala upang ang mga tao ay wala nang ikakatwiran kay Allah pagkatapos ng mga sugo. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

4:166. Ngunit si Allah ay saksi sa anumang ipinahayag Niya sa iyo. Ibinaba Niya ito sa buo Niyang kaalaman. Ang mga anghel ay saksi at sapat si Allah bilang saksi. 4:167. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya at humarang sa landas ni Allah ay naligaw ng malayong pagkaligaw. 4:168. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya at gumawa ng kasamaan ay hindi patatawarin ni Allah o gagabayan sa daan ng kaligtasan. 4:169. Liban na lamang sa landas tungo sa

Impiyerno na mananatili sila rito habang-panahon. Yaon para kay Allah ay madali. 4:170. O mga tao, dumating sa inyo ang Sugo nang buong katotohanan mula sa inyong Panginoon kaya manampalataya kayo sa Kanya at ito ay mabuti para sa inyo. Kung kayo ay hindi mananampalataya ay tunay na pag-aari ni Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 4:171. O Angkan ng Kasulatan, huwag magmalabis sa inyong relihiyon at huwag kayong magsabi tungkol kay Allah liban na lamang sa katotohanan. Ang Messiah na si Jesus na anak ni Maria ay sugo lamang ni Allah at Kanyang salita lamang na 'Mangyari' at ito ay nangyari nga, na ibinaling Niya kay Maria at espiritu na mula sa Kanya sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Manampalataya kay Allah at sa Kanyang mga sugo kaya huwag ninyong sabihing, 'Tatlong diyos sa iisang persona'. Itigil ninyo ito, at yaon ay mabuti para sa inyo. Si Allah ay nag-iisang Diyos lamang. Maluwalhati Siya mula sa pagkakaroon ng anak. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Sapat si Allah bilang mapananaligan. 4:172. Hindi kamumuhian ng Messiah na siya ay maging alipin ni Allah at gayundin ang mga anghel na malapit sa Kanya. Sinumang kamuhian niya ang pagsamba sa Kanya o magmalaki ay titipunin sila ni Allah tungo sa Kanya nang sama-sama. 4:173. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay bibigyan Niya ng kumpletong gantimpala nila at bibigyan sila ng higit pang biyaya. Subalit yaong mga namuhi at nagmalaki ay parurusahan Niya sila ng masakit na parusa at wala silang makikita liban kay Allah na kakampi o tagatulong. 4:174. O mga tao, dumating sa inyo ang patunay mula sa inyong Panginoon at ibinaba Namin sa inyo ang malinaw na liwanag.

4:175. Kaya yaong mga nanampalataya kay Allah at kumapit sa Kanya ay tatanggapin Niya sa habag na mula sa Kanya at biyaya, at gagabayan Niya sila tungo sa Kanya sa tuwid na landas. 4:176. Nagtatanong sila sa iyo tungkol sa isang hatol. Sabihin, 'Si Allah ay naghatol tungkol doon sa isang tao na walang anak, inapo, magulang o ninuno na tagapagmana.' Kung ang isang tao ay mamamatay na walang anak ngunit may

kapatid na babae ay sa kanya ang (1/2) kalahati ng iiwan niya. Siya rin ay magmamana sa kanya kung mamatay ang kapatid niyang babae nang walang anak. Ngunit kung may dalawang kapatid na babae o mahigit pa ay pamamanahan sila ng (2/3) dalawang ikatlong bahagi ng iiwan niya. Kung mayroong kapatid na lalaki at babae, ang lalaki ay may bahagi ng dalawang babae. Nililinaw ito ni Allah para sa inyo upang hindi kayo maligaw. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

5. SURATUL MAIDAH (ANG MESA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

5:1. O mga nanampalataya tuparin ninyo ang inyong mga kasunduan. Pinahintulutan para sa inyo ang mga pinapastol na hayop liban na lamang yaong nababanggit sa inyo rito na ang pangangaso ay ipinag-babawal habang kayo ay nasa kalagayan ng ritwal na kalagayan sa peregrinasyon. Tunay na si Allah ay naghahatol ng Kanyang ninanais. 5:2. O mga nanampalataya, huwag ninyong labagin ang mga sagisag ni Allah at ang mga banal na buwan, ang pagmarka sa kataying hayop at pagkabit ng kwintas sa kanila upang isakripisyo at ang kaligtasan ng mga tumutungo sa Ka'bah na naghahangad ng biyaya at kaluguran mula sa kanilang Panginoon. Ngunit pagkatapos ninyo sa ritwal na kalagayan sa peregrinasyon ay maaari na kayong mangaso. Huwag ninyong hayaan na ang galit ninyo sa mga tao na pumigil sa inyo na pumasok sa Masjidul Haram noon ay magdulot na lumampas kayo sa hangganan. Magtulungan kayo sa kabanalan at takot kay Allah at huwag kayong magtulungan sa kasalanan at kasamaan. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay malupit magparusa.

5:3. Ipinagbawal sa inyo ang hayop na namatay nang hindi kinatay. Gayundin ang dugo, karne ng baboy at iba pang inialay sa iba pa liban kay Allah at mga hayop na namatay sa pagsakal, pagpalo, pagkahulog, pagsungay, mga kinain ng mabangis na hayop liban na

lamang doon sa nakatay ninyo bago tuluyang namatay. Ipinagbawal din yaong mga inialay sa mga altar at ipinagbawal sa inyo ang paggamit ng palaso o bala ng pana upang manghula. Yaon ay malaking pagsuway. Sa araw na ito ay nawalan na ng pag-asa ang mga hindi nanampalataya na magapi kayo sa inyong relihiyon kaya huwag ninyo silang katakutan bagkus ay katakutan ninyo Ako. Sa araw na ito ay ginawa Kong perpekto ang inyong relihiyon at kinumpleto ang Aking biyaya sa inyo at pinili Ko ang Islam bilang inyong relihiyon. Ngunit sinuman sa inyo ang mapilitan dahil sa matinding gutom na walang intensiyon na magkasala ay tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Maawain.

5:4. Tinatanong ka nila O Muhammad kung ano ang ipinahintulot sa kanila, sabihin, 'Pinahintulutan sa inyo ang mababuting pagkain at hayop na nahuli ng sinanay ninyong mga hayop na pangaso tulad ng itinuro sa inyo ni Allah. Kainin ninyo kung ano ang nahuli nila para sa inyo, sambitin ninyo ang ngalan ni Allah dito at katakutan si Allah.' Tunay na si Allah ay mabilis sa pagtutuos. 5:5. Sa araw na ito ay pinahintulutan ang lahat ng mabuting pagkain at ang pagkain na ibinigay sa Angkan ng Kasulatan ay pinahintulutan sa inyo at ang pagkain ninyo ay pinahintulutan sa kanila. Pinahintulutan ang pag-aasawa ng dalisay na kababaihan na mananampalataya at dalisay na kababaihan na kabilang sa Angkan ng Kasulatan na nauna sa inyo kung maibigay ninyo sa kanila ang marapat na dote sa kanila, na naghahangad ng kadalisayan at hindi ang ipinagbabawal na pakikipagtalik o pakikipagkasintahan. Sinumang magtakwil sa pananampalataya ay mawawalan ng saysay ang kanyang gawa at siya sa Kabilang-buhay ay mapapabilang sa mga talunan.

5:6. O mga nanampalataya, kapag tumayo kayo para sa pagdarasal ay hugasan ninyo ang inyong mga mukha at mga kamay hanggang sa siko, punasan ang inyong ulo at hugasan ang mga paa ninyo hanggang sa bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng ritwal

na karumihan matapos makipagtalik o buwanang-dalaw ay dalisayin ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng kumpletong paliligo. Kung kayo ay maysakit o naglalakbay o gumamit ng palikuran o nakipagtalik sa asawa ngunit wala kayong natagpuang tubig ay magpadalisay kayo gamit ang malinis na lupa sa pamamagitan ng Tayammum at punasan ang inyong mukha at mga kamay ninyo gamit ito. Hindi nagnanais si Allah na magdulot para sa inyo ng paghihirap bagkus ang nais Niya ay ang dalisayin kayo at kumpletuhin ang biyaya Niya sa inyo upang kayo nawa ay magpasalamat.

5:7. Alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo at ang Kanyang kasunduan na ibinigay Niya sa inyo nang kayo ay nagsabing, 'Nakinig kami at sumunod.' Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga dibdib. 5:8. O mga nanampalataya, maging mga tagapagtaguyod para kay Allah at mga saksi sa katarungan. Huwag ninyong hayaan na ang pagkamuhi ng tao sa inyo ay pumigil sa inyo na maging makatarungan. Maging makatarungan, ito ay mas malapit sa pagiging matuwid. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay Nakababatid sa inyong mga ginagawa. 5:9. Nangako si Allah sa mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan na para sa kanila ang kapatawaran at malaking gantimpala. 5:10. Ngunit yaong mga hindi nanampalataya at nagtakwil sa Aming mga tanda ay sila ang mga mananahan sa Impiyerno. 5:11. O mga nanampalataya, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo nang nagkaisa ang mga tao na gamitin laban sa inyo ang kanilang mga kamay ngunit pinigil Niya ang kanilang mga kamay mula sa inyo. Katakutan ninyo si Allah. Kay Allah marapat na manalig ang mga nanampalataya.

5:12. Si Allah ay nakipagkasunduan sa Angkan ng Israel at nagtalaga sa kanila ng labindalawang pinuno. Sinabi ni Allah, 'Tunay na Ako ay kapiling ninyo. Kapag itinaguyod ninyo ang obligadong pagdarasal, nagbayad ng obligadong kawanggawa, nanampalataya sa Aking mga sugo, tumulong sa kanila at nagpautang kay Allah ng magan

dang pautang ay katiyakang aalisin Ko sa inyo ang inyong mga pagkakasala at ipapasok Ko kayo sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Sinumang hindi manampalataya pagkatapos nito na sinuman sa inyo ay naligaw mula sa matuwid na landas.' 5:13. Dahil sa kanilang pagbali sa kasunduan ay isinumpa Namin sila at dinulot Namin na ang kanilang mga puso ay maging matigas. Binabago nila ang mga salita mula sa tamang gamit nito at kinalimutan ang bahagi na pinaalalahanan sila rito. Mananatili kang makakakita ng panlilinlang sa kanila liban na lamang sa iilan sa kanila. Paumanhinan mo sila at huwag pansinin ang kanilang mga mali. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa matutuwid.

5:14. Kabilang doon sa mga nagsasabi na, 'Tunay na kami ay mga Kristiyano.' Nakipagkasunduan kami sa kanila at kinalimutan nila ang bahagi na pinaalalahanan sila rito. Kaya nagdulot Kami sa pagitan nila ng pagkamuhi at galit laban sa isat isa hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ipababatid ni Allah sa kanila ang anumang kanilang ginagawa.

5:15. O Angkan ng Kasulatan, dumating sa inyo ang Aming Sugo na naglilinaw sa inyo sa karamihan ng mga itinatago ninyo mula sa mga kasulatan at Siya ay nagpapatawad sa karamihan. Dumating sa inyo mula kay Allah ang liwanag at malinaw na Aklat. 5:16. Ginagabayan ni Allah sa pamamagitan nito ang mga naghahangad ng Kanyang kaluguran tungo sa mga daan ng kapayapaan at inaalis sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag sa Kanyang pahintulot at naggagabay sa kanila tungo sa matuwid na landas. 5:17. Hindi nanampalataya yaong mga nagsabi na, 'Tunay na si Allah ay ang Messiah na anak ni Maria.' Sabihin, 'Sino ang pipigil kay Allah kung nanaisin Niya na wasakin ang Messiah na anak ni Maria, ang kanyang ina at ang lahat ng nasa mundo?' Kay Allah ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito. Nililikha Niya ang nais Niya. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

5:18. Sinabi ng mga Hudyo at Kristiyano, ‘Kami ay mga anak ni Allah at Kanyang mga minamahal.’ Sabihin, ‘Bakit pinarurusahan Niya kayo sa inyong mga kasalanan?’ Bagkus kayo ay mga tao na kabilang sa Kanyang mga nilikha. Pinatatawad Niya at pinarurusahan ang naisin Niya. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito. Tungo sa Kanya ang huling hantungan. 5:19. O Angkan ng Kasulatan, dumating sa inyo ang Aming Sugo na nagpapabatid sa inyo ng relihiyon matapos ang panahon na walang sugong dumating dahil sasabihin ninyong, ‘Walang dumating sa amin na tagapagbalita at tagapagbabala.’ Ngunit may dumating sa inyo na tagapagbalita at tagapagbabala. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

5:20. Nang sinabi ni Moises sa kanyang nasyon, ‘O aking nasyon, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo nang Siya ay nagtalaga sa inyo ng mga propeta at ginawa kayong mga tagapagmay-ari at ibinigay sa inyo yaong hindi Niya ibinigay sa iba pa sa mga nilikha. 5:21. O aking nasyon, pumasok kayo sa Banal na Lupain na itinalaga ni Allah sa inyo at huwag kayong umatras sa inyong likuran at maging mga talunan.’ 5:22. Sinabi nila, ‘O Moises, tunay na nasa loob nito ang mga taong malalakas at hindi kami papasok dito hanggang sa sila ay umalis mula roon. Kapag sila ay umalis na ay tunay na papasok kami.’ 5:23. Sinabi ng dalawang lalaki na kabilang sa mga natatakot na sumuway dahil sa ibiniyaya ni Allah sa kanila, ‘Pumasok kayo sa lagusan, at kapag nakapasok na kayo ay magtatagumpay na kayo. Kay Allah kayo marapat na manalig kung kayo ay mga nanampalataya.’ 5:24. Sinabi nila, ‘O Moises, tunay na kami ay hindi papasok doon kahit kailan hanggat naroroon sila. Pumunta ka roon at ang iyong Panginoon at kayong dalawa ay lumaban sa kanila. Tunay na kami ay mananatili rito na naghihintay.’

5:25. Sinabi ni Moises, ‘Aking Panginoon, ako ay walang autoridad liban sa aking sarili at sa aking kapatid. Ilayo Mo kami mula sa mga

taong suwail.' 5:26. Sinabi ni Allah, 'Tunay na ang pagpasok dito ay ipagbabawal sa kanila ng apatnapung taon. Sila ay magpapagala-gala sa lupa. Kaya huwag mong ikalungkot ang mga taong suwail.'

5:27. Basahin mo sa kanila ang kuwento ng dalawang anak ni Adan nang buong katotohanan, nang sila ay nag-alay kay Allah at tinanggap ang mula sa una at hindi tinanggap ang mula sa pangalawa. Sinabi ng pangalawa na, 'Tiyak na papatayin kita.' Sabi ng nauna, 'Si Allah ay tumatanggap lamang mula sa matutuwid. 5:28. Kung iaangat mo ang iyong kamay upang patayin ako ay hindi ko iaangat ang aking kamay upang patayin ka. Tunay na ako ay natatakot kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha. 5:29. Tunay na nais kong pasanin mo ang aking mga kasalanan at ang iyong kasalanan at ikaw ay mananahan sa Impiyerno. Ito ay ganti sa mga mapang-api.'

5:30. Ang kanyang kaluluwa ay nagpahintulot sa pagpatay sa kanyang kapatid. Pinatay niya siya at naging kabilang sa mga talunan. 5:31. Nagpadala si Allah ng uwak na kumakahig sa lupa upang ipakita sa kanya kung paano niya itatago ang bangkay ng kanyang kapatid. Sinabi niya, 'Kasawian sa akin. Nabigo ako na maging tulad ng uwak na ito na itago ang bangkay ng aking kapatid.' At siya ay naging kabilang sa mga nagsisi.

5:32. Dahil dito ay itinakda Namin sa Angkan ng Israel na sinumang pumatay ng tao liban na lamang bilang parusang kamatayan o parusa sa kasamaang ginawa sa lupa ay tulad ito ng pagpatay niya sa lahat ng tao. Sinumang magligtas ng isang buhay ay tulad ng pagliligtas niya sa lahat ng tao. Dumating sa kanila ang Aming mga sugo nang may malinaw na patunay. Tunay na marami sa kanila, sa kabila nito, sa kalupaan ay naging mga mapang-api. 5:33. Ang parusa lamang sa mga nakipagdigma laban kay Allah at Kanyang Sugo at naghahasik ng kasamaan sa lupa ay ang patayin sila o ipako o putulin ang kanilang mga kamay at paa nang magkasalungat o sila ay patalsikin

sa ibang lupain. Ito para sa kanila ay kahihiyan sa mundong ito at para sa kanila sa Kabilang-buhay ang malaking parusa. 5:34. Liban na lamang sa nagbalik-loob kay Allah o sumuko bago pa sila maaresto. Alamin ninyo na si Allah ay Mapagpatawad at Maawain. 5:35. O mga nanampalataya, katakutan ninyo si Allah at maghanap ng daan patungo sa Kanya at makibaka sa landas Niya upang kayo nawa ay magtagumpay. 5:36. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya, kung pag-aari nila ang anumang nasa lupa lahat-lahat at isa pang tulad nito upang ipangtubos sa kanilang mga sarili mula sa parusa sa Araw ng Paghuhukom ay hindi ito tatanggapin mula sa kanila. Para sa kanila ang masakit na parusa. 5:37. Ninanais nila na makaalis sila sa Impiyerno ngunit hindi sila makalalabas dito at para sa kanila ang parusang nananatili. 5:38. Ang magnanakaw, lalaki man o babae, ay putulin ninyo ang mga kamay nila bilang kabayaran sa ginawa nila at parusa mula kay Allah. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 5:39. Sinumang magbalik-loob matapos magkasala at nagpakamatuwid ay tunay na si Allah ay tatanggap ng kanyang pagbabalik-loob. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 5:40. Hindi mo ba nalaman na si Allah ang nagmamay-ari ng kalangitan at lupa? Nagpaparusa sa sinumang naisin Niya at nagpapatawad sa sinumang naisin Niya. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

5:41. O Sugo, huwag mong ikalungkot ang mga nagmamadali sa kawalang pananampalataya na kabilang doon sa mga nagsasabing, 'Nanampalataya kami' sa pamamagitan ng kanilang mga bibig ngunit hindi nanampalataya ang kanilang mga puso. Kabilang sa mga Hudyo yaong mga nakikinig sa kasinungalingan at nakikinig sa ibang tao na hindi naman tumungo sa inyo upang makinig sa Propeta. Iniiba nila ang kahulugan ng mga salita mula sa tamang gamit nito na nagsasabing, 'Kung kayo ay binigyan ng katulad ng Torah ay tanggapin ninyo ito ngunit kung iba ang ibibigay sa inyo ay iwasan ninyo.' Sinumang naisin ni Allah para sa kanya ang maligaw ay wala kang magagawa para sa kanya laban kay Allah na anuman. Sila

yaong hindi ninais ni Allah na dalisayin ang kanilang mga puso. Para sa kanila sa mundong ito ang kahihiyan at para sa kanila sa Kabilang-buhay naman ang matinding parusa.

5:42. Sila ay mga tagapakinig ng kasinungalingan at kumakain ng ipinagbabawal. Kapag dumating sila sa iyo O Muhammad ay hatulan mo sila o layuan mo sila. Kung lalayuan mo sila ay hindi ka nila mapipinsala ng kahit ano. Kung ikaw naman ay maghahatol ay maghatol sa kanila nang may katarungan. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan. 5:43. Paanong sila ay tutungo sa iyo upang maghatol ka sa kanila samantalang sila ay may Torah na naririto ang hatol ni Allah? At sila ay tatalikod pagkatapos nito. Ang mga yaon ay hindi mananampalataya. 5:44. Tunay na ibinaba Namin ang Torah na naririto ang gabay at liwanag. Naghahatol sa pamamagitan nito ang mga propeta na tumalima kay Allah. Isinabuhay din ito ng mga Hudyo gayundin ang mga Rabbi at mga pari na ipinagkatiwala sa kanila ang Kasulatan ni Allah at sila ay mga saksi rito. Kaya huwag mong katakutan ang mga tao bagkus ay katakutan mo Ako. Huwag mong ipagpapalit ang Aking mga talata sa murang halaga. Sinumang hindi maghatol ayon sa ibinaba ni Allah ay sila ang mga hindi nanampalataya. 5:45. Itinakda Namin sa kanila ang batas na buhay bilang kapalit ng buhay, mata para sa mata, ilong para sa ilong, tainga para sa tainga, ngipin para sa ngipin at sugat para sa sugat. Sinumang magpatawad bilang kawanggawa ay kapatawaran ito sa kanyang mga kasalanan. Sinumang hindi maghatol ayon sa ibinaba ni Allah ay sila ang mga mapang-api. 5:46. Ipinadala Namin kasunod sa kanilang mga yapak si Jesus na anak ni Maria na nagpapatunay sa naunang naipahayag sa Torah. Ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo na naglalaman ng gabay at liwanag at nagpapatunay sa naunang ipinahayag sa Torah bilang gabay at katuruan para sa matutuwid. 5:47. Marapat sa Angkan ng Ebanghelyo ang maghatol ayon sa ibinaba ni Allah dito. Sinumang hindi maghatol ayon sa ibinaba ni Allah ay sila ang mga suwail.

5:48. Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat O Muhammad nang buong katotohanan na nagpapatunay sa mga nauna ritong kasulatan at bilang pamantayan ng mga ito. Hatulan mo sila ayon sa kung ano ang ibinaba ni Allah. Huwag mong sundin ang kanilang pagnanasa sa halip ay sundin mo ang katotohanang dumating sa iyo. Sa bawat isa sa inyo ay itinalaga Namin ang batas at pamamaraan. Kung naisin lamang ni Allah ay ginawa Niya kayong isang nasyon lamang ngunit upang subukan Niya kayo sa pamamagitan ng ibinigay Niya sa inyo. Kaya mag-unahan kayo sa kabutihan. Tungo kay Allah ang inyong pagbabalik lahat-lahat at ipaaalam Niya sa inyo ang anumang dito ay nagtatalu-talo kayo.

5:49. Maghatol ka O Muhammad sa kanila ayon sa kung ano ang ibinaba ni Allah sa iyo at huwag mong sundin ang kanilang mga pagnanasa at mag-ingat ka sa kanila na maaaring matukso ka nila mula sa ilan sa mga ipinahayag sa iyo ni Allah. Kung sila ay tatalikod ay dapat mong malaman na nagnanais si Allah na magdusa sila sa ilan sa kanilang mga kasalanan. Tunay na ang marami sa mga tao ay suwail. 5:50. Hatol ba ng kamangmangan ang ninanais nila? Sino ba ang mas mainam kaysa kay Allah sa paghatol para sa mga taong nakatitiyak.

5:51. O mga nanampalataya, huwag kayong makipagkampihan sa mga Hudyo at Kristiyano. Sila ay kakampi lamang ng isat isa at walang malasakit sa inyo. Sinuman sa inyo ang kakampi sa kanila ay tunay na siya ay kabilang sa kanila at katulad nila. Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mga taong makasalanan. 5:52. Makikita mo yaong ang kanilang mga puso ay maysakit na nagmamadali sa pagsali sa kanila na nagsasabing, ‘Kami ay natatakot na dumating sa amin ang sakuna.’ Maaring si Allah ay magdudulot ng tagumpay o utos mula sa Kanya, at sila, dahil sa kanilang mga ikinukubli sa kanilang mga sarili ay magsisisi. 5:53. Sinabi ng mga nanampalataya, ‘Sila ba yaong mga nanumpa sa ngalan ni Allah nang matinding panunumpa, ‘Tunay na sila ay kasama ninyo.’’ Nawalan ng saysay ang kanilang mga gawa at sila ay naging mga talunan.

5:54. O mga nanampalataya, sinumang tumalikod sa inyo sa relihiyon ay maglalagay si Allah ng mga taong minamahal Niya at nagmamahal sa Kanya. Mapagpakumbaba sa mga mananampalataya, marangal sa mga hindi nanampalataya, nakikibaka sa landas ni Allah at hindi natatakot sa paninisi ng mga naninisi. Ito ang biyaya ni Allah na ibinibigay Niya sa sinumang Kanyang naisin. Si Allah ay Nakaaarok at Nakaaalam. 5:55. Ang inyong kakampi lamang ay si Allah, ang Kanyang Sugo at ang mga nanampalataya na nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at yumuyukod sa pagsamba.

5:56. Sinumang kumampi kay Allah, sa Kanyang Sugo at sa mga nanampalataya ay tunay na ang grupo ni Allah ang mangingibabaw.

5:57. O mga nanampalataya, huwag ninyong kunin yaong mga nagturing sa inyong relihiyon na katawa-tawa o katuwaan na kabilang sa Angkan ng Kasulatan na nauna sa inyo at ang mga hindi mananampalataya bilang mga kakampi. Katakutan ninyo si Allah kung kayo ay mga nanampalataya. 5:58. Kapag nagtawag kayo tungo sa obligadong pagdarasal ay pinagtatawanan nila ito at pinaglalaruan. Ito ay dahil sa sila ay mga tao na hindi nag-iisip.

5:59. Sabihin, ‘O Angkan ng Kasulatan, kinamumuhian ba ninyo kami dahil lamang sa kami ay nanampalataya kay Allah at sa ipinahayag sa amin at sa mga naunang ipinahayag at dahil ba ang karamihan sa inyo ay mga suwail?’ 5:60. Sabihin, ‘Sasabihin ko ba sa inyo ang mas masahol pa rito bilang parusa ni Allah? Ito ay para roon sa mga isinumpa at kinamuhian ni Allah na ginawa Niyang mga unggoy, baboy at tagasamba ng mga diyus-diyosan. Sila yaong pinakamasahol ang kalagayan at pinakanaligaw mula sa tuwid na landas.’

5:61. Kapag sila ay dumating sa inyo ay sinasabi nilang, ‘Nanampalataya

kami.' Ngunit sila ay pumasok sa hindi pananampalataya at lumisan na hindi pa rin nanampalataya. Si Allah ang higit na nakaaalam sa kanilang itinatago. 5:62. Makikita mo ang marami sa kanila na nagmamadali sa kasalanan, pagsuway at pagkain sa ipinagbabawal. Napakasama ng kanilang ginagawa. 5:63. Bakit kaya hindi sila pagbawalan ng kanilang mga Rabbi at mga pari mula sa makasalanang pananalita at pagkain nila ng ipinagbabawal. Napakasama ng kanilang ginagawa.

5:64. Sinasabi ng mga Hudyo, 'Ang kamay ni Allah ay nakagapos.' Maigapos nawa ang kanilang mga kamay at isumpa dahil sa sinabi nila. Bagkus ang dalawang kamay ni Allah ay nakabukas. Nagtutustos ayon sa Kanyang nais. Tiyak na madaragdagan ang marami sa kanila sa pagsuway at hindi pananampalataya dahil sa ipinahayag sa iyo mula sa iyong Panginoon. Kami ay nagdulot sa pagitan nila ng pagkamuhi at galit hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Tuwinang pinagniningas nila ang apoy ng digmaan at kaguluhan ay inaapula ito ni Allah. Naghahasik sila sa lupa ng kasiraan. Hindi minamahal ni Allah ang mga mapanira.

5:65. Kung ang Angkan ng Kasulatan ay nanampalataya lamang at natakot kay Allah ay inalis Namin sa kanila ang kanilang mga kasalanan at ipinasok Namin sila sa mga hardin ng biyaya.

5:66. Kung sila ay nagpatupad lamang ng batas ng Torah, Ebanghelyo at anumang ipinahayag sa kanila mula sa kanilang Panginoon ay kumain sila ng biyaya mula sa ibabaw nila at ilalim ng mga paa nila. Kabilang sa kanila ay yaong mga makatwiran ngunit ang karamihan sa kanila ay masama ang ginagawa.

5:67. O Sugo, ipahayag mo kung ano ang ipinadala sa iyo mula sa iyong Panginoon. Kung hindi mo ito ginawa ay hindi mo naiparating ang Kanyang mensahe. Si Allah ay mag-iingat sa iyo mula sa mga

tao. Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mga hindi nanampalataya.

5:68. Sabihin, ‘O Angkan ng Kasulatan, kayo ay wala sa anumang bagay liban na lamang na itaguyod muna ninyo ang Torah at Ebanghelyo at anumang ipinahayag sa inyo mula sa inyong Panginoon.’ Tiyak na madaragdagan ang marami sa kanila sa pagsuway at hindi pananampalataya dahil sa ipinahayag sa iyo mula sa iyong Panginoon. Huwag mong ikalungkot ang mga hindi nanampalataya. 5:69. Tunay na yaong mga nanampalataya, mga Hudyo, Sabiano at Kristiyano, yaong mga nanampalataya na kabilang sa kanila sa mensaheng ipinadala sa kanila na maniwala kay Allah at sa Kabilang-buhay at gumawa ng kabutihan ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot.

5:70. Nakipagkasunduan Kami sa Angkan ng Israel at nagpadala sa kanila ng mga sugo. Tuwinang may darating sa kanilang sugo na hindi nila nagugustuhan, ang ilan sa mga sugo ay kanilang pinasisinungalingan habang ang iba ay kanilang pinapatay. 5:71. Inakala nila na wala itong dulot na parusa kaya sila ay naging bulag at bingi. Sila ay pinatawad pa rin ni Allah ngunit naging bulag at bingi pa rin ang marami sa kanila. Si Allah ay Nakakakita sa kanilang ginagawa. 5:72. Hindi nanampalataya yaong mga nagsabing, ‘Tunay na si Allah ay ang Messiah na Anak ni Maria,’ Samantalang sinabi ng Messiah, ‘O Angkan ng Israel, sambahin ninyo si Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon.’ Tunay na sinumang magtambal kay Allah, ay ipinagbawal ni Allah sa kanya ang Paraiso at ang kanyang tahanan ay ang Impiyerno. Ang mga makasalanan ay walang tagatulong. 5:73. Hindi nanampalataya yaong mga nagsabing, ‘Si Allah ang ikatlo sa tatlong persona.’ Walang diyos na marapat sambahin liban sa nag-iisang Diyos. Kung sila ay hindi titigil sa kanilang sinasabi ay tiyak na yaong hindi nanampalataya na kabilang sa kanila ay daratnan ng masakit na parusa. 5:74. Sila ba ay hindi magbabalik-loob kay

Allah at hihingi ng tawad sa Kanya? Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 5:75. Ang Messiah na Anak ni Maria ay hindi hihigit pa sa isang sugo na tulad ng ibang mga nakalipas na sugo na nauna sa kanya. Ang kanyang ina ay makatotohanan. Pareho silang kumakain ng pagkain. Tingnan mo kung paano Namin nililinaw sa kanila ang mga tanda at kung paanong sila ay lumilihis sa katotohanan. 5:76. Sabihin, 'Sumasamba ba kayo sa iba pa liban kay Allah? Doon sa mga walang tangan para sa inyo na kasamaan o kabutihan samantalang si Allah ang Nakaririnig at Nakaaalam.'

5:77. Sabihin, 'O Angkan ng Kasulatan, huwag magmalabis sa inyong relihiyon liban pa sa katotohanan at huwag sundin ang pagnanasa ng mga taong naligaw na nauna na nanligaw sa marami at naligaw mula sa tuwid na landas.

5:78. Isinumpa yaong mga hindi nanampalataya mula sa Angkan ng Israel sa pamamagitan ng dila nina David at Jesus na anak ni Maria. Ito ay dahil sa kanilang pagsuway at sila ay pawang mga lumalampas sa hangganan. 5:79. Hindi nila pinipigilan ang isat isa mula sa kasamaan na kanilang ginawa. Napakasama ng kanilang ginagawa. 5:80. Makikita mo ang marami sa kanila na nakikipagkampihan sa mga hindi nanampalataya. Napakasama ng kanilang mga ginawa para sa kanilang mga sarili na dahil dito ay nagalit si Allah sa kanila at sa parusa ay mananatili sila habang-panahon. 5:81. Kung sila ay nanampalataya lamang kay Allah at sa Propeta at sa ipinahayag sa kanya ay hindi nila sila kinuha bilang mga kakampi. Ngunit ang karamihan sa kanila ay mga suwail.

5:82. Tiyak na makikita mo na ang pinakanamumuhing tao sa mga nanampalataya ay yaong mga Hudyo at ang mga nagtambal kay Allah. At makikita mo na ang pinakamalapit sa kanila sa pagmamahal sa mga nanampalataya ay yaong nagsasabing, 'Tunay na kami ay mga Kristiyano.' Ito ay dahil sa kabilang sa kanila yaong mga pari at

mga monghe at ang iba sa kanila ay hindi nagmamalaki na tumanggap sa mensahe ni Propeta Muhammad. 5:83. Kapag narinig nila ang ipinahayag sa Sugo ay makikita mo ang kanilang mga mata na lumuluha dahil sa nakilala nilang katotohanan. Sinasabi nila, 'Aming Panginoon, kami ay nanampalataya, kaya itala Mo kami kasama ng mga saksi. 5:84. Bakit hindi kami maniniwala kay Allah at sa dumating sa amin na katotohanan? Kami ay naghahangad na ipasok kami ng aming Panginoon sa Paraiso kasama ang matutuwid.' 5:85. Ginantimpalaan sila ni Allah dahil sa kanilang sinabi ng mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog na doon ay mananahan sila habang-panahon. Yaon ang gantimpala sa matutuwid. 5:86. Ngunit yaong mga hindi nanampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga tanda ay sila ang mga mananahan sa Impiyerno.

5:87. O mga nanampalataya, huwag ninyong ipagbawal an mabubuting ipinahintulot ni Allah sa inyo at huwag lumampas sa hangganan. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa mga sumusuway. 5:88. Kumain kayo mula sa ibiniyaya ni Allah sa inyo na mga pinahihintulutan at mabuti. Katakutan ninyo si Allah na sa Kanya kayo ay nanampalataya. 5:89. Hindi kayo tutuusin ni Allah sa mga walang saysay na panunumpa ninyo ngunit tutuusin Niya kayo sa mga nilayon ninyong panunumpa. Ang kabayaran dito ay pagpapakain ng sampung taong dukha ng karaniwan na ninyong pinapakain sa inyong pamilya o kaya ay pananamit o pagpapalaya ng alipin. Sinumang walang kakayanan dito ay mag-ayuno ng tatlong araw. Ito ang kabayaran sa panunumpa na sinambit ninyo. Pag-ingatan ninyo ang inyong mga panunumpa. Ganito nililinaw ni Allah sa inyo ang Kanyang mga talata upang kayo nawa ay magpasalamat.

5:90. O mga nanampalataya, ang alak, sugal, pag-alay sa altar ng diyus-diyosan at panghuhula sa pamamagitan ng palaso o bala ng pana ay karumihan lamang at mula sa gawain ni Satanas. Layuan ninyo ito upang kayo nawa ay magtagumpay. 5:91. Ninanais lamang

ni Satanas na magdulot sa pagitan ninyo ng galit at pagkamuhi sa pamamagitan ng alak at sugal at pigilan kayo mula sa pag-alaala kay Allah at sa obligadong pagdarasal. Kaya titigil ba kayo? 5:92. Sundin ninyo si Allah at sundin ninyo ang Sugo at maging maingat. Kung kayo ay tatalikod ay alamin ninyo na ang obligasyon ng Aming Sugo ay ang malinaw na pagpapabatid lamang.

5:93. Walang kasalanan para sa mga nanampalataya at gumawa ng mabuti sa anumang kinain nila sa nakalipas kung sila ngayon ay natakot kay Allah, nanampalataya at gumawa ng mabuti at dinagdagan ang takot kay Allah, nanampalataya, at nadagdagan ang takot at nagpaka-matuwid. Si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng mabuti.

5:94. O mga nanampalataya, tiyak na susubukan kayo ni Allah sa pamamagitan ng hayop na mahuhuli ng inyong mga kamay at sibat upang malaman ni Allah kung sino ang natatakot sa Kanya sa nalilingid. Sinumang sumuway matapos nito ay para sa kanya ang masakit na parusa.

5:95. O mga nanampalataya, huwag kayong pumatay ng hayop na pinangaso ninyo habang kayo ay nasa ritwal na kalagayan ng peregrinasyon. Sinuman sa inyo ang pumatay dito nang sinasadya, ang kanyang parusa ay ang katulad nito na mga inaalay na hayop na hahatulan ng dalawang lalaking makatarungan na kabilang sa inyo bilang alay kay Allah na dadalhin sa Ka'bah o kabayaran na pagpapakain sa mahihirap o katumbas nito na pag-aayuno. Upang malasap niya ang resulta ng kanyang mga gawa. Si Allah ay nagpatawad na sa lumipas. Sinumang bumalik sa pagsuway ay gaganti si Allah sa kanya. Si Allah ay Makapangyarihan at nagtataglay ng pagganti.

5:96. Pinahihintulutan sa inyo ang mga hayop na mapapangaso sa dagat at ang pagkain dito bilang pagkain para sa inyo at mga

naglalakbay. Ngunit ipinagbabawal sa inyo ang hayop na mapapangaso sa lupa habang kayo ay nasa ritwal na kalagayan ng peregrinasyon. Katakutan ninyo si Allah na tungo sa Kanya kayo ay titipunin. 5:97. Dinulot ni Allah na ang Ka'bah, ang banal na bahay, ay maging lugar ng pagtayo para sa mga tao. Ginawa Niyang banal ang mga banal na buwan at ang mga iniaalay na hayop at ang mga kuwintas na pananda sa mga ito sa pagkatay. Yaon ay para malaman ninyo na nalalaman ni Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 5:98. Alamin ninyo na si Allah ay malupit magparusa at si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 5:99. Ang Sugo ay walang pananagutan liban pa sa pagpapabatid. Si Allah ay nakaaalam sa inihahayag ninyo at inililihim.

5:100. Sabihin, 'Hindi magkatulad ang masama at mabuti kahit pa namamangha ka sa paglipana ng kasamaan.' Kaya katakutan ninyo si Allah, O mga taong nakauunawa, upang kayo nawa ay magtagumpay.

5:101. O mga nanampalataya, huwag magtanong tungkol sa mga bagay na kung ihahayag sa inyo ay ikapipinsala ninyo. Ngunit kung kayo ay magtatanong tungkol dito habang ibinababa ang Quran ay ipapahayag ito sa inyo. Si Allah ay nagpaumanhin na sa nakalipas. Si Allah ang Mapagpatawad at Mapagpaumanhin. 5:102. Naitanong na ito ng mga taong nauna sa inyo at sila dahil dito ay naging mga hindi mananampalataya. 5:103. Si Allah ay hindi nag-utos na maniwala kayo sa Bahirah, Saibah, Wasilah o Ham ngunit yaong mga hindi nanampalataya ay nag-iimbento laban kay Allah ng kasinungalingan. Karamihan sa kanila ay hindi nag-iisip. 5:104. Kapag sinabi sa kanilang, 'Halina tungo sa ipinahayag ni Allah at tungo sa Sugo.' Sasabihin nilang, 'Sapat na para sa amin ang naabutan namin mula sa aming mga ninuno.' Kahit pa ang kanilang mga ninuno ay walang nalalaman na anuman at hindi nagagabayan. 5:105. O mga nanampalataya, kayo ay may pananagutan sa inyong mga sarili. Hindi kayo mapipinsala ng sinumang maligaw kung kayo ay

naghangad ng gabay. Tungo kay Allah ang inyong pagbabalik lahat-lahat at ipababatid Niya sa inyo kung ano ang inyong mga dating ginagawa.

5:106. O mga nanampalataya, ang habilin ay marapat na kunin mula sa inyo at masaksihan ito sa papalapit na kamatayan ng sinuman sa inyo. Marapat na may dalawang makatarungang lalaki na mula sa inyo o dalawa mula sa iba pa upang sumaksi kung kayo ay naglalakbay sa lupa at dumating sa inyo ang sakuna ng kamatayan. Panatilihin ninyo sila pagkatapos ng obligadong pagdarasal at panumpain sila sa ngalan ni Allah kung kayo ay nagdududa at ipasabi, 'Hindi namin ipagpapalit ang aming panunumpa sa anumang halaga kahit pa siya ay malapit na kamag-anak at kami ay hindi magkukubli ng pagsaksi kay Allah. Na kung gagawin namin ito ay tunay na kami ay magiging makasalanan.' 5:107. Ngunit kung mapagtibay na ang dalawang yaon ay nanlinlang ay kumuha ng dalawang iba pang saksi kapalit nila na higit na karapat-dapat na kabilang sa mga may karapatan. Panumpain sila kay Allah, 'Ang aming pagsaksi ay higit kaysa sa pagsaksi ng naunang dalawang sumaksi at kami ay hindi susuway dahil kung hindi ay tunay na kami ay magiging mga makasalanan.' 5:108. Yaon ay mas malapit sa pagbibigay nila ng pagsaksi sa tamang layunin nito o kaya ay upang katakutan nila na bawiin ito matapos na ito ay kanilang maibigay. Katakutan ninyo si Allah at makinig kayo. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga suwail.

5:109. Sa Araw na titipunin ni Allah ang mga sugo at sasabihin Niyang, 'Ano ang itinugon sa inyo?' Sasabihin nila, 'Kami ay walang nalalaman. Tunay na Ikaw ang Nakaaalam sa mga nalilingid.' 5:110. Sasabihin ni Allah, 'O Jesus na anak ni Maria, banggitin mo ang mga biyaya Ko sa iyo at sa iyong ina nang sinuportahan kita sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ikaw ay nakipag-usap sa mga tao sa duyan at sa pagtanda mo. Alalahanin mo nang tinuruan kita ng pagsulat at karunungan at ng Torah at Ebanghelyo. Nang hinugis mo

mula sa putik ang isang ibon sa pahintulot Ko at hiningahan mo ito at ito ay naging ibon sa pahintulot Ko. Pinagaling mo ang bulag at ketongin sa pahintulot Ko. Nang binuhay mo ang patay sa pahintulot Ko. Nang pinigil Ko ang Angkan ng Israel na patayin ka nang ikaw ay dumating sa kanila na may dalang malilinaw na patunay at ang mga hindi nanampalataya sa kanila ay nagsabi, 'Ito ay malinaw na salamangka lamang.'

5:111. Alalahanin mo nang ipinahayag Ko sa mga disipulo, 'Manampalataya kayo sa Akin at sa Aking sugo.' Sinabi nilang, 'Nanampalataya kami at sumaksi Ka na tunay na kami ay mga Muslim.' 5:112. Sinabi ng mga disipulo, 'O Jesus na anak ni Maria, maaari bang ang iyong Panginoon ay magbaba sa amin ng isang mesa mula sa langit? Sinabi ni Jesus, 'Katakutan ninyo si Allah kung kayo ay mga nanampalataya.' 5:113. Sinabi nila, 'Nais naming kumain mula rito at mapanatag ang aming mga puso at malaman namin na naging makatotohanan ka sa amin at kami rito ay maging mga saksi.' 5:114. Sinabi ni Jesus na anak ni Maria, 'O Allah, aming Panginoon, magbaba Ka sa amin ng isang mesa mula sa langit na magiging kapistahan para sa amin, para sa nauna at nahuli sa amin at tanda mula sa Iyo. Biyayaan Mo kami, tunay na Ikaw ang Pinakamainam magbiyaya.' 5:115. Sinabi ni Allah, 'Tunay na Ako ay magbababa nito sa inyo, ngunit sinuman sa inyo ang tumalikod sa pananampalataya pagkatapos nito ay tunay na Ako ay magpaparusa sa kanya ng parusang hindi Ko ipinarusa sa sinuman sa sanlibutan.'

5:116. Sasabihin ni Allah, 'O Jesus na anak ni Maria, sinabi mo ba sa mga tao, 'Ituring ninyo ako at ang aking ina bilang dalawang diyos liban pa kay Allah.'?' Sasabihin niya, 'Luwalhati sa Iyo. Hindi marapat para sa akin na magsabi ng bagay na wala akong karapatan dito. Kung sinabi ko man ito ay nalaman Mo ito. Nalalaman Mo kung ano ang nasa aking sarili at hindi ko nalalaman ang nasa Iyong sarili. Tunay na Ikaw ang Nakaaalam sa mga nalilingid. 5:117. Wala akong

sinabi sa kanila liban na lamang sa kung ano ang iniutos Mo sa akin, ‘Sambahin ninyo si Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon.’ Ako ay saksi sa kanila habang ako ay kapiling nila. Ngunit nang ako ay kinuha Mo ay Ikaw ang Nakamasid sa kanila, at Ikaw sa lahat ng bagay ay Saksi. 5:118. Kung parurusahan Mo sila ay tunay na alipin Mo sila. At kung patatawarin Mo sila ay tunay na Ikaw ang Makapangyarihan at ang Maalam.’

5:119. Sasabihin ni Allah, ‘Ito ang Araw na makikinabang ang mga makatotohanan sa kanilang pagiging makatotohanan.’ Para sa kanila ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananahan sila rito habang-panahon. Si Allah ay nalugod sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Yaon ang dakilang tagumpay. 5:120. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa at anumang nilalaman nito. Si Allah ay may Kakayanan sa lahat ng bagay.

6. SURATUL AN’AM (ANG MGA PINAPASTOL NA HAYOP)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

6:1. Ang papuri ay para kay Allah na lumikha ng kalangitan at lupa na lumikha ng kadiliman at liwanag ngunit ang mga hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon ay nagtatambal. 6:2. Siya ang lumikha sa inyo mula sa putik at nagtakda ng panahon at takdang oras na Siya lamang ang nakaaalam ngunit kayo pa rin ay nakikipagtalo. 6:3. Siya si Allah sa kalangitan at sa lupa. Nalalaman Niya ang inyong lihim at inihahayag. Nalalaman Niya ang inyong mga inani. 6:4. Walang dumarating na tanda mula sa mga tanda ng kanilang Panginoon liban na lamang na ito ay kanilang tinatalikuran. 6:5. Pinasinungalingan nila ang katotohanan nang ito ay dumating sa kanila ngunit darating sa kanila ang balita ng kung anumang pinagtatawanan nila. 6:6. Hindi ba nila nakita kung ilan ang winasak Namin na nauna sa kanilang mga henerasyon na inilagay Namin sa lupa na hindi tulad sa pagkakalagay Namin sa inyo. Kami ay nagpadala

sa kanila ng ulan mula sa langit at ilog na dumadaloy sa ilalim nila. Winasak Namin sila dahil sa kanilang mga kasalanan at nagpasibol ng iba pang bagong henerasyon.

6:7. Kahit pa magpahayag kami sa iyo O Muhammad ng nakasulat na kapahayagan at hahawakan nila ito sa kanilang mga kamay, ay sasabihin pa rin ng mga hindi nanampalataya, 'Ito ay malinaw na salamangka lamang.'6:8. Sinabi nila, 'Kung ibinaba lamang sa kanya ang isang anghel.' Ngunit kung Kami ay magpapadala ng anghel ay katiyakang napagdesisyunan na ang bagay na yaon at sila ay hindi na palulugitan. 6:9. Kung ginawa man Namin siyang isang anghel ay dinulot Namin na siya ay maghugis tao, at dadamitan Namin sila ng kung anumang ipinangdamit nila sa kanilang mga sarili. 6:10. Pinagtawanan din ang mga sugo na nauna sa iyo, ngunit yaong mga nanghamak sa kanila ay binalot ng anumang pinagtatawanan nila. 6:11. Sabihin, 'Maglakbay kayo sa lupa at tingnan ninyo ang katapusan ng mga nagpasinungaling.'

6:12. Sabihin, 'Kanino ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa?' Sabihin, 'Kay Allah.' Siya ay nagtakda sa Kanyang sarili ng habag. Siya ay magtitipon sa inyo sa Araw ng Paghuhukom na walang pagdududa rito. Silang mga nilugi nila ang kanilang mga sarili at hindi nanampalataya. 6:13. Sa Kanya ang anumang nahihimlay sa gabi at araw, Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 6:14. Sabihin, 'May iba pa ba liban kay Allah na aking kukuning kakampi? Samantalang Siya ang Tagapaglikha ng kalangitan at lupa. Siya ang nagpapakain at hindi Siya pinapakain.' Sabihin O Muhammad, 'Tunay na ako ay napag-utusan na maging una sa inyo sa pagsuko at hindi mapabilang sa mga nagtatambal.' 6:15. Sabihin, 'Tunay na ang kinatatakutan ko kung susuwayin ko ang Aking Panginoon ay ang parusa sa Dakilang Araw.' 6:16. Sinumang makaiwas mula rito sa Araw na yaon ay kinaawaan Niya. Yaon ay malinaw na tagumpay.

6:17. Kung si Allah ay magpapadala sa iyo ng sakuna ay walang makapag-aalis nito liban sa Kanya. Kung Siya ay magpapadala sa iyo ng kabutihan ay tunay na Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 6:18. Siya ang Tagagapi sa Kanyang mga alipin. Siya ang Maalam at ang Nakababatid. 6:19. Sabihin, 'Ano ang mas dakila ang pagsaksi?' Sabihin, 'Si Allah ay Saksi sa pagitan ko at pagitan ninyo. Ipinahayag sa Akin ang Quran na ito upang babalaan kayo sa pamamagitan nito at sinumang datnan nito. Kayo ba ay tunay na sumasaksi na may katambal si Allah na mga diyos na marapat sambahin liban pa sa Kanya?' Sabihin, 'Ako ay hindi sasaksi.' Sabihin, 'Tunay na Siya ay nag-iisang Diyos lamang at ako ay walang kinalaman sa itinatambal ninyo.'

6:20. Yaong mga binigyan Namin ng Kasulatan ay nakakakilala rito tulad ng pagkakakilala nila sa kanilang sariling mga anak. Yaong mga nilugi nila ang kanilang mga sarili ay hindi nananampalataya. 6:21. Sino ba ang mas mapang-api liban pa sa nag-iimbento laban kay Allah ng kasinungalingan o nagpasinungaling sa Kanyang mga talata? Tunay na hindi magtatagumpay ang mga mapang-api. 6:22. Sa Araw na titipunin Namin sila lahat-lahat at sasabihin Namin doon sa mga nagtambal kay Allah, 'Nasaan ang inyong mga itinambal kay Allah na inaangkin ninyo?' 6:23. Walang magiging pagsubok sa kanila liban na lamang ang sabihin nilang, 'Sumpa man kay Allah, aming Panginoon, hindi kami kabilang sa mga nagtatambal.' 6:24. Tingnan mo kung paano silang nagsinungaling sa kanilang mga sarili at binigo sila ng kanilang mga inimbento.

6:25. Kabilang sa kanila ay yaong nakikinig sa iyo, ngunit Kami ay naglagay sa kanilang mga puso ng takip upang hindi sila makaunawa at sa kanilang mga tainga naman ang kabingihan. Kung makita man nila ang lahat ng tanda ay hindi sila maniniwala rito. Hanggang sa dumating sila sa iyo at makipagtalo sila sa iyo at sasabihin ng mga hindi nanampalataya, 'Ito ay mga kuwento lamang ng mga sinaunang

tao.' 6:26. Pinipigilan nila ang mga tao mula kay Propeta Muhammad at sila ay malayo rin sa kanya. Wala silang winawasak liban pa sa kanilang mga sarili at hindi nila ito napapansin. 6:27. Kung makikita mo lamang kapag sila ay pinatayo na sa harap ng apoy at magsasabing, 'Kung kami lamang ay ibabalik, kami ay hindi na magpapasinungaling sa mga tanda ng aming Panginoon at kami ay magiging mga nanampalataya.' 6:28. Bagkus ay ihahayag sa kanila ang ikinubli nila noon. Kung sila man ay ibabalik ay babalik lamang sila sa ipinagbawal sa kanila at tunay na sila ay mga sinungaling.

6:29. Sinasabi nila, 'Walang ibang buhay liban na lamang sa buhay namin sa mundo at kami ay hindi na bubuhaying muli.' 6:30. Kung makikita mo lamang kapag pinatayo sila sa harap ng kanilang Panginoon. Sasabihin Niya, 'Hindi ba ito ang katotohanan?' Sasabihin nila, 'Oo, sumpa sa aming Panginoon.' Sasabihin ni Allah, 'Tikman ninyo ang parusa na dulot ng dati ninyong itinakwil.'

6:31. Nalugi yaong mga nagpasinungaling sa paghaharap nila ni Allah. Hanggang sa dumating sa kanila ang oras nang hindi inaasahan. Sasabihin nila, 'O, kami ay nagsisisi sa pagpapabaya namin dito.' Pasan nila ang kanilang mga kasalanan sa kanilang mga likuran. Napakasama ng kanilang pananagutan. 6:32. Ang buhay dito sa mundo ay hindi hihigit pa sa laro at libangan ngunit ang tahanan sa Kabilang-buhay ay pinakamainam para sa mga may takot kay Allah. Kaya, hindi ba kayo nag-iisip?

6:33. Nalaman Namin na ikaw Muhammad ay nalulungkot sa sinasabi nila. Tunay na sila ay hindi nagpapasinungaling sa iyo bagkus ang mga mapang-api ay sa mga talata ni Allah tumatanggi. 6:34. Pinasinungalingan din ang mga sugo na nauna sa iyo at sila ay nagtiis sa pagpapasinungaling sa kanila at pininsala sila hanggang sa dumating sa kanila ang Aming tagumpay. Walang makapagbabago sa salita ni Allah. Dumating na sa iyo ang ulat tungkol sa mga sugo.

6:35. Kung naging mabigat sa iyo ang kanilang pagtanggi. Kung kakayanin mo na humanap ng hukay sa lupa o hagdan tungo sa langit at bigyan mo sila ng palatandaan. Gawin mo ito ngunit kung ninais lamang ni Allah ay tinipon Niya sila sa gabay. Kaya huwag maging kabilang sa mga mangmang. 6:36. Ang tutugon ay yaong mga nakaririnig lamang. Ang mga patay ay bubuhaying-muli ni Allah at tungo sa Kanya ay ibabalik.

6:37. Sinabi nila, 'Bakit walang tanda na ipinadala sa kanya mula sa kanyang Panginoon?' Sabihin, 'Tunay na si Allah ay may kakayanan na magbaba ng tanda ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam.' 6:38. Walang hayop sa lupa o ibon na lumilipad sa pamamagitan ng dalawang pakpak nito liban na lamang na sila ay mga pamayanang tulad ninyo. Wala Kaming iniwan sa Aklat na kahit ano at pagkatapos ay tungo sa kanilang Panginoon sila ay titipunin. 6:39. Ngunit yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda ay bingi at bulag sa kadiliman. Sinumang naisin ni Allah ay ililigaw Niya at sinumang naisin Niya ay ilalagay Niya sa matuwid na landas.

6:40. Sabihin, 'Naisip ba ninyo, kung darating sa inyo ang parusa ni Allah o dumating sa inyo ang Oras, ay sa iba pa ba liban kay Allah kayo ay mananalangin kung kayo ay makatotohanan?' 6:41. Bagkus ay sa Kanya lamang kayo marapat na manalangin at aalisin Niya sa inyo ang inyong mga ipinagdasal at kung nanaisin Niya ay makakalimutan ninyo ang inyong mga itinatambal sa Kanya.

6:42. Kami ay nagpadala ng mga sugo sa mga nasyong nauna sa iyo O Muhammad at Kami ay nagpadala sa kanila ng karalitaan at paghihirap upang sila nawa ay magpakumbaba. 6:43. Ngunit bakit nang dumating sa kanila ang Aming parusa ay hindi sila nagpakumbaba at tumigas ang kanilang mga puso. Ginawang kaakit-akit sa kanila ni Satanas ang kanilang mga ginagawa. 6:44. Kaya nang nakalimutan nila ang pinaalala sa kanila ay binuksan Namin sa kanila ang mga pintuan ng

lahat ng bagay hanggang sa sila ay magbunyi sa ibinigay sa kanila. Pagkatapos nito ay pinarusahan Namin sila nang biglaan at sila ay nagdalamhati. 6:45. Nawasak ang mga taong nagkasala at ang papuri ay kay Allah na Panginoon ng mga nilikha.

6:46. Sabihin, 'Nakita ba ninyo kung aalisin ni Allah ang inyong mga pandinig at mga paningin at tatakpan ang inyong mga puso, sinong diyos liban pa kay Allah ang magbabalik ng mga ito sa inyo?' Tingnan mo kung paanong ipinaliliwanag Namin ang mga talata ngunit sila ay tumatalikod. 6:47. Sabihin, 'Naisip ba ninyo kung dumating sa inyo ang parusa ni Allah nang hindi inaasahan o hayagan, wala bang mawawasak liban sa mga taong makasalanan?' 6:48. Hindi Kami magpapadala ng mga sugo liban na lamang bilang mga tagapagbalita at tagapagbabala. Kaya sinumang manampalataya at magsaayos ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot.6:49. Ngunit yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda, ay darating sa kanila ang parusa dahil sa kanilang pagiging suwail. 6:50. Sabihin O Muhammad, 'Hindi ko sinasabi sa inyo na nasa akin ang mga imbakan ni Allah at hindi ko nalalaman ang mga nalilingid at hindi ko sasabihin sa inyo, 'Tunay na ako ay anghel.' Ako ay sumusunod lamang sa ipinahayag sa akin.' Sabihin, 'Magkatulad ba ang bulag at ang nakakakita? Hindi ba kayo nag-iisip?'

6:51. Magbabala ka sa pamamagitan ng Quran sa mga natatakot na sila ay titipunin tungo sa kanilang Panginoon. Wala silang matatagpuan liban sa Kanya na kakampi at tagapamagitan. Magbabala ka sa kanila upang sila nawa ay magpakamatuwid. 6:52. Huwag mong itakwil yaong mga nananalangin sa kanilang Panginoon sa umaga at hapon na naghahangad ng Kanyang mukha. Wala kang pananagutan sa pagtutuos sa kanila na anuman at wala silang pananagutan sa pagtutuos sa iyo na kahit ano. Kung itatakwil mo sila ay mapapabilang ka sa mga makasalanan. 6:53. Gayundin ay sinubok Namin ang iba sa pamamagitan ng iba pa upang sabihin nila, 'Ito ba

ang mga pinaboran ni Allah kaysa sa amin?' Hindi ba't si Allah ang pinakanakaaalam kung sino ang mga mapagpasalamat?

6:54. Kung darating sa iyo yaong mga nanampalataya sa Aming mga talata ay sabihin mong, 'Ang kapayapaan ay sumainyo.' Nagtakda ang inyong Panginoon sa Kanyang sarili ng habag na kung sinumang makagawa sa inyo ng pagkakamali dahil sa kamangmangan at nagbalikloob pagkatapos nito at nagsaayos, ay tunay na Siya ay Mapagpatawad at Maawain. 6:55. Ganito Namin nililinaw ang mga talata upang maging malinaw ang landas ng mga makasalanan.

6:56. Sabihin, 'Tunay na ako ay pinagbawalan na sumamba sa dinadasalanan ninyo liban kay Allah.' Sabihin, 'Hindi ko susundin ang inyong mga pagnanasa. Maliligaw ako at hindi magiging kabilang sa mga nagabayan.' 6:57. Sabihin, 'Tunay na ako ay nasa malinaw na patunay mula sa aking Panginoon na pinasinungalingan ninyo. Hindi ko taglay ang mga bagay na minamadali ninyo. Ang paghatol ay kay Allah lamang. Ipinababatid Niya ang katotohanan at Siya ang pinakamainam na tagapaglinaw.' 6:58. Sabihin, 'Kung taglay ko ang mga bagay na inyong minamadali ay natapos na ang bagay na ito sa pagitan ko at pagitan ninyo. Si Allah ang higit na nakakakilala sa mga makasalanan.' 6:59. Sa Kanya ang susi sa mga nalilingid, walang nakaaalam nito liban sa Kanya. Nalalaman Niya kung ano ang nasa lupa at dagat. Walang nalalaglag na dahon liban na lamang na ito ay alam Niya. Walang buto ng halaman na nasa kadiliman ng lupa at tuyo o basang bagay liban na lamang na ito ay nasa malinaw na talaan.

6:60. Siya ang kumukuha sa inyong mga kaluluwa sa gabi at nalalaman Niya ang mga ginagawa ninyo sa araw. Kayo ay binubuhay Niyang muli rito upang tuparin ang takdang panahon. Tungo sa Kanya ang inyong pagbabalik at ipaaalam Niya sa inyo ang tungkol sa mga ginagawa ninyo. 6:61. Siya ang Tagagapi sa ibabaw ng

Kanyang mga alipin at nagpapadala sa inyo ng mga anghel na bantay hanggang sa dumating sa sinuman sa inyo ang kamatayan, ang Aming mga ipinadalang mga anghel ay kukuha sa kanya at sila ay hindi nabibigo. 6:62. Ang Kanyang mga lingkod ay babalik kay Allah, ang kanilang tunay na Panginoon. Walang duda, sa Kanya ang paghahatol at Siya ang pinakamabilis sa mga tagapagtuos.

6:63. Sabihin, 'Sino ang nagliligtas sa inyo mula sa kadiliman ng lupa at dagat kung kayo ay nagdarasal sa Kanya nang hayagan at tahimik na, 'Kung ililigtas Niya kami mula rito ay katiyakang kami ay magiging mapagpasalamat.'' 6:64. Sabihin, 'Si Allah ang nagliligtas sa inyo mula rito at mula sa lahat ng sakuna ngunit kayo ay nagtatambal.' 6:65. Sabihin, 'Siya ang may Kakayanan na magpadala sa inyo ng parusa mula sa ibabaw ninyo o ilalim ng inyong mga paa o upang lituhin kayo upang kayo ay maging mga sekta at matikman ninyo ang lupit ninyo laban sa isat isa.' Tingnan mo kung paano Namin ipinapakita ang Aming mga talata upang sila nawa ay makaunawa. 6:66. Nagpasinungaling dito ang nasyon mo samantalang ito ang katotohanan. Sabihin, 'Ako ay hindi ninyo tagapamahala.' 6:67. Lahat ng balita ay may hangganan at malalaman ninyo ito.

6:68. Kapag nakita mo yaong mga nanghahamak sa Aming mga talata ay layuan mo sila hanggang sa tumungo sila sa ibang usapin. Kapag pinalimot ka ni Satanas ay huwag kang manatiling kasama ang mga makasalanan matapos ang paalaala. 6:69. Walang pananagutan ang mga may takot kay Allah sa pagtutuos sa kanila na anuman, bagkus ay bilang paalaala lamang upang sila nawa ay matakot. 6:70. Layuan mo yaong ginawa nila ang kanilang relihiyon na katatawanan at katuwaan na sila ay nilinlang ng buhay sa mundo. Magpaalala sa pamamagitan ng Quran upang hindi mawasak ninuman ang kanyang sarili dahil sa inani nito. Ito ay hindi magkakaroon liban pa kay Allah ng tagapag-ingat o tagapamagitan. Kung ito man

ay magbibigay ng lahat ng pantubos ay walang tatanggapin dito na kahit ano. Sila yaong mga wawasakin dahil sa kanilang inani. Para sa kanila ang inuming kumukulo at masakit na parusa dahil sa hindi nila pananampalataya.

6:71. Sabihin, ‘Kami ba ay magdarasal sa iba pa liban kay Allah na hindi magbibigay sa amin ng kabutihan o kasamaan at magpapatalikod sa amin matapos na kami ay gabayan ni Allah? Kami ay magiging katulad ng mga tinukso ng mga demonyo na maligaw sa lupa na nalilito. May mga kasama siyang nagtatawag sa kanya tungo sa gabay na nagsasabing, ‘Pumunta ka sa amin.’’ Sabihin, ‘Tunay na ang gabay ni Allah ang nag-iisang gabay at kami ay inutusan na sumuko sa Panginoon ng mga nilikha. 6:72. Magtaguyod ng obligadong pagdarasal at matakot sa Kanya.’ Tungo sa Kanya kayo ay titipunin. 6:73. Siya ang lumikha ng kalangitan at lupa nang buong katotohanan. Sa Araw na sasabihin niyang, ‘Mangyari’ at mangyayari nga, ang Kanyang salita ang katotohanan. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng Araw na dito ay iihipan ang trumpeta. Ang nakaaalam ng nalilingid at nahahayag. Siya ang Maalam at ang Nakababatid. 6:74. Nang sinabi ni Abraham sa kanyang ama na si Azar, ‘Itinuturing mo ba ang mga rebulto bilang mga diyos? Tunay na nakikita kita at ang iyong pamayanan na nasa malinaw na pagkaligaw.’

6:75. Ganoon Namin ipinakita kay Abraham ang kaharian ng kalangitan at lupa upang siya ay maging kabilang sa mga nakatitiyak. 6:76. Kaya nang binalot ito ng gabi at nakita niya ang isang bituin ay sinabi niya, ‘Ito ang aking panginoon.’ Ngunit nang ito ay naglaho ay sinabi niyang, ‘Hindi ko minamahal ang mga naglalaho.’ 6:77. Nang nakita niya ang buwan na sumisibol ay sinabi niyang, ‘Ito ang aking panginoon.’ Ngunit nang ito ay lumubog ay sinabi niyang, ‘Kung hindi ako gagabayan ng aking Panginoon ay tiyak na ako ay magiging kabilang sa mga ligaw.’ 6:78. Nang nakita niya ang araw na

sumisikat ay sinabi niyang, ‘Ito ang aking panginoon, ito ay mas malaki.’ Ngunit nang ito ay lumubog ay sinabi niyang, ‘O aking nasyon, ako ay walang kinalaman sa inyong itinatambal. 6:79. Tunay na iniharap ko ang aking mukha doon sa lumikha ng kalangitan at lupa na kumikiling sa katotohanan at hindi ako kabilang sa mga nagtatambal kay Allah. 6:80. Nakipagtalo sa kanya ang kanyang pamayanan. Sinabi niya, ‘Nakikipagtalo ba kayo sa akin tungkol kay Allah samantalang ako ay ginabayan Niya? Ako ay hindi natatakot sa mga itinatambal ninyo sa Kanya liban na lamang na pahintulutan ng aking Panginoon ang anumang bagay. Nasasaklaw ng aking Panginoon ang lahat ng bagay sa Kanyang kaalaman, hindi ba kayo nakaaalala? 6:81. Paano ko katatakutan ang inyong itinatambal samantalang kayo ay hindi natatakot na pinagtambalan ninyo si Allah na hindi Siya nagbigay ng autoridad sa inyo? Sino sa dalawang grupo ang higit na may karapatan sa kaligtasan kung nalalaman ninyo?’ 6:82. Yaong mga nanampalataya at hindi naghalo sa kanilang pananampalataya ng pang-aapi ay sila yaong para sa kanila ang kaligtasan at sila ang mga nagabayan. 6:83. Ito ang Aming patunay na ibinigay Namin kay Abraham laban sa kanyang nasyon. Iniaangat Namin sa matataas na antas ang sinumang naisin Namin. Tunay na ang iyong Panginoon ay Maalam at Nakaaalam. 6:84. Ipinagkaloob Namin sa kanya sina Isaac at Jacob at lahat sila ay ginabayan Namin. Si Noah ay ginabayan Namin noon at ang kanyang mga inapo na sina David, Solomon, Job, Joseph, Moises at Aaron. Ganito Namin gantimpalaan ang mabubuti.

6:85. At sina Zacarias, Juan, Jesus at Elijah, sila ay kabilang sa matutuwid. 6:86. Sina Ishmael, Elisha, Jonas at Lot, sila ay pawang hinirang Namin sa lahat ng nilikha. 6:87. Kabilang sa kanila ang ilan sa kanilang mga ninuno, mga inapo at mga kapatid. Hinirang Namin sila at ginabayan tungo sa matuwid na landas. 6:88. Ito ang gabay ni Allah na ginagabayan Niya sa pamamagitan nito ang sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin. Kung sila ay magtatambal kay

Allah ay mawawalan ng saysay ang kanilang mga ginawa. 6:89. Sila yaong mga binigyan Namin ng Kasulatan, autoridad at pagkapropeta. Kung itatakwil ito ng mga hindi mananampalataya ay ipinagkatiwala Namin ito sa mga tao na hindi nagtatakwil dito. 6:90. Sila yaong mga ginabayan ni Allah at sa kanilang gabay ay kumuha kayo ng huwaran. Sabihin, 'Wala akong hinihinging kapalit nito. Ito ay paalaala lamang sa lahat ng nilikha.' 6:91. Hindi nila pinahalagahan si Allah ng marapat na pagpapahalaga sa Kanya nang sinabi nilang, 'Si Allah ay hindi nagpahayag sa tao ng anuman.' Sabihin O Muhammad, 'Sino ang nagpadala ng Aklat na dala ni Moises na liwanag at gabay para sa mga tao? Ginawa ninyo itong mga pahina lamang. Ihinahayag ang ilan at ikinukubli ang karamihan. Kayo ay tinuruan ng hindi ninyo nalaman at gayundin ang inyong mga ninuno.' Sabihin, 'Si Allah ang nagpahayag nito.' Pagkatapos nito ay iwan mo sila sa kanilang walang saysay na pag-uusap.

6:92. Ito ay Aklat na ibinaba Namin na mabiyaya at nagpapatunay sa nauna rito upang mababalaan ninyo ang mga taga-Makkah at ang mga nasa paligid nito. Ang mga nanampalataya sa Kabilang-buhay ay nananampalataya rito at sa kanilang mga obligadong pagdarasal ay nag-iingat. 6:93. Sino ang higit na mapang-api liban pa sa isang nag-iimbento laban kay Allah ng kasinungalingan o nagsasabing, 'Ito ay ipinahayag sa akin' na hindi naman ipinahayag sa kanya ang anuman. O yaong nagsasabing, 'Magpapahayag ako ng tulad ng ipinahayag ni Allah.' Kung makikita mo lamang ang mga makasalanan na sila ay nasa bingit ng kamatayan habang ang mga anghel ay inaabot sila ng kanilang mga kamay na nagsasabing, 'Ilabas ninyo ang inyong mga kaluluwa. Sa araw na ito ay gagantimpalaan kayo ng parusang kahiya-hiya dahil sa sinasabi ninyo laban kay Allah na liban pa sa katotohanan at kayo sa Kanyang mga talata ay nagmamalaki.'

6:94. 'Kayo ay dumating sa amin na mag-isa katulad ng kung paano

Namin kayo nilikha noong una. Iniwan ninyo ang anumang ibinigay sa inyo sa likuran ninyo. Hindi Namin nakikita na kasama ninyo ang inyong mga tagapamagitan na inaangkin ninyo na sila ay inyong mga katambal. Naputol na ang namamagitan sa inyo at nawala na ang inyong mga dating inaangkin.' 6:95. Tunay na si Allah ang tagapag-biyak ng mga butil at buto ng datiles. Naglalabas ng buhay mula sa patay tulad ng puno o halaman na mula sa buto at naglalabas ng patay o walang buhay mula sa buhay tulad ng semilya mula sa tao o hayop. Yaon si Allah, paano ba kayo nalilinlang?

6:96. Siya ang nagpapasikat sa bukang liwayway. Ginawa Niya ang gabi bilang pahinga at ang araw at buwan para sa pagbilang ng panahon. Yaon ang pagtatakda ng Makapangyarihan at Maalam. 6:97. Siya ang naglagay ng mga bituin upang kayo ay magabayan sa pamamagitan ng mga ito sa kadiliman ng lupa at dagat. Nilinaw Namin ang mga tanda para sa mga nakaaalam. 6:98. Siya ang lumikha sa inyo mula sa isang tao at binigyan kayo ng tahanan at imbakan. Nilinaw Namin ang mga tanda para sa mga nakauunawa.

6:99. Siya ang nagpababa mula sa langit ng tubig at pinasibol Namin sa pamamagitan nito ang lahat ng pananim. Pinasibol Namin mula rito ang mga luntian na mula rito ay pinatubo Namin ang mga butil na nakahilera. Mula sa puno ng datiles na tumutubo mula rito ang kumpol ng bunga na nakasabit dito. At mga hardin ng ubas, oliba at pomegranate na magkakatulad at hindi magkakatulad. Tingnan ninyo ang mga bunga nito kapag ito ay namunga at nahinog sa kanyang panahon. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nanampalataya. 6:100. Ngunit sila ay nagturing bilang katambal ni Allah sa mga engkanto samantalang sila ay nilikha lamang ni Allah at nag-imbento sila laban sa Kanya ng mga anak na lalaki at babae nang walang kaalaman. Maluwalhati si Allah at Kataas-taasan Siya mula sa inilalarawan nila. 6:101. Siya ang Tagapaglikha ng kalangitan at lupa. Paanong magkakaroon Siya ng anak

samantalang hindi Siya nagkaroon ng asawa? Siya ang lumikha sa lahat. Siya sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 6:102. Yaon si Allah ang inyong Panginoon, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Tagapaglikha ng lahat ng bagay kaya sambahin ninyo Siya. Siya sa lahat ng bagay ay Namamahala. 6:103. Ang mga paningin ay hindi nakaaarok sa Kanya ngunit naaarok Niya ang lahat ng paningin. Siya ang Kapita-pitagan at ang Nakababatid. 6:104. Dumating na sa inyo ang paglilinaw mula sa inyong Panginoon. Sinumang naliwanagan ay para ito sa kanyang sarili. Sinumang nabulag ay laban ito sa kanyang sarili. Sabihin, 'Ako para sa inyo ay hindi Tagapag-ingat.' 6:105. Ganito Namin nililinaw ang Aming mga talata upang ang mga hindi nanampalataya ay magsasabing, 'Pinag-aralan mo lamang ito,' upang linawin ito para sa mga nakaaalam.

6:106. Sundin mo O Muhammad ang ipinahayag sa iyo ng iyong Panginoon. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Layuan mo ang mga nagtatambal. 6:107. Kung naisin lamang ni Allah ay hindi sila nagtambal. Hindi ka Namin itinalaga sa kanila bilang tagapag-ingat. At hindi ka nila tagapamahala. 6:108. Huwag ninyong hamakin ang kanilang mga dinadasalan liban pa kay Allah dahil mumurahin din nila si Allah nang may pagkamuhi at walang kaalaman. Ganito Namin pinaganda sa lahat ng nasyon ang kanilang mga gawa. Tungo sa kanilang Panginoon ang kanilang pagbabalik at ipababatid Namin sa kanila ang kanilang ginagawa. 6:109. Sila ay nanunumpa sa ngalan ni Allah sa pinakamatinding panunumpa na kung may darating na tanda sa kanila ay katiyakang maniniwala sila rito. Sabihin, 'Ang mga tanda ay kay Allah lamang.' Ano ang magpaparamdam sa inyo na kung may darating man na tanda ay hindi sila mananampalataya.

6:110. Babaligtarin Namin ang kanilang mga puso at paningin katulad ng hindi nila pananampalataya noong una. Iiwan Namin sila

sa kanilang paglabag na parang bulag na gumagala-gala. 6:111. Kahit pa ibaba Namin sa kanila ang mga anghel at kausapin sila ng mga patay at tinipon Namin ang lahat ng bagay sa harap nila ay hindi sila maniniwala liban na lamang na naisin ni Allah. Subalit karamihan sa kanila ay nagpapakamangmang. 6:112. Gayundin ay nagdulot Kami para sa lahat ng mga propeta ng kalaban na mga demonyo mula sa mga tao at engkanto na nagbubulungan sa isat isa ng pinagandang pananalita na mapanlinlang. Kung ninais lamang ng iyong Panginoon ay hindi nila ito ginawa. Iwan mo sila at ang kanilang mga inimbento. 6:113. Upang mapalapit dito ang puso ng mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay at upang malugod sila at gawin nila ang kanilang ginagawa. 6:114. Sabihin, 'Iba pa ba liban kay Allah ang hahangarin ko na tagahatol samantalang Siya ang nagpahayag sa inyo ng Aklat nang detalyado?' Silang mga binigyan Namin ng Aklat ay nakaaalam na ito ay bumaba mula sa iyong Panginoon nang buong katotohanan. Huwag kang maging kabilang sa mga nag-aalinlangan.

6:115. Natupad ang salita ng iyong Panginoon nang buong katotohanan at katarungan. Walang makapagbabago sa Kanyang mga salita at Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 6:116. Kung susundin mo ang karamihan ng nasa lupa ay ililigaw ka nila mula sa landas ni Allah. Sila ay hindi sumusunod liban na lamang sa haka-haka at sila ay namemeke lamang. 6:117. Tunay na ang iyong Panginoon ay nakaaalam kung sino ang naligaw mula sa Kanyang landas. At Siya ang nakaaalam sa mga ginabayan. 6:118. Kumain mula sa karne na binanggit dito ang pangalan ni Allah sa pagkatay kung kayo ay nanampalataya sa Kanyang mga talata.

6:119. Bakit hindi kayo kakain mula sa binanggit dito ang pangalan ni Allah sa pagkatay? Samantalang nilinaw na Niya sa inyo kung ano ang ipinagbawal sa inyo liban na lamang sa kung anong napilitan kayo rito. Tunay na ang marami ay nanliligaw sa pamamagitan ng

kanilang mga pagnanasa nang walang kaalaman. Tunay na ang iyong Panginoon ay nakakakilala sa mga suwail. 6:120. Iwan mo ang mga hayag na kasalanan at mga nalilingid. Tunay na yaong umaani ng kasalanan ay gagantimpalaan sa anumang ginawa nila. 6:121. Huwag kayong kumain mula roon sa hindi kinatay at hindi nabanggit dito ang pangalan ni Allah o kinatay sa ngalan ng iba pa liban kay Allah dahil tunay na ito ay malaking pagsuway. Tunay na ang mga demonyo ay naghihimok sa kanilang mga kakampi upang makipagtalo sa inyo. Kung kayo ay susunod sa kanila ay magiging katulad kayo nila sa pagtatambal.

6:122. Yaon bang dating patay dahil sa pagkaligaw at binuhay Namin sa pamamagitan ng gabay at paniniwala at nagdulot dito ng liwanag na sa pamamagitan nito ay lumalakad siya kasama ang mga tao – siya ba ay tulad ng nasa kadiliman na hindi makatakas mula rito? Sa ganitong paraan ay pinaganda sa mga hindi nanampalataya ang kanilang mga ginawa.

6:123. Dahil dito ay inilagay Namin sa lahat ng bayan ang pinakamasamang mga kriminal nila upang magplano rito. Ngunit sila ay hindi nagpaplano liban na lamang na laban sa kanilang mga sarili at hindi nila ito napapansin. 6:124. Kapag dumating sa kanila ang isang tanda ay sasabihin nilang, 'Hindi kami maniniwala hangga't bigyan din kami ng katulad ng ibinigay sa mga sugo ni Allah.' Si Allah ang nakaaalam kung saan Niya ilalagay ang Kanyang mensahe. Ang mga makasalanan ay magkakamit ng kahihiyan mula kay Allah at malupit na parusa dahil sa kanilang mga pinaplano. 6:125. Sinumang naisin ni Allah na magabayan ay bubuksan Niya ang dibdib nito para sa Islam at sinumang nais Niyang iligaw ay gagawin Niyang masikip ang dibdib nito sa Islam at naghihirap na tila umaakyat sa langit. Ganito inilalagay ni Allah ang karumihan sa mga taong hindi nanampalataya.

6:126. Ito ang landas ng iyong Panginoon na matuwid. Nilinaw na Namin ang aming mga talata para sa mga nakaaalala. 6:127. Para sa kanila ang tahanan ng kapayapaan mula sa kanilang Panginoon at Siya ang kanilang tagapag-ingat sa kanilang ginawa. 6:128. Sa Araw na titipunin sila ni Allah lahat-lahat at sasabihin Niyang, 'O mga engkanto, kayo ay nagligaw sa maraming mga tao.' At ang kanilang kakamping mga tao ay magsasabing, 'Aming Panginoon, ginamit ng iba sa amin ang iba pa, at inabot na Namin ang takdang panahon na itinakda Mo para sa amin.' Sasabihin Niya, 'Ang apoy ay inyong tahanan, dito kayo mananatili habang-panahon liban na lamang sa naisin ni Allah.' Tunay na ang iyong Panginoon ay Maalam at Nakaaalam.

6:129. Ganito Namin ginawang kakampi ng mga makasalanan ang isat isa dahil sa kanilang mga inani. 6:130. O mga engkanto at tao, hindi ba dumating sa inyo ang mga sugo na kabilang sa inyo, na nagsalaysay sa inyo ng Aking mga talata at nagbabala sa inyo sa pagtitipon sa Araw ninyong ito? Sasabihin nilang, 'Sumaksi kami laban sa aming mga sarili.' Nilinlang sila ng buhay sa mundo at sila ay sasaksi laban sa kanilang mga sarili na sila ay mga hindi nanampalataya. 6:131. Ito ay dahil sa ang iyong Panginoon ay hindi magwawasak sa mga bayan dahil sa kasalanan na ang mamamayan nito ay hindi nakaaalam. 6:132. Para sa lahat ang mga antas dahil sa kanilang mga ginawa. Ang iyong Panginoon ay hindi nalilingat sa kanilang mga ginagawa.

6:133. Ang iyong Panginoon ay Mayaman at nagtataglay ng Awa. Kung naisin Niya ay aalisin Niya kayo at papalitan kayo ng sinumang naisin Niya tulad ng kung paano Niya kayo nilikha bilang mga inapo ng iba pang mga nasyon. 6:134. Tunay na ang ipinangako sa inyo ay darating. At kayo ay hindi magdudulot ng kabiguan kay Allah. 6:135. Sabihin, 'O aking nasyon, kumilos kayo ayon sa inyong mga posisyon dahil tunay na ako ay kikilos din.' Malalaman

ninyo kung para kanino ang magandang hantungan. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga makasalanan. 6:136. Nagtambal sila kay Allah sa Kanyang mga pinasibol na mga halaman at mga pinapastol na hayop at sinasabi nilang, ‘Ito ay para kay Allah’ sa kanilang pag-aangkin ‘at ito naman ay para sa mga katambal namin kay Allah.’ Ngunit ang para sa kanilang mga itinatambal ay hindi nakararating kay Allah habang ang para dapat kay Allah ay nakararating sa mga itinambal nila. Napakasama ng kanilang paghatol.

6:137. Gayundin ay pinaganda ng mga itinambal kay Allah para sa mga nagtatambal ang pagpatay sa kanilang mga anak upang wasakin sila at balutin sila ng kalituhan sa relihiyon nila. Kung naisin lamang ni Allah ay hindi nila ito ginawa. Iwan mo sila sa kanilang mga inimbento. 6:138. Sinabi nila, ‘Ang mga pinapastol na hayop at pananim na ito ay ipinagbabawal, walang sinumang maaaring kumain nito liban na lamang sa naisin namin,’ sa kanilang pag-aangkin. May mga kamelyo na ipinagbabawal na sakyan sa likod nito at kamelyong hindi nila babanggitin ang pangalan ni Allah dito sa pagkatay na inimbento lamang nila. Gagantihan Namin sila sa kanilang mga inimbento.

6:139. Sinabi nila, ‘Anumang nasa sinapupunan ng mga pinapastol na hayop ay para lamang sa kalalakihan namin at ipinagbabawal sa kababaihan namin. Ngunit kung ito ay isisilang na patay ay pagsasaluhan namin ito.’ Parurusahan Niya sila sa kanilang paglalarawan. Tunay na Siya ay Maalam at Nakaaalam. 6:140. Nalugi yaong mga pumatay sa kanilang mga anak dahil sa katangahan nang walang kaalaman at nagbawal sa mga ibiniyaya ni Allah sa kanila na inimbento nila laban kay Allah. Sila ay naligaw at hindi nagabayan. 6:141. Siya ang nagdulot na ang mga hardin ay lumago, na may mga gapangan ng halaman at ang iba naman ay wala, mga puno ng datiles at iba pang mga pananim na ibat-iba ang bunga, mga oliba, pomegranates na magkakatulad at hindi magkakatulad.

Kumain kayo mula sa mga bunga nito kapag ito ay namunga at bayaran ang obligadong kawanggawa nito sa pag-ani at huwag mag-aksaya. Tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga maaksaya.

6:142. Kabilang sa mga pinapastol na hayop ay yaong mga pangkarga at maliliit. Kumain kayo mula sa ibiniyaya sa inyo ni Allah at huwag ninyong sundin ang mga yapak ni Satanas. Tunay na siya para sa inyo ay malinaw na kaaway. 6:143. Walong magkakapares, sa mga tupa ay dalawa at sa mga kambing ay dalawa. Sabihin, 'Ang dalawang lalaki ba ang ipinagbawal Niya o ang dalawang babae o ang nasa sinapupunan ng dalawang babae? Turuan ninyo ako nang may kaalaman kung kayo ay makatotohanan.'

6:144. Sa mga kamelyo ay dalawa at sa mga baka ay dalawa rin. Sabihin, 'Ang dalawang lalaki ba ang ipinagbawal Niya o ang dalawang babae o ang nasa sinapupunan ng dalawang babae? Kayo ba ay mga saksi nang itinakda ito ni Allah sa inyo? Sino ba ang mas mapang-api kaysa sa isang nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan upang iligaw ang mga tao nang walang kaalaman. Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mga mapang-api.'

6:145. Sabihin, 'Wala akong natagpuan sa ipinahayag sa akin na anumang ipinagbabawal na kainin ng sinumang kakain liban sa patay na hayop, dugo na dumaloy, o karne ng baboy dahil ang mga ito ay marumi at pagsuway gayundin ang hayop na kinatay para sa iba pa liban kay Allah. Subalit sinumang mapilitan nang hindi naghahangad na sumuway o lumabag ay tunay na ang iyong Panginoon ay Mapagpatawad at Mahabagin. 6:146. Para sa mga Hudyo ay ipinagbawal Namin ang mga hayop na may biyak ang daliri sa paa at sa mga baka at tupa ay ipinagbawal Namin ang taba nito liban sa nasa likod o sa lamang-loob o nakadikit sa buto. Yaon ang gantimpala Namin sa kanilang pagsuway. Tunay na Kami ay makatotohanan.

6:147. Kung sila ay magpapasinungaling sa iyo O Muhammad ay sabihin, ‘Ang inyong Panginoon ang nagtataglay ng malawak na awa at hindi mapipigil ang Kanyang parusa sa mga gumagawa ng masama.’ 6:148. Sasabihin ng mga nagtambal kay Allah, ‘Kung ninais lamang ni Allah ay hindi kami nagtambal sa Kanya at gayundin ang aming mga ninuno at hindi kami nagbawal ng kahit na ano.’ Ganito rin tumanggi ang mga nauna sa kanila hanggang sa matikman nila ang Aming parusa. Sabihin, ‘Mayroon ba kayong kaalaman na maipapakita ninyo sa amin? Wala kayong sinusunod liban na lamang sa pag-aakala at kayo ay namemeke lamang.’

6:149. Sabihin, ‘Kay Allah ang patunay na malinaw. Kung naisin man Niya ay ginabayan Niya kayong lahat.’ 6:150. Sabihin, ‘Ipakita ninyo ang inyong mga saksi na sasaksi na ipinagbawal nga ni Allah ang mga ito.’ Kung sila ay sasaksi ay huwag sumaksi kasama nila. Huwag mong sundin ang pagnanasa ng mga nagpasinungaling sa Aming mga talata at mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay na sila sa kanilang Panginoon ay nagtatambal. 6:151. Sabihin, ‘Halina, babasahin ko sa inyo kung ano ang ipinagbawal ng inyong Panginoon sa inyo. Huwag kayo magtambal sa Kanya ng kahit na ano, maging mabuti sa inyong mga magulang at huwag patayin ang inyong mga anak dahil sa kahirapan, Kami ay magtutustos para sa inyo at para sa kanila. Huwag lumapit sa kasamaan, hayagan man o nalilingid. Huwag pumatay ng sinumang ipinagbawal ni Allah liban na lamang sa legal na dahilan at kaparaanan. Ito ang utos sa inyo ni Allah upang kayo nawa ay mag-isip.’

6:152. Huwag ninyong lapitan ang kayamanan ng ulila liban na lamang sa marapat hanggang sa umabot siya sa hustong edad. Magbigay ng tamang sukat at timbang nang may katarungan. Hindi Kami nag-aatang ng pasanin sa sinuman liban na lamang ayon sa kakayanan nito. Kung kayo ay sasaksi ay maging makatarungan kahit ito ay laban sa isang malapit na kamag-anak. Tuparin ang

kasunduan kay Allah. Ito ang iniutos ni Allah sa inyo upang kayo nawa ay makaalala.

6:153. Ito ang Aking landas na matuwid kaya sundin ninyo ito. Huwag kayong susunod sa iba pang landas dahil kayo ay mahihiwalay sa Kanyang landas. Ito ang utos Niya sa inyo upang kayo nawa ay matakot sa Kanya. 6:154. Ibinigay Namin kay Moises ang Kasulatan nang kumpleto para roon sa gumawa ng mabuti at bilang pagdetalye sa lahat ng bagay at gabay at habag upang sa pagharap sa kanilang Panginoon ay manampalataya sila.

6:155. Ang Aklat na ito ay ibinaba Namin na mabiyaya. Sundin ninyo ito at katakutan ninyo Siya upang kayo nawa ay kaawaan. 6:156. Liban na lamang na inyong sasabihin, O mga paganong Arabo 'Ibinaba lamang ang Kasulatan sa dalawang grupo na nauna sa amin, ang mga Hudyo at mga Kristiyano, ngunit kami ay hindi nakaaalam sa kanilang mga katuruan.' 6:157. O sasabihin ninyong, 'Kung may ibinaba lamang sa amin na Aklat ay mas nagabayan kami kaysa sa kanila.' Dumating na sa inyo ang malinaw na patunay mula sa inyong Panginoon gayundin ang gabay at habag. Sino ba ang mas mapang-api liban pa sa nagpasinungaling sa mga talata ni Allah at tumalikod mula rito? Kami ay gaganti roon sa mga nagtakwil sa Aming mga talata ng pinakamasamang parusa sa kanilang pagtalikod.' 6:158. May hinihintay ba sila liban sa pagdating sa kanila ng mga anghel o ng iyong Panginoon o ilan sa mga tanda mula sa iyong Panginoon? Sa Araw na darating ang ilang tanda mula sa iyong Panginoon ay walang sinumang makikinabang sa pananampalataya nito kung ito ay hindi nanampalataya noon pa at umani sa kanyang pananampalataya ng kabutihan. Sabihin, 'Maghintay kayo dahil kami ay naghihintay din.'

6:159. Tunay na yaong mga naghati-hati sa kanilang relihiyon at naging mga sekta, ikaw O Muhammad ay walang kinalaman sa

kanila na kahit na ano. Ang paghatol sa kanila ay nasa kamay ni Allah lamang at ipababatid Niya sa kanila ang anumang ginagawa nila.

6:160. Sinumang may tangan na mabuting gawain ay para sa kanya ang sampung doble nito at sinumang gumawa ng masama ay hindi gagantihan liban na lamang sa katulad nito at hindi sila maaapi. 6:161. Sabihin O Muhammad, 'Tunay na ako ay ginabayan ng aking Panginoon tungo sa tuwid na landas ng relihiyon na matuwid ni Abraham na kumikiling sa katotohanan. Siya ay hindi kabilang sa mga nagtatambal kay Allah.'

6:162. Sabihin, 'Tunay na ang aking pagdarasal, pagkatay ng alay na hayop, buhay at kamatayan ay para kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha. 6:163. Wala Siyang katambal. Yaon ang ipinag-utos sa akin at ako ang una sa mga Muslim.' 6:164. Sabihin, 'Iba pa ba liban kay Allah ang aking hahangarin samantalang Siya ang Panginoon ng lahat ng bagay. Walang makakamit ang sinuman liban na lamang ang para sa kanya. At walang sinumang magpapasan ng pananagutan ng iba. Sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik at ipaaalam Niya sa inyo ang mga bagay na pinagtatalunan ninyo.' 6:165. Siya ang nagdulot sa inyo na maging mga tagapagmana sa mundo at nag-angat sa iba sa inyo sa antas na mas mataas sa iba pa upang subukan Niya kayo sa pamamagitan ng ibinigay sa inyo. Tunay na ang iyong Panginoon ay mabilis sa pagparusa ngunit tunay na Siya ay Mapagpatawad at Mahabagin.

7. SURATUL A'RAF (ANG MATATAAS NA LUGAR)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

7:1. Alif Lam Mim Sad.

7:2. Aklat na ipinahayag sa iyo O Muhammad kaya huwag kang malumbay sa iyong dibdib dahil dito upang ikaw ay magbabala sa pamamagitan nito at bilang paalaala sa mga nanampalataya.

7:3. Sundin ninyo ang ipinahayag sa inyo ng inyong Panginoon at huwag sumunod sa iba pa liban sa Kanya bilang mga kakampi. Kaunti lamang ang inyong naaalala. 7:4. Ilang bayan na ang Aming winasak at dumating sa kanila ang Aming parusa sa gabi o habang sila ay tulog sa tanghali. 7:5. Ang kanilang sinabi lamang nang dumating sa kanila ang Aming parusa ay, 'Tunay na kami ay mga makasalanan.' 7:6. Katiyakang tatanungin Namin yaong mga isinugo sa kanila at tiyak na tatanungin Namin ang mga sugo. 7:7. Katiyakang magpapahayag Kami sa kanila nang may kaalaman at hindi Kami lumiban. 7:8. Ang pagtitimbang sa Araw na yaon ay katotohanan. Sinumang mabigat ang kanyang mga timbangan ay sila yaong matagumpay. 7:9. At sinumang magaan ang kanyang mga timbangan ay sila yaong mga nilugi nila ang kanilang mga sarili dahil sila sa Aming mga talata ay nagtatakwil.

7:10. Iniluklok Namin kayo sa lupa at ginawan kayo ng kabuhayan dito. Kaunti ang inyong pagpapasalamat. 7:11. Nilikha Namin kayo at hinugisan Namin kayo at inutusan Namin ang mga anghel na magpatirapa kay Adan at nagpatirapa silang lahat liban kay Satanas na hindi naging kabilang sa mga nagpatirapa. 7:12. Sinabi ni Allah, 'Ano ang pumigil sa iyo na magpatirapa nang Ako ay nag-utos sa iyo?' Sinabi ni Satanas, 'Ako ay mas mainam kaysa sa kanya, nilikha Mo ako mula sa apoy at nilikha Mo siya mula sa putik.' 7:13. Sinabi ni Allah, 'Bumaba ka mula rito, hindi marapat sa iyo ang magmalaki rito. Lumayas ka, tunay na ikaw ay kabilang sa mga kaaba-aba.'

7:14. Sinabi ni Satanas, 'Palugitan Mo ako hanggang sa Araw na bubuhayin silang muli.' 7:15. Sinabi ni Allah, 'Tunay na ikaw ay kabilang sa mga pinalugitan.' 7:16. Sinabi ni Satanas, 'Dahil

iniligaw Mo ako ay tiyak na mag-aabang ako sa kanila sa Iyong matuwid na landas. 7:17. Ako ay darating sa kanila sa kanilang harapan, likuran, kanan at kaliwa. Hindi Mo makikita ang karamihan sa kanila na mapagpasalamat.' 7:18. Sinabi ni Allah, 'Lumayas ka rito na isinumpa at itinakwil. Sinumang sumunod sa iyo mula sa kanila ay tunay na pupunuin Ko ang Impiyerno sa pamamagitan ninyo lahat-lahat.'

7.19. 'O Adan, manahan ka at ang iyong asawa sa Paraiso at kumain kayo rito ng anumang naisin ninyo ngunit huwag ninyong lapitan ang punong ito o kayo ay magiging mga makasalanan.' 7:20. At binulungan sila ni Satanas upang gawing hayag sa kanila ang ikinubli sa kanila mula sa kanilang maseselang bahagi ng katawan. Sinabi niya, 'Ang inyong Panginoon ay hindi nagbawal sa inyo sa punong ito liban na lamang na upang hindi kayo maging mga anghel o mga imortal.' 7:21. Siya ay nanumpa sa kanilang dalawa, 'Tunay na ako sa inyo ay isang tagapagpayo.'

7:22. Kaya dinulot niya na sila ay maligaw at nang tinikman nilang dalawa ang puno ay naging hayag sa kanila ang kanilang maseselang bahagi ng katawan at binalot nila ang kanilang mga sarili ng mga dahon ng Paraiso. Silang dalawa ay tinawag ng Panginoon nilang dalawa, 'Hindi ba't pinagbawalan Ko kayong dalawa sa punong ito at sinabi sa inyong dalawa na si Satanas ay malinaw ninyong kaaway?' 7:23. Sinabi nilang dalawa, 'Aming Panginoon, inapi namin ang aming mga sarili. Kung hindi Mo kami patatawarin at mahahabag sa amin ay tiyak na kami ay magiging mga nalugi.' 7:24. Sinabi Niya, 'Bumaba kayo na kaaway ng isat isa at para sa inyo sa lupa ang tirahan at panustos sa ilang panahon.' 7:25. Sinabi Niya, 'Dito kayo mabubuhay, dito kayo mamamatay at mula rito kayo ay bubuhaying-muli.'

7:26. O Angkan ni Adan, Kami ay nagbaba sa inyo ng damit upang

takpan ang inyong maseselang bahagi ng katawan at bilang palamuti. Ngunit ang damit ng takot kay Allah ay pinakamainam. Ito ay kabilang sa mga talata ni Allah upang kayo nawa ay makaalala. 7:27. O angkan ni Adan, huwag kayong magpatukso kay Satanas tulad ng kung paano niyang pinalayas ang inyong mga magulang mula sa Paraiso. Ang siyang nagtanggal sa kanila ng kanilang kasuotan upang ipakita sa kanila ang kanilang maseselang bahagi ng katawan. Nakikita niya kayo gayundin ang kanyang mga kampon mula sa lugar na hindi ninyo sila nakikita. Tunay na ginawa Namin ang mga Satanas na kakampi ng mga hindi nanampalataya.

7:28. Kapag sila ay nakagawa ng kahalayan ay sinasabi nilang, 'Natagpuan namin ang aming mga ninuno na gumagawa nito at iniutos ito ni Allah sa amin.' Sabihin, 'Tunay na si Allah ay hindi nag-uutos ng kalaswaan. Nagsasabi ba kayo laban kay Allah ng mga bagay na hindi ninyo nalalaman?' 7:29. Sabihin, 'Ang aking Panginoon ay nag-utos ng katarungan. Ituwid ninyo ang inyong mukha sa pagharap sa lahat ng mga Masjid at manalangin sa Kanya na matapat sa Kanya sa relihiyon. Kung paano Niya kayo sinimulan ay ganoon din kayo magbabalik.' 7:30. Isang grupo ang ginabayan Niya at ang isa naman ay naging karapat-dapat sa kanila ang pagkaligaw. Tunay na sila ay tumuring sa mga demonyo bilang mga kakampi sa halip na si Allah at sila'y nag-aakala na sila ay mga nagabayan.

7:31. O Angkan ni Adan, isuot ninyo ang inyong mga damit sa lahat ng Masjid at kumain at uminom ngunit huwag mag-aksaya. Tunay na hindi Niya minamahal ang mga mapag-aksaya. 7:32. Sabihin, 'Sino ang nagbawal sa mga palamuti ni Allah na ibinigay Niya sa Kanyang mga alipin gayundin ang mababuting biyaya?' Sabihin, 'Ito ay para sa mga nanampalataya dito sa buhay sa mundo at para lamang sa kanila sa Araw ng Paghuhukom.'

Ganito Namin nililinaw ang Aming mga tanda para sa mga nakaaalam. 7:33. Sabihin, ‘Ipinagbawal ng aking Panginoon ang mga kalaswaan na nahahayag at nalilingid lamang. Pati ang kasalanan at pagsuway nang walang katarungan at ang magtambal kayo kay Allah na wala Siyang ibinabang autoridad dito at ang magsabi kayo laban kay Allah ng anuman na wala kayong nalalaman dito.’

7:34. Sa bawat nasyon ay ang hangganan. Kapag dumating sa kanila ang takdang oras nila ay hindi nila ito maipagpapaliban ng kahit isang oras o mapapaaga. 7:35. O Angkan ni Adan, kung darating sa inyo ang mga sugo na kabilang sa inyo na nagsasalaysay sa inyo ng Aking mga talata, sinumang matakot kay Allah at nagpakamatuwid ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. 7:36. Yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda at nagmalaki rito ay sila yaong mga mananahan sa Impiyerno. Sila ay mananatili rito habang-panahon. 7:37. Sino ang higit na mapang-api kaysa doon sa nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan o nagpasinungaling sa Kanyang mga talata? Sila ay magkakamit ng bahagi ng itinakda sa kanila hanggang sa dumating sa kanila ang Aming mga anghel upang kunin sila sa kanilang kamatayan na nagsasabing, ‘Nasaan ang inyong mga dinadasalan liban kay Allah?’ Sasabihin nilang, ‘Iniwan na nila kami.’ At sila ay sasaksi laban sa kanilang mga sarili na sila ay hindi mga nanampalataya.

7:38. Sasabihin ni Allah, ‘Sumama kayo sa naunang mga nasyon sa inyo na mga engkanto at tao tungo sa Impiyerno.’ Tuwinang ang isang nasyon ay papasok, ay isusumpa nito ang kapatid nito at kapag naabutan nila ang isat isa, ang huli sa kanila ay magsasabi sa una, ‘Aming Panginoon, sila ang mga nagligaw sa amin, kaya bigyan Mo sila ng dobleng parusa mula sa Apoy.’ Sasabihin Niya, ‘Para sa lahat ang dobleng parusa ngunit hindi ninyo ito nalalaman.’ 7:39. Sasabihin ng nauna sa kanila sa nahuli sa kanila, ‘Wala kayong pinagkaiba

sa amin kaya tikman ninyo ang parusa ng inyong mga nakamit.'

7:40. Tunay na yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga talata at nagmalaki rito ay hindi pagbubuksan ng mga pinto ng langit at hindi sila papasok sa Paraiso hanggang sa makalusot ang kamelyo sa mata ng karayom. Ganito Namin gantimpalaan ang mga makasalanan. 7:41. Para sa kanila sa Impiyerno ang higaan at sa ibabaw nila ang pambalot na apoy. Ganito Namin gantimpalaan ang mga makasalanan. 7:42. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay hindi Kami nag-aatang ng pasanin sa sinuman liban na lamang sa kakayanan nito. Sila yaong mga mananahan sa Paraiso. Sila ay mananahan dito habang-panahon. 7:43. Aalisin Namin sa kanilang mga dibdib ang galit, dadaloy sa ilalim nila ang mga ilog at sila ay magsasabi, 'Ang lahat ng papuri ay para sa Siyang naggabay sa amin tungo rito, tunay na hindi kami magagabayan kung hindi kami ginabayan ni Allah. Dumating ang mga sugo ng aming Panginoon na dala ang katotohanan.' At sasabihin sa kanila, 'Ito ang Paraiso na ipinamana sa inyo dahil sa inyong mabubuting ginawa.'

7:44. Tatawagin ng mga mananahan sa Paraiso ang mga mananahan sa Impiyerno, 'Natagpuan na namin na ang ipinangako sa amin ng aming Panginoon ay totoo, kaya natagpuan ba ninyo ang pangako ng inyong Panginoon na nagkatotoo?' Sasabihin nila, 'Oo.' At ang isang tagatawag ay magpapahayag sa kanila, 'Ang sumpa ni Allah ay para sa mga makasalanan.' 7:45. Yaong mga humaharang sa mga tao mula sa landas ni Allah at naghangad na magmukha itong pagkaligaw habang sila sa Kabilang-buhay ay hindi nananampalataya.'

7:46. Sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno ay ang harang na tinatawag na Al A'raf. At sa matataas na mga lugar na harang sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno ay yaong mga taong makikilala sa kanilang mga marka. Sila ay tatawag sa mga mananahan sa Paraiso, 'Ang kapayapaan ay sumainyo.' Hindi pa sila nakapapasok dito ngunit

hinahangad nila ito. 7:47. At kapag ang mga nasa Al A'raf ay napalingon sa mga nananahan sa Impiyerno ay sasabihin nilang, 'Aming Panginoon, huwag Mo kaming isama sa mga makasalanan.' 7:48. Tatawag ang mga tao sa Al A'raf sa mga nananahan sa Impiyerno na nakikilala nila sa kanilang mga marka at magsasabing, 'Walang pakinabang sa inyo ang inyong pagtitipon at anumang inyong ipinagmamalaki. 7:49. Ang mga nanampalataya ba ang mga taong nanumpa pa kayo na sila ay hindi kahahabagan ni Allah?' Sasabihin sa mga tao na nasa Al A'raf, 'Pumasok kayo sa Paraiso. Walang takot para sa inyo at hindi kayo malulungkot.'

7:50. Tatawag ang mga nananahan sa Impiyerno sa mga nananahan sa Paraiso, 'Bigyan ninyo kami ng tubig o anumang ibiniyaya sa inyo ni Allah.' Sasabihin nilang, 'Tunay na si Allah ay nagbawal sa dalawang ito sa mga hindi nanampalataya.' 7:51. Sila ay yaong mga nagturing sa kanilang relihiyon bilang libangan at laru-laro lamang at nilinlang sila ng buhay sa mundo. Kaya ngayong araw ay kalilimutan Namin sila tulad ng kung paano nila kinalimutan ang pagtitipon sa Araw na ito at sa pagtakwil nila sa Aming mga tanda.

7:52. Kami ay nagpadala sa kanila ng aklat na nilinaw Namin sa kaalaman bilang gabay at habag para sa mga nanampalataya. 7:53. Wala ba silang hinihintay liban pa sa resulta nito? Sa Araw na darating ang resulta nito, yaong mga nakalimot dito ay magsasabing, 'Dumating ang mga sugo ng aming Panginoon dala ang katotohanan, kaya mayroon bang mga tagapamagitan na mamamagitan para sa amin o maaari ba kaming maibalik upang gumawa ng iba pa sa mga ginagawa namin noon?' Nilugi nila ang kanilang mga sarili at nawala sa kanila ang kanilang mga inimbento.

7:54. Tunay na ang inyong Panginoon ay si Allah na lumikha sa kalangitan at lupa sa anim na araw at lumuklok sa trono. Binabalot Niya ang gabi sa pamamagitan ng araw na mabilis na sinusundan ng

gabi. Ang araw, buwan at mga bituin ay nasa ilalim ng Kanyang utos. Sa Kanya ang paglikha at pag-uutos. Luwalhati kay Allah ang Panginoon ng mga nilikha. 7:55. Manalangin kayo sa inyong Panginoon nang may pagpapakumbaba at palihim. Tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga suwail. 7:56. Huwag kayong magdulot ng kasamaan sa lupa matapos ang pagsasaayos nito at manalangin kayo sa Kanya nang may takot at pag-asa. Tunay na ang habag ni Allah ay malapit sa matutuwid.

7:57. Siya ang nagpapadala ng hangin bilang magandang balita ng Kanyang habag hanggang sa magdala ang mga ito ng ulap na mabigat at diniligan Namin sa pamamagitan nito ang lupang tigang at pinaulan Namin sa pamamagitan nito ang tubig at tumubo dahil dito ang lahat ng uri ng mga bunga. Ganito Namin binubuhay ang patay upang kayo nawa ay makaalala. 7:58. Ang mabuting lupa ay tumutubo mula rito ang mga halaman nito sa pahintulot ng Panginoon nito. Ngunit yaong masama ay walang tutubo rito liban na lamang sa kakaunti. Ganito Namin ginagamit ang mga tanda para sa mga mapagpasalamat.

7:59. Isinugo Namin si Noah sa kanyang nasyon at sinabi niya, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Tunay na kinatatakutan ko para sa inyo ang parusa sa dakilang araw.' 7:60. Ang makapangyarihan sa kanyang nasyon ay nagsabi, 'Tunay na nakikita ka namin na nasa malinaw na pagkaligaw.' 7:61. Sinabi niya, 'O aking nasyon, walang pagkaligaw sa akin. Bagkus ako ay sugo mula sa Panginoon ng mga nilikha. 7:62. Ipinapahayag ko sa inyo ang mensahe ng aking Panginoon at nagpapayo ako sa inyo. Nalalaman ko mula kay Allah ang mga bagay na hindi ninyo nalalaman. 7:63. Kayo ba ay nagtataka na dumating sa inyo ang paalaala mula sa inyong Panginoon mula sa isang tao na kabilang sa inyo upang babalaan kayo nang sa gayon ay katakutan ninyo si Allah at kayo nawa ay kahabagan.'

7:64. Subalit sila ay nagpasinungaling sa kanya kaya iniligtas Namin siya at ang mga kasama niya sa Arko. Nilunod Namin yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda. Tunay na sila ay mga taong bulag.

7:65. Tungo sa ‘Ad ay isinugo Namin ang kanilang kapatid na si Hud na nagsabing, ‘O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban pa sa Kanya. Hindi ba kayo matatakot?’ 7:66. Sinabi ng mga makapangyarihan na hindi nanampalataya na kabilang sa kanyang nasyon, ‘Tunay na nakikita ka namin na may katangahan at tunay na naniniwala Kami na ikaw ay kabilang sa mga sinungaling.’ 7:67. Sinabi ni Hud, ‘O aking nasyon, walang katangahan sa akin ngunit ako ay sugo mula sa Panginoon ng mga nilikha. 7:68. Ipinararating ko sa inyo ang kapahayagan ng aking Panginoon at ako ay mapagkakatiwalaang tagapayo sa inyo. 7:69. O nagtataka kayo na may dumating na paalaala sa inyo mula sa inyong Panginoon sa pamamagitan ng isang tao na kabilang sa inyo upang babalaan kayo. Alalahanin ninyo nang ginawa Niya kayong mga tagapagmana ng Angkan ni Noah at dinagdagan kayo sa paglikha sa inyo ng lakas. Alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allah upang kayo nawa ay magtagumpay.’

7:70. Sinabi nila, ‘Dumating ka ba sa amin upang sambahin namin si Allah nang nag-iisa at iwan namin ang mga sinamba ng aming mga ninuno? Ipadala mo ang iyong ipinangako sa amin kung ikaw ay kabilang sa mga makatotohanan.’ 7:71. Sinabi ni Hud, ‘Bumaba na sa inyo mula sa inyong Panginoon ang karumihan at poot. Nakikipagtalo ba kayo sa akin tungkol sa mga pangalan na inimbento lamang ninyo at ng inyong mga ninuno na walang ipinadalang autoridad si Allah dito? Maghintay kayo dahil tunay na ako ay katulad ninyong naghihintay.’ 7:72. Iniligtas Namin siya at ang mga kasama niya sa pamamagitan ng Aming habag at winasak ang mga nagpasinungling sa Aming mga tanda at sila ay hindi nanampalataya.

7:73. Sa Thamud ay ipinadala Namin ang kanilang kapatid na si Saleh. Sinabi niya, ‘O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Dumating na sa inyo ang malinaw na patunay mula sa inyong Panginoon. Ito ang babaeng kamelyo ni Allah na ipinadala bilang tanda sa inyo. Hayaan ninyo itong kumain sa lupa ni Allah at huwag ninyo itong sasaktan o kayo ay makatitikim ng masakit na parusa. 7:74. Alalahanin ninyo nang ginawa Niya kayong mga tagapagmana ng ‘Ad at pinatira kayo sa lupa upang gumawa kayo ng mga palasyo sa kapatagan at nag-ukit kayo sa kabundukan ng kabahayan. Alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allah at huwag umabuso sa lupa at maghasik ng kasamaan.’ 7:75. Sinabi ng mga makapangyarihan ng kanyang nasyon sa mga inaping nanampalataya na kabilang sa kanila, ‘Nalalaman ba talaga ninyo na si Saleh ay isinugo ng kanyang Panginoon?’ Sinabi nila, ‘Tunay na kami, sa ipinahayag sa kanya ay mga mananampalataya.’ 7:76. Sinabi ng mga nagmalaki, ‘Tunay na kami, sa inyong mga pinaniniwalaan ay hindi naniniwala.’ 7:77. Kaya kinatay nila ang kamelyo at nanghamak sa utos ng kanilang Panginoon at nagsabing, ‘O Saleh, ibigay mo sa amin ang ipinangako mo kung ikaw nga ay kabilang sa mga sugo.’ 7:78. Kaya sila ay nilindol at sila sa loob ng kanilang mga bahay ay naging mga bangkay. 7:79. Si Saleh ay lumayo sa kanila at nagsabing, ‘O aking nasyon, naipahayag ko na sa inyo ang mensahe ng aking Panginoon at nagpayo sa inyo ngunit hindi ninyo minamahal ang mga tagapayo.’

7:80. Sinabi ni Lot sa kanyang nasyon, ‘Gumagawa ba kayo ng kahalayan na walang sinuman ang nakagawa nito bago kayo sa lahat ng nilikha? 7:81. Kayo ay nagnanasa sa kapwa ninyo kalalakihan sa halip na sa kababaihan. Kayo ay mga taong mapagmalabis.’ 7:82. Hindi tumugon ang kanyang nasyon liban na lamang sa pagsasabing, ‘Palayasin ninyo sila mula sa inyong bayan, tunay na sila ay mga taong nagmamalinis.’ 7:83. Kaya iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya liban sa kanyang asawa dahil siya ay kabilang sa

mga mawawasak. 7:84. Pinaulanan Namin sila ng bato. Tingnan mo ang wakas ng mga makasalanan. 7:85. Tungo sa Madyan ay ang kanilang kapatid nila na si Shu'aib. Sinabi niya, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Dumating sa inyo ang malinaw na patunay mula sa inyong Panginoon. Maging tapat sa pagsukat at pagtimbang at huwag ninyong ipagkait sa mga tao ang marapat sa kanila at huwag magdulot ng kasamaan sa lupa matapos na maisaayos ito. Yaon ay mas mainam sa inyo kung kayo ay mananampalataya.

7:86. Huwag kayong magtambang sa bawat daanan upang itaboy mula sa landas ni Allah yaong mga nanampalataya sa Kanya upang magmukha itong pagkaligaw. Alalahanin ninyo nang kayo ay kakaunti at pinarami Niya kayo. Tingnan ninyo ang wakas ng mga mapanira. 7:87. Kung mayroon man sa inyong maniniwala sa iniutos sa akin na ipahayag ko at ang iba naman ay hindi maniniwala ay magtiis kayo hanggang si Allah ay maghatol sa pagitan natin. Siya ang pinakamainam na tagahatol.'

7:88. Sinabi ng mga makapangyarihang nagmalaki mula sa kanyang nasyon, 'Tiyak na palalayasin ka namin Shu'aib at ang mga nanampalataya kasama mo mula sa bayan namin o babalik kayo sa aming relihiyon.' Sinabi niya, 'Kahit pa kinamumuhian namin ito?

7:89. Kami ay nag-imbento ng kasinungalingan laban kay Allah kung kami ay babalik sa inyong relihiyon matapos na iniligtas kami ni Allah mula rito. Hindi marapat na kami ay babalik dito liban na lamang na naisin ni Allah, ang aming Panginoon. Nasasaklaw ng Aming Panginoon ang lahat ng bagay sa Kanyang kaalaman. Kay Allah kami nananalig. Aming Panginoon, maghatol ka sa pagitan namin at ng aming mga kababayan nang buong katotohanan. Ikaw ang pinakamainam na tagahatol.' 7:90. Sinabi ng mga makapangyarihan na hindi nanampalataya na kabilang sa kanyang nasyon, 'Kung

susundin ninyo si Shu'aib ay tunay na kabilang kayo sa mga talunan.' 7:91. Kaya sila ay nilindol at sila sa loob ng kanilang mga tahanan ay naging mga bangkay. 7:92. Yaong mga nagpasinungaling kay Shu'aib ay parang hindi umiral doon. Silang nagpasinungaling kay Shu'aib ang mga talunan. 7:93. Si Shu'aib ay tumalikod sa kanila at nagsabing, 'Aking nasyon, ipinahayag ko sa inyo ang mensahe ng aking Panginoon at nagpayo sa inyo. Paanong ako ay magluluksa para sa mga hindi nanampalataya?'

7:94. Hindi Kami nagsugo sa anumang bayan ng sinumang propeta at siya ay pinasinungalingan liban na lamang na pinarusahan Namin ang mga mamamayan nito ng kahirapan at sakuna upang sila nawa ay magpakumbaba. 7:95. At pinalitan Namin ang paghihirap na ito ng ginhawa at umunlad sila at nagsabing, 'Ang ating mga ninuno ay dinatnan ng kahirapan at ginhawa.' Kaya pinarusahan Namin sila nang biglaan nang hindi nila namamalayan. 7:96. Kung ang mga tao lamang sa mga bayan ay nanampalataya at natakot kay Allah ay binuksan Namin para sa kanila ang mga biyaya ng langit at lupa ngunit sila ay nagpasinungaling at pinarusahan Namin sila dahil sa kanilang mga nakamit. 7:97. Napapanatag ba ang mga tao sa mga bayan mula sa Aming parusa na darating sa kanila sa gabi habang sila ay natutulog? 7:98. O ang mga tao sa mga bayan ay panatag na darating sa kanila ang parusa sa umaga habang sila ay naglalaro? 7:99. Sila ba ay panatag mula sa plano ni Allah? Walang sinumang panatag sa mga plano ni Allah liban na lamang sa mga talunan.

7:100. Hindi ba naging malinaw sa mga nagmana ng mundong ito matapos ang mga lumipas na tao rito na kung Aming nanaisin lamang ay parurusahan Namin sila sa kanilang mga kasalanan. Ngunit tinakpan na Namin ang kanilang mga puso at hindi sila nakaririnig. 7:101. Ang mga bayan na yaon ay ipinababatid Namin sa iyo O Muhammad ang ilang balita tungkol sa kanila. Katiyakang dumating sa kanila ang mga sugo na may dalang malilinaw na

patunay ngunit hindi sila maniniwala sa pinasinungalingan na nila dati pa. Ganito nagtatakip si Allah sa mga puso ng mga hindi nanampalataya. 7:102. Wala Kaming natagpuang kasunduan sa karamihan sa kanila. Bagkus ay nakita Naming suwail ang karamihan sa kanila.

7:103. Isinugo Namin pagkatapos nila si Moises na may dalang tanda para kay Paraon at kanyang kapulungan ngunit sila ay nang-api sa mga ito. Tingnan mo ang wakas ng mga mapanira. 7:104. Sinabi ni Moises, 'O Paraon, ako ay sugo mula sa Panginoon ng mga nilikha. 7:105. Marapat na hindi ako magsabi tungkol kay Allah liban na lamang sa katotohanan. Dumating ako sa inyo na may malinaw na patunay mula sa inyong Panginoon at hayaan mong sumama sa akin ang Angkan ng Israel.' 7:106. Sinabi ni Paraon, 'Kung dumating ka na may dalang patunay ay ipakita mo ito kung ikaw ay makatotohanan.' 7:107. Kaya ihinagis ni Moises ang kanyang tungkod at ito ay malinaw na naging ahas. 7:108. Inilabas niya ang kanyang kamay at ito ay puti sa mga nakakakita. 7:109. Sinabi ng mga makapangyarihan ng nasyon ni Paraon, 'Tunay na ito ay isang maalam na salamangkero. 7:110. Na nagnanais na palayasin kayo mula sa lupain ninyo. Ano ang utos ninyo?' 7:111. Sinabi nila, 'Hayaan muna ninyo siya at ang kanyang kapatid at magpadala sa mga bayan ng mga tagatipon. 7:112. Na magdadala ng lahat ng maalam na mga salamangkero.'

7:113. Dumating ang mga salamangkero kay Paraon at nagsabing, 'Tunay ba na kami ay may gantimpala kung kami ay magwawagi?' 7:114. Sinabi ni Paraon, 'Oo at kayo ay magiging malapit sa akin.' 7:115. Sinabi nila, 'O Moises, mauna kang maghagis o mauuna kaming maghagis?' 7:116. Sinabi ni Moises, 'Maghagis kayo.' At nang naghagis sila ay nilinlang nila ang mga mata ng mga tao at nagdulot sa kanila ng pangamba dahil sa kanilang matinding salamangka.' 7:117. Ipinahayag Namin kay Moises, 'Ihagis mo ang

iyong tungkod.' At kinain nito ang kanilang mga panlilinlang. 7:118. Napagtibay ang katotohanan at napawalang-saysay ang kanilang mga ginagawa. 7:119. Si Paraon at ang kanyang mga kasama ay nagapi roon at naging mga hamak. 7:120. At ang mga salamangkero ay nagpatirapa kay Allah. 7:121. Sinabi nila, 'Kami ay nanampalataya sa Panginoon ng mga nilikha. 7:122. Ang Panginoon nina Moises at Aaron.'

7:123. Sinabi ni Paraon, 'Nanampalataya kayo sa kanya bago pa ako nagpahintulot sa inyo. Tunay na ito ay plano na ginawa ninyo sa lungsod upang palayasin ninyo mula rito ang mga mamamayan nito. Katiyakang malalaman ninyo. 7:124. Tiyak na puputulin ko ang inyong mga kamay at paa nang magkasalungat at ipapako ko kayo sa katawan ng puno ng datiles lahat-lahat.' 7:125. Sinabi nila, 'Tunay na kami sa aming Panginoon ay magbabalik. 7:126. Hindi ka gumaganti sa amin liban na lamang dahil sa nanampalataya kami sa mga tanda ng aming Panginoon nang ito ay dumating sa amin. Aming Panginoon, bigyan Mo kami ng pagtitiis at bawian Mo kami ng buhay na kami ay mga Muslim.'

7:127. Sinabi ng mga makapangyarihan na kabilang sa nasyon ni Paraon, 'Hahayaan mo ba si Moises at ang kanyang nasyon na manira sa lupa at talikuran ka at ang iyong mga diyos?' Sinabi niya, 'Papatayin natin ang kanilang mga anak na lalaki at hahayaang mabuhay ang kababaihan nila at tayo sa ibabaw nila ang mga magwawagi.' 7:128. Sinabi ni Moises sa kanyang nasyon, 'Humingi ng tulong kay Allah at magtiis. Tunay na ang lupa ay pag-aari ni Allah, ipinamamana Niya ito sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin. Ang mainam na hantungan ay para sa mga may takot sa Kanya.' 7:129. Sinabi nila, 'Kami ay napinsala bago ka pa dumating sa amin at pagdating mo sa amin.' Sinabi niya, 'Maaaring wawasakin ni Allah ang inyong mga kaaway at ipamamana sa inyo ang lupaing ito at upang makita Niya kung ano ang gagawin ninyo.'

7:130. Pinarusahan Namin ang nasyon ni Paraon ng ilang taong kakulangan ng bunga upang sila nawa ay mapaalalahanan. 7:131. Ngunit nang dumating sa kanila ang ginhawa ay sinabi nila, ‘Ito ay para sa amin.’ At kapag sila ay dinatnan muli ng sakuna ay ibinibintang nila ito kay Moises at kanyang mga kasama. Tunay na ang kanilang kapalaran ay kay Allah lamang ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 7:132. Sinabi nila, ‘Kahit ano pang ipakita mo sa amin na tanda upang linlangin kami, kami sa iyo ay hindi mga naniniwala.’

7:133. Kaya ipinadala Namin sa kanila ang baha, balang, kuto, palaka at dugo bilang malilinaw na tanda ngunit sila ay nagmalaki at mga makasalanan. 7:134. Nang dumating sa kanila ang parusa ay sinabi nila, ‘O Moises, manalangin ka sa iyong Panginoon ayon sa pangako Niya sa iyo. Kung maaalis mo ang parusang ito mula sa amin ay tiyak na maniniwala kami sa iyo, at pasasamahin namin sa iyo ang Angkan ng Israel.’ 7:135. Ngunit nang inalis Namin ang parusa mula sa kanila sa takdang panahon ay binali nila agad ang kanilang sinabi.

7:136. Gumanti Kami sa kanila at nilunod sila sa dagat dahil sa pagpapasinungaling nila sa Aming mga tanda at dahil sila ay mga walang pakialam. 7:137. Kaya pinamanahan Namin ang nasyon na inaapi ng mga kalupaan sa silangan at kanluran na ginawa Naming mabiyaya. Naging ganap ang mabuting salita ng iyong Panginoon sa Angkan ng Israel dahil sa kanilang pagtitiis. Winasak Namin ang mga ginawa ni Paraon at ng kanyang nasyon at anumang kanilang itinayo.

7:138. Itinawid Namin ang Angkan ng Israel sa dagat ngunit nakakita sila ng mga tao na sumasamba sa kanilang mga rebulto. Sinabi nila, ‘O Moises, gumawa ka ng diyos para sa amin tulad ng kung paanong sila ay may mga diyos.’ Sinabi niya, ‘Tunay na kayo ay

nasyon na mangmang. 7:139. Tunay na sila ay nagwasak sa kalagayan nila at walang-saysay ang anumang ginagawa nila.' 7:140. Sinabi ni Moises, 'Iba pa ba liban kay Allah ang hahangarin ninyo bilang diyos samantalang pinaburan Niya kayo sa lahat ng iba pang nilikha?' 7:141. Nang iniligtas Namin kayo mula sa Angkan ni Paraon na nagpaparusa sa inyo; na pumapatay sa mga anak ninyong lalaki at hinahayaang mabuhay ang kababaihan ninyo. Naririto ang malaking pagsubok mula sa inyong Panginoon.

7:142. Kami ay nakipagtipanan kay Moises ng tatlumpung gabi at kinumpleto Namin ito ng sampung gabi kaya nakumpleto ang tipanan nila ng kanyang Panginoon ng apatnapung gabi. Sinabi ni Moises sa kapatid niyang si Aaron, 'Humalili ka sa akin sa aking nasyon, isaayos mo sila at huwag sumunod sa landas ng mga mapanira.' 7:143. Nang dumating si Moises sa Aming tipanan at kinausap siya ng kanyang Panginoon ay sinabi niya, 'Aking Panginoon, magpakita Ka sa akin upang makita Kita.' Sinabi ni Allah, 'Hindi mo Ako makikita ngunit tingnan mo ang bundok at kung ito ay mananatili sa lugar nito ay makikita mo Ako.' Nang nagpakita ang kanyang Panginoon sa bundok ay pinatag Niya ito at si Moises ay hinimatay. Nang siya ay nagising ay sinabi niya, 'Luwalhati sa Iyo. Ako ay nagbabalik-loob sa Iyo at ako ang una sa mga nanampalataya.'

7:144. Sinabi ni Allah, 'O Moises, tunay na hinirang Kita sa lahat ng mga tao para sa Aking mensahe at Aking salita kaya kunin mo ang ibinigay Ko sa iyo at maging kabilang sa mga mapagpasalamat.' 7:145. Isinulat Namin para sa kanya sa mga lapida ang lahat ng bagay bilang gabay at pagpapabatid sa lahat ng bagay. 'Kunin mo ito nang may paninindigan at utusan mo ang iyong nasyon na kunin ang pinakamainam dito. Ipapakita Ko sa iyo ang hantungan ng mga suwail.' 7:146. 'Ilalayo Ko mula sa Aking mga tanda yaong mga mapagmalaki sa lupa na wala namang karapatan dito na kung makita

man nila ang lahat ng tanda ay hindi sila maniniwala rito. Kung makita man nila ang daan ng gabay ay hindi nila ito kukunin bilang landas. Ngunit kung makita nila ang daan ng pagkakamali ay kukunin nila ito bilang landas. Ito ay dahil sila ay nagpasinungaling sa Aming mga tanda at sila ay mga walang pakialam dito.' 7:147. Yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda at sa pagtatagpo sa Kabilang-buhay ay mawawalan ng saysay ang kanilang mga gawa. Sila ba ay gagantimpalaan liban pa sa kanilang mga ginawa?

7:148. Paglisan ni Moises ay gumawa ang kanyang nasyon mula sa mga alahas na dala nila ng rebulto ng batang baka na may mababang tunog. Hindi ba nila nakita na ito ay hindi sila kinakausap at hindi naggagabay sa kanila sa tamang landas? Itinuring nila itong diyos at sila ay mga makasalanan. 7:149. Nang sila ay nagsisi at nakita nila na sila nga ay naligaw ay sinabi nila, 'Kung hindi kami kahahabagan ng aming Panginoon at magpapatawad sa amin ay magiging kabilang kami sa mga talunan.' 7:150. Nang bumalik si Moises sa kanyang nasyon na galit at namumuhi ay sinabi niya, 'Napakasama ng ipinalit ninyo sa akin matapos ang aking paglisan. Pinangungunahan ba ninyo ang utos ng inyong Panginoon?' Itinapon niya ang mga lapida na naglalaman ng Torah at hinila ang ulo ng kanyang kapatid palapit sa kanya. Sinabi ni Aaron, 'O anak ng aking ina, ang mga tao ay nang-api sa akin at halos patayin na nila ako, kaya, huwag mong pasayahin ang mga kalaban laban sa akin at huwag mo akong ibilang sa mga makasalanan.' 7:151. Sinabi ni Moises, 'O aking Panginoon, patawarin Mo ako at ang aking kapatid at ipasok Mo kami sa Iyong awa. Ikaw ang pinakamaawain sa lahat ng mga maawain.'

7:152. Tunay na yaong mga sumamba sa batang baka ay magkakamit ng galit ng kanilang Panginoon at panghahamak sa mundong ito. Ganito Namin gantihan ang mga nag-iimbento ng kasamaan. 7:153. Yaong mga nakagawa ng kasalanan at nagbalik-loob kay Allah

pagkatapos nito at nanampalataya ay tunay na ang iyong Panginoon pagkatapos nito ay mapagpatawad at mahabagin.

7:154. Nang humupa ang galit ni Moises at pinulot niya ang mga lapida na nakasulat dito ang gabay at habag para sa mga may takot sa kanilang Panginoon. 7:155. Pinili ni Moises ang pitumpung kalalakihan mula sa kanyang nasyon para sa Aming tipanan sa bundok ng Tur sa Sinai. Nang sila ay niyanig ay sinabi ni Moises, 'Aking Panginoon kung ninais Mo lamang ay winasak Mo sila noon pa kasama na ako. Wawasakin Mo ba kami sa ginawa ng mga tanga na kabilang sa amin? Ito ay pagsubok Mo na iniligaw Mo sa pamamagitan nito ang naisin Mo at ginabayan Mo sa pamamagitan nito ang nais Mo. Ikaw ang tagapag-ingat namin kaya patawarin Mo kami at kahabagan Mo kami. Ikaw ang pinakamainam na tagapagpatawad. 7:156. Itala Mo para sa amin sa mundong ito ang kabutihan at sa Kabilang-buhay. Tunay na kami ay nagbalik sa Iyo.' Sinabi ni Allah, 'Ang Aking parusa ay ibibigay Ko sa Aking naisin ngunit ang Aking habag ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Kaya itatakda Ko ito para sa mga may takot sa Akin, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at yaong sa Aming mga tanda ay nananampalataya. 7:157. Silang mga sumusunod sa sugo at propetang hindi marunong bumasa at sumulat na makikita nilang nakatala sa kanila sa Torah at Ebanghelyo na nag-uutos sa kanila ng kabutihan at nagbabawal sa kanila sa kasamaan. Nagpapahintulot sa kanila ng mababuting mga bagay at nagbabawal sa kanila sa masasama. Siyang nag-aalis sa kanila ng kanilang mga pasanin at tanikala na nakagapos sa kanila. Ang mga nanampalataya sa kanya, nagparangal, tumulong at sumunod sa liwanag na ipinadala sa kanya – sila yaong mga matagumpay.'

7:158.Sabihin O Muhammad, 'O sangkatauhan, tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyong lahat. Mula sa Siyang nagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Walang diyos na marapat sambahin liban sa

Kanya na tagapagbigay ng buhay at bumabawi nito. Manampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang sugo, ang propetang hindi marunong bumasa at sumulat na naniniwala kay Allah at sa Kanyang mga salita. Sundin ninyo siya upang kayo nawa ay magabayan. 7:159. Kabilang sa nasyon ni Moises ay yaong mga naggagabay sa pamamagitan ng katotohanan at nagtataguyod ng katarungan.

7:160. Hinati Namin sila sa labindalawang tribo. Ipinahayag Namin kay Moises na kapag nanghingi ng tubig ang kanyang nasyon sa kanya ay, 'Paluin mo ng iyong tungkod ang bato.' At lalabas mula rito ang labindalawang bukal. Lahat ng tao ay makaaalam ng kanilang iigiban. Nililiman Namin sila sa pamamagitan ng mga ulap at nagpadala sa kanila ng Manna na pagkain mula sa langit at mga pugo, 'Kumain kayo mula sa mababuting ibiniyaya Namin sa inyo.' Hindi nila Kami naapi bagkus sila sa kanilang mga sarili ay nang-aapi. 7:161. Nang sinabi sa kanila, 'Tumira kayo sa bayang ito at kumain kayo ng nais ninyo at sabihing, 'Alisin Mo ang aming mga pasanin' at pumasok kayo sa mga lagusan na nagpapakumbaba at patatawarin Namin ang inyong mga pagkakamali. Daragdagan Namin ng kabutihan ang mababuti. 7:162. At pinalitan ng mga makasalanan na kabilang sa kanila ang salita liban pa sa sinabi sa kanila. Kaya nagpadala Kami sa kanila ng parusa mula sa langit dahil sa kasalanan nila.

7:163. Tanungin mo sila tungkol sa bayan na malapit sa dagat nang sila ay sumuway sa Sabbath na dumarating sa kanila ang kanilang isda nang hayagan sa araw ng kanilang pangilin at hindi dumarating sa iba pang araw. Ganito Namin sila sinusubok dahil sa kanilang pagsuway. 7:164. Sinabi ng isang grupo na kabilang sa kanila, 'Bakit kayo nagbabababala sa mga taong wawasakin ni Allah o parurusahan Niya ng matinding parusa?' Sasabihin nila, 'Upang hindi kami managot sa inyong Panginoon at upang sila nawa ay matakot sa Kanya.'

7:165. Nang nakalimutan nila ang ipinaalala sa kanila ay iniligtas Namin yaong mga nagbawal sa kasamaan at pinarusahan yaong mga nagkasala ng malupit na parusa dahil sa kanilang pagiging suwail. 7:166. Nang ginawa nila ang ipinagbawal sa kanila ay sinabi Namin sa kanila, 'Maging mga hamak na mga unggoy kayo.'

7:167. Nang ipinahayag ng iyong Panginoon na Siya ay magpapadala sa kanila hanggang sa Araw ng Paghuhukom ng parusa na magpapahirap sa kanila. Tunay na ang iyong Panginoon ay mabilis magparusa. Tunay na Siya ay Mapagpatawad at Mahabagin. 7:168. Hinati-hati Namin sila sa lupa sa ibat ibang mga nasyon. Kabilang sa kanila ang matutuwid at ibang hindi. Sinubukan Namin sila sa pamamagitan ng ginhawa at sakuna upang sila nawa ay magbalik sa pagsunod.

7:169. At dumating pagkatapos nila yaong mga nagmana ng kasulatan na lumilikom ng yaman sa mundo kahit sa mga ipinagbabawal na paraan at nagsasabing, 'Ito ay patatawarin para sa amin.' Kung may alok sa kanila na tulad nito ay kukunin nila ito. Hindi ba't kinuha mula sa kanila ang kasunduan sa Aklat na hindi sila magsasabi ng anuman tungkol kay Allah liban pa sa katotohanan at pag-aaralan nila ang nilalaman nito? Ang tahanan sa Kabilang-buhay ay mas mainam para sa mga may takot kay Allah. Hindi ba kayo nag-iisip? 7:170. Yaong mga mahigpit na kumakapit sa Aklat at nagtataguyod ng obligadong pagdarasal ay tunay na hindi Namin pawawalang-saysay ang gantimpala ng mga nagsasaayos. 7:171. Nang iniangat Namin ang bundok sa ibabaw nila na parang maitim na ulap at inakala nila na ito ay babagsak sa kanila. Sinabi ni Allah, 'Kunin ninyo ang ibinigay Namin sa inyo nang may paninindigan at alalahanin ninyo ang nilalaman nito upang kayo nawa ay matakot kay Allah.'

7:172. Kinuha ng iyong Panginoon mula sa Angkan ni Adan mula sa kanilang mga gulugod ang kanilang mga inapo at pinasaksi sila sa kanilang mga sarili, 'Hindi ba Ako ang inyong Panginoon?' Sinabi

nila, ‘Oo, sumaksi kami.’ Ito ay dahil sa maaaring sasabihin ninyo sa Araw ng Paghuhukom na, ‘Tunay na kami ay hindi nakaaalam nito.’ 7:173. O kaya ay sasabihin ninyong, ‘Ang unang nagtambal ay ang aming mga ninuno na nauna at kami ay mga inapo lamang paglipas nila. Wawasakin Mo ba kami dahil sa ginawa ng mga nag-imbento ng mali?’ 7:174. Ganito Namin nililinaw ang mga talata upang sila nawa ay magbalik.

7:175. Banggitin mo sa kanila O Muhammad ang balita tungkol sa isang binigyan Namin ng kaalaman sa Aming mga tanda ngunit inilayo niya ang kanyang sarili sa mga ito kaya sinundan siya ni Satanas at naging kabilang sa mga naligaw. 7:176. Kung ninais lamang Namin ay iniangat Namin siya sa pamamagitan nito ngunit siya ay kumapit sa lupa at sumunod sa kanyang pagnanasa. Ang tulad niya ay parang isang aso na kung hahabulin mo ay nakalaylay ang dila at kung hahayaan mo ay nakalaylay pa rin ang dila. Yaon ang halimbawa ng mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda. Ipahayag mo ang mga kuwento upang sila nawa ay mag-isip. 7:177. Napakasamang halimbawa ang mga taong nagpasinungaling sa Aming mga tanda at nang-aapi sa kanilang mga sarili. 7:178. Sinumang gabayan ni Allah ay nagabayan at sinumang iligaw Niya ay kabilang sa mga talunan.

7:179. Nilikha Namin para sa Impiyerno ang marami sa mga engkanto at mga tao. Sila ay may mga puso na hindi umuunawa sa pamamagitan nito. Sila ay may mga mata na hindi nakakakita sa pamamagitan nito. Sila ay may mga tainga na hindi nakaririnig sa pamamagitan ng mga ito. Sila ay tulad ng mga pinapastol na hayop o mas ligaw pa. Sila yaong mga walang pakialam. 7:180. Kay Allah ang pinakamainam na mga pangalan kaya manalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito. Iwan ninyo ang mga tumatanggi sa Kanyang mga pangalan. Sila ay gagantimpalaan ayon sa kanilang mga ginawa. 7:181. Kabilang sa Aming nilikha ay ang nasyon na naggagabay sa

pamamagitan ng katotohanan at sa pamamagitan nito ay nagtataguyod ng katarungan. 7:182. Yaong mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda ay unti-unti Namin silang wawasakin nang hindi nila nalalaman. 7:183. Sila ay palulugitan Ko. Tunay na ang Aking plano ay matatag.

7:184. Hindi ba sila nakapag-isip? Ang kanilang kasama ay hindi baliw. Bagkus siya ay malinaw na tagapagbabala. 7:185. Hindi ba sila tumingin sa nasasakupan ng kalangitan at lupa at lahat ng nilikha ni Allah na maaaring malapit na ang takdang panahon nila? Sa anong pananalita kayo maniniwala pagkatapos nito? 7:186. Sinumang iligaw ni Allah ay wala nang gabay para sa kanya. At sila ay iiwan Niya sa kanilang pagsuway na mga bulag. 7:187. Tinatanong ka nila O Muhammad tungkol sa Oras, 'Kailan ito darating?' Sabihin, 'Ang kaalaman dito ay nasa aking Panginoon lamang. Walang magsisiwalat ng oras nito liban sa Kanya. Ito ay mabigat sa kalangitan at lupa. Ito ay hindi darating sa inyo liban na lamang na biglaan.' Tinatanong ka nila na parang nalalaman mo ito. Sabihin, 'Ang kaalaman dito ay kay Allah lamang subalit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam.' 7:188. Sabihin, 'Wala akong taglay na pakinabang o pinsala liban na lamang sa naisin ni Allah.' Kung nalalaman ko man ang nalilingid ay pinarami ko sa aking sarili ang kabutihan at hindi ako dinatnan ng pinsala. Ako ay hindi hihigit pa sa tagapagbabala at tagapagbalita para sa mga nanampalataya.'

7:189. Siya ang lumikha sa inyo mula sa isang tao at mula sa kanya ay nilikha ang kanyang asawa upang mapanatag siya sa kanya. Kapag nakipagtalik ang lalaki sa babae ay magdadala ang babae ng magaang pasanin at nagpapatuloy dito. At kapag naging mabigat na ito ay nananalangin silang dalawa kay Allah, ang Panginoon nilang dalawa, 'Kung bibigyan Mo kami ng mabuting anak ay magiging mapagpasalamat kami.' 7:190. Ngunit kapag nagbigay na Siya ng mabuting anak ay nagtatambal sila sa Kanya sa ibinigay Niya sa

kanilang dalawa. Kataas-taasan si Allah mula sa itinatambal nila. 7:191. Itinatambal ba nila sa Kanya ang walang nilikhang anumang bagay at sila ay mga nilikha rin? 7:192. Na hindi kayang tumulong sa kanila o sa kanilang mga sarili. 7:193. Kapag inanyayahan mo sila tungo sa gabay ay hindi sila susunod sa inyo. Pareho lamang kung aanyayahan ninyo sila o kung kayo ay mananahimik. 7:194. Tunay na ang inyong mga dinadasalan liban kay Allah ay mga alipin lamang na tulad ninyo. Manalangin kayo sa kanila at hayaan mo silang tumugon kung kayo ay makatotohanan.

7:195. Mayroon ba silang mga paa na sa pamamagitan nito ay naglalakad sila? O mayroon ba silang mga kamay na sa pamamagitan nito ay humahampas sila? O mayroon ba silang mga mata na sa pamamagitan nito ay nakakakita sila? O mayroon ba silang mga tainga na sa pamamagitan nito ay nakaririnig sila? Sabihin mo O Muhammad, 'Dasalan ninyo ang inyong mga itinambal, magplano kayo laban sa akin at huwag ninyo ako palugitan. 7:196. Tunay na angtagapag-ingat ko ay si Allah na Siyang nagbaba ng Aklat. Siya ang kakampi ng matutuwid. 7:197. Yaong mga dinadasalan ninyo liban sa Kanya ay hindi makatutulong sa inyo o sa kanilang mga sarili.' 7:198. Kapag inanyayahan ninyo sila tungo sa gabay ay hindi sila makikinig. Makikita mo silang nakatingin sa iyo ngunit hindi sila nakakakita.

7:199. Maging mapagpaumanhin, iutos ang kabutihan at lumayo sa mga mangmang. 7:200. Kung darating sa iyo ang masamang udyok ni Satanas ay magpakupkop kay Allah. Tunay na Siya ay Nakaririnig at Nakaaalam. 7:201. Tunay na yaong mga may takot kay Allah, kapag dumating sa kanila ang udyok ng Satanas ay inaalala nila Siya at sila ay makakakita. 7:202. Ang kanilang mga kapatid na demonyo ay nagdaragdag sa kanilang pagkakamali at hindi sila nagkukulang.

7:203. Kapag ikaw Muhammad ay hindi magbigay ng tanda ay

sasabihin nilang, 'Nag-imbento ka na lang sana.' Sabihin, 'Sinusunod ko lamang ang ipinahayag sa akin ng aking Panginoon. Ang Quran na ito ay liwanag mula sa inyong Panginoon, gabay at habag para sa mga nanampalataya.' 7:204. Kapag binabasa ang Quran ay makinig kayo rito at magbigay-pansin upang kayo nawa ay kahabagan. 7:205. Alalahanin mo ang iyong Panginoon sa iyong sarili nang may pagpapakumbaba at takot nang hindi hayagan sa pananalita, sa araw at sa gabi at huwag maging kabilang sa mga walang-pakialam. 7:206. Tunay na yaong malalapit sa iyong Panginoon ay hindi pinipigilan ng pagmamalaki sa kanilang pagsamba sa Kanya, sila ay lumuluwalhati sa Kanya at nagpapatirapa.

8. SURATUL ANFAL (ANG PINAHIHINTULUTANG KULIMBAT SA LABANAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

8:1.Tinatanong ka nila O Muhammad tungkol sa mga pinahihintulutang kulimbat sa digmaan. Sabihin, 'Ang pinahihintulutang kulimbat sa digmaan ay para kay Allah at sa Kanyang Sugo.' Katakutan ninyo si Allah at isaayos ang namamagitan sa inyo. Sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo kung kayo ay mga nanampalataya. 8:2. Ang mga nanampalataya ay yaon lamang tuwinang napaaalalahanan tungkol kay Allah ay nangangamba ang kanilang mga puso at tuwinang binabasa sa kanila ang Kanyang mga talata ay pinatataas nito ang kanilang pananampalataya at sila sa kanilang Panginoon ay nananalig. 8:3. Yaong mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal at mula sa ibiniyaya Namin sa kanila ay nagtutustos. 8:4. Sila ang mga nanampalatayang tunay. Para sa kanila ang matataas na antas sa kanilang Panginoon, gayundin ang kapatawaran at maraming biyaya.

8:5. Tulad ng kung paanong pinalabas ka ng iyong Panginoon mula sa iyong bahay sa labanan sa Badr nang buong katotohanan habang ang ilan sa mga nanampalataya ay umaayaw dito. 8:6. Sila ay

nakikipagtalo sa iyo tungkol sa katotohanan sa pakikipaglaban sa araw na yaon matapos na ito ay naging malinaw na parang sila ay itinutulak patungong kamatayan habang sila ay nakatingin. 8.7. Si Allah ay nangako sa inyo na ang isa sa dalawang grupo ay mapapasainyo at ninais ninyo yaong grupong walang armas na makasagupa sa labanan sa Badr. Ngunit ninais ni Allah na pairalin ang katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at wasakin ang mga hindi nanampalataya. 8:8. Upang pairalin ang katotohanan bilang katotohanan at ipakita ang kamalian bilang kamalian kahit pa kamuhian ito ng mga makasalanan.

8:9. Nang humingi kayo ng tulong sa inyong Panginoon at Siya ay tumugon sa inyo na, 'Ako ay tutulong sa inyo sa pamamagitan ng isang-libong mga anghel na magkakasunod.' 8:10. Hindi ito ginawa ni Allah liban na lamang bilang magandang balita at upang mapanatag sa pamamagitan nito ang inyong mga puso. Walang tagumpay liban pa sa pamamagitan ni Allah. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 8:11. Nang kayo ay ginapi ng antok bilang kapanatagan mula sa Kanya at ibinaba Niya sa inyo mula sa langit ang ulan upang dalisayin kayo sa pamamagitan nito. Nais din Niya na alisin sa inyo ang masamang bulong ni Satanas upang pagbuklurin ang inyong mga puso at patatagin sa pamamagitan nito ang inyong mga paa. 8:12. Nang ipinahayag ng iyong Panginoon sa mga Anghel na, 'Ako ay kasama ninyo, kaya patatagin ninyo yaong mga nanampalataya. Ilalagay ko sa puso ng mga hindi nanampalataya ang takot kaya tagain ninyo sila sa kanilang mga leeg at tagain ang lahat ng daliri nila sa Labanan sa Badr.' 8:13. Ito ay dahil sa sinuway nila si Allah at ang Kanyang Sugo. Sinumang sumalungat kay Allah at sa Kanyang Sugo ay tunay na si Allah ay matindi magparusa. 8:14. 'Ito ay para sa inyo kaya tikman ninyo ito.' Para sa mga hindi nanampalataya ang parusang apoy.

8:15. O mga nanampalataya, kapag nakatagpo ninyo yaong mga

hindi nanampalataya na umaabante sa labanan ay huwag ninyong iharap sa kanila ang inyong likod sa pagtakas. 8:16. Sinumang tumakas sa kanila sa araw na yaon liban na lamang bilang taktika sa paglaban o upang sumama sa iba pang pangkat ay nagkamit ng galit ni Allah. Ang kanyang tahanan ay ang Impiyerno at napakasamang hantungan nito.

8:17. Hindi ikaw ang pumatay sa kanila bagkus si Allah ang pumatay sa kanila. Hindi ikaw ang naghagis nang ikaw ay naghagis. Bagkus si Allah ang naghagis. Upang subukin ang mga nanampalataya ng magandang pagsubok. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 8:18. Ito ay dahil si Allah ay naghahamak sa plano ng mga hindi nanampalataya. 8:19. O mga hindi nanampalataya kung kayo ay maghahangad ng tagumpay ay natalo na kayo. Kung kayo ay titigil sa kaguluhan ay mainam ito para sa inyo. Ngunit kung kayo ay babalik sa labanan ay babalik Kami at hindi kayo matutulungan ng inyong pangkat ng kahit ano kahit pa dumami sila. Ito ay dahil si Allah ay kapiling ng mga nanampalataya.

8:20. O mga nanampalataya, sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo at huwag kayong tumalikod sa kanya habang kayo ay nakaririnig. 8:21. Huwag maging tulad ng mga nagsasabing, 'Narinig namin' na hindi naman sila nakaririnig. 8:22. Tunay na ang pinakamasamang nilalang sa paningin ni Allah ay yaong mga bingi at pipi na hindi nag-iisip. 8:23. Kung nalaman lamang ni Allah na may kabutihan sa kanila ay ginawa Niyang sila ay makarinig. Dulutin man Niya na sila ay makarinig, sila ay tatalikod at tatanggi.

8:24. O mga nanampalataya, tumugon kay Allah at sa Kanyang Sugo kung aanyayahan nila kayo tungo sa isang bagay na magbibigay sa inyo ng buhay. Alamin ninyo na si Allah ay bumabago sa pagitan ng tao at ng kanyang puso at tungo sa Kanya

kayo ay titipunin. 8:25. Katakutan ninyo ang pagsubok na hindi darating para lamang sa mga nagkasala na kabilang sa inyo. Parusang darating sa lahat kung ang mabuti ay hindi nag-utos ng kabutihan at hindi nagbawal sa kasamaan. Alamin ninyo na si Allah ay matindi magparusa.

8:26. Alalahanin ninyo nang kayo ay kakaunti at inaapi sa lupa at kinatatakutan ninyo na dukutin kayo ng mga tao. Ngunit pinasilong Niya kayo at pinagtagumpay Niya kayo at nagtustos Siya sa inyo ng mabubuting mga bagay upang kayo nawa ay magpasalamat. 8:27. O mga nanampalataya huwag ninyong linlangin si Allah at ang Kanyang Sugo o linlangin ang mga ipinagkatiwala sa inyo habang nalalaman ninyo nito. 8:28. Alamin ninyo na ang inyong mga kayamanan at mga anak ay pagsubok at tangan ni Allah ang malaking gantimpala.

8:29. O mga nanampalataya, kung katatakutan ninyo si Allah ay bibigyan Niya kayo ng Pamantayan at aalisin mula sa inyo ang inyong mga kasalanan at patatawarin kayo. Si Allah ang may tangan ng dakilang kabutihang-loob. 8:30. Nagplano laban sa iyo ang mga hindi nanampalataya upang ikulong, patayin o palayasin ka mula sa Makkah. Sila ay nagpaplano at si Allah ay nagpaplano. Si Allah ang pinakaminam na tagaplano.

8:31. Kapag binasa sa kanila ang Aming mga talata ay sinasabi nilang, 'Narinig na namin ito at kung naisin lamang namin ay nagsabi rin kami ng tulad nito. Ito ay kuwento lamang ng mga naunang tao.' 8:32. Sinabi nila, 'O Allah, kung ito ang katotohanan mula sa Iyo ay paulanan Mo kami ng bato mula sa langit o padalhan Mo kami ng masakit na parusa.' 8:33. Hindi marapat na si Allah ay magpaparusa sa kanila habang kasama ka nila. Hindi marapat na si Allah ay magpaparusa sa kanila habang sila ay humihingi ng tawad.

8:34. Paanong hindi sila parurusahan ni Allah samantalang hinaharangan nila ang mga tao mula sa Masjidul Haram at hindi sila ang marapat na tagapag-ingat nito. Ang tunay na tagapag-ingat nito ay ang matutuwid ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 8:35. Ang kanilang pagdarasal sa Masjidul Haram ay hindi hihigit pa sa pagsipol at pagpalakpak. Tikman ninyo ang parusang dulot ng hindi ninyo pananampalataya.

8:36. Tunay na ang mga hindi nanampalataya ay nagtutustos ng kanilang mga kayamanan upang harangan ang landas ni Allah. Gagastusin nila ito at pagsisisihan nila ito at sila ay magagapi. Yaong mga hindi nanampalataya, sa Impiyerno sila ay titipunin. 8:37. Upang makilala ni Allah ang masama mula sa mabuti at pagsama-samahin ang masasama at ilagay silang lahat sa Impiyerno. Sila ang mga talunan.

8:38. Sabihin sa mga hindi nanampalataya na kung sila ay titigil sa kawalang-pananampalataya ay patatawarin para sa kanila ang lumipas at kung sila ay babalik ay nangyari na ang naganap sa mga naunang makasalanang tao. 8:39. Labanan ninyo sila hanggang sa hindi na magkaroon ng kaguluhan at ang relihiyon ay maging para kay Allah lamang. Kung sila ay titigil sa pang-aapi sa mga nanampalataya ay tunay na si Allah sa kanilang mga gawain ay Nakakakita. 8:40. Ngunit kung sila ay tatalikod ay alamin ninyo na si Allah ang inyong tagapag-ingat. Mainam na tagapag-ingat at tagatulong.

8:41. Alamin ninyo na ang natitirang ikalimang bahagi ng anumang nakolekta ninyong pinahihintulutang kulimbat sa digmaan ay para kay Allah at sa Kanyang Sugo gayundin sa malalapit niyang kamag-anak at mga ulila, mahihirap at mga naantalang manlalakbay. Ito ay kung kayo ay nanampalataya kay Allah at sa anumang ibinaba Namin sa Aming alipin sa Araw ng Pamantayan sa Labanan sa Badr sa araw ng sagupaan ng dalawang hukbo ng mga nanampalataya at

hindi nanampalataya. Si Allah sa lahat ng bagay ay May Kakayanan.

8:42. Nang kayo ay nasa malapit na bahagi ng lambak at sila naman ay nasa kabila at ang mga karwahe ng kalakal ay nasa mababang posisyon sa inyo. Kung kayo ay magtitipanan sa isat isa ay hindi kayo magkakasundo. Ngunit pinag-isa kayo ni Allah at ito ay upang tuparin Niya ang isang bagay na naitakda na upang wasakin ang mga mawawasak ayon sa patunay at upang ang mga mabubuhay ay mabuhay ayon sa patunay. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 8:43. Nang ipinakita sila ni Allah sa iyo sa panaginip na kakaunti at kung ipinakita Niya sila sa iyo na marami, kayo ay masisiraan ng loob at magtatalu-talo tungkol sa paglaban, ngunit inilayo kayo ni Allah mula rito. Tunay na Siya ang Nakaaalam ng nilalaman ng mga dibdib. 8:44. Nang ipinakita Niya sila sa inyo na kakaunti sa inyong paningin nang kayo ay magkita. At ginawa Niya rin kayong kaunti sa kanilang paningin. Ito ay upang tuparin ni Allah ang isang bagay na naitakda na. Kay Allah magbabalik ang lahat ng bagay.

8:45. O mga nanampalataya, kung kayo ay makakasagupa ng pangkat mula sa mga kalaban ay tumayong matatag at alalahanin ninyo si Allah nang maraming pag-aalaala upang kayo nawa ay magtagumpay. 8:46. Sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo at huwag magtalu-talo dahil kayo ay masisiraan ng loob at manghihina. Maging mga matiisin. Tunay na si Allah ay kapiling ng mga matiisin. 8:47. Huwag maging katulad ng mga lumabas mula sa kanilang mga bahay na mayayabang, upang magpakitang-tao at humaharang sa landas ni Allah. Si Allah sa kanilang mga gawain Nakaaarok.

8:48. Nang pinaganda para sa kanila ni Satanas ang kanilang mga gawain at nagsabing, ‘Walang makatatalo sa inyo sa araw na ito na sinumang tao, tunay na ako ay tagapag-ingat ninyo.’ Ngunit nang nagkita na ang dalawang hukbo ay tumakas ito at nagsabing, ‘Tunay na wala akong kinalaman sa inyo. Tunay na nakikita ko ang hindi

ninyo nakikita. Tunay na kinatatakutan ko si Allah. Si Allah ay malupit magparusa.' 8:49. Nang sinabi ng mga nagpapanggap na Muslim at yaong may sakit ang kanilang mga puso, 'Iniligaw sila ng kanilang relihiyon.' Sinumang manalig kay Allah ay tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

8:50. Kung makikita lamang ninyo kapag kinuha ng mga anghel ang kaluluwa ng mga hindi nanampalataya. Sila ay humahampas sa mga mukha at likuran ng mga hindi nanampalataya na nagsasabing, 'Tikman ninyo ang parusa ng matinding apoy. 8:51. Yaon ay dahil sa nakamit ng inyong mga kamay. Si Allah ay hindi mapang-api sa Kanyang mga alipin.' 8:52. Ang gawain nila ay tulad ng kay Paraon at mga nauna sa kanila. Sila ay hindi nanampalataya sa mga tanda ni Allah at sila ay pinarusahan ni Allah sa kanilang mga kasalanan. Tunay na si Allah ay Malakas at matindi magparusa. 8:53. Yaon ay dahil si Allah ay hindi magbabago sa Kanyang biyaya na ibinigay Niya sa anumang nasyon liban na lamang na baguhin muna nila ang kanilang mga sarili. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 8:54. Ang gawain nila ay tulad ng kay Paraon at mga nauna sa kanila. Sila ay nagpasinungaling sa mga tanda ni Allah kaya winasak Namin sila dahil sa kanilang mga kasalanan at nilunod Namin ang nasyon ni Paraon. Silang lahat ay mga makasalanan.

8:55.Tunay na ang pinakamasamang nilalang sa paningin ni Allah ay yaong mga hindi nanampalataya at hindi sila naniniwala. 8:56. Silang mga nakipagkasunduan sa inyo na mga Hudyo ngunit binabali nila ito sa lahat ng pagkakataon at hindi sila natatakot kay Allah. 8:57. Kung nakaharap mo sila sa labanan ay parusahan mo sa pamamagitan nila ang nasa likuran nila upang sila ay magkawatak-watak at makaalala at hindi na umulit sa panlilinlang nila. 8:58. Kung kinatatakutan mo sa mga tao ang panlilinlang ay isauli mo sa kanila ang kanilang kasunduan upang maging patas kayo. Hindi minamahal ni Allah ang mga mapanlinlang.

8:59. Huwag akalain ng mga hindi nanampalataya na makatatakas sila. Tunay na sila ay hindi bibigo kay Allah. 8:60. Ihanda ninyo sa kanila ang anumang kaya ninyong ihandang lakas at kabayong pandigma na sa pamamagitan nito ay tatakutin ninyo ang kalaban ni Allah, ang kalaban ninyo at iba pa liban sa kanila na hindi ninyo nakikilala ngunit nakikilala ni Allah. Anumang gastusin ninyo sa landas ni Allah ay gagantimpalaan Niya nang buo sa inyo at hindi kayo dadayain. 8:61. Kung sila ay kikiling sa kapayapaan ay magtiwala kayo rito at manalig kay Allah. Tunay na Siya ang Nakaririnig at Nakaaalam. 8:62. Ngunit kung naisin nilang linlangin ka ay tunay na sapat na sa iyo si Allah. Siya ang nagpatatag sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang tulong at ng mga nanampalataya. 8:63. Siya ang nagbuklod sa kanilang mga puso. Kung ipangtustos mo man ang lahat ng nasa lupa ay hindi mo mapaglalapit ang kanilang mga puso bagkus si Allah ang nagbuklod sa mga ito. Tunay na Siya ay Makapangyarihan at Maalam.

8:64. O Propeta, sapat na para sa iyo si Allah at ang mga sumunod sa iyong mga mananampalataya. 8:65. O Propeta, himukin mo ang mga mananampalataya tungo sa pakikibaka. Kung mayroong dalawampu sa inyo na matiisin ay magagapi nito ang dalawang daan. Kung mayroong isang daan sa inyo ay magagapi nito ang isang libong hindi nanampalataya dahil sila ay mga taong hindi nakauunawa. 8:66. Ngayon ay pinagaan ni Allah para sa inyo ang pasanin ninyo at nalaman Niya na mayroon sa inyong kahinaan. Kaya kung magkaroon sa inyong isang daang matiisin ay magagapi nila ang dalawang daan. Kung mayroon sa inyong isang libo ay magagapi nito ang dalawang libo sa pahintulot ni Allah. Si Allah ay kapiling ng mga matiisin.

8:67. Hindi marapat sa propeta na magkaroon ng mga bihag hanggang sa makapaslang muna ng maraming kalaban sa lupa. Ninanais ninyo ang mga makamundong bagay sa lupa sa pamamagitan ng mga

pantubos sa mga bihag matapos ang Labanan sa Badr samantalang ang gusto ni Allah para sa inyo ay ang Kabilang-buhay. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 8:68. Kung hindi lamang dahil sa nauna nang naitakda mula kay Allah ay dumating na sa inyo dahil sa inyong ginawa ang matinding parusa. 8:69. Kaya kumain kayo mula sa nakolekta ninyong pinahihintulutang kulimbat sa labanan na pinahintulutan at mabuti. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

8:70. O Propeta, sabihin mo sa sinumang hawak ninyo na mga bihag, 'Kung nalalaman lamang ni Allah na sa mga puso ninyo ay may kabutihan ay bibigyan Niya kayo ng mas mainam pa sa kinuha sa inyo at patatawarin Niya kayo. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.' 8:71. Kung nanaisin nila na linlangin ka ay nilinlang na nila si Allah noon pa at tinulungan ka na Niya laban sa kanila. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 8:72. Tunay na ang mga nanampalataya, lumikas at nakibaka sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at mga sarili sa landas ni Allah at silang mga nagpasilong at tumulong – sila ay kakampi ng isat isa. Ngunit yaong mga nanampalataya at hindi lumikas ay wala kayong pananagutan sa kanila hanggang sa sila ay lumikas. Kung sila ay hihingi ng tulong sa inyo sa relihiyon ay marapat sa inyo ang tumulong liban na lamang na laban sa mga tao na mayroon kayong kasunduan. Si Allah sa inyong mga gawain ay Nakakakita. 8:73. Ang mga hindi nanampalataya, sila ay kakampi ng isat isa. Kung hindi kayo magkakaisa ay magkakaroon ng kasamaan sa lupa at malaking kasiraan. 8:74. Ang mga nanampalataya, lumikas at nakibaka sa landas ni Allah at ang mga nagpasilong at tumulong ay sila yaong mga mananampalatayang tunay. Para sa kanila ang kapatawaran at masaganang biyaya. 8:75. Yaong mga nanampalataya matapos ang unang paglikas, lumikas at lumaban kasama ninyo – sila ay kabilang sa inyo. Ngunit ang mga kamag-anak ay mas marapat sa pagpapamana sa pagtatakda ni Allah. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay nakaaalam.

9.SURATUT TAWBAH (ANG PAGBABALIK-LOOB)

9:1. Pagpapabatid ng kawalang kinalaman ni Allah at ng Kanyang Sugo sa mga taong nakipagkasunduan kayo sa kanila noon na kabilang sa mga nagtatambal kay Allah. 9:2. Maglakbay kayong mga hindi nanampalataya ng apat na buwan at alamin ninyo na hindi ninyo kayang biguin si Allah. Si Allah ay magpapahiya sa mga hindi nanampalataya. 9:3. Ito ay pagpapahayag mula kay Allah at Kanyang Sugo sa mga tao sa araw ng malaking Peregrinasyon sa Makkah na si Allah ay walang kinalaman sa mga nagtatambal kay Allah gayundin ang Kanyang Sugo. Kung kayo ay magbabalik-loob ay mainam ito para sa inyo at kung kayo ay tatalikod ay alamin ninyo na hindi kayo bibigo kay Allah. Balitaan mo ang mga hindi nanampalataya ng masakit na parusa. 9:4. Liban na lamang doon sa mga nakipagkasunduan kayo na kabilang sa mga nagtatambal kay Allah at hindi sila nagkulang sa inyo ng anuman o tinulungan ang sinuman laban sa inyo. Kumpletuhin ninyo ang kasunduan sa kanila hanggang sa ito ay matapos. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa matutuwid.

9:5. Kapag lumipas na ang mga banal na buwan ay patayin ninyo ang mga nagtatambal kay Allah na kayo ay may digmaan laban sa kanila saan man ninyo sila makita. Hulihin sila, kubkubin at abangan sila sa lahat ng lugar ng pananambang. Ngunit kung sila ay magbalik-loob, magtaguyod ng obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa ay hayaan ninyo sila sa kanilang landas. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 9:6. Ngunit kung ang sinuman sa mga nagtatambal kay Allah ay magpapakupkop sa inyo ay proteksiyunan mo siya hanggang sa makarinig siya ng salita ni Allah. Dalhin mo siya sa ligtas na lugar dahil sila ay mga taong hindi nakaaalam.

9:7. Paanong magkakaroon ang mga nagtambal kay Allah ng kasunduan sa Kanya at sa Kanyang Sugo liban na lamang sa mga nakipag

kasunduan sa inyo sa Masjidul Haram? Habang sila ay matuwid sa inyo ay maging matuwid kayo sa kanila. Tunay na minamahal ni Allah ang mga may takot sa Kanya. 9:8. Paanong kapag sila ay nangibabaw sa inyo ay hindi nila iginagalang ang pagkakamag-anakan o proteksyon. Kayo ay pinasasaya ng kanilang mga bibig ngunit ang kanilang mga puso ay tumatanggi at ang karamihan sa kanila ay mga suwail. 9:9. Ipinagbili nila ang mga talata ni Allah sa murang halaga at itinaboy ang mga tao mula sa Kanyang landas. Tunay na napakasama ng kanilang mga gawain. 9:10. Hindi nila iginagalang ang anumang kasunduan sa nanampalataya o anumang pagkakakamag-anakan o proteksyon. Sila ang mga suwail. 9:11. Ngunit kung sila ay magbalik-loob, magtaguyod ng obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa ay kapatid ninyo sila sa relihiyon. Nililinaw Namin ang mga talata para sa mga nakaaalam.

9:12. Kung sila naman ay babali sa kanilang sinumpaan matapos ang kanilang kasunduan at hinamak ang inyong relihiyon ay labanan ninyo ang mga pinuno ng kawalang pananampalataya. Tunay na wala nang saysay ang sinumpaan nilang kasunduan upang sila nawa ay tumigil. 9:13. Hindi ba ninyo lalabanan ang mga tao na bumali sa kanilang sinumpaan at nanindigan na palayasin ang Sugo at silang mga unang lumusob sa inyo? Natatakot ba kayo sa kanila? Si Allah ang mas karapat-dapat na katakutan ninyo kung kayo ay mga nanampalataya. 9:14. Labanan ninyo sila at parurusahan sila ni Allah sa pamamagitan ng inyong mga kamay. Hahamakin Niya sila at pagtatagumpayin kayo sa kanila at gagawing kuntento ang dibdib ng mga nanampalataya. 9:15. At upang alisin Niya ang poot sa puso ng mga nanampalataya. Tinatanggap ni Allah ang pagbabalik-loob ng sinumang Kanyang naisin. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam.

9:16. Iniisip ba ninyo na kayo ay iiwan na lamang na hindi muna makilala ni Allah ang nakibaka na kabilang sa inyo at hindi nagturing

sa iba pa liban kay Allah, sa Kanyang Sugo at sa mga nanampalataya bilang mga kaagapay. Si Allah ay Nakababatid ng inyong mga ginagawa.

9:17. Hindi marapat para sa mga nagtambal kay Allah na magtayo ng mga Masjid ni Allah habang sila ay saksi sa kanilang mga sarili sa kawalan ng pananampalataya. Sila ang mawawalan ng saysay ang kanilang mga gawa at sa apoy ay mananatili sila habang-panahon. 9:18. Ang pagtataguyod sa mga Masjid ni Allah ay para lamang sa mga nanampalataya kay Allah at Kabilang-buhay, nagtaguyod ng obligadong pagdarasal, nagbayad ng obligadong kawanggawa at hindi natatakot liban kay Allah. Maaaring sila yaong mga kabilang sa nagabayan. 9:19. Ginawa ba ninyo ang pagpapainom sa mga Peregrino sa Makkah at pagpapanatili sa Masjidul Haram na katumbas sa gawa ng mga nanampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nakibaka sa landas ni Allah? Ang mga ito ay hindi magkatulad para kay Allah. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga mapang-api. 9:20. Ang mga nanampalataya, lumikas at nakibaka sa landas ni Allah sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at mga sarili ay nasa pinakamataas na antas para kay Allah. Sila ang mga matagumpay. 9:21. Binalitaan sila ng kanilang Panginoon ng habag mula sa Kanya at kaluguran at Paraisong mananatili ang kaligayahan nila rito. 9:22. Mananatili sila rito habang-panahon. Tunay na si Allah ay may tangan ng dakilang gantimpala.

9:23. O mga nanampalataya huwag ninyong kunin ang inyong mga ninuno at mga kapatid bilang mga kakampi kung higit nilang minahal ang hindi pananampalataya kaysa sa pananampalataya. Sinuman sa inyo na kumuha sa kanila bilang kakampi, sila ay kabilang sa mga makasalanan. 9:24. Sabihin O Muhammad, ‘Kung ang inyong mga ninuno, mga anak, mga kapatid, mga asawa, mga kamag-anak, kayamanang naipon, negosyo na kinatatakutan ninyong malugi at mga bahay na kinalulugdan ninyo ay mas mahal ninyo kaysa kay

Allah at sa Kanyang Sugo at pakikibaka sa Kanyang landas - ay maghintay kayo hanggang sa ipatupad ni Allah ang Kanyang utos. Hindi ginagabayan ni Allah ang mga suwail.'

9:25. Pinagtagumpay kayo ni Allah sa maraming lugar at kahit sa araw ng Labanan sa Hunayn nang natuwa kayo sa dami ninyo ngunit hindi ito nakatulong sa inyo ng kahit na ano at sumikip sa inyo ang lupa sa kabila ng laki nito at kayo ay tumakas paatras. 9:26. At ibinaba ni Allah ang Kanyang kapanatagan sa Kanyang Sugo at mga nanampalataya at nagbaba ng hukbo na hindi ninyo nakita at pinarusahan Niya ang mga hindi nanampalataya. Yaon ang gantimpala ng mga hindi nanampalataya. 9:27. Pagkatapos nito ay tatanggapin ni Allah ang pagbabalik-loob ng sinumang Kanyang naisin. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 9:28. O mga nanampalataya, ang mga nagtatambal kay Allah ay mararumi lamang at hindi sila marapat na lumapit sa Masjidul Haram matapos ang taon nilang ito. At kung natatakot kayo na mahirapan sa ekonomiya ay pagyayamanin kayo ni Allah mula sa Kanyang biyaya kung nanaisin Niya. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 9:29. Labanan ninyo yaong mga hindi nananampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay at hindi nagbabawal sa ipinagbawal ni Allah at ng Kanyang Sugo at hindi sumusunod sa relihiyon ng katotohanan na kabilang sa mga Angkan ng Kasulatan - hanggang sa sila ay magbayad ng buwis nang kusang-loob at sila ay hinahamak. 9:30. Sinabi ng mga Hudyo, 'Si Ezra ay anak ni Allah.' Ang mga Kristiyano ay nagsasabing, 'Ang Messiah ay anak ni Allah.' Yaon ay salita nila sa kanilang mga bibig. Ginagaya nila ang sinabi ng mga hindi nanampalataya na nauna. Wasakin nawa sila ni Allah dahil sa kanilang mga inimbento.

9:31. Itinuring nila ang kanilang mga pari at mga monghe bilang mga panginoon liban pa kay Allah at gayundin ang Messiah na anak ni Maria. Hindi sila pinag-utusan liban na lamang na sumamba sa nag-iisang Diyos. Walang diyos na marapat sambahin liban sa

Kanya. Maluwalhati Siya mula sa kanilang mga itinatambal.

9:32. Ninanais nila na apulahin ang liwanag ni Allah sa pamamagitan ng kanilang mga bibig. Tatanggihan ito ni Allah at gagawing ganap ang Kanyang liwanag kahit pa kamuhian ito ng mga hindi nanampalataya.

9:33. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo dala ang gabay at tunay na relihiyon upang pangibabawin ito sa lahat ng relihiyon kahit pa kamuhian ito ng mga nagtatambal.

9:34. O mga nanampalataya tunay na ang karamihan sa maaalam at namumuno sa relihiyon ng Angkan ng Kasulatan ay nangangamkam ng kayamanan ng mga tao nang walang katarungan at humaharang sa landas ni Allah. Silang mga nag-iimpok ng ginto at pilak ngunit hindi ito itinutustos sa landas ni Allah ay balitaan mo ng masakit na parusa. 9:35. Sa Araw na ang mga ito ay paiinitin sa apoy ng Impiyerno at papasuin nito ang kanilang mga noo, tagiliran at likuran. Sasabihin sa kanila, 'Ito ang mga kinamkam ninyo para sa inyong mga sarili kaya tikman ninyo ang inyong mga kinamkam.'

9:36. Tunay na ang bilang ng mga buwan para kay Allah ay labing dalawang buwan sa talaan ni Allah mula sa araw na nilikha Niya ang kalangitan at lupa at mula rito ay apat ang banal. Yaon ang matuwid na relihiyon kaya huwag ninyong linlangin dito ang inyong mga sarili. Labanan ninyo ang mga nagtatambal kay Allah nang sama-sama tulad ng paglaban nila sa inyo nang sama-sama. Alamin ninyo na si Allah ay kapiling ng mga may takot sa Kanya. 9:37. Ang pagpapaliban ng pagbabawal sa pakikibaka sa mga banal na buwan ay dagdag lamang sa kawalang pananampalataya na naliligaw sa pamamagitan nito ang mga hindi nanampalataya. Ipinahihintulot nila ito sa isang taon at ipinagbabawal sa isa pang taon upang maging katumbas sa bilang ng mga ipinagbawal

ni Allah kaya ipinahintulot nila ang ipinagbawal na ni Allah. Ginawang kalugod-lugod sa kanila ang kasamaan ng kanilang mga gawa. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga hindi nanampalataya.

9:38. O mga nanampalataya, ano'ng nangyari sa inyo na kapag inutusan kayo na makibaka sa landas ni Allah ay kumakapit kayo sa lupa? Kuntento na ba kayo sa buhay dito sa mundo kaysa sa Kabilang-buhay? Paano maihahambing ang kaligayahan sa mundong ito sa Kabilang-buhay liban na lamang sa kakaunti. 9:39. Kung hindi kayo hahayo ay parurusahan Niya kayo ng masakit na parusa at papalitan kayo ng ibang tao at hindi ninyo Siya mapipinsala ng kahit anuman. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 9:40. Kung hindi ninyo tutulungan ang Propeta sa pakikibaka ay tinulungan na siya ni Allah nang siya ay pinalayas ng mga hindi nanampalataya mula sa Makkah. Nang ang dalawang magkasama, sina Propeta Muhammad at Abu Bakr ay nasa kuweba at sinabi ni Propeta Muhammad sa kanyang kasama, 'Huwag kang malungkot. Tunay na si Allah ay kapiling natin.' Si Allah ay nagbaba ng Kanyang kapanatagan sa kanya at tinulungan siya sa pamamagitan ng hukbo na hindi ninyo nakita at ginawa Niya ang salita ng mga hindi nanampalataya na pinakamababa habang ang salita ni Allah ang pinakamataas. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

9:41. Humayo kayo nang magaan o mabigat at makibaka sa pamamagitan ng inyong mga salapi at mga sarili sa landas ni Allah. Yaon ay mas mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman. 9:42. Kung yaon ay madaling makamit o maikling paglalakbay ay sumunod ang mga nagpapanggap na Muslim sa iyo subalit ang paglalakbay ay naging malayo para sa kanila. Sila ay manunumpa sa ngalan ni Allah, 'Kung kaya lamang namin ay humayo kami kasama ninyo' na winawasak nila ang kanilang mga sarili. Si Allah ay nakaaalam na tunay na sila ay mga sinungaling. 9:43. Patawarin ka nawa ni Allah O Muhammad, bakit mo sila

pinahintulutan na maiwan hanggang sa maging malinaw sa iyo ang mga naging makatotohanan at makilala mo ang mga sinungaling? 9:44. Hindi hihingi ng paumanhin sa iyo ang mga nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw upang sila ay hindi makibaka sa pamamagitan ng kanilang mga salapi at mga sarili. Si Allah ay nakakakilala sa matutuwid. 9:45. Ang mga manghihingi ng paumanhin sa iyo ay yaon lamang mga hindi nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw at yaong mga nagduda ang kanilang mga puso at dahil sa kanilang pagdududa ay nag-atubili. 9:46. Kung ninais man nila na humayo ay naghanda sana sila. Ngunit kinamuhian ni Allah ang pagpapadala sa kanila kaya pinanatili Niya sila at sinabi, 'Manatili kayo kasama ng mga nagpaiwan.'

9:47. Kung sila man ay hahayo kasama ninyo ay hindi nila kayo madaragdagan liban na lamang sa kalituhan at hindi sila magdudulot sa inyo ng anuman liban pa sa kaguluhan. Kabilang sa inyo ang ilang mga nakikinig sa kanila. Si Allah ay nakakakilala sa mga makasalanan. 9:48. Ninais na nila ang kaguluhan noon pa at binaligtad ang mga bagay para sa inyo hanggang sa dumating ang katotohanan at mangibabaw ang utos ni Allah at sila ay namumuhi.

9:49. Kabilang sa kanila ay yaong nagsasabing, 'Pahintulutan mo ako na manatili at huwag mo akong ilagay sa pagsubok.' Walang duda na sa tukso sila ay nalugmok. Tunay na ang Impiyerno ay nakapalibot sa mga hindi nanampalataya. 9:50. Kapag dumating sa iyo ang kabutihan ay ikinalulungkot nila ito at kapag dumating sa iyo ang sakuna ay sasabihin nila, 'Pinagplanuhan muna namin ang mga bagay-bagay.' At sila ay tatalikod na nagbubunyi. 9:51. Sabihin O Muhammad, 'Hindi kami daratnan ng anuman liban na lamang sa itinakda ni Allah para sa amin at Siya ang aming tagapag-ingat.' Kay Allah marapat na manalig ang mga mananampalataya. 9:52. Sabihin, 'Hinihintay ba ninyo para sa amin ang isa sa dalawang mabubuting bagay; ang mamatay sa landas ni Allah o magtagumpay sa

labanan - habang kami ay naghihintay na parusahan kayo ni Allah ng parusang mula sa Kanya o mula sa aming mga kamay? Kaya maghintay kayo, tunay na kami ay kasama ninyong naghihintay.'

9:53. Sabihin, 'Magtustos man kayo nang kusang-loob o sapilitan ay hindi ito tatanggapin mula sa inyo. Tunay na kayo ay mga suwail.' 9:54. Walang pumipigil na matanggap mula sa kanila ang kanilang mga pagtustos liban na lamang na dahil sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo at hindi sila tumutungo sa obligadong pagdarasal liban na lamang na sila ay mga tamad at hindi sila nagtutustos liban na lamang na sila ay mga namumuhi rito. 9:55. Kaya huwag kang mabighani sa kanilang mga kayamanan at mga anak. Ninanais lamang ni Allah na parusahan sila sa pamamagitan ng mga ito sa buhay na ito at upang ang kanilang mga kaluluwa ay iwan sila na sila ay mga hindi nanampalataya. 9:56. Sila ay nanunumpa sa ngalan ni Allah na tunay na sila ay kabilang sa inyo ngunit sila ay hindi kabilang sa inyo at sila ay mga taong takot. 9:57. Kung makakakita lamang sila ng masisilungan o mga kuweba o anumang pagtataguan ay tutungo sila rito habang kumakaripas ng takbo.

9:58. Kabilang sa kanila ay yaong mga pumupuna sa iyo sa pamimigay ng kawanggawa. Kung sila ay bibigyan mula rito ay nalulugod sila at kung hindi sila mabigyan ay nagagalit sila. 9:59. Kung nalugod lamang sana sila sa ibinigay ni Allah at ng Kanyang sugo at nagsabing, 'Sapat na para sa amin si Allah at si Allah ay magbibiyaya sa amin gayundin ang Kanyang Sugo, tunay na tungo kay Allah ang aming hangad.' 9:60. Ang obligadong kawanggawa ay para lamang sa mga dukha, mahihirap, tagakolekta nito, mga pinalalapit ang mga puso sa Islam, sa pagpapalaya ng mga alipin, tulong sa mga may utang, para sa landas ni Allah at sa naantalang manlalakbay. Ito ay obligasyon na itinakda ni Allah. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam.

9:61. Kabilang sa kanila ay yaong namiminsala sa Propeta at nagsasabing, ‘Siya ay nakikinig sa anumang sabihin sa kanya.’ Sabihin, ‘Ito ay pakikinig para sa kapakanan. Siya ay nanampalataya kay Allah at naniniwala sa mga nanampalataya at habag para sa mga nanampalataya na kabilang sa inyo.’ Silang mga naminsala sa Sugo ni Allah ay para sa kanila ang masakit na parusa. 9:62. Sila ay nanunumpa sa ngalan ni Allah sa inyong mga Muslim upang malugod kayo ngunit si Allah at ang Kanyang Sugo ang higit na karapat-dapat na malugod kung sila ay mga nanampalataya. 9:63. Hindi ba nila nalaman na sinumang tumaliwas kay Allah at sa Kanyang Sugo ay para sa kanya ang apoy ng Impiyerno at mananatili siya rito habang-panahon. Yaon ay malaking kahihiyan.

9:64. Nag-aalala ang mga nagpapanggap na mga Muslim na ibababa sa kanila ang isang kabanata na naglalahad ng nilalaman ng kanilang mga puso. Sabihin, ‘Mang-alipusta kayo, tunay na si Allah ay magsisiwalat ng inyong kinatatakutan.’ 9:65. Kung tatanungin mo sila ay tiyak na sasabihin nilang, ‘Kami ay nagkukuwento lamang at nagbibiro.’ Sabihin, ‘Si Allah ba at ang Kanyang mga talata at Kanyang Sugo ang hinahamak ninyo?’ 9:66. Huwag na kayong magpalusot. Kayo ay nawalan ng pananampalataya matapos ang inyong pananampalataya. Kung Kami ay magpapatawad sa isang grupo sa inyo ay parurusahan Namin ang isa pa dahil sa sila ay masasama.

9:67. Ang mga nagpapanggap na Muslim na mga lalaki at babae ay kabilang sa isat isa. Nag-uutos ng kasamaan at nagbabawal sa kabutihan at isinasara ang kanilang mga kamay. Kinalimutan nila si Allah kaya kinalimutan din Niya sila. Tunay na ang mga nagpapanggap na Muslim ay mga suwail. 9:68. Ipinangako ni Allah sa mga lalaki at babaeng nagpapanggap na Muslim at mga hindi nanampalataya ang apoy ng Impiyerno at mananatili sila rito habang-panahon. Ito ay sapat na para sa kanila. Isinumpa sila ni Allah at para sa kanila ang

nananatiling parusa. 9:69. Tulad ng mga nauna sa inyo na sila ay mas matindi kaysa sa inyo sa lakas at mas marami ang kanilang kayamanan at mga anak. Pinakinabangan nila ang bahagi nila sa mundo at pinakinabangan ninyo ang inyong bahagi tulad ng mga nauna sa inyo sa bahagi nila at naglibang kayo tulad ng kanilang paglilibang. Sila yaong mga nawalang-saysay ang kanilang mga gawain sa mundong ito at sa Kabilang-buhay, sila ang mga talunan. 9:70. Hindi ba dumating sa kanila ang balita tungkol sa mga nauna sa kanila, ang nasyon ni Noah, ‘Ad, Thamud, nasyon ni Abraham, mga mamamayan ng Madyan at mga bayang itinaob na nasyon ni Lot? Dumating sa kanila ang mga sugo na may malinaw na mensahe. Si Allah ay hindi mang-aapi sa kanila ngunit sila sa kanilang mga sarili ang nang-aapi.

9:71. Ang mga lalaki at babaeng mananampalataya ay kakampi ng isat isa. Nag-uutos ng kabutihan at nagbabawal sa kasamaan, nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at sumusunod kay Allah at sa Kanyang Sugo. Sila ang mga kahahabagan ni Allah. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 9:72. Pinangakuan ni Allah ang mga mananampalatayang lalaki at babae ng mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon. Sa maiinam na tahanan sa harding panghabang-panahon. Ang kaluguran ni Allah ay mas dakila. Yaon ang dakilang tagumpay.

9:73. O Propeta, labanan mo ang mga hindi nanampalataya sa panahon ng digmaan sa pamamagitan ng sandata at ang mga nagpapanggap na Muslim sa pamamagitan ng katotohanan. Maging malupit ka sa kanila. Ang kanilang tahanan ay ang Impiyerno at napakasamang hantungan nito. 9:74. Ang mga nagpapanggap na Muslim ay nanunumpa sa ngalan ni Allah na hindi sila nagsabi ng anumang laban sa Propeta samantalang sinabi nila ang mga salita ng kawalang pananampalataya matapos ang pagpasok nila sa Islam at

nagplano ng bagay na hindi nila nakamit. Hindi sila namuhi sa mga nanampalataya liban na lamang dahil sa pinagyaman sila ni Allah gayundin ang Kanyang Sugo mula sa Kanyang biyaya. Kung sila ay magbabalik-loob ay mainam ito para sa kanila ngunit kung sila ay tatalikod ay parurusahan sila ni Allah ng masakit na parusa sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. Wala silang matatagpuan sa lupa na kakampi o tagapagtanggol.

9:75. Kabilang sa kanila ay yaong mga nakipagtipanan kay Allah na nagsasabing, 'Kung bibigyan Niya kami mula sa Kanyang biyaya ay magkakawanggawa kami at kami ay tiyak na magiging kabilang sa matutuwid.' 9:76. Ngunit nang nagbigay Siya mula sa Kanyang biyaya ay nagdamot sila at tumalikod na mga tumatanggi. 9:77. Kaya pinarusahan Niya sila ng pagkukunwari sa kanilang mga puso hanggang sa araw na makatatagpo nila Siya dahil sa pagbigo nila kay Allah sa kanilang mga pangako sa Kanya at sa kanilang pagsisinungaling. 9:78. Hindi ba nila nalaman na alam ni Allah ang kanilang mga lihim at lihim nilang pag-uusap at si Allah ang nakaaalam ng mga nalilingid?

9:79. Yaong mga humahamak sa mga mananampalatayang boluntaryong nag-aambag ng kawanggawa at mga walang maipangtustos liban pa sa kanilang mga pagsisikap at silang sa kanila ay natatawa - hahamakin din sila ni Allah at para sa kanila ang masakit na parusa. 9:80. Humingi ka man ng tawad para sa kanila o hindi ka humingi ng tawad para sa kanila. Humingi ka man ng tawad para sa kanila ng pitumpung ulit ay hindi sila patatawarin ni Allah. Yaon ay dahil sa sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga taong suwail.

9:81. Nagbunyi yaong mga nagpaiwan sa kanilang mga tahanan matapos lumisan ang Sugo ni Allah at namuhi na makibaka sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at kanilang mga sarili sa landas

ni Allah at nagsabing, ‘Huwag kayong humayo sa tag-init.’ Sabihin, ‘Ang Impiyerno ay mas mainit.’ Kung sila lamang ay nakauunawa. 9:82. Hayaan ninyo silang tumawa nang kaunti dahil iiyak sila nang marami bilang gantimpala sa kanilang mga nakamit. 9:83. Kung ikaw ay ibabalik ni Allah sa isang grupo nila at humingi sila ng pahintulot sa iyo na sumama ay sabihing, ‘Hindi kayo makasasama sa akin kahit kailan at hindi kayo makikibaka kasama ko laban sa kaaway. Tunay na kayo ay nalugod sa pananatili ninyo sa unang pagkakataon pa lamang kaya manatili kayo kasama ng mga nagpaiwan.’ 9:84. Huwag kang magdasal O Muhammad para sa sinumang namatay sa kanila kahit kailan o kaya ay tumayo sa kanyang libingan. Tunay na sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo at namatay na mga suwail.

9:85. Huwag kang mabighani sa kanilang mga kayamanan at mga anak. Nais lamang ni Allah na parusahan sila sa pamamagitan ng mga ito sa mundong ito at upang ang kanilang mga kaluluwa ay lumisan na sila ay mga hindi nanampalataya. 9:86. Kapag ipinahayag ang isang kabanata na nag-uutos sa kanila na maniwala kay Allah at makibaka kasama ang Kanyang Sugo ay hihingi ng pahintulot ang mayayaman sa kanila na manatili at magsasabing, ‘Hayaan mo kaming manatili kasama ng mga nagpaiwan.’ 9:87. Sila ay kuntento na kasama ang mga nagpaiwan at tinakpan na ang kanilang mga puso at sila ay hindi nakauunawa. 9:88. Ngunit ang Sugo at ang mga nanampalataya kasama niya ay nakibaka sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at mga sarili. Para sa kanila ang kabutihan. Sila ang mga matagumpay. 9:89. Inihanda ni Allah para sa kanila ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananahan sila rito habang-panahon. Yaon ang malaking tagumpay.

9:90. Dumating ang mga nagpapalusot na mga taong disyerto upang pahintulutan sila na magpaiwan din at nanatili ang mga nagsinungaling kay Allah at sa Kanyang Sugo. Ang mga hindi nanampalataya na

kabilang sa kanila ay magkakamit ng masakit na parusa. 9:91. Walang kasalanan para sa mga nagpaiwan na mahihina, mga maysakit, o mga walang panustos kung sila ay matapat kay Allah at sa Kanyang Sugo. Ang mababuti ay walang paninisi sa kanila. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 9:92. Wala ring kasalanan yaong mga dumating upang bigyan mo ng masasakyan at sinabi mong, 'Wala akong natagpuang masasakyan ninyo.' Sila ay tumalikod habang lumuluha ang kanilang mga mata sa kalungkutan na wala silang panggastos sa landas ni Allah. 9:93. Ang paninisi ay para lamang sa mga humingi ng pahintulot sa iyo O Muhammad samantalang sila ay mayayaman. Sila ay nalugod na mapabilang sa mga nagpaiwan at tinakpan ni Allah ang kanilang mga puso kaya hindi sila nakaaalam.

9:94. Sila ay magpapalusot sa inyo kapag bumalik kayo sa kanila. Sabihin, 'Huwag magpalusot dahil hindi kami maniniwala sa inyo. Ipinabatid na sa amin ni Allah ang balita tungkol sa inyo. Makikita ni Allah ang inyong gawain at gayundin ang Kanyang Sugo at kayo ay ibabalik sa Nakaaalam ng mga nalilingid at hayag at ipaaalam Niya sa inyo ang inyong mga ginagawa.' 9:95. Sila ay manunumpa sa inyo sa ngalan ni Allah kapag bumalik kayo sa kanila upang hayaan ninyo sila. Kaya hayaan ninyo sila. Tunay na sila ay masama at ang tahanan nila ay ang Impiyerno bilang gantimpala sa kanilang mga nakamit. 9:96. Sila ay nanunumpa sa inyo upang kayo ay malugod sa kanila. Kung kayo ay malulugod sa kanila ay tunay na si Allah ay hindi nalulugod sa mga makasalanan.

9:97. Ang mga taong disyerto ay pinakamatindi sa kawalang pananampalataya at pagka-ipokrito at mas malamang na hindi nakaaalam sa mga hangganan ng mga batas ni Allah na ipinahayag sa Kanyang Sugo. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 9:98. Kabilang sa mga taong disyerto ay yaong mga nagtuturing sa kanilang mga ginugol para kay Allah bilang kawalan at naghihintay ng kapahamakan para

sa inyo. Para sa kanila ang kapahamakan. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam.

9:99. Kabilang sa mga taong disyerto ay ilang mga nanampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nagtuturing sa mga ginugol nila bilang pagpapalapit kay Allah at upang manalangin ang Sugo para sa kanila. Walang duda na ito ay pagpapalapit para sa kanila. Ipapasok sila ni Allah sa Kanyang habag. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

9:100. Ang mga nauna sa pananampalataya na kabilang sa Muhajirun na mga lumikas mula sa Makkah patungong Madinah at Ansar na mga taga-Madinah at ang mga sumunod sa kanila sa kabutihan ay kinalugdan ni Allah at sila ay nalugod sa Kanya at inihanda Niya para sa kanila ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog na kung saan ay mananahan sila habang-panahon. Yaon ang malaking tagumpay. 9:101. Kabilang sa mga nasa paligid ninyo na mga taong disyerto ay mga nagpapanggap na Muslim at gayundin mula sa mga taga-Madinah. Sila ay nasanay na sa pagpapanggap na sila ay mga Muslim. Ikaw Muhammad ay hindi nakakakilala sa kanila ngunit nakikilala Namin sila. Parurusahan Namin sila ng doble at sila ay ibabalik sa malaking parusa.

9:102. Ang ilan sa kanila ay umaamin sa kanilang mga kasalanan. Hinaluan nila ang kanilang mabubuting gawa ng masama. Maaaring si Allah ay tatanggap sa pagbabalik-loob nila. Tunay na si Allah Mapagpatawad at Mahabagin. 9:103. Kunin mo O Muhammad mula sa kanilang mga yaman ang kawanggawa na magdadalisay sa kanila at magdaragdag sa kanila ng kabutihan. Manalangin ka para sa kanila. Tunay na ang iyong panalangin ay kapanatagan para sa kanila. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam. 9:104. Hindi ba nila nalaman na si Allah ang tumatanggap ng pagbabalik-loob mula sa Kanyang mga alipin, tumatanggap ng mga kawanggawa at si Allah

ang Mapagpatawad at ang Mahabagin. 9:105. Sabihin, ‘Gawin ninyo ang nais ninyo dahil makikita ni Allah ang inyong mga gawain gayundin ang Kanyang Sugo at ang mga nanampalataya. Kayo ay ibabalik sa Nakaaalam ng nalilingid at hayag at ipaaalam Niya sa inyo ang inyong mga ginagawa.’ 9:106. Ang ilan naman ay pinalugitan hanggang sa dumating ang utos ni Allah kung parurusahan ba sila o tatanggapin ang kanilang pagbabalik-loob. Si Allah ang Nakaaalam at Maalam.

9:107. Yaong mga nagturing para sa kanilang mga sarili ng isang Masjid upang maminsala at maghasik ng kawalang pananampalataya at pagkakawatak-watak sa mga nanampalataya at bilang himpilan ng sinumang nakipagdigma laban kay Allah at sa Kanyang Sugo noon pa. Sila ay nanunumpa, ‘Ang hinangad lamang namin ay kabutihan.’ Si Allah ay sumasaksi na sila ay mga sinungaling. 9:108. Huwag kang magtaguyod ng obligadong pagdarasal dito kahit kailan. Ang Masjid na itinatag sa kabutihan sa simula pa lamang ay mas karapat-dapat na pagsagawan mo ng obligadong pagdarasal. Naririto ay ang mga taong nagnanais na magpadalisay. Minamahal ni Allah ang mga nagpapadalisay. 9:109. Ang siyang nagtayo ng kanyang gusali dahil sa takot kay Allah at kaluguran Niya ay mas mainam ba o ang nagtayo ng kanyang gusali sa dulo ng bundok na magigiba na at kapag ito ay nagiba ay isasama siya nito tungo sa apoy ng Impiyerno? Hindi ginagabayan ni Allah ang mga makasalanan. 9:110. Ang gusaling kanilang itinayo ay patuloy na magdudulot ng pagdududa sa kanilang mga puso hanggang sa tumigil ang kanilang mga puso. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam.

9:111. Tunay na si Allah ay bumili sa mga mananampalataya sa kanilang buhay at ari-arian na ang kapalit nito para sa kanila ay Paraiso. Nakikibaka sila sa landas ni Allah kaya sila ay pumapatay at napapatay sa labanan sa pakikibaka sa landas ni Allah. Pangako Niyang totoo sa Torah, Ebanghelyo at Quran. Sino pa ba ang higit na

matapat sa pangako liban kay Allah. Tanggapin ninyo ang magandang balita ng pagbebenta ninyo. Ito ang dakilang tagumpay. 9:112. Ang mga nagbabalik-loob, mga sumasamba, mga pumupuri kay Allah, mga naglalakbay para sa Kanya, mga nakayukod, mga nakapatirapa, mga nag-uutos ng kabutihan at nagbabawal sa kasamaan at mga hindi lumalampas sa mga hangganan ni Allah. Bigyan mo ng magandang balita ang mga nanampalataya.

9:113. Hindi marapat para sa Propeta at mga nanampalataya ang humingi ng tawad para sa mga nagtatambal kay Allah kahit pa sila ay malalapit na kamag-anak matapos na maging malinaw na sila ay mga mananahan sa Impiyerno. 9:114. Ang paghingi ng tawad ni Abraham para sa kanyang ama ay dahil sa pangako niya sa kanya ngunit nang naging malinaw sa kanya na ito ay kalaban ni Allah ay itinakwil niya ito. Tunay na si Abraham ay maawain at matiisin. 9:115. Si Allah ay hindi magliligaw sa anumang nasyon na ginabayan Niya liban na lamang na nilinaw muna Niya ang dapat nilang iwasan. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Maalam. 9:116. Tunay na kay Allah ang pagmamay-ari sa kalangitan at lupa bumubuhay at bumabawi nito at wala kayong tagapagligtas o tagatulong liban kay Allah.

9:117. Tinanggap na ni Allah ang pagbabalik-loob ng Propeta at ng mga lumikas mula Makkah patunong Madinah at ng mga Muslim na taga-Madinah at mga sumunod sa kanya sa oras ng kahirapan matapos na ang puso ng ilan sa kanila ay kumiling sa pagdududa at pinatawad Niya sila. Tunay na Siya sa kanila ay Mabuti at Mahabagin. 9:118. Pinatawad Niya rin ang tatlong nagpaiwan at hindi sumama sa labanan na sina Ka`ab Ibn Malik, Hilal Ibn Umayyah, at Murarah Ibn Rabi`ah - nang halos sumikip ang lupa sa kanila sa kabila ng lawak nito at ang kanilang mga sarili ay nanikip din at naisip nilang walang masisilungan mula kay Allah kundi tungo sa Kanya. Siya ay tumanggap ng pagbabalik-loob nila upang sila ay magbalik-loob. Tunay na si Allah ang Tagatanggap ng

pagbabalik-loob at ang Mahabagin.

9:119. O mga nanampalataya katakutan ninyo si Allah at maging kabilang sa mga makatotohanan. 9:120. Hindi marapat para sa mga taga-Madinah at mga nasa paligid nila na mga taong disyerto na sila ay mananatili sa paglisan ng Sugo ni Allah o kaya ay uunahin nila ang kanilang mga sarili kaysa sa Propeta Muhammad. Ito ay dahil sa sila ay hindi nakatikim ng uhaw o pagod o gutom sa landas ni Allah o naglakbay sa anumang lupa upang galitin ang mga hindi nanampalataya o magdulot ng pinsala sa kalaban liban na lamang na ito ay itatala para sa kanila bilang mabuting gawain. Tunay na si Allah ay hindi magpapawalang-saysay sa gantimpala ng mga gumagawa ng mabuti. 9:121. Hindi sila nagtutustos ng anumang maliit man o malaki o kaya ay tumawid sa lambak liban na lamang na itinala ito para sa kanila upang si Allah ay maggantimpala sa kanila sa pinakamainam nilang mga gawain.

9:122. Hindi marapat para sa mga nanampalataya ang tumungo sa labanan nang sabay-sabay. Marapat na sa bawat grupo ay may maiwan upang mag-aral ng relihiyon at upang magbabala sa kanilang mga kasama pagbalik nila upang sila nawa ay maging maingat.

9:123. O mga nanampalataya, labanan ninyo yaong mga hindi nanampalataya na malapit sa inyo na kayo ay may digmaan sa kanila, at marapat na makita nila sa inyo ang lupit sa labanan. Alamin ninyo na si Allah ay kapiling ng matutuwid. 9:124. Tuwinang ibinababa ang isang kabanata, ang ilan sa mga nagpapanggap na mga Muslim ay nagsasabing, ‘Sino sa inyo ang pinataas nito ang pananampalataya?’ Ngunit para sa mga nanampalataya, ito ay nagpataas sa kanilang paniniwala habang sila ay nalulugod. 9:125. Ngunit yaong ang kanilang mga puso ay may sakit ay nagdagdag ito ng dumi sa kanilang karumihan. Sila ay mamamatay na mga hindi

mananampalataya. 9:126. Hindi ba nila nakikita na sila ay sinusubok taun-taon nang isa o dalawang beses ngunit sila ay hindi nagbabalik-loob at hindi nakaaalala. 9:127. Tuwinang ang isang kabanata ay ipapahayag ay tumitingin sila sa isat isa at nagsasabing, 'May nakakita ba sa inyo upang tayo ay umalis na at hindi mapahiya?' at sila ay mag-aalisan. Inilihis ni Allah ang kanilang mga puso dahil sila ay mga taong hindi nakauunawa.

9:128. Dumating sa inyo ang isang Sugo na kabilang sa inyo. Mabigat sa kanya ang inyong pagdurusa, nagmamalasakit sa inyo at sa mga nanampalataya, siya ay mabuti at mahabagin. 9: 129. Ngunit kung sila ay tatalikod O Muhammad ay sabihing, 'Sapat na si Allah para sa akin at walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Sa Kanya ako nananalig. Siya ang Panginoon ng dakilang trono.'

10. SURAH YUNUS (SI PROPETA JONAS)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

10:1. Alif Lam Ra. Ito ang mga talata ng aklat na maalam. 10:2. Ang mga tao ba ay nasa pagtataka na nagpahayag Kami sa isang taong mula sa kanila na nagsasabing, 'Babalaan mo ang sangkatauhan at magbigay ng magandang balita sa mga nanampalataya na sila ay nasa marangal na kalagayan sa kanilang Panginoon.'? Ang mga hindi nanampalataya ay magsasabing, 'Tunay na ito ay malinaw na isang salamangkero.'

10:3. Tunay na ang inyong Panginoon ay si Allah na lumikha sa kalangitan at lupa sa anim na araw at Siya ay lumuklok sa Kanyang trono. Nagsasaayos sa mga nilikha. Walang tagapamagitan sa Kanya liban na lamang sa Kanyang pahintulot. Yaon si Allah ang inyong Panginoon, sambahin ninyo Siya. Hindi ba kayo nakaaalala? 10:4. Sa Kanya ang pagbabalik ninyong lahat. Ang pangako ni Allah na totoo.

Tunay na Siya ay nagsisimula sa paglikha at nag-uulit nito upang gantimpalaan Niya yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan nang may katarungan. Ngunit yaong mga hindi nanampalataya ay para sa kanila ang inuming kumukulong tubig at parusang masakit dahil sa kanilang mga itinakwil.

10:5. Siya ang gumawa sa araw bilang liwanag at sa buwan bilang ilaw at itinakda para rito ang mga yugto nito upang malaman ninyo ang bilang ng mga taon at panahon. Hindi nilikha ni Allah ang mga ito liban na lamang sa katotohanan. Siya ang naglilinaw sa mga tanda para sa mga nakaaalam. 10:6. Tunay na sa pagpapalitan ng gabi at araw at sa anumang nilikha ni Allah sa kalangitan at lupa ay ang palatandaan para sa mga may takot kay Allah. 10:7. Tunay na yaong hindi naghahangad sa Aming pagtatagpo at nalugod sa buhay sa mundo at napanatag dito at sa Aming mga tanda ay mga walang pakialam. 10:8. Para sa kanila, ang magiging tahanan nila ay ang Impiyerno dahil sa kanilang mga nakamit. 10:9. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay gagabayan sila ng kanilang Panginoon dahil sa kanilang paniniwala. Dadaloy sa ilalim nila ang mga ilog sa mga hardin ng biyaya. 10:10. Ang panalangin nila rito ay, 'Luwalhati sa iyo O Allah.' At ang kanilang pagbati rito ay, 'Kapayapaan.' Ang huli nilang panalangin ay, 'Papuri kay Allah, Panginoon ng mga nilikha.'

10:11. Kung paaagahin man ni Allah para sa mga tao ang pagdating ng kasamaan na minamadali nila tulad ng pagpapaaga Niya ng kabutihan ay dumating na ang kanilang panahon. Kaya iniwan Namin yaong mga hindi naghahangad sa Aming pagtatagpo sa kanilang pagsuway na mga bulag at naligaw. 10:12. Tuwinang dadapo sa tao ang kasamaan ay nananalangin siya sa Amin na nakahiga sa kanyang tagiliran, nakaupo o nakatayo, ngunit kapag inalis na Namin ang pinsala sa kanya ay nagpapatuloy siya sa pagsuway na tila siya ay hindi nanalangin sa Amin sa panganib na dumating sa kanya. Ganito

pinaganda para sa mga suwail ang kanilang mga ginagawa.

10:13. Winasak Namin ang ilang henerasyon na nauna sa inyo nang sila ay nagkasala. Dumating sa kanila ang mga sugo na may malilinaw na tanda ngunit hindi nila ito pinaniwalaan. Ganito Namin ginagantimpalaan ang mga makasalanan. 10:14. Ginawa Namin kayong mga tagapagmana sa lupa pagkatapos nila upang makita Namin ang inyong gagawin.

10:15. Tuwinang binabasa sa kanila ang Aming malilinaw na talata ay sinasabi ng mga hindi naghahangad ng Aming pagtatagpo, 'Bigyan mo kami ng iba pang Quran liban dito o baguhin mo ito.' Sabihin, 'Hindi marapat sa akin na ito ay aking baguhin sa sarili kong kagustuhan. Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin. Tunay na kung susuwayin ko ang Aking Panginoon ay kinatatakutan ko ang parusa sa matinding Araw.' 10:16. Sabihin O Muhammad, 'Kung naisin lamang ni Allah ay hindi ko ito binasa sa inyo o hindi Niya ito ipinaalam sa inyo. Ako ay namuhay kasama ninyo nang buong buhay bago ito. Kaya hindi ba kayo mag-iisip?' 10:17. Sino ang higit na mapang-api liban pa sa nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan o nagpasinungaling sa Kanyang mga tanda? Tunay na hindi magtatagumpay ang mga makasalanan.

10:18. Sila ay sumasamba sa iba pa liban kay Allah na hindi makapipinsala sa kanila o magdudulot ng kabutihan. Sila ay nagsasabing, 'Sila ang aming mga tagapamagitan kay Allah.' Sabihin, 'Tinuturuan ba ninyo si Allah tungkol sa bagay na hindi Niya nalalaman sa kalangitan at lupa?' Luwalhati sa Kanya at Kataas-taasan Siya sa mga itinatambal nila sa Kanya. 10:19. Ang sangkatauhan ay isang nasyon lamang noon na nagkawatak-watak. Kung hindi lamang dahil sa naunang salita mula sa iyong Panginoon ay hinatulan na agad sila tungkol sa kanilang pinagtatalunan.

10:20. Sinasabi nila, ‘Bakit walang tanda na ibinaba sa kanya mula sa kanyang Panginoon?’ Sabihin, ‘Ang mga bagay na nalilingid ay para lamang kay Allah, kaya maghintay kayo dahil tunay na ako ay kasama ninyong naghihintay.’ 10:21. Kapag pinatikim Namin ang tao ng habag matapos ang pagsubok na dumating sa kanila ay nagpaplano sila laban sa Aming mga talata. Sabihin, ‘Si Allah ay mas mabilis magplano.’ Tunay na ang Aming mga sugo ay nagtatala ng inyong mga pinaplano.

10:22. Siya ang nagdudulot sa inyo na makapaglakbay sa lupa at sa dagat. Hanggang sa kayo ay nasa mga barko at ang mga ito ay pinaglayag Namin sa pamamagitan ng magandang hangin at nagbunyi sila rito at dumating dito ang bagyo at dumating sa kanila ang alon mula sa lahat ng direksiyon. Inakala nila na sila ay napaligiran at sila ay nanalangin kay Allah nang dalisay sa Kanyang relihiyon, ‘Kung ililigtas Mo kami mula rito ay katiyakang magiging mapagpasalamat kami.’ 10:23. Ngunit nang iniligtas Niya sila ay gumagawa agad sila ng kawalang katarungan sa lupa. O mga tao, tunay na ang inyong pang-aapi ay laban sa inyong mga sarili lamang bilang aliw sa buhay sa mundo. Pagkatapos nito ay sa Amin ang inyong pagbabalik at ipababatid Namin sa inyo ang inyong mga ginagawa.

10:24. Ang halimbawa ng buhay dito sa mundo ay tulad lamang ng tubig na pinababa Namin mula sa langit na sinisipsip ng mga halaman sa lupa na kinakain ng mga tao at mga pinapastol na hayop hanggang sa ang lupa ay mapalamutian at gumanda at nang mag-akala ang mga tao na sila ay may kakayanan dito ay darating ang Aming utos sa gabi o araw. At dinulot Namin na ito ay masalanta na para bang hindi ito umiral kahapon. Ganito Namin nililinaw ang mga tanda para sa mga taong nag-iisip.

10:25. Si Allah ay nag-aanyaya tungo sa tahanan ng kapayapaan at

naggagabay sa sinumang naisin Niya tungo sa tuwid na landas. 10:26. Para roon sa mga gumawa ng mabuti ay ang mainam na gantimpala at dagdag pa. Walang babalot sa kanilang mga mukha na kadiliman o anumang kahihiyan. Sila ang mananahan sa Paraiso at mananatili sila rito habang-panahon.

10:27. Ngunit yaong mga nagkasala, ang kapalit nito ay kasamaang katulad lamang nito at ang kahihiyan ay babalot sa kanila. Wala silang tagapag-ingat mula kay Allah. Tila binalot ang kanilang mga mukha ng mga piraso ng gabi na napakadilim. Sila ang mga mananahan sa Impiyerno at mananatili sila rito habang-panahon.

10:28. Sa araw na titipunin Namin silang lahat at sasabihin Namin sa mga nagtambal, 'Manatili kayo sa inyong mga lugar, kayo at ang inyong mga itinambal.' Paghihiwalayin Namin sila at sasabihin ng kanilang mga itinambal, 'Hindi naman kayo sumamba sa amin. 10:29. Sapat si Allah bilang saksi sa pagitan namin at pagitan ninyo at kami sa inyong pagsamba ay walang nalalaman.' 10:30. Sa araw na yaon ay susubukin ang bawat isa sa ginawa nito noong una. Sila ay ibabalik kay Allah, ang kanilang tunay na Panginoon at mawawala sa kanila ang kanilang mga inimbento.

10:31. Sabihin, 'Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O ang Siyang nagmamay-ari ng pandinig at paningin at naglalabas ng buhay mula sa patay tulad ng puno at halaman na nanggagaling sa butil na walang buhay at naglalabas ng walang buhay mula sa buhay tulad ng itlog na walang buhay mula sa buhay na manok? Sino ang tagapagsaayos ng lahat ng bagay?' Tiyak na sasabihin nilang, 'Si Allah.' Kaya sabihin, 'Hindi ba kayo matatakot sa Kanya?' 10:32. Yaon si Allah ang inyong tunay na Panginoon. Ano ang pagkatapos ng katotohanan liban pa sa pagkakamali? Paanong kayo ay naligaw? 10:33. Sa ganitong paraan ay nagkatotoo ang sinabi ng iyong Panginoon sa mga suwail na hindi sila mananampalataya.

10:34. Sabihin, ‘Mayroon bang mula sa inyong mga itinambal kay Allah na nagpasimula ng paglikha at umulit nito?’ Sabihin, ‘Si Allah ang nagsisimula ng paglikha at umuulit nito, paanong kayo ay nalinlang?’ 10:35. Sabihin, ‘Mayroon bang mula sa inyong mga itinambal kay Allah ang naggagabay tungo sa katotohanan?’ Sabihin, ‘Si Allah ay naggagabay tungo sa katotohanan. Ang Siyang naggagabay tungo sa katotohanan ay higit bang marapat na sundin o ang hindi naggagabay liban na lamang na siya ay magabayan muna? Ano’ng problema sa inyo? Bakit ganyan kayo maghatol? 10:36. Sila ay walang sinusunod liban na lamang sa haka-haka. Tunay na ang haka-haka ay hindi maaaring ipampalit sa katotohanan sa anuman. Tunay na si Allah ay Nakaaalam sa kanilang mga ginagawa.

10:37. Hindi maaaring ang Quran na ito ay mabubuo ninuman liban kay Allah ngunit ito ay pagpapatibay sa nauna rito. Pagpapaliwanag sa Aklat na walang pagdududa rito mula sa Panginoon ng mga nilikha. 10:38. O sinasabi nila, ‘Inimbento lamang niya ito.’ Sabihin, ‘Kaya maglabas kayo ng isang kabanata na tulad nito at tawagin ninyo ang sinumang kaya ninyong tawagin liban kay Allah kung kayo ay makatotohanan. 10:39. Bagkus sila ay nagpasinungaling sa hindi naaarok ng kanilang kaalaman at hindi pa dumating sa kanila ang paliwanag nito. Ganito tumanggi ang mga nauna sa kanila. Tingnan mo kung ano ang wakas ng mga mapang-api.

10:40. Kabilang sa kanila ay yaong mga naniwala rito at kabilang sa kanila yaong mga hindi naniwala rito. Ang Panginoon mo ang pinakanakaaalam sa mga mapanira. 10:41. Kung pasisinungalingan ka nila O Muhammad ay sabihing, ‘Para sa akin ang aking mga gawain at para sa inyo ang inyong mga gawain. Wala kayong kinalaman sa aking ginagawa at wala akong kinalaman sa ginagawa ninyo.’ 10:42. Kabilang sa kanila ay yaong mga nakikinig sa iyo. Magagawa mo bang makarinig ang bingi kahit pa sila ay hindi nag-iisip. 10:43. Kabilang sa kanila ay yaong mga nakatingin sa iyo. Ngunit

magagabayan mo ba ang bulag kahit pa sila ay hindi nakakakita? 10:44. Tunay na si Allah ay hindi nang-aapi sa mga tao ng kahit ano ngunit ang mga tao sa kanilang mga sarili ang nang-aapi.

10:45. Sa Araw na titipunin Niya sila na parang nanatili lamang sila sa mundo ng isang oras sa araw at makikilala nila ang isat isa. Nalugi yaong mga nagpasinungaling sa pagtatagpo nila ni Allah at hindi sila nagagabayan. 10:46. Kung ipapakita Namin sa iyo ang ilan sa mga ipinangako Namin sa kanila O Muhammad o bawian ka Namin ng buhay ay sa Amin pa rin ang kanilang pagbabalik. Si Allah ay Saksi sa kanilang mga ginagawa.

10:47. Para sa bawat nasyon ang isang sugo. Kapag dumating sa kanila ang sugo ay hahatulan sila nang may katarungan at hindi sila dadayain.

10:48. Sinasabi nila, 'Kailan darating ang pangakong ito kung kayo ay makatotohanan?' 10:49. Sabihin, 'Wala akong taglay sa aking sarili na anumang kasamaan o kabutihan liban na lamang sa naisin ni Allah. Para sa bawat nasyon ang takdang panahon. Kapag dumating ang kanilang takdang panahon ay hindi nila ito maipagpapaliban ng kahit isang oras o mapapaaga ito.' 10:50. Sabihin, 'Naisip ba ninyo kung darating sa inyo ang Kanyang parusa sa araw o gabi. Ano ang minamadali rito ng mga makasalanan?' 10:51. Kapag ito ay dumating ay maniniwala ba kayo rito? Ngayon pa? Habang kayo rito ay naiinip. 10:52. Sasabihin sa mga nang-api, 'Tikman ninyo ang habang-panahong parusa. Nagantimpalaan ba kayo liban pa sa mga dati ninyong nakamit?'

10:53. Sila ay nagtatanong sa iyo O Muhammad, 'Totoo ba ito?' Sabihin, 'Oo sumusumpa ako sa ngalan ng aking Panginoon. Tunay na ito ang katotohanan at hindi kayo magdudulot ng kabiguan kay Allah.' 10:54. Kung ang bawat isa sa mga makasalanan ay

nagmamay-ari ng lahat ng nasa lupa ay ipangtutubos nila ito. Sila ay maglilihim ng pagsisisi kapag nakita na nila ang parusa. Sila ay hahatulan nang may katarungan at hindi sila dadayain. 10:55. Walang duda na tunay na kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo ngunit karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 10:56. Siya ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito at tungo sa Kanya kayo ay ibabalik.

10:57. O mga tao, dumating sa inyo ang pangaral mula sa inyong Panginoon, gamot sa anumang nasa dibdib, gabay at habag para sa mga nanampalataya. 10:58. Sabihin, 'Sa biyaya at habag ni Allah – sa mga ito ay magbunyi sila. Ito ay mas mainam pa kaysa sa anumang maipon nila.' 10:59. Sabihin, 'Nakita ba ninyo ang ibinaba ni Allah sa inyo na mga biyaya na ipinagbawal ninyo ang ilan dito at pinahintulutan naman ang iba?' Sabihin, 'Si Allah ba ang nagpahintulot nito sa inyo o laban kay Allah kayo ay nag- iimbento lamang?' 10:60. Ano ang akala ng mga nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan sa Araw ng Paghuhukom? Tunay na si Allah ay puspos ng biyaya para sa mga tao ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nagpapasalamat.

10:61. O Muhammad, anumang bagay ang kasangkutan mo o basahin mo na anumang bahagi ng Quran – gayundin kayong mga tao ay walang anumang gagawin liban na lamang na Kami ay mga saksi sa inyo kung kayo ay may kinalaman dito. Hindi nalilingat ang inyong Panginoon sa anumang maliit na timbang na nasa lupa o nasa langit o anumang mas maliit pa rito o mas malaki liban na lamang na ito ay nasa malinaw na talaan. 10:62. Tunay na ang mga kakampi ni Allah ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. 10:63. Yaong mga nanampalataya at may takot kay Allah. 10:64. Para sa kanila ang magandang balita sa buhay sa mundo at sa Kabilang-buhay. Walang pagbabago sa salita ni Allah. Yaon ang malaking tagumpay. 10:65. Huwag mong ikalungkot ang kanilang mga

sinasabi. Tunay na ang karangalan ay kay Allah lahat-lahat. Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 10:66. Tunay na kay Allah ang sinumang nasa kalangitan at lupa. Hindi sumusunod ang sinumang nananalangin sa iba pa liban kay Allah sa kanilang mga itinambal. Bagkus sila ay sumusunod sa kanilang haka-haka at wala silang ginagawa liban pa sa pag-iimbento. 10:67. Siya ang nagdulot sa inyo ng gabi upang magpahinga kayo rito at sa araw bilang liwanag. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nakikinig.

10:68. Sinabi nila, 'Si Allah ay nagkaanak.' Luwalhati sa Kanya. Siya ang Mayaman, Perperkto at Walang Pangangailangan. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Wala kayong autoridad dito. Sinasabi ba ninyo laban kay Allah ang hindi ninyo nalalaman? 10:69. Sabihin, 'Tunay na yaong mga nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan ay hindi magtatagumpay.' 10:70. Saglit na ligaya sa mundo at tungo sa Amin ang pagbabalik nila at ipatitikim Namin sa kanila ang matinding parusa dahil sa kanilang mga itinakwil.

10:71. Basahin mo sa kanila ang kuwento tungkol kay Noah nang sinabi niya sa kanyang nasyon, 'O aking nasyon, kung naging mabigat para sa inyo ang aking pananatili kasama ninyo at ang pagpapaalala ko sa inyo ng mga talata ni Allah ay nanalig na ako kay Allah. Kaya manatili kayo at magkaisa sa inyong plano at sa mga itinatambal ninyo kay Allah. Huwag hayaang maging malabo ang plano ninyo. Gawin ninyo ito sa akin at huwag ninyo akong palugitan. 10:72. Kung kayo ay tatalikod ay hindi ako nanghingi sa inyo ng kabayaran. Ang aking gantimpala ay mula lamang kay Allah at ako ay pinag-utusan na maging kabilang sa mga Muslim.' 10:73. Pinasinungalingan nila siya kaya iniligtas Namin siya at ang mga kasama niya sa Arko at ginawa Namin silang mga tagapagmana at nilunod Namin ang mga nagpasinungaling sa Aming mga tanda. Tingnan mo kung ano ang wakas ng mga binababalaan.

10:74. Nagsugo kami pagkatapos niya ng mga sugo sa kanilang mga nasyon at dumating sila sa kanila na dala ang mga patunay at hindi sila naniwala sa siyang pinasinungalingan na nila noon pa. Ganito Namin takpan ang mga puso ng mga suwail.

10:75. Isinugo Namin pagkatapos nila sina Moises at Aaron kay Paraon at kanyang kapulungan na dala ang Aming mga tanda. Sila ay nagmalaki at sila ay masasamang tao. 10:76. Kaya nang dumating sa kanila ang katotohanan mula sa Amin ay sinabi nilang, 'Tunay na ito ay malinaw na salamangka.' 10:77. Sinabi ni Moises, 'Sinasabi ba ninyo ito tungkol sa katotohanan nang dumating ito sa inyo? Salamangka ba ito? Hindi magtatagumpay ang mga salamangkero. 10:78. Sinabi nila, 'Dumating ka ba upang patalikurin kami mula sa natagpuan namin sa aming mga ninuno at upang kayong dalawa ay maging makapangyarihan sa lupa? Kami sa inyong dalawa ay hindi naniniwala.'

10:79. Sinabi ni Paraon, 'Dalhin ninyo sa akin ang lahat ng maaalam na salamangkero.' 10:80. Nang dumating ang mga salamangkero ay sinabi sa kanila ni Moises, 'Ihagis ninyo ang mga ihahagis ninyo.' 10:81. Nang naghagis na sila ay sinabi ni Moises, 'Ang dala ninyo ay salamangka lamang. Tunay na si Allah ay magpapawalang-saysay dito. Tunay na si Allah ay hindi magsasaayos sa gawain ng mga mapanira. 10:82. Itataguyod ni Allah ang katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita kahit pa kamuhian ito ng mga makasalanan.'

10:83. Walang naniwala kay Moises liban na lamang sa ilang kabataan mula sa kanyang nasyon dahil sa takot nila kay Paraon at kanyang kapulungan na sila ay kanilang maparusahan. Tunay na si Paraon ay mapagmalaki sa lupa at tunay na siya ay kabilang sa mga mapagmalabis. 10:84. Sinabi ni Moises, 'O aking nasyon, kung kayo ay naniwala kay Allah ay manalig kayo sa Kanya kung kayo ay mga Muslim.'

10:85. Sinabi nila, ‘Kay Allah kami nananalig. Aming Panginoon, huwag Mo kami gawing pagsubok para sa mga mapang-api. 10:86. Iligtas Mo kami sa pamamagitan ng Iyong habag mula sa mga hindi mananampalataya.’

10:87. Ipinahayag Namin kay Moises at sa kanyang kapatid, ‘Gawin ninyong mga pook sambahan ang ilang mga bahay sa Ehipto at itaguyod ninyo rito ang obligadong pagdarasal at magbigay ng magandang balita sa mga nanampalataya.’

10:88. Sinabi ni Moises, ‘Aming Panginoon, tunay na Ikaw ay nagbigay kay Paraon at sa kanyang kapulungan ng palamuti at kayamanan sa buhay sa mundo, aming Panginoon. Upang sila ay maligaw mula sa Iyong landas, aming Panginoon burahin Mo ang kanilang mga yaman at patigasin ang kanilang mga puso upang sila ay hindi manampalataya hanggang sa makita nila ang masakit na parusa.’

10:89. Sinabi Niya, ‘Tinugon na ang panalangin ninyong dalawa.’ Kaya manatili kayong dalawa na matuwid at huwag ninyo susundin ang landas ng mga hindi nakaaalam.

10:90. Itinawid Namin ang Angkan ng Israel sa dagat at sinundan sila ni Paraon at ng kanyang hukbo nang may pang-aapi at galit hanggang sa siya ay malunod at nagsabing, ‘Naniniwala na ako na walang diyos na marapat sambahin liban pa sa pinaniwalaan ng Angkan ng Israel at ako ay kabilang sa mga Muslim.’ 10:91. Ngayon pa? Samantalang sumuway ka at isa kang mapanira. 10:92. Kaya sa araw na ito ay ililigtas Namin ang iyong katawan upang ikaw para sa mga darating pagkatapos mo ay maging tanda. Tunay na ang karamihan sa mga tao sa Aming mga tanda ay walang pakialam.

10:93. Pinatira Namin ang Angkan ng Israel sa magandang tahanan

at tinustusan sila ng magagandang bagay. Sila ay hindi nagtalu-talo hanggang sa dumating sa kanila ang kaalaman. Tunay na ang iyong Panginoon ang maghahatol sa kanila sa Araw ng Paghuhukom tungkol sa kanilang pinagtatalunan.

10:94. Kaya kung ikaw ay may duda O Muhammad sa ipinahayag Namin sa iyo ay tanungin mo yaong mga bumabasa ng kasulatan na nauna sa iyo. Dumating sa iyo ang katotohanan mula sa iyong Panginoon kaya huwag na huwag maging kabilang sa mga nagdududa. 10:95. Huwag na huwag kang maging kabilang sa mga nagpasinungaling sa mga tanda ni Allah dahil magiging kabilang ka sa mga talunan.

10:96. Tunay na yaong mga natupad na sa kanila ang salita ng iyong Panginoon ay hindi maniniwala. 10:97. Kahit pa dumating sa kanila ang lahat ng patunay. Hanggang sa dumating sa kanila ang masakit na parusa. 10:98. Mayroon bang anumang bayan ang nanampalataya at nakinabang ito sa pananampalataya liban na lamang sa nasyon ni Jonas? Nang sila ay naniwala ay inalis Namin mula sa kanila ang kahiya-hiyang parusa sa buhay sa mundo at tinustusan Namin sila hanggang sa takdang panahon.

10:99. Kung naisin lamang ng iyong Panginoon ay nanampalataya ang sinumang nasa lupa lahat-lahat. Kaya ikaw ba O Muhammad ay pipilit sa mga tao upang sila ay maging mga mananampalataya? 10:100. Hindi marapat para sa sinuman na manampalataya liban na lamang sa pahintulot ni Allah at Siya ay maglalagay ng karumihan sa mga hindi nag-iisip.

10:101. Sabihin, 'Tingnan ninyo kung ano ang nasa kalangitan at lupa.' Hindi makatutulong ang mga tanda o babala sa mga hindi nanampalataya. 10:102. Kaya naghihintay ba sila liban pa roon sa mga katulad ng mga araw na lumipas bago sila? Sabihin, 'Kaya

maghintay kayo, tunay na ako ay kasama ninyong naghihintay.' 10:103. At pagkatapos nito ay iniligtas Namin ang aming mga sugo at ang mga nanampalataya. Sa ganitong paraan ay marapat para sa Amin na iligtas Namin ang mga nanampalataya.

10:104. Sabihin O Muhammad, 'O mga tao, kung kayo ay may duda sa aking relihiyon ay hindi ako sumasamba sa inyong sinasamba liban pa kay Allah, ngunit sinasamba ko si Allah na bumabawi sa inyong mga buhay. Ako ay pinag-utusan na maging kabilang sa mga nanampalataya.' 10:105. Ako ay pinag-utusang, 'Iharap mo ang iyong mukha tungo sa relihiyon na kumikiling sa katotohanan at huwag kang maging kabilang sa mga nagtatambal.

10:106. Huwag kang manalangin sa iba pa liban kay Allah na hindi magdudulot sa iyo ng kabutihan o pinsala. Kung ito ay gagawin mo ay tunay na ikaw ay kabilang sa mga makasalanan.' 10:107. Kung ikaw ay padadalhan ni Allah ng kasamaan ay walang makapag-aalis nito liban sa Kanya. Kung magnais man Siya para sa iyo ng kabutihan ay walang makapag-aalis ng Kanyang biyaya. Dinudulot Niya na ito ay dumating sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin. Siya ay Mapagpatawad at Mahabagin.

10:108. Sabihin, 'O mga tao, dumating sa inyo ang katotohanan mula sa inyong Panginoon. Kaya sinumang maghangad ng gabay ay naghahangad ng gabay para sa kanyang sarili lamang. At sinumang maligaw ay maliligaw laban sa kanyang sarili lamang. Ako sa inyo ay hindi tagapamahala. 10:109. Sundin mo ang ipinahayag sa iyo O Muhammad at magtiis hanggang sa maghatol si Allah. Siya ang pinakamainam sa mga hukom.

11. SURAH HUD (SI PROPETA HUD)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

11:1. Alif Lam Ra. Ito ay aklat na ginawang ganap ang mga talata nito at ipinahayag nang detalyado mula sa Maalam at Nakababatid. 11:2. 'Huwag kayong sumamba sa iba pa liban kay Allah. Tunay na ako para sa inyo mula sa Kanya ay tagapagbabala at tagapagbalita. 11:3. Humingi kayo ng tawad sa inyong Panginoon at magbalik-loob sa Kanya. Ipatitikim Niya sa inyo ang mabuting panustos hanggang sa takdang panahon at magbibigay ng kabutihan sa lahat ng gumagawa ng kabutihan. Kung kayo ay tatalikod ay tunay na kinatatakutan ko para sa inyo ang parusa ng dakilang Araw. 11:4. Tungo kay Allah ang inyong pagbabalik at Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan.'

11:5. Tunay na sila ay naglilihis ng kanilang mga dibdib upang ilihim nila ang pagtakwil nila sa Kanya. Kahit takpan pa nila ng damit ang kanilang mga sarili ay nalalaman Niya ang kanilang mga ikinukubli at ihinahayag. Tunay na Siya ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga dibdib. 11:6. Walang nilalang ang nasa lupa liban na lamang na kay Allah ang kanyang panustos at nalalaman Niya ang tirahan at imbakan nito. Lahat ay nasa malinaw na talaan.

11:7. Siya ang lumikha sa kalangitan at lupa sa anim na araw at ang Kanyang trono noon ay nasa tubig bago Niya likhain ang kalangitan at lupa upang subukin Niya kayo kung sino sa inyo ang mabuti sa gawa. Ngunit kapag sinabi mong, 'Tunay na kayo ay bubuhaying-muli matapos ang kamatayan.' Tiyak na sasabihin ng mga hindi nanampalataya, 'Ito ay malinaw na salamangka.' 11:8. Kung ipagpapaliban Namin ang parusa nila ng ilang panahon ay katiyakang sasabihin nila, 'Ano ang nag-antala rito?' Walang duda na ang araw na darating ito sa kanila ay hindi mailalayo mula sa kanila at babalutin sila ng bagay na dati nilang pinagtatawanan.

11:9. Kung patitikimin Namin ang tao ng habag mula sa Amin at inalis Namin ito sa kanya ay tunay na siya ay nagdadalamhati at hindi tumatanaw ng utang na loob. 11:10. Ngunit kung Kami ay magpapatikim sa kanya ng biyaya matapos ang paghihirap na dumapo sa kanya ay katiyakang sasabihin niya, 'Lumipas na ang masama sa akin.' Tunay na siya ay masaya at magmamalaki. 11:11. Liban na lamang sa mga nagtiis at gumawa ng kabutihan. Para sa kanila ang kapatawaran at malaking gantimpala.

11:12. Kaya tatalikuran mo ba ang ilan sa mga naipahayag sa iyo o naninikip ba rito ang iyong dibdib dahil sinasabi nilang, 'Bakit walang ipinadala sa kanyang kayamanan o sumama sa kanya ang isang anghel?' Ngunit ikaw ay tagapagbabala lamang. Si Allah sa lahat ng bagay ay Tagapamahala. 11:13. O sinasabi ba nilang, 'Inimbento lamang niya ito.' Sabihin, 'Kaya maglabas kayo ng sampung kabanata na tulad nito na inimbento at tawagin ninyo ang sinumang kaya ninyong tawagin liban kay Allah kung kayo ay makatotohanan.' 11:14. Kung sila ay hindi tutugon sa inyo ay alamin ninyo na ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng kaalaman ni Allah, na walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Kayo ba ay mga Muslim?

11:15. Sinumang maghangad sa buhay dito sa mundo at mga palamuti nito ay gagantimpalaan Namin sila nang buo sa kanilang mga gawain dito at sila rito ay hindi malulugi. 11:16. Sila yaong walang makakamit sa Kabilang-buhay liban pa sa Apoy. Mawawalang-saysay ang kanilang mga nakamit dito sa mundo at walang kabuluhan ang kanilang mga ginawa.

11:17. Katulad ba sila ng siyang nasa malinaw na patunay mula sa kanyang Panginoon at sumusunod sa kanya ang isang saksi na mula sa Kanya at bago nito ay ang kasulatan ni Moises bilang gabay at habag? Sila ang mga naniniwala rito. Ngunit sinumang magtakwil dito na kabilang sa alyansa ng mga hindi nanampalataya ay ang

Apoy ang kanyang kahihinatnan. Kaya huwag magduda tungkol dito. Tunay na ito ang katotohanan mula sa iyong Panginoon ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nananampalataya. 11:18. Sino ang higit na mapang-api kaysa roon sa nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan. Sila ay itatanghal sa kanilang Panginoon at magsasabi ang mga saksi, 'Sila ang mga nagsinungaling laban sa kanilang Panginoon.' Walang duda na ang sumpa ni Allah ay sa mga mapang-api. 11:19. Silang mga naglihis sa mga tao mula sa landas ni Allah at nagnais na magmukha itong pagkaligaw habang sila, tungkol sa Kabilang-buhay ay hindi nananampalataya. 11:20. Sila ay hindi bibigo kay Allah sa lupa o magkakaroon sila liban kay Allah na mga tagapag-ingat. Madodoble para sa kanila ang parusa. Sila ay hindi nakaririnig at hindi nakakakita. 11:21. Sila ang mga naglugi sa kanilang mga sarili at nawala sa kanila ang kanilang mga inimbento. 11:22. Katiyakan, sila sa Kabilang-buhay ang mga talunan.

11:23. Tunay na yaong mga nanampalataya, gumawa ng kabutihan at nagpakumbaba sa kanilang Panginoon ay sila yaong mananahan sa Paraiso at mananatili rito habang-panahon. 11:24. Ang halimbawa ng dalawang grupo ay ang bulag at bingi at ang nakakakita at nakaririnig. Pareho ba sila sa halimbawa? Hindi ba kayo nakaaalala?

11:25. Isinugo Namin si Noah sa kanyang nasyon na nagsasabing, 'Tunay na ako para sa inyo ay malinaw na tagapagbabala. 11:26. Na huwag kayong sumamba sa iba pa liban kay Allah. Tunay na ako ay natatakot para sa inyo sa parusa ng masakit na Araw.' 11:27. Sinabi ng mga makapangyarihan na hindi nanampalataya na kabilang sa kanyang nasyon, 'Hindi ka namin nakikita liban na lamang bilang tao na tulad namin. Hindi ka namin nakikita na sinusunod liban na lamang ng mga pinakamababa sa amin sa unang tingin pa lamang. Hindi kami nakakakita ng anumang kahigitan ninyo sa amin bagkus ay naniniwala kami na kayo ay mga sinungaling.'

11:28. Sinabi niya, ‘O aking nasyon nakikita ba ninyo kung ako ay nasa malinaw na patunay mula sa aking Panginoon at Siya ay nagbigay ng habag mula sa Kanya at ginawang malinaw ito sa inyo, ipipilit ba namin ito sa inyo habang namumuhi kayo rito? 11:29. O aking nasyon, hindi ako nanghihingi sa inyo dahil dito ng pera. Ang aking gantimpala ay magmumula kay Allah. Ako ay hindi magtatakwil sa mga nanampalataya. Tunay na makahaharap nila ang kanilang Panginoon ngunit ako ay nakakakita na kayo ay nasyon na nagpapa-kamangmang. 11:30. O aking nasyon, sino ang tutulong sa akin laban kay Allah kung itatakwil ko sila? Hindi ba kayo mapaaalalahanan? 11:31. Hindi ko rin sinasabi sa inyo na nasa akin ang mga imbakan ni Allah. Hindi ko nalalaman ang mga nalilingid. Hindi ko rin sinasabi na ako ay anghel at hindi ko sasabihin doon sa mga minamaliit ninyo na hindi sila bibigyan ni Allah ng kabutihan. Si Allah ang pinaka-maalam sa anumang nasa kanilang mga sarili. Tunay na ako dahil dito ay magiging kabilang sa mga mapang-api.’ 11:32. Sinabi nila, ‘O Noah, nakipagtalo ka sa amin at pinadalas mo pa ang pakikipag-talong ito, kaya ipadala mo na ang ipinangako mo sa amin kung ikaw ay makatotohanan.’ 11:33. Sinabi niya, ‘Ipadadala lamang ito ni Allah sa inyo kung naisin Niya at hindi kayo bibigo sa Kanya.’ 11:34. Hindi magdudulot sa inyo ng kabutihan ang aking payo naisin ko man na payuhan kayo kung naisin ni Allah na iligaw kayo. Siya ang inyong Panginoon at tungo sa Kanya kayo ay magbabalik.’

11:35. O sinasabi ba nila tungkol kay Propeta Muhammad, ‘Inimbento niya lamang ito?’ Sabihin, ‘Kung inimbento ko lang ito ay mananagot ako sa aking krimen ngunit ako ay walang kinalaman sa mga kasalanan ninyo.’

11:36. Ipinahayag kay Noah, ‘Wala nang mananampalataya sa iyong nasyon liban na lamang sa nanampalataya na noon pa, kaya huwag mong ikalungkot ang kanilang mga ginagawa. 11:37. Gumawa ka ng Arko sa ilalim ng Aming pamamahala at pagpapahayag at huwag mo

Akong kausapin tungkol sa mga makasalanan. Tunay na sila ay malulunod.' 11:38. Ginawa niya ang Arko at tuwinang dadaan sa kanya ang mga makapangyarihan sa kanyang nasyon ay hinahamak siya ng mga ito. Sinabi niya, 'Kung pagtatawanan ninyo kami ay pagtatawanan din namin kayo tulad ng pagtawa ninyo sa amin. 11:39. Malalaman ninyo kung sino ang daratnan ng parusang magpapahiya sa kanya sa lupa at nananatiling parusa sa Kabilang-buhay.'

11:40. Hanggang sa dumating ang Aming utos at umapaw ang pugon, sinabi Namin, 'Isakay mo sa Arko mula sa bawat hayop ang isang pares at gayundin ang iyong pamilya liban na lamang doon sa mga nahatulan na at isama mo ang sinumang nanampalataya.' Ngunit walang naniwala sa kanya liban na lamang sa iilan. 11:41. Sinabi ni Noah, 'Sumakay kayo rito sa ngalan ni Allah, ito ay lulutang at dadaong. Tunay na ang aking Panginoon ay Mapagpatawad at Mahabagin.' 11:42. Ito ay naglayag na lulan sila sa mga alon na kasinglaki ng mga bundok at tinawag ni Noah ang kanyang anak na lalaki na hindi sumama sa kanila at sinabi niya, 'O anak, sumakay ka rito kasama namin at huwag kang sumama sa mga hindi nanampalataya.' 11:43. Sinabi nito, 'Ako ay sisilong sa isang bundok na mag-iingat sa akin mula sa tubig.' Sinabi ni Noah, 'Walang tagapag-ingat sa araw na ito mula sa utos ni Allah liban na lamang sa kanyang kinahabagan.' Pinaghiwalay sila ng alon at kabilang siya sa mga nalunod. 11:44. Sinabi, 'O lupa, lunukin mo ang tubig mo. O langit pigilan mo ang ulan.' At humupa ang tubig at ang pagtatakda ay natupad. Ang Arko ay dumaong sa bundok ng Judi. At sinabing, 'Kapahamakan sa mga hindi nanampalataya.'

11:45. Si Noah ay nanalangin sa kanyang Panginoon at nagsabing, 'Panginoon ko, tunay na ang aking anak ay kabilang sa aking pamilya. Tunay na ang Iyong pangako ay totoo. Ikaw ang pinakamakatarungan sa mga hukom.' 11:46. Sinabi Niya, 'O Noah,

tunay na siya ay hindi kabilang sa iyong pamilya. Tunay na ang kanyang gawain ay hindi matuwid. Kaya huwag mo Akong tanungin tungkol sa mga bagay na wala kang alam. Tunay na pinangangaralan Kita upang hindi ka maging kabilang sa mga mangmang. 11:47. Sinabi niya, 'Panginoon ko, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa pagtatanong sa Iyo tungkol sa mga bagay na wala akong nalalaman. Kung hindi Mo ako patatawarin at kahahabagan ay magiging kabilang ako sa mga talunan.'

11:48. Sinabi sa kanya, 'O Noah, bumaba kayo sa pamamagitan ng kaligtasan mula sa Amin at sumaiyo ang biyaya at sa mga nasyon na sisibol mula sa iyong mga kasama. At mga nasyon na pasasayahin Namin nang kaunti ngunit matapos ito ay makatitikim sila mula sa Amin ng masakit na parusa.' 11:49. Ito ay mula sa mga balitang nalilingid na ipinapahayag Namin sa iyo O Muhammad. Hindi mo ito nalaman, ikaw at ang iyong nasyon bago pa ito. Kaya magtiis, tunay na ang magandang hantungan ay para sa matutuwid.

11:50. Sa 'Ad ay ipinadala Namin ang kanilang kapatid na si Hud na nagsabing, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Kayo ay mga nag-iimbento lamang. 11:51. O aking nasyon, hindi ako nanghihingi sa inyo ng gantimpala para rito. Ang aking gantimpala ay mula sa Siyang lumikha sa akin. Hindi ba kayo nag-iisip? 11:52. O aking nasyon, humingi ng tawad sa inyong Panginoon at magbalik-loob sa Kanya. Siya ay magpapadala ng ulan mula sa langit sa inyo na pumapatak at daragdagan ang inyong lakas ng dagdag pang lakas at huwag kayong tatalikod na mga makasalanan.'

11:53. Sinabi nila, 'O Hud, hindi ka nagbigay sa amin ng malinaw na patunay at hindi kami tatalikod sa aming mga diyos dahil lamang sa iyong sinabi. Kami ay hindi naniniwala sa iyo. 11:54. Ang masasabi lamang Namin ay pinadalhan ka ng ilan sa mga diyos namin ng

kasamaan.' Sinabi niya, 'Tunay na ako ay nananalangin kay Allah na Siya ay sumaksi, at sumaksi kayo na ako ay walang kinalaman sa anumang itinatambal ninyo kay Allah. 11:55. Liban pa sa Kanya. Kaya pagplanuhan ninyo ako lahat-lahat at huwag ninyo akong palugitan. 11:56. Tunay na ako ay nanalig kay Allah ang aking Panginoon at Panginoon ninyo. Walang anumang nilalang ang nasa lupa liban na lamang na ito ay hawak Niya sa noo nito. Tunay na ang aking Panginoon ay nasa matuwid na landas.

11:57. Kung sila ay tatalikod ay sabihin, 'Ako ay nagpahayag na sa inyo sa ipinadala sa akin para sa inyo. Magpapamana ang aking Panginoon sa iba pang mga tao liban sa inyo, hindi ninyo Siya mapipinsala nang kahit ano. Tunay na ang aking Panginoon sa lahat ng bagay ay Tagapangalaga.' 11:58. Nang dumating ang Aming utos ay iniligtas Namin si Hud at ang mga nanampalataya kasama niya sa bisa ng habag mula sa Amin. Iniligtas Namin sila mula sa malupit na parusa. 11:59. Yaon ang 'Ad na nagtakwil sa mga tanda ng kanilang Panginoon at ` sumuway sa Kanyang sugo at sumunod sa utos ng lahat ng palalo at mapang-api. 11:60. Sila dahil dito ay sinundan ng sumpa sa mundong ito at sa Araw ng Paghuhukom. Tunay na ang 'Ad ay hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon. Kapahamakan sa 'Ad, nasyon ni Hud.

11:61. Sa Thamud ay isinugo ang kanilang kapatid na si Saleh. Sinabi niya, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Siya ang nagpasibol sa inyo sa lupa at nagpatira sa inyo rito. Kaya humingi ng tawad sa Kanya at magbalik-loob sa Kanya. Tunay na ang aking Panginoon ay Malapit at Tumutugon.' 11:62. Sinabi nila, 'O Saleh, ikaw sa amin ay isang taong may magandang kinabukasan bago pa ito. Pinagbabawalan mo ba kami na sambahin ang sinasamba ng aming mga ninuno? Tunay na kami ay nasa pagdududa sa ipinang-aanyaya mo sa amin nang may matinding pagdududa.'11:63. Sinabi niya, 'O

aking nasyon, naisip ba ninyo na kung ako ay nasa malinaw na patunay mula sa aking Panginoon at binigyan Niya ako ng habag mula sa Kanya ay sino ang tutulong sa akin laban kay Allah kung susuwayin ko Siya? Wala kayong idadagdag sa akin liban pa sa kawalan.

11:64. O aking nasyon, ito ang babaeng kamelyo ni Allah bilang tanda para sa inyo. Hayaan ninyo ito na kumain sa lupa ni Allah at huwag ninyo ito gagawan ng masama. Dahil kung hindi ay daratnan kayo ng napipintong parusa. 11:65. Ngunit kinatay nila ito kaya sinabi niya, 'Magpakasaya kayo sa inyong mga tahanan ng tatlong araw. Yaon ay pangakong hindi mapasisinungalingan.' 11:66. Kaya nang dumating ang Aming utos ay iniligtas Namin si Saleh at ang mga nanampalataya kasama niya sa bisa ng habag mula sa Amin mula sa kahihiyan ng araw na yaon. Tunay na ang iyong Panginoon ang Malakas at ang Makapangyarihan. 11:67. Pinangibabawan ang mga makasalanan ng sigaw at sila sa kanilang mga bahay ay naging mga bangkay na nakalugmok. 11:68. Na tila sila ay hindi namuhay sa mga ito. Tunay na ang Thamud ay nagpasinungaling sa kanilang Panginoon. Kapahamakan sa Thamud.

11:69. Katiyakang dumating ang Aming mga sugo na mga anghel kay Abraham na may dalang magandang balita at nagsabing, 'Kapayapaan.' Tumugon siya, 'Kapayapaan.' At hindi siya nag-atubiling maghain ng litsong batang baka. 11:70. Nang nakita niya na ang kanilang mga kamay ay hindi umaabot dito ay nagduda siya at nakaramdam ng takot sa kanila. Sinabi nila, 'Huwag kang matakot. Kami ay isinugo sa nasyon ni Lot.' 11:71. Ang kanyang asawa ay nakatayo roon at tumawa. At binalitaan Namin siya ng pagsilang ni Isaac at pagkatapos ni Isaac ay si Jacob. 11:72. Sinabi niya, 'Kapighatian sa akin. Paanong ako ay magkakaanak samantalang ako ay matanda na at ang asawa ko ay matanda na rin? Tunay na ito ay kagila-gilalas na bagay.' 11:73. Sinabi nila, 'Ikaw ba ay

nagugulat sa pagtatakda ni Allah? Ang habag ni Allah at biyaya Niya ay sumainyo na pamilya sa tahanang ito. Tunay na Siya ay Kapuri-puri at Marangal.'

11:74. Nang humupa na kay Abraham ang takot at dumating sa kanya ang balita ay nakipagtalo siya sa Amin tungkol sa nasyon ni Lot. 11:75. Tunay na si Abraham ay maunawain, mapagmalasakit at nagbabalik-loob kay Allah. 11:76. Sinabi ng mga anghel, 'O Abraham, itigil mo na ang pakiusap na ito. Tunay na dumating na ang utos ng iyong Panginoon. Tunay na darating sa kanila ang parusa na hindi mapipigilan.'

11:77. Nang dumating ang Aming mga sugo na mga anghel kay Lot, siya ay nalungkot at nagdalamhati para sa kanila at nagsabing, 'Ito ay araw ng pagsubok.' 11:78. Dumating sa kanya ang kanyang nasyon na nagmamadali at gumagawa na sila ng masama bago pa ito. Sinabi niya, 'O aking nasyon, narito ang aking mga anak na babae na mas dalisay para sa inyo kung sila ay inyong pakakasalan. Katakutan ninyo si Allah at huwag ninyo akong ipahiya sa aking mga bisita. Wala bang taong matino sa inyo?' 11:79. Sinabi nila, 'Alam mo na wala kaming pakialam sa iyong mga anak na babae sa totoo lamang at tunay na alam mo na kapwa namin lalaki ang gusto namin.'

11:80. Sinabi niya, 'Kung mayroon lamang akong lakas laban sa inyo o masisilungang matatag na haligi.' 11:81. Sinabi ng mga anghel, 'O Lot, tunay na kami ay mga sugo mula sa iyong Panginoon kaya hindi ka nila maaabot. Kaya tumakas ka kasama ang iyong pamilya sa huling bahagi ng gabi at huwag lilingon pabalik ang sinuman sa inyo liban na lamang sa iyong asawa. Tunay na darating sa kanya ang dadapo sa kanila. Tunay na ang takdang panahon nila ay sa umaga. Hindi ba't ang umaga ay malapit na?' 11:82. Nang dumating ang Aming utos ay ginawa Namin ang pinakamataas ng bayan na pinakamababa at pinaulan Namin dito ang mga bato na

matitigas na luwad na patung-patong. 11:83. Mga bato na minarkahan ng iyong Panginoon. Ang parusa ni Allah ay hindi malayo sa mga makasalanan.

11:84. Sa Madyan ay isinugo ang kanilang kapatid na si Shuaib. Sinabi niya, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah. Wala kayong ibang diyos na dapat sambahin liban sa Kanya. Huwag kayong mandaya sa sukat at timbang. Tunay na nakakakita ako sa inyo ng pag-unlad ngunit tunay na ako ay natatakot para sa inyo sa pagdating ng Araw na papalibot sa inyo ang parusa. 11:85. O aking nasyon, magbigay ng tamang sukat at timbang nang may katarungan. Huwag pagkaitan ang mga tao ng anumang marapat sa kanila at huwag umabuso sa lupa na nagkakalat ng kasiraan. 11:86. Ang natitirang mabuti mula kay Allah ay pinakamainam para sa inyo kung kayo ay mga nanampalataya. Ako ay hindi tagabantay sa inyo.'

11:87. Sinabi nila, 'O Shuaib, ang panalangin mo ba ay nag-uutos sa iyo na iwan namin ang sinasamba ng aming mga ninuno o nagbabawal na gawin namin sa aming kayamanan ang nais namin? Tunay na ikaw ay maunawain at matino.'

11:88. Sinabi niya, 'O aking nasyon, naisip ba ninyo na kung ako ay nasa malinaw na batayan mula sa aking Panginoon at biniyayaan Niya mula sa Kanya ng biyayang mabuti? Hindi ko nais na sumalungat sa inyo sa mga ipinagbawal ko sa inyo, ang nais ko lamang ay pagbabago hanggat makakaya ko. Ang aking tagumpay ay kay Allah lamang. Sa Kanya ako nanalig at sa Kanya ako nagbabalik-loob. 11:89. Aking nasyon, huwag ninyong hayaan ang galit ninyo sa akin na maging dahilan upang tamaan kayo ng tulad ng dumating sa nasyon nina Noah, Hud o Saleh. Ang nasyon ni Lot ay hindi malayo sa inyo. 11:90. Humingi kayo ng tawad sa inyong Panginoon at magbalik-loob kayo sa Kanya. Tunay na ang aking Panginoon ay Mahabagin at Mapagmahal.'

11:91. Sinabi nila, ‘O Shuaib, hindi namin naiintindihan ang karamihan sa iyong mga sinasabi at tunay na itinuturing ka namin na mahina. Kung hindi lamang dahil sa iyong pamilya ay pinagbabato ka na namin hanggang kamatayan at hindi ka kagalang-galang sa amin.’ 11:92. Sinabi niya, ‘O aking nasyon, ang pamilya ko ba ay higit na iginagalang ninyo dahil sa kapangyarihan kaysa kay Allah na inilalagay ninyo sa inyong likuran? Tunay na ang aking Panginoon sa inyong mga ginagawa ay Nakaaarok. 11:93. O aking nasyon, kumilos kayo ayon sa inyong antas, tunay na ako ay kumikilos din. Malalaman ninyo kung kanino darating ang parusa na kahiya-hiya at kung sino ang sinungaling. Magsubaybay kayo dahil tunay na ako ay kabilang sa inyo na nakasubaybay.’

11:94. Nang dumating ang Aming utos ay iniligtas Namin si Shuaib at ang mga nanampalataya kasama niya sa bisa ng habag mula sa Amin. Winasak ang mga mapang-api ng isang sigaw at sila sa loob ng kanilang mga tahanan ay nangamatay. 11:95. Na para bang sila ay hindi namuhay dito. Kapahamakan sa Madyan tulad ng kapahamakan ng Thamud.

11:96. Isinugo Namin si Moises dala ang Aming mga tanda at malinaw na autoridad. 11:97. Tungo kay Paraon at kanyang mga ministro ngunit sinunod nila ang utos ni Paraon. Ang utos ni Paraon ay hindi ayon sa gabay. 11:98. Siya ang mangunguna sa kanyang nasyon sa Araw ng Paghuhukom at pamumunuan niya sila tungo sa Impiyerno. Napakasamang lugar ang ginabayan sila tungo rito. 11:99. Sila ay sinundan sa lupa ng sumpa at gayundin sa Araw ng Paghuhukom. Napakasama ng regalong ibinigay sa kanila.

11:100. Yaon ang mga balita mula sa mga lungsod na inilalahad Namin sa iyo. Ang ilan sa kanila ay nakatayo pa at ang iba naman ay pinatag na. 11:101. Hindi Namin sila inapi bagkus sila ang nang-api sa kanilang mga sarili. Sila ay hindi natulungan ng kanilang mga

diyos na dinadasalan nila liban kay Allah ng kahit na ano nang dumating ang utos ng iyong Panginoon. Ang mga ito ay hindi nagdagdag sa kanila liban pa sa pagkawasak.

11:102. Ganito ang pagwasak ng iyong Panginoon kapag winasak Niya ang mga bayan habang sila ay gumagawa ng masama. Tunay na ang pagwasak Niya ay masakit at malupit. 11:103. Tunay na naroon ang tanda para sa sinumang natakot sa parusa sa Kabilang-buhay. Yaon ay Araw na titipunin ang mga tao. Yaon ay Araw na sasaksihan. 11:104. Hindi Namin ito ipagpapaliban liban na lamang sa takdang panahon. 11:105. Sa pagdating ng Araw na yaon ay hindi magsasalita ang sinuman liban pa sa pahintulot Niya. Kabilang sa kanila yaong mga malungkot at masaya.

11:106. Yaong mga itinakda upang malungkot ay sa Impiyerno. Doon ay aatungal sila at hihiyaw. 11:107. Mananatili sila rito habang-panahon hanggat nananatili ang kalangitan at lupa liban na lamang sa naisin ng iyong Panginoon. Tunay na ang iyong Panginoon ay gumagawa ng Kanyang naisin. 11:108. Yaong mga itinakda upang maging masaya ay sa Paraiso at sila ay mananahan dito habang-panahon hanggat nananatili ang kalangitan at lupa liban na lamang sa naisin ng iyong Panginoon. Isang walang tigil na pagbibigay. 11:109. Kaya huwag magduda O Muhammad tungkol sa anumang sinasamba ng mga yaon. Wala silang sinasamba liban na lamang sa sinamba ng kanilang mga ninuno noon. Tunay na ibibigay Namin ang bahagi nila nang walang bawas.

11:110. Ibinigay Namin kay Moises ang Aklat at sila ay nagtalu-talo rito. Kung hindi lamang dahil sa naunang salita na mula sa iyong Panginooon ay hinatulan na sila. Tunay na sila ay nasa pagdududa nang may matinding pag-aalinlangan. 11:111. Tunay na gagantimpalaan ng iyong Panginoon ang lahat ayon sa kanilang mga gawa. Tunay na Siya sa kanilang mga gawain ay Nakababatid.

11:112. Kaya manatili ka sa tuwid na landas tulad ng iniutos sa iyo at sa mga nagbalik-loob kasama ka at huwag sumuway. Tunay na Siya sa inyong mga gawain ay Nakakakita. 11:113. Huwag kumiling doon sa mga gumagawa ng masama o dadampian din kayo ng Apoy at wala kayong makikita liban kay Allah na mga kakampi at hindi kayo matutulungan. 11:114. Itaguyod ang obligadong pagdarasal sa dalawang dulo ng araw at sa simula ng gabi. Tunay na ang mababuting gawain ay bumubura sa mga kasalanan. Yaon ay paalaala sa mga nakaaalala. 11:115. Magtiis, tunay na si Allah ay hindi magpapawalang-saysay sa gantimpala ng mga gumawa ng mabuti.

11:116. Kung mayroon lamang nalalabing sinuman sa mga naunang henerasyon sa iyo na nagtiis sa pang-aapi habang nagbabawal ng kasamaan sa lupa, ay wala kang matatagpuan liban na lamang sa kakaunti na iniligtas Namin mula sa mga makasalanan. Yaong mga nang-api ay naghabol sa yaman na ibinigay sa kanila rito at sila ay mga makasalanan. 11:117. Ang iyong Panginoon ay hindi wawasak sa mga bayan nang may pang-aapi habang ang mga mamamayan dito ay nagsasaayos.

11:118. Kung naisin lamang ng iyong Panginoon ay ginawa Niya ang mga tao na isang nasyon lamang ngunit nanatili silang nagtatalu-talo. 11:119. Liban na lamang sa kinahabagan ng iyong Panginoon na dahil dito ay nilikha Niya sila. Magaganap ang salita ng iyong Panginoon na, ‘Tunay na pupunuin ko ng engkanto at tao ang Impiyerno nang magkakasama.’

11:120. Ang lahat ng ikinuwento Namin sa iyo mula sa mga kaganapan sa mga sugo ay upang patatagin Namin sa pamamagitan nito ang iyong puso. Dumating sa iyo sa kabanatang ito ang katotohanan, aral at paalaala para sa mga nanampalataya. 11:121. Sabihin sa mga hindi nanampalataya, ‘Kumilos kayo ayon sa inyong antas, tunay na kami ay kumikilos din. 11:122. Maghintay kayo, dahil kami ay

naghihintay din.’ 11:123. Kay Allah ang mga nalilingid sa kalangitan at lupa at sa Kanya magbabalik ang lahat ng bagay kaya sambahin ninyo Siya at manalig sa Kanya. Ang iyong Panginoon ay hindi nalilingat sa inyong mga ginagawa.

12. SURAH YUSUF (SI PROPETA JOSEPH)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

12:1. Alif Lam Ra. Ito ang mga talata ng aklat na malinaw. 12:2. Tunay na ito ay ibinaba Namin na Quran sa wikang Arabic upang kayo nawa ay makaunawa. 12:3. Ikukuwento Namin sa iyo ang pinakamainam na kuwento na ipinahayag Namin sa iyo sa Quran na ito kahit ikaw noon ay walang nalalaman dito.

12:4. Nang sinabi ni Joseph sa kanyang ama, ‘O aking ama, tunay na nakita ko ang labing-isang bituin, ang araw at ang buwan na sa akin ay nagpapatirapa.’ 12:5. Sinabi niya, ‘O aking anak, huwag mong ikuwento ang iyong panaginip sa iyong mga kapatid o sila ay magpa-plano laban sa iyo ng isang plano. Tunay na si Satanas para sa tao ay malinaw na kalaban. 12:6. Gayundin ay hinirang ka ng iyong Panginoon at magtuturo sa iyo ng pagpapaliwanag sa mga panaginip at gagawing kumpleto sa iyo ang biyaya at sa pamilya ni Jacob tulad ng kung paano Niya ito kinumpleto para sa iyong mga ninuno noon na sina Abraham at Isaac. Tunay na ang iyong Panginoon ay Nakaaalam at Maalam.’

12:7. Matatagpuan kina Joseph at kanyang mga kapatid ang tanda para sa mga nagtatanong. 12:8. Sinabi ng mga kapatid ni Joseph, ‘Si Joseph at ang kanyang kapatid na si Benjamin ay mas mahal ng ating ama kaysa sa atin samantalang tayo ay isang malakas na grupo. Tunay na ang ating ama ay nasa malinaw na pagkakamali. 12:9. Patayin ninyo si Joseph o itapon siya sa ibang lupalop, at magiging

para sa inyo lamang ang mukha ng inyong ama at kayo pagkatapos niyun ay maaari nang maging mabubuting tao.' 12:10. Sinabi ng isa sa kanila, 'Huwag ninyong patayin si Joseph bagkus ay itapon ninyo siya sa ilalim ng isang balon. Ang ilang manlalakbay ay pupulot sa kanya kung may gagawin man kayo.'

12:11. Sinabi nila, 'O aming ama, bakit hindi mo ipagkatiwala sa amin si Joseph tunay na kami para sa kanya ay matatapat. 12:12. Pasamahin mo siya sa amin bukas upang siya ay makakain at makapaglaro at tunay na kami sa kanya ay mga tagapag-ingat.' 12:13. Sinabi ni Jacob, 'Tunay na ikinalulungkot ko na isama ninyo siya at natatakot ako na kainin siya ng lobo habang kayo sa kanya ay nalilingat.' 12:14. Sinabi nila, 'Kung kakainin man siya ng lobo habang kami ay
malakas na grupo ay tunay na kami ay mga talunan.'

12:15. Kaya isinama nila siya at nagkasundo sila na ilagay siya sa ilalim ng balon. Ipinahayag Namin sa kanya, 'Katiyakang ipaaalam mo sa kanila ang nangyaring ito habang sila ay hindi nakakakilala sa iyo.' 12:16. Dumating sila sa kanilang ama sa gabi na umiiyak. 12:17. Sinabi nila, 'O aming ama, tunay na umalis kami upang magkarera at iniwan namin si Joseph sa mga gamit namin at kinain siya ng lobo. Hindi ka maniniwala sa amin kahit pa kami ay makatotohanan.' 12:18. Dinala nila ang kanyang damit na may pekeng dugo. Sinabi ni Jacob, 'Bagkus ay nag-udyok sa inyo ang inyong mga sarili sa isang bagay, kaya ang pagtitiis ay pinakamainam. Si Allah ang hinihingan ng tulong sa anumang inilalarawan ninyo.'

12:19. Dumating ang isang grupo ng mga manlalakbay at inutusan ang kanilang taga-igib at ibinaba nito ang kanyang balde. Sinabi niya, 'Magandang balita, isang batang lalaki.' Itinago nila siya at kinuha bilang paninda at alam ni Allah ang kanilang ginawa. 12:20. Ipinagbili nila siya sa murang halaga ng ilang dirham at sila tungkol sa kanya ay masaya na sa maliit na halaga.

12:21. Sinabi ng bumili sa kanya na ministro ng hari ng Ehipto sa asawa nito, ‘Gawin mong maganda ang kanyang pagtira, maaaring siya ay magbibigay ng pakinabang sa atin o ampunin natin siya bilang anak.’ Sa ganitong paraan ay inilagak Namin si Joseph sa lupa upang turuan Namin siya ng pagpapaliwanag sa mga panaginip. Si Allah ay nangingibabaw sa Kanyang mga pasya subalit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam. 12:22. Nang si Joseph ay dumating sa hustong edad ay binigyan Namin siya ng karunungan at kaalaman. Ganito Namin gantimpalaan ang mababuti.

12:23. Inakit si Joseph ng asawa ng ministro na may-ari ng bahay na kung saan ay naroroon siya. Isinara nito ang mga pinto at nagsabing, ‘Halika rito.’ Sinabi niya, ‘Ako ay nagpapakupkop kay Allah. Tunay na ang iyong asawa ang aking amo na nagbigay sa akin ng magandang tahanan. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga makasalanan.’ 12:24. Siya ay nanindigan na akitin siya at si Joseph ay maaakit niya kung hindi lamang niya nakita ang patunay ng kanyang Panginoon. Ito ay upang ilayo Namin siya mula sa kasamaan at kalaswaan. Tunay na siya ay kabilang sa mga hinirang Naming alipin.

12:25. Silang dalawa ay nag-unahan tungo sa pinto at napunit niya ang damit ni Joseph sa likuran at nakita nila ang asawa ng babae sa pinto. Sinabi ng babae, ‘Ano ang gantimpala ng siyang naghangad ng masama sa iyong asawa liban na lamang na siya ay mabilanggo o maparusahan nang masakit?’ 12:26. Sinabi ni Joseph, ‘Siya ay naghangad na akitin ako.’ Ang isang saksi mula sa pamilya ng babae ay nagsabi, ‘Kung ang punit ng damit ni Joseph ay sa harapan ay nagsabi ang babae ng totoo at si Joseph ay kabilang sa mga sinungaling. 12:27. Ngunit kung ang damit ni Joseph ay napunit sa likuran ay nagsinungaling ang babae at kabilang si Joseph sa mga makatotohanan.’ 12:28. Nang nakita ng asawa ng babae na ang damit ni Joseph ay napunit sa likuran nito ay sinabi niya, ‘Tunay na ito ay

pakana ninyong kababaihan. Tunay na ang inyong plano ay matindi.

12:29. Joseph, pabayaan mo ito. Aking asawa, humingi ka ng tawad sa iyong pagkakasala. Tunay na ikaw ay makasalanan.'

12:30. Sinabi ng kababaihan sa lungsod na, 'Ang asawa ng Ministro sa Ehipto ay nagtangkang akitin ang kanyang utusang lalaki. Siya ay labis na nahumaling sa kanya. Tunay na nakikita namin siya na nasa malinaw na pagkakamali.' 12:31. Kaya nang marinig ng asawa ng Ministro ang kanilang plano ay ipinatawag niya sila at ipinaghanda sila ng salu-salo at binigyan ang bawat isa sa kanila ng kutsilyo upang ipanghiwa ng pagkain. Sinabi niya, 'O Joseph, lumabas ka sa kanila.' Nang nakita nila siya ay hinangaan nila siya nang husto at nahiwa nila ang kanilang mga kamay at nagsabing, 'Perpekto si Allah, ito ay hindi isang tao bagkus ito ay isang marilag na anghel.' 12:32. Sinabi niya, 'Ito ang dahilan ng paninisi ninyo sa akin. Inakit ko siya ngunit siya ay tumanggi. Kung hindi niya gagawin ang iniutos ko sa kanya ay katiyakang makukulong siya at mapapabilang sa mga hamak.' 12:33. Sinabi ni Joseph, 'Aking Panginoon, ang kulungan ay mas mamahalin ko kaysa sa ipinang-aanyaya nila sa akin. Kung hindi Mo ako ilalayo sa kanilang plano ay maaaring mabaling ako sa kanila at mapabilang sa mga mangmang.' 12:34. Tinugon siya ng kanyang Panginoon at inilayo siya mula sa kanilang plano. Tunay na Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam.

12:35. Naging malinaw ito sa kanila matapos na makita nila ang palatandaan ng Ministro ng Ehipto na si Joseph nga ay makukulong ng ilang panahon. 12:36. Nakulong kasama niya ang dalawang batang lalaki. Sinabi ng isa, 'Tunay na nakita ko sa panaginip ang aking sarili na nagpipiga ng alak.' Ang isa naman ay nagsabing, 'Tunay na nakita ko ang aking sarili na may dalang tinapay sa ibabaw ng aking ulo na kinakain ng mga ibon. Sabihin mo sa amin ang kahulugan ng mga ito. Tunay na nakikita ka namin na kabilang sa matutuwid.'

12:37. Sinabi niya, ‘Hindi darating sa inyong dalawa ang pagkain na ibibiyaya sa inyo liban na lamang na sasabihin ko muna sa inyo ang kahulugan nito. Ito ay mula sa itinuro sa akin ng aking Panginoon. Tunay na iniwan ko ang relihiyon ng mga taong hindi nananampalataya kay Allah at sila sa Kabilang-buhay ay nagtatakwil. 12:38. Ako ay sumunod sa relihiyon ng aking mga ninuno, sina Abraham, Isaac at Jacob. Hindi marapat para sa atin ang magtambal kay Allah ng anumang bagay. Ito ay mula sa biyaya ni Allah sa atin at sa mga tao ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi mapagpasalamat. 12:39. O mga kasama ko sa kulungan, ang mga diyos ba na marami at magkakaiba ay mas mainam ba kaysa kay Allah, ang Nag-iisa at ang Tagagapi? 12:40. Wala kayong sinasamba na iba pa liban sa Kanya kundi mga pangalan na inimbento lamang ninyo, kayo at ang inyong mga ninuno, na walang ibinabang autoridad dito si Allah. Ang paghatol ay para lamang kay Allah. Ang Siyang nag-utos na wala kayong sasambahin liban sa Kanya. Ito ang matuwid na relihiyon ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam.

12:41. O aking mga kasama sa kulungan, ang isa sa inyo ay magsasalin ng alak para sa kanyang amo. Ang isa naman ay ipapako sa puno ng datiles at kakain ang mga ibon sa kanyang ulo. Naitakda na ang bagay na itinatanong ninyong dalawa.’ 12:42. Sinabi niya sa siyang pinaniwalaan niya na maliligtas sa dalawa, ‘Banggitin mo ako sa iyong amo.’ Ngunit siya ay ginawang makalimot ni Satanas na mabanggit si Joseph sa kanyang amo at nanatili siya sa kulungan ng ilan pang taon.

12:43. Sinabi ng hari, ‘Tunay na nakita ko sa aking panaginip ang pitong matatabang baka na kinain ng pitong payat na baka at pitong berdeng tangkay at pitong tuyot. O mga ministro, ipaliwanag ninyo ang aking panaginip kung kayo ay may kakayanang magpaliwanag nito.’ 12:44. Sinabi nila, ‘Ang panaginip mo ay magkakahalo. Hindi kami maalam sa pagpapaliwanag ng panaginip.’ 12:45. Sinabi ng

nakaligtas na kabilang sa dalawang kasama ni Joseph nang siya ay nakaalala matapos ang matagal na pagkalimot, ‘Ibibigay ko sa inyo ang kahulugan nito kaya ipadala ninyo ako kay Joseph.’

12:46. Sinabi niya, ‘O Joseph, ikaw na makatotohanan, ipaliwanag mo sa amin ang pitong matatabang baka na kinain ng pitong payat na baka at pitong berdeng tangkay at pitong tuyot. Upang makabalik ako sa mga tao at malaman nawa nila ito.’ 12:47. Sinabi ni Joseph, ‘Aani kayo ng pitong taon na masagana at sa bawat ani ay mag-imbak kayo at iwan ito sa tangkay nito liban na lamang sa kaunting kakainin ninyo. 12:48. Pagkatapos niyun ay darating ang pitong taon ng tagtuyot at kainin ninyo ang inimbak ninyo liban sa ilan na itatanim ninyo. 12:49. Pagkatapos niyun ay darating ang taon na uulanin ang mga tao at dito ay aani silang muli.’

12:50. Sinabi ng hari, ‘Dalhin ninyo siya sa akin.’ Nang dumating sa kanya ang sugo ay sinabi ni Joseph, ‘Bumalik ka sa iyong amo at itanong mo kung ano ang nangyari sa mga babaeng nahiwa ang kanilang mga kamay. Tunay na ang aking Panginoon ay Nakaaalam sa kanilang plano.’ 12:51. Sinabi ng hari, ‘Ano ang nangyari sa inyo nang akitin ninyo si Joseph?’ Sinabi nila, ‘Perpekto si Allah. Wala kaming nalalaman na masama tungkol sa kanya.’ Sinabi ng asawa ng Ministro ng Ehipto, ‘Ngayon ay naisiwalat na ang katotohanan. Ako ang naghangad na akitin siya at tunay na siya ay makatotohanan.

12:52. Ito ay upang malaman ng Ministro na hindi ko siya nilinlang habang siya ay wala at si Allah ay hindi naggagabay sa plano ng mga mapanlinlang. 12:53. Hindi ko pinawawalang-sala ang aking sarili. Tunay na ang sarili ay nag-uutos ng kasamaan liban na lamang sa kahabagan ng aking Panginoon. Tunay na ang aking Panginoon ay Mapagpatawad at Mahabagin.’

12:54. Sinabi ng Hari, ‘Dalhin ninyo si Joseph sa akin upang ako

mismo ang magtalaga sa kanya.' Nang nakausap niya si Joseph ay sinabi nito, 'Tunay na sa araw na ito, ikaw ay nasa matatag at mapagkakatiwalaang posisyon.' 12:55. Sinabi ni Joseph, 'Italaga mo ako sa mga imbakan sa lupa. Tunay na ako ay mapag-ingat at nakaaalam.' 12:56. Ganito Namin iniluklok si Joseph sa lupa upang manahan dito saan man niya naisin. Kinahabagan Namin ang sinumang Aming naisin at hindi Namin pawawalang-saysay ang gantimpala ng mga gumagawa ng mabuti. 12:57. Ang gantimpala ng Kabilang-buhay ay mas mainam para roon sa nanampalataya at may takot kay Allah.

12:58. Dumating ang mga kapatid ni Joseph at humarap sila sa kanya at nakilala niya sila ngunit hindi nila siya nakilala. 12:59. Nang naihanda na niya para sa kanila ang kailangan nila ay sinabi niya, 'Dalhin ninyo sa akin ang kapatid ninyo sa ama na si Benjamin. Hindi ba ninyo nakikita na ako ay nagbibigay nang buong timbang at ako ang pinakamagiliw sa pagtanggap sa panauhin. 12:60. Ngunit kung hindi ninyo siya dadalhin sa akin ay wala kayong makukuha mula sa akin at hindi kayo makalalapit sa akin.' 12:61. Sinabi nila, 'Sisikapin namin na pumayag ang kanyang ama at tunay na gagawin namin ito.'

12:62. Sinabi ni Joseph sa kanyang mga alila, 'Ilagay ninyo ang kanilang mga ibinayad sa kanilang mga sasakyan upang makilala nila ito pagbalik nila sa kanilang pamilya upang sila nawa ay bumalik. 12:63. Nang sila ay nakabalik sa kanilang ama ay sinabi nila, 'Aming ama, tinanggihan na kami na bigyan pa sa susunod kaya pasamahin mo sa amin ang aming kapatid upang bigyan kami ng kumpleto. Tunay na kami sa kanya ay magiging mga tagapag-ingat.' 12:64. Sinabi niya, 'Ipagkakatiwala ko ba siya sa inyo tulad ng pagtitiwala ko sa inyo sa kanyang kapatid noon? Si Allah ang pinakamainam na Tagapag- ingat, Siya ang pinakamahabagin sa mga mahabagin.'

12:65. Nang binuksan nila ang kanilang mga bagahe ay nakita nila na ang kanilang mga gamit ay ibinalik sa kanila. Sinabi nila, ‘O aming ama, ano pa ba ang hahangarin natin? Ang mga gamit natin ay ibinalik sa atin. Makakakuha tayo ng pagkain para sa ating pamilya, pag-iingatan namin ang aming kapatid at makakakuha pa tayo ng dagdag na isang kamelyong karga. Yaon ay timbang na hindi mahirap ibigay.’ 12:66. Sinabi niya, ‘Hindi ko siya pasasamahin sa inyo hanggat mangako kayo sa akin sa ngalan ni Allah na ibabalik ninyo siya sa akin liban na lamang na mapaligiran kayo.’ Nangako sila at sinabi ni Jacob, ‘Si Allah sa ating mga sinasabi ay Saksi.

12:67. O aking mga anak, huwag kayong pumasok sa isang lagusan lamang bagkus ay pumasok kayo sa ibat ibang pintuan. Hindi ko kayo matutulungan laban sa takda ni Allah ng kahit ano. Ang pagpapasya ay kay Allah lamang. Sa Kanya lamang ako nanalig at sa Kanya dapat manalig ang mga nananalig.’ 12:68. Nang sila ay pumasok ayon sa utos ng kanilang ama ay hindi ito nakatulong sa kanila laban kay Allah ng anuman liban na lamang na ito ay awa sa puso ni Jacob na naisakatuparan. Tunay na siya ay nagtataglay ng kaalaman dahil sa itinuro Namin sa kanya ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam.

12:69. Nang sila ay tumungo kay Joseph ay kinuha nito ang kanyang kapatid. Sinabi niya, ‘Tunay na ako ang iyong kapatid kaya huwag kang malungkot sa ginawa nila sa akin.’ 12:70. Kaya nang inihanda niya ang mga bagahe nila ay inilagay niya ang isang takalan sa bagahe ng kanyang kapatid at ang isang tagatawag ay nagsabing, ‘O kayong mga manlalakbay, tunay na kayo ay mga magnanakaw.’ 12:71. Sinabi nila sa kanila habang lumalapit sa kanila, ‘Ano ang nawawala sa inyo?’ 12:72. Sinabi nila, ‘Nawawala ang takalan ng hari. Para sa sinumang makakita rito ay isang kamelyong karga ng pagkain at ako ang may pananagutan dito.’ 12:73. Sinabi nila, ‘Sumpa kay Allah, tiyak na nalalaman ninyo na hindi kami naparito

upang maghasik ng kasamaan sa lupa at hindi kami mga magnanakaw.' 12:74. Sinabi sa kanila, 'Ano naman ang parusa kung kayo ay mga sinungaling?' 12:75. Sinabi nila, 'Ang parusa ay para sa sinumang matagpuan sa kanya ito. Ganito namin gantihan ang mga mapang-api.' 12:76. Kaya sinimulan ni Joseph ang paghalughog sa kanilang mga bagahe bago pa ang bagahe ng kanyang kapatid. At inilabas niya ito mula sa bagahe ng kanyang kapatid. Ganito Kami nagplano para kay Joseph. Hindi niya magagawang makuha ang kanyang kapatid ayon sa batas ng relihiyon ng hari liban na lamang sa naisin ni Allah. Iniaangat Namin sa matataas na antas ang sinumang Aming naisin. Nasa ibabaw ng sinumang maalam ang isang mas maalam.

12:77. Sinabi nila, 'Kung siya man ay nagnakaw ay nagnakaw din ang kapatid niya noon.' Kinimkim ito ni Joseph sa kanyang sarili at hindi ipinakita sa kanila. Sinabi niya, 'Kayo ay nasa mas masamang kalagayan, si Allah ang mas nakaaalam sa inyong inilalarawan.' 12:78. Sinabi nila, 'O Ministro, tunay na siya ay mayroong amang matanda na kaya kunin mo na lang ang isa sa amin bilang kapalit niya. Tunay na nakikita ka namin na kabilang sa mabubuti.' 12:79. Sinabi niya, 'Nagpapakupkop ako kay Allah na kunin namin ang iba pa liban sa kung sinumang natagpuan namin ang aming gamit na taglay niya. Tunay na kami, kapag ginawa namin ito ay magiging mga mapang-api.' 12:80. Nang sila ay nawalan ng pag-asa sa kanya ay nangusap sa isat isa nang pribado. Ang pinakamatanda sa kanila ay nagsabi, 'Hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong ama ay nakipagkasunduan sa inyo sa ngalan ni Allah at noong nagkulang kayo kay Joseph? Hindi ako aalis sa lupang ito hanggat pahintulutan ako ng aking ama o maghatol si Allah sa akin. Siya ang pinakamainam na hukom. 12:81. Bumalik kayo sa inyong ama at sabihin ninyong, 'Aming ama, tunay na ang iyong anak ay nagnakaw. Hindi kami sumaksi liban na lamang sa nalaman namin. Kami sa mga nalilingid ay hindi mga tagapag-ingat. 12:82. Tanungin mo rin ang

bayan na kung saan ay naroon kami at ang grupo ng mga manlalakbay na kasama naming dumating. Tunay na kami nga ay mga makatotohanan.''

12:83. Sinabi ni Jacob, 'Bagkus ang inyong mga sarili ay naghimok sa inyo sa isang bagay, ang pagtitiis ang pinakamainam. Maaaring si Allah ay magbabalik sa kanilang lahat sa akin. Tunay na Siya ang Nakaaalam at ang Maalam.' 12:84. Siya ay tumalikod sa kanila at nagsabing, 'Ako ay nagdadalamhati para kay Joseph.' At ang kanyang mga mata ay namuti dahil sa lungkot na kanyang kinikimkim. 12:85. Sinabi nila, 'Sumpa kay Allah, hindi ka titigil sa pag-aalaala kay Joseph hanggang sa ikaw ay magkasakit nang malubha o mapabilang sa mga napahamak.' 12:86. Sinabi niya, 'Ako ay naghihinaing ng aking pighati at kalungkutan kay Allah lamang. Nalalaman ko tungkol kay Allah ang hindi ninyo nalalaman. 12:87. O aking mga anak, humayo kayo at alamin ninyo ang tungkol kay Joseph at kanyang kapatid at huwag kayong mawalan ng pag-asa sa habag ni Allah. Tunay na walang nawawalan ng pag-asa sa habag ni Allah liban na lamang sa mga hindi nanampalataya.'

12:88. Nang sila ay bumalik sa kanya ay sinabi nilang, 'O Ministro, kami at ang aming pamilya ay dinatnan ng kapahamakan at kami ay nagdala ng mababang kalidad ng produkto ngunit gawin mong ganap ang timbang para sa amin at magkawanggawa ka sa amin. Tunay na si Allah ay naggagantimpala sa mga mapagkawanggawa.' 12:89. Sinabi ni Joseph, 'Alam ba ninyo ang ginawa ninyo kina Joseph at sa kanyang kapatid nang kayo ay mga mangmang pa?' 12:90. Sinabi nila, 'Tunay na ikaw kaya si Joseph?' Sinabi niya, 'Ako si Joseph at ito ang aking kapatid. Si Allah ay nagbiyaya sa atin. Tunay na sinumang may takot kay Allah at matiisin ay tunay na si Allah ay hindi nagpapawalang-saysay sa gantimpala ng mga gumagawa ng mabuti.'

12:91. Sinabi nila, ‘Sumpa kay Allah, ikaw ay higit na pinaboran ni Allah kaysa sa amin at tunay na kami ay nagkamali.’ 12:92. Sinabi niya, ‘Walang paninisi sa inyo sa araw na ito. Si Allah ay magpapatawad sa inyo at Siya ang pinakamahabagin sa mga mahabagin. 12:93. Dalhin ninyo ang damit kong ito at ilagay ito sa mukha ng aking ama at siya ay makakakita at dalhin ninyo sa akin ang inyong pamilya lahat-lahat.’

12:94. Nang lumisan ang grupo ng mga manlalakbay ay sinabi ng kanilang ama, ‘Tunay na naaamoy ko si Joseph kung hindi lamang ninyo iisipin na mahina ang aking pag-iisip.’ 12:95. Sinabi nila, ‘Sumpa kay Allah, tunay na ikaw ay nasa dati mong pagkakamali.’ 12:96. Nang dumating ang may dala ng mabuting balita ay inilagay niya ito sa kanyang mukha at siya ay nakakitang muli. Sinabi niya, ‘Hindi ba’t sinabi ko sa inyo na tunay na nalalaman ko mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman?’ 12:97. Sinabi nila, ‘O aming ama, humingi ka ng tawad para sa aming mga kasalanan, tunay na kami ay nagkamali.’ 12:98. Sinabi niya, ‘Ako ay hihingi ng tawad para sa inyo sa aking Panginoon. Tunay na Siya ang Mapagpatawad at ang Mahabagin.’

12:99. Nang dumating sila kay Joseph ay niyakap nito ang kanyang mga magulang. Sinabi niya, ‘Pumasok kayo sa Ehipto, kung naisin ni Allah na mga ligtas.’ 12:100. Pinaupo niya ang kanyang mga magulang sa trono at silang lahat ay nagpatirapa sa kanya. Sinabi niya, ‘O aking ama, ito ang paliwanag ng aking panaginip noon. Ginawa itong totoo ng aking Panginoon. Siya ay naging mabuti sa akin nang inilabas Niya ako mula sa kulungan at dinala kayo rito mula sa buhay-disyerto matapos na pag-awayin kami ni Satanas ng aking mga kapatid. Tunay na ang aking Panginoon ay Kapita-pitagan sa sinumang Kanyang naisin. Siya ang Nakaaalam at ang Maalam.’

12:101. ‘Aking Panginoon, binigyan Mo ako ng kaharian at tinuruan Mo ako ng paliwanag sa mga panaginip. Tagalikha ng kalangitan at lupa. Ikaw ang Tagapag-ingat ko sa buhay na ito at sa Kabilang-buhay. Dulutin Mo na ako ay mamatay na Muslim at ibilang Mo ako sa mababuti.’

12:102. Yaon ay mula sa mga balitang nalilingid na ipinahayag Namin sa iyo O Muhammad. Hindi ka nila kasama nang sila ay nagkaisa sa gagawin nila at nagplano. 12:103. Ang karamihan sa mga tao, kahit magsikap ka pa ay hindi mananampalataya. 12:104. Hindi ka nanghihingi sa kanila dahil dito ng kabayaran. Ito ay paalaala lamang sa lahat ng nilikha.

12:105. Ilang tanda na ba sa kalangitan at lupa ang dinaanan nila habang sila ay tumatalikod dito. 12:106. Hindi naniniwala ang karamihan sa kanila kay Allah liban na lamang na sila ay nagtatambal sa Kanya. 12:107. Inaakala ba nila na sila ay hindi daratnan ng kagimbal-gimbal na parusa ni Allah o kaya ay biglang darating sa kanila ang Oras na hindi nila napapansin? 12:108. Sabihin, ‘Ito ang aking landas. Nag-aanyaya ako tungo kay Allah nang may tiyak na kaalaman, ako at ang mga sumunod sa akin. Luwalhati kay Allah at ako ay hindi kabilang sa mga nagtatambal sa Kanya.’

12:109. Hindi Kami nagsugo ng nauna sa iyo liban pa sa kalalakihan na pinahayagan Namin mula sa mga taong bayan. Hindi ba sila naglakbay sa lupa upang makita ang wakas ng mga nauna sa kanila? Ang tahanan sa Kabilang-buhay ay mas mainam para roon sa mga may takot kay Allah. Hindi ba kayo nag-iisip? 12:110. Hanggang sa nawalan ng pag-asa ang mga sugo at nag-akala na sila ay pinasinungalingan ngunit dumating sa kanila ang Aming tagumpay at maililigtas ang sinumang naisin Namin. Hindi mapipigilan ang Aming parusa mula roon sa mga makasalanan.

12:111. Sa kanilang mga kuwento ay may aral para sa mga nakauunawa. Ito ay hindi kuwentong inimbento lamang bagkus ito ay pagpapatotoo sa nauna rito at detalyadong paliwanag sa lahat ng bagay, gabay at habag para sa mga nanampalataya.

13. SURATUR RA'D (ANG KIDLAT)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

13:1. Alif Lam Mim Ra. Ito ang mga talata ng Aklat. Ang ipinahayag sa iyo mula sa iyong Panginoon ay ang katotohanan ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nananampalataya. 13:2. Si Allah ang nag-angat sa kalangitan nang walang haligi na nakikita ninyo. Lumuklok Siya sa trono at pinainog ang araw at ang buwan na parehong tumatakbo sa kanilang mga landas sa takdang panahon. Siya ang nagsasaayos ng mga bagay at naglilinaw ng mga tanda upang kayo nawa sa pagharap sa inyong Panginoon ay makatiyak. 13:3. Siya ang nagpalapad ng lupa at naglagay dito ng kabundukan at mga ilog. Mula sa mga bunga ay lumikha siya ng lalaki at babae. Dinulot Niya na balutin ng gabi ang araw. Tunay na ito ay mga tanda para sa mga nagmumuni-muni.

13:4. Sa lupa ay ang magkakalapit na lupa at hardin ng ubas, mga pananim at palmera na lumalaki na may iisang katawan at iba pang lumalaki na may ibat ibang mga sanga. Dinidiligan ng iisang uri ng tubig. Ngunit dinulot Namin na ang iba ay maging mas mainam kaysa sa iba sa bunga. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga taong nag-iisip.

13:5. Kung ikaw ay magtataka O Muhammad ay nakapagtataka ang kanilang sinasabing, 'Kung kami ay alabok na ay bubuhayin ba kaming muli na bagong nilikha?' Sila yaong mga hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon. Sila yaong may tanikala sa kanilang mga

leeg. Sila ang mananahan sa Impiyerno at mananatili rito habang-panahon.

13:6. Minamadali ka nila sa pagpaparating ng kasamaan bago pa ang kabutihan samantalang dumating na sa kanila ang katulad na parusa. Tunay na ang iyong Panginoon ay nagtataglay ng pagpapatawad para sa mga tao sa kanilang mga kasalanan. Tunay na ang iyong Panginoon ay matindi magparusa.

13:7. Sinasabi ng mga hindi nanampalataya, 'Bakit walang ibinaba sa kanya na tanda mula sa kanyang Panginoon?' Ikaw ay isang tagapagbabala lamang. At para sa lahat ng nasyon ay gabay.

13:8. Nalalaman ni Allah ang ipinagbubuntis ng bawat kababaihang nagdadalangtao at ang pagkukulang ng buwan sa sinapupunan o lalabis pa rito. Lahat ng bagay sa Kanya ay nasa tamang sukat. 13:9. Siya ang Nakaaalam ng nalilingid at nakikita. Ang Dakila at ang Kataas-taasan. 13:10. Pareho lang para sa Kanya kung ililihim ng sinuman sa inyo ang kanyang pananalita o ihahayag ito. Ito man ay nailihim sa gabi o naihahayag sa araw.

13:11. Para sa tao ang sunud-sunod na mga anghel sa unahan niya at likuran na nag-iingat sa kanya ayon sa utos ni Allah. Tunay na si Allah ay hindi magbabago sa sitwasyon ng isang nasyon hanggang sa baguhin muna nila ang kanilang mga sarili. Kapag ninais ni Allah sa mga tao ang kasamaan ay walang makapipigil nito. Wala silang makikitang liban sa Kanya na tagapag-ingat.

13:12. Siya ang nagpapakita sa inyo ng kidlat na nagdudulot ng takot at pag-asang umulan at bumubuo ng mabibigat na ulap. 13:13. Ang kulog ay lumuluwalhati at pumupuri kay Allah at gayundin ang mga anghel dahil sa takot sa Kanya. Siya ay nagpapadala ng kidlat at pinatatamaan nito ang sinumang Kanyang naisin habang sila ay

nagtatalo tungkol kay Allah. Siya ay matinding magparusa.

13:14. Para sa Kanya lamang ang tunay na panalangin. Ang kanilang dinadasalan liban sa Kanya ay hindi tumutugon sa kanila ng kahit ano. Liban na lamang na tulad ng isang inuunat ang kamay tungo sa tubig upang umabot ito sa kanyang bibig ngunit hindi ito aabot sa kanyang bibig. Ang dasal ng mga hindi nanampalataya ay nasa pagkaligaw.

13:15. Kay Allah nagpapatirapa ang sinumang nasa kalangitan at lupa nang kusang-loob o sapilitan, gayundin ang kanilang mga anino sa umaga at sa hapon. 13:16. Sabihin, 'Sino ang Panginoon ng kalangitan at lupa?' Sabihin, 'Si Allah.' Sabihin, 'Nagturing ba kayo sa iba pa liban sa Kanya bilang mga kakampi na hindi nagtataglay sa kanilang mga sarili ng pakinabang o pinsala?' Sabihin, 'Pareho ba ang bulag at ang nakakakita o pareho ba ang kadiliman at liwanag?' O
nagtatambal ba sila kay Allah ng mga katambal na lumilikha tulad ng paglikha Niya kaya naging magkatulad ang paglikha sa pananaw nila? Sabihin, 'Si Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay at Siya ang Nag-iisa at ang Tagagapi.'

13:17. Siya ay nagpadala mula sa langit ng tubig at ang mga lambak ay napupuno ng tubig ayon sa laki nito at ang baha nito ay nagdadala ng bula. Mula sa mininang bakal na iniinit nila sa apoy upang gawing palamuti o gamit sa kusina ay ang latak na walang gamit na tulad ng bula. Ganito ipinapakita ni Allah ang halimbawa ng katotohanan sa kamalian. Ang bula ay naglalaho na walang saysay. Ngunit yaong nagdudulot ng pakinabang sa tao ay nananatili sa lupa. Ganito magbigay si Allah ng mga halimbawa.

13:18. Para sa mga tumugon sa kanilang Panginoon ay ang pinakamainam na gantimpala. Ngunit yaong mga hindi tumugon sa Kanya, kahit pa taglay nila ang lahat ng nasa lupa at isa pang tulad nito ay

ipantutubos nila ito para sa kanilang mga sarili. Sila ang may pinakamasamang pagtutuos. Ang kanilang tahanan ay ang Impiyerno at napakasamang hantungan nito.

13:19. Yaon bang nakaaalam na ang ipinahayag sa iyo ng iyong Panginoon ay ang katotohan ay tulad ng isang bulag? Ang magbibigay-pansin ay ang mga may pang-unawa lamang. 13:20. Silang mga nagsasakatuparan sa kasunduan kay Allah at hindi bumabali sa pangako. 13:21. Silang nagdurugtong sa iniutos ni Allah na pagdugtungin at silang may takot sa kanilang Panginoon at natatakot sa masamang pagtutuos. 13:22. Silang mga nagtiis na naghahangad ng kaluguran ng kanilang Panginoon, nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagtutustos mula sa mga ibiniyaya Namin sa kanila nang lihim at hayag at silang nagtatanggol sa pamamagitan ng kabutihan mula sa kasamaan ay para sa kanila ang magandang wakas. 13:23. Ang hardin ng Paraiso ay papasukin nila at gayundin yaong nagpakamatuwid mula sa kanilang mga ama, asawa at anak. Ang mga anghel ay tutungo sa kanila mula sa lahat ng lagusan. 13:24. Sila ay babati ng, 'Ang kapayapaan ay sumainyo' dahil sa inyong pagtitiis. Napakainam na huling tahanan ito.

13:25. Yaong mga bumali sa kasunduan kay Allah matapos ang pagpapatibay nito at pumutol sa iniutos ni Allah na pagdugtungin at naghasik ng kasamaan sa lupa, para sa kanila ang sumpa at ang masamang hantungan. 13:26. Si Allah ay namamahagi ng biyaya sa sinumang naisin Niya at pumipigil nito. Sila ay nagbubunyi sa buhay sa mundo samantalang ang buhay sa mundo kung ihahambing sa Kabilang-buhay ay maikling libangan lamang.

13:27. Sinasabi ng mga hindi nanampalataya, 'Bakit walang tanda na ibinaba sa kanya mula sa kanyang Panginoon.' Sabihin, 'Tunay na si Allah ay nagliligaw sa Kanyang naisin at naggagabay tungo sa Kanya sa sinumang nagbalik-loob.' 13:28. Ang mga nanampalataya

at napanatag ang kanilang mga puso sa pag-aalaala kay Allah. Tunay na sa pag-aalala kay Allah ay napapanatag ang mga puso. 13:29. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay para sa kanila ang kaligayahan at magandang wakas.

13:30. Ganito ka namin isinugo O Muhammad sa isang nasyon na lumisan na ang mga nauna rito upang basahin mo sa kanila ang ipinahayag Namin sa iyo habang sila ay hindi nananampalataya sa Maawain. Sabihin, 'Siya ang aking Panginoon, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Sa Kanya ako nanalig at nagbabalik-loob.'

13:31. Kung mayroon lamang Quran na makapagpapagalaw ng mga bundok o babasag sa lupa o makapagpapasalita sa patay, yaon ay ang Quran na ito ngunit hindi pa rin sila maniniwala. Bagkus ang desisyon sa lahat ng bagay ay kay Allah. Hindi ba batid ng mga nanampalataya na kung naisin man ni Allah ay ginabayan Niya ang lahat ng tao? Nananatili ang mga hindi nanampalataya na dinadapuan ng sakuna dahil sa kanilang masasamang gawa o kaya ay darating ito malapit sa kanilang mga tahanan. Hanggang sa dumating ang pangako ni Allah. Tunay na si Allah ay hindi susuway sa Kanyang pangako. 13:32. Hinamak din ang mga sugo na nauna sa iyo O Muhammad ngunit Ako ay nagpalugit sa mga hindi nanampalataya at pinarusahan Ko sila. Napakasama ng Aking parusa.

13:33. Hindi ba't Siya ang namamahala sa bawat isa ayon sa kanilang nakamit. Ngunit sila ay nagtambal pa rin kay Allah? Sabihin, 'Pangalanan ninyo sila. Itinuturo ba ninyo sa Kanya ang hindi Niya nalalaman sa lupa o ito ba ay mga salitang inimbento ninyo lamang?' Bagkus ay pinalamutian para sa mga hindi nanampalataya ang kanilang plano at pinigilan sila mula sa tamang landas. Sinumang iligaw ni Allah ay wala nang makapaggagabay. 13:34. Para sa kanila ang parusa sa buhay dito sa mundo at ang parusa sa Kabilang-buhay ay

mas mahirap. Wala silang tagaligtas laban kay Allah.

13:35. Ang paglalarawan sa Paraiso na ipinangako sa mga may takot kay Allah ay dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Ang mga bunga nito ay panghabang-panahon gayundin ang lilim nito. Yaon ang hantungan ng matutuwid at ang hantungan ng mga hindi nanampalataya ay ang Apoy.

13:36. Yaong mga binigyan Namin ng kasulatan ay nagbubunyi sa siyang ibinaba sa iyo O Muhammad. Subalit may ibang mga Hudyo at pagano na nagtatakwil sa ibang bahagi nito. Sabihin O Muhammad, 'Ako ay inutusan lamang na sambahin si Allah at ang hindi magtambal sa Kanya. Tungo sa Kanya ako ay nag-aanyaya at tungo sa Kanya ang pagbabalik.' 13:37. Ganito Namin ibinaba ang Quran na isang panuntunan na nasa wikang Arabic. Kung susundin mo ang kanilang mga pagnanasa sa kabila ng kaalamang dumating sa iyo ay wala kang makikitang tagapag-ingat o kakampi laban kay Allah. 13:38. Kami ay nagpadala ng mga sugo na nauna sa iyo at biniyayaan Namin sila ng mga asawa at mga anak. Hindi marapat para sa sinumang sugo ang magbigay ng tanda liban na lamang sa pahintulot ni Allah. Lahat ng bagay ay ayon sa pagtatakda. 13:39. Binubura at pinagtitibay ni Allah ang Kanyang naisin. Taglay Niya ang Ina ng mga Talaan. 13:40. Kung ipapakita man Namin sa iyo ang bahagi ng ipinangako Namin sa kanila o dulutin Namin na ikaw ay mamatay, ang marapat sa iyo ay ang magpabatid lamang at sa Amin ang pagtutuos. 13:41. Hindi ba nila nakita na unti-unti Naming pinaliliit ang lupa ng mga di-mananampalataya sa mga hangganan nito. Si Allah ang naghahatol at walang tumututol dito. Siya ay mabilis na magtuos. 13:42. Nagplano ang mga nauna sa kanila ngunit kay Allah ang lahat ng pagpaplano. Nalalaman Niya ang nakamit ng bawat isa. At malalaman ng mga hindi nanampalataya kung kanino ang magandang wakas.

13:43. Sinasabi ng mga hindi nanampalataya, ‘Ikaw ay hindi isang Sugo.’ Sabihin, ‘Sapat si Allah bilang saksi sa pagitan ko at pagitan ninyo at sinumang may kaalaman sa mga Kasulatan.’

14. SURAH IBRAHIM (SI PROPETA Abraham)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

14:1. Ali Lam Ra. Ito ay aklat na ipinahayag Namin sa iyo O Muhammad upang ilabas mo ang mga tao mula sa kadiliman tungo sa liwanag sa pahintulot ng kanilang Panginoon tungo sa landas ng Makapangyarihan at Kapuri-puri. 14:2. Si Allah ang Siyang tagapagmay-ari ng anumang nasa kalangitan at lupa. Kapahamakan sa mga hindi nanampalataya sa pagdating ng masakit na parusa. 14:3. Silang mga nagmamahal sa buhay sa mundo kaysa sa Kabilang-buhay at humaharang sa landas ni Allah at naghahangad ng kamalian dito. Sila ay nasa malayong pagkaligaw.

14:4. Hindi Kami nagpadala ng sugo liban na lamang sa wika ng kanyang nasyon upang maglinaw sa kanila. Inililigaw ni Allah ang naisin Niya at ginagabayan ang naisin Niya. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

14:5. Isinugo Namin si Moises dala ang Aming mga tanda, ‘Alisin mo ang iyong nasyon mula sa kadiliman tungo sa liwanag at ipaalala mo sa kanila ang mga araw ni Allah. Tunay na naririto ang mga tanda para sa lahat ng matiisin at mapagpasalamat.’

14:6. Sinabi ni Moises sa kanyang nasyon, ‘Alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allah sa inyo nang iniligtas Niya kayo mula sa mga tauhan ni Paraon na nagpaparusa sa inyo ng matinding parusa. Pumapatay sa inyong mga anak na lalaki habang hinahayaan nilang mabuhay ang kababaihan ninyo. Yaon ay matinding pagsubok mula

sa inyong Panginoon.' 14:7. Alalahanin ninyo nang ipinahayag ng inyong Panginoon, 'Kung kayo ay magpapasalamat ay daragdagan Ko pa kayo. Ngunit kung kayo ay hindi mananampalataya ay tunay na ang parusa Ko ay matindi.' 14:8. Sinabi ni Moises, 'Kung hindi kayo mananampalataya, kayo at ang lahat ng nasa lupa, ay tunay na si Allah ay Mayaman na walang pangangailangan at Kapuri-puri.

14:9. Hindi ba dumating sa inyo ang balita tungkol sa mga nauna sa inyong mga nasyon nina Noah, 'Ad at Thamud. At mga sumunod sa kanila. Walang nakakakilala sa kanila liban kay Allah. Dumating sa kanila ang kanilang mga sugo dala ang malilinaw na patunay at kinagat nila ang kanilang mga kamay sa kanilang mga bibig dahil sa poot. Sinabi nila, 'Tunay na kami ay hindi nananampalataya sa inyong mensahe at kami ay nagdududa sa ipinang-aanyaya ninyo sa amin nang may matinding pagdududa.'

14:10. Sinabi ng mga sugo sa kanila, 'Kay Allah ba ay may duda kayo samantalang Siya ang Tagapaglikha ng kalangitan at lupa? Inaanyayahan Niya kayo upang patawarin kayo sa inyong mga kasalanan at palugitan kayo hanggang sa takdang panahon.' Sinabi nila, 'Kayo ay hindi hihigit pa sa pagiging tao tulad namin. Nais ninyo na hadlangan kami mula sa sinasamba ng aming mga ninuno. Kaya magbigay kayo sa amin ng malinaw na patunay.'

14:11. Sinabi ng mga sugo sa kanila, 'Kami ay mga tao lamang na tulad ninyo ngunit si Allah ay nagbibiyaya sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin. Hindi marapat sa amin ang magbigay sa inyo ng patunay liban na lamang sa pahintulot ni Allah. Kay Allah marapat na manalig ang mga mananampalataya. 14:12. Paanong hindi kami mananalig kay Allah samantalang Siya ay naggabay sa amin sa tamang landas. Katiyakang kami ay magtitiis sa pamiminsala ninyo sa amin. Kay Allah marapat na manalig ang mga nananalig.'

14:13. Sinabi ng mga hindi nanampalataya sa mga sugo sa kanila, ‘Tiyak na palalayasin namin kayo mula sa lupa namin o kayo ay babalik sa aming relihiyon.’ Nagpahayag sa kanila ang kanilang Panginoon, ‘Katiyakang wawasakin Namin ang mga makasalanan. 14:14. Tiyak na patitirahin Namin kayo sa kanilang lupa paglipas nila. Yaon ay para roon sa may takot sa Aking posisyon at natatakot sa Aking banta.’

14:15. Sila ay nanalangin ng tagumpay kay Allah at nabigo ang lahat ng suwail na masasamang pinuno. 14:16. Sa likod niya ay ang Impiyerno at siya ay paiinumin ng nana na mula sa sugat. 14:17. Iinumin niya ito ngunit hindi niya ito malulunok. Darating sa kanya ang kamatayan mula sa lahat ng lugar ngunit siya ay hindi mamamatay. Sa kanyang likod ay ang matinding parusa.

14:18. Ang halimbawa ng mga hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon, ang kanilang mga gawain ay tulad ng abo na tinatangay ng hangin sa isang araw na may bagyo. Wala silang maililigtas sa inani nila na kahit ano. Yaon ang malayong pagkaligaw. 14:19. Hindi mo ba nakita na si Allah ang lumikha sa kalangitan at lupa nang buong katotohanan. Kung naisin Niya ay kaya Niya kayong lipulin at magpasibol ng bagong nilikha. 14:20. Yaon ay hindi mahirap para kay Allah.

14:21. Silang lahat ay hahayo at itatanghal sa harap ni Allah lahat-lahat, at ang mahihina ay magsasabi doon sa mga nagmalaki, ‘Tunay na kami ay inyong mga tagasunod, kayo ba ay magliligtas sa amin mula sa parusa ni Allah ng kahit ano?’ Sasabihin nila, ‘Kung ginabayan lamang kami ni Allah ay ginabayan namin kayo. Pareho lang sa amin kung kayo ay nagalit o nagtiis, wala tayong matatakasan.’

14:22. Sasabihin ni Satanas kapag naghatol na si Allah, ‘Tunay na si

Allah ay nangako sa inyo ng pangako ng katotohanan. Ako ay nangako sa inyo ngunit iniwan ko kayo. Ako ay walang kapangyarihan sa inyo liban na lamang na inanyayahan ko kayo at tumugon kayo sa akin. Huwag ninyo akong sisihin bagkus ay sisihin ninyo ang inyong mga sarili. Wala akong maitutulong sa inyo at wala kayong maitutulong sa akin. Tunay na ako ay tumatanggi sa kinalaman ninyo sa akin noon. Tunay na para sa mga makasalanan ang masakit na parusa.'

14:23. Papapasukin ang mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon sa pahintulot ng kanilang Panginoon. Ang pagbati nila rito ay kapayapaan.

14:24. Hindi mo ba nakita kung paanong nagbigay si Allah ng halimbawa na ang magandang salita ay tulad ng mabuting puno na ang ugat nito ay matatag at ang sanga nito ay nasa langit? 14:25. Ito ay namumunga sa lahat ng panahon sa pahintulot ng Kanyang Panginoon. Si Allah ay nagbibigay ng mga halimbawa sa mga tao upang sila nawa ay mapaalalahanan. 14:26. Ang halimbawa ng masamang salita ay tulad ng masamang puno na nabunot sa ibabaw ng lupa at walang katatagan.

14:27. Pinatatatag ni Allah ang mga nanampalataya sa pamamagitan ng matatag na salita sa buhay sa mundo at sa Kabilang-buhay. Si Allah ay nagliligaw sa mga makasalanan at ginagawa Niya ang anumang naisin Niya.

14:28. Hindi mo ba nakita yaong kanilang ipinagpalit ang biyaya ni Allah sa kawalang pananampalataya at inilagay ang kanilang mga tagasunod tungo sa bahay ng pagkawasak? 14:29. Impiyerno ang papasukin nila na napakasamang hantungan. 14:30. Sila ay nagtambal kay Allah upang magligaw mula sa landas Niya. Sabihin, 'Maglibang kayo nang kaunti dahil tunay na ang inyong hantungan ay apoy.'

14:31. Sabihin mo sa Aking mga alipin na nanampalataya na magtaguyod sila ng obligadong pagdarasal at magtustos sila mula sa ibiniyaya Namin sa kanila, nang lihim o hayagan bago pa dumating ang Araw na walang pakikipagpalitan dito o pagkakaibigan.

14:32. Si Allah ang lumikha sa kalangitan at lupa at nagbaba mula sa langit ng tubig at nagpasibol sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang biyaya sa inyo. Siya ay nagdulot sa inyo na magamit ninyo ang mga barko upang maglayag sa dagat sa bisa ng Kanyang utos. Dinulot niya na pakinabangan ninyo ang mga ilog. 14:33. Dinulot Niya na makinabang kayo sa araw at buwan na nasa tuluy-tuloy na pag-inog. Dinulot Niya na makinabang kayo sa gabi at araw. 14:34. Ibinigay Niya sa inyo ang lahat ng inyong hiniling sa Kanya. Kung inyong bibilangin ang mga biyaya ni Allah ay hindi ninyo ito mabibilang. Tunay na ang sangkatauhan ay mapang-api at hindi mapagpasalamat.

14:35. Sinabi ni Abraham, 'Panginoon ko, gawin mo ang lungsod na ito ng Makkah na ligtas at ilayo mo ako at ang aking mga anak mula sa pagsamba sa mga diyus-diyosan. 14:36. Panginoon ko, tunay na sila ay nagligaw sa karamihan sa mga tao. Sinumang sumunod sa akin ay tunay na kabilang sa akin. Sinumang sumuway sa akin ay tunay na Ikaw ay Mapagpatawad at Mahabagin.

14:37. Panginoon namin, tunay na pinatira ko ang ilan sa aking mga inapo sa isang lambak na walang sakahan malapit sa iyong banal na Bahay, aming Panginoon, upang itaguyod nila ang obligadong pagdarasal. Kaya ilapit Mo ang puso ng mga tao tungo sa kanila. Biyayaan Mo sila mula sa mga bunga upang sila nawa ay magpasalamat.

14:38. Aming Panginoon, nalalaman Mo kung ano ang aming iniliihim at ihinahayag. Walang nalilingid kay Allah na anuman sa

lupa o sa langit. 14:39. Papuri kay Allah na nagkaloob sa akin sa aking katandaan kina Ishmael at Isaac. Tunay na ang aking Panginoon ay Nakikinig sa mga panalangin. 14:40. Aking Panginoon, gawin Mo akong tagapagtaguyod ng obligadong pagdarasal at gayundin mula sa aking mga inapo. Aming Panginoon, tanggapin mo ang aking dasal. 14:41. Aming Panginoon, patawarin Mo ako at ang aking mga magulang at ang mga mananampalataya sa Araw na itataguyod ang pagtutuos.'

14:42. Huwag mong akalain na si Allah ay nalilingat sa mga gawain ng mga mapang-api. Sila ay pinalugitan lamang hanggang sa Araw na ang mga mata ay nakatitig sa takot. 14:43. Sila ay magmamadali habang ang kanilang mga ulo ay nakatingala at parang walang nakikita. Ang kanilang mga puso ay parang walang laman.

14:44. O Muhammad, babalaan mo ang mga tao sa Araw na ang parusa ay darating sa kanila at ang mga mapang-api ay magsasabing, 'Aming Panginoon, palugitan mo kami nang kahit kaunti, kami ay tutugon sa Iyong tawag at susunod sa mga sugo.' Ngunit tutugunin sila, 'Hindi ba kayo nangako rin noon? Hindi na maaantala ang pagtutuos sa inyo. 14:45. Kayo ay tumira sa mga tahanan ng mga nanlinlang sa kanilang mga sarili at naging malinaw sa inyo kung paano Kami nagparusa sa kanila. Kami ay nagbigay sa inyo ng maraming halimbawa.' 14:46. Sila ay nagplano ng kanilang mga plano ngunit nakatala kay Allah ang kanilang plano. Kahit pa ang plano nila ay sapat na upang bumura ng kabundukan.

14:47. Kaya huwag mag-akala na si Allah ay babali sa Kanyang pangako sa Kanyang mga sugo. Tunay na si Allah ang Makapangyarihan at Tagapagtaglay ng Pagganti. 14:48. Sa araw na ang mundo ay papalitan ng iba pang mundo at gayundin ang kalangitan at ang lahat ng nilalang ay hahayo tungo kay Allah, ang Nag-iisa at ang Tagagapi. 14:49. Makikita mo rin ang mga makasalanan sa araw na yaon na

magkakasamang nakagapos. 14:50. Ang kanilang damit ay lusaw na alkitran at ang mukha nila ay babalutin ng apoy. 14:51. Upang gantimpalaan ni Allah ang bawat isa sa kanilang mga nakamit. Tunay na si Allah ay mabilis magtuos. 14:52. Ang Quran na ito ay pagpapabatid sa mga tao upang babalaan sila sa pamamagitan nito at upang malaman nila na may iisang diyos lamang. Upang mapaalalahanan ang mga nakauunawa.

15. SURATUL HIJR (ANG MABATONG BUNDOK)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

15:1. Alif Lam Ra. Ito ang mga talata ng Aklat at Quran na malinaw. 15:2. Maaring naisin ng mga hindi nanampalataya na sila ay mga Muslim. 15:3. Hayaan mo silang kumain, maglibang at maligaw ng maling pag-asa dahil malalaman nila. 15:4. Hindi Kami nagwasak ng anumang bayan liban na lamang na ito ay nakatakda na. 15:5. Walang nasyon ang mauuna sa itinakdang panahon sa kanila o maaantala ito.

15:6. Sinabi nila, ‘O ikaw na pinadalhan ng mensahe, tunay na ikaw ay baliw. 15:7. Bakit hindi mo ipadala sa amin ang mga anghel kung ikaw ay kabilang sa mga makatotohanan?’ 15:8. Hindi Kami nagpapababa ng mga anghel liban na lamang sa buong katotohanan at ang mga hindi nanampalataya kung gayon ay hindi na mapalulugitan.

15:9. Tunay na Kami ang nagbaba ng Quran at tunay na Kami rito ay mga tagapag-ingat.

15:10. Nagpadala Kami ng mga sugo na nauna sa iyo mula sa grupo ng naunang mga tao. 15:11. Walang sugo ang dumating sa kanila liban na lamang na hinamak nila. 15:12. Ganito Namin ipasok ang pagtanggi sa puso ng mga makasalanan. 15:13. Hindi sila

maniniwala rito samantalang lumipas na ang mga kaganapan sa mga naunang tao. 15:14. Kung bubuksan Namin para sa kanila ang isang pinto sa langit ay magpapatuloy sila sa pag-akyat hanggang sa makita nila ang mga anghel. 15:15. Sasabihin nilang, 'Nalinlang lamang ang aming mga mata bagkus kami ay nabiktima ng salamangka.'

15:16. Naglagay Kami sa langit ng malalaking bituin at pinaganda Namin ito para sa mga tumitingin. 15:17. Iningatan Namin ito mula sa lahat ng demonyo na isinumpa. 15:18. Liban na lamang doon sa nagagawang makapakinig na dahil dito ay hinahabol sila ng apoy na malinaw.

15:19. Ang lupa ay pinalapad Namin at naglagay Kami rito ng mga bundok at dinulot Namin na tumubo rito ang lahat ng bagay na balanse. 15:20. Dinulot Namin para sa inyo rito ang kabuhayan at para roon sa mga hindi ninyo tinutustusan.

15:21. Walang anumang bagay ang umiiral liban na lamang na nasa Amin ang imbakan nito at hindi Namin ito ibinababa liban na lamang sa tukoy na sukat. 15:22. Ipinadala Namin ang masaganang hangin at nagpadala Kami mula sa langit ng tubig at pinainom Namin kayo mula rito at hindi kayo mga tagaimbak nito.

15:23. Tunay na Kami ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito at Kami ang tunay na Tagapagmay-ari nito. 15:24. Batid Namin ang mga naunang henerasyon sa inyo at batid na Namin ang mga parating. 15:25. Tunay na ang iyong Panginoon ay titipon sa kanila. Tunay na Siya ay Maalam at Nakaaalam.

15:26. Nilikha Namin ang tao mula sa pinatuyong luwad na hango sa itim na putik. 15:27. Ang engkanto ay nauna na Naming nilikha mula sa apoy na walang usok.

15:28. Sinabi ng iyong Panginoon sa mga anghel, ‘Ako ay lilikha ng tao mula sa pinatuyong luwad na hango sa itim na putik.’ 15:29. Kapag hinugisan Ko na ito at hiningahan ito ng kaluluwa na nilikha Ko ay magpatirapa kayo rito.’ 15:30. Kaya ang mga anghel ay nagpatirapa lahat-lahat. 15:31. Liban kay Satanas na tumanggi na mapabilang sa mga nagpatirapa. 15:32. Sinabi ni Allah, ‘O Satanas, ano ang problema mo at hindi ka kabilang sa mga nagpatirapa?’ 15:33. Sinabi niya, ‘Hindi ako magpapatirapa sa isang tao na nilikha Mo mula sa luwad na hango sa itim na putik.’

15:34. Sinabi ni Allah, ‘Kaya lumayas ka mula sa Paraiso. Tunay na ikaw ay isinumpa. 15:35. Tunay na nasa iyo ang sumpa hanggang sa Araw ng Paghuhukom.’ 15:36. Sinabi ni Satanas, ‘Aking Panginoon, palugitan Mo ako hanggang sa araw ng pagkabuhay-muli.’ 15:37. Sinabi ni Allah, ‘Tunay na ikaw ay kabilang sa mga pinalugitan. 15:38. Hanggang sa takdang oras.’

15:39. Sinabi ni Satanas, ‘Aking Panginoon, dahil sa Iyong pagligaw sa akin ay tiyak na pagagandahin ko ang pagsuway para sa kanila sa mundo at ililigaw ko silang lahat. 15:40. Liban na lamang sa mga alipin Mong dalisay at hinirang.’

15:41. Sinabi ni Allah, ‘Ito ay landas tungo sa Akin na matuwid.’ 15:42. Tunay na sa Aking mga alipin ay wala kang kapangyarihan liban na lamang sa mga sumunod sa iyo na kabilang sa mga naligaw. 15:43. Tunay na ang Impiyerno ang ipinangakong lugar para sa kanilang lahat. 15:44. Ito ay mayroong pitong lagusan at sa bawat lagusan ay isang grupo sa kanila ang nakatakda.

15:45. Tunay na ang matutuwid ay nasa mga hardin at bukal. 15:46. Sasabihin sa kanila, ‘Pumasok kayo nang payapa at ligtas.’ 15:47. Aalisin Namin sa kanilang mga dibdib ang anumang sama ng loob upang sila ay maging magkakapatid sa mga upuan na magkakaharap.

15:48. Hindi dadapo sa kanila rito ang pagod at hindi sila paaalisin.’ 15:49. Sabihin mo sa Aking mga alipin na tunay na Ako ang Mapagpatawad at ang Mahabagin. 15:50. At ang Aking parusa ay ang parusang masakit.

15:51. Ipaalam mo sa kanila ang tungkol sa mga bisita ni Abraham. 15:52. Nang ang mga anghel ay tumungo kay Abraham at nagsabing, ‘Kapayapaan.’ Sinabi ni Abraham, ‘Tunay na kami ay natatakot sa inyo.’ 15:53. Sinabi nila, ‘Huwag kang matakot dahil tunay na kami ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng maalam na batang lalaki.’ 15:54. Sinabi Niya, ‘Binibigyan ba ninyo ako ng magandang balita samantalang ang matandang edad ay dumating na sa akin? Ano ang magandang balita ninyo?’ 15:55. Sinabi nila, ‘Binibigyan ka namin ng magandang balita nang buong katotohanan, kaya huwag mapabilang sa mga nawalan ng pag-asa.’ 15:56. Sinabi niya, ‘Sino ba ang nawawalan ng pag-asa sa habag ng kanyang Panginoon liban pa sa mga ligaw?’ 15:57. Sinabi niya, ‘Ano ang mensahe ninyo rito O mga sugo?’ 15:58. Sinabi nila, ‘Tunay na kami ay isinugo sa nasyon na makasalanan. 15:59. Liban na lamang sa pamilya ni Lot, tunay na kami ay magliligtas sa kanilang lahat. 15:60. Liban na lamang sa kanyang asawa.’ Si Allah ay nagtakda na Siya ay mapabilang sa mga maiiwan.

15:61. Nang dumating ang mga sugo sa pamilya ni Lot. 15:62. Sinabi niya, ‘Tunay na kayo ay mga taong hindi ko kilala.’15:63. Sinabi nila, ‘Bagkus ay dumating kami sa iyo tungkol sa bagay na pinagtatalunan nila. 15:64. Kami ay tumungo sa iyo nang buong katotohanan at tunay na kami ay makatotohanan. 15:65. Kaya tumakas ka at ang iyong pamilya sa huling bahagi ng gabi at sundan mo sila sa likuran at huwag lilingon ang sinuman sa inyo at magpatuloy kayo tungo sa kung saan kayo inutusang pumunta.’ 15:66. Ipinabatid Namin sa kanya ang bagay na yaon na yaong mga makasalanan ay wawasakin sa umaga.

15:67. Dumating ang mga taga-lungsod na nagbubunyi. 15:68. Sinabi ni Lot, ‘Tunay na sila ay aking mga bisita, huwag ninyo akong ipahiya. 15:69. Katakutan ninyo si Allah at huwag ninyo akong ipahiya.’ 15:70. Sinabi nila, ‘Hindi ba’t pinagbawalan ka na namin sa pagprotekta sa mga tao?’ 15:71. Sinabi niya, ‘Narito ang aking mga anak na babae kung gagawin man ninyo ito matapos ang kasal.’

15:72. Sumpa man sa iyong buhay O Muhammad, tunay na sa kanilang kahibangan ay gumagala sila na mga bulag. 15:73. Kaya ang sigaw ay dumating sa kanila pagsikat ng araw. 15:74. Ginawa Namin ang mataas na bahagi ng lungsod na maging pinakamababa at pinaulan Namin sa kanila ang pinatigas na luwad. 15:75. Tunay na naroroon ang mga tanda para sa mga kumukuha ng aral. 15:76. Tunay na ang mga yaon ay nasa nakatayong kalsada. 15:77. Tunay n a
naririto ang tanda para sa mga nanampalataya.

15:78. Tunay na ang As’habul Aykah, ang nasyon ni Shuaib ay makasalanan. 15:79. Kaya naghiganti Kami sa kanila at tunay na ang dalawang lungsod ng nasyon ni Shuaib at nasyon ni Lot ay nasa malinaw na kalsada. 15:80. Pinasinungalingan ng nasyon ng Thamud ang mga sugo. 15:81. Ibinigay Namin sa kanila ang Aming mga tanda at sila ay tumatalikod dito. 15:82. Sila ay nag-uukit sa mga bundok ng mga bahay at nag-aakalang sila ay ligtas. 15:83. Ngunit sinalakay sila ng sigaw sa umaga. 15:84. Walang nakatulong sa kanila na anumang nakamit nila noon.

15:85. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila liban na lamang sa katotohanan. Tunay na ang Oras ay parating kaya magpatawad ng magandang pagpapatawad. 15:86. Tunay na ang iyong Panginoon ang Maalam na Tagapaglikha.

15:87. Ibinigay Namin sa iyo O Muhammad ang pitong inuulit na mga talata na sinasambit tuwing obligadong pagdarasal gayundin

ang dakilang Quran. 15:88. Huwag mong pansinin ang karangyaan na ipinalasap Namin sa ilang mga hindi nanampalataya o kaya ay malungkot ka dahil sa kanila. Magpakumbaba ka sa mga mananampalataya. 15:89. Sabihin, 'Tunay na ako ang malinaw na tagapagbabala.' 15:90. Tulad ng pagpahayag Namin sa mga naghiwalay. 15:91. Yaong mga naghati sa Quran sa mga bahagi. Na naniwala sa ibang bahagi at hindi naniwala sa iba pa. 15:92. Sumpa sa iyong Panginoon, tiyak na tatanungin Namin silang lahat. 15:93. Tungkol sa kanilang ginawa.

15:94. Ipabatid mo kung ano ang iniutos sa iyo at lumayo ka sa mga nagtatambal. 15:95. Tunay na Kami ay sapat na para sa iyo laban sa mga humahamak. 15:96. Silang mga nagtatambal kay Allah ng iba pang diyos. Ngunit malalaman nila ito. 15:97. Alam Naming naninikip ang iyong dibdib dahil sa sinasabi nila. 15:98. Luwalhatiin sa pagpuri ang iyong Panginoon at maging kabilang sa mga nagpapatirapa. 15:99. Sambahin mo ang iyong Panginoon hanggang sa dumating sa iyo ang kamatayan.

16. SURATUN NAHL (ANG MGA BUBUYOG)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

16:1. Dumating na ang utos ni Allah kaya huwag mo itong madaliin. Maluwalhati Siya at Kataas-taasan mula sa mga itinatambal nila sa Kanya. 16:2. Ipinapababa Niya ang mga anghel na may dalang kapahayagan ayon sa Kanyang utos para sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin, 'Magbabala na walang diyos na marapat sambahin liban sa Akin, kaya katakutan ninyo Ako.' 16:3. Nilikha Niya ang kalangitan at lupa nang buong katotohanan. Kataas-taasan Siya mula sa itinatambal nila sa Kanya.

16:4. Nilikha Niya ang tao mula sa pinagsamang punlay ng lalaki at babae at ito ay nagiging malinaw na kaaway sa pagtaliwas sa kanyang Panginoon. 16:5. Ang mga pinapastol na hayop ay nilikha Niya. Para sa inyo mula rito ang pananggalang sa lamig at iba pang pakinabang at ang iba rito ay kinakain ninyo. 16:6. Naririto rin para sa inyo ang kagandahan na palamuti kapag iniuuwi ninyo at pinapastol ang mga ito. 16:7. Kinakarga nila ang inyong mga bagahe tungo sa lugar na hindi ninyo mararating liban na lamang na may paghihirap. Tunay na ang inyong Panginoon ay Mabuti at Mahabagin. 16:8. Ang mga kabayo, mola at buriko ay upang sakyan ninyo at bilang palamuti. Siya ay lumikha ng mga hindi ninyo nalalaman.

16:9. Kay Allah ang direksiyon ng tamang daan. Ang ilang mga landas naman ay ligaw. Kung naisin man Niya ay ginabayan Niya kayong lahat.

16:10. Siya ang nagpababa mula sa langit ng tubig. Para sa inyo mula rito ang inumin na sa pamamagitan nito ay sumisibol ang mga halaman na dito kayo nagpapastol. 16:11. Pinatutubo Niya para sa inyo ang mga pananim, oliba, datiles, ubas at lahat ng bunga. Tunay na naririto ang tanda para sa mga nag-iisip.

16:12. Dinulot niya na magamit ninyo ang gabi at araw. Ang araw, buwan at ang mga bituin ay napapakinabangan ninyo ayon sa Kanyang utos. Tunay na yaon ay palatandaan para sa mga nag-iisip. 16:13. Gayundin ang anumang pinarami Niya sa lupa na may ibat ibang kulay. Tunay na yaon ay palantandaan para sa mga nakaaalala.

16:14. Siya ang nagdulot na pakinabangan ninyo ang dagat upang kainin ninyo mula rito ang malambot na karne at kunin ninyo mula rito ang mga palamuti na isinusuot ninyo. Nakikita mo ang mga barko na naglalayag dito upang kayo ay maghanap ng biyaya Niya.

Upang kayo nawa ay maging mapagpasalamat.

16:15. Siya ang naglagay sa lupa ng matatag na kabundukan upang hindi kayo yanigin. Gayundin ang mga ilog at kalsada upang kayo nawa ay magabayan. 16:16. At ang mga palatandaan sa inyong paglalakbay at mga bituin na sumasangguni sila rito ng gabay.

16:17. Ang lumilikha ba ay katulad ng hindi lumilikha? Hindi ba kayo mapapaalalahanan? 16:18. Kung bibilangin man ninyo ang biyaya ni Allah ay hindi ninyo ito mabibilang. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 16:19. Si Allah ay Nakaaalam sa anumang inililihim ninyo at ihinahayag.

16:20. Yaong mga dinadasalan nila liban kay Allah ay walang nilikha at sila mismo ay nilikha lamang din. 16:21. Mga patay at hindi buhay at sila ay hindi nakababatid kung kailan sila bubuhay-ing-muli. 16:22. Ang inyong Diyos ay nag-iisang Diyos. Ngunit yaong hindi naniniwala sa Kabilang-buhay, ang kanilang mga puso ay tumatanggi at sila ay mayayabang. 16:23. Walang duda na si Allah ay nakaaalam ng inililihim nila at ihinahayag. Tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga mapagmalaki.

16:24. Kapag sinabi sa kanila, ‘Ano ang ibinaba ng inyong Panginoon?’ Sasabihin nila, ‘Mga alamat ng naunang tao.’ 16:25. Papasanin nila ang kanilang mga pananagutan nang buung-buo sa Araw ng Paghuhukom. Gayundin ang pasanin ng mga niligaw nila nang walang kaalaman. Napakasama ng kanilang pasanin.

16:26. Nagplano ang mga nauna sa kanila ngunit winasak ni Allah ang kanilang gusali mula sa pundasyon nito kaya ang bubong nito ay bumagsak sa kanila mula sa ibabaw nila at ang parusa ay dumating mula sa hindi nila inaasahan. 16:27. Sa Araw ng Paghuhukom ay hahamakin Niya sila at sasabihin, ‘Nasaan ang Aking mga katambal

na dahil sa kanila ay kinalaban ninyo ang mga nanampalataya?' Sasabihin ng mga binigyan ng kaalaman, 'Tunay na ang kahihiyan sa Araw na ito at ang kasamaan ay nasa mga hindi nanampalataya.'

16:28. Silang mga babawian ng mga anghel ng buhay habang nililinlang nila ang kanilang mga sarili at sumuko bandang huli ay magsasabing, 'Hindi kami gumagawa ng masama.' Hindi, tunay na si Allah ay Nakaaalam sa anumang ginawa ninyo.' 16:29. Kaya pasukin ninyo ang mga lagusan ng Impiyerno upang manahan kayo rito habang-panahon. Napakasamaang tahanan para sa mga mapagmalaki.

16:30. Sasabihin sa mga may takot kay Allah, 'Ano ang ibinaba ng inyong Panginoon?' Sasabihin nila, 'Yaong mabuti.' Para roon sa mga gumawa ng mabuti sa mundo ay ang kabutihan. Ang tahanan sa Kabilang-buhay ay mas mainam. Napakagandang tahanan ng matutuwid. 16:31. Mga hardin na kanilang tutuluyan na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Naririto ang anumang ninanais nila. Ganito gantimpalaan ni Allah ang matutuwid. 16:32. Silang mga binawian ng buhay ng mga anghel habang sila ay matutuwid ay sasabihan, 'Ang kapayapaan ay sumainyo. Pumasok kayo sa Paraiso ayon sa inyong mga ginawa.'

16:33. Naghihintay ba ang mga hindi nanampalataya na dumating sa kanila ang mga anghel o dumating sa kanila ang utos ng iyong Panginoon. Ganito rin ang ginawa ng mga nauna sa kanila. Hindi sila inapi ni Allah ngunit sila sa kanilang mga sarili ay nang-api. 16:34. Kaya sila ay pininsala ng masamang dulot ng kanilang mga ginawa at sila ay binalot ng kanilang pinagtatawanan.

16:35. Sinabi ng mga nagtambal kay Allah, 'Kung ninais lamang ni Allah ay hindi kami sumamba sa iba pa liban sa Kanya ng kahit ano, kami at ang aming mga ninuno, at hindi kami magbabawal sa hindi

ipinagbawal ni Allah.' Yaon din ang ginawa ng mga nauna sa kanila. May iba pa bang obligasyon ang mga Sugo liban pa sa malinaw na pagpapabatid?

16:36. Nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng Sugo na nagsasabing, 'Sambahin ninyo si Allah at layuan ang mga diyus-diyosan.' Kabilang sa kanila ay yaong mga ginabayan ni Allah at yaong naging karapat-dapat sa kanya ang pagkaligaw. Maglakbay kayo sa lupa at tingnan ninyo kung paano ang wakas ng mga nagpasinungaling. 16:37. Kung ikaw man ay magsikap sa pagkakagabay nila ay tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa Kanyang iniligaw, wala silang magiging mga tagatulong.

16:38. Sila ay nanunumpa sa ngalan ni Allah nang matinding panunumpa na hindi na bubuhaying-muli ni Allah ang mga namatay. Bagkus ito ay totoong pangako ni Allah ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam. 16:39. Upang linawin Niya sa kanila ang pinagtatalunan nila at upang malaman ng mga hindi nanampalataya na sila ay mga sinungaling. 16:40. Tunay na ang Aming salita sa anumang bagay na naisin Namin ay sasabihin lamang Namin dito, 'Mangyari' at ito ay mangyayari nga.

16:41. Yaong mga lumikas para kay Allah matapos na sila ay maapi ay bibigyan sa mundo ng magandang tahanan ngunit ang gantimpala ng Kabilang-buhay ay mas dakila. Kung nalalaman lamang nila. 16:42. Silang mga nagtiis at sa kanilang Panginoon ay nananalig.

16:43. Hindi Kami nagsugo ng nauna sa iyo liban pa sa kalalakihan na pinahayagan Namin. Tanungin ninyo ang mga maalam kung hindi kayo nakaaalam. 16:44. Dala nila ang mga patunay at nakatalang utos. Ibinaba Namin sa iyo ang mensahe upang linawin sa mga tao ang ipinahayag sa kanila at upang sila nawa ay mag-isip.

16:45. Nag-aakala ba sila na ligtas silang mga nagplano ng masama na si Allah ay hindi magdudulot na lamunin sila ng lupa o darating sa kanila ang parusa mula sa hindi nila inaasahan? 16:46. O kaya Siya ay magpaparusa sa kanila sa karaniwan nilang gawain at hindi nila mabibigo si Allah? 16:47. O kaya ay parurusahan sila nang dahan-dahan? Tunay na ang inyong Panginoon ay Mabuti at Mahabagin.

16:48. Hindi ba nila nakita ang kahit anong nilikha ni Allah? Ang kanilang mga anino ay nasa kanilang kanan at kaliwa na nakapatirapa kay Allah habang ang mga ito ay nagpapakumbaba. 16:49. Kay Allah nagpapatirapa ang lahat ng nasa kalangitan at lupa na kabilang sa mga nilikha gayundin ang mga anghel at sila ay hindi nagmamalaki. 16:50. Sila ay natatakot sa kanilang Panginoon na nasa ibabaw nila at ginagawa nila ang iniutos sa kanila.

16:51. Sinabi ni Allah, 'Huwag kayong kumuha ng dalawang diyos. Siya ay nag-iisang Diyos lamang. Sa Akin lamang kayo matakot.' 16:52. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa at para sa Kanya ang palagiang pagsamba. Kaya, sa iba pa ba liban kay Allah kayo matatakot?

16:53. Anumang biyaya ang natanggap ninyo ay mula kay Allah. At kung darating sa inyo ang sakuna ay sa Kanya kayo marapat na humingi ng tulong. 16:54. Ngunit kapag inalis na Niya ang sakuna mula sa inyo, ang ilan sa inyo ay nagtatambal sa kanilang Panginoon. 16:55. Kaya itatanggi nila ang anumang ibinigay Namin sa kanila. Kaya maglibang kayo nang sandali dahil malalaman din ninyo. 16:56. Ibinabahagi nila roon sa mga walang nalalaman na diyus-diyosan ang ibiniyaya Namin sa kanila. Sumpa kay Allah, kayo ay tatanungin tungkol sa inyong mga inimbento.

16:57. Sila ay nag-uugnay kay Allah ng mga anak na babae,

luwalhati sa Kanya, samantalang para sa kanila ang anumang naisin nila. 16:58. Kapag ang isa sa kanila ay binalitaan ng pagkakaroon ng anak na babae ay nangingitim ang kanyang mukha at siya ay nagkikimkim ng galit. 16:59. Itinatago niya ang kanyang sarili mula sa mga tao dahil sa sama ng ibinalita sa kanya. Pananatilihin ba niya ito sa kahihiyan o ililibing ito sa lupa? Napakasama ng kanilang paghatol. 16:60. Para sa mga hindi naniwala sa Kabilang-buhay ay ang halimbawa ng kasamaan. Para kay Allah ang pinakamataas na paglalarawan. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

16:61. Kung magpaparusa agad si Allah sa mga tao sa kanilang mga sala, ay hindi Niya iiwan sa lupa ang anumang nilikha ngunit ipinagpapaliban Niya sila sa takdang panahon. Kapag dumating na ang kanilang panahon ay hindi nila ito maaantala ng kahit isang oras o mapapaaga ito.

16:62. Isinasangkot nila kay Allah ang mga kinamumuhian nila na mga anak na babae, ang kanilang mga dila ay naglalarawan ng kasinungalingan na inaangkin nilang makakamit nila ang pinakamainam mula sa Kanya. Katiyakang para sa kanila ang apoy na dito sila ay iiwan.

16:63. Sumpa kay Allah, nagpadala Kami ng mga sugo sa mga nasyon na nauna sa iyo at pinaganda para sa kanila ni Satanas ang gawain nila. Siya ang kanilang kakampi sa araw na ito at para sa kanila ang masakit na parusa. 16:64. Hindi Namin ibinaba sa iyo ang Aklat liban na lamang upang linawin mo sa kanila ang anumang pinagtatalunan nila at bilang gabay at habag para sa mga nanampalataya.

16:65. Si Allah ay nagpadala mula sa langit ng tubig at binuhay sa pamamagitan nito ang lupa matapos ang kamatayan nito. Tunay na naririto ang tanda para sa mga nakikinig.

16:66. Tunay na para sa inyo mula sa mga pinapastol na hayop ang aral. Pinaiinom Namin kayo mula sa kanilang mga tiyan sa pagitan ng imbakan ng dumi at dugo – gatas na puro at matamis para sa umiinom.

16:67. Mula sa mga bunga ng palmera at ubas ay kumukuha kayo mula rito ng alak bago pa ito ipagbawal sa mga Muslim at iba pang magandang biyaya. Tunay na naririto ang tanda para sa mga nag-iisip.

16:68. Nagpahayag ang iyong Panginoon sa mga bubuyog, 'Kunin mo ang kabundukan bilang tahanan at gayundin sa mga puno at anumang itinayo nila. 16:69. Kumain ka mula sa mga bunga at sundan mo ang landas ng inyong Panginoon na inilatag Niya para sa iyo.' Lalabas mula sa mga tiyan nito ang inumin na ibat iba ang kulay na gamot para sa mga tao. Tunay na naroon ang tanda para sa mga nag-iisip.

16:70. Si Allah ang lumikha sa inyo at babawi sa inyong buhay. Ang iba sa inyo ay babalik sa pagiging isip-bata sa katandaan na hindi niya malalaman ang anumang nalaman niya. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Makapangyarihan.

16:71. Pinaboran ni Allah ang ilan sa inyo kaysa sa iba pa sa mga biyaya. Ang mga higit na biniyayaan ay hindi magbabahagi ng ibiniyaya sa kanila sa mga alipin na tangan ng kanilang mga kanang kamay upang sila ay maging pareho. Sa biyaya ba ni Allah kayo ay tumatanggi?

16:72. Si Allah ay lumikha mula sa inyong mga sarili ng asawa at mula sa inyong mga asawa ay mga anak at mga apo at tinustusan Niya kayo mula sa mababuting bagay. Sa kamalian ba sila maniniwala at sa biyaya ni Allah sila ay nagtatakwil?

16:73. Sumasamba sila sa iba pa liban kay Allah na hindi nagmamay-ari para sa kanila ng biyaya mula sa kalangitan at lupa na kahit ano at wala silang kakayanan dito. 16:74. Kaya huwag kayong maghambing kay Allah. Tunay na si Allah ay nakaaalam at kayo ay hindi nakaaalam.

16:75. Nagbigay si Allah ng halimbawa ng isang alipin na pag-aari lamang ng isang tao na hindi makagawa ng anuman at yaong biniyayaan Namin ng magandang biyaya kaya ito ay ipinangtutustos niya nang lihim at hayagan. Sila ba ay magkatulad? Papuri kay Allah, ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam.

16:76. Si Allah ay nagbigay ng halimbawa ng dalawang lalaki, ang isa ay pipi at bingi na hindi makagawa ng anuman at pabigat sa kanyang tagapag-alaga. Anumang iutos sa kanya ay wala siyang nagagawang mabuti. Katulad ba siya ng isang nag-uutos ng katarungan at nasa matuwid na landas?

16:77. Kay Allah ang mga nalilingid sa kalangitan at lupa. Ang utos para sa Oras ay hindi hihigit pa sa isang kisapmata o mas mabilis pa rito. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

16:78. Si Allah ang nagluwal sa inyo mula sa sinapupunan ng inyong mga ina na wala kayong taglay na anumang kaalaman noon at binigyan Niya kayo ng pandinig, paningin at mga puso upang kayo nawa ay maging mapagpasalamat.

16:79. Hindi ba nila nakikita ang mga ibon na ginawang madali para rito ang paglipad sa hangin ng langit na walang humahawak dito liban kay Allah. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nanampalataya. 16:80. Si Allah ay nagdulot na ang inyong mga tahanan ay maging pahingahan at dinulot na ang mga balat ng hayop ay maging masisilungan na magaan sa inyong paglalakbay at

paghimpil. Mula naman sa kanilang mga balahibo at buhok ay ang inyong kagamitan sa bahay at iba pang gamit ninyo hanggang sa dulo ng inyong mga buhay.

16:81. Mula sa mga nilikha ni Allah ay ang lilim para sa inyo at mula sa mga kabundukan ang masisilungan at lumikha Siya para sa inyo ng kasuotan na panangga ninyo sa init. At damit na nagpoprotekta sa inyo sa labanan. Ganito ginawang ganap ni Allah ang Kanyang biyaya sa inyo upang kayo nawa ay tumalima sa Kanya. 16:82. Ngunit kung sila ay tatanggi O Muhammad, ang obligasyon mo lamang ay ang pagpapabatid na malinaw. 16:83. Nakikilala nila ang mga biyaya ni Allah ngunit itinatanggi nila ito. Ang karamihan sa kanila ay hindi nananampalataya.

16:84. Banggitin ang araw na bubuhayin Naming muli ang isang saksi sa bawat nasyon. Hindi pahihintulutan ang mga hindi nanampalataya na mangatwiran o makapagsisi. 16:85. Kapag nakita ng mga makasalanan ang parusa ay hindi ito pagagaanin para sa kanila at hindi sila palulugitan.

16:86. Kapag nakita ng mga nagtambal kay Allah ang kanilang mga itinambal ay sasabihin nila, 'Aming Panginoon, sila ang mga itinambal namin at dinadasalan Namin liban sa Iyo.' Ngunit tutugon ang mga ito, 'Tunay na kayo ay mga sinungaling.' 16:87. Silang mga makasalanan at nagtambal kay Allah ay tatalima lamang kay Allah sa araw na yaon at mawawala ang anumang inimbento nila na tutulungan sila ng mga diyus-diyosan nila. 16:88. Yaong mga hindi nanampalataya at humarang sa landas ni Allah ay daragdagan Namin ng parusa sa kanilang mga parusa dahil sa kasiraan na dinulot nila.

16:89. Sa Araw na Kami ay bubuhay-muli mula sa bawat nasyon ng isang saksi laban sa kanila mula sa kanilang mga sarili at ikaw O Muhammad ay gagawin Naming saksi laban sa lahat ng nasyon.

Ibinaba Namin sa iyo ang Aklat bilang paglilinaw sa lahat ng bagay at bilang gabay, habag at magandang balita para sa mga Muslim.

16:90. Tunay na si Allah ay nag-uutos ng katarungan, kabutihan, pagbibigay sa mga kamag-anak at nagbawal sa kalaswaan, kasalanan at pang-aapi. Pinapangaralan Niya kayo upang kayo nawa ay mapaalalahanan.

16:91. Tuparin ninyo ang kasunduan kay Allah kapag nakipagkasunduan kayo at huwag baliin ang mga pangako matapos ang pagpapatibay nito habang ginawa ninyo si Allah na saksi sa inyo. Tunay na si Allah ay nakaaalam ng inyong mga ginagawa. 16:92. Huwag kayong maging katulad ng nagtastas ng kanyang hinabi matapos na ito ay tumibay sa pamamagitan ng panlilinlang sa inyong mga pangako kapag nakatagpo kayo ng mas mayaman na makakasundo kaysa sa iba pa. Kayo ay sinusubok lamang ni Allah sa pamamagitan nito. Katiyakang lilinawin Niya sa Araw ng Paghuhukom ang anumang inyong pinagtatalunan.

16:93. Kung naisin lamang ni Allah ay ginawa Niya kayong isang nasyon lamang ngunit inililigaw Niya ang naisin Niya at ginagabayan ang naisin Niya. Katiyakang kayo ay tatanungin tungkol sa inyong mga ginawa. 16:94. Huwag ninyong gamitin ang inyong mga pangako upang linlangin ang isat isa tulad ng tao na nadulas ang kanyang paa matapos na maging matatag ito. Kayo ay makatitikim ng kasamaan dahil sa pagharang ninyo sa landas ni Allah. Para sa inyo ang matinding parusa. 16:95. Huwag ninyong ipagpalit ang tipanan kay Allah sa maliit na halaga. Ang tangan ni Allah lamang ang pinakamainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman.

16:96. Anumang taglay ninyo ay magwawakas. Ngunit ang taglay ni Allah ay mananatili. Katiyakang gagantimpalaan Namin ang mga nagtiis ayon sa kanilang mga pinakamainam na gawain.

16:97. Sinumang gumawa ng kabutihan, lalaki man o babae habang siya ay nananampalataya ay pamumuhayin Namin siya ng magandang pamumuhay at katiyakang gagantimpalaan Namin sila ayon sa pinakamainam nilang gawain.

16:98. Kapag bumasa ka ng Quran ay magpakupkop kay Allah mula sa Satanas na isinumpa. 16:99. Tunay na siya ay walang autoridad sa mga nanampalataya at nanalig sa kanilang Panginoon. 16:100. Ang kanyang autoridad ay doon lamang sa mga nagturing sa kanya bilang kakampi at yaong nagtambal kay Allah sa pamamagitan niya.

16:101. Kapag pinalitan Namin ang isang talata ng isa pa, si Allah ay higit na nakaaalam sa anumang ibinaba Niya. Sinabi nila, 'Tunay na ikaw ay nag-iimbento lamang.' Ngunit karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 16:102. Sabihin, 'Ang Banal na Espiritu na si Anghel Gabriel ay nagbaba nito mula sa iyong Panginoon nang buong katotohanan upang patatagin yaong mga nanampalataya at bilang gabay at magandang balita para sa mga Muslim.

16:103. Nalalaman Namin na sinasabi nila, 'Ang nagtuturo sa kanya ay tao lamang.' Ang dila ng tinutukoy nila ay dayuhan samantalang ang Quran ay nasa malinaw na wikang Arabic. 16:104. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya sa mga tanda ni Allah ay hindi gagabayan ni Allah at para sa kanila ang masakit na parusa. 16:105. Sila ay nag-iimbento lamang ng kasinungalingan, silang mga hindi nanampalataya sa mga talata ni Allah, sila ang mga sinungaling.

16:106. Sinumang hindi manampalataya kay Allah matapos ang kanyang paniniwala liban na lamang sa pinilit habang ang kanyang puso ay matatag sa pananampalataya. Ngunit yaong taus-pusong hindi nanampalataya ay para sa kanila ang poot ni Allah at para sa kanila ang dakilang parusa. 16:107. Yaon ay dahil sa sila ay pumili sa buhay sa mundo kaysa sa Kabilang-buhay at si Allah ay hindi

naggagabay sa mga hindi nanampalataya. 16:108. Sila yaong tinakpan ni Allah ang kanilang mga puso, pandinig at paningin. Sila ang mga walang pakialam. 16:109. Katiyakang sa Kabilang-buhay, sila ang mga talunan.

16:110. Tunay na ang iyong Panginoon, para sa mga lumikas mula sa Makkah na mga kasama ni Propeta Muhammad, matapos na sila ay pinilit na magpakita ng kawalang pananampalataya ngunit ang puso nila ay matatag sa pananampalata at sila ay nakibaka at nagtiis – tunay na ang iyong Panginoon matapos nito ay Mapagpatawad at Mahabagin. 16:111. Sa Araw na ang bawat isa ay mangangatwiran para kanyang sarili at ang bawat isa ay gagantimpalaan sa ginawa nito at hindi sila dadayain.

16:112. Si Allah ay nagbigay ng halimbawa ng isang bayan na ligtas at payapa at ang biyaya nito ay dumarating nang masagana mula sa lahat ng dako ngunit ito ay nagtakwil sa mga biyaya ni Allah. Pinatikim ni Allah dito ang pagbalot ng gutom at takot dahil sa kanilang ginawa. 16:113. Dumating sa kanila ang sugo na kabilang sa kanila at pinasinungalingan nila siya kaya ang parusa ay dumating sa kanila habang sila ay makasalanan.

16:114. Kumain kayo mula sa ibiniyaya sa inyo ni Allah na mga pinahintulutan at mainam. Magpasalamat kayo sa mga biyaya ni Allah kung kayo ay sa Kanya lamang sumasamba. 16:115. Tunay na ipinagbawal Niya lamang sa inyo ang patay na hayop, dugo at karne ng baboy at mga inalay sa iba pa liban kay Allah. Sinumang mapilitan na hindi nagnanais ng pagsuway ay tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

16:116. Huwag ninyong sabihin sa pamamagitan ng iginigiit ng inyong mga dila na kasinungalingan, ‘Ito ay pinahihintulutan at ito ay ipinagbabawal’ upang mag-imbento laban kay Allah ng

kasinungalingan. Tunay na yaong mga nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan ay hindi magtatagumpay. 16:117. Panandaliang aliw at para sa kanila ang masakit na parusa.

16:118. Yaong mga Hudyo ay ipinagbawal Namin sa kanila ang ipinahayag Namin sa iyo noon. Hindi Namin sila inapi bagkus sila sa kanilang mga sarili ay nang-api. 16:119. Tunay na ang iyong Panginoon para sa mga gumawa ng masama dahil sa kamangmangan at nagbalik-loob pagkatapos nito at nagpakamatuwid – tunay na ang iyong Panginoon matapos nito ay Mapagpatawad at Mahabagin.

16:120. Tunay na si Abraham ay isang mabuting pinuno, masunurin kay Allah, kumikiling sa katotohanan at hindi kabilang sa mga nagtatambal. 16:121. Mapagpasalamat sa Kanyang mga biyaya. Hinirang at ginabayan Niya siya tungo sa matuwid na landas. 16:122. Binigyan Namin siya sa mundo ng kabutihan. Tunay na siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa matutuwid. 16:123. Ipinahayag Namin sa iyo O Muhammad na sundin ang relihiyon ni Abraham na kumikiling sa katotohanan at hindi siya kabilang sa mga nagtatambal.

16:124. Ang Sabbath ay itinakda lamang para sa mga nagtatalu-talo rito. Tunay na ang iyong Panginoon ay maghahatol sa kanila sa Araw ng Paghuhukom ukol sa kanilang pinagtatalunan. 16:125. Mag-anyaya ka tungo sa landas ng iyong Panginoon nang may kaalaman at mahusay na pangangaral at makipagtalo sa kanila sa mahusay na paraan. Tunay na ang iyong Panginoon ay pinakanakaaalam sa sinumang naligaw mula sa Kanyang landas. Siya ang pinakanakaaalam sa mga nagabayan. 16:126. Kung magpaparusa kayo ay magparusa kayo ng katulad na pinsala lamang sa inyo. Ngunit kung kayo ay nagtiis ay mas mainam ito para sa mga matiisin. 16:127. Maging matiisin at ang iyong pagtitiis ay marapat na maging alang-alang kay Allah lamang. Huwag mo silang ikalungkot at

huwag mamighati sa kanilang pinaplano. 16:128. Tunay na si Allah ay kasama ng mga may takot sa Kanya at mga gumagawa ng kabutihan.

17. SURATUL ISRA' (ANG PAGLALAKBAY SA GABI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

17:1. Luwalhati kay Allah na nagpalakbay sa Kanyang alipin na si Propeta Muhammad sa gabi mula sa Masjidul Haram tungo sa Masjidul Aqsa na biniyayaan Namin ang paligid nito upang ipakita Namin sa kanya ang Aming tanda. Tunay na Siya ay Nakaririnig at Nakakakita.

17:2. Ibinigay Namin kay Moises ang kasulatan at ginawa Namin itong gabay para sa Angkan ng Israel, 'Huwag kayong kumuha liban sa Akin ng iba pang tagapamahala.' 17:3. O mga apo ng mga pinasakay Namin sa Arko ni Noah, tunay na siya ay aliping mapagpasalamat.

17:4. Itinakda Namin sa Angkan ng Israel sa Aklat, 'Kayo ay katiyakang magdudulot ng kasamaan sa lupa ng dalawang ulit at kayo ay labis na magmamalaki.' 17:5. Kapag dumating ang pangako sa nauna sa kanila, ay ipinadala Namin laban sa inyo ang Aming mga alipin, yaong may lakas pandigma at sila ay pumasok maging sa mga kabahayan. Ito ay pangakong natupad. 17:6. Ibinalik Namin sa inyo ang tagumpay laban sa kanila. Tinulungan Namin kayo sa pamamagitan ng inyong kayamanan at mga anak at ginawa kayong marami.

17:7. 'Kung kayo ay naging mainam ay naging mainam kayo sa inyong mga sarili. Kung gagawa kayo ng masama ay laban ito sa inyo.' Kapag dumating na ang huling pangako upang

malungkot ang inyong mga mukha at pumasok sila sa Jerusalem tulad ng pagpasok nila noon upang wasakin ang nasakop nila ng kumpletong pagkawasak. 17:8. Sinabi ni Allah, 'Maaaring ang inyong Panginoon ay mahahabag sa inyo ngunit kung kayo ay babalik sa pagkakasala ay ibabalik Namin kayo sa parusa. Ginawa Namin ang Impiyerno para sa mga hindi nanampalataya bilang kulungan.

17:9. Tunay na ang Quran na ito ay naggagabay tungo sa pinakamainam at nagbibigay ng magandang balita sa mga nanampalataya na gumagawa ng mabuti na para sa kanila ang malaking gantimpala. 17:10. Silang mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay ay inihanda Namin para sa kanila ang masakit na parusa.

17:11. Ang tao ay nananalangin para sa masama tulad ng pananalangin niya para sa mabuti. Ang tao ay palagiang nagmamadali. 17:12. Ginawa Namin ang gabi at araw na dalawang tanda. Binubura Namin ang tanda ng gabi at hinayag Namin ang tanda ng araw upang kayo ay maghanap ng biyaya ng inyong Panginoon at malaman ninyo ang bilang ng mga taon at oras. Lahat ng bagay ay nilinaw Namin nang may ibayong detalye.

17:13. Para sa bawat tao ay ikinabit Namin ang kanyang tadhana sa kanyang leeg. Ilalabas Namin para sa kanya sa Araw ng Paghuhukom ang isang talaan na makahaharap niyang nakabukas. 17:14. Sasabihin sa kanya, 'Basahin mo ang iyong talaan. Sapat na ang iyong sarili sa araw na ito bilang tagapagtuos.' 17:15. Sinumang magabayan ay nagagabayan para sa kanyang sarili lamang. Sinumang maligaw ay naligaw laban sa kanyang sarili lamang. Walang sinuman ang papasan sa pasanin ng iba pa. Hindi Kami nagpaparusa hanggat sa makapagpadala Kami ng sugo.

17:16. Kapag ninais Namin na magwasak ng isang bayan ay

inuutusan Namin ang mayayaman dito ngunit sila ay sumusuway dito. Kaya nagkatotoo ang salita laban sa kanila at winasak Namin ito ng kumpletong pagkawasak. 17:17. Ilan na ang Aming winasak sa mga henerasyon pagkatapos ni Noah. Sapat na ang iyong Panginoon sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin bilang nakababatid at nakakakita.

17:18. Sinumang magnais sa bagay na panandalian ay padadaliin Namin para sa kanya mula rito ang anumang ninais Namin para sa sinuman. Dinulot Namin sa kanya ang Impiyerno na papasukin niya upang siya ay hamakin at itaboy. 17:19. Sinumang maghangad ng Kabilang-buhay at magsikap para rito at siya ay nananampalataya – sila yaong ang mga pagsisikap nila ay pinasasalamatan.

17:20. Sa bawat grupo ay nagbigay Kami sa kanila at sa iba pa mula sa kaloob ng iyong Panginoon. Ang kaloob ng iyong Panginoon ay hindi kailanman ipagkakait sa sinuman. 17:21. Tingnan mo kung paano Namin biniyayaan ang ilan sa kanila nang higit sa iba pa. Ngunit ang Kabilang-buhay ay mas dakila sa mga antas at mas dakila sa kahigitan.

17:22. Huwag kayong magsangkot kay Allah ng iba pang diyos o kayo ay magiging hamak at itinaboy. 17:23. Itinakda ng iyong Panginoon na wala kayong sasambahin liban na lamang sa Kanya at maging mabuti sa inyong mga magulang. Kung kasama mo sila sa pagtanda nila, ang isa man sa kanila o silang dalawa ay huwag kang magbitaw ng masamang salita sa kanilang dalawa o pagalitan sila. Magsalita lamang sa kanilang dalawa ng magalang na pananalita. 17:24. Ibaba mo sa kanila ang pakpak ng pagpapakumbaba mula sa habag at sabihin, ‘Aking Panginoon, kahabagan Mo sila tulad ng kung paano nila ako pinalaki nang ako ay maliit pa lamang.’ 17:25. Ang inyong Panginoon ay pinakanakaaalam sa anumang nasa inyong mga sarili. Kung kayo ay magiging matuwid ay tunay na Siya sa mga

palagiang nagbabalik-loob ay Mapagpatawad.

17:26. Ibigay sa kamag-anak ang karapatan nila gayundin ang mahihirap at mga manlalakbay at huwag mag-aksaya. 17:27. Tunay na ang mga mapag-aksaya ay kapatid ng mga demonyo at si Satanas sa kanyang Panginoon ay hindi mapagpasalamat. 17:28. Kung ikaw man ay tatanggi sa mga nangangailangan habang ikaw ay naghahangad ng habag mula sa iyong Panginoon na inaasahan mo ay kausapin sila ng mahusay na pananalita.

17:29. Huwag mong dulutin na ang iyong kamay ay parang nakatali sa iyong leeg sa pagiging maramot at huwag mo rin itong ibuka sa pag-aaksaya na ikaw ay masisisi at malulugi. 17:30. Tunay na ang iyong Panginoon ay nagbibiyaya sa sinumang naisin Niya at pumipigil nito. Tunay na Siya sa Kanyang mga alipin ay Nakababatid at Nakakakita.

17:31. Huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa takot na maghirap. Kami ay nagtutustos sa kanila at sa inyo. Tunay na ang pagpatay sa kanila ay malaking kasalanan. 17:32. Huwag kayong lumapit sa pakikiapid. Tunay na ito ay kalaswaan at masamang kaparaanan.

17:33. Huwag pumatay ng sinumang ipinagbawal ni Allah na patayin liban na lamang na ayon sa tama. Sinumang napatay nang walang katarungan ay binigyan Namin ang kanyang mga tagapagmana ng autoridad sa danyos, ngunit huwag nilang lalampasan ang hangganan sa paniningil ng danyos sa pagpatay na ito. Tunay na siya ay pagtatagumpayin.

17:34. Huwag ninyong gagalawin ang pag-aari ng ulila liban na lamang sa mainam hanggang sa siya ay umabot sa hustong edad. Tuparin ang bawat pangako, tunay na ang bawat pangako ay

sisingilin. 17:35. Ibigay ang tamang sukat kapag nagsukat kayo at magtimbang nang may tamang timbang. Ito ang pinakamainam na paraan at mainam na resulta.

17:36. Huwag mangahas na magsalita tungkol sa anumang wala kang nalalaman dito. Tunay na ang pandinig, paningin at puso, lahat sila ay tatanungin tungkol dito. 17:37. Huwag maglakad sa lupa na mayabang. Tunay na hindi mo magagalugad ang lupa at hindi mo maaabot ang mga bundok sa taas nito. 17:38. Lahat ng yaon ay masama sa paningin ng iyong Panginoon at kinamumuhian.

17:39. Yaon ay mula sa ipinahayag sa iyo ng iyong Panginoon mula sa karunungan. Huwag ninyong ituring na katambal ni Allah ang iba pang diyos o kayo ay itatapon sa Impiyerno na sinisisi at itinatakwil

17:40. Hinirang ba kayo ng inyong Panginoon upang magkaanak ng lalaki samantalang Siya ay kumuha lamang ng mga anghel bilang mga anak na babae ayon sa inaangkin ninyo? Tunay na kayo ay nagsasabi ng mabigat na bagay. 17:41. Kami ay nagdetalye sa Quran na ito upang mapaalalahanan ang mga tao ngunit hindi nito sila dinaragdagan liban pa sa pag-ayaw. 17:42. Sabihin, 'Kung Siya man ay may katambal na iba pang diyos tulad ng sinasabi nila ay hahangarin ng bawat isa sa kanila na magmay-ari ng dakilang trono.' 17:43. Luwalhati sa Kanya at Kataas-taasan Siya mula sa kanilang mga sinasabi sa Pinakakataas-taasan. 17:44. Lumuluwalhati sa Kanya ang pitong kalangitan at ang lupa at sinumang naririto. Walang anumang bagay ang iiral liban na lamang na ito ay lumuluwalhati sa pagpuri sa Kanya ngunit hindi ninyo nauunawaan ang kanilang pagluwalhati. Tunay na Siya ay Mapagpaumanhin at Mapagpatawad.

17:45. Tuwinang binabasa mo ang Quran ay naglalagay Kami sa pagitan mo at ng mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay ng

hindi nakikitang harang. 17:46. Naglagay Kami sa kanilang mga puso ng takip upang hindi nila ito maunawaan at sa kanilang mga tainga ang kabingihan. Tuwinang binabanggit mo ang iyong Panginoon sa Quran nang nag-iisa ay tumatalikod silang umaayaw.

17:47. Kami ang pinakanakaaalam sa kanilang pinakikinggan kapag sila ay nakikinig sa iyo at kapag sila ay lihim na nag-uusap. Ang mga makasalanan ay nagsasabi, 'Kayo ay sumusunod sa isang hindi hihigit pa sa isang taong kinulam.' 17:48. Tingnan mo kung paano ka nila ihinahambing ngunit sila ay naligaw at hindi nila makita ang tuwid na landas.

17:49. Sinabi nila, 'Kapag kami ay buto na lamang at naagnas, kami ba ay tunay na bubuhaying-muli na bagong nilikha?' 17:50. Sabihin, 'Kahit kayo pa ay maging mga bato o bakal. 17:51. O anumang dakilang nilalang sa inyong dibdib.' Sasabihin nila, 'Sino ang bubuhay sa aming muli?' Sabihin, 'Ang Siyang lumikha sa inyo sa unang pagkakataon pa lamang.' Iiling ang kanilang mga ulo sa iyo at magsasabi, 'Kailan ito?' Sabihin, 'Maaaring malapit na.' 17:52. Sa araw na tatawagin Niya kayo at kayo ay tutugon ng pagpuri sa Kanya at iisipin ninyo na hindi kayo nanatili sa mundo liban na lamang na sandali.

17:53. Sabihin mo sa Aking mga alipin na sabihin ang pinakamabuti. Tunay na si Satanas ay nagbubuyo sa kanila na mag-away. Tunay na si Satanas para sa tao ay malinaw na kalaban.

17:54. Ang iyong Panginoon ay pinakanakaaalam sa inyo. Kung nanaisin Niya ay kahahabagan Niya kayo o kung nanaisin Niya ay parurusahan Niya kayo. Hindi ka Namin isinugo sa kanila bilang tagapamahala. 17:55. Ang iyong Panginoon ang pinakanakaaalam sa sinumang nasa kalangitan at lupa. Dinulot Namin na maging higit ang ibang propeta sa iba pa. Ibinigay Namin kay David ang Salmo.

17:56. Sabihin, ‘Manalangin kayo roon sa mga inaangkin ninyong katambal Niya dahil wala silang kakayanan na alisin ang sakuna sa inyo o ilipat ito sa iba pa.’ 17:57. Ang kanilang mga dinadasalan ay naghahangad na makarating sa kanilang Panginoon, kung sino sa kanila ang magiging pinakamalapit at naghahangad ng Kanyang habag at natatakot sa Kanyang parusa. Tunay na ang parusa ng iyong Panginoon ay nakakatakot. 17:58. Walang anumang bayan na hindi naniwala liban na lamang na ito ay wawasakin Namin bago pa ang Araw ng Paghuhukom o parurusahan Namin ito ng malupit na parusa. Ito ay nakalista na sa talaan.

17:59. Walang nagpigil sa Amin na magpadala ng mga tanda liban na lamang na nagpasinungaling dito ang mga nauna. Ibinigay Namin sa Thamud ang babaeng kamelyo bilang nakikitang tanda ngunit sinaktan nila ito. Hindi Kami nagpapadala ng mga tanda liban na lamang bilang babala.

17:60. Alalahanin mo nang sinabi Namin sa iyo, ‘Tunay na ang iyong Panginoon ay nakasasaklaw sa mga tao.’ Hindi Namin ipinakita sa iyo ang tanawing ito O Muhammad sa gabi ng Al Isra’ wal Mi’raj liban na lamang bilang pagsubok sa mga tao gayundin ang isinumpang puno sa Quran. Binantaan Namin sila ngunit hindi ito nagdagdag sa kanila liban pa sa malaking pagsuway.

17:61. Nang sinabi Namin sa mga anghel, ‘Magpatirapa kayo kay Adan.’ Sila ay nagpatirapa liban kay Satanas. Sinabi niya, ‘Magpapatirapa ba ako sa isang nilikha Mo lamang mula sa putik? 17:62. Nakikita mo ba itong pinarangalan Mo kaysa sa akin? Kung ako ay palulugitan Mo hanggang sa Araw ng Paghuhukom ay katiyakang wawasakin ko ang kanyang mga inapo liban na lamang sa iilan.’

17:63. Sinabi ni Allah, ‘Lumayas ka, sinuman sa kanila ang susunod sa iyo ay tunay na ang Impiyerno ang gantimpala ninyo na sapat nang

pabuya para sa inyo. 17:64. Himukin mo ang sinumang kaya mo sa kanila sa pamamagitan ng iyong tinig. Lusubin mo sila sa pamamagitan ng iyong mga kabayo at mga sundalo at maging kakampi nila sa kanilang mga kayamanan at mga anak at mangako ka sa kanila.' Ngunit si Satanas ay hindi nangangako sa kanila liban na lamang sa guni-guni. 17:65. Tunay na sa Aking mga alipin ay wala kang autoridad. Sapat na ang iyong Panginoon bilang mapananaligan.

17:66. Ang iyong Panginoon ang nagpapalayag ng mga barko sa dagat para sa inyo upang maghanap kayo ng biyaya Niya. Tunay na Siya para sa inyo ay Mahabagin. 17:67. Kapag dumating sa inyo ang sakuna sa dagat ay nawawala ang inyong mga dinasalan liban sa Kanya. Ngunit kapag ihinatid na Niya kayo sa dalampasigan ay tumatalikod kayo. Ang tao ay palagiang hindi mapagpasalamat.

17:68. Pakiramdam ba ninyo na kayo ay ligtas na hindi Niya dudulutin na lamunin kayo ng lupa o magpaulan Siya sa inyo ng bato at wala kayong makikitang tagapag-ingat? 17:69. O pakiramdam ninyo na kayo ay ligtas na hindi na Niya kayo pababalikin sa dagat sa sunod na pagkakataon o di kaya ay magpapadala Siya sa inyo ng bagyo ng hangin at lunurin kayo dahil sa inyong mga itinanggi. Wala kayong matatagpuan para sa inyo laban sa Amin na mga tagapaghiganti.

17:70. Pinarangalan Namin ang mga anak ni Adan at dinala Namin sila sa lupa at dagat at nagbiyaya Kami sa kanila ng mababuting bagay. Hinirang Namin sila kaysa sa maraming iba pa Naming nilikha nang may magandang paghirang.

17:71. Sa Araw na tatawagin Namin ang mga tao na dala ang kanilang mga talaan. Sinumang bigyan ng kanyang talaan sa kanyang kanang kamay ay silang magbabasa ng kanilang talaan at hindi sila dadayain kahit gahibla ng buto ng datiles. 17:72. Sinumang bulag sa mundong ito ay bulag din sa Kabilang-buhay at mas ligaw sa landas.

17:73. Tunay na matutukso ka na nila O Muhammad palayo mula sa ipinahayag Namin sa iyo upang mag-imbento ka laban sa Amin liban pa rito. Dahil doon ay kukunin ka nila bilang kaibigan. 17:74. Kung hindi ka Namin pinatatag ay maaaring kumiling ka sa kanila nang bahagya. 17:75. Kung gagawin mo ito ay patitikimin ka Namin ng dobleng parusa sa buhay na ito at sa pagkamatay mo. Hindi ka makakakita laban sa Amin ng sinumang tagatulong.

17:76. Tunay na malapit ka na nilang itaboy upang palayasin ka mula sa Makkah. Kapag ginawa na nila ito ay hindi sila mananatili rito paglisan mo liban na lamang sa sandali. 17:77. Yaon ang Aming kaparaanan sa Aming mga ipinadala na nauna sa iyo na mga sugo at hindi ka makakakita sa Aming paraan na anumang pagbabago.

17:78. Magtaguyod ng obligadong pagdarasal sa tanghali hanggang sa kadiliman ng gabi at ang Quran sa bukang-liwayway. Tunay na ang pagbasa rito sa bukang-liwayway ay sinasaksihan. 17:79. Sa ilang bahagi ng gabi ay manalangin ka ng boluntaryong pagsamba para sa iyo. Maaaring bubuhayin kang muli ng iyong Panginoon sa kalagayang kapuri-puri.

17:80. Sabihin, ‘Aking Panginoon, papasukin Mo ako sa pasukan na ligtas at palabasin Mo ako sa labasang ligtas at bigyan Mo ako mula sa Iyo ng matibay na patunay.’ 17:81. Sabihin, ‘Dumating na ang katotohanan at lumisan ang kamalian. Tunay na ang kamalian ay palagiang naglalaho.

17:82. Ibinaba Namin mula sa Quran ang gamot at habag para sa mga nanampalataya ngunit hindi nito dinaragdagan ang mga hindi nanampalataya liban pa sa pagkalugi.

17:83. Tuwinang Kami ay nagbibiyaya sa tao ay tumatalikod siya at lumalayo rito at kapag dinatnan siya ng sakuna ay namimighati siya.

17:84. Sabihin, ‘Lahat ay kumikilos ayon sa kanyang paraan ngunit ang iyong Panginoon ay pinakanakaaalam kung sino ang pinakanagabayan sa landas.’

17:85. Tinatanong ka nila O Muhammad tungkol sa kaluluwa, sabihin, ‘Ang kaluluwa ay nasa kaalaman lamang ng aking Panginoon. Hindi kayo binigyan ng kaalaman tungkol dito liban na lamang sa kakaunti.’

17:86. Naisin man Namin ay inalis Namin ang ipinahayag Namin sa iyo. At hindi ka makakakita para sa iyo mula rito na sinumang tagatulong laban sa Amin . 17:87. Liban na lamang bilang habag mula sa iyong Panginoon. Tunay na ang Kanyang biyaya sa iyo ay palagiang dakila. 17:88. Sabihin, ‘Kung magsama-sama ang mga tao at engkanto upang lumikha ng Quran na katulad nito ay hindi sila makagagawa ng tulad nito kahit pa magtulungan sila.’

17:89. Kami ay nagdetalye para sa mga tao sa Quran na ito mula sa lahat ng uri ng halimbawa, ngunit tumatanggi ang karamihan sa mga tao at hindi nanampalataya. 17:90. Sinabi nila, ‘Hindi kami maniniwala sa iyo hangga’t padaluyin mo para sa amin ang isang bukal. 17:91. O kaya ay hanggang ikaw ay magkaroon ng hardin ng palmera o ubas at padaluyin sa kanila ang mga ilog sa loob nito nang masagana. 17:92. O kaya ay pabagsakin mo sa amin ang langit tulad ng sinabi mo sa amin nang pira-piraso o dalhin mo rito si Allah at ang mga anghel sa harapan Namin. 17:93. O kung ikaw ay magkaroon ng bahay na ginto o umakyat sa langit. Hindi kami maniniwala sa iyong pag-akyat hanggang sa magbaba ka ng aklat na babasahin Namin.’ Sabihin, ‘Luwalhati sa aking Panginoon. Ako ay tao at sugo lamang.’

17:94. Walang pumigil sa mga tao sa paniniwala nang dumating sa kanila ang gabay liban na lamang na sinabi nila, ‘Nagpadala ba si Allah ng tao bilang sugo?’ 17:95. Sabihin, ‘Kung mayroon man sa

lupa na mga anghel na naglalakad na panatag dito ay tiyak na magbababa Kami sa kanila mula sa langit ng anghel bilang sugo.' 17:96. Sabihin, 'Sapat si Allah bilang saksi sa pagitan ko at pagitan ninyo. Tunay na Siya sa Kanyang mga alipin ay palagiang nakababatid at nakakakita.'

17:97. Sinumang gabayan ni Allah ay tunay na nagabayan at sinumang iligaw Niya ay wala kang matatagpuan para sa kanya na tagapag-ingat liban sa Kanya. Titipunin Namin silang lahat sa Araw ng Paghuhukom na nakadapa sa kanilang mga mukha na mga bulag, pipi at bingi. Ang kanilang tahanan ay ang Impiyerno at tuwinang humuhupa ito ay dinaragdagan Namin sila ng naglalagablab na apoy. 17:98. Yaon ang gantimpala nila dahil sa nagtakwil sila sa Aming mga talata at nagsabing, 'Kapag kami ay mga buto at abo na ay tunay ba na kami ay bubuhaying-muli na bagong nilikha?'

17:99. Hindi ba nila nakita na si Allah ang lumikha ng kalangitan at lupa, ang Siyang may kakayanan na lumikha ng katulad nila, at nagtakda para sa kanila ng takdang panahon na walang duda rito? Tumatanggi ang mga makasalanan sa lahat liban sa kawalang pananampalataya. 17:100. Sabihin, 'Kung taglay man ninyo ang imbakan ng habag ng aking Panginoon ay ipagkakait ba ninyo ito sa takot na gumasta?' Ang tao ay palagiang kuripot.

17:101. Nagbigay Kami kay Moises ng siyam na malilinaw na tanda. Tanungin ninyo ang Angkan ng Israel nang dumating siya sa kanila at sinabi ni Paraon sa kanya, 'Naniniwala ako na ikaw Moises ay nakulam.' 17:102. Sinabi ni Moises, 'Nalalaman mo na walang nagpadala ng mga ito liban na lamang sa Panginoon ng kalangitan at lupa bilang patunay. Naniniwala ako na ikaw Paraon ay nawasak.' 17:103. Kaya ninais niyang palayasin sila mula sa lupain na yaon at nilunod Namin siya at ang kanyang mga kasama lahat-lahat. 17:104. Sinabi Namin sa Angkan ng Israel paglipas niya, 'Tumira kayo sa

lupaing ito at kapag dumating na ang pangako ng Kabilang-buhay ay pahahayuin Namin kayo nang minsanan lamang.'

17:105. Sa buong katotohanan ay ibinaba Namin ito at sa buong katotohanan ay bumaba ito. Hindi ka Namin isinugo liban na lamang bilang tagapapagbalita at tagapagbabala. 17:106. Ito ay Quran na pinaghiwa-hiwalay Namin upang basahin mo ito sa mga tao sa ilang panahon. Ibinaba Namin ito nang unti-unti.

17:107. Sabihin, 'Paniwalaan man ninyo ito o hindi. Tunay na yaong mga binigyan ng kaalaman bago pa ito, tuwinang binabasa ito sa kanila ay ibinababa ang kanilang mga noo sa pagpapatirapa. 17:108. Sinasabi nila, 'Luwalhati sa Iyo aming Panginoon, ang pangako ng aming Panginoon ay magkakatotoo.' 17:109. Sila ay nagbababa ng kanilang mga mukha na umiiyak at ang Quran ay nagdaragdag sa kanilang pagtalima.

17:110. Sabihin, 'Manalangin kayo kay Allah o kay Ar Rahman. Alinman ang dasalan ninyo ay para sa Kanya ang pinakamagagandang pangalan.' Huwag mong palakasan ang iyong pagbasa sa obligadong pagdarasal o hinaan ito bagkus ay hangarin ang pagitan nito. 17:111. Sabihin, 'Papuri kay Allah na hindi nagkaanak, walang katambal sa paghahari at wala Siyang tagaingat mula sa kahinaan. Dakilain mo Siya nang ganap na pagdakila.'

18. SURATUL KAHF (ANG KUWEBA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

18:1. Papuri kay Allah na Siyang nagbaba sa Kanyang alipin ng Aklat na ito at hindi Niya ito dinulot na magkaroon ng kabaluktutan. 18:2. Ginawang matuwid upang magbabala mula sa matinding parusa mula sa Kanya at bigyan ng magandang balita ang mga

nanampalataya na gumagawa ng mabuti na para sa kanila ang magandang gantimpala. 18:3. Mananatili sila rito habang-panahon. 18:4. Upang babalaan yaong nagsasabing, ‘Si Allah ay nagkaanak.’ 18:5. Wala silang kaalaman dito kahit ang kanilang mga ninuno. Matindi ang salitang lumalabas sa kanilang mga bibig, wala silang sinasabi liban sa kasinungalingan. 18:6. Maaaring papatayin mo ang iyong sarili sa lungkot dahil sa kanila kung hindi sila maniniwala sa mensaheng ito. 18:7. Tunay na Kami ay naglagay sa lupa ng palamuti upang subukan Namin kung sino sa kanila ang mainam sa gawa. 18:8. Tunay na gagawin Naming tuyot ang anumang naririto. 18:9. Naisip mo ba na ang mga tao sa kuweba at mga talaan ng kasaysayan nila ay mula sa Aming mga tanda na kataka-taka? 18:10. Nang ang mga kabataan ay sumilong sa kuweba at nagsabing, ‘Aming Panginoon bigyan Mo kami mula sa Iyo ng habag at ihanda para sa aming mga gawain ang gabay.’ 18:11. Binalot Namin ang kanilang mga tainga ng pagtulog sa kuweba ng ilang taon. 18:12. Ginising Namin sila upang ipakita kung sino sa dalawang grupo ang mas tugma sa pagtantiya ng pananatili nila. 18:13. Ipinapahayag Namin sa iyo ang kuwento nila sa katotohanan. Sila ay kabataang nanampalataya sa kanilang Panginoon at dinagdagan Namin sila ng gabay. 18:14. Pinatatag Namin ang kanilang mga puso nang sila ay tumayo at nagsabing, ‘Ang aming Panginoon ay ang Panginoon ng kalangitan at lupa. Hindi kami mananalangin sa iba pang diyos liban sa Kanya. Kung yaon man ay sinabi namin, yaon ay malaking pagsuway. 18:15. Silang mga kababayan namin ay kumuha liban pa sa Kanya ng iba pang mga diyos. Bakit hindi sila maghain tungkol sa mga ito ng malinaw na patunay? Sino ang higit na mapang-api liban pa sa nag-iimbento laban kay Allah ng kasinungalingan?’

18:16. Sinabi ng kabataan sa isat isa, ‘Kapag kayo ay lumikas mula sa kanila at sa kanilang sinasamba liban kay Allah ay sumilong kayo sa kuweba. Maglalatag para sa inyo ang inyong Panginoon ng Kanyang habag. At maghahanda para sa inyong mga gawain ng pagpapadali.’

18:17. Makikita mo ang araw kapag ito ay sumikat na lumalayo sa kanilang kuweba sa kanilang kanan. At kapag lulubog ay sa kaliwa habang sila ay nasa loob nito. Ito ay mula sa mga tanda ni Allah. Sinumang gabayan ni Allah ay nagabayan. Sinumang iligaw Niya ay wala kang matatagpuan na tagatulong na maggagabay sa kanya.

18:18. Aakalain mo na sila ay gising habang sila ay tulog. Ipinipihit Namin sila sa kanan at kaliwa. Ang aso nila ay nakaunat ang unahang mga paa sa lagusan. Kung ikaw ay titingin sa kanila ay patalikod kang tatakas mula sa kanila at napuno ka ng takot.

18:19. Gayundin ay ginising Namin sila upang tanungin nila ang isat isa. Sinabi ng isa sa kanila, 'Gaano kayo katagal na nanatili rito?' Sinabi nila, 'Kami ay nanatili ng isang araw o bahagi ng isang araw.' Sinabi nila, 'Ang inyong Panginoon ay mas nakaaalam kung gaano kayo katagal na nanatili. Kaya ipadala ninyo ang isa sa inyo dala ang pera ninyong ito sa lungsod. Humanap siya ng pinakamainam na pagkain at magdala sa inyo ng biyaya Niya at maging maingat siya. Dapat ay walang makabatid sa inyo. 18:20. Tunay na kung makikila-la nila kayo ay babatuhin nila kayo o ibabalik kayo sa kanilang relihiyon. Kayo ay hindi magtatagumpay dahil dito kahit kailan.'

18:21.Gayundin ay dinulot Namin na matagpuan sila upang ang mga nakatagpo sa kanila ay makabatid na ang pangako ni Allah ay totoo. At ang Oras ay walang pagdududa rito. Nang sila ay nagtalu-talo tungkol dito at nagsabing, 'Magtayo kayo ng gusali sa ibabaw nila. Ang kanilang Panginoon ang pinakanakaaalam tungkol sa kanila.' Sinabi ng mga nanguna sa usapin, 'Magtatayo tayo para sa atin sa ibabaw nila ng pook-dasalan.'

18:22. Sinasabi nila na sila ay tatlo at ang pang-apat ay ang kanilang aso at sinasabi nila na sila ay lima at ang pang-anim ay ang kanilang aso na nanghuhula sa nalilingid. Sasabihin din nilang pito at ang

pangwalo ay ang kanilang aso. Sabihin, ‘Ang aking Panginoon ang pinakanakaaalam sa kanilang bilang. Walang nakaaalam dito liban sa iilan. Kaya huwag makipagtalo tungkol sa kanila liban na lamang na may malinaw na patunay at huwag magtanong tungkol sa haka-haka rito ng sinuman sa kanila.’ 18:23. Huwag mong sabihin tungkol sa anumang bagay, ‘Tunay na ako ay gagawa nito bukas.’ 18:24. Liban na lamang na sabihin mong, ‘Inshallah, sa pahintulot ni Allah.’ Alalahanin mo ang Panginoon mo kapag ikaw ay nakalimot at sabihin mo, ‘Maaaring gabayan ako ng aking Panginoon sa mas matuwid kaysa rito.’

18:25. Sila ay nanatili sa kanilang kuweba ng tatlong daang taon at nadagdagan pa ng siyam. 18:26. Sabihin, ‘Si Allah ay pinakanakaaalam kung gaano katagal silang nanatili. Siya ang nakaaalam sa nalilingid sa kalangitan at lupa. Ganap ang Kanyang paningin at pandinig. Wala silang tagapag-ingat liban sa Kanya at hindi nakikihati sa pagsasabatas Niya ang sinuman.’

18:27. Basahin mo ang ipinahayag sa iyo mula sa Aklat ng iyong Panginoon. Walang magbabago sa Kanyang salita at hindi ka makakakita liban sa Kanya na tagapagkalinga. 18:28. Gawin mong matiisin ang iyong sarili para sa mga nananalangin sa kanilang Panginoon sa umaga at sa gabi na naghahangad sa Kanyang mukha. Huwag mong ilayo ang paningin mo sa kanila na naghahangad ng palamuti ng buhay sa mundo. Huwag mong sundin ang siyang isinara Namin ang kanyang puso mula sa pag-aalaala sa Amin na siyang sumusunod sa kanyang pagnanasa at ang kanyang gawain ay puro pagkukulang.

18:29. Sabihin, ‘Ang katotohanan ay mula sa inyong Panginoon. Sinumang magnais ay manampalataya at sinumang magnais ay huwag manampalataya.’ Tunay na Kami ay naghanda para sa mga makasalanan ng apoy na papaligid sa kanila ang mga pader nito.

Kung sila man ay hihiling ng ginhawa ay pagiginhawaan sila ng tubig na parang maitim na langis na lalapnos sa kanilang mga mukha. Napakasamang inumin nito at napakasama ng kanilang hantungan.

18:30. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay hindi Namin pawawalang-saysay ang gantimpala ng sinumang nagpainam sa kanyang gawain. 18:31. Mapapasakanila ang mga hardin sa Paraiso na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Sila ay papalamutian ng pulseras na ginto. Sila ay magsusuot ng berdeng kasuotan na sutla at mamahaling tela. Sila ay nakasandal sa pinalamutiang trono. Napakahusay na gantimpala at mainam na hantungan.

18:32. Ibigay mo sa kanila O Muhammad ang halimbawa ng dalawang lalaki, na ang isa ay mananampalataya at ang isa ay hindi mananampalataya. Ibinigay Namin sa isa sa kanila, sa hindi mananampalataya, ang dalawang hardin ng mga ubas at binakuran Namin ang dalawang ito ng palmera at naglagay sa pagitan nito ng taniman 18:33. Ang bawat hardin ay namunga at hindi nagkulang ng anuman. Nagpadaloy Kami sa pagitan ng mga ito ng ilog. 18:34. Ang isa ay nagkaroon ng bungang aanihin at sinabi niya sa kanyang kasama habang kausap niya ito, 'Ako ay mas mayaman kaysa sa iyo at mas marami ang tauhan.' 18:35. Pumasok siya sa kanyang hardin habang nililinlang niya ang kanyang sarili. Sinabi niya, 'Hindi ko inaakala na ito ay masisira kahit kailan. 18:36. Hindi ko iniisip na ang Oras ay darating. Kung ako man ay ibabalik sa aking Panginoon, katiyakang ako ay makakakuha ng mas mainam pa rito bilang gantimpala.'

18:37. Ang kanyang kasama ay nagsabi sa kanya habang nakikipag-usap ito sa kanya, 'Ikaw ba ay nawalan ng pananampalataya sa Siyang lumikha sa iyo mula sa alabok at pagkatapos nito ay sa patak ng semilya at hinugisan ka bilang tao?

18:38. Ngunit para sa akin, Siya si Allah, ang aking Panginoon at wala akong itatambal sa aking Panginoon na sinuman. 18:39. Bakit nang pumasok ka sa iyong hardin ay hindi mo sinabing, 'Mashallah, La Quwata illa Billah, anumang naisin ni Allah. Walang lakas at kapangyarihan liban kay Allah.'? Kahit pa nakikita mo na ako ay mas kaunti sa iyo sa kayamanan at mga anak. 18:40. Maaaring ang aking Panginoon ay magbibigay sa akin ng mas mainam pa kaysa sa iyong hardin at magpapadala naman Siya rito ng sakuna mula sa langit at magiging makinis na lupang maalikabok. 18:41. O lulubog sa lupa ang tubig nito at hindi mo makikita.'

18:42. Ang kanyang pananim ay nawasak at ipinalo niya ang kanyang mga kamay sa isat isa dahil sa dalamhati sa kanyang ginastos habang ito ay nagigiba sa mga kinakapitan nito ay sinabi niya, 'Kung ako lamang ay hindi nagtambal sa aking Panginoon ng kahit sino.' 18:43. Wala siyang matatagpuang kasama upang matulungan siya liban kay Allah at hindi niya maipagtatanggol ang kanyang sarili. 18:44. Ang autoridad ay kay Allah, ang Katotohanan. Siya ang pinakamainam maggantimpala at mainam magpabuya.

18:45. Ipahayag mo sa kanila ang halimbawa ng buhay sa mundo na tulad ng tubig na ibinaba Namin mula sa langit at humahalo rito ang halaman sa lupa. Naging tuyot ito na ikinakalat ng hangin. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 18:46. Ang kayamanan at ang mga anak ay palamuti lamang sa buhay sa mundo. Ngunit ang nagtatagal na magagandang gawain ay mas mainam sa iyong Panginoon sa gantimpala at mas mainam na hangarin.

18:47. Magbabala sa Araw na aalisin Namin ang kabundukan at makikita mo ang lupa na hayag. Titipunin Namin sila at walang sinuman sa kanila ang hahayaan Namin. 18:48. Sila ay ihaharap sa

iyong Panginoon na nakahanay at sasabihin Niya, ‘Tunay na kayo ay dumating sa Amin tulad ng una Namin kayong nilikha. Ngunit inakala ninyo na hindi Kami magtatakda sa inyo ng tagpuan.’

18:49. Ang talaan ng gawain ay bubuksan at makikita mo ang mga makasalanan na natatakot sa nilalaman nito. Sasabihin nila, ‘Kapahamakan sa amin, anong klaseng Aklat ito na hindi nag-iiwan ng anumang bagay na maliit man o malaki liban na lamang na nakatala rito.’ Makikita nila ang mga ginawa nila sa harap nila. Ang iyong Panginoon ay hindi mang-aapi sa sinuman.

18:50. Sinabi Namin sa mga anghel, ‘Magpatirapa kayo kay Adan.’ Sila ay nagpatirapa liban kay Satanas. Siya ay kabilang sa mga engkanto at sumuway sa utos ng kanyang Panginoon. Kaya, kukunin ba ninyo siya at ang kanyang mga inapo bilang mga kakampi liban sa Akin habang sila ay mga kaaway para sa inyo? Napakasama ng ipinagpalit ng mga makasalanan.

18:51. Hindi Ko ginawang saksi si Satanas at ang kanyang mga inapo sa paglikha ng kalangitan at lupa o sa paglikha sa kanilang mga sarili. Hindi Ako kukuha sa mga mapanligaw bilang katulong.

18:52. Sa Araw na sasabihin Niya, ‘Tawagin ninyo ang Aking mga katambal na sinasabi ninyo.’ Sila ay magdarasal sa kanila ngunit hindi tutugon sa kanila. Kaya maglalagay Kami sa pagitan nila ng lambak ng pagkawasak. 18:53. Ang mga makasalanan ay makakakita sa Apoy at sila ay nakatitiyak na mahuhulog sila rito. Wala silang makikitang matatakasan mula rito.

18:54. Nilinaw Namin sa Quran na ito para sa mga tao ang lahat ng halimbawa. Ngunit ang tao ang pinakamarami sa pakikipagtalo. 18:55. Walang nagpigil sa mga tao na manampalataya nang dumating sa kanila ang gabay at humingi ng tawad sa kanilang Panginoon

liban na lamang sa dumating sa kanila ang tulad ng hiniling ng mga nauna o dumating sa kanila ang parusa sa harap nila.

18:56. Hindi Namin ipinadala ang mga sugo liban na lamang bilang tagapagbalita at tagapagbabala. Nakikipagtalo ang mga hindi nanampalataya gamit ang kamalian upang talunin ang katotohanan. Itinuring nila ang Aking mga talata at mga babala sa kanila bilang katatawanan. 18:57. Sino ang higit na masama kaysa roon sa pinaalalahanan ng mga talata ng kanyang Panginoon ngunit tumalikod dito at nakalimutan ang ginawa ng kanyang mga kamay? Tunay na naglagay Kami sa kanilang mga puso ng takip kaya hindi nila ito nauunawaan at sa kanilang mga tainga ang kabingihan. Kung aanyayahan mo sila tungo sa gabay ay hindi mo sila magagabayan kahit kailan.

18:58. Ang iyong Panginoon ay Mapagpatawad at puspos ng habag. Kung Siya man ay maniningil sa kanilang mga ginawa ay pinaaga Niya para sa kanila ang kanilang parusa. Bagkus para sa kanila ang takdang-panahon at hindi sila makakakita liban sa Kanya na matatakasan. 18:59. Ang mga bayan na yaon ay winasak Namin nang sila ay nagkasala at dinulot Namin na ang pagwasak nila ay maitakda.

18:60. Sinabi ni Moises sa kanyang alalay, ‘Hindi ako titigil sa paglalakbay hanggat hindi ko nararating ang tagpuan ng dalawang dagat o ako ay magpapatuloy nang matagal na panahon.’ 18:61. Ngunit nang dumating na sila sa tagpuan ng dalawang dagat ay nakalimutan nila ang kanilang isda at ito ay tumungo sa dagat at nakatakas. 18:62. Nang nalampasan nila ito ay sinabi ni Moises sa kanyang alalay, ‘Ilabas mo ang ating agahan. Tayo sa paglalakbay na ito ay napagod nang husto.’

18:63. Sinabi ng alalay, ‘Nakita mo ba nang tayo ay nagpahinga sa bato? Tunay na nakalimutan ko ang isda at walang nagpapalimot

liban pa kay Satanas na mabanggit ko ito. Ito ay kamangha-manghang tumungo sa dagat.' 18:64. Sinabi ni Moises, 'Yaon ang hinahanap natin.' Kaya bumalik sila na sinusundan ang kanilang yapak. 18:65. Natagpuan nila ang isa sa Aming mga alipin na binigyan Namin ng habag mula sa Amin at nagturo Kami sa kanya ng kaalaman.

18:66. Sinabi ni Moises, 'Maaari ba kitang sundan upang maituro mo sa akin ang kaalaman na itinuro sa iyo?' 18:67. Sinabi ni Al Khidr, 'Tunay na sa akin ay hindi ka makapagtitiis. 18:68. Paano kang makapagtitiis sa isang bagay na hindi mo naaarok ng kaalaman?' 18:69. Sinabi ni Moises, 'Tunay na matatagpuan mo ako sa pahintulot ni Allah na matiisin at hindi kita susuwayin sa anumang utos.' 18:70. Sinabi ni Al Khidr, 'Kung susundan mo ako ay huwag mo akong tanungin tungkol sa anuman hanggang sa sabihin ko ito sa iyo.'

18:71. Kaya humayo sila hanggang sa sila ay makasakay sa isang bangka at binutas ito ni Al Khidr. Sinabi ni Moises, 'Binutas mo ba ito upang lunurin ang mga tao rito? Nakagawa ka ng isang bagay na hindi katanggap-tanggap.' 18:72. Sinabi ni Al Khidr, 'Hindi ba't sinabi ko na tunay na hindi ka makapagtitiis sa akin?' 18:73. Sinabi ni Moises, 'Huwag mo akong sisihin sa aking nakalimutan at huwag mo akong pahirapan sa bagay na ito.' 18:74. Humayo sila hanggang sa makakita sila ng batang lalaki at pinatay ito ni Al Khidr. Sinabi ni Moises, 'Pumatay ka ba ng isang inosenteng bata na hindi naman pumatay ng iba? Nakagawa ka ng matinding pagkakamali.'

18:75. Sinabi ni Al Khidr, 'Hindi ba't sinabi ko sa iyo na tunay na hindi mo kaya na sa akin ay magtiis?' 18:76. Sinabi ni Moises, 'Kapag tinanong pa kita sa anuman pagkatapos nito ay huwag mo na akong pasamahin. Nagkaroon ka na mula sa akin ng paumanhin.' 18:77. Sila ay humayo hanggang dumating silang dalawa sa mga tao

sa isang bayan na hiningian nila ng pagkain ang mga tao rito. Ang mga ito ay tumanggi na pakainin silang dalawa. Nakakita sila rito ng pader na guguho at inayos ito ni Al Khidr. Sinabi ni Moises, ‘Kung gusto mo ay maningil ka rito ng bayad.’ 18:78. Sinabi ni Al Khidr, ‘Ito na ang paghihiwalay nating dalawa. Ipababatid ko sa iyo ang paliwanag sa hindi mo kayang pagtiisan.

18:79. Ang bangka ay pag-aari ng mahihirap na nagtatrabaho sa dagat at gusto kong bigyan ito ng kapintasan. Nasa unahan nila ang isang hari na kumukuha ng lahat ng bangka nang sapilitan.

18:80. Ang batang lalaki ay mananampalataya ang kanyang mga magulang at kinatakutan namin na pahirapan niya sila sa pagsuway at kawalang pananampalataya. 18:81. Ninais namin na palitan ito sa kanila ng Panginoon nila ng mas mainam pa sa kanya sa kadalisayan at mas malapit sa habag.

18:82. Ang pader naman ay sa dalawang batang ulila sa lungsod. Sa ilalim nito ang kayamanan para sa kanilang dalawa. Ang kanilang ama ay mabuti. Ninais ng iyong Panginoon na umabot sila sa hustong edad at ilabas ang kanilang kayamanan bilang habag mula sa iyong Panginoon. Hindi ko ginawa yaon sa sarili kong kagustuhan. Ito ang paliwanag sa hindi mo kayang pagtiisan.’

18:83. Tinatanong ka nila tungkol kay Dhul Qarnain. Sabihin, ‘Magbabanggit ako sa inyo ukol dito ng ulat.’ 18:84. Tunay na itinaguyod Namin siya sa lupa at nagbigay sa kanya sa lahat ng bagay ng paraan.

18:85. Kaya sinundan niya ang isang landas. 18:86. Hanggang sa nakarating siya sa nilulubugan ng araw at nakita niya ito na tila bukal ng maitim na putik. Nakakita siya rito ng mga tao. Sinabi Namin, ‘Dhul Qarnain, parusahan mo sila o bigyan mo sila ng kabutihan.’ 18:87. Sinabi niya ‘Sa nagkasala ay parurusahan namin siya. Siya ay

babalik sa kanyang Panginoon at Siya ay magpaparusa sa kanya ng masamang parusa. 18:88. Ngunit yaong nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay para sa kanya ang pinakamagandang gantimpala. Pakikitunguhan namin siya nang malumanay.'

18:89. At siya ay sumunod sa isang landas. 18:90. Hanggang sa siya ay dumating sa sinisikatan ng araw at nakita niya na ito ay sumisikat sa mga tao na hindi Namin binigyan ng tirahan. 18:91. Nabatid Namin ang lahat ng kanyang taglay na kaalaman.

18:92. At sumunod siya sa isang landas. 18:93. Hanggang sa siya ay makarating sa pagitan ng dalawang bundok at nasa gilid nito ang mga tao na hindi nakauunawa sa kanyang salita. 18:94. Sinabi nila, 'O Dhul Qarnain, tunay na ang Ya'juj at Ma'juj ay namiminsala sa lupa, bibigyan ka namin ng yaman upang gumawa sa pagitan namin at pagitan nila ng harang.

18:95. Sinabi niya, 'Ang ipinagkaloob sa akin ng aking Panginoon ay mas mainam kaya tulungan na lamang ninyo ako sa lakas at magtatayo ako sa pagitan ninyo at pagitan nila ng harang. 18:96. Dalhan ninyo ako ng bakal.' Hanggang sa mailagay niya ito sa dalawang gilid ng bundok. Sinabi niya, 'Ihipan ninyo ang apoy.' Nang nagbaga na ang bakal ay sinabi niya, 'Bigyan ninyo ako ng lusaw na tanso upang ibuhos ko roon.' 18:97. Ang Ya'juj at Ma'juj ay hindi magawang umakyat o makatagos dito. 18:98. Sinabi ni Dhul Qarnain, 'Ito ay habag mula sa aking Panginoon. Kapag dumating ang pangako ng aking Panginoon ay papatagin Niya ito at ang pangako ng aking Panginoon ay totoo.'

18:99. Iiwan Namin sila sa araw na yaon hanggang sa sila ay makawala na nagkukumpulan sa isat isa na parang alon hanggang sa ihipan ang trumpeta at titipunin Namin sila ng isang pagtitipon. 18:100. Ipapakita Namin ang Impiyerno sa araw na yaon sa mga

hindi nanampalataya sa tunay na pagpapakita. 18:101. Yaong ang kanilang mga mata ay may piring mula sa pag-alaala sa Akin at hindi nila kayang makarinig.

18:102. Iniisip ba ng mga hindi nanampalataya na maaari nilang ituring ang Aking mga alipin bilang mga kakampi liban pa sa Akin? Tunay na inihanda Namin ang Impiyerno para sa mga hindi nanampalataya bilang tirahan.

18:103. Sabihin, 'Ipaaalam ba namin sa inyo kung sino ang pinakatalunan sa mga gawain? 18:104. Silang nawalang-saysay ang kanilang mga pagsisikap sa buhay sa mundo at nag-aakala na gumawa sila ng mabuti.' 18:105. Sila yaong mga hindi nanampalataya sa mga talata ng kanilang Panginoon at sa pagtatagpo nila kaya nawalan ng saysay ang kanilang mga gawa. Hindi Namin sila bibigyan sa Araw ng Paghuhukom ng anumang pagpapahalaga. 18:106. Yaon ang gantimpala nila, ang Impiyerno dahil sa kanilang pagtanggi at pagturing nila sa Aking mga tanda at mga sugo bilang katatawanan.

18:107. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay para sa kanila ang mga hardin ng Paraiso bilang tahanan. 18:108. Mananatili sila rito habang-panahon at hindi sila magnanais ng paglipat.

18:109. Sabihin, 'Kung ang dagat ay tinta upang isulat ang salita ng aking Panginoon, ang dagat ay mauubos bago pa maubos ang salita ng aking Panginoon. Kahit maglaan Kami ng isa pang katulad nito bilang dagdag.'

18:110. Sabihin, 'Ako ay tao lamang na tulad ninyo, ipinahayag sa akin na ang inyong diyos ay nag-iisang Diyos. Sinumang maghangad ng pagtatagpo nila ng kanyang Panginoon ay gumawa ng mabuti. At huwag magtambal sa pagsamba sa kanyang Panginoon ng sinuman.'

19. SURAH MARYAM (SI BIRHENG MARIA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

19:1. Kaf Ha Ya ‘Ain Sad.

19:2. Ito ay pagbanggit sa habag ng iyong Panginoon sa Kanyang alipin na si Zacarias. 19:3. Nang siya ay nagdasal sa kanyang Panginoon ng lingid na panalangin. 19:4. Sinabi niya, ‘Panginoon ko, nanghina na ang aking mga buto at pumuti na ang aking buhok sa katandaan. Hindi ako nabigo sa aking mga panalangin sa iyo, aking Panginoon. 19:5. Tunay na ako ay natatakot para sa mga susunod sa akin at ang aking asawa ay baog kaya bigyan Mo ako mula sa Iyo ng isang tagapagmana. 19:6. Magmamana sa akin at magmamana sa pamilya ni Jacob at gawin Mo siya, aking Panginoon na kalugud-lugod sa Iyo.’

19:7. Sinabi sa kanya, ‘O Zacarias, tunay na Kami ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng batang lalaki na ang kanyang pangalan ay Yahya (Juan). Wala Kaming binigyan sa nauna sa kanya na parehong pangalan.’ 19:8. Sinabi niya, ‘Aking Panginoon, paano ako magkakaroon ng anak na lalaki kung ang aking asawa ay baog at ako ay matanda na?’

19:9. Sinabi ng anghel, ‘Ganoon nga. Sinabi ng iyong Panginoon, ‘Yaon ay madali para sa Akin dahil nilikha kita noon na ikaw ay wala pa.’’ 19:10. Sinabi ni Zacarias, ‘Panginoon ko, bigyan Mo ako ng tanda.’ Sinabi Niya, ‘Ang tanda para sa iyo ay hindi ka makikipag-usap sa mga tao ng tatlong gabi.’ 19:11. Kaya siya ay lumabas sa kanyang nasyon mula sa pook dasalan at sumenyas sa kanila na magluwalhati sa umaga at hapon.

19:12. Sinabi ni Allah, ‘O Juan, kunin mo ang Aklat nang may paninindigan.’ Ibinigay Namin sa kanya ang karunungan kahit bata

pa siya. 19:13. Siya ay awa at kadalisayan mula sa Amin at siya ay may takot kay Allah. 19:14. Siya ay mabuti sa kanyang mga magulang at hindi mapang-api at suwail. 19:15. Ang kapayapaan ay sumakanya sa araw na siya ay ipinanganak, sa araw na siya ay mamamatay at sa araw na siya ay bubuhaying-muli.

19:16. Banggitin sa Aklat si Maria nang siya ay lumayo sa kanyang pamilya patungo sa dakong-silangan. 19:17. Siya ay kumuha sa pagitan niya at mga tao ng harang. At ipinadala Namin sa kanya si Anghel Gabriel at nagpakita sa kanya sa anyo ng isang marilag na lalaki. 19:18. Sinabi ni Maria, 'Tunay na ako ay nagpapakupkop sa Pinakamahabagin kung ikaw ay may takot sa Kanya.' 19:19. Sinabi ng anghel, 'Ako ay sugo lamang mula sa iyong Panginoon upang ibalita sa iyo ang tungkol sa isang dalisay na batang lalaki.' 19:20. Sinabi ni Maria, 'Paanong magkakaanak ako ng lalaki na hindi ako nagalaw ng sinuman at hindi ako mahalay?' 19:21. Sinabi ni Anghel Gabriel, 'Gayon nga. Ang iyong Panginoon ay nagsabi, 'Ito ay madali para sa Akin. Gagawin Namin siyang tanda para sa mga tao at habag mula sa Amin. Ito ay bagay na naitakda na.''

19:22. Kaya ipinagbuntis niya siya at lumikas sa liblib na lugar. 19:23. Ang sakit ng panganganak ay nagtulak sa kanya tungo sa katawan ng punong datiles. Sinabi niya, 'Kung ako lamang ay namatay bago pa ito at nabaon na sa limot.'

19:24. Ngunit ang sanggol ay nagsalita mula sa ilalim niya, 'Huwag kang malungkot, nagpaagos ang iyong Panginoon sa ilalim mo ng batis. 19:25. Yugyugin mo patungo sa iyo ang katawan ng puno ng datiles at malalaglag sa iyo ang hinog at sariwang datiles. 19:26. Kumain ka, uminom at makuntento. Kung may makikita ka na sinumang tao ay sabihin mo, 'Tunay na ako ay namanata sa aking Panginoon ng pag-aayuno kaya hindi ako makikipag-usap sa araw na ito sa sinumang tao.''

19:27. Dumating si Maria sa kanyang nasyon na dala ang sanggol. Sinabi nila, ‘O Maria nakagawa ka ng bagay na kagimbal-gimbal. 19:28. O kapatid ni Aaron, ang iyong ama ay hindi masamang tao at ang ina mo ay hindi mahalay.’

19:29. Itinuro niya ang sanggol. Sinabi nila, ‘Paano kami makikipag-usap sa isang nasa kuna na sanggol?’19:30. Sinabi ni Jesus, ‘Tunay na ako ay alipin ni Allah. Ibinigay Niya sa akin ang kasulatan at ginawa akong propeta. 19:31. Ginawa Niya akong mabiyaya saan man ako naroroon at inutusan ako ng obligadong pagdarasal at obligadong kawanggawa habang ako ay nabubuhay. 19:32. Ginawa Niya akong mabuti sa aking ina at hindi Niya ako ginawang mapagmataas at mapang-api. 19:33. Sumaakin ang kapayapaan sa araw na ako ay ipinanganak, sa araw na ako ay mamamatay at sa araw na ako ay bubuhaying-muli.’

19:34. Yaon si Jesus na anak ni Maria – ang katotohanan tungkol sa kanya na pinagtatalunan nila. 19:35. Hindi marapat para kay Allah na magkaroon ng anak. Luwalhati sa Kanya. Kapag Siya ay nagtakda ng anumang bagay ay tunay na sasabihin Niya lamang dito na, ‘Mangyari’ at ito ay mangyayari nga.

19:36. Sinabi ni Jesus, ‘Tunay na si Allah ang aking Panginoon at Panginoon ninyo kaya sambahin ninyo Siya. Ito ang matuwid na landas.’ 19:37. Ang mga sekta ay nagtalu-talo. Kapahamakan sa mga hindi nanampalataya sa mga kaganapan sa dakilang Araw. 19:38. Napakalinaw ng kanilang pandinig at paningin sa Araw na darating sila sa Amin. Ngunit ang mga makasalanan sa Araw na yaon ay nasa malinaw na pagkakamali.

19:39. Babalaan mo sila sa Araw ng Pagsisisi kapag naipatupad na ang utos at sila ay nasa pagkalingat at hindi sila naniniwala. 19:40. Tunay na Kami ang magmamana sa lupa at sinumang naririto at sa

Amin sila ay ibabalik. 19:41. Banggitin sa Aklat si Abraham. Tunay na siya ay makatotohanan at propeta. 19:42. Nang sinabi niya sa kanyang ama, 'O aking ama, bakit mo sinasamba ang bagay na hindi naman nakaririnig o nakakakita o magdudulot sa iyo ng anumang bagay? 19:43. O aking ama, tunay na dumating sa akin ang kaalaman na hindi dumating sa iyo kaya sundin mo ako, ako ay maggagabay sa iyo sa tuwid na landas. 19:44. O aking ama, huwag mong sambahin si Satanas. Tunay na si Satanas, sa Mahabagin ay suwail. 19:45. O aking ama, tunay na ako ay natatakot na datnan ka ng parusa mula sa Maawain at ikaw para kay Satanas ay maging kasama.'

19:46. Sinabi ng kanyang ama, 'Ikaw ba ay nagtatakwil sa aking mga diyos O Abraham? Kung hindi ka titigil ay katiyakang babatuhin kita kaya magpakalayo ka sa akin ng mahabang-panahon.' 19:47. Sinabi ni Abraham, 'Ang kapayapaan ay sumaiyo. Ako ay hihingi ng tawad para sa iyo sa aking Panginoon. Tunay na Siya sa akin ay mapagbigay. 19:48. Iiwan ko kayo at ang anumang dinadasalan ninyo liban kay Allah at ako ay mananalangin sa aking Panginoon. Umaasa ako na sa aking dasal sa aking Panginoon ay hindi ako mabibigo.'

19:49. Kaya nang siya ay lumayo sa kanila at sa sinasamba nila liban kay Allah ay ipinagkaloob Namin sa kanya sina Isaac at Jacob at sila ay ginawa Namin na mga propeta.19:50. Nagkaloob Kami sa kanila mula sa Aming habag at binigyan sila ng reputasyon ng mataas na karangalan.

19:51. Banggitin sa Aklat si Moises. Tunay na siya ay hinirang at isang sugo at propeta. 19:52. Tinawag Namin siya mula sa gilid ng bundok sa kanyang kanan at inilapit Namin siya sa lihim na pag-uusap. 19:53. Nagkaloob Kami sa kanya mula sa Aming habag na ang kanyang kapatid na si Aaron ay maging propeta.

19:54. Banggitin sa Aklat si Ishmael. Tunay na siya ay totoo sa

pangako at isang sugo at propeta. 19:55. Iniutos niya sa kanyang nasyon ang obligadong pagdarasal, obligadong kawanggawa at siya sa kanyang Panginoon ay kalugud-lugod. 19:56. Banggitin sa Aklat si Idris (Enoch). Tunay na siya ay makatotohanan at isang propeta. 19:57. Siya ay iniangat Namin sa mataas na antas.

19:58. Sila yaong mga biniyayaan ni Allah mula sa mga propeta at mga inapo ni Adan at yaong mga pinasakay Namin sa Arko kasama si Noah. Ang mga inapo nina Abraham at Israel at yaong mga ginabayan Namin at hinirang. Kapag binasa sa kanila ang mga talata ng Maawain ay nagpapatirapa sila at umiiyak.

19:59. Dumating pagkatapos nila ang mga sumunod na nasyon na tumalikod sa obligadong pagdarasal at sumunod sa mga pagnanasa. Sila ay makatatagpo ng kasamaan. 19:60. Liban na lamang doon sa mga nagbalik-loob, nanampalataya at gumawa ng kabutihan. Sila yaong papasok sa Paraiso at hindi sila dadayain nang anuman.

19:61. Mga hardin na ipinangako ng Maawain sa Kanyang mga alipin sa nalilingid. Tunay na ang Kanyang pangako ay natutupad. 19:62. Hindi sila makaririnig dito ng masamang salita liban pa sa pagbati ng kapayapaan. Para sa kanila ang biyaya rito sa umaga at sa hapon. 19:63. Yaon ang Paraiso na ipinamana Namin sa Aming mga alipin na may takot kay Allah.

19:64. Sinabi ni Anghel Gabriel, ‘Kami ay hindi bumababa liban na lamang sa utos ng iyong Panginoon. Sa Kanya ang nasa harapan at likuran namin at anumang nasa pagitan nito. Ang iyong Panginoon ay hindi nakalilimot. 19:65. Panginoon ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito. Sambahin mo Siya at magtiis sa pagsamba sa Kanya. Nakaaalam ba kayo ng anumang katulad Niya?’

19:66. Sinasabi ng tao, ‘Kapag ako ay namatay ay bubuhayin ba

akong muli?' 19:67. O hindi naaalala ng tao na nilikha Namin siya noon na hindi pa siya kahit anumang bagay? 19:68. Sumpa sa iyong Panginoon, tiyak na titipunin Namin sila at ang mga demonyo at ihaharap Namin sila sa paligid ng Impiyerno na nakaluhod.

19:69. At katiyakang Kami ay kukuha mula sa bawat sekta ng sinumang pinakamasahol sa Maawain sa pagsuway. 19:70. Kami ang pinakanakaaalam sa mga pinakamarapat na sunugin dito. 19:71. Walang sinuman sa inyo liban na lamang na darating dito. Ito sa inyong Panginoon ay hindi napipigilan at nakatakda na.19:72. At ililigtas Namin ang mga may takot kay Allah at iiwan Namin ang mga makasalanan sa loob nito nang nakaluhod.

19:73. Kapag binasa sa kanila ang Aming mga malilinaw na tanda, sinasabi ng mga hindi nanampalataya sa mga nanampalataya, 'Alin sa ating dalawang grupo ang mas mataas ang antas at mas maganda ang inaaniban.' 19:74. Ilan na ang winasak Namin na nauna sa kanila na mga henerasyon na mas mainam sa kanila sa ari-arian at hitsura.

19:75. Sabihin, 'Sinumang nasa pagkaligaw ay palulugitan ng Maawain ng palugit hanggang sa makita nila ang ipinangako sa kanila kung ito ay parusa sa mundo o sa Kabilang-buhay ay malalaman nila kung sino ang mas masama ang kalagayan at mas mahina ang mga kawal.

19:76. Dinaragdagan ni Allah yaong mga nagabayan ng dagdag na gabay. Ang mananatiling mabuting gawain ay mas mainam sa iyong Panginoon sa gantimpala at mas mainam ang ibubunga.

19:77. Nakita mo ba yaong hindi nanampalataya sa Aming mga talata na nagsabing, 'Katiyakang ako ay mabibigyan ng kayamanan at mga anak sa Kabilang-buhay.' 19:78. Nakita ba niya ang nalilingid o kumuha ba siya sa Maawain ng kasunduan? 19:79. Hindi. Itatala Namin ang sinasabi niya at

pahahabain Namin para sa kanya ang parusa nang mahaba. 19:80. Mapapasaamin ang kanyang mga binanggit at darating siya sa Amin na mag-isa. 19:81. Sila ay kumuha ng iba pa liban kay Allah ng mga diyos na magiging karangalan nila. 19:82. Hindi. Ang mga diyus-diyosan na yaon ay tatanggi sa kanilang pagsamba at magiging kalaban nila.

19:83. Hindi mo ba nakita na ipinadala Namin ang mga demonyo sa mga hindi nanampalataya upang himukin sila sa masama? 19:84. Kaya huwag magmadali sa kanila. Binibilangan lamang Namin sila. 19:85. Sa araw na titipunin Namin ang matutuwid tungo sa Maawain bilang mga panauhin. 19:86. Itataboy Namin ang mga makasalanan tungo sa Impiyerno na mga nauuhaw. 19:87. Walang sinuman ang magtataglay ng pamamagitan liban pa sa kumuha sa Maawain ng kasunduan.

19:88. Sinabi nila, 'Ang Maawain ay nagkaroon ng anak.' 19:89. Kayo ay nakagawa ng matinding bagay. 19:90. Halos mawasak ang langit at mabiyak ang lupa at mapatag ang kabundukan. 19:91. Na sila a y magsasangkot sa Maawain ng anak. 19:92. Hindi marapat para sa Maawain na magkaroon ng anak. 19:93. Lahat ng nasa kalangitan at lupa ay darating sa Maawain na isang alipin. 19:94. Batid Niya silang lahat at binilang Niya sila ng tamang pagbilang. 19:95. Lahat sila ay lalapit sa Kanya sa Araw ng Paghuhukom na nag-iisa. 19:96. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay pagkakalooban ng Maawain ng pagmamahal.

19:97. Ang Quran ay pinadali lamang Namin sa iyong wika upang magbigay ng magandang balita sa pamamagitan nito sa matutuwid at mababalaan ang mga hindi nanampalataya. 19:98. Ilan ang winasak Namin bago pa sila na mga henerasyon? May nararamdaman ba kayong kahit isa sa kanila o makarinig man lamang kayo mula sa kanila ng tunog?

20. SURAH TAHA

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

20:1. Ta Ha.

20:2. Hindi Namin ibinaba sa iyo ang Quran O Muhammad upang mahirapan ka. 20:3. Liban na lamang bilang paalaala sa may takot kay Allah. 20:4. Kapahayagan mula sa lumikha ng lupa at kataas-taasang kalangitan. 20:5. Ang Maawain, sa Kanyang trono ay lumuklok. 20:6. Sa Kanya ang lahat ng nasa kalangitan at lupa at nasa pagitan nila at nasa ilalim ng lupa.

20:7. Kung ihahayag mo ang iyong pananalita ay tunay na Siya ay nakaaalam ng lihim at itinatago. 20:8. Si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Sa Kanya ang pinakamagagandang mga pangalan.

20:9. Dumating ba sa iyo ang kuwento tungkol kay Moises? 20:10. Nang nakakita siya ng apoy at sinabi niya sa kanyang pamilya, 'Manatili kayo rito. Tunay na ako ay nakatagpo ng apoy. Maaaring magdala ako sa inyo mula rito ng liwanag o makakita sa apoy ng gabay.'

20:11. Nang siya ay lumapit dito ay tinawag siya, 'O Moises, 20:12. Tunay na ako ang iyong Panginoon kaya alisin mo ang iyong tsinelas. Tunay na ikaw ay nasa banal na lambak ng Tuwa. 20:13. Ako ay naghirang sa iyo kaya makinig ka sa ipapahayag sa iyo. 20:14. Tunay na Ako si Allah. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Akin, kaya sambahin mo Ako at itaguyod ang obligadong pagdarasal bilang pag-aalaala sa Akin. 20:15. Tunay na ang Oras ay parating at halos ilihim Ko ito upang magantimpalaan ang bawat isa sa pinagsumikapan nito. 20:16. Kaya huwag kang papipigil sa sinuman mula rito na sinumang hindi nananampalataya rito at sumusunod sa kanyang pagnanasa dahil ikaw ay mawawasak.

20:17. Ano ang nasa kanang kamay mo O Moises?' 20:18. Sinabi ni Moises, 'Ito ang aking tungkod na sinasandigan ko at ipinang-iipon ko ng dahon para sa mga kambing ko at ito sa akin ay may iba pang gamit.' 20:19. Sinabi ni Allah, 'Itapon mo ito O Moises.' 20:20. Hinagis niya ito ay ito ay naging ahas na gumagalaw. 20:21. Sinabi ni Allah, 'Kunin mo ito at huwag kang matakot. Ibabalik Namin ito sa dati nitong anyo.' 20:22. Ipasok mo ang iyong kanang kamay sa kabilang gilid mo at ito ay lalabas na maputi na wala namang sakit na isa pang tanda. 20:23. Upang magpakita Kami sa iyo mula sa mga tanda Naming dakila. 20:24. Tumungo ka kay Paraon. Tunay na siya ay nagmalabis.'

20:25. Sinabi ni Moises, 'Panginoon ko pagaanin Mo ang aking dibdib. 20:26. Pagaanin ang aking gawain. 20:27. Alisin ang buhol sa aking dila. 20:28. Upang maintindihan nila ang aking pananalita. 20:29. Magtalaga ka ng alalay ko mula sa aking pamilya. 20:30. Si Aaron na kapatid ko. 20:31. Dagdagan Mo sa pamamagitan niya ang aking lakas. 20:32. Patulungin Mo siya sa aking gawain. 20:33. Upang luwalhatiin Ka namin nang madalas. 20:34. At alalahanin Ka namin nang madalas. 20:35. Tunay na Ikaw sa amin ay Nakakakita.' 20:36. Sinabi ni Allah, 'Ikaw ay pagbibigyan sa iyong hiling O Moises.

20:37. Nagbiyaya na Kami sa iyo sa iba pang pagkakataon. 20:38. Nang nagpahayag Kami sa iyong ina ng Aming pahayag. 20:39. Ang ilagay ka sa isang kahon at paanurin ito sa ilog at ang ilog ay magtutulak dito patungo sa pampang at kukunin siya ng kalaban Ko at kalaban niya. Ako ay magdudulot sa kanya ng pagmamahal mula sa Akin upang siya ay mapalaki sa ilalim ng Aking pagmamasid. 20:40. Nang lumakad ang iyong kapatid na babae at nagsabing, 'Gusto ba ninyong ituro ko sa inyo ang isang tao na mag-aalalaga sa kanya?' Kaya ibinalik ka Namin sa iyong ina upang siya ay sumaya at hindi malungkot. Ikaw ay pumatay ng isang tao at iniligtas ka Namin mula

sa pagganti at sinubukan ka Namin sa isang matinding pagsubok. Nanatili ka ng ilang taon sa nasyon ng Madyan. At ikaw ay dumating dito sa takdang panahon O Moises.

20:41. At hinirang kita para sa Akin. 20:42. Humayo ka, ikaw at ang iyong kapatid dala ang mga tanda Ko at huwag magkulang sa pag-aalaala sa Akin. 20:43. Pumunta kayong dalawa kay Paraon. Tunay na siya ay nagmalabis. 20:44. Sabihin ninyong dalawa sa kanya ang malumanay na salita na maaaring siya ay makaaalala at matatakot.

20:45. Sinabi nila, 'Aming Panginoon, tunay na kami ay natatakot na siya ay maging marahas sa amin o magmalabis.' 20:46. Sinabi ni Allah, 'Huwag kayong matakot. Tunay na Ako ay kasama ninyong dalawa. Ako ay nakaririnig at nakakakita. 20:47. Tumungo kayo sa kanya at sabihin ninyong dalawa, 'Tunay na kami ay mga sugo mula sa iyong Panginoon kaya pasamahin mo sa amin ang Angkan ng Israel at huwag mo silang parusahan. Dumating kami sa iyo na dala ang tanda mula sa iyong Panginoon. Kapayapaan sa mga sumunod sa gabay. 20:48. Tunay na ipinahayag sa amin na ang parusa ay para sa mga nagpasinungaling at tumalikod.''

20:49. Sinabi ni Paraon, 'Sino ang Panginoon ninyong dalawa O Moises?' 20:50. Sinabi niya, 'Ang aming Panginoon ay ang Siyang sa lahat ng bagay ay naghugis at naggabay.' 20:51. Sinabi ni Paraon, 'Ano ang nangyari sa mga naunang henerasyon?' 20:52. Sinabi ni Moises, 'Ang kaalaman tungkol sa kanila ay nasa aking Panginoon sa talaan. Hindi nagkakamali ang aking Panginoon at hindi nakakalimot.'

20:53. Siya ang nagdulot sa inyo na ang lupa ay maging patag at naglatag para sa inyo rito ng mga lansangan at nagpadala mula sa langit ng tubig at nagpatubo sa pamamagitan nito ng ibat ibang uri ng

mga halaman. 20:54. Kumain kayo at magpastol kayo ng inyong mga pinapastol na hayop. Tunay na naririto ang mga tanda para sa matatalino. 20:55.Mula rito ay nilikha Namin kayo at tungo rito ay ibabalik Namin kayo at mula rito ay ilalabas Namin kayo sa iba pang pagkakataon.

20:56. Ipinakita Namin kay Paraon ang Aming mga tanda ngunit lahat ng ito ay pinasinungalingan niya at tinanggihan. 20:57. Sinabi ni Paraon, 'Tumungo ka ba sa amin upang palayasin kami mula sa lupa namin sa pamamagitan ng salamangka mo O Moises? 20:58. Bibigyan ka namin ng salamangka na katulad niyan kaya magtakda ka sa pagitan namin at pagitan mo ng tagpuan na hindi kami mabibigo na daluhan at gayundin para sa iyo sa isang lugar na tukoy.'

20:59. Sinabi ni Moises, 'Ang ating tagpuan ay sa araw ng kapistahan kapag natipon ang mga tao sa umaga.' 20:60. Tumalikod si Paraon, binuo ang kanyang plano at tumungo kay Moises. 20:61. Sinabi ni Moises sa mga salamangkero na tinipon ni Paraon, 'Kapahamakan sa inyo. Huwag kayong mag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan o gugunawin Niya kayo sa pamamagitan ng parusa. Nabigo na ang sinumang mag-imbento ng kasinungalingan.'

20:62. Sila ay nagtalu-talo sa sitwasyon nila at inilihim ito. 20:63. Sinabi nila, 'Tunay na ang dalawang salamangkerong ito ay nagnanais na palasayin kayo mula sa lupa ninyo sa pamamagitan ng salamangka nilang dalawa kaya ipakita ninyo ang galing ninyo sa kanilang dalawa. 20:64. Kaya magkaisa at manindigan sa inyong plano at dumating nang nakapila. Nagtagumpay ngayong araw ang siyang nangibabaw.'

20:65. Sinabi nila, 'O Moises, ikaw ang mauuna o kami ang mauunang maghagis.' 20:66. Sinabi ni Moises, 'Maghagis na kayo.' Ang kanilang mga lubid at tungkod ay nagmukhang gumagalaw sa kanyang paningin dahil sa kanilang salamangka. 20:67. Nakaramdam ng takot sa sarili

niya si Moises. 20:68. Sinabi ni Allah, 'Huwag kang matakot. Tunay na ikaw ang mangingibabaw. 20:69. Ihagis mo kung ano ang nasa kanang kamay mo at lulunukin nito ang ginawa nila. Ang ginawa nila ay panlilinlang lamang ng mga salamangkero at hindi magtatagumpay ang salamangkero saan man siya mapunta.' 20:70. Kaya ang mga salamangkero ay nagpatirapa. Sinabi nila, 'Kami ay nanampalataya sa Panginoon nina Aaron at Moises.'

20:71. Sinabi ni Paraon, 'Naniwala kayo sa kanya bago pa ako nagpahintulot sa inyo. Tunay na siya ay pinuno ninyo na nagturo sa inyo ng salamangka. Tiyak na puputulin ko ang inyong mga kamay at paa nang magkasalungat at ipapako ko kayo sa katawan ng mga puno ng datiles at tiyak na malalaman ninyo kung sino sa atin ang mas matindi at mas magtatagal na magparusa.'

20:72. Sinabi nila, 'Hindi ka namin pipiliin kaysa sa dumating sa amin na mga malinaw na patunay at sa lumikha sa amin. Iutos mo ang gusto mong iutos. Ikaw ay makapag-uutos dito lamang sa buhay sa mundo. 20:73. Tunay na kami ay nanampalataya sa aming Panginoon upang patawarin kami sa aming mga kasalanan at anumang ipinilit mo sa amin na gawin na salamangka. Si Allah ay mas mainam at mas nagtatagal.'

20:74. Tunay na sinumang dumating sa kanyang Panginoon na makasalanan ay tunay na para sa kanya ang Impiyerno at hindi siya mamamatay dito at hindi mabubuhay. 20:75. Sinumang dumating sa Kanya na mananampalataya at gumawa ng mabubuting gawa ay sila yaong para sa kanila ang matataas na antas. 20:76. Mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon. Yaon ang gantimpala ng mga nagpapadalisay.

20:77. Ipinahayag Namin kay Moises na tumakas sila sa gabi kasama ang Aking mga alipin at magdudulot Kami para sa kanila ng daanang

tuyo sa dagat. Hindi mo katatakutan na maabutan kayo o malunod. 20:78. Hinabol sila ni Paraon at ng kanyang hukbo at sila ay tinabunan ng dagat. 20:79. Si Paraon ay nagligaw sa kanyang nasyon at hindi naggabay.

20:80. O Angkan ng Israel, iniligtas Namin kayo mula sa inyong kaaway at nakipagtipanan sa inyo sa gilid ng bundok sa kanang bahagi nito at ipinababa Namin sa inyo ang Manna na pagkain mula sa langit at mga pugo. 20:81. Kumain kayo mula sa mababuting ibiniyaya Namin sa inyo at huwag magmalabis dito o bababa sa inyo ang Aking galit. Ang siyang binabaan ng Aking galit ay napahamak. 20:82. Tunay na Ako ay Mapagpatawad sa sinumang magbalik-loob at manampalataya at gumawa ng kabutihan at naghangad ng gabay.

20:83. Sinabi ni Allah, 'Ano ang nagpamadali sa iyo na inunahan mo ang iyong nasyon O Moises?' 20:84. Sinabi niya, 'Sila ay malapit sa aking bakas at ako ay nagmadali patungo sa iyo Panginoon ko upang malugod Ka.' 20:85. Sinabi ni Allah, 'Tunay na sinubok Namin ang iyong nasyon paglisan mo ngunit iniligaw sila ni As Samiri.'

20:86. Bumalik si Moises sa kanyang nasyon na galit at malungkot. Sinabi niya, 'O aking nasyon hindi ba nangako sa inyo ang inyong Panginoon ng pangakong maganda? Nainip ba kayo sa katuparan nito o nais ninyo na dumating sa inyo ang parusa ng inyong Panginoon kaya binali ninyo ang pangako ninyo sa akin?'

20:87. Sinabi nila, 'Hindi namin binali ang pangako namin sa iyo sa sariling kagustuhan namin ngunit kami ay pinagpasan ng mga alahas ng nasyon ni Paraon kaya ito ay itinapon namin sa apoy at si As Samiri ay nagtapon din.' 20:88. Si As Samiri ay gumawa para sa kanila ng isang rebulto ng batang baka na umuungol at sinabi nila, 'Ito ang inyong diyos at diyos ni Moises ngunit siya ay nakalimot.' 20:89. Hindi ba nila nakita na ito ay hindi makatutugon sa kanila ng

pananalita at wala itong taglay para sa kanila na pinsala o pakinabang.

20:90. Sinabi sa kanila ni Aaron nang wala pa si Moises, ‘O aking nasyon, kayo ay sinusubok lamang sa pamamagitan nito. Tunay na ang inyong Panginoon ay ang Maawain. Sundan ninyo ako at sundin ang aking utos.’ 20:91. Sinabi nila, ‘Hindi kami titigil sa debosyon sa batang baka hanggang sa bumalik si Moises sa amin.’

20:92. Sinabi ni Moises, ‘O Aaron, ano ang nagpigil sa iyo nang nakita mo silang naliligaw? 20:93. Mula sa pagsunod sa akin? Sinuway mo ba ang utos ko?’ 20:94. Sinabi ni Aaron, ‘O anak ng aking ina, huwag mo akong hilahin sa aking balbas at sa aking ulo. Natatakot ako na sasabihin mong, ‘Pinagwatak-watak mo ang Angkan ng Israel at hindi mo sinunod ang aking utos.’

20:95. Sinabi ni Moises, ‘Ano ang ginawa mo O Samiri?’ 20:96. Sinabi niya, ‘Nakita ko ang hindi nila nakita kaya kumuha ako ng isang dakot ng alikabok mula sa bakas ng yapak ng anghel at hinalo sa rebulto. Ito ang iniutos sa akin ng aking sarili.’ 20:97. Sinabi ni Moises, ‘Lumayas ka. Tunay na itinakda sa iyo sa buhay na ito na sasabihin sa iyo, ‘Walang pakikipag-ugnayan sa iyo.’ Tunay na para sa iyo ang isang tipanan na hindi mo matatakasan. Tingnan mo ang iyong diyos na nanatili kang sumasamba rito. Tiyak na susunugin namin ito at itatapon ito sa dagat.’ 20:98. Ang inyong diyos ay si Allah lamang. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Naaarok Niya sa Kanyang kaalaman ang lahat ng bagay.

20:99. Sa ganoon ay ipinahayag Namin sa iyo ang kuwento ng naunang mga kaganapan. Ibinigay Namin sa iyo mula sa amin ang Quran. 20:100. Sinumang tumalikod dito ay tunay na magpapasan sa Araw ng Paghuhukom ng pasanin. 20:101. Mananatili sila rito habang-panahon at masama para sa kanila sa Araw ng Paghuhukom bilang pasanin. 20:102. Sa araw na iihipan ang trumpeta. Titipunin

Namin ang mga makasalanan sa Araw na yaon na asul ang kanilang mga mata dahil sa matinding takot. 20:103. Sila ay magbubulungan sa isat isa, ‘Kayo ay nanatili lamang ng sampung araw sa mundo.’ 20:104. Kami ang pinakanakaaalam sa kanilang sinasabi kapag ang pinakamainam sa kanila ay magsasabing, ‘Hindi kayo nanatili liban pa sa isang araw.’

20:105. Tinatanong ka nila tungkol sa mga kabundukan. Sabihin, ‘Gagawin itong alikabok ng aking Panginoon. 20:106. At iiwan niya ang mundo na patag. 20:107. Wala kayong makikita rito na malalim o mataas na lugar.’ 20:108. Sa Araw na yaon ay susunod ang lahat sa isang tagatawag na walang paglihis dito. Lahat ng tunog ay mananahimik para sa Maawain kaya wala kayong maririnig na anuman liban pa sa bulong.

20:109. Sa Araw na yaon ay hindi makatutulong ang pamamagitan liban pa sa pinahintulutan ng Maawain at sa yaong tinanggap Niya ang pananalita. 20:110. Nalalaman Niya ang nasa harapan nila at nasa likuran ngunit sila ay walang naaarok dito na kaalaman. 20:111. Magpapakumbaba ang lahat ng mukha para sa Buhay at Tagapagtaguyod. Nabigo na ang hindi makatarungan. 20:112. Ngunit ang gumawa ng mabuti habang nananampalataya ay walang katatakutang pang-aapi o pandaraya.

20:113. Ganoon Namin ibinaba ito bilang Quran sa wikang Arabic at nilinaw dito ang mga babala. Upang sila nawa ay matakot o magdulot na sila ay makaalala. 20:114. Kataas-taasan si Allah ang tunay na Hari. Huwag kang magmadali sa pagbasa ng Quran bago pa makumpleto sa iyo ang pagpapahayag nito. Sabihin, ‘Panginoon ko dagdagan Mo ako ng kaalaman.’

20:115. Kami ay nakipagtipanan kay Adan noon at nakalimutan niya ito at hindi Namin siya nakita na nanindigan. 20:116. Banggitin nang

sinabi Namin sa mga anghel, ‘Magpatirapa kayo kay Adan.’ Nagpatirapa silang lahat liban kay Satanas na tumanggi. 20:117. Sinabi Namin, ‘O Adan, tunay na ito ay kalaban para sa iyo at sa iyong asawa kaya huwag ninyo hayaang mapalayas niya kayong dalawa sa Paraiso at kayo ay magdurusa.

20:118. Tunay na marapat sa iyo ang hindi magutom dito at ang hindi mahubaran. 20:119. Ikaw ay hindi mauuhaw o maiinitan sa araw.’ 20:120. Bumulong sa kanya si Satanas at nagsabing, ‘O Adan, ituturo ko ba sa iyo ang puno ng buhay na walang hanggan at kaharian na walang katapusan?’ 20:121. Kumain silang dalawa mula rito at nalantad sa kanilang dalawa ang maseselang bahagi ng kanilang katawan at sila ay nagbalot sa kanilang mga sarili ng dahon mula sa Paraiso. Si Adan ay sumuway sa kanyang Panginoon at naligaw. 20:122. Hinirang siya ng kanyang Panginoon at pinatawad at ginabayan.

20:123. Sinabi ni Allah, ‘Bumaba kayong dalawa mula rito. Kayo ay kalaban ng isat isa. Kung darating sa inyo mula sa Akin ang gabay, sinumang sumunod sa Aking gabay ay hindi maliligaw at hindi magdurusa. 20:124. Sinumang tumalikod sa pag-aalaala sa Akin ay tunay na siya ay magkakaroon ng miserableng buhay. Bubuhayin Namin siyang muli sa Araw ng Paghuhukom na bulag.’ 20:125. At sasabihin niya, ‘Panginoon ko, bakit Mo ako binuhay muli na bulag samantalang ako noon ay nakakakita?’ 20:126. Sasabihin ni Allah. ‘Ito ay dahil sa dumating sa iyo ang Aming mga tanda at nakalimutan mo ang mga ito. Gayundin sa Araw na ito ay makakalimutan ka.’ 20:127. Ganoon Namin gantimpalaan ang sinumang nagmalabis at hindi nanampalataya sa mga tanda ng kanyang Panginoon. Ang parusa sa Kabilang-buhay ay mas matindi at mas nagtatagal.

20:128. Hindi ba naging malinaw sa kanila kung ilan na ang Aming winasak na nauna sa kanila na mga henerasyon na sa kanilang mga

dating tahanan sila ay dumaraan? Tunay na naroon ang mga tanda para sa matatalino. 20:129. Kung hindi lamang sa pagtatakda ng iyong Panginoon ay dumating agad ang parusa at takdang panahon. 20:130. Kaya magtiis sa mga sinasabi nila at magluwalhati sa pagpuri sa iyong Panginoon bago pa ang pagsikat ng araw at paglubog nito at sa gabi ay magluwalhati at sa dulo ng araw upang ikaw ay m a l u g o d .

20:131. Huwag mong tingnan yaong mga inaliw Namin sa mundo na ilang uri ng tao. Ito ay palamuti ng buhay sa mundo na sa pamamagitan nito ay sinusubukan Namin sila. Ang biyaya ng iyong Panginoon ay mas mainam at mas nagtatagal. 20:132. Utusan mo ang iyong pamilya na magtaguyod ng obligadong pagdarasal at maging matiisin dito. Hindi Kami nanghihingi sa inyo ng biyaya. Kami ang nagtutustos sa iyo. Ang mainam na hantungan ay sa pagiging matuwid.

20:133. Sinabi nila, 'Bakit hindi siya magdala ng tanda mula sa Kanyang Panginoon?' Wala bang dumating sa kanila na patunay na mula sa mga naunang kasulatan? 20:134. Kung winasak Namin sila sa parusa noon ay tiyak na sinabi nila, 'Aming Panginoon, bakit hindi Ka nagpadala sa amin ng sugo upang sundin Namin ang Iyong mga talata bago pa kami mapahiya o naging hamak.' 20:135. Sabihin, 'Lahat ay naghihintay, kaya maghintay. Malalaman ninyo kung sino ang nasa matuwid na landas at silang mga nagabayan.'

21. SURATUL ANBIYA' (ANG MGA PROPETA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

21:1. Dumating sa mga tao ang pagtutuos sa kanila habang sila sa pagkalingat ay tumatanggi.21:2. Hindi dumating sa kanila ang bagong paalaala mula sa kanilang Panginoon liban na lamang na nakikinig sila rito habang sila ay naglalaro. 21:3. Maligalig ang kanilang mga puso dahil sa kawalang pananampalataya. Naglihim sa

kanilang pag-uusap yaong mga hindi nanampalataya tungkol sa iyo O Muhammad, ‘Ito ba ay tao lamang na katulad ninyo? Tutungo ba kayo sa salamangka habang nalalaman ninyo ito?’ 21:4. Sinabi ni Propeta Muhammad, ‘Ang aking Panginoon ay nakaaalam sa salita sa kalangitan at lupa, Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam.’ 21:5. Ngunit sinabi nila, ‘Ito ay halu-halong huwad na panaginip bagkus ay inimbento niya ito. Siya ay makata lamang. Magpadala na lamang siya sa amin ng tanda tulad kung paanong ipinadala ito ng naunang mga sugo.’ 21:6. Hindi nanampalataya ang nauna sa kanila na mga bayan na winasak Namin. Sila ba ay mga mananampalataya?

21:7. Hindi Kami nagsugo ng nauna sa iyo liban pa sa kalalakihan na nagpahayag Kami sa kanila. Tanungin ninyo ang mga nakaaalam kung kayo ay hindi nakaaalam. 21:8. Hindi Namin ginawa ang naunang mga propeta na mga katawan na hindi kumakain ng pagkain at sila ay hindi mga imortal sa lupa. 21:9. At tinupad Namin ang pangako at iniligtas Namin sila at sinumang naisin Namin at winasak Namin ang mga sumuway.

21:10. Ibinaba Namin sa inyo ang Aklat na nababanggit kayo rito. Hindi ba kayo nag-iisip? 21:11. Ilan na ang Aming winasak na bayan na mapang-api at makasalanan at nagpalabas Kami pagkatapos nila ng iba pang nasyon. 21:12. Nang naramdaman nila ang Aming parusa, mula rito ay lumikas agad sila. 21:13. Sinabi ng mga anghel, ‘Huwag kayong tumakas, bagkus ay bumalik kayo sa masarap na pamumuhay dito at sa inyong mga tahanan upang kayo nawa ay tanungin.’ 21:14. Sinabi nila, ‘Kapahamakan sa amin. Tunay na kami ay makasalanan.’21:15. Ang kanilang sinasabi ay nagpatuloy hanggang sa dinulot Namin na sila ay maging tulad ng inani na ginapas at walang buhay.

21:16. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito na naglalaro lamang. 21:17. Kung Kami man ay kukuha ng libangan ay kumuha Kami nito mula sa Amin kung gagawin man

Namin ito. 21:18. Bagkus ay pinangibabaw Namin ang katotohanan sa kamalian at ito ay wawasak dito at ito ay lilisan. Para sa inyo ang pagkawasak mula sa inilalarawan ninyo.

21:19. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Yaong malalapit sa Kanya ay hindi nagmamalaki sa pagsamba sa Kanya at hindi sila napapagod. 21:20. Lumuluwalhati sila sa gabi at araw at hindi sila nagkukulang.

21:21. Sila ba ay kumuha ng mga diyos mula sa lupa na bumubuhay sa patay? 21:22. Kung mayroon lamang sa kalangitan at lupa na iba pang diyos liban kay Allah ay nasira ang mga ito. Luwalhati kay Allah, ang Panginoon ng trono mula sa kanilang inilalarawan. 21:23. Hindi Siya tatanungin tungkol sa ginawa nila bagkus sila ang tatanungin.

21:24. Sila ba ay kumuha liban pa sa Kanya ng iba pang diyos? Sabihin, ‘Magbigay kayo ng patunay. Ito ay mensahe para sa mga kasama ko na mensahe rin ng mga nauna sa akin.’ Ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam sa katotohanan at sila ay tumatalikod. 21:25. Hindi Kami nagpadala ng nauna sa iyo na sugo liban na lamang na ipinahayag Namin sa kanya na, ‘Walang diyos na marapat sambahin liban sa Akin, kaya sambahin ninyo Ako.’

21:26. Sinabi nila, ‘Ang Maawain ay nagkaanak.’ Luwalhati sa Kanya, bagkus ang mga anghel na itinuring nilang mga anak ni Allah ay mga alipin lamang ni Allah na mararangal at hindi mga diyos. 21:27. Hindi nila Siya mauunahan sa salita at sila ayon sa Kanyang utos ay kikilos.

21:28. Nalalaman Niya ang nakaraan at hinaharap nila. Hindi sila makapamamagitan liban na lamang sa pinahintulutan Niya. Silang mga anghel, sa takot nila sa Kanya ay nangingilag.

21:29. Sinuman sa kanila ang magsabing, ‘Tunay na ako ay diyos na

marapat sambahin liban pa sa Kanya.' Siya ay gagantimpalaan Namin ng Impiyerno. Ganito Namin gantimpalaan ang mga makasalanan.

21:30. Hindi ba nakita ng mga hindi nanampalataya na ang kalangitan at lupa ay iisa lamang noon at pinaghiwalay Namin ang mga ito. Nilikha Namin mula sa tubig ang lahat ng bagay na may buhay. Hindi ba sila mananampalataya?

21:31. Naglagay Kami sa lupa ng mga bundok o ito ay gagalaw kasama nila. Nagdulot Kami rito ng mga daanan sa gilid ng mga bundok upang sila nawa ay magabayan. 21:32. Ginawa Namin ang langit bilang bubong na pananggalang. Ngunit sila sa mga tanda nito ay tumatalikod. 21:33. Siya ang lumikha sa gabi at araw, at sa araw at buwan. Lahat ng yaon ay gumagalaw sa iniikutan nito.

21:34. Hindi Kami nagdulot sa sinumang tao na nauna sa iyo na mabuhay habang-panahon. Kung ikaw ay mamamatay, mababuhay ba sila magpakailanman? 21:35. Lahat ay makatitikim ng kamatayan. Susubukan Namin kayo sa pamamagitan ng masama at mabuti bilang pagsubok. Sa Amin ay ibabalik kayo.

21:36. Tuwinang nakikita ka ng mga hindi nanampalataya, O Muhammad, ay pinagtatawanan ka nila. Sinasabi nila, 'Ito ba ang nang-iinsulto sa inyong mga diyos?' Sila sa pagbanggit sa Maawain ay hindi nanampalataya.

21:37. Nilikha ang tao sa pagmamadali. Ipapakita Ko sa inyo ang Aking mga tanda kaya huwag ninyo Ako madaliin. 21:38. Sinasabi nila, 'Kailan ang pangakong ito kung kayo ay makatotohanan?' 21:39. Kung nalalaman lamang ng mga hindi nanampalataya kapag hindi na nila mapigil sa kanilang mga mukha ang apoy gayundin sa kanilang likod at hindi sila matutulungan. 21:40. Bagkus ito ay darating sa kanila nang biglaan at liligalig sa kanila at hindi nila ito mapipigilan at hindi sila

mapalulugitan. 21:41. Hinamak ang mga sugo na nauna sa iyo ngunit binalot yaong mga nanghamak sa kanila ng mismong bagay na pinagtatawanan nila.

21:42. Sabihin, 'Sino ang mag-iingat sa inyo sa gabi at araw mula sa Maawain?' Bagkus sila sa pag-aalaala sa kanilang Panginoon ay tumatanggi. 21:43. O mayroon silang mga diyos na mag-iingat sa kanila liban pa sa Amin? Hindi nila kayang tulungan ang kanilang mga sarili at hindi sila maiingatan ng mga ito mula sa Amin.

21:44. Bagkus ay inaliw Namin sila at ang mga ninuno nila hanggang sa humaba ang kanilang buhay. Hindi ba nila nakita na dinulot Namin ang lupa na lumiit mula sa mga hangganan nito? Sila ba ang mananaig?

21:45. Sabihin, 'Ako ay nagbabalala lamang sa inyo sa pamamagitan ng kapahayagan.' Ngunit hindi nakaririnig ang bingi sa tawag kapag sila ay binabalaan. 21:46. Kung sila ay makatikim ng kahit kaunti mula sa parusa ng Panginoon mo ay tiyak na sasabihin nilang, 'Kapahamakan sa amin. Tunay na kami ay makasalanan.'

21:47. Ilalagay Namin ang mga timbangan ng katarungan sa Araw ng Paghuhukom at walang sinuman ang maaapi nang anuman. Kahit pa ang timbang ng buto ng mustasa ay ihaharap Namin ito. Sapat na Kami bilang mga tagapagtuos.

21:48. Ibinigay Namin kina Moises at Aaron ang Pamantayan, liwanag at paalaala para sa matutuwid. 21:49. Silang natatakot sa kanilang Panginoon sa nalilingid habang sila sa pagdating ng Oras ay nangangamba. 21:50. Ito ay Quran na mabiyaya na ibinaba Namin. Kayo ba rito ay tumatanggi?

21:51. Ibinigay Namin kay Abraham ang gabay noon at Kami rito ay nakaaalam. 21:52. Nang sinabi niya sa kanyang ama at nasyon, 'Ano

ang mga rebulto na ito na sinasamba ninyo?' 21:53. Sinabi nila, 'Natagpuan namin ang aming mga ninuno na sumasamba rito.' 21:54. Sinabi niya, 'Kayo. Kayo at ang inyong mga ninuno ay nasa malinaw na pagkakamali.'

21:55. Sinabi nila, 'Dumating ka ba sa amin dala ang katotohanan o ikaw ay nagbibiro lamang?' 21:56. Sinabi ni Abraham, 'Hindi, bagkus ang inyong Panginoon ang Panginoon ng kalangitan at lupa na Siyang lumikha sa kanila at ako rito ay kabilang sa mga saksi.' 21:57. Sumpa kay Allah, ako ay magpaplano laban sa inyong mga rebulto matapos na kayo ay lumisan.' 21:58. At ginawa niya itong pira-piraso liban na lamang sa malaki sa kanila upang tanungin nawa nila ito.

21:59. Sinabi nila, 'Sino ang gumawa nito sa ating mga diyos. Tunay na siya ay kabilang sa mga mapang-api.' 21:60. Sinabi nila, 'Narinig namin ang isang batang lalaki na nagbanggit sa kanila na nagngangalang Abraham.' 21:61. Sinabi nila, 'Iharap ninyo siya sa mata ng mga tao upang sila nawa ay makasaksi.' 21:62. Sinabi nila, 'Ginawa mo ba ito sa aming mga diyos O Abraham.' 21:63. Sinabi niya, 'Bagkus ang gumawa nito ay ang malaki sa kanila kaya tanungin ninyo sila kung sila ay makapagsasalita.'

21:64. Kaya sinisi nila ang kanilang mga sarili at nagsabi, 'Tunay na kayo ay mga makasalanan.' 21:65. Ngunit bumaligtad sila at nagsabing, 'Alam mo dati pa na hindi sila nagsasalita.' 21:66. Sinabi niya, 'Sinasamba ba ninyo liban kay Allah ang hindi makapagdudulot sa inyo ng pakinabang o pinsala?' 21:67. Napakasama ninyo. Bakit kayo sumasamba sa iba pa liban kay Allah? Hindi ba kayo nag-iisip?'

21:68. Sinabi nila, 'Sunugin ninyo siya at ipagtanggol ang inyong mga diyos kung kayo ay kikilos.' 21:69. Sinabi Namin, 'O apoy, maging lamig at kaligtasan para kay Abraham.' 21:70. Nilayon nila sa kanya ang pinsala at ginawa Namin silang talunan.

21:71. Iniligtas Namin siya at si Lot tungo sa lupa na biniyayaan Namin para sa mga nilikha. 21:72. Ipinagkaloob Namin sa kanya sina Isaac at Jacob bilang dagdag at lahat sila ay ginawa Naming matutuwid. 21:73. Ginawa Namin silang mga pinuno na naggagabay sa pamamagitan ng Aming utos. Ipinahayag Namin sa kanila ang paggawa ng mabuti, pagtataguyod ng obligadong pagdarasal at pagbabayad ng obligadong kawanggawa. Sila sa Amin ay mga sumasamba.

21:74. Si Lot ay binigyan Namin ng karunungan at kaalaman at iniligtas Namin siya mula sa bayan na gumagawa ng masama. Tunay na sila ay masasamang tao at suwail. 21:75. Ipinasok Namin siya sa Aming habag. Tunay na siya ay kabilang sa matutuwid.

21:76. Banggitin si Noah nang siya ay nanalangin noon at Kami ay tumugon sa kanya at iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya mula sa malaking baha. 21:77. Iniligtas Namin siya mula sa mga tao na nagpasinungaling sa Aming mga tanda. Tunay na sila ay masasamang tao at nilunod Namin silang lahat.

21:78. Banggitin sina David at Solomon nang sila ay naghatol tungkol sa sakahan na sinalanta ng mga tupa ng ilang tao at Kami ay saksi sa kanilang paghatol. 21:79. Ibinigay Namin ang pag-unawa dito kay Solomon. Lahat sila ay binigyan Namin ng karunungan at kaalaman. Binigyan Namin si David ng kapangyarihan sa mga bundok upang luwalhatiin Kami gayundin ang mga ibon. Yaon ay ginagawa Namin. 21:80. Itinuro Namin sa kanya ang paggawa ng damit para sa inyo upang proteksyunan kayo mula sa mga sandata ninyo. Kayo ba ay magpapasalamat?

21:81. Ibinigay Namin kay Solomon ang pamamahala sa hangin na umiihip nang malakas sa kanyang utos tungo sa lupa na biniyayaan Namin. Kami sa lahat ng bagay ay nakaaalam. 21:82. Kabilang sa

mga demonyo ay yaong mga sumisisid para sa kanya at gumagawa ng ibang mga gawain liban dito. Kami ay mga bantay sa kanila.

21:83. Banggitin si Job nang siya ay nanalangin sa kanyang Panginoon, ‘Dumapo sa akin ang sakit at Ikaw ang Pinakamaawain sa mga maawain.’ 21:84. Kaya tumugon Kami sa kanya at inalis ang dumapo sa kanyang sakit. Ibinalik Namin sa kanya ang kanyang pamilya at dinoble pa ito bilang habag mula sa Amin at paalaala sa mga sumasamba.

21:85. Sina Ishmael, Idris (Enoch) at Dhul Kifli (Isaiah), lahat sila ay kabilang sa mga matiisin. 21:86. Ipinasok Namin sila sa Aming habag. Tunay na sila ay kabilang sa matutuwid.

21:87. Si Jonas nang siya ay galit na umalis at nag-akala na hindi Kami magtatakda sa kanya at siya ay nanalangin sa kadiliman, ‘Walang diyos na marapat sambahin liban sa Iyo. Luwalhati sa Iyo. Tunay na ako ay kabilang sa mga makasalanan.’ 21:88. Kaya tumugon Kami sa kanya at iniligtas Namin siya mula sa paghihirap. Ganoon Namin iligtas ang mga nanampalataya.

21:89. Si Zacarias nang siya ay nanalangin sa kanyang Panginoon, ‘Panginoon ko, huwag Mo akong iwan mag-isa at Ikaw ang pinakamainam na Tagapagpanatili.’ 21:90. Kami ay tumugon sa kanya at ipinagkaloob Namin sa kanya si Juan at dinulot na magbuntis ang kanyang asawa. Tunay na sila ay nagmamadali sa paggawa ng kabutihan at nananalangin sa Amin sa pag-asa at takot. Sila sa Amin ay nagpapasakop.

21:91. At ang nag-ingat sa kanyang puri na si Birheng Maria na Kami ay umihip sa kanya ng kaluluwa na mula sa Amin sa pamamagitan ni Anghel Gabriel at ginawa Namin siya at ang kanyang anak na tanda para sa mga nilikha.

21:92. Tunay na ang nasyon ninyo ay nag-iisang nasyon at Ako ang inyong Panginoon kaya sambahin ninyo Ako. 21:93. Sila ay nagsalungatan sa kanilang relihiyon at lahat sila sa Amin ay babalik. 21:94. Sinumang gumawa ng kabutihan habang siya ay nananampalataya ay walang pagtakwil sa kanyang pagsusumikap at tunay na Kami rito ay mga tagapagtala.

21:95. Ipinagbawal sa bayan na Aming winasak na sila ay bumalik. 21:96. Hanggang sa bumukas ang lagusan ng Ya'juj at Ma'juj at sila, mula sa lahat ng mataas na lugar ay bababa. 21:97. Dumating na ang pangakong totoo at takot na nakatitig ang mga mata ng mga hindi nanampalataya habang nagsasabi, 'Kapahamakan sa amin. Kami ay nalingat dito. Bagkus kami ay mga makasalanan.'

21:98. Tunay na kayo at ang sinasamba ninyo liban kay Allah ay panggatong sa Impiyerno. Kayo ay papasok dito. 21:99. Kung ang mga diyus-diyosan na ito ay naging totoong diyos ay hindi sila papasok dito ngunit katiyakang sila ay mananatili rito habang-panahon dahil hindi sila totoong mga diyos. 21:100. Silang lahat dito ay aatungal at dito sila ay hindi makaririnig. 21:101. Tunay na yaong sumakanila ang Aming mabuting gantimpala ay sila yaong mula sa Impiyerno ay inilayo. 21:102. Hindi nila maririnig ang tunog nito habang sila, sa anumang ninanais nila ay mananahan habang-panahon. 21:103. Hindi nila ikalulungkot ang dakilang takot at sila ay sasalubungin ng mga anghel na nagsasabing, 'Ito ang Araw ninyo na ipinangako sa inyo.'

21:104. Sa Araw na itutupi Namin dito ang langit katulad ng pagtupi sa papel ng talaan. Tulad ng kung paano Namin sinimulan ang paglikha ay uulitin Namin ito bilang pangako Namin. Tunay na Kami ay gagawa nito. 21:105. Itinala Namin sa Salmo, matapos ang pagtatakda na ang kalupaan ay mamanahin ng Aking mga aliping matutuwid. 21:106. Tunay na naririto ang pagpapabatid para sa mga susumasamba.

21:107. Hindi ka Namin isinugo liban na lamang bilang habag sa sanlibutan. 21:108. Sabihin, ‘Ipinahayag lamang sa akin na ang inyong diyos ay nag-iisang Diyos. Kayo ba ay susuko sa Kanya?’ 21:109. Ngunit kung sila ay tatalikod ay sabihin, ‘Kayo ay pare-pareho kong sinabihan. Hindi ko nalalaman kung malapit man o malayo ang ipinangako sa inyo.’ 21:110. Tunay na nalalaman Niya ang hayagang pananalita at nalalaman Niya ang inyong ikinukubli. 21:111. Hindi ko batid, maaaring ito ay pagsubok sa inyo at pag-aaliw sa ilang panahon. 21:112. Sinabi ng propeta, ‘Aking Panginoon, maghatol Ka sa katotohanan. Ang aming Panginoon ang Maawain at Siyang hinihingian ng tulong laban sa anumang inilalarawan ninyo.

22. SURATUL HAJJ (ANG PEREGRINASYON)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

22:1. O mga tao, katakutan ninyo ang inyong Panginoon. Tunay na ang pagyanig sa huling Oras ay isang bagay na nakatatakot. 22:2. Sa araw na makikita ninyo rito na makakalimot ang lahat ng nagpapasuso sa kanilang pinapasuso at ilalaglag ng lahat ng buntis ang kanilang ipinagbubuntis. Makikita mo ang mga tao na parang mga lasing samantalang hindi naman sila mga lasing. Bagkus ang parusa ng iyong Panginoon ay matindi. 22:3. May mga tao na nakikipagtalo tungkol kay Allah nang hindi ayon sa kaalaman at sumusunod sa lahat ng demonyong suwail. 22:4. Itinakda na, na ang bawat susunod kay Satanas ay ililigaw niya ito at gagabayan niya ito tungo sa parusang nagliliyab.

22:5. O mga tao, kung kayo ay may duda sa pagkabuhay-muli ay tunay na nilikha Namin kayo mula sa lupa, pagkatapos ay sa pinagsamang-punlay, pagkatapos ay sa namuong dugo na nakabitin at sa namuong laman na nabuo at hindi nabuo upang linawin Namin sa inyo. Inilalagay Namin sa mga sinapupunan ang naisin Namin hanggang sa takdang panahon. Inilalabas Namin kayo bilang mga sanggol

at pinalalaki kayo hanggang sa pagtanda ninyo. Ang ilan sa inyo ay mamamatay nang maaga at ang ilan ay babalik sa matandang edad na siya ay ulyanin matapos magkaroon ng kaalaman. Makikita mo ang lupa na tigang ngunit kapag ipinadala Namin dito ang tubig ay gumagalaw, lumalaki at nagpapatubo ng halamang ibat iba. 22:6. Yaon ay dahil si Allah ay ang Katotohanan at Siya ang bumubuhay sa mga patay at Siya sa lahat ng bagay ay nakapangyayari. 22:7. Ang Oras ay darating nang walang pagdududa rito at si Allah ay bubuhay-muli sa mga nasa libingan.

22:8. May mga tao ay nakikipagtalo tungkol kay Allah nang hindi ayon sa kaalaman, gabay o aklat na malinaw. 22:9. Ipinipihit niya ang kanyang leeg dahil sa pagmamalaki upang magligaw mula sa landas ni Allah. Para sa kanya sa mundo ang kahihiyan at ipatitikim Namin sa kanya sa Araw ng Paghuhukom ang parusang nagliliyab. 22:10. 'Yaon ay dahil sa ginawa ng iyong mga kamay at si Allah ay hindi nang-aapi sa Kanyang mga alipin.'

22:11. May mga tao na sumasamba kay Allah nang may pag-aalinlangan. Kung daratnan siya ng kabutihan ay napapanatag dito at kung daratnan ng pagsubok ay bumabaligtad siya at nalugi sa buhay sa mundo at sa Kabilang-buhay. Yaon ang pagkaluging malinaw.

22:12. Nananalangin sa iba pa liban kay Allah na hindi pipinsala o magbibigay pakinabang sa kanya. Yaon ang pagkaligaw na malayo. 22:13. Nananalangin sa mas malapit sa kanya sa pinsala kaysa sa pakinabang sa kanya. Napakasamang tagaingat nito at napakasamang kakampi. 22:14. Tunay na si Allah ay magpapapasok sa mga nanampalataya at gumawa ng mabuti tungo sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Tunay na si Allah ay gumagawa ng Kanyang naisin.

22:15. Sinumang nag-aakala na hindi tutulungan ni Allah si Propeta Muhammad sa mundong ito at sa Kabilang-buhay ay magsabit ng lubid sa kisame at magbigti at tingnan niya kung ito ba ang mag-aalis ng kanyang galit. 22:16. Ganito Namin ito ibinababa bilang malilinaw na talata at si Allah ay naggagabay sa naisin Niya.

22:17. Tunay na yaong mga nanampalataya at ang mga Hudyo, Sabiano, Kristiyano, Mago at mga nagtambal kay Allah, tunay na si Allah ay maghahatol sa kanila sa Araw ng Paghuhukom. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay saksi.

22:18. Hindi mo ba nakita na kay Allah nagpapatirapa ang sinumang nasa kalangitan at lupa gayundin ang araw, buwan, mga bituin, kabundukan, mga puno, mga hayop at marami sa mga tao? Marami rin ang karapat-dapat sa kanila ang parusa. Sinumang hamakin ni Allah ay wala nang magpaparangal sa kanya. Tunay na si Allah ay gagawa ng Kanyang naisin.

22:19. Narito ang dalawang magkatunggali na nagtatalo tungkol sa kanilang Panginoon. Ang mga hindi nanampalataya ay gagawan ng damit na gawa sa apoy at ibubuhos sa kanilang mga ulo ang kumukulong tubig. 22:20. Na tutunaw sa anumang nasa kanilang tiyan at balat. 22:21. Para sa kanila ang pamalong bakal. 22:22. Tuwinang nanaisin nila na lumabas mula rito dahil sa sakit ay ibabalik sila rito at sasabihin sa kanila, ‘Tikman ninyo ang parusang apoy.’

22:23. Tunay na si Allah ay magpapasok sa mga nanampalataya at gumawa ng mabuti sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Sila ay mapapalamutian dito ng pulseras na ginto at perlas. Ang kanilang damit dito ay seda. 22:24. Sila ay ginabayan tungo sa mabuting pananalita at ginabayan tungo sa landas na kapuri-puri.

22:25. Tunay na ang mga hindi nanampalataya at humaharang sa landas ni Allah at Masjdul Haram na ginawa Namin para sa mga tao na pantay ang mga nakatira rito at mga dayuhan. Sinumang maglayon ng pagkaligaw o kasamaan ay patitikimin Namin ng parusang masakit.

22:26. Tinukoy Namin kay Abraham ang lugar na pagtatayuan ng Ka'bah na nagsasabing, 'Huwag kang magtambal sa Akin ng anuman. Dalisayin mo ang Aking bahay para sa mga umiikot sa Ka'bah, nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nakayukod at nakapatirapa.

22:27. Magpahayag sa mga tao ng Peregrinasyon sa Makkah at darating sila nang naglalakad o nakasakay sa mga kamelyo mula sa lahat ng malayong daanan. 22:28. Upang masaksihan nila ang mabuti para sa kanila at banggitin ang pangalan ni Allah sa mga kilalang araw sa mga ibiniyaya ni Allah sa kanila na mga pinapastol na hayop. Kumain kayo mula rito at pakainin ang mahihirap. 22:29. Sila ay marapat na maglinis ng kanilang mga sarili at tuparin ang mga panata at umikot sa Ka'bah, ang Bahay na luma.'

22:30. Yaon ang utos sa inyo at sinumang magdakila sa mga ginawang sagrado ni Allah ay mainam ito para sa kanya mula sa kanyang Panginoon. Pinahintulutan para sa inyo ang mga pinapastol na hayop liban na lamang sa binanggit sa inyo na bawal. Iwasan ang karumihan ng mga rebulto at layuan ang makasalanang pananalita.

22:31. Na mga kumikiling kay Allah at hindi nagtatambal sa Kanya. Sinumang magtambal kay Allah ay tulad ng nahulog mula sa langit at dinagit ng ibon o tinangay ng hangin tungo sa malayong lupalop.

22:32. Ganoon nga. Sinumang magdakila sa mga sagisag ni Allah ay tunay na ito ay mula sa pagiging matuwid ng mga puso. 22:33. Para

sa inyo rito ang pakinabang sa mga kataying hayop sa takdang panahon at ang lugar ng pagsakripisyo sa kanila ay sa paligid ng Masjidul Haram.

22:34. Sa bawat nasyon ay nagtakda Kami ng ritwal ng sakripisyo upang banggitin ang pangalan ni Allah sa anumang ibiniyaya Niya na mga kataying hayop. Ang inyong Diyos ay nag-iisang Diyos at sa Kanya kayo sumuko. Bigyan ng magandang balita ang mga mapagpakumbaba. 22:35. Silang tuwinang nababanggit si Allah ay nangangamba ang kanilang mga puso gayundin ang mga matiisin sa anumang dumapo sa kanila, mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal at silang mula sa ibiniyaya Namin sa kanila ay nagtutustos.

22:36. Ang mga kamelyo at baka ay ginawa Namin para sa inyo na sagisag ni Allah at para sa inyo ay may kabutihan dito. Kaya banggitin ang pangalan ni Allah rito habang nakapila sila sa pagkatay. Kapag sila ay wala nang buhay sa kanilang tagiliran ay kumain kayo mula rito at pakainin ang mahihirap at mga pulubi. Iniutos Namin sa inyo ang pagkatay sa mga ito upang kayo nawa ay magpasalamat. 22:37. Hindi makararating kay Allah ang karne o dugo nila subalit umaabot kay Allah ang pagiging matuwid ninyo. Dinulot Namin ito upang dakilain ninyo si Allah sa pagkakagabay sa inyo. Magbigay ng magandang balita sa gumagawa ng mabuti.

22:38. Tunay na si Allah ay nagtatanggol sa mga nanampalataya. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapanlinlang at hindi mapagpasalamat. 22:39. Pinahintulutan na ang pakikibaka para sa mga Muslim na nasa Madinah na mga nilalabanan ng mga hindi nanampalataya dahil sa sila ay inapi. Tunay na si Allah sa pagpapatagumpay sa kanila ay May kakayanan. 22:40. Silang mga pinalayas mula sa kanilang mga tahanan nang walang katarungan liban na lamang na dahil sa sinasabi nila na, ‘Ang aming Panginoon ay si Allah.’ Kung hindi lamang sa pagsupil ni Allah sa pang-aapi sa mga

tao sa pamamagitan ng isat isa ay nawasak ang mga monasteryo, simbahan, sinagoga at mga Masjid na kung saan ay sinasambit ang pangalan ni Allah nang madalas. Katiyakang susuportahan ni Allah ang mga sumusuporta sa Kanya. Tunay na si Allah ay Malakas at Makapangyarihan.

22:41. Silang kapag binigyan ng autodidad sa lupa ay nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at nag-uutos ng kabutihan at nagbabawal sa kasamaan. Kay Allah ang hantungan ng mga bagay-bagay.

22:42. Kung pinasisinungalingan ka nila ay nagpasinungaling din ang mga nauna sa kanila na nasyon nina Noah, 'Ad at Thamud. 22:43. Ang nasyon ni Abraham at nasyon ni Lot. 22:44. Gayundin ang mga taga-Madyan. Pinasinungalingan din si Moises at pinalugitan Ko ang mga hindi nanampalataya at pinarusahan din sila. Napakatindi ng Aking parusa.

22:45. Ilang bayan na ang Aming winasak habang sila ay nagkakasala kaya ang kanilang mga tirahan ay nawasak gayundin ang mga balon at matataas na mga palasyo. 22:46. Hindi ba sila naglakbay sa lupa at nagkaroon ng mga puso na nag-iisip sila sa pamamagitan nito o mga tainga na nakaririnig sila sa pamamagitan nito? Tunay na hindi nabubulag ang mga mata bagkus ang nabubulag ay ang mga puso na nasa mga dibdib.

22:47. Minamadali ka nila sa parusa samantalang hindi tatalikod si Allah sa Kanyang pangako. Tunay na ang isang araw sa iyong Panginoon ay tulad ng isang libong taon sa inyong pagbilang. 22:48. Ilang bayan na ba ang Aking pinalugitan habang nagkakasala ito at pagkatapos ay pinarusahan Ko ito at sa Akin ang huling patutunguhan?

22:49. Sabihin, 'O mga tao, ako sa inyo ay malinaw na

tagapagbabala lamang.' 22:50. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan ay para sa kanila ang kapatawaran at malawak na biyaya. 22:51. Ngunit yaong nagtakwil sa Aming mga talata upang biguin ang mga nanampalataya ay mananahan sa Impiyerno.

22:52. Hindi Kami nagsugo sa sinumang nauna sa iyong sugo o propeta liban na lamang na tuwinang siya ay magsasalita ay nilalagyan ito ni Satanas ng kalituhan. Ngunit inaalis ni Allah ang inilalagay ni Satanas dito at nililinaw ni Allah ang Kanyang mga talata. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 22:53. Upang ang mga inilalagay ni Satanas ay maging pagsubok doon sa mga taong ang mga puso ay may sakit o matigas. Tunay na ang mga makasalanan ay nasa matinding paglayo. 22:54. Upang malaman ng mga binigyan ng kaalaman na ito ang katotohanan mula sa iyong Panginoon at manampalataya sila rito at upang sumuko rito ang kanilang mga puso. Tunay na si Allah ay naggagabay sa mga nanampalataya tungo sa matuwid na landas.

22:55. Mananatili ang mga hindi nanampalataya sa pagdududa rito hanggang sa dumating sa kanila ang Oras nang biglaan o dumating sa kanila ang parusa sa Araw na walang pag-asa. 22:56. Ang paghahari sa Araw na yaon ay kay Allah na maghahatol sa kanila. Ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay nasa mga hardin ng ligaya. 22:57. Ang mga hindi nanampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga tanda ay para sa kanila ang parusang nakahihiya.

22:58. Ang mga lumikas sa landas ni Allah at pinatay o namatay ay bibiyayaan ni Allah ng magandang biyaya. Tunay na si Allah ang pinakamainam na tagapagbiyaya. 22:59. Tiyak na papapasukin Niya sila sa lagusan na kalulugdan nila. Tunay na si Allah ay nakaaalam at maunawain.

22:60. Yaon nga at sinumang tumugon sa pinsalang tulad ng tinamo niya at siya ay naapi ay katiyakang tutulungan siya ni Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpaumanhin at Mapagpatawad. 22:61. Ito ay dahil si Allah ay nagpapasok ng gabi sa araw at ipinapasok ang araw sa gabi. Si Allah ay Nakaririnig at Nakakakita. 22:62. Yaon ay dahil si Allah ang Katotohanan at yaong dinadasalan nila liban kay Allah ay huwad. Si Allah ang Kataas-taasan at ang Pinakadakila.

22:63. Hindi mo ba nakita na si Allah ay nagbababa mula sa langit ng tubig at ang lupa ay nagiging luntian? Tunay na si Allah ay Kapita-pitagan at Nakababatid. 22:64. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Tunay na si Allah ang Mayaman at Kapuri-puri.

22:65. Hindi mo ba nakita na si Allah ay nagpagamit sa inyo sa anumang nasa lupa at sa mga barko na naglalayag sa dagat sa Kanyang utos? Pinipigil Niya ang langit na bumagsak sa lupa at mawasak ang anumang naririto liban na lamang sa Kanyang pahintulot. Tunay na si Allah sa mga tao ay Mabuti at Maawain. 22:66. Siya ang nagbigay ng buhay sa inyo at babawi nito at bubuhay sa inyong muli. Tunay na ang tao ay hindi mapagpasalamat.

22:67. Sa lahat ng nasyon ay nagtalaga Kami ng mga ritwal na gagawin nila. Kaya huwag hayaang tunggaliin ka nila sa relihiyon. Ngunit imbitahan mo sila tungo sa iyong Panginoon. Tunay na ikaw ay nasa matuwid na gabay at relihiyon. 22:68. Kung sila ay makikipagtalo sa iyo ay sabihin, ‘Si Allah ang higit na nakaaalam sa inyong mga ginagawa. 22:69. Si Allah ang maghahatol sa pagitan ninyo sa Araw ng Paghuhukom sa anumang inyong pinagtatalunan.’ 22:70. Hindi mo ba nalaman na si Allah ay nakaaalam sa anumang nasa kalangitan at lupa. Tunay na yaon ay nasa talaan. Tunay na yaon kay Allah ay madali.

22:71. Sila ay sumasamba sa iba pa liban kay Allah na hindi Siya

nagbigay dito ng autoridad at wala silang nalalaman dito. Ang mga makasalanan ay walang tagatulong. 22:72. Kapag binasa sa kanila ang mga talata Naming malilinaw ay makikita mo sa mukha ng mga hindi nanampalataya ang pagtanggi. Sila ay nasa bingit na ng pag-atake sa mga nagbabasa sa kanila ng Aming mga tanda. Sabihin, 'Ipababatid ko ba sa inyo ang mas masahol pa rito? Ang Apoy na ipinangako ni Allah sa mga hindi nanampalataya na napakasamang hantungan.'

22:73. O mga tao, ibinigay sa inyo ang halimbawa kaya makinig kayo rito. Tunay na yaong dinadasalan ninyo liban kay Allah ay hindi makalilikha ng kahit langaw kahit magsama-sama pa sila rito. Kung nanakawan man sila ng langaw ng anumang bagay ay hindi nila ito mababawi sa kanya. Mahina ang humahabol at ang hinahabol – parehong mas mahina pa sa langaw ang sumasamba sa diyus-diyosan at ang kanilang sinasamba. 22:74. Hindi nila pinahalagahan si Allah ng tamang pagpapahalaga sa Kanya. Tunay na si Allah ay Malakas at Makapangyarihan.

22:75. Si Allah ay naghihirang mula sa mga anghel ng mga sugo at gayundin sa mga tao. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakakakita. 22:76. Nalalaman Niya ang nasa nakaraan nila kahit mula pa noong hindi pa sila nilikha at hinaharap nila kahit pagkatapos na mawala sila. Kay Allah magbabalik ang lahat ng bagay.

22:77. O mga nanampalataya, yumukod, magpatirapa, sambahin ang inyong Panginoon at gumawa ng mabuti upang kayo nawa ay magtagumpay. 22:78. Makibaka sa landas ni Allah ng tamang pakikibaka [nang walang pang-aapi at pagmamalabis laban sa sinuman o ayon lamang sa inyong mga sariling pagnanasa]. Hinirang Niya kayo at hindi Siya naglagay sa inyong relihiyon ng pagpapahirap. Ito ang relihiyon ng inyong ama na si Abraham. Si Allah ang nagpangalan sa inyo na mga Muslim noon at ngayon sa Quran na ito

upang ang Sugo ay maging saksi sa inyo at kayo ay maging saksi sa mga tao. Itaguyod ninyo ang obligadong pagdarasal, magbayad ng obligadong kawanggawa at kumapit kay Allah na Siyang tagapag-ingat ninyo. Siya ang mainam na tagapag-ingat at mainam na tagatulong.

23. SURATUL MU'MINUN (ANG MGA NANAMPALATAYA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

23:1. Nagtagumpay ang mga nanampalataya. 23:2. Silang sa kanilang mga obligadong pagdarasal ay taimtim. 23:3. Silang sa masamang pananalita ay lumalayo. 23:4. Silang sa obligadong kawanggawa ay nagsasagawa. 23:5. Silang sa kanilang maseselang bahagi ng katawan ay nag-iingat. 23:6. Liban na lamang sa kanilang mga asawa o sa mga aliping tangan ng kanilang mga kanang kamay, ay tunay na sila ay hindi masisisi. 23:7. Sinumang magnasa ng labis pa rito ay sila ang mga mapagmalabis. 23:8. Silang sa mga ipinagkatiwala at kasunduan nila ay tumutupad. 23:9. Silang sa kanilang mga obligadong pagdarasal ay nag-iingat. 23:10. Sila ang mga magmamana. 23:11. Silang mga magmamana ng Paraiso na sila rito ay mananatili habang-panahon.

23:12. Nilikha Namin ang tao mula sa hinangong putik. 23:13. Pagkatapos ay ginawa Namin itong pinaghalong punlay sa ligtas na lugar. 23:14. Ang pinaghalong punlay ay ginawa Naming namuong dugo na nakabitin at ang namuong dugo ay ginawa Naming namuong laman at ito ay ginawa Naming buto at binalutan Namin ang buto ng laman at ginawa Namin itong ibang nilikha. Luwalhati kay Allah ang pinakamainam na tagapaglikha. 23:15. Tunay na kayo pagkatapos nito ay mga patay. 23:16. Tunay na kayo sa Araw ng Paghuhukom ay bubuhaying-muli.

23:17. Lumikha Kami sa ibabaw ninyo ng pitong patong na langit at

hindi Kami nalilingat sa Aming nilikha. 23:18. Ibinaba Namin mula sa langit ang tubig sa isang sukat at pinanatili ito sa lupa. Tunay na Kami sa pagbawi nito ay may kakayanan. 23:19. Nagpatubo Kami para sa inyo sa pamamagitan nito ng mga hardin ng datiles at ubas para sa inyo na rito ay maraming prutas at mula rito ay kumakain kayo. 23:20. Nagdulot Kami ng isang puno sa bundok ng Sinai na naglalabas ng langis at pagkain para sa mga kumakain. 23:21. Tunay na para sa inyo mula sa mga pinapastol na hayop ang aral. Pinaiinom Namin kayo mula sa kanilang mga tiyan at para sa inyo mula rito ang maraming pakinabang at mula rito ay kumakain kayo. 23:22. Sa kanila at sa mga barko ay sumasakay kayo.

23:23. Isinugo Namin si Noah sa kanyang nasyon at nagsabing, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah, wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Hindi ba kayo matatakot?' 23:24. Sinabi ng mga makapangyarihan na hindi nanampalataya na kabilang sa kanyang nasyon, 'Ito ay hindi hihigit pa sa isang tao na tulad ninyo na naghahangad na makahigit sa inyo. Kung naisin man ito ni Allah ay nagpadala sana Siya ng anghel. Hindi namin ito narinig mula sa aming mga ninuno na nauna. 23:25. Tunay na siya ay tao lamang na baliw at maghintay lamang kayo nang kaunti tungkol sa kanya.'

23:26. Sinabi ni Noah, 'Aking Panginoon, tulungan Mo ako dahil itinakwil nila ako.' 23:27. Ipinahayag Namin kay Noah na gumawa ng Arko sa Aming pamamahala at kapahayagan at kapag dumating ang Aming utos at umapaw ang pugon, 'Pasakayin dito mula sa lahat ng nilikha ang magkapares at ang iyong pamilya liban na lamang doon sa nakapagtakda na sa kanila. Huwag mo Akong kausapin tungkol sa mga nagkasala. Tunay na sila ay lulunurin.

23:28. Kapag nakasakay ka na at ang iyong mga kasama sa Arko ay sabihin, 'Papuri kay Allah na nagligtas sa atin mula sa mga

makasalanang tao.' 23:29. Sabihin, 'Panginoon ko, idaong Mo ako sa isang daungan na mabiyaya. Ikaw ang pinakamainam na tagapagdaong.' 23:30. Tunay na naririto ang mga tanda at Kami ay sumusubok.

23:31. At nagpasibol Kami pagkatapos nila ng bagong henerasyon. 23:32. Nagpadala Kami sa kanila ng sugo mula sa kanila upang sabihin, 'Sambahin ninyo si Allah. Wala kayong diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Hindi ba kayo matatakot?' 23:33. Ang mga makapangyarihan na kabilang sa kanyang nasyon at nagpasinungaling sa paghaharap sa Kabilang-buhay samantalang pinagyaman Namin sila sa buhay sa mundo ay nagsabi, 'Ito ay hindi hihigit pa sa tao na tulad ninyo. Kumakain mula sa kinakain ninyo at umiinom mula sa iniinom ninyo. 23:34. Kung kayo ay susunod sa tao na tulad ninyo ay magiging talunan kayo.

23:35. Ipinapangako ba niya sa inyo na tunay na kapag namatay kayo at naging abo na at buto ay bubuhayin kayong muli? 23:36. Napakalayo. Napakalayo ng ipinangako sa inyo. 23:37. Ang buhay ay ang buhay lamang natin sa mundo. Mamamatay at mabubuhay tayo at hindi tayo bubuhaying-muli. 23:38. Siya ay hindi hihigit pa sa isang tao na nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan at kami sa kanya ay hindi naniniwala.'

23:39. Nanalangin ang sugo na ipinadala sa kanila, 'Aking Panginoon tulungan Mo ako dahil itinakwil nila ako.' 23:40. Sinabi ni Allah, 'Kaunti na lamang at katiyakang sila ay magsisisi.' 23:41. Kaya sila ay sinalakay ng sigaw nang buong katotohanan at ginawa Namin silang parang tangkay ng halaman. Kapahamakan sa mga makasalanan.

23:42. Nagpasibol Kami pagkatapos nila ng iba pang henerasyon. 23:43. Walang mauuna na sinumang nasyon sa takdang panahon nito at hindi nila ito maaantala. 23:44. Ipinadala Namin ang Aming mga

sugo nang sunud-sunod. Lahat ng nasyon na dinatnan ng sugo nito ay nagpasinungaling sa kanya. Kaya sunud-sunod Namin silang winasak at ginawa na lamang Namin silang mga kuwento. Kapahamakan sa mga hindi nanampalataya.

23:45. Ipinadala Namin si Moises at ang kapatid niya na si Aaron dala ang Aming mga tanda at autoridad na malinaw. 23:46. Tungo kay Paraon at kanyang mga kasama at sila ay nagmalaki at mayayabang. 23:47. Sinabi nila, 'Maniniwala ba kami sa dalawang tao na tulad lamang namin at ang nasyon nila ay alipin namin?' 23:48. Pinasinungalingan nila silang dalawa at sila ay nawasak. 23:49. Ibinigay Namin kay Moises ang Kasulatan upang sila nawa ay magabayan.

23:50. Ginawa Namin ang anak ni Maria at ang kanyang ina bilang tanda at pinasilong Namin silang dalawa sa mataas na lugar na may kapatagan at dumadaloy na tubig.

23:51. Sinabi ni Allah, 'O mga sugo, kumain kayo mula sa mabubuting pagkain at gumawa ng mabuti. Tunay na Ako sa inyong mga gawain ay Nakaaalam. 23:52. Tunay na ito, ang inyong relihiyon ay iisang relihiyon lamang at Ako ang inyong Panginoon kaya katakutan ninyo Ako.'

23:53. Ngunit hinati-hati nila ang kanilang relihiyon upang maging mga sekta. Lahat ng sekta sa anumang tangan nila ay masaya. 23:54. Iwan mo sila sa kanilang kalituhan sa ilang panahon. 23:55. Nag-aakala ba sila nang ganito dahil lamang sa binibigyan Namin sila ng kayamanan at mga anak. 23:56. Dahil pinadali Namin sa kanila ang pagdating ng kabutihan? Ngunit hindi nila ito nararamdaman.

23:57. Ang mga nanampalataya, tunay na sila sa takot sa kanilang Panginoon ay nangangamba. 23:58. At silang sa mga tanda ng

kanilang Panginoon ay nananampalataya. 23:59. At silang sa kanilang Panginoon ay hindi nagtatambal. 23:60. Silang mga nagsisikap sa kabutihan at ang kanilang mga puso ay nangangamba dahil sila sa kanilang Panginoon ay magbabalik. 23:61. Sila ang mga nagmamadali sa paggawa ng kabutihan at nag-uunahan dito. 23:62. Hindi Namin inoobliga ang sinuman liban pa sa kakayanan nito, nasa Amin ang talaan na nagsasalita ng katotohanan at sila ay hindi dadayain.

23:63. Ngunit ang kanilang mga puso ay nasa kalituhan dito at sila ay may iba pang masamang gawain liban pa sa kawalang pananampalataya na ginagawa nila. 23:64. Hanggang sa padalhan Namin ang makapangyarihan sa kanila ng parusa at sila ay iiyak sa paghingi ng tulong. 23:65. Huwag kayo umiyak ngayong araw. Tunay na kayo ay hindi Namin tutulungan. 23:66. Ang Aking mga talata ay binasa na sa inyo ngunit kayo sa inyong mga talampakan ay tumatalikod. 23:67. Na nagmamalaki rito at nag-uusap sa gabi ng masama.

23:68. Hindi ba sila nagmuni-muni sa Quran o dumating sa kanila ang hindi dumating sa kanilang mga ninuno na nauna? 23:69. O hindi nila nakilala ang sugo na ipinadala sa kanila kaya sila sa kanya ay tumatanggi? 23:70. O sinasabi ba nila, 'Siya ay baliw.'? Bagkus ay dumating siya sa kanila dala ang katotohanan ngunit ang karamihan sa kanila sa katotohanan ay nagtatakwil. 23:71. Kung sinundan lang ng katotohanan ang kanilang mga pagnanasa ay nasira ang kalangitan at lupa at sinumang naririto. Bagkus ay ibinigay Namin sa kanila ang paalaala sa kanila ngunit sila sa Aming mensahe ay tumatanggi.

23:72. O ikaw ba ay nanghingi sa kanila ng bayad? Ang gantimpala ng iyong Panginoon ay mas mainam. Siya ang pinakamainam na tagapagtustos. 23:73. Tunay na ikaw ay nag-aanyaya sa kanila tungo sa matuwid na landas. 23:74. Tunay na yaong mga hindi nananampalataya sa Kabilang-buhay, sila sa tuwid na landas ay lumalayo.

23:75. Kung kinahabagan Namin sila at inalis Namin sa kanila ang pinsala, katiyakang sila ay mananatili sa kanilang pagsuway na mga bulag. 23:76. Pinarusahan Namin sila ngunit sila ay hindi sumuko sa kanilang Panginoon o nanalangin. 23:77. Hanggang sa buksan Namin para sa kanila ang pinto ng parusang matindi na sila rito ay mawawalan ng pag-asa.

23:78. Siya ang nagbigay sa inyo ng pandinig, paningin at mga puso. Kaunti ang inyong pagpapasalamat. 23:79. Siya ang nagparami sa inyo sa lupa at tungo sa Kanya ay titipunin kayo. 23:80. Siya ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito at sa Kanya ang pagpapalitan ng gabi at araw. Hindi ba kayo mag-iisip?

23:81. Bagkus sila ay nagsasabi ng tulad ng sinabi ng mga nauna. 23:82. Sinabi nila, 'Kapag kami ba ay namatay na at naging mga abo at buto na lamang ay bubuhayin ba kaming muli? 23:83. Kami ay pinangakuan nito at ang aming mga ninuno, ito ay hindi hihigit pa sa alamat ng mga naunang mga tao.'

23:84. Sabihin, 'Kanino ang lupa at sinumang naririto kung nalalaman ninyo?' 23:85. Sasabihin nila, 'Kay Allah.' Sabihin, 'Hindi ba kayo nakaaalala?' 23:86. Sabihin, 'Sino ang Panginoon ng pitong kalangitan at Panginoon ng dakilang trono?' 23:87. Sasabihin nila, 'Kay Allah.' Sabihin, 'Hindi ba kayo matatakot?' 23:88. Sabihin, 'Kanino ang pagmamay-ari sa lahat ng bagay at Siyang nagpo-protekta ngunit walang makakaprotekta mula sa Kanya kung inyo lamang nalalaman?' 23:89. Sasabihin nila, 'Kay Allah.' Sabihin, 'Paanong kayo ay nalinlang?'

23:90. Bagkus ay dinala Namin sa kanila ang katotohanan, tunay na sila ay mga sinungaling. 23:91. Si Allah ay hindi nagkaanak at wala Siyang kasamang iba pang diyos. Kung mayroon mang iba pang diyos ay ibinukod ng bawat isa sa kanila ang nilikha nito at nanaisin

ng iba sa kanila na gapiin ang iba pa. Luwalhati kay Allah sa anumang inilalarawan nila. 23:92. Ang nakaaalam sa nalilingid at hayag. Kataas-taasan Siya mula sa kanilang mga itinatambal.

23:93. Sabihin, ‘Aking Panginoon, ipakita Mo sana sa akin ang ipinangako Mo sa kanila.23:94. Aking Panginoon, huwag Mo akong ibilang sa mga makasalanan.’ 23:95. Tunay na Kami sa pagpapakita sa iyo ng ipinangako Namin sa kanila ay may kakayanan.

23:96. Gumanti sa pamamagitan ng mabuti sa masama. Kami ang pinakanakaaalam sa inilalarawan nila. 23:97. Sabihin, ‘Aking Panginoon, nagpapakupkop ako sa Iyo mula sa paghimok ng mga demonyo. 23:98. Ako ay nagpapakupkop sa iyo aking Panginoon, upang hindi nila ako lapitan.’

23:99. Hanggang sa dumating sa isa sa kanila ang kamatayan at sasabihin niya, ‘Panginoon ko ibalik Mo ako. 23:100. Upang ako nawa ay gumawa ng mabuti sa naiwan ko.’ Hindi, bagkus ito ay salitang sinasabi lamang niya. Sa likod nila ay ang harang hanggang sa araw na bubuhayin silang muli. 23:101. Kapag inihipan ang trumpeta ay wala nang relasyon sa pagitan nila sa araw na yaon at hindi sila magtatanungan tungkol sa isat isa. 23:102. Yaong mabigat ang kanilang mga timbangan ay sila yaong mga matagumpay. 23:103. Ngunit yaong magaan ang timbangan ay sila yaong nalugi ang kanilang mga sarili sa Impiyerno na mananatili rito habang-panahon. 23:104. Susunog sa kanilang mga mukha ang apoy at sila rito ay nakangiwi dahil sa matinding parusa.

23:105. Sasabihin sa kanila, ‘Ang mga talata Ko ba ay hindi binasa sa inyo o kayo rito ay nagpasinungaling?’ 23:106. Sasabihin nila, ‘Panginoon Namin, ginapi kami ng aming kasamaan at kami ay mga taong ligaw. 23:107. Aming Panginoon, alisin Mo kami mula rito at kung kami ay babalik sa kasamaan ay tunay na kami ay

makasalanan.' 23:108. Sasabihin Niya, 'Manatili kayo sa kahihiyan dito at huwag ninyo Ako kausapin.' 23:109. Tunay na may grupo ng Aking mga alipin ang nagsasabi, 'Aming Panginoon, kami ay nanampalataya kaya patawarin Mo kami at mahabag sa amin. Ikaw ang pinakamahabagin sa mga mahabagin.' 23:110. Ngunit hinamak ninyo sila hanggang sa pinalimot kayo ng paghahamak na ito sa pag-aalaala sa Akin at kayo ay natatawa sa kanila. 23:111. Tunay na ginantimpalaan Ko sila sa Araw na ito sa kanilang pagtitiis at sila ang mga matagumpay.

23:112. Sasabihin ni Allah, 'Ilang taon kayo nanatili sa lupa?' 23:113. Sasabihin nila, 'Kami ay nanatili ng isang araw o bahagi nito. Tanungin Mo ang mga nagbilang.' 23:114. Sasabihin Niya, 'Kayo ay nanatili nang sandali lamang kung nalalaman lamang ninyo.

23:115. Inaakala ba ninyo na nilikha Namin kayo nang laru-laro lamang at kayo sa Amin ay hindi ibabalik?' 23:116. Kataas-taasan si Allah, ang totoong Hari. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, ang Panginoon ng Marangal na Trono. 23:117. Sinumang manalangin sa iba pa liban kay Allah na wala siyang patunay dito, ang pagtutuos sa kanya ay nasa kanyang Panginoon lamang. Hindi magtatagumpay ang mga hindi nanampalataya. 23:118. Sabihin, 'Aking Panginoon, patawarin at kahabagan Mo ako. Ikaw ang pinakamainam sa mga mahabagin.'

24.SURATUN NUR (ANG LIWANAG)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

24:1. Kabanata na ibinaba Namin at ginawa Naming obligado at ibinaba Namin dito ang mga talatang malilinaw upang kayo nawa ay makaalala.

24:2. Ang nakikiapid na babae at lalaki na parehong hindi nakaranas ng pag-aasawa ay latiguhin ang bawat isa sa kanilang dalawa ng isandaang ulit. Huwag ninyo silang kaawaan sa relihiyon ni Allah kung kayo ay nananampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay. Marapat na sumaksi sa pagparusa sa kanilang dalawa ang grupo ng mga nanampalataya.

24:3. Ang isang lalaking nakikiapid ay hindi mag-aasawa liban pa sa babaeng nangangalunya o nagtatambal kay Allah. Ang babaeng nakikiapid ay hindi mag-aasawa liban pa sa lalaking nakikiapid o nagtatambal kay Allah. Ipinagbawal yaon sa mga nanampalataya.

24:4. Yaong mga nagbibintang sa mga babaeng dalisay at hindi nagpakita ng apat na saksi ay latiguhin ninyo sila ng walumpung latigo at huwag kayong tumanggap ng pagsaksi nila kahit kailan. Sila ang mga suwail.

24:5. Liban na lamang doon sa mga nagbalik-loob pagkatapos nito at nagpakamatuwid dahil tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

24:6. Yaong mga nagbibintang sa kanilang mga asawang babae ng pakikiapid at wala silang mga saksi liban pa sa kanilang mga sarili. Ang pagsaksi ng isa sa kanila ay apat na panunumpa kay Allah na tunay na siya ay kabilang sa mga makatotohanan. 24:7. Ang panlimang panunumpa niya ay ang sumpa ni Allah ay sumakanya kung siya ay kabilang sa mga sinungaling. 24:8. Maaalis sa babae ang parusa kung siya ay manunumpa ng apat na ulit kay Allah na tunay na ang asawa niyang lalaki ay kabilang sa mga sinungaling.

24:9. Ang panlima ay ang galit ni Allah ay sumakanya kung tunay na ang asawa niyang lalaki ay kabilang sa mga makatotohanan.

24:10. Kung hindi lamang sa biyaya ni Allah sa inyo at Kanyang habag. Si Allah ay Tumatanggap ng pagbabalik-loob at Maalam.

24:11. Tunay na yaong mga dumating na may dalang tsismis laban k a y ‘Aishah, asawa ni Propeta Muhammad ay grupo na mula sa inyo. Huwag akalain na ito ay masama para inyo bagkus ito ay mabuti para sa inyo. Para sa lahat ng tao na kabilang sa kanila ay ang parusa sa kasalanan. Yaong may malaking kinalaman sa kanila rito ay may mas malaking parusa.

24:12. Bakit nang narinig ninyo ito ay hindi nag-aakala ang mga mananampalatayang lalaki at babae sa isat isa ng mabuti at magsabi, ‘Ito ay malinaw na tsismis lamang.’ 24:13. Bakit ang mga nagbintang ay hindi magpakita ng apat na saksi? Kapag hindi sila nagpakita ng mga saksi ay sila yaong para kay Allah ay mga sinungaling.

24:14. Kung hindi lamang sa biyaya ni Allah sa inyo at habag Niya sa mundong ito at sa Kabilang-buhay ay dumapo sa inyo dahil sa tsismis ninyo ang matinding parusa. 24:15. Nang tinanggap ninyo ito sa inyong mga dila at sinabi ito ng inyong mga bibig na wala kayong nalalaman dito at inakala ninyo na ito ay walang saysay ngunit sa paningin ni Allah ay matindi. 24:16. Bakit nang narinig ninyo ito ay hindi ninyo sinabi, ‘Hindi marapat para sa amin ang magsalita tungkol dito. Luwalhati sa Iyo, ito ay malaking tsismis.’ 24:17. Nagbababala sa inyo si Allah na kayo ay bumalik sa ganito kahit kailan kung kayo ay mga nanampalataya. 24:18. Nililinaw ni Allah sa inyo ang mga talata. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam.

24:19. Tunay na yaong mga nagnanais na lumaganap ang imoralidad sa mga nanampalataya ay para sa kanila ang parusang masakit sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. Si Allah ang nakaaalam at kayo ay hindi nakaaalam. 24:20. Kung hindi lamang dahil sa biyaya ni Allah sa inyo at sa Kanyang habag. Si Allah ay Mabuti at Mahabagin.

24:21. O mga nanampalataya, huwag sundin ang mga yapak ni Satanas. Sinumang sumunod sa mga yapak ni Satanas ay tunay na siya ay nag-uutos ng kalaswaan at kasamaan. Kung hindi lamang dahil sa biyaya ni Allah sa inyo at habag Niya ay hindi Niya dinalisay ang kahit sino sa inyo kahit kailan ngunit si Allah ay nagdadalisay sa naisin Niya. Si Allah ang Nakaririnig at Nakaaalam.

24:22. Huwag mangyaring ang matutuwid at mayayaman ninyo ay hindi magbibigay ng tulong sa kanilang mga kamag-anak, mahihirap at mga lumikas sa landas ni Allah. Marapat silang magpaumanhin at magpatawad. Hindi ba ninyo minamahal na magpatawad sa inyo si Allah. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

24:23. Tunay na yaong nagbibintang sa mga dalisay ngunit nalilingat na mananampalatayang babae ay isinumpa sa mundong ito at sa Kabilang-buhay. Para sa kanila ang dakilang parusa. 24:24. Sa Araw na sasaksi laban sa kanila ang kanilang mga dila, kamay at paa sa kanilang mga ginawa. 24:25. Sa araw na yaon, babayaran sila ni Allah ng kumpletong gantimpala at malalaman nila na si Allah ang malinaw na katotohanan.

24:26. Ang masasamang pananalita ay para sa masasamang tao at ang masasamang tao ay sa masasamang pananalita. Ang mabuting pananalita ay sa mababuting tao at ang mababuting tao ay para sa mababuting pananalita. Sila yaong inosente sa sinasabi nila. Para sa kanila ang kapatawaran at malaking biyaya.

24:27. O mga nanampalataya huwag pumasok sa bahay na hindi ninyo bahay hanggang sa makahingi kayo ng pahintulot at bumati muna ng kapayapaan sa mga nakatira rito. Yaon ay mainam para sa inyo upang kayo nawa ay mapaalalahanan. 24:28. Kung wala man kayong matagpuan dito na kahit sino ay huwag pumasok dito hanggang sa pahintulutan kayo. Kung sasabihan kayo na bumalik ay

bumalik kayo. Ito ay mas dalisay para sa inyo. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakaaalam. 24:29. Walang kasalanan para sa inyo kung kayo ay papasok sa mga bahay na walang nakatira rito bilang pakinabang sa inyo. Si Allah ay nakaaalam sa ihinahayag ninyo at ikinukubli.

24:30. Sabihin sa mga nanampalatayang lalaki na ibaba ang kanilang paningin at ingatan nila ang kanilang mga pribadong parte ng katawan. Yaon ay mas dalisay para sa kanila. Tunay na si Allah ay nakababatid sa mga ginagawa nila.

24:31. Sabihin sa mga nanampalatayang babae na ibaba ang kanilang paningin at ingatan nila ang kanilang mga pribadong parte ng katawan at huwag ipakita ang kanilang kagandahan liban na lamang sa maaaring ipakita. Magsuot sila ng belo hanggang sa kanilang mga dibdib at huwag ipakita ang kanilang kagandahan liban pa sa kanilang mga asawa, ama, ama ng asawa, anak na lalaki, anak na lalaki ng asawa, kapatid na lalaki, anak na lalaki ng kapatid na lalaki, anak na lalaki ng kapatid na babae, kapwa kababaihan, mga aliping tangan ng kanilang mga kanang kamay, kalalakihang walang kakayanang magnasa dahil sa katandaan o pagkaulyanin o mga bata na walang muwang sa katawan ng kababaihan. Huwag nilang ikalampag ang kanilang mga paa upang hindi maihayag ang itinatago nilang alahas dito. Magbalik-loob kayo kay Allah, lahat kayong mga nanampalataya upang kayo nawa ay magtagumpay. 24:32. Ikasal ninyo ang mga wala pang asawa sa inyo at ang matutuwid mula sa inyong mga lalaki at babaeng alipin. Kung sila man ay mahirap ay pagyayamanin sila ni Allah mula sa Kanyang biyaya. Si Allah ang Nakaaarok sa lahat at Nakaaalam. 24:33. Marapat na lumayo sa pakikipagtalik yaong mga hindi makapangasawa hanggang sa pagyamanin sila ni Allah mula sa Kanyang biyaya. Yaong mga aliping tangan ng inyong mga kanang kamay na nagnanais ng paglaya ay bigyan ng kontrata kapag nalaman ninyo na may kabutihan sa kanila. Magbigay sa kanila mula sa yaman

ni Allah na ibiniyaya Niya sa inyo. Huwag pilitin ang inyong mga aliping babae tungo sa prostitusyon kung nagnanais sila ng kadalisayan at kayo ay naghahangad ng panandaliang aliw sa mundo. Sinumang mapilitan ay tunay na si Allah sa pamimilit sa kanila ay Mapagpatawad at Mahabagin. 24:34. Nagbaba Kami sa inyo ng malilinaw na talata at halimbawa mula sa mga lumipas na nasyon bago pa kayo at babala sa mga may takot kay Allah.

24:35. Si Allah ang liwanag ng kalangitan at lupa. Ang halimbawa ng Kanyang liwanag ay tulad ng isang ukit sa pader na nasa loob nito ang isang lampara. Sa loob ng lampara ay salamin. Ang salamin ay tulad ng puting bituin mula sa mabiyayang langis ng puno ng oliba na hindi silangan o kanluran. Ang langis nito ay liliwanag kahit hindi dikitan ng apoy. Liwanag na sinundan ng liwanag. Ginagabayan ni Allah tungo sa Kanyang liwanag ang sinumang naisin Niya. Si Allah ay nagbibigay ng mga halimbawa para sa mga tao. Si Allah sa lahat ng bagay ay nakaaalam.

24:36. Sa mga bahay na pinahintulutan ni Allah na maitayo at mabanggit dito ang Kanyang pangalan. Lumuluwalhati sa Kanya rito sa umaga at gabi. 24:37. Ang mga tao na hindi ginagambala ng negosyo o pagtitinda mula sa pag-aalaala kay Allah at sa pagtataguyod ng obligadong pagdarasal at pagbabayad ng obligadong kawanggawa. Kinatatakutan nila ang Araw na babaligtad dito ang mga puso at mga paningin. 24:38. Upang gantimpalaan sila ni Allah sa pinakamainam nilang ginawa at dagdagan sila mula sa ibiniyaya Niya. Si Allah ay nagbibiyaya sa sinumang naisin Niya nang walang pagtutuos.

24:39. Ngunit ang mga hindi nanampalataya, ang kanilang mga gawain ay tulad ng guniguni sa patag na lupain ng disyerto na inaakala ng isang nauuhaw sa tubig na kanyang nakikita. Hanggang sa lapitan niya ito at wala siyang makikitang kahit ano. Matatagpuan

Niyang kaharap niya si Allah at ibibigay sa kanya ang laman ng kanyang talaan. Si Allah ay mabilis sa pagtutuos. 24:40. O ito ay tulad ng dilim sa dagat na malalim na tinatabunan ng alon na tinabunan ng isa pang alon at sa ibabaw nito ay ulap. Kadiliman sa ibabaw ng kadiliman. Kung iuunat niya ang kanyang kamay ay hindi niya ito makikita. Sinumang hindi binigyan ni Allah ng liwanag ay walang liwanag para sa kanya.

24:41. Hindi mo ba nakita na kay Allah lumuluwalhati ang sinumang nasa kalangitan at lupa at ang ibon na lumilipad? Lahat sila ay nakaaalam ng pagdarasal nito at pagluwalhati. Si Allah ay Nakaaalam sa anumang ginagawa nila. 24:42. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Tungo kay Allah ang pagbabalik.

24:43. Hindi mo ba nakita na si Allah ang nagpapatakbo ng mga ulap? Tinitipon Niya ito at binubuo. At makikita mo ang ulan na lalabas mula sa loob nito. Siya ay nagpapababa mula sa langit ng gabundok na ulap na nasa loob nito ang yelo na pinatatama at pinaiiwas Niya sa sinumang naisin Niya. Ang kislap ng kidlat nito ay nakabubulag sa paningin. 24:44. Pinagpapalit ni Allah ang gabi at araw. Tunay na naririto ang aral para sa mga nakakakita.

24:45. Si Allah ang lumikha ng lahat ng may buhay mula sa tubig. Kabilang sa kanila ay yaong gumagapang sa tiyan nito, yaong naglalakad sa dalawang paa at yaong naglalakad sa apat na paa. Nililikha ni Allah ang anumang naisin Niya. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 24:46. Ibinaba Namin ang mga talatang naglilinaw. Si Allah ay naggagabay sa naisin Niya tungo sa landas na matuwid.

24:47. Sinasabi ng mga nagpapanggap na Muslim, ‘Nanampalataya kami kay Allah at sa Sugo at kami ay sumunod.’ Ngunit ang isang grupo nila ay tumatalikod pagkatapos nito. Sila ay hindi mga

nanampalataya. 24:48. Kapag sila ay tinawag tungo kay Allah at sa Kanyang Sugo upang maghatol sa pagitan nila, ang isang grupo nila ay tumatalikod. 24:49. Ngunit kung ang karapatan ay para sa kanila ay tumutungo sila sa kanya nang masunurin. 24:50. Ang kanilang mga puso ba ay may sakit, o nagdududa sila, o natatakot sila na si Allah ay mang-aapi sa kanila o ang Kanyang Sugo? Bagkus sila ang mga mapang-api.

24:51. Ang salita lamang ng mga nanampalataya kapag sila ay tinawag tungo kay Allah at sa Kanyang Sugo upang maghatol sa pagitan nila ay, 'Nakinig kami at sumunod.' Sila ang mga matagumpay. 24:52. Sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo, natakot kay Allah at nangilag sa Kanya, sila ang matagumpay.

24:53. Nanumpa kay Allah ang mga nagpapanggap na Muslim sa matindi nilang panunumpa na kung uutusan mo sila ay hahayo sila. Sabihin, 'Huwag kayong manumpa. Ito ay pagsunod na hayag. Tunay na si Allah ay nakababatid sa inyong mga ginagawa.' 24:54. Sabihin, 'Sundin ninyo si Allah at sundin ninyo ang Sugo.' Ngunit kung kayo ay tatalikod ay pananagutan niya ang sa kanya lamang at pananagutan ninyo ang sa inyo lamang. Kung susunod kayo sa kanya ay nagabayan kayo. Walang pananagutan ang sugo liban pa sa pagpapabatid na malinaw.

24:55. Nangako si Allah sa mga nanampalataya na kabilang sa inyo at gumawa ng kabutihan na sila ang pagmamanahin Niya sa lupa. Tulad ng pagpapamana Niya sa mga nauna sa kanila at itataguyod Niya para sa kanila ang kanilang relihiyon na pinili Niya para sa kanila at papalitan Niya para sa kanila ang takot ng kapanatagan. Dahil sila ay sumasamba sa Akin at hindi nagtatambal sa Akin ng anuman. Sinumang hindi manampalataya pagkatapos nito ay sila yaong mga suwail.

24:56. Itaguyod ang obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa at sumunod sa Sugo upang kayo nawa ay kahabagan. 24:57. Huwag isipin ng mga hindi nanampalataya na sila ay magdudulot ng kabiguan kay Allah sa lupa. Ang tahanan nila ay ang Impiyerno at napakasamang hantungan nito.

24:58. O mga nanampalataya, marapat na humingi ng pahintulot sa inyo ang mga aliping tangan ng inyong mga kanang kamay at yaong hindi pa nakarating sa hustong edad ng tatlong ulit bago sila pumasok sa inyong mga silid. Bago ang oras ng obligadong pagdarasal sa pagsisimula ng pagsikat ng araw kapag itinabi ninyo ang inyong mga damit at sa tanghali at pagkatapos ng obligadong pagdarasal sa gabi'. Ito ay tatlong oras na pribado sa inyo. Wala kayong kasalanan o sila sa iba pang oras. Sila ay patuloy na kumikilos kasama kayo at ang iba. Ganito nililinaw ni Allah sa inyo ang Kanyang mga talata. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 24:59. Kapag dumating na sa hustong edad ang mga bata ay marapat na humingi na sila ng pahintulot tulad ng kung paanong humihingi ng pahintulot ang mga nauna sa kanila. Ganito nililinaw ni Allah para sa inyo ang Kanyang mga talata. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 24:60. Ang mga babaeng hindi na nagkakaroon ng buwanang-dalaw na wala nang pagnanasang mag-asawa o lampas na sa edad ng pag-aasawa ay walang kasalanan para sa kanila kung aalisin nila ang panlabas nilang damit nang hindi napapalamutian. Ngunit ang maging marangal ay mas mainam para sa kanila. Si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam.

24:61. Walang kasalanan para sa isang bulag o sa isang inutil o sa siyang maysakit o sa inyong mga sarili kung kayo ay kakain sa inyong mga bahay o sa bahay ng inyong mga ama, ina, kapatid na lalaki o babae o kapatid na lalaki o babae ng inyong mga ama o kapatid na lalaki o babae ng inyong mga ina, o bahay na ipinagkatiwala sa inyo o bahay ng kaibigan. Hindi ipinagbabawal na kumain

kayo nang magkakasama o magkakahiwalay. Ngunit kapag kayo ay pumasok sa mga bahay ay bumati ng kapayapaan sa isat isa, isang pagbati mula kay Allah na mabiyaya at mabuti. Ganito nililinaw ni Allah sa inyo ang mga talata upang kayo nawa ay makaunawa.

24:62. Ang mga nanampalataya ay yaon lamang mga nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo. Kung sila ay makikipagtipon sa kanya sa isang bagay na may kinalaman sa pangkalahatang mga bagay para sa kapakanan ng mga Muslim ay hindi sila umaalis hanggang sa sila ay makapagpaalam. Tunay na yaong mga humingi ng iyong pahintulot O Muhammad ay silang mga nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo. Kaya kung sila ay hihingi ng pahintulot sa ilan sa kanilang mga gawain ay pahintulutan mo ang nais mo sa kanila at humingi ng tawad kay Allah para sa kanila. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

24:63. Huwag ninyong tawagin ang Sugo tulad ng pagtawag ninyo sa isat isa. Nalaman na ni Allah ang mga tumatakas nang palihim sa inyo. Kaya mangilag yaong mga sumusuway sa utos ng Sugo o darating sa kanila ang pagsubok o masakit na parusa. 24:64. Tunay na kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Nalaman na Niya ang kalagayan ninyo. At sa Araw na kayo ay magbabalik sa Kanya ay ipababatid Niya sa kanila ang kanilang mga ginawa. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

25. SURATUL FURQAN (ANG PAMANTAYAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

25:1. Luwalhati kay Allah na nagbaba ng Pamantayan sa Kanyang alipin upang maging tagapagbabala sa mga nilikha. 25:2. Siyang sa Kanya ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa at hindi nagkaanak at walang katambal sa paghahari na lumikha sa lahat ng bagay at nagtakda rito ng ganap na pagtatakda. 25:3. Sila ay kumuha ng iba

pang diyos liban sa Kanya na walang nilikhang anuman habang sila ay nilikha lamang. Wala silang taglay para sa kanilang mga sarili na pinsala o kabutihan o kapangyarihang magdulot ng kamatayan, buhay o pagkabuhay-muli.

25:4. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Ang Quran na ito ay hindi hihigit pa sa kasinungalingan na inimbento niya at tumulong sa kanya ang ibang tao rito.' Sila ay nang-api at nag-imbento ng kasinungalingan. 25:5. Sinabi nila, 'Ito ay mga alamat ng naunang mga tao na isinulat niya habang idinidikta sa kanya sa araw at hapon.' 25:6. Sabihin, 'Ito ay ipinahayag ng Siyang nakaaalam ng lihim sa kalangitan at lupa. Tunay na Siya ay Mapagpatawad at Mahabagin.'

25:7. Sinabi nila, 'Ano ang mayroon sa sugong ito na kumakain ng pagkain at naglalakad sa mga palengke? Bakit hindi ibinaba kasama niya ang isang anghel na magiging kasama niyang magbabala? 25:8. O bakit hindi siya binigyan ng kayamanan o hardin na mula rito ay kakain siya?' Sinabi ng mga makasalanan, 'Ang sinusunod ninyo ay taong nakulam.' 25:9. Tingnan mo kung paano silang naghahalintulad sa iyo O Muhammad kaya sila ay naligaw at hindi makakita ng daan.

25:10. Luwalhati sa Kanya na kung nanaisin Niya ay gumawa Siya ng mas mainam pa rito, mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at gagawan ka ng mga palasyo. 25:11. Ngunit sila ay nagpasinungaling sa Oras. Kami ay naghanda para sa mga tumanggi sa Oras ng apoy na nagliliyab. 25:12. Kapag nakita sila ng Apoy mula sa malayo ay maririnig nila ito na nagngangalit at sumisigaw. 25:13. Kapag sila ay ihinagis sa isang makitid na lugar na nakagapos ay hihiling sila ng pagkawasak. 25:14. Sasabihin sa kanila, 'Huwag kayong humiling sa Araw na ito ng isang pagkawasak bagkus ay humiling kayo ng maraming pagkawasak.' 25:15. Sabihin, 'Yaon ba ay mas mabuti o ang hardin na panghabang-panahon na ipinangako

sa matutuwid? Ito para sa kanila ay gantimpala at hantungan. 25:16. Para sa kanila rito ang anumang naisin nila habang-panahon na sa iyong Panginoon ay pangakong dapat hilingin.

25:17. Banggitin ang Araw na Siya ay magtitipon sa kanila at sa mga sinamba nila liban kay Allah at sasabihin, 'Iniligaw ba ninyo ang Aking mga alipin o sila mismo ang naligaw mula sa landas?' 25:18. Sasabihin nila, 'Luwalhati sa Iyo. Hindi marapat para sa amin ang kumuha liban pa sa Iyo ng mga kakampi. Ngunit pinaginhawaan Mo sila at ang kanilang mga ninuno hanggang sa makalimutan nila ang mensahe at sila ay nawasak.' 25:19. Pasisinungalingan nila kayong mga hindi nanampalataya sa inyong mga sinasabi at hindi ninyo magagawang umiwas o magtagumpay sa parusa. Sinuman sa inyo ang mang-api ay patitikimin Namin ng malaking parusa.

25:20. Wala Kaming ipinadala na nauna sa iyo na mga sugo liban na lamang na sila ay kumakain ng pagkain at naglalakad sa mga palengke. Ginawa Namin kayong pagsubok sa isat isa, kaya magtitiis ba kayo? Ang iyong Panginoon ay Nakakakita.

25:21. Sinabi ng mga hindi naghahangad sa pagtatagpo Namin, 'Bakit hindi ipinadala sa amin ang mga anghel o ipinakita ang aming Panginoon?' Sila ay nagmalaki sa kanilang mga sarili at nagyabang ng matinding pagyayabang. 25:22. Sa araw na makikita nila ang mga anghel na hiniling nilang makita ngunit ang mga ito ay walang magandang balita sa araw na ito para sa mga makasalanan at ang mga anghel ay magsasabi, 'Pinigilan at pinalibutan kayo mula sa pagpasok ninyo sa Paraiso.' 25:23. Titingnan Namin ang kanilang mga ginawa at gagawin Namin itong alikabok na nagkalat. 25:24. Ang mga mananahan sa Paraiso sa araw na yaon ay nasa magandang tirahan at pahingahan.

25:25. Banggitin ang araw na pupunitin ang langit sa pamamagitan ng mga ulap at ang mga anghel ay sunud-sunod na bababa. 25:26. Ang tunay na paghahari sa araw na yaon ay para sa Maawain. Ito ay mahirap na araw para sa mga hindi nanampalataya. 25:27. Sa araw na kakagat ang makasalanan sa dalawa niyang kamay at magsasabing, 'Kung sumunod lamang sana ako sa Sugo. 25:28. Kapahamakan sa akin. Kung hindi ko lamang itinuring si Pulano bilang kaibigan. 25:29. Iniligaw niya ako mula sa pag-aalaala matapos na dumating ito sa akin. Si Satanas sa tao ay palaging mapang-iwan.' 25:30. Sinabi ng Sugo, 'Panginoon ko, tunay na ang aking nasyon ay tumalikod sa Quran na ito.' 25:31. Ganoon nga ay nagbigay Kami sa lahat ng propeta ng kalaban mula sa mga makasalanan. Sapat na ang iyong Panginoon bilang gabay at tagatulong.

25:32. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Bakit hindi ibinaba sa kanya ang Quran nang minsanan lamang?' Ito ay upang patatagin Namin sa pamamagitan nito ang iyong puso. At ipinabasa ito sa tamang pagitan. 25:33. Hindi sila nagbibigay sa iyo ng halimbawa o katwiran liban na lamang na ibinigay Namin sa iyo ang katotohanan at pinakamainam na paliwanag. 25:34. Silang mga titipunin sa kanilang mga mukha sa Impiyerno ay silang nasa pinakamasamang posisyon at pinakaligaw sa landas.

25:35. Ibinigay Namin kay Moises ang Aklat at ginawa Naming kasama niya ang kanyang kapatid na si Aaron bilang katulong. 25:36. Sinabi Namin, 'Tumungo kayong dalawa tungo sa mga tao na nagpasinungaling sa Aming mga tanda.' At winasak Namin sila ng kumpletong pagkawasak. 25:37. Ang nasyon ni Noah nang pinasinungalingan nila ang mga sugo ay nilunod Namin sila at ginawa Namin sila para sa mga tao bilang tanda. Inihanda Namin para sa mga makasalanan ang parusang masakit. 25:38. Sa 'Ad, Thamud, As'habur Rass at marami pang henerasyon sa pagitan nila. 25:39. Sa lahat ay nagbigay Kami ng halimbawa. Lahat ay winasak

Namin nang kumpletong pagkawasak. 25:40. Ang mga hindi nanampalataya na taga-Makkah ay dumaraan sa bayan ng nasyon ni Lot na pinaulanan ng kasamaan. Kaya hindi ba nila ito nakita? Ngunit hindi sila naghahangad sa pagkabuhay-muli.

25:41. At tuwinang nakikita ka nila O Muhammad, ay pinagtatawanan ka nila at nagsasabing, 'Ito ba ang ipinadala ni Allah bilang Sugo? 25:42. Halos mailigaw niya kami mula sa aming mga diyos kung hindi lamang kami naging matatag sa pagsamba sa kanila.' Malalaman nila kapag nakita nila ang parusa para sa naligaw sa landas.

25:43. Nakita mo ba yaong nagturing na diyos sa kanyang pagnanasa? Ikaw ba ang mananagot sa kanya? 25:44. Iniisip mo ba na ang karamihan sa kanila ay makikinig o mag-iisip? Sila ay tulad ng pinapastol na hayop ngunit sila ay mas ligaw pa sa landas.

25:45. Hindi mo ba nakita ang iyong Panginoon kung paano Niya pinahaba ang anino na kung nanaisin Niya ay pinahinto Niya ito? At ginawa Namin ang araw bilang tanda nito. 25:46. At hinawakan Namin ito nang maikling paghawak. 25:47. Siya ang nagdulot para sa inyo na ang gabi ay maging damit at ang pagtulog bilang pahinga at ginawa ang araw bilang pagkabuhay-muli. 25:48. Siya ang nagpadala ng hangin bilang magandang balita ng Kanyang habag. At nagpababa Kami sa inyo mula sa langit ng tubig na dalisay. 25:49. Upang buhayin Naming muli ang lupang patay at painumin mula sa nilikha Namin ang maraming pinapastol na hayop at mga tao.

25:50. Ito ay ibinahagi Namin sa kanila upang sila ay mapaalalahanan ngunit tumanggi ang karamihan sa mga tao at hindi nanampalataya. 25:51. Kung ninais lamang Namin ay nagpadala Kami sa bawat bayan ng tagapagbabala. 25:52. Kaya huwag mong sundin ang mga hindi nanampalataya at magsumikap laban sa kanila ng matinding pagsusumikap.

25:53. Siya ang nagpadaloy sa dalawang dagat, ang isa ay sariwa at matamis at ang isa naman ay maalat at mapait. Ginawa Niya sa pagitan nila ang hangganan at harang na naghihiwalay. 25:54. Siya ang lumikha mula sa tubig ng tao at ginawa silang magkakamag-anak sa salinlahi at pag-aasawa. Ang iyong Panginoon ay may kakayanan.

25:55. Sila ay sumasamba sa iba pa liban kay Allah na hindi magdudulot ng pakinabang o pinsala sa kanila. Ang hindi nanampalataya sa kanyang Panginoon ay tagatulong ni Satanas. 25:56. Hindi ka Namin isinugo liban na lamang bilang tagapagbalita at tagapagbabala. 25:57. Sabihin, 'Hindi ako humihingi sa inyo ng bayad liban na lamang sa sinumang magnais na sa kanyang Panginoon ay magkaroon ng daan.'

25:58. Manalig sa Buhay na hindi namamatay at magluwalhati sa pagpuri sa Kanya. Sapat Siya para sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin bilang Siyang nakababatid. 25:59. Siyang lumikha ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila sa anim na araw at lumuklok sa trono. Ang Maawain, magtanong ka tungkol sa Kanya sa isang nakaaalam. 25:60. Kapag sinabi sa kanila na magpatirapa sa Maawain ay sinasabi nila, 'Ano ang Maawain? Magpapatirapa ba kami sa iniutos mo sa amin?' At ito ay nagdaragdag sa kanila sa pagtakwil.

25:61. Luwalhati sa Kanya na naglagay sa langit ng mga bituin at naglagay dito ng ilaw at maliwanag na buwan. 25:62. Siya ang nagdulot na ang gabi at araw ay magpalitan para sa sinumang magnais na umalala o magpasalamat.

25:63. Ang mga alipin ng Maawain ay silang mga naglalakad sa lupa nang malumanay. Tuwinang kinakausap sila ng mga mangmang ay nagsasabi sila ng kapayapaan. 25:64. Yaong mga naggugugol ng gabi para sa kanilang Panginoon na nagpapatirapa at nakatayo.

25:65. Yaong mga nagsasabi, ‘Aming Panginoon ilayo Mo kami sa parusa sa Impiyerno. Tunay na ang parusa nito ay nagtatagal.’ 25:66. Tunay na ito ay masamang hantungan at tirahan. 25:67. Silang kapag nagtustos ay hindi nagmamalabis o nagkukulang ngunit katamtaman. 25:68. Silang hindi nananalangin sa iba pang diyos bilang kasama ni Allah at hindi pumapatay ng tao na ipinagbawal ni Allah liban na lamang sa katarungan at silang hindi nakikiapid. Sinumang gumawa nito ay maparurusahan. 25:69. Dodoblehin para sa kanya ang parusa sa Araw ng Paghuhukom at mananatili rito sa kahihiyan. 25:70. Liban na lamang sa nagbalik-loob, nanampalataya at gumawa ng mabuti. Sila yaong papalitan ni Allah ang kanilang kasamaan ng kabutihan. Si Allah ay mapagpatawad at Mahabagin. 25:71. Sinumang magbalik-loob at gumawa ng kabutihan ay tunay na siya ay patatawarin ni Allah ng ganap na pagpapatawad.

25:72. Silang mga hindi sumasaksi sa maling pananalita at kapag nadaan sila rito ay lumilisan nang may karangalan. 25:73. Silang kapag pinaalalahanan sa mga talata ng kanilang Panginoon ay hindi nagbibingi-bingihan o nagbubulag-bulagan. 25:74. Silang mga nagsasabi, ‘Aming Panginoon, bigyan Mo kami mula sa aming mga asawa at anak ng ligaya sa aming mga mata at gawin Mo kaming mabuting halimbawa sa matutuwid.’

25:75. Sila ang gagantimpalaan ng magagarang silid dahil sa kanilang pagtitiis at sasalubungin dito ng pagbati at kapayapaan. 25:76. Mananahan dito habang-panahon. Mainam na hantungan at tirahan. 25:77. Sabihin, ‘Ano ang pakialam ng aking Panginoon sa inyo kung hindi lamang dahil sa panalangin ninyo?’ Kayong mga hindi nanampalataya ay nagpasinungaling at ang inyong pagtanggi ay mananatili.

26. SURATUSH SHU'ARA' (ANG MGA MAKATA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

26:1. Ta' Sin Mim.

26:2. Ito ang mga talata ng Aklat na malinaw. 26:3. Maaring papatayin mo ang iyong sarili sa kalungkutan kung sila ay hindi mananampalataya. 26:4. Kung naisin Namin ay ibinaba Namin sa kanila mula sa langit ang tanda na magpapayuko sa kanilang mga leeg sa pagpapakumbaba. 26:5. Walang darating sa kanila na bagong kapahayagan mula sa Maawain liban na lamang na sila rito ay tumatalikod. 26:6. Tumanggi na sila at darating sa kanila ang balita tungkol sa kanilang pinagtatawanan.

26:7. Hindi ba sila tumingin sa lupa kung ilan ang pinatubo Namin dito mula sa ibat ibang mararangal na uri. 26:8. Tunay na naririto ang tanda at ang karamihan sa kanila ay hindi nananampalataya. 26:9. Tunay na ang iyong Panginoon ay ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

26:10. Banggitin nang tinawag ng iyong Panginoon si Moises, 'Tumungo ka sa mga taong mapang-api. 26:11. Ang nasyon ni Paraon at sabihin sa kanila kung hindi ba sila matatakot.' 26:12. Sinabi ni Moises, 'Aking Panginoon tunay na kinatatakutan ko na pasisinungalingan nila ako. 26:13.At manikip ang aking dibdib at hindi makapangusap ang aking dila kaya magpadala ka patungo kay Aaron. 26:14. Sa kanila ay mayroon akong kasalanan at natatakot ako na patayin nila ako.'

26:15. Sinabi ni Allah, 'Hindi. Humayo kayong dalawa dala ang Aming mga tanda. Tunay na Kami ay kapiling ninyo na nakikinig. 26:16. Tumungo kayo kay Paraon at sabihin ninyong

dalawa, ‘Tunay na kami ang sugo ng Panginoon ng mga nilikha. 26:17. Pasamahin mo sa amin ang Angkan ng Israel.’’ 26:18. Sinabi ni Paraon, ‘Hindi ka ba namin pinalaki nang ikaw ay bata pa at tumira ka kasama namin ng ilang taon sa iyong buhay? 26:19. At ginawa mo ang ginawa mo at kabilang ka sa mga hindi mapagpasalamat.’

26:20. Sinabi ni Moises, ‘Ginawa ko yaon nang ako ay kabilang pa sa mga ligaw. 26:21. Kaya ako ay tumakas sa inyo nang natakot ako sa inyo at ako ay pinagkalooban ng aking Panginoon ng kaalaman at ginawa Niya akong kabilang sa mga sugo. 26:22. Ito ba ang biyaya na isinusumbat mo sa akin, ang alipinin mo ang Angkan ng Israel?’ 26:23. Sinabi ni Paraon, ‘Ano ang Panginoon ng mga nilikha?’ 26:24. Sinabi niya, ‘Ang Panginoon ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito, kung kayo ay maniniwala.’ 26:25. Sinabi ni Paraon sa mga kasama niya, ‘Hindi ba kayo nakikinig?’ 26:26. Sinabi ni Moises, ‘Ang Panginoon ninyo at ng mga ninuno ninyo na nauna.’ 26:27. Sinabi ni Paraon, ‘Tunay na ang Sugo na ipinadala sa inyo ay baliw.’ 26:28. Sinabi ni Moises, ‘Ang Panginoon ng Silangan at Kanluran at anumang nasa pagitan nito. Kung kayo ay nag-iisip.’ 26:29. Sinabi ni Paraon, ‘Kung ikaw ay kukuha ng iba pang diyos liban sa akin ay ipakukulong kita.’ 26:30. Sinabi ni Moises, ‘Kahit pa bigyan kita ng patunay na malinaw?’ 26:31. Sinabi ni Paraon, ‘Ipakita mo ito kung ikaw ay makatotohanan.’ 26:32. Kaya ihinagis niya ang kanyang tungkod at ito ay naging ahas na malinaw. 26:33. Inilabas niya ang kanyang kamay at ito ay puti sa nakakakita. 26:34. Sinabi ni Paraon sa kanyang kapulungan na kasama niya, ‘Tunay na ito ay isang salamangkerong maalam. 26:35. Nais niyang palayasin kayo sa inyong lupa sa pamamagitan ng kanyang salamangka, kaya ano ang inyong payo?’

26:36. Sinabi nila, ‘Ipagpaliban ito sa kanya at kanyang kapatid at magpadala ka sa mga bayan ng mga tagatipon. 26:37. Na magdadala

sa iyo ng lahat ng salamangkerong maalam.' 26:38. Kaya tinipon ang mga salamangkero sa tagpuan sa nakikilalang araw. 26:39. Sinabi sa mga tao, 'Magtitipon ba kayo? 26:40. Upang sundan natin ang mga salamangkero kung sila ay magtatagumpay.' 26:41. Nang dumating ang mga salamangkero ay sinabi nila kay Paraon, 'Tunay ba na para sa amin ang gantimpala kung kami ay magwawagi?' 26:42. Sinabi niya, 'Oo, at tunay na kayo ay magiging malalapit sa akin.'

26:43. Sinabi ni Moises, 'Ihagis ninyo ang ihahagis ninyo.' 26:44. Kaya itinapon nila ang kanilang mga lubid at mga tungkod at sinabi, 'Sa karangalan ni Paraon, tunay na kami ang magwawagi.'26:45. Ihinagis ni Moises ang kanyang tungkod at kinain nito ang pineke nila. 26:46. Kaya ang mga salamangkero ay nagpatirapa. 26:47. Sinabi nila, 'Nananampalataya na kami sa Panginoon ng mga nilikha. 26:48. Ang Panginoon nina Moises at Aaron.'

26:49. Sinabi ni Paraon, 'Nanampalataya kayo sa kanya bago pa ako nagpahintulot sa inyo? Tunay na siya ay ang pinuno ninyo na nagturo sa inyo ng salamangka at tiyak na malalaman ninyo. Tiyak na puputulin ko ang inyong mga kamay at paa na magkasalungat at ipapako ko kayong lahat.' 26:50. Sinabi nila, 'Walang pinsala ito. Tunay na kami sa aming Panginoon ay magbabalik. 26:51. Tunay na hinahangad namin na patawarin ng aming Panginoon ang aming mga kasalanan dahil kami ay kabilang sa mga naunang nanampalataya.'

26:52. Ipinahayag Namin kay Moises, 'Humayo ka sa gabi kasama ang Aking mga alipin. Tunay na kayo ay susundan.' 26:53. Si Paraon ay nagpadala sa mga lungsod ng mga tagatipon. 26:54. Sinabi niya, 'Tunay na sila ay maliit na grupo lamang. 26:55. At tunay na sila ay gumagalit sa atin. 26:56. Tunay na tayo ay lipunang maingat.' 26:57. Kaya inalis Namin sila mula sa mga hardin at mga bukal. 26:58. At mga kayamanan at matataas na antas. 26:59. Sa ganitong paraan ay pinamana Namin ito sa Angkan ng Israel.

26:60. Kaya hinabol nila sila sa bukang-liwayway. 26:61. Nang nakita ng dalawang grupo ang isat isa ay sinabi ng mga kasama ni Moises, ‘Tunay na tayo ay maaabutan.’ 26:62. Sinabi ni Moises, ‘Hindi. Tunay na kasama ko ang aking Panginoon at gagabayan Niya ako.’ 26:63. Ipinahayag Namin kay Moises, ‘Hampasin mo ng tungkod mo ang dagat.’ At ito ay nahati ito sa labindalawang bahagi na ang bawat bahagi ay parang bundok na mataas. 26:64. Pinalapit Namin dito ang humahabol. 26:65. Iniligtas Namin si Moises at ang kanyang mga kasama lahat-lahat. 26:66. At nilunod Namin ang mga humahabol. 26:67. Tunay na naririto ang tanda ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nanampalataya. 26:68. Tunay na ang iyong Panginoon ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

26:69. Basahin mo sa kanila ang balita tungkol kay Abraham. 26:70. Nang sinabi niya sa kanyang ama at kanyang nasyon, ‘Ano ang inyong sinasamba?’ 26:71. Sinabi nila, ‘Sinasamba namin ang mga rebulto at kami ay taimtim dito.’ 26:72. Sinabi niya, ‘Nariririg ba nila kayo kapag kayo ay nagdarasal? 26:73. Nagbibigay ba sila ng pakinabang o pinsala sa inyo?’ 26:74. Sinabi nila, ‘Natagpuan Namin ang aming mga ninuno na gumagawa nito.’

26:75. Sinabi niya, ‘Nakikita ba ninyo ang sinasamba ninyo? 26:76. Kayo at ang mga ninuno ninyong nauna. 26:77. Tunay na sila ay kalaban ko liban pa sa Panginoon ng mga nilikha. 26:78. Na lumikha sa akin at naggabay sa akin. 26:79. Siyang nagpapakain sa akin at nagpapainom. 26:80. Kapag ako ay may sakit ay nagpapagaling sa akin. 26:81. Ang babawi sa aking buhay at bubuhay sa aking muli. 26:82. Ang inaasahan ko na magpapatawad sa aking mga kasalanan sa Araw ng Paghuhukom.’

26:83. Sinabi ni Abraham, ‘Panginoon ko, biyayaan Mo ako ng pamumuno at ibilang Mo ako sa matutuwid. 26:84. Bigyan Mo ako ng reputasyon sa susunod na henerasyon. 26:85. Gawin Mo akong

kabilang sa mga magmamana ng Hardin ng Ligaya. 26:86. Patawarin Mo ang aking ama. Tunay na siya ay kabilang sa mga naligaw. 26:87. Huwag Mo akong ipahiya sa Araw na sila ay bubuhaying-muli. 26:88. Sa Araw na hindi magdudulot ng pakinabang ang pera at mga anak. 26:89. Liban na lamang sa siyang dumating kay Allah na may pusong dalisay.

26:90. At ilalapit ang Paraiso sa matutuwid. 26:91. At ang Impiyerno ay ilalapit sa mga naligaw.' 26:92. Sasabihin sa kanila, 'Nasaan ang mga dati ninyong sinasamba? 26:93. Liban kay Allah? Matutulungan ba nila kayo o ang sarili nila?' 26:94. Kaya sila ay itatapon sa Impiyerno, sila at ang mga nangligaw. 26:95. At ang mga sundalo ni Satanas lahat-lahat. 26:96. Sasabihin nila habang nagtatalo sila rito. 26:97. 'Sumpa kay Allah, kami ay nasa malinaw na pagkakamali. 26:98. Nang ipinantay namin kayo sa Panginoon ng mga nilikha. 26:99. Walang nagligaw sa amin liban pa sa mga makasalanan. 26:100. Kaya wala kaming tagapamagitan.

26:101. O matalik na kaibigan. 26:102. Kung para sa amin ay mayroon lamang pagkakataon, kami ay tiyak na naging mananam-palataya.' 26:103. Tunay na naririto ang tanda ngunit karamihan sa kanila ay hindi maniniwala. 26:104. Tunay na ang iyong Panginoon ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

26:105. Nagpasinungaling ang nasyon ni Noah sa mga sugo.

26:106. Nang sinabi sa kanila ng kapatid nila na si Noah, 'Hindi ba kayo natatakot? 26:107. Tunay na ako sa inyo ay sugong mapagkaka-tiwalaan. 26:108. Katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako. 26:109. Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng kapalit. Ang gantimpala ko ay nasa Panginoon ng mga nilikha. 26:110. Kaya katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako.' 26:111. Sinabi nila, 'Maniniwala ba kami sa iyo samantalang ang mga tagasunod mo ay

mahihina?' 26:112. Sinabi niya, 'Ano ang nalalaman ko sa kanilang mga ginawa? 26:113. Ang pagtutuos sa kanila ay sa aking Panginoon lamang kung nararamdaman lamang ninyo ito.26:114. At ako ay hindi magtataboy sa mga nanampalataya. 26:115. Ako ay malinaw na tagapagbabala lamang.' 26:116. Sinabi nila, 'Kung hindi ka titigil O Noah, ay magiging kabilang ka sa mga babatuhin.' 26:117. Sinabi niya, 'Panginoon ko, tunay na ang aking nasyon ay nagpasinungaling sa akin. 26:118. Kaya maghatol Ka sa pagitan ko at pagitan nila ng paghahatol at iligtas ako at ang mga kasama ko na kabilang sa mga nanampalataya.' 26:119. Kaya iniligtas Namin siya at ang mga kasama niya sa Arkong may lulan. 26:120. At nilunod Namin ang mga natira. 26:121. Tunay na naririto ang tanda at ang karamihan sa kanila ay hindi nanampalataya. 26:122. Tunay na ang iyong Panginoon ay ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

26:123. Pinasinungalingan ng 'Ad ang mga sugo. 26:124. Nang sinabi ng kapatid nila na si Hud, 'Hindi ba kayo natatakot? 26:125. Tunay na ako sa inyo ay sugo na mapagkakatiwalaan. 26:126. Kaya katakutan ninyo si Allah at sundin ako. 26:127. Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng kapalit. Ang aking gantimpala ay sa Panginoon ng mga nilikha. 26:128. Bumubuo ba kayo sa bawat mataas na lugar ng tanda upang libangin ang inyong mga sarili. 26:129. At kumuha kayo para sa inyong mga sarili ng mga palasyo upang kayo nawa ay tumira rito habang-panahon? 26:130. Kapag nagparusa kayo ay nagpaparusa kayo nang malupit. 26:131. Katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako. 26:132. Katakutan ninyo ang Siyang nagbiyaya sa inyo ng mga nalalaman ninyo. 26:133. Nagbiyaya sa inyo ng mga pinapastol na hayop at anak. 26:134. Mga hardin at bukal. 26:135. Tunay na natatakot ako para sa inyo sa pagdating ng parusa sa dakilang Araw.'

26:136. Sinabi nila, 'Pareho lamang sa amin kung ikaw ay magpapayo o kahit hindi ka pa kabilang sa mga tagapayo. 26:137. Ito ay

nakagawian lamang ng mga nauna. 26:138. At kami ay hindi maparurusahan.' 26:139. Pinasinungalingan nila siya kaya winasak Namin sila. Tunay na naririto ang tanda at ang karamihan sa kanila ay hindi naniwala. 26:140. Tunay na ang iyong Panginoon ay ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

26:141. Nagpasinungaling ang Thamud sa mga sugo. 26:142. Nang sinabi sa kanila ng kanilang kapatid na si Saleh, 'Hindi ba kayo natatakot? 26:143. Tunay na ako para sa inyo ay sugong mapagkakatiwalaan. 26:144. Kaya katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako.

26:145. Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng kapalit. Ang aking gantimpala ay mula sa Panginoon ng mga nilikha. 26:146. Kayo ba ay maiiwan sa anumang naririto na ligtas na hindi mamamatay o maparurusahan?? 26:147. Sa mga hardin at mga bukal. 26:148. At mga bukirin at mga puno ng datiles na namumunga? 26:149. At kayo ay nag-uukit sa kabundukan ng mga bahay nang may kahusayan. 26:150. Kaya katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako. 26:151. At huwag ninyong sundin ang utos ng mga suwail. 26:152. Silang mga naghahasik ng kasiraan sa lupa at hindi nagsasaayos. 26:153. Sinabi nila, 'Tunay na ikaw ay kabilang sa mga nakulam lamang. 26:154. Ikaw ay hindi hihigit sa tao lamang na tulad namin kaya magbigay ka ng tanda kung ikaw ay makatotohanan.' 26:155. Sinabi niya, 'Naririto ang babaeng kamelyo at para sa kanya ang inumin at para sa inyo ang inumin sa tukoy na araw. 26:156. Huwag ninyo ito sasaktan o parurusahan kayo sa matinding araw.' 26:157. Ngunit tinaga nila ito at sila ay nagsisi.26:158. Dumating sa kanila ang parusa. Tunay na naririto ang tanda. At ang karamihan sa kanila ay hindi naniwala. 26:159. Tunay na ang iyong Panginoon ay ang Makapangyarihan at ang Mahabagin. 26:160. Ang nasyon ni Lot ay nagpasinungaling sa mga sugo. 26:161. Nang sinabi ng kanilang kapatid na si Lot, 'Hindi ba kayo natatakot? 26:162. Tunay na ako sa inyo ay sugong mapagkakatiwalaan. 26:163. Kaya katakutan ninyo si

Allah at sundin ninyo ako. 26:164. Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng kapalit. Ang aking gantimpala ay sa Panginoon ng mga nilikha. 26:165. Nagnanasa ba kayo sa kalalakihan sa mundo? 26:166. At iniiwan ninyo ang nilikha ng inyong Panginoon para sa inyo bilang mga asawa na kapares ninyo? Kayo ay mga taong suwail.' 26:167. Sinabi nila, 'Kung hindi ka titigil O Lot, ay kabilang ka sa mga palalayasin.' 26:168. Sinabi niya, 'Tunay na ako sa inyong mga gawain ay namumuhi. 26:169. Panginoon ko, iligtas Mo ako at ang aking pamilya mula sa gawain nila.'26:170. Kaya iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya lahat-lahat. 26:171. Liban na lamang sa matandang babae na kanyang asawa na kabilang sa mga naiwan. 26:172. Winasak Namin ang iba. 26:173. Nagpaulan Kami sa kanila ng ulan at napakasamang ulan nito para sa mga binabalaan. 26:174. Tunay na naririto ang tanda ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi naniwala. 26:175. Tunay na ang iyong Panginoon an Makapangyarihan at ang Mahabagin. 26:176. Nagpasinungaling ang As'habul Aykah sa mga sugo. 26:177. Nang sinabi sa kanila ni Shu'aib, 'Hindi ba kayo natatakot? 26:178. Tunay na ako para sa inyo ay sugo na mapagkakatiwalaan. 26:179. Kaya katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako. 26:180. Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng kapalit. Ang aking gantimpala ay sa Panginoon ng mga nilikha. 26:181. Ibigay ninyo ang hustong timbang at huwag mabilang sa mga mandaraya. 26:182. Magtimbang kayo ng makatarungang timbang. 26:183. Huwag ipagkait sa tao ang para sa kanila at huwag maghasik ng kasamaan sa lupa. 26:184. Katakutan ninyo ang Siyang lumikha sa inyo at mga nauna pang henerasyon.' 26:185. Sinabi nila, 'Ikaw ay kabilang sa mga nakulam lamang.' 26:186. Ikaw ay hindi hihigit pa sa tao na tulad namin at iniisip namin na ikaw ay kabilang sa mga sinungaling. 26:187. Kaya ibagsak mo sa amin ang mga piraso ng langit kung ikaw ay makatotohanan.' 26:188. Sinabi niya, 'Ang Panginoon ko ay pinakanakaalam sa ginagawa ninyo.' 26:189. Kaya pinasinungalingan nila siya at pinarusahan sila sa Araw ng Itim na Ulap. Tunay na ito ang parusa sa

nakatatakot na araw. 26:190. Tunay na naririto ang tanda ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi naniwala. 26:191. Tunay na ang iyong Panginoon ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

26:192. Tunay na ito ay kapahayagan mula sa Panginoon ng mga nilikha. 26:193. Dinala ito ng Mapagkakatiwalaang Espiritu na si Anghel Gabriel. 26:194. Sa iyong puso O Muhammad, upang ikaw ay mapabilang sa mga tagapagbabala. 26:195. Sa wikang Arabic na malinaw. 26:196. Tunay na ito ay nabanggit sa mga kasulatan ng mga nauna. 26:197. Hindi ba ito naging tanda na kinilala ng mga pantas ng Angkan ng Israel?

26:198. Kahit pa ipahayag Namin ito sa ilang mga dayuhan. 26:199. At ito ay binasa niya sa kanila ay hindi sila maniniwala rito. 26:200. Ganito Namin ito ipinasok sa puso ng mga makasalanan. 26:201. Hindi nila ito paniniwalaan hanggang sa makita nila ang masakit na parusa. 26:202. Ito ay darating sa kanila nang biglaan nang hindi nila nararamdaman. 26:203. At sasabihin nila, 'Maaari ba kaming mapalugitan?'

26:204. Hindi ba't naiinip sila sa aming parusa? 26:205. Nakita mo ba kung pinalugitan Namin sila ng ilang taon. 26:206. At dumating sa kanila yaong ipinangako sa kanila. 26:207. Walang pakinabang sa kanila ang nagpapaligaya sa kanila. 26:208. Hindi Kami nagwasak ng anumang bayan liban na lamang na nagkaroon ito ng mga tagapagbabala. 26:209. Bilang tagapagpaalala at hindi Kami naging mapang-api. 26:210. Ang Quran na ito ay hindi ipinahayag ng mga demonyo. 26:211. Hindi ito marapat sa kanila at hindi nila ito kaya. 26:212. Tunay na sila sa pakikinig dito ay inalis.

26:213. Kaya huwag manalangin sa iba pang diyos liban pa kay Allah o kayo ay mapapabilang sa mga pinarusahan. 26:214. Magbabala O Muhammad sa iyong malalapit na kamag-anak.

26:215. Maging malumanay at mapagpakumbaba sa mga susunod sa iyo na mananampalataya. 26:216. Kung sila ay susuway sa iyo ay sabihin, 'Tunay na ako ay walang kinalaman sa inyong ginagawa.' 26:217. Manalig sa Makapangyarihan at Mahabagin. 26:218. Na nakakakita sa iyo sa iyong pagtayo. 26:219. At sa iyong pagkilos kasama ang mga nakapatirapa. 26:220. Tunay na Siya ang Nakaririnig at Nakakakita.

26:221. Ipababatid Ko ba sa iyo kung kanino bumababa ang mga demonyo? 26:222. Sila ay bumababa sa bawat makasalanang sinungaling. 26:223. Ipinapasa nila ang anumang marinig nila at karamihan sa kanila ay sinungaling. 26:224. Ang mga makata, sinusunod sila ng mga ligaw. 26:225. Hindi mo ba nakita na sila sa lahat ng lambak ay lumilibot. 26:226. Sinasabi nila ang mga bagay na hindi nila ginagawa. 26:227. Liban na lamang sa kanila na nanampalataya at gumawa ng mabuti at umaalaala kay Allah nang madalas at nagtatanggol sa mga Muslim matapos na sila ay maapi. Malalaman ng mga nang-api kung ano ang gantimpala na ibabalik sa kanila.

27. SURATUN NAML (ANG MGA LANGGAM)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

27:1. Ta Sin. Ito ang mga talata ng Quran at Aklat na malinaw. 27:2. Gabay at magandang balita para sa mga nanampalataya. 27:3. Silang mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at silang sa Kabilang-buhay ay nakatitiyak. 27:4. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay ay pinalamutian Namin para sa kanila ang mga gawa nila at sila ay mga bulag na gumagala. 27:5. Sila yaong para sa kanila ang masamang parusa at sila sa Kabilang-buhay ay mga nalugi. 27:6. Tunay na ikaw O Muhammad ay tumanggap sa Quran mula sa Maalam at Nakaaalam.

27:7. Banggitin nang si Moises ay nagsabi sa kanyang pamilya, ‘Tunay na nakatagpo ako ng apoy. Ako ay magdadala sa inyo mula rito ng balita o sulo ng apoy upang kayo nawa ay mainitan.’ 27:8. Nang siya ay dumating dito ay tinawag siya, ‘Biniyayaan ang sinumang nasa apoy at nasa paligid nito. Luwalhati kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.

27:9. O Moises, tunay na ako si Allah ang Makapangyarihan, ang Maalam. 27:10. Ihagis mo ang iyong tungkod.’ Ngunit nang nakita niya ito na gumagalaw na parang ahas ay tumakas siya at hindi na lumingon pabalik. Sinabi ni Allah, ‘O Moises, huwag kang matakot. Tunay na hindi natatakot sa Akin ang mga sugo. 27:11. Liban na lamang sa nagkasala at pinalitan ang kabutihan ng kasamaan. Tunay na ako ay Mapagpatawad at Mahabagin. 27:12. Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong bulsa at ito ay lalabas na puti nang walang sakit. Ito ay mula sa siyam na mga tanda para kay Paraon at kanyang nasyon. Tunay na sila ay nasyon na makasalanan. 27:13. Tuwinang dumarating sa kanila ang mga tanda Namin na malilinaw ay sinasabi nila, ‘Ito ay malinaw na salamangka.’ 27:14. Sila ay tumanggi sa mga ito habang naniniwala ang kanilang mga sarili rito dahil sa pang-aapi at kayabangan. Tingnan kung ano ang wakas ng mga mapanira.

27:15. Nagbigay Kami kina David at Solomon ng kaalaman. Sinabi nilang dalawa, ‘Ang papuri ay kay Allah na naghirang sa amin mula sa maraming iba pang alipin Niyang mananampalataya.’ 27:16. Si Solomon ay nagmana kay David. Sinabi niya, ‘O mga tao, kami ay tinuruan ng wika ng mga ibon, at kami ay binigyan ng lahat ng bagay. Tunay na ito ay malinaw na biyaya.’

27:17. Tinipon para kay Solomon ang kanyang hukbo mula sa mga engkanto, tao at ibon at sila ay naglalakad na nakahanay. 27:18. Hanggang sa sila ay makarating sa lambak ng mga langgam at nagsabi ito, ‘O mga langgam, pumasok kayo sa inyong mga tahanan upang

hindi kayo maapakan nina Solomon at ng kanyang hukbo nang hindi nila napapansin.' 27:19. Napangiti si Solomon na natatawa sa sinabi nito. Sinabi niya, 'Panginoon ko, dulutin Mo na ako ay maging mapagpasalamat sa Iyong biyaya na ibinigay Mo sa akin at sa aking mga magulang. Upang makagawa ako ng kabutihan na kinalugdan Mo. Tanggapin Mo ako sa Iyong habag na mabilang sa mga alipin Mong matutuwid.'

27:20. Napansin niyang wala ang ibon at sinabi niya, 'Bakit hindi ko nakikita ang Hudhud o siya ba ay kabilang sa mga nagpaliban? 27:21. Tiyak na parurusahan ko siya ng matinding parusa o kakatayin ko siya o magbigay siya ng dahilan na malinaw.' 27:22. Hindi nagtagal ay dumating ito at nagsabi, 'Nalaman ko ang isang bagay na hindi mo nalaman. Ako ay dumating sa inyo mula sa Saba' na may tiyak na balita. 27:23. Tunay na natagpuan ko rito ang isang babae na naghahari sa kanila at binigyan siya ng lahat ng bagay at siya ay may dakilang trono. 27:24. Natagpuan ko siya at ang kanyang nasyon na nagpapatirapa sa araw liban pa kay Allah at pinaganda sa kanila ni Satanas ang kanilang mga gawain at hinarangan niya sila sa landas at sila ay hindi nagabayan. 27:25. Kaya sila ay hindi nagpapatirapa kay Allah na nagsiwalat ng mga lihim ng kalangitan at lupa at nakaaalam ng anumang inililihim ninyo o ihinahayag. 27:26. Si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, ang Panginoon ng dakilang trono.'

27:27. Sinabi ni Solomon, 'Makikita namin kung naging totoo ka o ikaw ay kabilang sa mga sinungaling. 27:28. Dalhin mo ang sulat kong ito at ibigay ito sa kanila. Iwan mo sila at tingnan mo kung ano ang tugon nila.' 27:29. Sinabi ng reyna, 'O mga ministro, tunay na sa akin ay dumating ang isang marangal na sulat. 27:30 Tunay na ito ay mula kay Solomon at ito ay nagsasabing, 'Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin. 27:31. Huwag kayong magmalaki sa akin at tumungo kayo sa akin na mga Muslim.' 27:32. Sinabi niya, 'O mga

ministro, payuhan ninyo ako sa bagay na ito at ako ay hindi magdedesisyon sa anumang bagay hanggat kayo ay sumaksi sa akin.’27:33. Sinabi nila, ‘Tayo ay may lakas at may sandatahang lakas ngunit ang utos ay nasa iyo kaya tingnan mo kung ano ang iuutos mo.’ 27:34. Sinabi niya, ‘Tunay na ang mga hari, kapag pumasok sila sa isang bayan ay sinisira nila ito at inilalagay nila ang mararangal dito sa pinakamababa. Ganito ang gagawin nila. 27:35. Ngunit tunay na ako ay magpapadala sa kanila ng handog at tingnan natin kung ano ang ibabalik ng mga mensahero.’

27:36. Nang dumating sila kay Solomon ay sinabi niya, ‘Binibigyan ba ninyo ako ng kayamanan samantalang ang anumang ibinigay sa akin ni Allah ay mas mainam pa sa ipinagkaloob sa inyo? Bagkus kayo sa inyong handog ay nalulugod. 27:37. Bumalik kayo sa kanila, katiyakang tutungo kami sa kanila dala ang hukbo na walang makalalaban dito at palalayasin namin sila mula roon sa kahihiyan at sila ay mga hinamak.

27:38. Sinabi ni Solomon ‘O mga ministro, sino sa inyo ang magdadala sa akin ng kanyang trono bago pa sila sumuko sa akin?’ 27:39. Sinabi ng isang makapangyarihan na engkanto, ‘Ibibigay ko ito sa iyo bago ka pa tumayo mula sa lugar mo. Ako sa gawaing ito ay malakas at mapagkakatiwalaan.’ 27:40. Sinabi ng isang may kaalaman sa Kasulatan, ‘Ito ay dadalhin ko sa iyo bago pa kumurap ang iyong mga mata.’ At nang nakita ito ni Solomon sa harapan niya ay sinabi niya, ‘Ito ay mula sa mga biyaya ng aking Panginoon upang subukan ako kung ako ay magpapasalamat o hindi. Sinumang mapagpasalamat ay nagpasalamat lamang para sa kanyang sarili. Sinumang hindi nagpasalamat ay tunay na ang aking Panginoon ay Walang pangangailangan at Mapagbigay.’

27:41. Sinabi niya, ‘Balat-kayuan ninyo ang trono niya, tingnan natin kung magagabayan ba siya o kabilang sa mga hindi

nagabayan.' 27:42. Kaya nang dumating ang reyna ay tinanong siya ni Solomon, 'Ganito ba ang iyong trono?' Sumagot ito, 'Parang ganyan.' Sinabi ni Solomon, 'Binigyan kami ng kaalaman bago ito dumating sa reyna at kami ay mga Muslim. 27:43. Pinigilan siya ng kanyang sinasamba liban kay Allah. Tunay na siya ay kabilang sa mga hindi nanampalataya.' 27:44. Sinabi sa reyna, 'Pumasok ka sa palasyo.' Ngunit nang nakita niya ito ay inakala niya na ito ay tubig at naipakita niya ang kanyang binti upang lumusong dito. Sinabi ni Solomon, 'Tunay na ito ay palasyo na gawa sa salamin.' Sinabi ng reyna. 'Panginoon ko, tunay na dinaya ko ang aking sarili at ako ay sumuko kasama si Solomon kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.'

27:45. Ipinadala namin sa Thamud ang kapatid nila na si Saleh na nagsabing, 'Sambahin ninyo si Allah.' At sila ay naging dalawang grupong magkatunggali. 27:46. Sinabi niya, 'O aking nasyon, bakit kayo nagmamadali sa kasamaan kaysa sa kabutihan? Bakit hindi kayo humingi ng tawad kay Allah upang kayo nawa ay kahabagan?' 27:47. Sinabi nila, 'Itinuturing namin na masama kang pangitain gayundin ang mga kasama mo.' Sinabi niya, 'Ang inyong pangitain ay kay Allah. Bagkus kayo ay mga tao na sinusubukan.'

27:48. Doon sa Madyan ay mayroong siyam na kalalakihan na naghahasik ng kasamaan sa lupa at hindi nagsasaayos. 27:49. Sinabi nila, 'Manumpa kayo kay Allah na papatayin natin siya sa gabi at ang kanyang pamilya. At sasabihin natin sa kanyang tagaingat, 'Hindi namin nasaksihan ang pagkawasak ng kanyang pamilya at kami ay makatotohanan.'' 27:50. Sila ay nagplano at Kami ay nagplano habang hindi nila napapansin. 27:51. Tingnan mo kung ano ang kinahinatnan ng kanilang plano na winasak Namin sila at ang nasyon nila lahat-lahat. 27:52. Yaon ang kanilang mga bahay na abandonado dahil sa pang-aapi nila. Tunay na ito ay tanda para sa mga nakaaalam. 27:53. Iniligtas Namin ang mga nanampalataya at matutuwid.

27:54. Banggitin si Lot nang sinabi niya sa kanyang nasyon, ‘Gumagawa ba kayo ng kalaswaan habang kayo ay nakakakita? 27:55. Kayo ba ay tunay na nagnanasa sa kalalakihan kaysa sa kababaihan? Bagkus kayo ay mga taong mangmang.’ 27:56. Ngunit ang naging tugon ng kanyang nasyon ay, ‘Palayasin ang pamilya ni Lot sa inyong bayan. Tunay na sila ay mga tao na nagmamalinis.’ 27:57. Kaya iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya liban na lamang sa kanyang asawa na itinakda Namin na mawasak. 27:58. Nagpaulan Kami sa kanila ng ulan at masamang ulan ito para sa mga binabalaan. 27:59. Sabihin, ‘Papuri kay Allah at kapayapaan sa Kanyang mga alipin na hinirang Niya. Si Allah ba ay mas mainam kaysa sa itinambal nila sa Kanya?’

27:60. Hindi ba’t Siya, na lumikha ng kalangitan at lupa at nagpababa sa inyo mula sa langit ng tubig? At pinatubo Namin sa pamamagitan nito ang mga hardin na magaganda na hindi ninyo mapapatubo ang mga puno nito. May diyos pa ba na kasama si Allah? Bagkus sila ay mga taong nagtatambal. 27:61. Hindi ba’t Siya na nagdulot sa lupa na mapatatag at naglagay dito ng mga ilog at mga bundok at naglagay sa pagitan ng dalawang dagat ng harang? May diyos pa ba na kasama si Allah? Bagkus ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam.

27:62. Hindi ba’t Siya na tumutugon sa isang nasa paghihirap kapag nanalangin siya sa Kanya at inaalis Niya sa kanya ang pinsala at ginawa kayong mga tagapagmana sa lupa? May diyos pa ba na kasama si Allah? Kaunti ang inyong pag-alaala. 27:63. Siya bang naggagabay sa inyo sa kadiliman ng lupa at dagat at nagpapadala ng hangin bilang magandang balita ng Kanyang habag? May diyos pa ba na kasama si Allah? Kataas-taasan si Allah sa anumang itinatambal nila sa Kanya. 27:64. Hindi ba’t Siya na nagsisimula sa paglikha at umuulit nito at Siyang nagbibiyaya sa inyo mula sa langit at lupa? May diyos pa ba na kasama si Allah? Sabihin, ‘Ibigay ninyo ang inyong mga patunay kung kayo ay makatotohanan.’

27:65. Sabihin, ‘Walang nakaaalam sa sinumang nasa kalangitan at lupa ng mga nalilingid liban kay Allah. Hindi nila nararamdaman kung kailan sila bubuhaying-muli. 27:66. Bagkus ay kulang ang kaalaman nila tungkol sa Kabilang-buhay. Bagkus sila ay nagdududa tungkol dito. Sila tungkol dito ay mga bulag. 27:67. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, ‘Kung kami ay alabok na gayundin ang aming mga ninuno ay tunay ba na kami ay bubuhaying-muli? 27:68. Ipinangako na ito sa amin, kami at ang aming mga ninuno noon. Ito ay hindi hihigit pa sa alamat ng mga nauna.’ 27:69. Sabihin, ‘Maglakbay kayo sa lupa at tingnan ninyo kung ano ang wakas ng mga makasalanan.’

27:70. Huwag mo silang ikalungkot o mabahala sa anumang pinaplano nila. 27:71. Sinasabi nila, ‘Kailan ang pangakong ito kung kayo ay makatotohanan?’ 27:72. Sabihin, ‘Maaaring ito ay malapit sa likod ninyo na ilan sa mga minamadali ninyo.’ 27:73. Tunay na ang iyong Panginoon ay puspos ng biyaya sa mga tao subalit ang karamihan sa kanila ay hindi nagpapasalamat. 27:74. Tunay na ang iyong Panginoon ay nakaaalam sa ikinukubli ng kanilang mga puso at ihinahayag. 27:75. Walang anumang nalilingid sa langit o sa lupa liban na lamang na ito ay nasa talaang malinaw.

27:76. Tunay na ang Quran na ito ay nagkukuwento tungkol sa Angkan ng Israel, karamihan ay tungkol sa kanilang pinagtatalunan. 27:77. Tunay na ito ay gabay at habag sa mga nanampalataya. 27:78. Tunay na ang iyong Panginoon ay maghahatol sa kanila nang may karunungan. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam. 27:79. Manalig kay Allah. Tunay na ikaw ay nasa katotohanang malinaw. 27:80. Tunay na hindi mo maparirinig ang mga patay o ang bingi sa mga panawagan kung sila ay tumalikod na nagtatakwil. 27:81. Hindi mo magagabayan ang bulag mula sa pagkaligaw nila. Ang mapakikinig mo lamang ay ang nanampalataya sa Aming mga tanda dahil sila ay mga Muslim.

27:82. Kapag dumating ang salita sa kanila ay maglalabas Kami para sa kanila ng isang nilalang mula sa lupa na makikipag-usap sa kanila na ang mga tao sa Aming mga tanda ay hindi nakatitiyak. 27:83. Sa Araw na titipunin Namin mula sa bawat nasyon ang isang grupo ng nagtakwil sa Aming mga tanda at sila ay itutulak na nakahanay. 27:84.Hanggang sa dumating sila at sasabihin Niya, 'Nagpasinungaling ba kayo sa Aking mga tanda samantalang wala kayong naaarok ukol dito na kaalaman? O ano ba ang inyong ginagawa?' 27:85. Dumating ang pagtatakda sa kanila dahil sa pang-aapi nila at sila ay hindi makapagsasalita. 27:86. Hindi ba nila nakita na dinulot Namin ang gabi upang magpahinga sila rito at ang araw ay nagbibigay-liwanag? Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nanampalataya.

27:87. Sa Araw na iihipan ang trumpeta at matatakot ang sinumang nasa kalangitan at sinumang nasa lupa liban na lamang sa naisin ni Allah. Lahat sila ay darating na nagpapakumbaba. 27:88. Makikita mo ang kabundukan na aakalain mo na matatag ngunit sila ay gagalaw na parang ulap. Ito ay gawa ni Allah na may kasanayan sa lahat ng bagay. Tunay na Siya ay Nakababatid sa anumang ginagawa ninyo.27:89. Sinumang magdala ng kabutihan ay para sa kanya ang mas mainam pa rito at sila sa takot sa Araw na yaon ay mga ligtas. 27:90. Sinumang magdala ng kasamaan ay ibabaligtad sa kanilang mga mukha sa Impiyerno. 'Kayo ba ay nagantimpalaan ng liban pa sa inyong ginawa?'

27:91. Sabihin mo O Muhammad, 'Ako ay pinag-utusan na sambahin ang Panginoon ng lungsod na ito ng Makkah na nagdulot na maging banal ito na Siyang nagmamay-ari sa lahat ng bagay. Ako ay pinag-utusan na maging kabilang sa mga Muslim. 27:92. Ako ay pinag-utusan na basahin ang Quran. Sinumang magabayan ay nagabayan para sa kanyang sarili lamang. Sinumang naligaw ay sabihin, 'Ako ay isang kabilang sa mga tagapagbabala lamang.' 27:93. Sabihin, 'Papuri kay Allah. Ipapakita Niya sa inyo ang

Kanyang mga tanda at makikilala ninyo ito. Ang iyong Panginoon ay hindi nalilingat sa inyong ginagawa.'

28. SURATUL QASAS (ANG MGA KUWENTO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

28:1. Ta Sin Mim.

28:2. Ito ang mga talata ng Aklat na malinaw. 28:3. Binabasa Namin sa iyo ang balita tungkol kina Moises at Paraon nang buong katotohanan para sa mga nananampalataya. 28:4. Tunay na si Paraon ay nagmalaki sa lupa at dinulot niya na ang kanyang mamamayan na maging mga grupo na nang-aapi sa isang grupo nila. Pumapatay sa kalalakihan nila at hinahayaang mabuhay ang kababaihan nila. Tunay na siya ay kabilang sa mga mapanira. 28:5. Nais Namin na magbiyaya sa mga inapi sa lupa, gawin silang mga pinuno at mga tagapagmana. 28:6. At itaguyod Namin sila sa lupa at ipakita kina Paraon, Haman at hukbo nilang dalawa sa pamamagitan nila ang kinatatakutan nila.

28:7. Ipinahayag Namin sa ina ni Moises, 'Pasusuhin mo siya at kung matakot ka para sa kanya ay ilagay mo siya sa ilog at huwag kang matakot at huwag kang malungkot. Tunay na ibabalik Namin siya sa iyo at gagawin Namin siyang kabilang sa mga sugo.' 28:8. Napulot siya ng pamilya ni Paraon upang siya sa kanila ay maging kaaway at kalungkutan. Tunay na sina Paraon at Haman at kanilang hukbo ay mga makasalanan. 28:9. Sinabi ng asawa ni Paraon, 'Ligaya sa aking mata at sa iyo. Huwag ninyo siyang patayin, maaaring magdulot siya ng pakinabang sa atin o kunin natin siya bilang anak.' Sila ay hindi nakararamdam.

28:10. Ang puso ng ina ni Moises ay nangulila. Malapit na niyang ihayag ang tungkol sa kanya kung hindi lamang Namin pinatatag ang

kanyang puso upang siya ay mabilang sa mga nanampalataya. 28:11. Sinabi ng ina ni Moises sa kanyang kapatid na babae, ‘Sundan mo siya.’ Kaya pinanood siya nito mula sa malayo na hindi nila napapansin. 28:12. Ipinagbawal Namin sa kanya ang iba pang nagpapasuso na nauna kaya sinabi ng kapatid niya, ‘Ituturo ko ba sa inyo ang isang pamilya na mag-aalaga sa kanya para sa inyo at sila sa kanya ay matatapat?’ 28:13. Kaya ibinalik Namin siya sa kanyang ina upang siya ay makuntento at hindi malungkot. At upang malaman niya na ang pangako ni Allah ay totoo subalit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 28:14. Nang siya ay umabot sa hustong edad at nagkaisip ay ibinigay Namin sa kanya ang karunungan at kaalaman. Ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid.

28:15. Pumasok siya sa lungsod sa panahon ng pagkalingat ng mga tagarito dahil sa pagiging abala at natagpuan niya rito ang dalawang lalaking nag- aaway: isa mula sa kanyang grupo at isa mula sa kanyang kalaban. Humingi ng tulong ang mula sa kanyang grupo laban sa kalaban niya at ito ay sinuntok ni Moises at napatay niya ito. Sinabi niya, ‘Ito ay mula sa gawain ni Satanas. Tunay na siya ay kalaban at tagapagligaw na malinaw.’ 28:16. Sinabi niya, ‘Panginoon ko, tunay na inapi ko ang aking sarili kaya patawarin Mo ako.’ At pinatawad siya ni Allah. Tunay na Siya ang Mapagpatawad at ang Mahabagin. 28:17. Sinabi niya, ‘Panginoon ko, dahil sa biyaya Mo sa akin ay hindi ako tutulong sa mga kriminal.’

28:18. Siya sa lungsod ay natakot at nagmamanman nang ang nanghingi ng tulong sa kanya kahapon ay tumawag muli sa kanya. Sinabi ni Moises dito, ‘Tunay na ikaw ay isang ligaw na malinaw.’ 28:19. Nang naisin niya na paluin ang kalaban nilang dalawa ay sinabi nito, ‘O Moises, gusto mo rin ba akong patayin tulad ng pagpatay mo sa isang tao kahapon?’ Ang nais mo lamang ay ang mang-api sa lupa at hindi ka kabilang sa mga nagsasaayos.’ 28:20. Dumating ang isang lalaki mula sa dulo ng lungsod na tumatakbo. Sinabi nito, ‘O Moises

tunay na ang mga ministro ay nag-utos na patayin ka kaya umalis ka na. Tunay na ako sa iyo ay kabilang sa mga nagpapayo.' 28:21. Kaya siya ay umalis dito na nangangamba. Sinabi niya, 'Panginoon ko, iligtas Mo ako mula sa mga mapang-api.'

28:22. Nang tumungo siya sa Madyan ay sinabi niya, 'Maaaring ang Panginoon ko ay maggagabay sa akin tungo sa matuwid na landas.' 28:23. Nang siya ay makarating sa balon ng Madyan ay nakita niya rito ang mga tao na nag-iigib. Nakita niya liban pa sa kanila ang dalawang babae na umaatras. Sinabi niya, 'Ano ang nangyari sa inyo?' Sinabi nila, 'Hindi kami makapagpainom ng mga hayop namin hanggat hindi umaalis ang mga pastol. Ang aming ama ay matanda na.' 28:24. Nagpainom siya para sa kanila at siya ay bumalik sa lilim at nagsabi, 'Panginoon ko, tunay na ako sa anumang ibababa Mo sa akin na kabutihan ay nangangailangan.' 28:25. Lumapit sa kanya ang isa sa mga babae na naglalakad na nahihiya. Sinabi nito, 'Tunay na ang aming ama ay nag-anyaya sa iyo upang gantimpalaan ka sa pagpapainom mo para sa amin.' Nang tumungo siya sa kanya at ibinahagi niya rito ang kuwento ay nagsabi ito, 'Huwag kang matakot. Ikaw ay nakaligtas na mula sa mga mapang-api.' 28:26. Sinabi ng isa sa dalawang anak na babae, 'O aming ama, pagtrabahuin mo siya rito. Tunay na ang pinakamainam na pagtrabahuin mo ay ang malakas at mapagkakatiwalaan.' 28:27. Sinabi niya, 'Tunay na nais ko na ipaasawa sa iyo ang isa sa mga anak kong babae sa kundisyon na ikaw ay magtrabaho sa akin ng walong taon. Ngunit kung kukumpletuhin mo ang sampung taon ay pabor ito mula sa iyo. Hindi ko gusto na magpahirap sa iyo. Makikita mo ako, kung loloobin ni Allah, na kabilang sa matutuwid.' 28:28. Sinabi ni Moises, 'Yaon ay napagtibay sa pagitan nating dalawa. Alinman sa dalawang usapan ang nakumpleto ko ay walang pandaraya sa akin, si Allah sa sinasabi natin ay Namamahala.'

28:29. Nang nakumpleto ni Moises ang panahon at siya ay naglakbay kasama ang kanyang pamilya ay nakatagpo siya sa gilid ng isang bundok ng apoy. Sinabi niya sa kanyang pamilya, ‘Manatili kayo rito. Tunay na ako ay nakakita ng apoy na maaaring magdala ako sa inyo mula rito ng balita o baga mula sa apoy upang kayo nawa ay mainitan.’ 28:30. Nang dumating siya rito ay tinawag siya mula sa gilid ng bundok sa kanan ng banal na lugar mula sa isang puno, ‘O Moises, tunay na Ako si Allah, ang Panginoon ng mga nilikha. 28:31. Ihagis mo ang iyong tungkod.’ Ngunit nang nakita niya ito na gumagalaw na parang ahas ay tumakas siya at hindi na lumingon pabalik. ‘O Moises, lumapit ka at huwag matakot. Tunay na ikaw ay kabilang sa mga ligtas. 28:32. Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong bulsa at lalabas ito na puti nang walang sakit. Idikit mo ang iyong braso sa iyo dahil sa takot. Yaon ay dalawang patunay mula sa iyong Panginoon kay Paraon at kanyang mga ministro. Tunay na sila ay mga suwail.’

28:33. Sinabi niya, ‘Panginoon ko, ako ay nakapatay ng isa sa kanila at natatakot ako na papatayin nila ako. 28:34. Ang aking kapatid na si Aaron ay mas mahusay kasya sa akin sa pananalita. Kaya ipadala Mo siya kasama ko bilang suporta at magpapatotoo sa akin. Tunay na natatakot ako na pasinungalingan nila ako.’ 28:35. Sinabi ni Allah, ‘Patatatagin Namin ang iyong braso sa pamamagitan ng iyong kapatid at bibigyan kayo ng autoridad upang sila ay hindi makaabot sa inyong dalawa. Sa pamamagitan ng Aming mga tanda, kayong dalawa at ang mga sumunod sa inyo ang magwawagi.’

28:36. Ngunit nang dumating sa kanila si Moises na dala ang Aming mga tanda na malillinaw ay sinabi nila, ‘Ito ay hindi hihigit pa sa salamangkang inimbento at hindi namin narinig ang relihiyon na ito mula sa aming mga ninuno na nauna.’ 28:37. Sinabi ni Moises, ‘Ang Panginoon ko ang pinakanakaaalam sa sinumang dumating dala ang gabay mula sa Kanya at kung para kanino ang magandang wakas.

Tunay na hindi magtatagumpay ang mga mapang-api.' 28:38. Sinabi ni Paraon, 'O mga ministro, wala akong nalalaman na kayo ay may iba pang diyos liban sa akin. Kaya, magpaningas ka para sa akin O Haman ng luwad at gawan mo ako ng tore upang makita ko ang Diyos ni Moises. Tunay na ako ay naniniwala na siya ay kabilang sa mga sinungaling.'

28:39. Siya ay nagmalaki, siya at ang kanyang hukbo sa lupa nang wala silang karapatan at nag-akala na sila sa Amin ay hindi magbabalik. 28:40. Kaya pinarusahan Namin siya at ang kanyang hukbo at itinapon sila sa dagat. Tingnan mo kung paano ang wakas ng mga makasalanan. 28:41. Ginawa Namin silang mga pinuno na nag-aanyaya tungo sa Apoy at sa Araw ng Paghuhukom ay hindi sila tutulungan. 28:42. Pinasunod Namin sa kanila sa mundong ito ang sumpa. Sa Araw ng Paghuhukom ay kabilang sila sa mga kinamumuhian. 28:43. Ibinigay Namin kay Moises ang Aklat matapos na winasak Namin ang mga naunang nasyon bilang paglilinaw sa mga tao, gabay at habag upang sila nawa ay mapaalalahanan.

28:44. Ikaw O Muhammad ay wala sa dakong kanluran nang ipinahayag Namin kay Moises ang utos at hindi ka kabilang sa mga saksi. 28:45. Subalit Kami ay nagpasibol ng mga henerasyon at pinahaba para sa kanila ang buhay. Ikaw ay hindi kabilang sa mga taga-Madyan upang malaman mo ito at basahin mo sa mga hindi nanampalataya ang Aming mga talata tungkol kay Moises ngunit Kami ang nagpadala nito. 28:46. Ikaw ay wala sa gilid ng bundok ng Tur nang tinawag Namin si Moises ngunit ikaw ay isinugo bilang habag mula sa iyong Panginoon at upang magbabala ka sa mga tao na walang dumating sa kanilang tagapagbabala na nauna sa iyo upang sila nawa ay mapaalalahanan. 28:47. Kung hindi lamang dahil sa sakuna na tatama sa kanila dahil sa ginawa ng kanilang mga kamay ay sinabi nila, 'Panginoon namin, bakit hindi Ka nagpadala sa amin ng isang sugo upang sundin namin ang Iyong mga talata at kami ay magiging kabilang sa

mga nanampalataya?' 28:48. Ngunit nang dumating sa kanila ang katotohanan mula sa Amin ay sinabi nila, 'Bakit hindi binigyan si Muhammad ng tulad ng ibinigay kay Moises?' Hindi ba't itinakwil na nila ang ibinigay kay Moises noon? Sinabi nila, 'Ang Torah at Quran ay dalawang salamangka na tumutulong sa isat isa.' Sinabi nila, 'Tunay na kami sa lahat ng ito ay nagtatakwil.'

28:49. Sabihin, 'Maglahad kayo ng kapahayagan mula kay Allah na mas naggagabay kaysa sa dalawang yaon upang sundin ko kung kayo ay makatotohanan.' 28:50. Ngunit kung sila ay hindi tutugon sa iyo ay alamin mo na sila ay sumusunod sa kanilang mga pagnanasa lamang. Sino ba ang mas ligaw kaysa doon sa sumunod sa kanyang pagnanasa na walang gabay mula kay Allah? Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mga makasalanan. 28:51. Nagpahayag Kami sa kanila ng Quran upang sila nawa ay mapaalalahanan.

28:52. Silang mga binigyan Namin ng kasulatan na nauna rito at sila rito ay naniniwala. 28:53. Tuwinang binabasa ito sa kanila ay sinasabi nila, 'Nanampalataya kami rito. Tunay na ito ang katotohanan mula sa aming Panginoon. Tunay na kami bago pa ito ay mga Muslim.' 28:54. Sila yaong bibigyan ng dobleng gantimpala dahil sa kanilang pagtitiis at pag-iwas nila sa masama sa pamamagitan ng mabuti at mula sa ibiniyaya Namin sa kanila ay nagtutustos sila. 28:55. Tuwinang nakaririnig sila ng masamang pananalita ay lumalayo sila rito at nagsasabing, 'Sa amin ang aming mga gawain at sa inyo ang inyong mga gawa. Ang kapayapaan ay sumainyo, hindi namin hangad ang mga mangmang.' 28:56. Tunay na ikaw O Muhammad ay hindi naggagabay sa iyong naisin subalit si Allah ang naggagabay sa nais Niya. Siya ang pinakanakakikilala sa mga nagabayan.

28:57. Sinasabi nila, 'Kung kami ay susunod sa gabay kasama ka ay aapihin kami sa aming lupa.' Hindi ba Kami nagtaguyod para sa

kanila ng ligtas na lugar na sumisibol dito ang mga prutas ng lahat ng uri bilang biyaya mula sa Amin? Ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam.

28:58. Ilan na ang mga bayan ang Aming winasak na mapagmalaki sa pamumuhay nito? Yaong ang kanilang mga bahay ay hindi na tinirahan paglisan nila liban na lamang sa sandali. Kami ang tunay na Tagapagmay-ari nito. 28:59. Ang iyong Panginoon ay hindi magwawasak sa anumang bayan hanggang sa magpadala muna Siya sa mga pinuno nito ng Sugo na nagbabasa sa kanila ng Aming mga talata. Hindi Namin winasak ang mga bayan liban na lamang na ang mga tao rito ay makasalanan.

28:60. Anumang ibinigay sa inyo mula sa anumang bagay ay libangan sa buhay sa mundo at palamuti lamang. Ang tangan ni Allah ay mas mainam at nagtatagal. Hindi ba kayo nag-iisip? 28:61. Sinumang pinangakuan Namin ng magandang pangako ay makukuha niya ito tulad ng binigyan Namin ng aliw sa buhay sa mundo at sa Araw ng Paghuhukom naman ay magiging kabilang siya sa mga maparurusahan.

28:62. Magbabala sa Araw na Siya ay tatawag sa kanila at magsasabing, 'Nasaan ang Aking mga katambal na inaangkin ninyo?' 28:63. Sinabi ng mga tinupad sa kanila ang utos, 'Panginoon namin, ito ang mga niligaw namin. Niligaw namin sila tulad ng pagkaligaw namin. Kami ay walang kinalaman sa kanila para sa Iyo. Hindi sila sa amin sumasamba, bagkus ang sinamba nila ay ang mga Satanas.'

28:64. Sasabihin sa kanila, 'Manalangin kayo sa inyong mga itinambal.' Sila ay mananalangin sa kanila at ang mga ito ay hindi tutugon sa kanila at makikita nila ang parusa. Kung sinunod lamang nila ang gabay. 28:65. Sa Araw na tatawagin Niya sila at magsasabing, 'Ano ang tugon ninyo sa mga sugo?'

28:66. Hindi nila malalaman ang mga balita sa Araw na yaon at sila ay hindi makapagtatanong sa isat isa. 28:67. Ngunit para roon sa mga nagbalik-loob at gumawa ng mabuti ay inaasahan na sila ay mapapabilang sa mga matagumpay.

28:68. Ang iyong Panginoon ay lumilikha sa anumang naisin Niya at pumipili; hindi para sa kanila ang pagpili. Luwalhati kay Allah at kataas-taasan Siya sa mga itinatambal nila sa Kanya. 28:69. Ang iyong Panginoon ay nakaaalam sa anumang inililihim ng kanilang mga dibdib at kanilang ihinahayag. 28:70. Siya si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya at sa Kanya ang papuri sa una at sa Kabilang-buhay. Sa Kanya ang paghatol at sa Kanya kayo'y ibabalik.

28:71. Sabihin, 'Nakita ba ninyo kung ginawa ni Allah para sa inyo ang gabi na tuluy-tuloy hanggang sa Araw ng Paghuhukom, sinong diyos liban pa kay Allah ang magdadala sa inyo ng liwanag? Hindi ba kayo nakikinig?' 28:72. Sabihin, 'Nakita ba ninyo, kung gagawin ni Allah sa inyo na ang araw ay tuluy-tuloy hanggang sa Araw ng Paghuhukom, sinong diyos liban pa kay Allah ang magdadala sa inyo ng gabi upang magpahinga kayo rito? Hindi ba kayo nakakakita? 28:73. Mula sa Kanyang habag ay dinulot Niya para sa inyo ang gabi at araw upang magpahinga rito at maghanap ng biyaya Niya at upang kayo nawa ay magpasalamat.

28:74. Magbabala tungkol sa Araw na tatawagin Niya sila at magsasabing, 'Nasaan ang Aking mga katambal na inyong inaangkin?' 28:75. Kumuha Kami mula sa lahat ng nasyon ng saksi at sinabi Namin, 'Ibigay ninyo ang patunay ninyo.' At malalaman nila na ang katotohanan ay kay Allah at naligaw mula rito ang anumang inimbento nila.

28:76. Tunay na si Qarun ay mula sa nasyon ni Moises ngunit

nang-api siya sa kanila. Nagbigay Kami sa kanya mula sa mga kayamanan na ang mga susi nito ay tiyak na mabigat para sa grupo ng malalakas na kalalakihan. Sinabi sa kanya ng kanyang nasyon, 'Huwag kang magsaya. Hindi minamahal ni Allah ang masasaya sa pang-aapi. 28:77. Maghangad ka mula sa ibinigay sa iyo ni Allah, sa tahanan sa Kabilang-buhay. Huwag mong kalimutan ang bahagi mo sa mundo. Maging mabuti tulad ng kung paanong naging mabuti si Allah sa iyo. Huwag maghangad ng kasiraan sa lupa. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapanira.'

28:78. Sinabi niya, 'Ako ay nabigyan lamang ng ganito dahil sa kaalaman na taglay ko.' Hindi ba niya nalaman na si Allah ay nagwasak sa mga nauna sa kanya na mga henerasyon na mas matindi sa kanya sa kapangyarihan at mas maraming kayamanan? Hindi sila tatanungin tungkol sa kasalanan ng mga naunang winasak na henerasyon.

28:79. Kaya siya ay lumabas tungo sa kanyang nasyon suot ang kanyang palamuti. Sinabi ng mga naghahangad ng buhay sa mundo, 'Kung tayo lamang ay nabigyan ng tulad ng ibinigay kay Qarun. Tunay na siya ay nagkamit ng malaking kapalaran.' 28:80. At sinabi ng mga binigyan ng kaalaman, 'Kapahamakan sa inyo. Ang gantimpala ni Allah ay mas mainam para sa nanampalataya at gumawa ng mabuti. Walang magkakamit nito liban pa sa mga matiisin.'

28:81. Pinalunok Namin siya at ang kanyang bahay sa lupa. Wala siyang kasama na tutulong sa kanya liban kay Allah, siya ay wala ring kakayanan na tulungan ang kanyang sarili. 28:82. Ang mga naghangad ng kanyang katayuan sa lumipas na araw ay nagsabi, 'O, paanong si Allah ay namamahagi ng Kanyang biyaya sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin at pumipigil nito. Kung hindi lamang nagbiyaya si Allah sa atin ay nilamon din tayo ng lupa. Hindi nagtatagumpay ang mga hindi nanampalataya.'

28:83. Yaon ang tahanan sa Kabilang-buhay na ginawa Namin para sa mga hindi naghahangad ng pangingibabaw sa lupa o kasamaan. Ang mainam na hantungan ay para sa matutuwid. 28:84. Sinumang may dalang kabutihan ay para sa kanya ang mas mainam pa rito. Sinumang dumating na may dalang kasamaan ay hindi magagantimpalaan liban pa sa ayon sa ginawa nila.

28:85. Tunay na ang nag-atang sa iyo O Muhammad ng Quran ay ibabalik ka sa lugar ng pagbabalik sa Makkah. Sabihin, 'Ang aking Panginoon ay pinakanakaaalam sa siyang nagdala ng gabay at sa siyang nasa pagkaligaw na malinaw.' 28:86. Hindi mo hinangad na ibigay sa iyo ang Aklat liban na lamang na ito ay habag mula sa iyong Panginoon. Huwag maging tagatulong ng mga hindi-nanam-palataya. 28:87. Huwag magpapigil sa kanila mula sa mga talata ni Allah matapos na ito ay ibinaba sa iyo. Manalangin ka sa iyong Panginoon. Huwag maging kabilang sa mga nagtatambal. 28:88. Huwag manalangin sa iba pang diyos bilang kasama ni Allah. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Lahat ng bagay ay mawawasak liban pa sa Kanyang Mukha. Sa Kanya ang paghatol at sa Kanya kayo ay magbabalik.

29. SURATUL ANKABUT (ANG GAGAMBA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

29:1. Alif Lam Mim.

29:2. Inaakala ba ng mga tao na iiwan na lamang sila dahil sinabi nilang, 'Nanampalataya kami' at sila ay hindi na susubukan? 29:3. Sinubukan Namin ang mga nauna sa kanila. Tiyak na malalaman ni Allah ang mga makatotohanan at tiyak na malalaman Niya ang mga sinungaling. 29:4. Iniisip ba ng mga gumagawa ng masama na mauunahan nila Kami at hindi Namin sila maparurusahan? Masama ang kanilang paghatol. 29:5. Sinumang naghangad ng

pakikipagtagpo kay Allah ay tunay na ang panahong itinakda ni Allah ay parating. Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 29:6. Sinumang magsikap ay tunay na nagsikap para sa kanyang sarili lamang. Tunay na si Allah ay walang pangangailangan sa mga nilikha. 29:7. Ang mga nanampalataya at gumawa ng mabubuti ay tiyak na aalisin Namin mula sa kanila ang mga kasalanan nila at tiyak na gagantimpalaan Namin sila ayon sa pinakamainam nilang ginawa.

29:8. Itinakda Namin sa tao na sa kanilang mga magulang ay maging mabuti sila. Kung sila ay pipilit sa iyo na magtambal sa Akin na dito ay wala kang nalalaman ay huwag mong sundin silang dalawa. Sa Akin ang inyong pagbabalik at ipababatid Ko sa inyo ang anumang inyong ginagawa. 29:9. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng mga kabutihan ay tiyak na papapasukin Namin sila sa Paraiso kasama ng matutuwid.

29:10. Kabilang sa mga tao ay yaong mga nagsasabi, 'Nanampalataya kami kay Allah.' Ngunit kapag nasaktan sa landas ni Allah ay itinuturing nila na ang pagsubok ng tao ay tulad parusa ni Allah at tatalikuran nila ang pananampalataya. Ngunit kapag dumating ang tagumpay mula sa iyong Panginoon ay tiyak na sasabihin nilang, 'Tunay na kami ay kasama ninyo.' Hindi ba't si Allah ang pinakanakaaalam sa laman ng mga dibdib ng mga nilikha? 29:11. Katiyakang malalaman ni Allah ang mga nanampalataya at katiyakang malalaman Niya ang mga nagpapanggap na Muslim.

29:12. Sinabi ng mga hindi nanampalataya sa mga nanampalataya, 'Sundin ninyo ang aming landas at papasanin namin ang inyong mga kasalanan.' Ngunit sila ay hindi kusang-loob na magpapasan ng kanilang mga kasalanan nang kahit ano. Tunay na sila ay mga sinungaling.

29:13. Tiyak na sapilitang papasanin nila ang kanilang mga pasanin kasama ang iba pang pasanin. Sila ay tiyak na tatanungin sa Araw ng Paghuhukom tungkol sa kanilang inimbento.

29:14. Ipinadala Namin si Noah sa kanyang nasyon at nanatili kasama sila ng isanlibong taon liban sa limampung taon. Sila ay dinatnan ng baha habang sila ay makasalanan. 29:15. Iniligtas Namin siya at ang kanyang mga kasama sa Arko at ginawa Namin itong tanda para sa mga nilikha.

29:16. Si Abraham nang sinabi niya sa kanyang nasyon, 'Sambahin ninyo si Allah at katakutan ninyo Siya. Yaon ay mas mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman. 29:17. Ang sinasamba ninyo liban kay Allah ay mga rebulto lamang at lumilikha lamang kayo ng kasinungalingan. Tunay na yaong mga sinasamba ninyo liban kay Allah ay hindi nagtataglay para sa inyo ng anumang biyaya. Kaya hangarin ninyo kay Allah ang biyaya at sambahin ninyo Siya at magpasalamat sa Kanya. Tungo sa Kanya kayo ay magbabalik. 29:18. At kung magpapasinungaling kayo ay nagpasinungaling din ang mga nasyon na nauna sa inyo. Walang obligasyon ang Sugo liban na lamang sa pagpapabatid na malinaw.

29:19. Hindi ba nila nakita kung paano sinimulan ni Allah ang paglikha at inulit ito. Tunay na yaon para kay Allah ay madali. 29:20. Sabihin, 'Maglakbay kayo sa lupa at tingnan ninyo kung paano nagsimula ang paglikha. At si Allah ay magpapasibol ng bagong paglikha. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 29:21. Pinarurusahan Niya ang naisin Niya at kinahahabagan ang naisin Niya. Tungo sa Kanya kayo ay magbabalik. 29:22. Kayo ay hindi bibigo kay Allah sa lupa o sa langit. Wala kayong makikitang liban kay Allah na tagapag-ingat o tagatulong. 29:23. Ang mga hindi nanampalataya sa mga tanda ni Allah at pakikipagtagpo sa Kanya ay sila yaong nawalan ng pag-asa sa Aking habag at sila yaong para sa kanila ang parusang masakit.

29:24. Ang tugon ng kanyang nasyon ay, ‘Patayin siya o sunugin siya,’ at iniligtas siya ni Allah mula sa apoy. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nanampalataya. 29:25. Sinabi niya, ‘Tunay na ang mga kinuha ninyo liban kay Allah ay mga rebulto na inimbento lamang ninyo bilang pagmamahalan ninyo sa buhay sa mundo. At sa Araw ng Paghuhukom ay itatakwil ninyo ang isat isa at isusumpa ninyo ang isat isa. Ang tahanan ninyo ay ang Impiyerno at wala kayong tagatulong.’ 29:26. Naniwala sa kanya si Lot. Sinabi nito sa kanya, ‘Tunay na ako ay lilikas tungo sa aking Panginoon. Tunay na Siya ay Makapangyarihan at Maalam.’ 29:27. Ipinagkaloob Namin sa kanya sina Isaac at Jacob at inilagay Namin sa kanyang mga inapo ang pagkapropeta at ang Aklat at ibinigay Namin sa kanya ang kanyang gantimpala sa mundo. Tunay na Siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa matutuwid.

29:28. Sinabi ni Lot sa kanyang nasyon, ‘Tunay na kayo ay gumagawa ng kalaswaan na hindi pa ginawa ng sinumang nauna sa inyo sa mga nilikha. 29:29. Kayo ay nagnanasa sa kapwa ninyo lalaki at nananambang bilang mga tulisan sa mga daanan at gumagawa sa mga pagtitipon ninyo ng kasamaan.’ Ang kanyang nasyon ay hindi tumugon liban pa sa mga katagang, ‘Ipadala mo sa amin ang parusa ni Allah kung ikaw ay kabilang sa mga makatotohanan.’ 29:30. Sinabi niya, ‘Panginoon ko, tulungan Mo ako laban sa mga taong mapanira.’

29:31. Nang dumating ang aming mga sugo kay Abraham na dala ang magandang balita ay sinabi nila, ‘Tunay na kami ay wawasak sa mga tao sa bayan na ito. Tunay na ang mga tao rito ay mga makasalanan.’ 29:32. Sinabi ni Abraham, ‘Tunay na naroon si Lot.’ Sinabi nila, ‘Kami ay mas nakaaalam kung sino ang naroroon. Katiyakang ililigtas namin siya at ang kanyang pamilya liban na lamang sa kanyang asawa na kabilang sa mga mawawasak.’

29:33. Nang dumating ang Aming mga sugo kay Lot ay nakaramdam siya ng bagabag para sa kanila. Sinabi nila, 'Huwag kang matakot at huwag kang malungkot. Tunay na ililigtas ka namin at ang iyong pamilya, liban na lamang sa iyong asawa na kabilang sa mga mawawasak. 29:34. Tunay na kami ay magbababa sa mga tao sa bayan na ito ng parusa mula sa langit dahil sa kanilang pagsuway.' 29:35. Iniwan Namin dito ang tanda bilang malinaw na patunay sa mga nag-iisip.

29:36. Tungo sa Madyan ay ang kanilang kapatid na si Shu'ayb. Sinabi niya, 'O aking nasyon, sambahin ninyo si Allah at hangarin ninyo ang Kabilang-buhay at huwag humayo sa lupa na mga mapanira.' 29:37. Ngunit pinasinungalingan nila siya at dumating sa kanila ang lindol at sila sa kanilang mga tahanan ay mga bangkay na nakabulagta.

29:38. Ang 'Ad at Thamud ay naging malinaw sa inyo mula sa kanilang mga bahay. Pinalamutian para sa kanila ni Satanas ang kanilang mga gawa at hinarangan sila mula sa landas samantalang sila ay mga biniyayaan ng paningin.

29:39. Sina Qarun, Paraon at Haman. Dumating sa kanila si Moises dala ang malilinaw na tanda at sila ay nagmalaki sa lupa at hindi nila Kami matatakasan. 29:40. Kaya lahat sila ay pinarusahan dahil sa kasalanan nila. Kabilang sa kanila yaong ipinadala Namin sa kanya ang bagyo, at kabilang sa kanila yaong dinatnan ng pagsabog at kabilang sa kanila yaong pinalamon Namin sa lupa, at kabilang sa kanila yaong nilunod Namin. Si Allah ay hindi nang-api sa kanila bagkus sila sa kanilang mga sarili ay nang-api.

29:41. Ang halimbawa ng mga nagturing sa iba pa liban kay Allah bilang mga kakampi ay tulad ng gagamba na gumawa ng bahay. Tunay na ang pinakamahinang bahay ay ang bahay ng gagamba kung

nalalaman lamang nila. 29:42. Tunay na si Allah ay nakakaaalam sa dinadasalan nila liban sa Kanya na mga bagay. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam. 29:43. Yaon ang mga halimbawa na ibinigay Namin sa mga tao, walang makauunawa nito liban na lamang sa nakaaalam. 29:44. Nilikha ni Allah ang kalangitan at ang lupa nang buong katotohanan. Tunay na naririto ang tanda para sa mga nanampalataya.

29:45. Basahin mo O Muhammad ang ipinahayag sa iyo mula sa Aklat at itaguyod mo ang obligadong pagdarasal. Tunay na ang obligadong pagdarasal ay nagbabawal sa kalaswaan at kasalanan. At ang pag-aalaala kay Allah ay mas dakila. Si Allah ay nakaaalam sa ginagawa ninyo.

29:46. Huwag makipagtalo sa Angkan ng Kasulatan liban na lamang sa pamamaraan na mabuti, liban na lamang sa mga mapang-api sa kanila. Sabihin ninyo, 'Nanampalataya kami sa siyang ipinahayag sa amin at sa ipinahayag sa inyo at ang Diyos namin at Diyos ninyo ay iisang Diyos lamang at kami sa Kanya ay mga sumuko.'

29:47. Gayundin ay ibinaba Namin sa iyo ang Aklat. Ang mga binigyan Namin ng Aklat ay naniniwala rito. At kabilang sa kanila ang mga nanampalataya rito. Walang nagtatakwil sa Aming mga tanda liban na lamang sa mga hindi nanampalataya. 29:48. Hindi ka bumasa bago pa ito ng anumang aklat o ikaw ay nagsulat sa pamamagitan ng iyong kanang kamay. Kung hindi, ay lalong nagduda ang mga nagdududa. 29:49. Bagkus ito ay mga talatang malilinaw sa dibdib ng mga binigyan ng kaalaman. Walang nagtatakwil sa Aming mga tanda liban na lamang sa mga mapang-api.

29:50. Sinasabi nila, 'Bakit hindi ibinaba sa kanya ang mga tanda mula sa kanyang Panginoon?' Sabihin, 'Ang mga tanda ay tangan ni Allah lamang at ako ay malinaw na tagapagbabala lamang.'

29:51. Hindi ba sapat sa kanila na Kami ay nagpababa sa iyo ng Aklat na binabasa sa kanila? Tunay na naririto ang habag at paalaala para sa mga nanampalataya. 29:52. Sabihin, ‘Sapat si Allah sa pagitan ko at pagitan ninyo bilang saksi. Nalalaman Niya ang nasa kalangitan at lupa. Silang mga naniwala sa kamalian at hindi nanampalataya kay Allah ay sila ang mga nalugi.

29:53. Minamadali ka nila sa parusa. Kung hindi lamang dahil sa takdang oras ay dumating sa kanila ang parusa nang biglaan nang hindi nila nararamdaman. 29:54. Minamadali ka nila sa parusa. Tunay na ang Impiyerno ay nakapaligid sa mga hindi nanampalataya. 29:55. Sa Araw na ang parusa ay babalot sa kanila mula sa ibabaw nila at mula sa ilalim ng kanilang mga paa at sasabihin sa kanila, ‘Tikman ninyo ang dati ninyong mga ginawa.’

29:56. O Aking mga alipin na nanampalataya, tunay na ang Aking lupain ay malawak, sa Akin lamang kayo sumamba. 29:57. Bawat kaluluwa ay makatitikim ng kamatayan. At tungo sa Amin, sila ay magbabalik. 29:58. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabubuti ay katiyakang itatalaga Namin sa kanila sa Paraiso ang mga silid na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon. Napakahusay na gantimpala para sa mga kumikilos. 29:59. Silang mga nagtiis at sa kanilang Panginoon ay nananalig. 29:60. Ilang nilikha ba ang hindi nagdadala ng sariling panustos? Si Allah ang nagtutustos para rito at para sa inyo. Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam.

29:61. Kung tatanungin mo sila, ‘Sino ang lumikha ng kalangitan at lupa at namamahala sa araw at buwan?’ Tiyak na sasabihin nila, ‘Si Allah.’ Paanong sila ay nalinlang? 29:62. Si Allah ay namamahagi ng Kanyang biyaya sa sinumang naisin Niya sa Kanyang mga alipin at pumipigil nito sa kanya. Tunay na si Allah, sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 29:63. Kung tatanungin mo sila, ‘Sino ang nagpapadala

mula sa langit ng tubig na nabubuhay sa pamamagitan nito ang lupa matapos ang kamatayan nito?' Tiyak na sasabihin nila, 'Si Allah.' Sabihin, 'Papuri kay Allah.' Ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nag-iisip.

29:64. Ang buhay sa mundo ay hindi hihigit pa sa pag-aaliw at laro. Tunay na ang tahanan sa Kabilang-buhay ay ang buhay na walang hanggan. Kung nalalaman lamang nila. 29:65. Kapag sila ay sumakay sa barko ay nananalangin sila kay Allah nang dalisay para lamang sa Kanya sa relihiyon. Ngunit kapag iniligtas Niya sila tungo sa lupa, sila ay mga nagtatambal. 29:66. Upang sila ay tumanggi sa anumang ibinigay Namin sa kanila at maglibang. Tiyak na malalaman nila.

29:67. Hindi ba nila nakita na ginawa Namin ang Makkah na isang ligtas na lugar, habang lumalayo ang mga tao sa paligid nila? Sa kamalian ba sila maniniwala at sa biyaya ni Allah ay hindi sila mananampalataya? 29:68. Sino ang higit na mapang-api kaysa sa isang nag-imbento ng kasinungalingan laban kay Allah o nagpasinungaling sa katotohanan nang dumating ito sa kanya. Hindi ba't sa Impiyerno ay may tirahan para sa mga hindi nanampalataya? 29:69. Yaong mga nagsumikap para sa Amin, tiyak na gagabayan Namin sila sa Aming landas. Tunay na si Allah ay kapiling ng matutuwid.

30. SURATUR RUM (ANG MGA ROMANO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

30:1. Alif Lam Mim. 30:2. Nagapi ang mga Romano sa mga Persiano. 30:3. Sa pinakamababang lupain sa Syria at sila pagkatapos ng pagkatalo nila ay mananalo. 30:4. Sa loob ng tatlo hanggang siyam na taon. Kay Allah ang lahat ng utos bago pa ang pangyayaring ito o pagkalipas nito. At sa araw na yaon ay magsasaya ang mga nanampalataya. 30:5. Sa pamamagitan ng tagumpay mula kay Allah. Pinagtatagumpay Niya ang naisin Niya. Siya ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

30:6. Ito ang pangako ni Allah. Si Allah ay hindi bumabali sa Kanyang pangako subalit ang marami sa mga tao ay hindi nakaaalam. 30:7. Nalalaman nila ang hayag sa buhay sa mundo habang sila sa Kabilang-buhay ay nalilingat.

30:8. Hindi ba sila nag-iisip sa kanilang mga sarili? Si Allah ay hindi lumikha sa kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila liban na lamang sa katotohanan at sa takdang panahon. Tunay na karamihan sa mga tao sa pagtatagpo nila ng kanilang Panginoon ay hindi nananampalataya. 30:9. Hindi ba sila naglakbay sa lupa at nakita nila kung paano ang wakas ng mga nauna sa kanila? Sila ay mas matindi sa kanila sa lakas, nagsaka sa lupa at nagtayo rito nang higit pa sa mga itinayo nila at dumating sa kanila ang mga sugo sa kanila na dala ang malilinaw na mga tanda. Si Allah ay hindi nang-api sa kanila bagkus sila sa kanilang mga sarili ay nang-api. 30:10. Ang wakas ng mga gumawa ng masama ay mas masahol dahil pinasinungalingan nila ang mga tanda ni Allah at sila rito ay natatawa.

30:11. Si Allah ay nagpapasimula sa paglikha at umuulit nito at tungo sa Kanya kayo ay magbabalik. 30:12. Sa Araw na itataguyod ang Oras ay mawawalan ng pag-asa ang mga makasalanan. 30:13. Walang sinuman mula sa kanilang mga itinambal ang magiging tagapamagitan para sa kanila at sila, sa kanilang mga itinambal ay hindi na maniniwala. 30:14. Sa Araw na itataguyod ang Oras, sa Araw na yaon sila ay magkakahiwa-hiwalay. 30:15. Ngunit ang mga nanampalataya at gumawa ng mga kabutihan, sila ay sa hardin at masasaya. 30:16. Ngunit ang mga hindi nanampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga talata at sa pagtatagpo sa Kabilang-buhay ay sila yaong sa parusa ay dadalhin. 30:17. Luwalhati kay Allah sa pag-abot ninyo sa gabi at sa pag-abot ninyo sa umaga. 30:18. Sa Kanya ang papuri sa kalangitan at lupa at sa gabi at kapag inabutan kayo ng tanghali. 30:19. Inilababas niya ang buhay mula sa patay tulad ng halaman na mula sa buto at inilalabas niya ang patay mula

sa buhay tulad ng itlog na mula sa buhay na manok. Bumubuhay sa lupa matapos ang kamatayan nito. Ganito rin kayo bubuhaying-muli. 30:20. Kabilang sa Kanyang mga tanda na nilikha Niya kayo mula sa putik at kayo ay naging taong nagkalat sa lupa. 30:21. Kabilang sa Kanyang mga tanda na lumikha Siya para sa inyo mula sa inyong mga sarili ng mga asawa upang mapanatag kayo sa kanila. Dinulot Niya na magkaroon sa pagitan ninyo ng pagmamahal at habag. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga taong nag-iisip.

30:22. Kabilang sa Kanyang mga tanda ang pagkakalikha sa kalangitan at lupa at ang pagkakaiba ng inyong mga wika at mga kulay. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nakaaalam. 30:23. Kabilang sa Kanyang mga tanda ang inyong pagtulog sa gabi at sa araw sa paghahanap ninyo ng biyaya Niya. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nakikinig. 30:24. Kabilang sa Kanyang mga tanda ang ipakita Niya sa inyo ang kidlat na nagdudulot ng takot at pagkamangha at pinababaha Niya mula sa langit ang tubig na binubuhay Niya sa pamamagitan nito ang lupa matapos ang kamatayan nito. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nag-iisip.

30:25. Kabilang sa Kanyang mga tanda na nananatili ang langit at ang lupa sa Kanyang utos. At kapag tinawag Niya kayo sa isang tawag lamang mula sa lupa, kayo ay hahayo mula rito. 30:26. Sa Kanya ang sinumang nasa kalangitan at lupa. Lahat sa Kanya ay nagpapakumbaba.

30:27. Siya ang nagpasimula ng paglikha at umuulit nito at ito ay madali para sa Kanya. Sa Kanya ang mataas na katangian sa kalangitan at lupa. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

30:28. Siya ay nagbigay sa inyo ng halimbawa mula sa inyong mga sarili. Mayroon ba kayong mga alipin na taglay ng inyong mga kanang kamay na magiging mga kahati ninyo sa anumang ibiniyaya

Namin sa inyo at kayo ay nagiging pantay dito at kayo ay matatakot sa kanila tulad ng takot ninyo sa isat isa? Ganito Namin nililinaw ang mga talata para sa mga taong nag-iisip. 30:29. Ngunit sinunod ng mga nang-api ang kanilang mga pagnanasa nang walang kaalaman. Sino ang makapaggagabay sa iniligaw ni Allah? Para sa kanila ay walang tagatulong.

30:30. Iharap mo ang iyong mukha para sa relihiyon na kumikiling sa katotohanan. Ang likas na pagkakalikha ni Allah na siyang itinalaga Niya sa mga tao. Walang pagbabago sa paglikha ni Allah. Yaon ang relihiyon na matuwid ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam. 30:31. Nagbabalik-loob sa Kanya. Katakutan ninyo Siya at itaguyod ang obligadong pagdarasal at huwag maging kabilang sa mga nagtatambal. 30:32. Huwag din kayong mapabilang sa mga naghati-hati sa kanilang relihiyon at naging mga sekta, bawat grupo sa tangan nito ay masaya.

30:33. At kapag dumating sa tao ang sakuna ay nananalangin sila sa kanilang Panginoon na nagbabalik-loob sa Kanya at kapag sila ay pinatikim mula sa Kanya ng habag, ang isang grupo nila, sa kanilang Panginoon ay nagtatambal. 30:34. Upang itakwil nila ang ibinigay Namin sa kanila. Maglibang lang kayo nang kaunti at malalaman din ninyo. 30:35. O Kami ay nagbaba sa kanila ng autoridad kaya siya ay nagsasalita tungkol sa anumang itinatambal nila sa Kanya?

30:36. Kapag pinatikim Namin sa tao ang habag ay nagbubunyi sila rito. At kapag dinatnan sila ng sakuna dahil sa ginawa ng kanilang mga kamay, sila ay nalulumbay. 30:37. Hindi ba nila nakita na si Allah ay namamahagi ng biyaya sa sinumang Kanyang naisin at pumipigil nito. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nanampalataya. 30:38. Kaya, ibigay sa kamag-anak ang karapatan niya, sa mahihirap at mga naantalang manlalakbay. Yaon ay mas mainam para sa mga naghahangad ng kaluguran ni Allah.

Sila ang mga matagumpay. 30:39. Anumang ibinigay ninyo na interes sa patubo upang kumita mula sa yaman ng mga tao ay hindi daragdagan ni Allah. Ngunit ang ibinigay ninyo na obligadong kawanggawa sa paghahangad kay Allah, ito ang mga tagapagdoble.

30:40. Si Allah ang lumikha sa inyo at nagbiyaya sa inyo at papatay sa inyo at bubuhay sa inyo. Mayroon bang mula sa mga itinambal ninyo ang gagawa nito na kahit ano? Luwalhati sa Kanya at kataas-taasan Siya mula sa mga itinatambal nila. 30:41. Lumitaw ang kasamaan sa lupa at sa dagat tulad ng mga sakuna dahil sa nakamit ng mga kamay ng mga tao upang ipatikim Niya sa kanila ang ilan sa mga ginawa nila upang sila nawa ay magbalik-loob. 30:42. Sabihin, 'Maglakbay kayo sa lupa at tingnan ninyo kung paano ang wakas ng mga nauna. Karamihan sa kanila ay mga nagtatambal.

30:43. Iharap mo ang iyong mukha sa relihiyon na matuwid bago pa dumating ang Araw na walang pagpigil dito mula kay Allah. Sa Araw na yaon sila ay mahahati-hati. 30:44. Sinumang hindi manampalataya ay sa kanya ang kanyang kawalang pananampalataya. Sinumang gumawa ng kabutihan ay para sa kanilang mga sarili nila ito inihahanda. 30:45. Upang gantimpalaan ang mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan mula sa Kanyang biyaya. Tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga hindi nanampalataya.

30:46. Kabilang sa Kanyang mga tanda ay ang pagpapadala Niya ng hangin bilang tagapagdala ng magandang balita upang matikman ninyo ang Kanyang habag, at upang maglayag ang mga barko sa Kanyang utos at kayo ay humanap ng Kanyang biyaya upang kayo nawa ay magpasalamat. 30:47. Kami ay nagpadala sa nauna sa iyo na mga sugo tungo sa kanilang mga nasyon at dumating silang dala ang malilinaw na tanda at Kami ay naghiganti sa mga nang-api. Ito ay marapat para sa Amin bilang tulong sa mga nanampalataya.

30:48. Si Allah ang nagpadala ng hangin at ito ay nagpapagalaw sa mga ulap at nagpapakalat nito sa langit paano man Niya naisin. Ginagawa Niya itong mga tipak at makikita ninyo ang ulan na lumalabas mula rito. Kapag dumating ito sa sinumang naisin Niya mula sa Kanyang mga alipin, sila ay nagbubunyi. 30:49. Kahit pa sila noon sa pagbaba nito sa kanila ay nawalan na ng pag-asa. 30:50. Tingnan ninyo ang mga bakas ng habag ni Allah. Paanong Siya ay nagbibigay-buhay sa lupa matapos ang kamatayan nito. Tunay na Siya rin ang bumubuhay sa patay. Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 30:51. Kung Kami man ay nagpadala ng hangin na masama at nakita nila itong nalanta at naging luntian muli ay nanatili pa rin sila pagkatapos nito na mga hindi nanampalataya. 30:52. Tunay na ikaw ay hindi makakapagpakinig sa patay o sa bingi sa pagtawag kapag sila ay tumalikod na umaatras. 30:53. Hindi ka isang gabay para sa mga bulag mula sa pagkaligaw nila. Tunay na ang mapapakinig mo ay ang nanampalataya sa Aming mga talata at silang mga Muslim.

30:54. Si Allah ang lumikha sa inyo mula sa kahinaan at nagdulot pagkatapos ng kahinaan ng lakas, at pagkatapos ng lakas ay kahinaan at puting buhok. Nililikha Niya ang nais Niya. Siya ang Maalam at ang may kakayanan. 30:55. Sa Araw na itataguyod ang Oras ay manunumpa ang mga makasalanan na hindi sila nanatili liban na lamang sa isang oras. Ganoon sila nalinlang. 30:56. Ngunit yaong binigyan ng kaalaman at pananampalataya ay magsasabing, ‘Kayo ay nanatili sa pagtatakda ni Allah hanggang sa Araw ng Pagkabuhay-muli, at ito ay ang Araw ng Pagkabuhay-muli ngunit kayo ay hindi nakaaalam.’ 30:57. Kaya sa araw na yaon ay hindi makikinabang ang mga makasalanan sa kanilang pagpapalusot at hindi na sila makapagsisisi.

30:58. Kami ay nagbigay sa mga tao sa Quran na ito mula sa lahat ng halimbawa. Kung ikaw O Muhammad ay magbibigay sa kanila ng

tanda ay tiyak na sasabihin ng mga hindi nanampalataya, ‘Kayo ay mga namemeke lamang.’ 30:59. Sa ganitong paraan, si Allah ay nagtatabon sa puso ng mga hindi nakaaalam. 30:60. Magtiis. Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo. Huwag kang panghinaan ng loob dahil sa kanilang mga hindi nakatitiyak.

31. SURAH LUQMAN (SI LUQMAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

31:1. Alif Lam Mim.

31:2. Ito ang mga talata ng Aklat na maalam. 31:3. Gabay at habag para sa matutuwid. 31:4. Silang mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal, nagbabayad ng obligadong kawanggawa at silang sa Kabilang-buhay ay nakatitiyak. 31:5. Sila yaong mga nasa gabay mula sa kanilang Panginoon at sila yaong mga matagumpay.

31:6. Kabilang sa mga tao ay yaong bumibili ng walang saysay na pananalita upang magligaw mula sa landas ni Allah nang walang kaalaman at gawin itong katawa-tawa. Sila yaong para sa kanila ang parusang nakahihiya. 31:7. Kapag binasa sa kanya ang mga talata Namin ay tumatalikod na mapagmalaki na parang hindi niya ito narinig na para bang sa tainga niya ay may kabingihan. Balitaan mo siya ng parusang masakit. 31:8. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay para sa kanila ang mga hardin ng kaligayahan. 31:9. Mananatili rito habang-panahon. Pangako ni Allah na totoo. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

31:10. Nilikha Niya ang kalangitan nang walang haligi na nakikita ninyo. Naglagay sa lupa ng mga bundok, na kung wala sila ay gagalaw kayo kasama nito. Nagpakalat Siya rito ng ibat ibang mga nilalang. Kami ay nagpababa mula sa langit ng tubig at nagpatubo

rito mula sa lahat ng uri ng magandang uri. 31:11. Ito ang paglikha ni Allah. Kaya ipakita ninyo sa Akin kung ano ang nilikha ng iba pa liban sa Akin. Bagkus ang mga makasalanan ay nasa pagkaligaw na malinaw.

31:12. Binigyan Namin si Luqman ng kaalaman at nagsabing, 'Magpasalamat kay Allah.' Sinumang magpasalamat ay tunay na nagpasalamat para sa kanyang sarili lamang. Sinumang magtakwil, tunay na si Allah ay Mayaman at Kapuri-puri. 31:13. Nang sinabi ni Luqman sa kanyang anak at tinuturuan niya ito, 'O aking anak, huwag kang magtambal kay Allah. Tunay na ang pagtatambal ay isang pang-aaping malaki.'

31:14. Kami ay nagtalaga sa tao ukol sa kanyang mga magulang. Ipinagbuntis siya ng kanyang ina sa kahinaan na sinundan ng kahinaan at sa pagpapasuso sa kanya ng dalawang taon. Magpasalamat sa Akin at sa iyong mga magulang, tungo sa Akin ang inyong hantungan. 31:15. Kung silang dalawa ay pipilit sa iyo na magtambal ka sa Akin nang wala kang kaalaman dito ay huwag mo silang sundin. Pakisamahan mo silang dalawa sa mundo nang mabuti. Sundan mo ang landas ng mga nagbalik-loob sa Akin. Tungo sa Akin ang inyong pagbabalik at ipaaalam Ko sa inyo kung ano ang inyong ginawa. 31:16. Sinabi ni Luqman, 'O aking anak, tunay na anumang kasingbigat ng buto ng mustasa na nasa bato o sa kalangitan o lupa. Ito ay ilalahad ni Allah. Tunay na si Allah ay Kapita-pitagan at Nakababatid. 31:17. Aking anak, itaguyod mo ang obligadong pagdarasal, mag-utos ng kabutihan at magbawal sa kasamaan at magtiis sa anumang dumating sa iyo. Tunay na yaon ay mga dapat na panindigan. 31:18. Huwag mong talikuran ang mga tao at huwag maglakad sa lupa na mayabang. Tunay na si Allah ay hindi nagmamahal sa lahat ng mapagmalinis at mayabang.

31:19. Maging katamtaman sa iyong paglakad at hinaan ang iyong tinig. Tunay na ang pinakapangit na tinig ay ang tinig ng asno.’

31:20. Hindi ba ninyo nakita na si Allah ay nagpagamit sa inyo ng anumang nasa kalangitan at lupa at pinarami sa inyo ang Kanyang mga biyaya na hayag at nalilingid? Kabilang sa mga tao yaong nakikipagtalo tungkol kay Allah nang walang kaalaman o gabay o Aklat na nagpapaliwanag. 31:21. Kapag sinabi sa kanila, ‘Sundin ninyo ang ibinaba ni Allah.’ Sinasabi nila, ‘Bagkus ay susundin namin ang natagpuan namin sa aming mga ninuno.’ Kahit pa si Satanas ay nag-iimbita sa kanila tungo sa parusa ng Apoy.

31:22. Sinumang isuko niya ang kanyang mukha kay Allah at siya ay matuwid, siya ay kumapit sa mapagkakatiwalaang makakapitan. Tungo kay Allah ang hantungan ng mga bagay. 31:23. Sinumang hindi manampalataya ay huwag mong ikalungkot ang kanyang hindi pananampalataya. Tungo sa Amin ang kanilang pagbabalik at ipababatid Namin sa kanila ang kanilang mga ginawa. Tunay na si Allah ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga dibdib. 31:24. Aaliwin Namin sila nang kaunti at pipilitin Namin sila tungo sa parusang matindi.

31:25. Kung tatanungin mo sila, ‘Sino ang lumikha sa kalangitan at lupa?’ Tiyak na sasabihin nilang, ‘Si Allah.’ Sabihin mo, ‘Papuri kay Allah.’ Ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 31:26. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Tunay na si Allah ang Mayaman at ang Kapuri-puri. 31:27. Kung sa lupa, ang mga puno ay naging mga panulat at ang dagat ay naging tinta at idaragdag dito ang pito pang dagat ay hindi mauubos ang salita ni Allah. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

31:28. Ang pagkakalikha sa inyo at ang inyong pagkabuhay-muli ay tulad ng isang kaluluwa lamang. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at

Nakakakita. 31:29. Hindi mo ba nakita na si Allah ay nagdudulot na pumasok ang gabi sa araw at pumasok ang araw sa gabi. Dinulot Niya ang araw at ang buwan na tumakbo sa daanan nito sa takdang panahon. Si Allah, sa lahat ng inyong ginagawa ay Nakababatid? 31:30. Yaon ay dahil si Allah ang katotohanan at ang dinadasalan nila liban sa Kanya ay ang kamalian. Si Allah ang Siyang Kataas-taasan at ang Malaki.

31:31. Hindi mo ba nakita na ang barko ay naglalayag sa dagat sa biyaya ni Allah upang ipakita Niya sa inyo ang mula sa Kanyang mga tanda. Tunay na naririto ang mga tanda para sa lahat ng matiisin at mapagpasalamat. 31:32. Kapag inanod sila ng alon na kasingtaas ng bubong ay nananalangin sila kay Allah nang taus-puso sa Kanya sa relihiyon ngunit nang iniligtas Niya sila tungo sa lupa ay kabilang sa kanila yaong mga nag-aalinlangan. Walang sinumang tumatanggi sa Aming mga tanda liban na lamang sa traydor at hindi mapagpasalamat.

31:33. O mga tao, katakutan ninyo ang inyong Panginoon at katakutan ninyo ang Araw na walang pakinabang ang ama sa kanyang anak o ang anak sa kanyang ama na kahit ano. Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo. Huwag kayong magpalinlang sa buhay sa mundo at huwag kayong magpalinlang tungkol kay Allah sa Satanas na tagapaglinlang. 31:34. Tunay na si Allah ay may kaalaman sa Oras at nagpapababa ng ulan at nakaaalam ng anumang nasa sinapupunan. Hindi alam ninuman kung ano ang makakamit niya kinabukasan. Hindi nalalaman ninuman kung saang lupalop siya mamamatay. Tunay na si Allah ay Maalam at Nakababatid.

32. SURATUS SAJDAH (ANG PAGPAPATIRAPA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

32:1. Alif Lam Mim.

32:2. Kapahayagan ng Aklat na walang pagdududa rito mula sa Panginoon ng mga nilikha. 32:3. O sinasabi ba nila na, 'Inimbento niya ito.' Bagkus ito ang katotohanan mula sa iyong Panginoon upang magbabala ka sa mga tao na walang dumating sa kanila na tagapagbabala na nauna sa iyo upang sila nawa ay magabayan.

32:4. Si Allah ang lumikha ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila sa anim na araw at Siya ay lumuklok sa trono. Wala kayong anuman liban sa Kanya na tagapag-ingat o tagapamagitan. Hindi ba kayo mapaaalalahanan? 32:5. Isinasaayos Niya ang mga bagay mula sa langit hanggang sa lupa at ito ay aakyat sa Kanya sa Araw na ang katumbas nito ay isang libong taon sa inyong pagtataya. 32:6. Siya ang nakaaalam sa mga nalilingid at nahahayag, ang Makapangyarihan, ang Mahabagin. 32:7. Siyang nagperpekto sa lahat ng Kanyang nilikha at nagpasimula ng paglikha sa tao mula sa putik. 32:8. Siya ay nagdulot sa kanya ng mga inapo na mula sa punlay na mula sa tubig na walang halaga. 32:9. Hinugisan Niya ito at hiningahan ng kaluluwa na mula sa Kanya at nagdulot sa inyo ng pandinig, paningin at puso. Kaunti ang inyong pagpapasalamat.

32:10. Sinabi nila, 'Kapag kami ay nabulok sa lupa, kami ba ay tunay na magiging bagong nilikha?' Bagkus sila sa pakikipagtagpo sa kanilang Panginoon ay hindi nananampalataya. 32:11. Sabihin, 'Babawian kayo ng buhay ng Anghel ng Kamatayan na siyang inatasan sa inyo at tungo sa inyong Panginoon kayo ay magbabalik.' 32:12. Kung makikita mo lamang nang ang mga makasalanan ay magyuyuko ng kanilang mga ulo sa harap ng kanilang Panginoon na magsasabi, 'Panginoon namin, nakakita kami at nakarinig, kaya

ibalik Mo kami upang gumawa kami ng mabuti. Tunay na kami ay nakatitiyak.' 32:13. Kung ninais lamang Namin ay binigyan Namin ang bawat isa ng gabay niya ngunit ang salita ng katotohanan na mula sa Akin ay, 'Tiyak na pupunuin Ko ang Impiyerno ng mga engkanto at tao nang magkakasama. 32:14. Kaya tikman ninyo ang bunga ng inyong paglimot sa pagtatagpo sa Araw ninyo na ito. Tunay na Kami ay nakalimot sa inyo. Tikman ninyo ang parusang habang-buhay dahil sa inyong mga ginawa.' 32:15. Yaong mga nanampalataya sa Aming mga tanda ay sila lamang na kapag pinaalalahanan dito ay nagpapatirapa at lumuluwalhati sa pagpuri sa kanilang Panginoon at sila ay hindi nagmamalaki. 32:16. Bumabangon mula sa higaan nila at nananalangin sa kanilang Panginoon nang may takot at pag-asa at mula sa ibiniyaya Namin sa kanila ay nagtutustos. 32:17. Walang makaaalam na kahit sino sa anumang itinago sa kanila mula sa ligaya para sa kanilang mga mata bilang gantimpala sa kanilang mga ginawa.

32:18. Ang isang nanampalataya ay tulad ba ng isang suwail? Hindi sila pareho. 32:19. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay para sa kanila ang mga hardin na matutuluyan bilang tahanan at pagsalubong sa kanila dahil sa kanilang mga ginawa. 32:20. Ngunit ang mga sumuway, ang tahanan nila ay ang Apoy. Tuwinang nanaisin nila na lumabas mula rito ay ibabalik sila rito at sasabihin sa kanila, 'Tikman ninyo ang parusa ng Apoy na dati ninyong pinasisinungalingan.' 32:21. Tiyak na patitikimin Namin sila ng parusang mas malapit dito sa mundo, na iba pa sa malaking parusa upang sila nawa ay magbalik-loob. 32:22. Sino ba ang mas mapang-api kaysa sa isang pinaalalahanan sa mga talata ng kanyang Panginoon at tumalikod dito? Tunay na Kami, sa mga makasalanan ay maghihiganti.

32:23. Ibinigay Namin kay Moises ang Torah kaya huwag magduda sa kanyang pakikipagtagpo kay Propeta Muhammad sa gabi ng Al Isra' wal Mi'raj. Dinulot Namin ang Torah na maging gabay para sa

Angkan ng Israel. 32:24. Dinulot Namin ang ilan sa kanila na maging mga pinuno na naggagabay ayon sa Aming utos nang sila ay nagtiis at sila sa Aming mga tanda ay nakatitiyak. 32:25. Tunay na ang iyong Panginoon ay maghahatol sa pagitan nila sa Araw ng Paghuhukom ukol sa kanilang pinagtatalunan. 32:26. Hindi ba naging malinaw sa kanila kung ilan ang winasak Namin na nauna sa kanila mula sa mga henerasyon habang sila ay naglalakad sa mga tahanan nila? Tunay na naroon ang mga tanda. Hindi ba sila nakikinig?

32:27. Hindi ba nila nakita na Kami ay naghahatid ng tubig sa mga lupang tuyot at sa pamamagitan nito ay pinatutubo Namin mula rito ang mga halaman na kumakain mula rito ang kanilang mga pinapastol na hayop at ang mga sarili nila? Hindi ba nila nakikita? 32:28. Sinasabi nila, 'Kailan ang Pagpapasya na ito kung kayo ay makatotohanan?' 32:29. Sabihin, 'Sa Araw ng Pagpapasya ay hindi makikinabang ang mga hindi nanampalataya sa kanilang pananampalataya at hindi sila palulugitan.' 32:30. Layuan mo sila at maghintay. Tunay na sila rin ay naghihintay.

33. SURATUL AHZAB (ANG ALYANSA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

33:1. O Propeta, katakutan mo si Allah at huwag sumunod sa mga hindi nanampalataya at mga nagpapanggap na Muslim. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 33:2. Sundin ang ipinahayag sa iyo mula sa iyong Panginoon. Tunay na si Allah, sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid. 33:3. Manalig kay Allah. Sapat si Allah bilang mapananaligan.

33:4. Si Allah ay hindi naglagay sa tao ng dalawang puso sa loob nito. Hindi Siya nagdulot na ang inyong mga asawa ay gawin ninyong bawal sa inyo tulad ng inyong mga ina. Hindi Niya dinulot

na ang inyong mga ampon ay maging tunay ninyong mga anak. Yaon ay sinasabi lamang ninyo sa inyong mga bibig. Si Allah ay nagsasabi ng katotohanan at Siya ay naggagabay sa matuwid na landas. 33:5. Tawagin ninyo sila sa pangalan ng mga ama nila, ito ay mas makatarungan para kay Allah. Kung hindi ninyo nakikilala ang kanilang mga ama, sila ay inyong mga kapatid sa pananampalataya at tulad ng pinalaya ninyong alipin. Sa inyo ay walang paninisi kung nagkamali kayo, bagkus ay kung ano lamang ang nilayon ng inyong mga puso. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

33:6. Ang Propeta ay mas karapat-dapat sa mga nanampalataya kaysa sa kanilang mga sarili. Ang kanyang mga asawa ay kanilang mga ina. Ang malalapit na kamag-anak, ang iba ay mas karapat-dapat kaysa sa iba pa sa pamana sa pagtatakda ni Allah kaysa sa iba pang mga nanampalataya at mga lumikas mula sa Makkah patungong Madinah, liban na lamang na gawin ninyo ito sa inyong malalapit na kapwa bilang kabaitan. Yaon sa Aklat ni Allah ay nakatala.

33:7. Banggitin nang nakipagtipanan Kami sa mga propeta at sa iyo at kina Noah, Abraham, Moises at Jesus na anak ni Maria. Kami ay kumuha sa kanila ng kasunduang matibay. 33:8. Upang tanungin Niya ang mga makatotohanan tungkol sa kanilang pagkamakatotohanan. Inihanda Niya para sa mga hindi nanampalataya ang parusang masakit.

33:9. O mga nanampalataya, alalahanin ninyo ang biyaya ni Allah sa inyo nang dumating ang hukbo ng alyansa ng mga hindi mananampalataya sa Labanan ng Al Khandaq at nagpadala Kami sa kanila ng malakas na hangin at mga sundalo na hindi ninyo nakita. Si Allah, sa inyong mga ginagawa ay nakakakita. 33:10. Nang sila ay dumating sa inyo mula sa ibabaw ninyo at ilalim ninyo at pinalibutan kayo sa loob at labas ng Madinah at nandilat ang inyong mga mata dahil sa

gulat, kalituhan at takot at umabot ang mga puso sa lalamunan at nag-akala kayo kay Allah ng pag-aakala. 33:11. Doon ay sinubok ang mga nanampalataya at niyanig sila nang matinding pagyanig.

33:12. Sinabi ng mga nagpapanggap na Muslim at yaong ang mga puso ay may sakit, 'Hindi nangako sa amin si Allah at ang Kanyang Sugo liban pa sa kahibangan.' 33:13. Nang sinabi ng isang grupo mula sa kanila, 'O mamamayan ng Yathrib, walang katatagan para sa inyo kaya bumalik na kayo at umatras sa inyong mga bahay sa Madinah.' Humingi ng pahintulot ang isang grupo nila sa Propeta na nagsabing, 'Tunay na ang aming mga bahay ay nakatiwangwang sa kalaban.' Ngunit hindi naman ito nakatiwangwang. Hindi sila nagnais liban pa sa pagtakas. 33:14. Kung sila man ay pasukin sa lahat ng paligid at hiniling sa kanila na talikuran ang Islam ay ginawa nila ito at hindi nagdalawang-isip liban sa kaunti. 33:15. Sila ay nakipagkasunduan kay Allah noon na hindi sila tatalikod at tatakas. Ang kasunduan kay Allah ay ipagtatanong. 33:16. Sabihin, 'Walang pakinabang sa inyo ang pagtakas kung tatakas kayo mula sa kamatayan o pagkakapatay kaya hindi kayo bibigyan ng kaligayahan sa buhay liban sa kaunti.' 33:17. Sabihin, 'Sino ang magpoprotekta sa inyo mula kay Allah kung naisin Niya sa inyo ang masama o naisin Niya sa inyo ang habag?' Wala silang matatagpuan para sa kanila liban kay Allah na tagapag-ingat o tagatulong.

33:18. Nalalaman ni Allah kung sino ang mga tagapagpigil mula sa inyo at ang mga nagsasabi sa kanilang mga kapatid na, 'Pumunta kayo sa amin at huwag tumungo sa labanan kasama si Muhammad.' Umatras ang marami sa mga nagpapanggap na Muslim liban na lamang sa iilan na humayo sa labanan upang magpakitang-tao. 33:19. Bilang pagdadamot sa inyo. Kapag dumating ang takot ay makikita mo sila na nakatingin sa iyo na umiikot ang kanilang mga mata tulad ng naghihingalo sa kamatayan. Kapag nawala ang takot ay nilalatigo nila kayo ng mga dilang matatalim na nagdadamot sa

kabutihan. Sila yaong mga hindi nanampalataya at pawawalang-saysay ni Allah ang kanilang mga gawa. Yaon para kay Allah ay madali. 33:20. Inaakala nila na ang alyansa ng mga hindi mananampalataya ay hindi pa umalis. Kapag ang alyansa ay bumalik ay hihilingin nila na sila ay nasa disyerto kasama ng mga taong-disyerto na nagtatanong tungkol sa balita sa inyo. Kung sila naman ay kasama ninyo ay hindi sila makikipaglaban liban na lamang sa ilan sa kanila dahil sa kaduwagan nila.

33:21. Para sa inyo sa Sugo ni Allah ang halimbawang mabuti para sa sinumang naghangad kay Allah at sa Kabilang-buhay at umaalala kay Allah nang madalas. 33:22. Nang nakita ng mga nanampalataya ang alyansa ng kalaban ay sinabi nila, 'Ito ang ipinangako sa amin ni Allah at ng Kanyang Sugo. Naging totoo si Allah at ang Kanyang Sugo.' Hindi ito nagdagdag sa kanila liban na lamang sa pananampalataya at pagtalima. 33:23. Kabilang sa mga nanampalataya ang kalalakihan na naging makatotohanan sa ipinangako nila kay Allah. Kabilang sa kanila yaong tumupad ng kanyang panata at ang iba ay naghihintay lamang. Hindi sila nagbago ng anumang pagbabago. 33:24. Upang gantimpalaan ni Allah ang mga makatotohanan sa kanilang pagiging makatotohanan ng gantimpala ng pagiging martir o tagumpay sa pakikibaka sa landas ni Allah at upang parusahan ang mga nagpapanggap na Muslim kung naisin Niya o tatanggapin Niya ang kanilang pagbabalik-loob. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

33:25. Itinakwil ni Allah ang mga hindi nanampalataya, at sa kanilang galit, sila ay hindi nagkamit ng kabutihan. Sapat si Allah para sa mga nanampalataya sa labanan. Si Allah ay Malakas at Makapangyarihan. 33:26. Ipinababa Niya yaong mga sumuporta sa kanila mula sa Angkan ng Kasulatan mula sa kanilang mga kastilyo. At naglagay sa kanilang mga puso ng takot, isang grupo nila ang inyong pinatay at binihag ninyo ang isang pang grupo. 33:27. Ipinamana Niya sa

inyo ang kanilang mga lupain, tahanan, kayamanan at lupa na hindi pa ninyo narating. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

33:28. O Propeta, sabihin sa iyong mga asawa, 'Kung hangad ninyo ang buhay sa mundo at ang palamuti nito ay halina kayo, paliligahayin ko kayo sa pamamagitan ng materyal na mga bagay at palalayain ko kayo ng pagpapalaya na mahusay sa pakikipaghiwalay sa inyo. 33:29. Ngunit kung ang hangad ninyo ay si Allah at ang Sugo Niya at ang tahanan sa Kabilang-buhay ay tunay na si Allah ay naghanda para sa matutuwid sa inyo ng gantimpalang malaki. 33:30. O mga asawa ng Propeta, sinumang gumawa sa inyo ng kahalayan na malinaw ay dodoblehin para sa kanya ang parusa nang dalawang ulit. Yaon para kay Allah ay madali.

33:31. Sinuman sa inyo ang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mabuti ay ibibigay Namin ang kanyang gantimpala nang dalawang ulit. Inihanda Namin para sa kanya ang biyayang marangal. 33:32. O mga asawa ng Propeta, hindi kayo tulad ng sinumang babae. Kung kayo ay natatakot kay Allah ay huwag lambingan ang pananalita dahil ito ay pagnanasaan ng taong ang kanyang puso ay may sakit. Magsabi kayo ng salitang nararapat.

33:33. Manatili kayo sa inyong mga tahanan at huwag maglantad ng kagandahan tulad ng paglalantad noong Panahon ng Kamangmangan na nauna. Magtaguyod ng obligadong pagdarasal, magbayad ng obligadong kawanggawa, sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo. Ninanais lamang ni Allah na alisin sa inyo ang karumihan, kayong mga pamilya ng Propeta at upang dalisayin Niya kayo ng ganap na pagpapadalisay. 33:34. Alalahanin ninyo ang binabasa sa inyong mga tahanan mula sa mga talata ni Allah at karunungan. Tunay na si Allah ay Kapita-pitagan at Nakababatid.

33:35. Tunay na ang kalalakihan at kababaihang Muslim, ang

kalalakihan at kababaihang mananampalataya, ang kalalakihan at kababaihang masunurin, ang kalalakihan at kababaihang makatotohanan, ang kalalakihan at kababaihang matiisin, ang kalalakihan at kababaihang mapagpakumbaba, ang kalalakihan at kababaihang nagkakawanggawa, ang kalalakihan at kababaihang nag-aayuno, ang kalalakihan at kababaihang nag-iingat sa maseselang bahagi ng katawan, ang kalalakihang umaalala kay Allah nang madalas at kababaihang umaalala. Inihanda ni Allah para sa kanila ang kapatawaran at gantimpalang malaki. 33:36. Hindi marapat para sa kalalakihang nanampalataya at kababaihang mananampalataya na kapag nagtakda si Allah at ang Kanyang Sugo ng isang bagay na magkaroon sila ng pagpipilian sa kanilang mga gawain. Sinumang sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo ay naligaw ng pagkaligaw na malinaw.

33:37. Nang sinabi mo sa biniyayaan ni Allah at pinaburan mo O Propeta Muhammad, si Zaid bin Harithah, na pinalayang alipin at ampon mo, 'Panatilihin mo ang iyong asawang babae at katakutan mo si Allah', habang ikaw ay nagtatago sa iyong sarili ng siyang si Allah ay magsisiwalat kalaunan at kinatakutan mo ang mga tao, na sasabihin nilang pinakasalan mo ang dating asawa ng iyong ampon. Samantalang si Allah ang higit na marapat mong katakutan. Nang hiwalayan ni Zaid bin Harithah ang asawa niyang babae ay pinaasawa ka Namin dito upang hindi magkaroon sa mga nanampalataya ng paghihirap sa mga asawa ng kanilang mga lalaking ampon kapag hiniwalayan nila sila. Ang utos ni Allah ay palaging matutupad. 33:38. Walang problema sa Propeta sa mga itinalaga ni Allah sa kanya, tulad ng pagpapakasal niya sa dating asawa ng kanyang ampon tulad ng paraan ni Allah sa mga lumipas na nauna. Ang utos ni Allah ay marapat na tuparin. 33:39. Silang mga nagpapahayag ng mga mensahe ni Allah at natatakot sa Kanya at hindi natatakot sa sinuman liban kay Allah. Sapat si Allah bilang tagapagtuos. 33:40. Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa kalalakihan ninyo ngunit

siya ay Sugo ni Allah at huling Propeta. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

33:41. O mga nanampalataya, alalahanin ninyo si Allah ng maraming pag-aalaala. 33:42. Luwalhatiin Siya sa umaga at sa hapon. 33:43. Siya ang nagpaparangal sa iyo at gayundin ang mga anghel Niya upang alisin kayo mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Siya, sa mga mananampalataya ay Maawain. 33:44. Ang pagbati nila sa Araw na makahaharap nila Siya ay 'Kapayapaan'. Siya ay naghanda para sa kanila ng gantimpalang marangal.

33:45. O Propeta, tunay na ipinadala ka Namin bilang saksi, tagapagbalita at tagapagbabala. 33:46. Tagapag-anyaya tungo kay Allah sa pahintulot Niya at ilaw na maliwanag. 33:47. Bigyan ng magandang balita ang mga nanampalataya na para sa kanila mula kay Allah ang biyayang dakila. 33:48. Huwag mong sundin ang mga hindi nanampalataya at ang mga nagpapanggap na Muslim at iwan mo ang pamiminsala nila. Manalig kay Allah. Sapat si Allah bilang mapananaligan.

33:49. O mga nanampalataya, kapag nag-asawa kayo ng mga babaeng nanampalataya at diniborsiyo ninyo sila bago pa kayo makipagtalik sa kanila - para sa inyo ay wala nang panahon ng paghihintay na nakagawian ninyo matapos ang inyong pakikipaghiwalay sa kanila. Tustusan ninyo sila at hiwalayan sila sa pagpapalayang maganda.

33:50. O Propeta, tunay na Kami ay nagpahintulot sa iyo sa iyong mga asawa na binigyan mo ng dote, mga babaeng alipin na tangan ng iyong kanang kamay mula sa mga babaeng ibinalik ni Allah sa iyo bilang kulimbat ng digmaan, at anak na babae ng tiyuhin at tiyahin mo sa iyong ama at ina na lumikas kasama ka. O kaya ay isang babaeng mananampalataya na nagkaloob ng sarili upang

mapangasawa ng Propeta kung naisin ng Propeta na pakasalan siya, espesyal para sa iyo at hindi sa iba pang mananampalataya na mapangasawa sila kahit walang dote. Nalalaman Namin ang inobliga Namin sa kanila sa kanilang mga asawang babae at mga alipin na tangan ng kanilang mga kanang kamay upang hindi ito magdulot sa iyo ng abala. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

33:51. Ipagpaliban mo ang nais mo mula sa iyong mga asawa mula sa kanilang karapatan at isama mo sa paglalakbay ang naisin mo. Sinumang naisin mong iwan nang panandalian ay walang problema sa iyo. Yaon ay mas mainam upang sila ay makuntento at hindi malungkot. Sila ay marapat na malugod sa ibinigay mo sa kanila, lahat sila. Nalalaman ni Allah ang nasa inyong mga puso. Si Allah ay Nakaaalam at Maunawain. 33:52. Hindi ipinahihintulot sa iyo ang iba pang kababaihan pagkatapos nito o kaya ay ipagpapalit mo sila sa iba pang asawa, kahit pa magustuhan mo ang kagandahan nila liban na lamang sa mga alipin na tangan ng iyong kanang kamay. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakamasid.

33:53. O mga nanampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay ng Propeta hanggang sa pahintulutan kayo sa pagkain nang hindi naghihintay sa paghahanda nito. Ngunit kung kayo ay iimbitahan ay pumasok kayo at kapag kayo ay nakakain na ay humayo kayo na hindi nananatili upang makipag-usap. Tunay na yaon ay umaabala sa Propeta at nahihiya siya sa inyo na paalisin kayo. Si Allah ay hindi nahihiya sa katotohanan. Kung kayo ay hihingi mula sa mga asawa ng Propeta ng anumang bagay ay humingi sa kanila sa likod ng tabing. Yaon ay mas dalisay para sa inyong mga puso at puso nila. Hindi marapat para sa inyo na pinsalain ang Sugo ni Allah o asawahin ninyo ang kanyang mga asawa pagkamatay niya kahit kailan. Tunay na yaon para kay Allah ay matindi. 33:54. Kung kayo ay maghahayag ng isang bagay o ililihim ito ay tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 33:55. Walang problema sa

kababaihan kung hindi na sila magbelo sa harap ng kanilang mga ama o mga anak, kapatid na lalaki, anak na lalaki ng kapatid na lalaki o babae, o mananampalatayang babae at mga aliping tangan ng kanilang mga kanang kamay. Katakutan ninyo si Allah O kababaihan. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Saksi.

33:56. Tunay si Allah at ang Kanyang mga anghel ay nagpapasalamat sa Propeta. O mga nanampalataya magpasalamat sa kanya at bumati kayo sa kanya ng kapayapaan bilang pagpapasalamat. 33:57. Tunay na yaong mga namiminsala kay Allah at sa Kanyang Sugo ay isinumpa ni Allah sa mundo at sa Kabilang-buhay at inihanda sa kanila ang parusang nakahihiya. 33:58. Silang mga namiminsala sa mga nanampalatayang lalaki at babae na wala namang kasalanan sa kanila ay nagpasan ng paninirang-puri at kasalanan na maliwanag.

33:59. O Propeta, sabihin mo sa iyong mga asawa at iyong mga anak na babae at kababaihang nanampalataya na balutin nila ang kanilang mga sarili ng panlabas na damit nila. Yaon ay mas mainam upang makilala sila at hindi mapinsala. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 33:60. Kung hindi titigil ang mga nagpapanggap na Muslim at yaong ang kanilang mga puso ay may sakit gayundin ang nagkakalat ng mga sabi-sabi sa Madinah ay tiyak na hihimukin ka Namin laban sa kanila at hindi sila mananatili bilang iyong kapitbahay dito liban na lamang sa kaunting panahon. 33:61. Mga isinumpa saan man sila naroroon na sila ay bibihagin at papatayin nang ganap na pagpatay. 33:62. Ito ang paraan ni Allah sa mga lumipas na nauna. Wala kang matatagpuan sa paraan ni Allah na pagbabago. 33:63. Tinatanong ka ng mga tao tungkol sa Oras. Sabihin, ‘Ang kaalaman tungkol dito ay kay Allah lamang. Ano ang magpapabatid sa iyo na maaaring ang Oras ay malapit na.’ 33:64. Tunay na si Allah ay nagsumpa sa mga hindi nanampalataya at inihanda para sa kanila ang Apoy. 33:65. Mananahan dito habang-panahon. Hindi sila makatatagpo rito ng tagaingat o tagatulong.

33:66. Sa Araw na ibabaligtad ang kanilang mga mukha tungo sa Apoy at sasabihin nila, 'Kung sinunod lang sana namin si Allah at ang Sugo.' 33:67. Sasabihin nila, 'Panginoon namin, tunay na kami ay sumunod lamang sa aming mga pinuno at mga matataas sa amin, at iniligaw nila kami mula sa tamang landas. 33:68. Panginoon namin, bigyan Mo sila ng dobleng parusa at isumpa Mo sila nang pagsumpang matindi.' 33:69. O mga nanampalataya, huwag maging katulad ng mga naminsala kay Moises, dinalisay siya ni Allah mula sa mga sinabi nila. Siya sa paningin ni Allah ay dakila. 33:70. O mga nanampalataya, katakutan ninyo si Allah at magsabi lamang ng matuwid na pananalita. 33:71. Itutuwid Niya ang inyong mga gawain at patatawarin para sa inyo ang inyong mga kasalanan. Sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo ay nagtagumpay ng tagumpay na dakila.

33:72. Tunay na inialok Namin ang pagkakatiwala sa kalangitan, lupa at kabundukan ngunit tumanggi sila na pasanin ito at natakot dito. Ngunit pinasan ito ng tao. Tunay na siya ay mapang-api at mangmang.

33:73. Upang parusahan ni Allah ang mga nagpapanggap na Muslim na kalalakihan at kababaihan at ang mga nagtatambal na kalalakihan at kababaihan at upang tanggapin ni Allah ang pagbabalik-loob ng mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

34. SURATUS SABA' (ANG NASYON NG SABA')

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

34:1. Papuri kay Allah na sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa at sa Kanya ang papuri sa Kabilang-buhay. Siya ang Maalam at ang Nakababatid. 34:2. Siyang nakakaaalam sa pumapasok sa lupa at

sa lumalabas mula rito at sa anumang bumababa mula sa langit at anumang umaakyat dito. Siya ang Mahabagin at ang Mapagpatawad.

34:3. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, ‘Hindi darating sa amin ang Oras.’ Sabihin, ‘Oo, sumpa sa aking Panginoon, na ito ay tiyak na darating sa inyo. Siya ang Nakaaalam ng mga nalilingid.’ Hindi makalalampas sa Kanya ang kahit kasingtimbang ng atom sa kalangitan, sa lupa at anumang mas maliit pa roon o mas malaki liban na lamang na ito ay nasa talaang malinaw. 34:4. Upang gantimpalaan Niya ang mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan. Sila yaong para sa kanila ang kapatawaran at biyayang marangal. 34:5. Yaong mga nagsikap laban sa Aming mga talata upang biguin ito, para sa kanila ang pahirap ng parusang masakit. 34:6. Makikita ng mga binigyan ng kaalaman ang ibinaba sa iyo mula sa iyong Panginoon na siyang katotohanan at naggagabay tungo sa landas ng Makapangyarihan at Kapuri-puri.

34:7.Sinabi ng mga hindi nanampalataya, ‘Ituturo ba namin sa inyo ang lalaki na magsasabi sa inyo na kapag kayo ay naagnas nang kumpletong pagkaagnas ay tunay na kayo ay magiging bagong nilikha? 34:8. Siya ba ay nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan o siya ba ay baliw?’ Bagkus, ang mga hindi naniniwala sa Kabilang-buhay ay nasa parusa at sa pagkaligaw na malayo. 34:9. Hindi ba sila tumingin sa harap nila at sa likod nila sa langit at lupa. Kung naisin lamang Namin ay dinulot Namin na lunukin sila ng lupa o bumagsak sa kanila ang mga piraso mula sa langit. Tunay na naririto ang tanda para sa lahat ng aliping nagbabalik-loob.

34:10. Ibinigay Namin kay David mula sa Amin ang biyaya. Sinabi Namin, ‘O kabundukan, ulitin ang pagpupuri niya, gayundin ang mga ibon.’ Pinalambot Namin para sa kanya ang bakal. 34:11. ‘Gumawa ka ng mga baluti at gawing tumpak ang mga dugtungan

nito at gumawa kayong lahat ng kabutihan. Tunay na Ako, sa inyong mga gawain, ay Nakakakita.'

34:12. Si Solomon ay dinulot Namin na mamahala sa hangin at siya ay naglalakbay na ang isang umaga nito ay katumbas ng isang buwang paglalakbay at ang hapon nito ay katumbas ng isang buwang paglalakbay. Dinulot Namin para sa kanya na dumaloy ang batis ng tanso. Kabilang sa mga engkanto ay yaong nagtatrabaho para sa kanya sa pahintulot ng kanyang Panginoon. Sinumang lumihis mula sa Aming utos ay ipatitikim Namin sa kanya ang mula sa parusang Apoy. 34:13. Sila ay gumagawa para sa kanya ng anumang kanyang naisin mula sa matataas na silid, mga rebulto, malalaking kawa na imbakan at malalaking kaldero. 'Magtrabaho kayo na pamilya ni David, bilang pasasalamat.' Kaunti lamang sa Aking mga alipin ang mapagpasalamat.

34:14. Nang itinakda Namin sa kanya ang kamatayan ay walang nagpahiwatig ng kanyang kamatayan liban na lamang sa isang nilalang sa lupa na kumain sa kanyang tungkod. Nang siya ay bumagsak ay naging malinaw sa mga engkanto na kung nalalaman lamang nila ang mga nalilingid ay hindi sila nanatili sa parusang nakahihiya.

34:15. Sa Saba', sa kanilang mga tirahan ang tanda. Dalawang hardin sa kanan at sa kaliwa. 'Kumain kayo mula sa biyaya ng inyong Panginoon at magpasalamat kayo sa Kanya. Magandang lupa at Panginoong Mapagpatawad.' 34:16. Ngunit sila ay tumanggi kaya ipinadala Namin sa kanila ang baha ng imbakan ng tubig at pinalitan Namin ang dalawang hardin nila ng mga puno na mapait ang bunga, mga walang bunga at Sidr na matinik at kakaunti. 34:17. Ganoon Namin sila ginantimpalaan dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Gagantimpalaan ba Namin ng ganito ang sinuman liban pa sa hindi nanampalataya?

34:18. Nagdulot Kami sa pagitan ng bayan ng Saba' at ng mga bayan na biniyayaan Namin na nasa Syria na naririto ang mga bayan na hayag. Itinakda Namin ang paglalakbay sa pagitan ng mga ito. 'Maglakbay kayo rito sa gabi at araw na mga mapayapa.' 34:19. Sinabi nila, 'Panginoon namin, palayuin Mo pa ang aming paglalakbay.' Inapi nila ang kanilang mga sarili, at ginawa Namin silang mga kuwento at itinaboy Namin sila nang kumpletong pagtaboy. Tunay na naririto ang mga tanda para sa lahat ng matiisin at mapagpasalamat.

34:20. Nagkatotoo ang akala ni Satanas tungkol sa kanila at sila ay sumunod sa kanya liban na lamang sa grupo ng mga nanampalataya. 34:21. Wala siyang taglay sa kanila na autoridad liban na lamang upang malaman Namin kung sino ang mananampalataya sa Kabilang-buhay at sino ang may duda rito. Ang iyong Panginoon sa lahat ng bagay ay Tagapag-ingat.

34:22. Sabihin O Muhammad, 'Manalangin kayo sa mga inaangkin ninyong diyos liban pa kay Allah.' Hindi sila nagtataglay ng kahit kasingbigat ng atom sa kalangitan at sa lupa at wala silang naiambag sa dalawang ito at wala Siyang kahit isa sa kanila na tagatulong.' 34:23. Hindi makatutulong ang pamamagitan sa Kanya liban na lamang sa pinahintulutan Niya para rito. Hanggang sa mawala ang takot sa puso ng mga nasa kalangitan ay sasabihin nila, 'Ano ang sinabi ng inyong Panginoon?' Sasabihin ng mga anghel, 'Ang sinabi Niya ay ang katotohanan.' Siya ang Kataas-taasan at ang Dakila.

34:24. Sabihin O Muhammad, 'Sino ang nagbibiyaya sa inyo mula sa kalangitan at lupa?' Kaya sabihin mo sa kanila, 'Si Allah.' Tunay na kami o kayo ay nasa gabay o nasa pagkaligaw na malinaw.' 34:25. Sabihin, 'Hindi kayo tatanungin tungkol sa ginawa namin at kami ay hindi tatanungin tungkol sa mga ginawa ninyo.' 34:26. Sabihin, 'Titipunin tayo ng Panginoon natin at hahatol sa pagitan natin sa

katotohanan at Siya ang Hukom, ang Maalam.' 34:27. Sabihin, 'Ipakita ninyo sa akin ang mga isinangkot ninyo sa Kanya bilang mga katambal. Hindi. Bagkus siya si Allah ang Makapangyarihan at ang Maalam.'

34:28.Hindi ka Namin isinugo liban na lamang bilang tagapagbalita at tagapagbabala para sa lahat ng tao. Ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam. 34:29. Sinasabi nila, 'Kailan ang pangakong ito kung kayo ay makatotohanan?' 34:30. Sabihin, 'Para sa inyo ang tagpuan sa Araw na hindi ninyo maipagpapaliban ng kahit isang oras o mapapaaga.'

34:31. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Hindi kami maniniwala sa Quran na ito o kahit sa nauna rito.' Kung makikita mo lamang kapag ang mga makasalanan ay tatayo sa harap ng kanilang Panginoon, ang bawat isa sa kanila ay magtatalu-talo. Sasabihin ng mga inapi sa mga mapagmalaki, 'Kung hindi lamang dahil sa inyo, kami ay naging mga mananampalataya.' 34:32. Sasabihin ng mga nagmalaki sa mga inapi, 'Kami ba ay humarang sa inyo mula sa gabay nang ito ay dumating sa inyo? Bagkus kayo ay mga makasalanan din.' 34:33. Sasabihin ng mga inapi sa mga nagmalaki, 'Bagkus ito ay pakana ninyo sa gabi at araw na utusan kami na huwag maniwala kay Allah at kumuha ng katambal Niya.' Sila ay naglihim ng pagsisisi nang nakita nila ang parusa at inilagay Namin ang mga tanikala sa leeg ng mga hindi nanampalataya. Ginantimpalaan ba sila liban pa sa dulot ng kanilang mga ginawa?

34:34. Hindi Kami nagsugo sa anumang bayan ng sinumang tagapagbabala liban na lamang na sinabi ng mga makapangyarihan dito, 'Tunay na kami sa inyong dalang mensahe ay hindi naniniwala.' 34:35. Sinabi nila, 'Kami ay may mas maraming kayamanan at mga anak at hindi kami maparurusahan.' 34:36. Sabihin, 'Tunay na ang aking Panginoon ay namamahagi ng Kanyang biyaya sa

sinumang naisin Niya at pumipigil nito ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam.' 34:37. Hindi ang inyong mga kayamanan at mga anak ang nagpapalapit sa inyo sa Amin liban na lamang sa nanampalataya at gumawa ng mabuti. Sila yaong para sa kanila ang gantimpalang doble dahil sa kanilang ginawa at sila sa matataas na silid sa Paraiso ay mga ligtas. 34:38. Yaong mga nagsisikap sa pagtakwil sa Aming mga tanda upang biguin ito, sila yaong sa parusa ay dadalhin. 34:39. Sabihin, 'Tunay na ang aking Panginoon ay namamahagi ng Kanyang biyaya sa sinumang naisin Niya mula sa Kanyang mga alipin at pumipigil dito. Anumang itustos ninyo ay tutumbasan Niya ito. Siya ang pinakamainam na Tagapagbiyaya.'

34:40. Sa Araw na sila ay titipunin Niya lahat-lahat at sasabihin Niya sa mga anghel, 'Sila ba ang sa inyo noon ay sumasamba?' 34:41. Tutugon sila, 'Luwalhati sa Iyo, Ikaw ang aming Tagapag-ingat at hindi sila. Bagkus, sila ay sumamba sa mga engkanto at karamihan sa kanila ay doon naniniwala.' 34:42. Ngunit sa Araw na ito ay hindi magdudulot ang sinuman sa iba pa ng anumang kabutihan o pinsala, at sasabihin Namin sa mga nang-api, 'Tikman ninyo ang parusa ng Apoy na dati ninyong pinasisinungalingan.'

34:43. Kapag binasa sa kanila ang Aming mga talata na malilinaw ay sinasabi nila, 'Ito ay hindi hihigit pa sa isang lalaking nagnanais na hadlangan kayo mula sa anumang sinamba ng inyong mga ninuno.' Sinabi nila, 'Ito ay hindi hihigit pa sa isang kasinungalingang inimbento lamang.' Sinabi ng mga hindi nanampalataya tungkol sa katotohanan nang ito ay dumating sa kanila, 'Ito ay hindi hihigit pa sa salamangkang malinaw.' 34:44. Hindi Namin sila binigyan ng mga kasulatan na pinag-aaralan nila at hindi Kami nagpadala sa kanila ng nauna sa iyo na tagapagbabala. 34:45. Nagpasinungaling ang mga nauna sa kanila na hindi nakarating sa kanila ang kahit ikasampung bahagi ng ibinigay Namin sa kanila. Sila ay nagpasinungaling sa Aking mga sugo at gaano katindi ang Aking ganti.

34:46. Sabihin, ‘Ako ay nangangaral sa inyo ng isang bagay lamang – ang tumayo kayo para kay Allah nang dalawahan o isahan at mag-isip kayo.’ Sa inyong kasamahan ay walang kabaliwan. Siya ay tagapagbabala lamang bago ang parusang matindi. 34:47. Sabihin, ‘Hindi ako humihingi sa inyo ng kabayaran bagkus ito ay para sa inyo. Ang gantimpala ko ay mula kay Allah lamang. Siya sa lahat ng bagay ay Saksi.’

34:48. Sabihin, ‘Tunay na ang aking Panginoon ay nagpapahayag ng katotohanan. Nakaaalam ng mga nalilingid.’ 34:49. Sabihin, ‘Dumating na ang katotohanan at ang kamalian ay hindi makapagsi-simula ng anuman at hindi ito makapag-uulit ng anuman.’ 34:50. Sabihin, ‘Kung nagkamali man ako ay nagkamali ako laban sa aking sarili lamang. Ngunit kung ako ay nagabayan ay mula ito sa ipinahayag sa akin ng aking Panginoon. Tunay na Siya ay Nakaririnig at Malapit.’

34:51. Kung makikita mo lamang nang sila ay nagimbal ngunit walang matatakasan at sila ay pinarusahan sa lugar na malapit. 34:52. Sinabi nila, ‘Naniniwala na kami rito.’ Paanong tatanggapin ito mula sa kanila sa lugar na malayo? 34:53. Sila ay nagpasinungal-ing dito noon pa at tumuligsa sa nalilingid mula sa lugar na malayo. 34:54. Ilalayo sila at ang kanilang mga ninanais tulad ng ginawa sa mga katulad nila noon. Tunay na sila ay nasa nakapangangambang pagdududa.

35. SURAH FATIR (ANG TAGAPAGPASIMULA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

35:1. Papuri kay Allah na Tagapagpasimula ng paglikha sa kalangi-tan at lupa at nagdulot na ang mga anghel ay maging mga sugo na may mga pakpak na dalawa, tatlo at apat. Dinaragdagan Niya ang

nilikha ayon sa naisin Niya. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 35:2. Anumang buksan ni Allah para sa mga tao mula sa Kanyang habag ay walang makapipigil dito. At anumang Kanyang pigilin ay walang makapagpapadala nito liban sa Kanya. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

35:3. O mga tao, alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allah sa inyo. May tagapaglikha ba liban kay Allah na nagbibiyaya sa inyo mula sa kalangitan at lupa. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Paanong kayo ay nalilinlang? 35:4. Kung pasisinungalingan ka nila ay pinasinungalingan din ang mga sugo na nauna sa iyo. Tungo kay Allah nagbabalik ang mga bagay.

35:5. O mga tao, tunay na ang pangako ni Allah ay totoo. Huwag kayong malinlang ng buhay sa mundo. Huwag kayong malinlang tungkol kay Allah ng Satanas na Tagapaglinlang. 35:6. Tunay na ang Satanas para sa inyo ay kalaban kaya ituring ninyo siya bilang kalaban. Siya ay nag-aanyaya lamang sa kanyang mga kasama upang maging mga mananahan sa Impiyerno. 35:7. Yaong mga hindi nanampalataya ay para sa kanila ang parusang matindi. Ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay para sa kanila ang kapatawaran at gantimpalang malaki.

35:8. Ang siyang pinalamutian para sa kanya ang masama niyang gawa ay nakakakita ba rito bilang kabutihan? Tunay na si Allah ay nagliligaw sa sinumang naisin Niya at naggagabay sa sinumang naisin Niya. Huwag mong sirain ang sarili mo para sa kanila dahil sa pagsisisi. Tunay na si Allah ay Nakaaalam ng kanilang mga ginagawa.

35:9. Si Allah ang nagpadala ng hangin at nagpapagalaw ng mga ulap at dinadala Namin ito tungo sa lupang tigang at binuhay sa pamamagitan nito ang lupa matapos ang kamatayan nito. Ganito rin ang pagkabuhay-muli. 35:10. Sinumang magnais ng karangalan ay

kay Allah ang karangalan lahat-lahat. Tungo sa Kanya umaakyat ang pananalitang mabuti at ang gawaing mabuti ay nag-aangat dito. Silang mga nagpaplano ng masasamang gawain ay para sa kanila ang parusang matindi. Ang plano ng mga yaon ay masisira. 35:11. Si Allah ang lumikha sa inyo mula sa alabok at pagkatapos ay mula sa punlay at ginawa kayong magkakapares. Hindi magbubuntis ang sinumang babae at manganganak liban na lamang sa Kanyang kaalaman. Walang sinumang matandang tao ang madudugtungan ang buhay o mababawasan ito liban na lamang na ito ay nasa talaan. Tunay na yaon para kay Allah ay madali.

35:12. Hindi magkatulad ang dalawang katawang-tubig. Ang isa ay sariwa at matamis na naiinom at ang isa ay maalat at mapait. Mula sa kanilang dalawa ay kumakain kayo ng malambot na karne at kumukuha ng mga palamuti na isinusuot ninyo. Nakikita ninyo ang mga barko rito upang maghangad kayo ng biyaya Niya at upang kayo ay magpasalamat. 35:13. Pinapapasok Niya ang gabi sa araw at pinapapasok ang araw sa gabi at dinulot na ang araw at buwan na tumakbo sa daanan nito sa takdang panahon. Yaon si Allah ang inyong Panginoon na sa Kanya ang pagmamay-ari. Yaong mga dinadasalan ninyo liban pa sa Kanya ay hindi nagmamay-ari ng kahit balat ng datiles. 35:14. Kapag nanalangin kayo sa kanila ay hindi nila maririnig ang inyong mga panalangin at kahit marinig pa nila ito ay hindi sila tutugon sa inyo. Sa Araw ng Paghuhukom ay magpapasinungaling sila sa inyong pagtatambal. Walang makapagpapabatid sa iyo tulad ng tunay na Nakababatid.

35:15. O mga tao, kayo ay mga pulubi kay Allah, si Allah ang Mayaman at ang Kapuri-puri. 35:16. Kung naisin man Niya ay inalis Niya kayo at naglagay ng bagong nilikha. 35:17. Yaon para kay Allah ay hindi mahirap. 35:18. Hindi magpapasan ang sinuman ng pasanin ng iba. Kung tatawag ang sinuman na dalhin ng iba pa ang pasanin nito ay hindi ito magpapasan para sa kanya ng kahit ano kahit siya pa ay

malapit na kamag-anak. Ang mababababalaan mo lamang ay ang mga may takot sa kanilang Panginoon sa nalilingid at nagtaguyod ng obligadong pagdarasal. Sinumang magdalisay ng kanyang sarili ay nagpapadalisay para sa kanyang sarili lamang. Tungo kay Allah ang inyong huling hantungan.

35:19. Hindi magkatulad ang bulag at ang nakakakita. 35:20. O ang mga kadiliman at liwanag. 35:21. O ang lilim at init. 35:22. Hindi magkatulad ang mga buhay at mga patay. Tunay na si Allah ay nagpapakinig sa sinumang naisin Niya. Hindi ka makakapagpakinig sa sinumang nasa libingan. 35:23. Ikaw ay hindi hihigit pa sa isang tagapagbabala. 35:24. Tunay na ipinadala ka Namin sa katotohanan bilang tagapagbalita at tagapagbabala. Walang anumang nasyon ang lumipas liban na lamang na may tagapagbabala. 35:25. Kung pinasinungalingan ka nila ay nagpasinungaling din ang mga nauna sa kanila. Dumating sa kanila ang mga sugo sa kanila na may malilinaw na tanda at nakatalang kautusan at aklat na naglilinaw. 35:26. At pinarusahan Ko ang mga hindi nanampalataya. Gaano katindi ang Aking parusa?

35:27. Hindi mo ba nakita na si Allah ay nagpapadala mula sa langit ng tubig at pinasibol Namin sa pamamagitan nito ang mga bunga na ibat iba ang kulay? At mula sa mga bundok ang mga daanan na puti, pula at iba pang kulay at ang iba ay napakaitim. 35:28. Kabilang sa mga tao at mga nilalang at mga pinapastol na hayop na ibat iba ang mga kulay na ganito rin. Tunay na ang may takot kay Allah na kabilang sa Kanyang mga alipin ay ang mga may kaalaman lamang. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan at Mapagpatawad.

35:29. Tunay na ang mga nagbabasa ng aklat ni Allah at nagtaguyod ng obligadong pagdarasal at nagtustos mula sa ibiniyaya Namin sa kanila nang lihim at hayagan na naghahangad ng negosyong walang pagkalugi. 35:30. Ibibigay Niya sa kanila ang kanilang mga

gantimpala at daragdagan sila mula sa Kanyang biyaya. Tunay na Siya ay Mapagpatawad at Mapagpasalamat. 35:31. Ang ipinahayag Namin sa iyo mula sa Aklat ay ang katotohanan na nagpapatotoo sa nauna rito. Tunay na si Allah, sa Kanyang mga alipin ay Nakababatid at Nakakakita.

35:32. At ipinamana Namin ang Aklat sa mga hinirang Namin mula sa Aming mga alipin. Ang ilan sa kanila ay nang-api sa kanilang mga sarili, ang iba ay katamtaman at ang iba ay nangunguna sa mga kabutihan sa pahintulot ni Allah. Yaon ang biyayang malaki. 35:33. Mga hardin na panghabang-panahon na papasukin nila at sila ay mapapalamutian dito ng mga pulseras na ginto at perlas. Ang damit nila rito ay seda. 35:34. Sinabi nila, 'Papuri kay Allah na nag-alis sa amin ng kalungkutan. Tunay na ang aming Panginoon ay Mapagpatawad at Mapagpasalamat. 35:35. Siyang nagpatuloy sa amin sa tahanang walang-hanggan sa Kanyang biyaya. Hindi kami dadapuan dito ng pagod o dadapuan dito ng pagkabalisa.'

35:36. Yaong mga hindi nanampalataya ay para sa kanila ang Apoy ng Impiyerno. Hindi sila hahatulan upang sila ay mamatay at hindi pagagaanin para sa kanila ang parusa rito. Ganito Namin gantimpalaan ang lahat ng mga hindi mapagpasalamat. 35:37. Sila ay iiyak dito, 'Panginoon namin, alisin Mo kami upang kami ay gumawa ng mabuti liban pa sa ginawa namin.' Hindi ba Namin kayo pinanatili upang makaalala ang nakakaalaala at dumating sa inyo ang tagapagbabala? Kaya tikman ninyo at walang sinuman ang para sa mga makasalanan ay magiging tagatulong.

35:38. Tunay na si Allah ay nakaaalam ng mga nalilingid sa kalangitan at lupa. Tunay na Siya ay Nakaaalam sa laman ng kanilang mga dibdib. 35:39. Siya ang nagdulot sa inyo na maging mga tagapagmana sa lupa bilang sunud-sunod na mga henerasyon. Sinumang hindi manampalataya ay laban sa kanya ang kanyang

kawalang-pananampalataya. Hindi nadaragdagan ang mga hindi nanampalataya ng kanilang hindi pananampalataya sa kanilang Panginoon liban pa sa galit ni Allah. Hindi nadaragdagan ang mga hindi nanampalataya sa kanilang kawalan ng pananampalataya liban pa sa kawalan.

35:40. Sabihin, 'Nakita ba ninyo ang inyong mga itinambal na dinadasalan ninyo liban kay Allah? Ipakita ninyo sa Akin kung ano ang nilikha nila sa lupa o kung sila ba ay naging kabahagi Niya sa kalangitan? O binigyan ba Namin sila ng aklat at sila ay nasa patunay mula rito? Bagkus, hindi nangangako ang mga makasalanan sa isat isa liban pa sa panlilinlang. 35:41. Tunay na si Allah ay may hawak sa kalangitan at lupa o ang mga ito ay mawawasak. Kung sila ay mawawala ay walang makahahawak nito na sinuman liban sa Kanya. Tunay na Siya ay Maunawain at Mapagpatawad.

35:42. Nanumpa sila sa ngalan ni Allah nang matinding panunumpa na kung darating sa kanila ang isang tagapagbabala ay higit silang magagabayan kaysa sa naunang mga nasyon. Ngunit nang dumating sa kanila ang tagapagbabala ay hindi sila nadagdagan liban pa sa pagtakwil. 35:43. Dahil sa pagmamalaki sa lupa at pagpaplano ng masama; ngunit hindi makapipinsala ang masamang plano liban pa sa gumawa nito. Kaya sila ba ay nakatingin sa kinahinatnan ng mga nauna at hindi ka makakakita sa paraan ni Allah ng pagbabago. Hindi ka makakakita sa paraan ni Allah ng pagpapalit. 35:44. Hindi ba sila naglakbay sa lupa at nakita kung paano ang naging wakas ng mga nauna sa kanila na mas matindi kaysa sa kanila sa lakas. Si Allah ay hindi nabibigo sa anumang bagay sa kalangitan at lupa. Tunay na Siya ay Nakaaalam at May kakayanan.

35:45.Kung magpaparusa si Allah sa tao sa kanilang mga nakamit ay wala Siyang iniwan sa ibabaw ng lupa na anumang nilalang bagkus ay ipinagpapaliban Niya ito sa takdang panahon. Kapag dumating na

ang panahon nila ay tunay na si Allah sa Kanyang mga alipin ay Nakakakita.

36. SURAH YA SIN

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

36:1. Ya Sin.

36:2. Sumpa sa Quran na maalam. 36:3. Tunay na ikaw ay kabilang sa mga sugo. 36:4. Sa landas na matuwid. 36:5. Kapahayagan mula sa Makapangyarihan at Mahabagin. 36:6. Upang babalaan mo ang mga tao ng kung anong ibinabala sa mga ninuno nila dahil sila ay nalilingat.

36:7. Nagkatotoo sa kanila ang pagtatakda sa karamihan sa kanila ngunit sila ay hindi naniniwala. 36:8. Tunay na Kami ay nagdulot na ang kanilang mga leeg ay makadenahan at ito ay hanggang sa kanilang mga baba at sila ay nakatingala. 36:9. Naglagay kami sa harap nila ng harang at sa likod nila ng harang at tinakpan Namin sila kaya hindi sila nakakakita. 36:10. Pareho lamang para sa kanila kung bababalaan mo sila o hindi mo sila babalaan, sila ay hindi maniniwala. 36:11. Ang mababababalaan mo lamang ay ang sumunod sa paalaala at natakot sa Maawain sa nalilingid. Kaya balitaan mo siya ng kapatawaran at gantimpalang marangal.

36:12. Tunay na Kami ay bumubuhay sa mga patay at nagtatala Kami ng ginawa nila at iniwan nila. Lahat ng bagay ay binilang Namin sa talaang malinaw.

36:13. Ibigay mo sa kanila ang halimbawa ng mga tao sa isang bayan nang dumating sa kanila ang mga sugo. 36:14. Nang ipinadala Namin sa kanila ang dalawa at pinasinungalingan nila silang dalawa at

pinatatag Namin sila sa pamamagitan ng ikatlo at sinabi nila, ‘Tunay na kami sa inyo ay mga sugo.’ 36:15. Sinabi nila, ‘Kayo ay mga tao lamang na tulad namin at hindi nagbaba ang Maawain ng anumang bagay. Kayo ay nagsisinungaling lamang.’ 36:16. Sinabi nila, ‘Ang aming Panginoon ay nakaaalam na kami sa inyo ay mga sugo. 36:17. Ang obligasyon lamang namin ay ang pagpapabatid na malinaw.’ 36:18. Sinabi nila, ‘Tunay na itinuturing namin kayo na masamang pangitain. Kung kayo ay hindi titigil, ay tiyak na babatuhin namin kayo at tiyak na dadapo sa inyo mula sa amin ang parusang masakit.’ 36:19. Sinabi nila, ‘Ang inyong pangitain ay sa inyong mga sarili. Dahil lang sa pinaalalahanan kayo? Bagkus kayo ay mga taong mapagmalabis.’ 36:20. Dumating mula sa dulo ng lungsod ang isang lalaki na tumatakbo. Sinabi niya, ‘O mga tao, sundin ninyo ang mga sugo. 36:21. Sundin ninyo ang mga hindi nanghihingi sa inyo ng bayad at sila ay nagabayan.

36:22. At bakit hindi ako sasamba sa Siyang lumikha sa akin at tungo sa Kanya kayo ay ibabalik. 36:23. Kukuha ba ako ng iba pa liban sa Kanya na mga diyos na kung naisin para sa akin ng Maawain ang sakuna, ay hindi makatutulong sa akin ang kanilang pamamagitan ng anuman at sila ay hindi magliligtas sa akin? 36:24. Tunay na ako, dahil dito ay mapupunta sa pagkaligaw na malinaw. 36:25. Tunay na ako ay nanampalataya sa Panginoon ninyo, kaya makinig kayo sa akin.’ 36:26. Sinabi sa kanya, ‘Pumasok ka sa Paraiso.’ Sinabi niya, ‘Kung ang bayan ko lamang ay nakaaalam. 36:27. Kung paanong pinatawad ako ng aking Panginoon at ginawa akong kabilang sa mga pinarangalan.’

36:28. Hindi Kami nagpadala sa kanyang nasyon paglipas niya ng hukbo mula sa langit at hindi Kami nagpababa. 36:29. Bagkus ito ay isang sigaw lamang at sila ay naubos. 36:30. Kaawa-awang mga alipin. Walang dumating sa kanila na sugo liban na lamang na sila rito ay natatawa. 36:31. Hindi ba nila nakita kung ilan ang winasak

Namin na mga nauna sa kanila na mga henerasyon na sila sa kanila ay hindi na babalik? 36:32. At tunay na lahat sila sa Aming harapan ay itatanghal.

36:33. Isang tanda para sa kanila ang lupang tigang na binuhay Namin at pinatubo Namin mula rito ang binhi na mula rito ay kumakain sila. 36:34. At nagpasibol Kami rito ng mga hardin ng palmera at mga ubas at pinadaloy Namin dito ang mga bukal. 36:35. Upang kumain sila mula sa mga bunga nito. Hindi ito ginawa ng kanilang mga kamay, hindi ba sila magpapasalamat? 36:36. Luwalhati kay Allah na lumikha ng lahat ng magkapares mula sa sumisibol sa lupa at mula sa kanilang mga sarili at mula sa mga hindi nila nalalaman.

36:37. Tanda para sa kanila ang gabi na inalis Namin mula rito ang araw at sila ay nasa kadiliman. 36:38. Ang araw ay tumatakbo sa pook himpilan nito. Yaon ay pagtatakda ng Makapangyarihan at Maalam. 36:39. Ang buwan ay itinakda Namin na magkaroon ng mga yugto hanggang sa ito ay bumalik tulad ng sanga ng palmera na matanda. 36:40. Hindi marapat para sa araw na maabutan ang buwan o ang gabi na maunahan ang araw. Lahat ay nasa landas nila na gumagalaw.

36:41. Tanda para sa kanila na pinalulan Namin ang kanilang mga ninuno sa Arko ni Noah na may lulan. 36:42. Lumikha Kami para sa kanila ng tulad ng sinakyan nila. 36:43. Kung naisin man Namin ay lulunurin Namin sila at walang makatutugon sa kanila at walang magliligtas sa kanila. 36:44. Liban na lamang bilang habag mula sa Amin at pabaon sa takdang panahon.

36:45. Kapag sinabi sa kanila, ‘Katakutan ninyo ang nasa harap ninyo at likuran ninyo upang kayo nawa ay kahabagan.’ 36:46. Walang dumating sa kanila na tanda mula sa mga tanda ng kanilang

Panginoon liban na lamang sa sila rito ay nagtakwil. 36:47. Kapag sinabi sa kanila, 'Magtustos kayo mula sa ibiniyaya sa inyo ni Allah.' Sasabihin ng mga hindi nanampalataya sa mga nanampalataya, 'Pakakainin ba namin ang isang tao, na kung ninais ni Allah ay pinakain Niya? Kayo ay nasa pagkaligaw na malinaw.'

36:48. Sinasabi rin nila, 'Kailan ang pangakong ito kung kayo ay makatotohanan?' 36:49. Hindi sila naghihintay ng anuman liban pa sa isang pagputok na darating sa kanila habang sila ay nagtatalu-talo. 36:50. Hindi nila magagawang maghabilin at hindi nila kayang bumalik sa kanilang pamilya. 36:51. Iihipan ang trumpeta at sila mula sa kanilang mga libingan, tungo sa kanilang Panginoon ay hahayong nagmamadali. 36:52 Sasabihin nila, 'Kapahamakan sa amin. Sino ang bumuhay sa aming muli sa aming pahingahan?' Sasabihin sa kanila, 'Ito ang ipinangako ng Maawain at nagsabi ng totoo ang mga sugo.' 36:53. Ito ay isang sigaw lamang at silang lahat sa Amin ay itatanghal.

36:54. Sa araw na ito ay walang maaaping sinuman sa anuman at hindi kayo magagantimpalaan liban na lamang na ayon sa inyong mga ginawa. 36:55. Tunay na ang mga mananahan sa Paraiso sa Araw na yaon ay abala sa kagalakan. 36:56. Sila at ang kanilang mga asawa ay nasa lilim sa magagandang upuan na nakasandal. 36:57. Para sa kanila rito ang mga prutas at para sa kanila ang hilingin nila. 36:58. 'Kapayapaan', ang salita mula sa Panginoon na Mahabagin.

36:59. 'Tumayo kayong nakahiwalay, kayong mga makasalanan. 36:60. Hindi ba Ako nakipagtipanan sa inyo, 'O Angkan ni Adan, huwag ninyong sambahin si Satanas. Tunay na siya sa inyo ay kalaban na malinaw. 36:61. At ang sambahin ninyo Ako? Ito ang matuwid na landas. 36:62. Iniligaw na niya ang ilang kabilang sa inyo na maraming tao. Hindi ba kayo nag-iisip? 36:63. Ito ang Impiyerno na sa inyo ay ipinangako. 36:64. Susunugin kayo rito sa

Araw na ito dahil sa inyong itinakwil.'' 36:65. Sa Araw na ito ay tatakpan Namin ang kanilang mga bibig at kakausapin Kami ng kanilang mga kamay at sasaksi ang kanilang mga paa sa anumang kanilang inani.

36:66. Kung ninais lamang Namin ay binura Namin ang kanilang mga mata at sila ay mag-uunahan sa landas, ngunit paano sila makakakita? 36:67. Kung ninais lamang Namin ay sinira Namin ang anyo nila sa kanilang mga lugar kaya hindi nila magagawang humayo o bumalik. 36:68. At sa siyang binigyan Namin ng mahabang buhay at binaligtad Namin sa paglikha. Hindi ba sila nakauunawa? 36:69. Hindi Namin tinuruan si Propeta Muhammad ng pagtula at hindi ito marapat sa kanya. Ito ay mensahe lamang at Quran na malinaw. 36:70. Upang magbabala sa sinumang buhay at gawing totoo ang salita laban sa mga hindi nanampalataya.

36:71. Hindi ba nila nakita na nilikha Namin para sa kanila ang mga nilikha Namin sa Aming mga kamay, mga pinapastol na hayop at sila ba ang dito ay nagmamay-ari? 36:72. Ang mga ito ay pinaamo Namin para sa kanila at kabilang dito yaong sinasakyan nila at yaong kinakain nila. 36:73. Para sa kanila rito ang mga pakinabang at maiinom. Hindi ba sila magpapasalamat? 36:74. Sila ay kumuha ng iba pa liban kay Allah na mga diyos upang sila nawa ay matulungan. 36:75. Ang mga ito ay walang kakayanan na tulungan sila. At sila sa kanilang mga sarili ay parang mga sundalong itinanghal. 36:76. Huwag mong ikalungkot ang kanilang sinasabi. Tunay na nalalaman Namin ang kanilang inililihim at ihinahayag.

36:77. Hindi ba nakita ng tao na nilikha Namin siya mula sa punlay at agaran siya ay nagiging kaaway na malinaw? 36:78. At nagbigay siya sa Amin ng halimbawa at nakalimot sa kanyang pagkakalikha. Sinabi niya, 'Sino ang magbibigay-buhay sa buto kapag ito ay naagnas na?' 36:79. Sabihin, 'Bubuhayin ito ng Siyang bumuo

rito sa unang pagkakataon pa lamang. Ang Siyang sa lahat ng nilikha ay Nakaaalam.' 36:80. Ang Siyang nagdulot sa inyo mula sa punong luntian ng apoy na kayo mula rito ay nagpapaningas. 36:81. Hindi ba Siya na lumikha ng kalangitan at lupa ay may kakayanan na lumikha sa mga tulad nito? Oo, Siya ang tagapaglikha na Maalam. 36:82. Ang Kanyang utos, kapag ninais Niya ang isang bagay ay sasabihin lamang niya na, 'Mangyari' at ito ay mangyayari nga. 36:83. Luwalhati sa Siyang nasa Kanyang kamay ang pagmamay-ari ng lahat ng bagay at sa Kanya kayo ay magbabalik.

37. SURATUS SAFFAT (ANG MGA NAKAHANAY)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

37:1. Sumpa sa mga anghel na nakahanay. 37:2. At yaong nagpapagalaw sa mga ulap. 37:3. At yaong mga nagbabasa ng paalaala. 37:4. Tunay na ang inyong Diyos ay nag-iisa. 37:5. Ang Panginoon ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila at Panginoon ng mga silangan.

37:6. Tunay na pinalamutian Namin ang langit ng mundo ng mga palamuting bituin. 37:7. At proteksyon mula sa lahat ng satanas na rebelde. 37:8. Upang hindi sila makapakinig sa kataas-taasang kapulungan ay babatuhin sila mula sa lahat ng direksiyon. 37:9. Itinakwil at para sa kanila ang parusang nananatili. 37:10. Liban na lamang sa nakapagnakaw ng ilang salita at siya ay hinahabol ng apoy na maliwanag.

37:11. Kaya tanungin mo sila kung sila ba ay mas mahirap likhain o ang iba pa Naming nilikha? Tunay na nilikha Namin sila mula sa putik na malagkit. 37:12. Bagkus ikaw ay namamangha at sila naman ay nangungutya. 37:13. At kapag sila ay pinaalalahanan ay hindi sila umaalala. 37:14. At kapag sila ay nakakita ng tanda ay

pinagtatawanan nila ito. 37:15. Sinasabi nila, ‘Tunay na ito ay hindi hihigit pa sa salamangkang malinaw. 37:16. Kapag kami ay namatay at naging alabok at buto, tunay ba na kami ay bubuhaying-muli? 37:17. Gayundin ang aming mga ninuno?’ 37:18. Sabihin, ‘Oo, at kayo ay walang halaga.’

37:19. Ito ay isang sigaw lamang at sila ay nakatitig. 37:20. Sasabihin nila, ‘Kapahamakan sa amin. Ito ang Araw ng Pagtutuos.’ 37:21. ‘Ito ang Araw ng Desisyon na dati ninyong pinasisinungalingan.’ 37:22. ‘Tipunin ang mga nagkasala at ang kanilang mga kauri at ang kanilang mga sinamba. 37:23. Liban kay Allah, kaya gabayan sila tungo sa landas ng Impiyerno. 37:24. Patigilin ninyo sila. Tunay na sila ay mga tatanungin.’ 37:25. ‘‘Ano ang problema ninyo at hindi kayo tumulong sa isat isa?’ 37:26. Ngunit sila sa Araw na yaon ay mga sumuko.

37:27. At lalapit sila sa isat isa na nagsisisihan. 37:28. Sasabihin ng mga sumunod sa mga sinundan nila, ‘Tunay na kayo noon ay lumapit sa amin na kunwari ay dala ninyo ang katotohanan.’ 37:29. Sasabihin ng mga sinundan sa mga sumunod sa kanila, ‘Bagkus hindi rin kayo mga nanampalataya. 37:30. At kami sa inyo ay walang autoridad. Bagkus kayo ay mga makasalanan din. 37:31. Nagkatotoo sa amin ang salita ng aming Panginoon. Tunay na kami ay makatitikim. 37:32. At iniligaw namin kayo at tunay na kami ay mga tagapagligaw.’ 37:33. Tunay na sila sa Araw na yaon sa parusa ay magsasalo. 37:34. Tunay na ganito ang gagawin Namin sa mga makasalanan. 37:35. Tunay na sila noon ay kapag sinabihan na, ‘Walang diyos na marapat sambahin liban kay Allah,’ ay nagmamalaki. 37:36. Sinasabi nila, ‘Kami ba ay tatalikod sa aming mga diyos para sa isang makatang baliw?’ 37:37. Bagkus ay dumating siyang dala ang katotohanan at nagpatotoo sa mga sugo. 37:38. Tunay na kayo ay makatitikim sa parusang masakit. 37:39. At hindi kayo magagantimpalaan liban na lamang sa inyong mga ginawa.

37:40. Liban na lamang sa mga alipin ni Allah na dalisay. 37:41. Sila yaong para sa kanila ang biyayang nakatakda. 37:42. Mga prutas, at sila ay pararangalan. 37:43. Sa Paraiso ng kaligayahan. 37:44. Sa mga trono na magkakaharap. 37:45. Paiikutin sa kanila ang kopa na mula sa dumadaloy na batis. 37:46. Maputi at masarap sa mga umiinom. 37:47. Walang masamang epekto rito at hindi sila malalasing. 37:48. At kapiling nila ang mga babaeng hindi titingin sa iba na may magagandang mga mata. 37:49. Na tila mga itlog na selyado.

37:50. Sila ay lalapit sa isat isa at magtatanungan. 37:51. Sasabihin ng isang tagapagsalita sa kanila, 'Tunay na ako noon ay may kasama. 37:52. Na nagsasabing, 'Tunay ba na ikaw ay kabilang sa mga naniniwala? 37:53. Na kung tayo ay mamamatay at maging alabok na lamang at buto ay tunay na tayo ay magagantimpalaan?'' 37:54. Sasabihin niya, 'Hahanapin ba natin siya?' 37:55. At tumingin siya at nakita niya ito sa gitna ng Impiyerno. 37:56. Sasabihin niya, 'Sumpa kay Allah halos ipahamak mo ako.' 37:57. Kung hindi lamang dahil sa biyaya ng aking Panginoon ay kabilang ako sa mga dinala sa Impiyerno. 37:58. Sinabi niya sa kanyang mga kasamahan, 'Hindi ba tayo mamamatay. 37:59. Liban pa sa kamatayan nating nauna at hindi tayo maparurusahan?' 37:60. Tunay na ito ang tagumpay na dakila. 37:61. Sa tulad nito ay marapat na kumilos ang mga kumikilos.

37:62. Yaon ba ay mas mainam na pagsalubong o ang puno ng Zaqqum? 37:63. Tunay na dinulot Namin na ito ay maging pagsubok sa mga makasalanan. 37:64. Tunay na ito ay puno na tumutubo sa pusod ng Impiyerno. 37:65. Ang bunga nito ay tulad ng ulo ng mga demonyo. 37:66. At tunay na sila ay kakain mula rito at pupunuin nila mula rito ang kanilang mga tiyan. 37:67. Tunay na para sa kanila pagkatapos nito ay ang pinaghalong kumukulong tubig. 37:68. Tunay na ang pagbabalik nila ay tungo sa Impiyerno. 37:69. Tunay na inabutan nila ang kanilang mga ninuno na naligaw.

37:70. Sila sa kanilang mga bakas ay nagmamadali. 37:71. Nauna nang naligaw sa kanila ang karamihan sa mga nauna sa kanila. 37:72. Isinugo Namin sa kanila ang mga tagapagbabala. 37:73. Tingnan ninyo kung ano ang wakas ng mga binabalaan. 37:74. Liban na lamang sa mga alipin ni Allah na dalisay.

37:75. Nanalangin sa Amin si Noah at Kami ang pinakamainam sa mga tumutugon. 37:76. At iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya mula sa sakunang malaki. 37:77. At dinulot Namin na ang kanyang mga inapo ay manatili. 37:78. At iniwan Namin para sa kanya ang karangalan sa mga huling henerasyon. 37:79. 'Kapayapaan kay Noah sa lahat ng nilikha.' 37:80. Tunay na ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid. 37:81. Tunay na siya ay kabilang sa mga alipin Naming nanampalataya. 37:82. At nilunod Namin ang iba.

37:83. Tunay na mula sa mga tulad niya ay si Abraham. 37:84. Nang siya ay dumating sa kanyang Panginoon na may pusong dalisay. 37:85. Nang sinabi niya sa kanyang ama at nasyon, 'Ano ang inyong sinasamba?' 37:86. Inimbentong mga diyos ba liban kay Allah ang ninanais ninyo? 37:87. Ano ba ang inyong akala sa Panginoon ng mga nilikha?'

37:88. At siya ay tumingin sa mga bituin. 37:89. At nagsabi, 'Tunay na ako ay may sakit.' 37:90. Kaya iniwan nila siya upang umalis. 37:91. Kaya siya ay tumungo sa kanilang mga diyos at nagsabi, 'Hindi ba kayo kakain? 37:92. Ano'ng problema sa inyo at hindi kayo magsalita?' 37:93. Kaya binalingan niya ang mga ito ng isang palo ng kanyang kanang kamay. 37:94. At ang mga tao tungo sa kanya ay nagmadali. 37:95. Sinabi niya, 'Sinasamba ba ninyo ang nililok lamang ninyo? 37:96. Samantalang si Allah ang lumikha sa inyo at sa mga ginagawa ninyo.' 37:97. Sinabi nila, 'Magtayo kayo para sa kanya ng pugon at itapon ninyo siya sa apoy.' 37:98. Ninais nila sa kanya ang isang plano at ginawa Namin silang pinakamababa.

37:99. Sinabi niya, ‘Tunay na ako ay tutungo sa aking Panginoon at gagabayan ako. 37:100. Panginoon ko, bigyan Mo ako ng anak mula sa matutuwid.’ 37:101. At binalitaan Namin siya ng lalaking anak na maunawain.

37:102. Nang ito ay umabot sa edad ng pagbibinata ay sinabi niya, ‘O anak, tunay na nakita ko sa aking panaginip na ako ay kumakatay sa iyo kaya tingnan mo kung ano ang masasabi mo.’ Sinabi nito, ‘O aking ama, gawin mo ang iniutos sa iyo. Matatagpuan mo ako, kung nanaisin ni Allah, na kabilang sa mga matiisin.’ 37:103. Nang silang dalawa ay tumalima ay ihiniga niya ang kanyang anak nang patagilid na nakayuko. 37:104. Tinawag Namin siya, ‘O Abraham. 37:105. Tinupad mo ang panaginip.’ Tunay na ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid. 37:106. Tunay na ito ay pagsubok na malinaw. 37:107. At pinalitan Namin siya ng isang kataying dakila. 37:108. At iniwan Namin para sa kanya ang karangalan sa mga huling henerasyon. 37:109. ‘Kapayapaan kay Abraham.’ 37:110. Ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid. 37:111. Tunay na siya ay kabilang sa mga alipin Naming nanampalataya.

37:112. Binigyan Namin siya ng magandang balita tungkol kay Isaac, isang propeta na kabilang sa matutuwid. 37:113. Biniyayaan Namin siya at si Isaac at kabilang sa mga inapo nilang dalawa ay ang matutuwid at malilinaw na mapang-api sa kanyang sarili.

37:114. Nagbiyaya Kami kay Moises at Aaron. 37:115. Iniligtas Namin silang dalawa at ang nasyon nila mula sa sakunang malaki. 37:116. Pinagtagumpay Namin sila at sila ay mga nagwagi. 37:117. Ibinigay Namin sa kanilang dalawa ang Aklat na malinaw. 37:118. At ginabayan Namin silang dalawa tungo sa matuwid na landas. 37:119. At iniwan namin para sa kanilang dalawa ang karangalan sa mga huling henerasyon. 37:120. ‘Kapayapaan kina Moises at Aaron.’ 37:121. Tunay na ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid.

37:122. Tunay na sila ay Aming mga alipin na nanampalataya.

37:123. Tunay na si Elijah ay kabilang sa mga sugo. 37:124. Nang sinabi niya sa kanyang nasyon, ‘Hindi ba kayo natatakot? 37:125. Nananalangin ba kayo kay Ba’l at iniiwan ninyo ang pinakamainam na tagapaglikha. 37:126. Si Allah na inyong Panginoon at Panginoon ng inyong mga ninunong nauna?’ 37:127. Pinasinungalingan nila siya at tunay na sila ay itatanghal. 37:128. Liban na lamang sa mga alipin ni Allah na dalisay. 37:129. Iniwan Namin para sa kanya ang karangalan sa mga huling henerasyon. 37:130. ‘Kapayapaan kay Elijah.’ 37:131. Tunay na ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid. 37:132. Tunay na siya ay kabilang sa mga alipin Naming nanampalataya.

37:133. Tunay na si Lot ay kabilang sa mga sugo. 37:134. Iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya lahat-lahat. 37:135. Liban sa kanyang asawa na kasama ng mga nawasak. 37:136. At winasak Namin ang iba. 37:137. Tunay na kayo ay tiyak na dumaraan sa kanila sa umaga. 37:138. At sa gabi. Hindi ba kayo mag-iisip?

37:139. Tunay na si Jonas ay kabilang sa mga sugo. 37:140. Siya ay tumakas sa isang barkong may lulan. 37:141. Sila ay nagpalabunutan nang dumating ang malalaking alon at naging talunan kung sino ang itatapon mula sa barko upang ito ay gumaan. 37:142. At kinain siya ng malaking isda habang siya ay sinisisi. 37:143. Kung hindi lamang dahil sa siya ay kabilang sa mga lumuluwalhati. 37:144. Ay nanatili siya sa tiyan nito hanggang sa Araw na bubuhayin silang muli. 37:145. Itinapon Namin siya sa dalampasigan habang siya ay maysakit. 37:146. At pinatubo Namin sa ibabaw niya ang halamang gumagapang. 37:147. At ipinadala Namin siya sa isandaang libong tao o mahigit pa. 37:148. At sila ay nanampalataya at inaliw Namin sila hanggang sa takdang panahon.

37:149. Kaya tanungin mo sila, ‘Ang iyong Panginoon ba ay may mga anak na babae na inaayawan ng mga hindi nanampalataya samantalang sila ay may mga anak na lalaki? 37:150. O nilikha ba Namin ang mga anghel na mga babae at sila ba ay mga saksi rito?’ 37:151. Bagkus, sila sa kanilang inimbento ay nagsasabi. 37:152. ‘Si Allah ay nagkaanak.’ Tunay na sila ay mga sinungaling. 37:153. Mas pinili ba Niya ang mga anak na babae kaysa sa mga anak na lalaki? 37:154. Ano’ng problema sa inyo, paano kayo naghahatol? 37:155. Hindi ba kayo mapapaalalahanan? 37:156. O kayo ba ay mayroong autoridad na malinaw? 37:157. Magpakita kayo ng kasulatan ninyo kung kayo ay makatotohanan.

37:158. Sila ay gumawa sa pagitan ni Allah at ng mga engkanto ng ugnayang pagkakamag-anakan ngunit nalaman na ng mga engkanto na sila ay mananagot. 37:159. Luwalhati kay Allah mula sa mga inilalarawan nila. 37:160. Liban na lamang sa mga alipin ni Allah na dalisay. 37:161. Tunay na kayo at ang inyong mga sinasamba. 37:162. Kayo ay hindi makapagtataboy ng sinuman palayo sa Kanya. 37:163. Liban na lamang sa siyang susunugin sa Impiyerno. 37:164. Sasabihin ng mga anghel, ‘Lahat kami ay may nakatalagang posisyon. 37:165. Tunay na kami ay tiyak na mga nakahanay. 37:166. Tunay na kami ay mga tiyak na lumuluwalhati.’

37:167. Sila ay nagsasabi, 37:168. ‘Kung mayroon lamang kaming paalaala mula sa mga naunang mga tao. 37:169. Kami ay naging mga dalisay na alipin ni Allah.’ 37:170. Ngunit sila ay hindi nanampalataya sa Kanya at malalaman nila. 37:171. Nauna na ang Aming pasya sa Aming mga alipin na mga sugo. 37:172. Tunay na sila ang tiyak na matagumpay. 37:173. Tunay na ang Aming hukbo ang tiyak na magwawagi. 37:174. Kaya, iwan mo sila sa panahong ito. 37:175. At tingnan ang mangyayari sa kanila at makikita rin nila.

37:176. Sa parusa ba Namin sila ay nagmamadali? 37:177. Kapag bumaba ito sa kanilang lugar, ang kasamaan ang umagang darating sa mga binabalaan. 37:178. Hayaan mo sila sa ngayon. 37:179. Tingnan mo at makikita rin nila. 37:180. Luwalhati sa iyong Panginoon na Panginoon ng karangalan mula sa inilalarawan nila. 37:181. Kapayapaan sa mga sugo. 37:182. At papuri kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.

38. SURAH SAD

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

38:1. Sad. Sumpa sa Quran na may tangan ng paalala. 38:2. Bagkus ang mga hindi nanampalataya ay nasa pagmamalaki at pagtatalu-talo. 38:3. Ilan na ba ang winasak Namin na mga nauna sa kanilang mga henerasyon at sila ay nanawagan ngunit yaon ay hindi panahon ng pagtakas.

38:4. Sila ay nagtaka na dumating sa kanila ang isang tagapagbabala na mula sa kanila. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Ito ay salamangkerong sinungaling. 38:5. Ginawa ba niya ang maraming mga diyos na Diyos na nag-iisa lamang? Tunay na ito ay isang bagay na kakaiba.' 38:6. Dumating ang mga makapangyarihan sa kanila at nagsabi, 'Magpatuloy at maging matiisin sa inyong mga diyos. Tunay na ito ay isang bagay na sinadya. 38:7. Hindi namin ito narinig sa relihiyon ng ating mga ninuno. Ito ay hindi hihigit pa sa isang pamemeke lamang. 38:8. Ibinaba ba sa kanya ang paalaala sa halip na sa amin?' Bagkus sila ay nasa pagdududa sa Aking mensahe. Bagkus, hindi pa nila natitikman ang parusa.

38:9. O nasa kanila ba ang mga imbakan ng habag ng iyong Panginoon na Makapangyarihan at Tagapagkaloob? 38:10. O sa kanila ba ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan

nito. Hayaan mo silang umakyat sa ibat ibang paraan upang pigilan ang mensahe. 38:11. Sila ay mga sundalo lamang na matatalo kasama ang iba pang alyansa. 38:12. Nagpasinungaling ang nauna sa kanila na nasyon nina Noah, 'Ad at Paraon, na may tangan ng matinding lakas. 38:13. Ang Thamud, nasyon ni Lot at As'habul Aykah. Sila ay mga mga alyansa ng mga hindi nanampalataya. 38:14. Lahat sila ay nagpasinungaling sa mga sugo at naging karapat-dapat sila sa parusa. 38:15. Hindi naghihintay ang mga yaon liban pa sa iisang ihip ng trumpeta at para rito ay walang pagkaantala. 38:16. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Panginoon namin, padaliin mo para sa amin ang aming bahagi bago pa ang Araw ng Pagtutuos.'

38:17. Magtiis sa kanilang mga sinasabi at alalahanin ang Aming alipin na si David na nagtataglay ng lakas. Tunay na siya ay nagbabalik-loob kay Allah. 38:18. Tunay na ipinailalim Namin ang kabundukan sa kanya na lumuluwalhati sa hapon at sa pagsikat ng araw. 38:19. At ang mga ibon na nagtipon. Lahat sila ay kasama niyang nag-uulit sa pagpuri. 38:20. Pinatatag Namin ang kanyang kaharian at binigyan Namin siya ng kaalaman at husay sa pananalita.

38:21. Dumating ba sa iyo ang balita tungkol sa dalawang nagdedemandahan nang sila ay umakyat sa pader ng pook dasalan. 38:22. Nang sila ay pumasok kay David at siya ay nagulat sa kanila? Sinabi nila, 'Huwag kang matakot. Kami ay dalawang nagdedemandahan na ang isa sa amin ay nang-api sa isa pa, kaya maghatol ka sa pagitan namin at huwag magmalabis at gabayan mo kami tungo sa matuwid na landas.

38:23. Tunay na ito ay kapatid ko na sa kanya ay siyamnapu at siyam na babaeng tupa at sa akin ay isang babaeng tupa. Sinabi niya, 'Ipagkatiwala mo ito sa akin.' At nagpumilit siya sa akin sa pananalita.' 38:24. Sinabi ni David, 'Tunay na siya ay nang-api sa iyo sa pagkuha sa iyong babaeng tupa na idagdag sa

kanyang mga babaeng tupa. Tunay na ang marami sa mga magkasosyo ay nang-aapi sa isat isa liban na lamang sa nanampalataya at gumawa ng mabuti at kaunti lamang sila.' 38:25. At pinatawad para sa kanya ito. Tunay na para sa kanya ang paglapit sa Amin at mahusay na pagbabalik.

38:26. O David, tunay na Kami ay nagdulot sa iyo na maging tagapagmana sa lupa kaya maghatol sa mga tao sa katotohanan at huwag sumunod sa pagnanasa dahil ito ay magliligaw sa iyo mula sa landas ni Allah. Tunay na ang mga naligaw mula sa landas ni Allah ay para sa kanila ang parusang matindi dahil sa nakalimutan nila ang Araw ng Pagtutuos.

38:27. Hindi Namin nilikha ang langit at lupa at anumang nasa pagitan nila nang walang saysay. Yaon ay pag-aakala lamang ng mga hindi nanampalataya. Kapahamakan sa mga hindi nanampalataya doon sa Impiyerno. 38:28. O gagawin ba Namin ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti na katulad ng mga mapanira sa lupa o gagawin ba Namin na ang mga may takot kay Allah ay maging tulad ng mga suwail? 38:29. Aklat na ibinaba Namin sa iyo na mabiyaya upang sila ay magmuni-muni sa mga talata nito at mapaalalahanan ang mga nakauunawa.

38:30. Ipinagkaloob Namin kay David si Solomon. Isang aliping mahusay. Tunay na siya ay nagbabalik-loob. 38:31. Ipinakita sa kanya sa hapon ang matitikas na kabayong mabibilis. 38:32. Sinabi niya, 'Tunay na ako ay naghahangad ng pagmamahal sa mababuting bagay kaysa sa pag-aalaala sa aking Panginoon.' Hanggang sa ang araw ay lumubog at hindi nakapagdasal sa hapon. 38:33. At sinabi niya, 'Ibalik ninyo ang mga kabayo sa akin.' At siya ay humimas sa mga paa at leeg nito.

38:34. Sinubok Namin si Solomon at inilagay Namin sa kanyang trono ang bangkay ng kanyang sanggol na anak at siya ay nagbalik-loob. 38:35. Sinabi niya, ‘Panginoon ko, patawarin Mo ako at ipagkaloob Mo sa akin ang kaharian na hindi makakamit ninuman pagkatapos ko. Tunay na Ikaw ang Tagapagkaloob.’38:36. Kaya ipinailalim Namin sa kanya ang hangin na umiihip sa kanyang utos kahit gaano kalakas saan man niya ituro. 38:37. Gayundin ang mga demonyo na tagapagtayo at maninisid. 38:38. At iba pang mga nakagapos sa tanikala. 38:39. ‘Ito ang Aming handog, kaya magbigay ka o hindi magbigay sa sinumang naisin mo nang wala kang pananagutan dito.’ 38:40. Tunay na para sa kanya ang paglapit sa Amin at mahusay na pagbabalik.

38:41. Alalahanin ang Aming alipin na si Job nang tinawag niya ang kanyang Panginoon, ‘Tunay na si Satanas ay nagpadapo sa akin ng paghihirap at parusa.’ 38:42. Sinabi sa kanya, ‘Idampi mo ang iyong paa sa lupa. Naririto ang isang paliguan na malamig at gayundin ang inumin.’ 38:43. Ipinagkaloob Namin sa kanya ang kanyang pamilya at tulad nila na kasama nila bilang habag mula sa Amin at paalaala para sa mga may bukas na pag-iisip. 38:44. Kunin mo sa kamay mo ang isang dakot na damo at idampi mo ito at huwag mong baliin ang sinumpaan mo.’ Tunay na natagpuan Namin siya na matiisin. Mahusay na alipin. Tunay na siya ay nagbabalik-loob.

38:45. Banggitin ang Aming mga alipin na sina Abraham, Isaac at Jacob na nagtataglay ng lakas at pananaw. 38:46. Tunay na Kami ay naghirang sa kanila sa pagbubukod-tangi. Paalaala ng Kabilang-buhay. 38:47. Tunay na sila sa Amin ay kabilang sa mga hinirang at pinakamainam. 38:48. Banggitin sina Ishmael, Elisha at Ezekiel. Lahat sila ay kabilang sa maiinam.

38:49. Ito ay paalaala. Tunay na ang matutuwid ay nasa mahusay na pagbabalik. 38:50. Mga hardin na bukas para sa kanila ang mga pinto nito.

38:51. Nakasandal dito at tatawag dito para sa mga prutas na marami at maiinom. 38:52. At kasama nila ang kababaihan na hindi tumitingin sa iba pa. 38:53. Ito ang ipinangako sa kanila para sa Araw ng Pagtutuos. 38:54. Tunay na ito ay tiyak na biyaya Namin at ito ay walang pagkaubos.

38:55. Ito. Tunay na para sa mga suwail ang masamang pagbabalik. 38:56. Impiyerno na papasukin nila at napakasamang hantungan. 38:57. Ito, hayaan na tikman nila ang kumukulong tubig at nana. 38:58. At iba pang mga parusa na ibat ibang uri. 38:59. 'Ito ang grupo na magsisiksikan kasama kayo.' Tutugon ang iba, 'Walang pagbati sa pagpasok nila rito. Tunay na sila ay susunugin sa Impiyerno.' 38:60. Sasabihin ng mga sumunod sa mga nauna, 'Bagkus kayo rin ay walang pagbati sa pagdating ninyo. Kayo ang nagdulot nito sa amin. Isang napakasamang hantungan.' 38:61. Sasabihin nila, 'Panginoon Namin sinumang nagdulot nito sa amin ay dagdagan Mo ang parusa nila ng doble sa Impiyerno.' 38:62. Sasabihin nila, 'Bakit hindi namin makita ang kalalakihan na itinuring namin na kabilang sa pinakamasama? 38:63. Ginawa namin silang katatawanan o nawala na sila sa aming paningin?' 38:64. Tunay na yaon ang katotohanan – ang pag-aaway ng mga tao sa Impiyerno.

38:65. Sabihin, 'Ako ay tagapagbabala lamang. Walang diyos na marapat sambahin liban kay Allah, Ang Nag-iisa at Ang Tagagapi. 38:66. Panginoon ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila, Ang Makapangyarihan at ang Mapagpatawad. 38:67. Sabihin, 'Ito ay balitang dakila. 38:68. Kayo mula rito ay inilayo. 38:69. Ako ay walang kaalaman sa kapulungang kataas-taasan nang sila ay nagtalu-talo. 38:70. Ang ipinahayag sa akin ay hindi ako hihigit pa sa isang tagapagbabalang malinaw lamang.

38:71. Sinabi ni Allah sa mga anghel, 'Tunay na Ako ay lilikha ng

tao mula sa putik. 38:72. Kapag hinugisan Ko ito at ihininga rito ang kaluluwa mula sa Akin ay magpatirapa kayo rito.' 38:73. Ang mga anghel ay nagpatirapa lahat-lahat. 38:74. Liban kay Satanas na nagmalaki at kabilang sa mga hindi nanampalataya. 38:75. Sinabi ni Allah, 'O Satanas, ano ang pumigil sa iyo na magpatirapa sa nilikha Ko sa Aking dalawang kamay. Nagmalaki ka ba o ikaw ay kabilang sa mayayabang?' 38:76. Sinabi ni Satanas, 'Ako ay mas mainam kaysa sa kanya. Nilikha Mo ako sa apoy at nilikha Mo siya mula sa putik lamang.' 38:77. Sinabi ni Allah, 'Lumayas ka rito, tunay na ikaw ay itinakwil. 38:78. Tunay na sa iyo ang Aking sumpa hanggang sa Araw ng Paghuhukom.'

38:79. Sinabi niya, 'Panginoon ko, palugitan Mo ako hanggang sa Araw na sila ay bubuhaying-muli.' 38:80. Sinabi ni Allah, 'Tunay na ikaw ay kabilang sa mga pinalugitan. 38:81. Hanggang sa Oras na tukoy.' 38:82. Sinabi niya, 'Sumpa ko sa Iyong kapangyarihan, tiyak na ililigaw ko sila lahat-lahat. 38:83. Liban na lamang sa mga alipin Mong dalisay.' 38:84. Sinabi ni Allah, 'Ang katotohanan. At ang katotohanan ang Aking sinasabi. 38:85. Tiyak na pupunuin Ko ang Impiyerno sa pamamagitan mo at yaong sumunod sa iyo mula sa kanila lahat-lahat.'

38:86. Sabihin, 'Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng kapalit. at ako ay hindi kabilang sa mga mapagkunwari. 38:87. Ito ay hindi hihigit pa sa paalaala sa mga nilikha. 38:88. Tiyak na malalaman ninyo ang tungkol dito sa paglipas ng panahon.'

39. SURATUZ ZUMAR (ANG GRUPO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

39:1. Ang pagpapahayag sa Aklat mula kay Allah, ang Makapangyarihan, ang Maalam. 39:2. Tunay na ibinaba Namin sa iyo ang

Aklat nang buong katotohanan, kaya sambahin mo si Allah nang dalisay sa Kanya sa relihiyon. 39:3. Para kay Allah ang relihiyon na dalisay. Ang mga kumuha sa iba pa liban sa Kanya bilang mga tagaingat ay nagsasabi, 'Hindi namin sila sinasamba liban na lamang upang ilapit nila kami kay Allah nang ganap na pagpapalapit.' Tunay na si Allah ay maghahatol sa kanila sa anumang pinagtatalunan nila. Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa sinungaling at hindi nanampalataya.

39:4. Kung ninais lamang ni Allah na magkaanak ay naghirang Siya mula sa nilikha Niya na naisin Niya. Luwalhati sa Kanya. Siya si Allah, ang Nag-iisa, ang Tagagapi. 39:5. Lumikha sa kalangitan at lupa nang buong katotohanan. Binabalot Niya ang gabi sa araw at binabalot Niya ang araw sa gabi. Pinasunod ang araw at ang buwan. Lahat ay tumatakbo sa takdang panahon. Siya ang Makapangyarihan at ang Mapagpatawad.

39:6. Nilikha Niya kayo mula sa isang tao at dinulot mula rito ang kanyang asawa at nagpababa para sa inyo mula sa mga pinapastol na hayop na walong uri. Nililikha Niya kayo mula sa sinapupunan ng inyong mga ina na nilikha pagkatapos ng nilikha sa loob ng tatlong kadiliman. Yaon si Allah ang inyong Panginoon at sa Kanya ang paghahari. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Paanong kayo ay naligaw?

39:7. Kung kayo ay hindi manampalataya ay tunay na si Allah ay Walang Pangangailangan sa inyo. Siya ay hindi nalulugod sa hindi pananampalataya para sa Kanyang mga alipin. Kung kayo ay magpapasalamat ay kalulugdan Niya ito para sa inyo. Walang sinumang magtatangan ng pasanin ng iba pa. Tungo sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik at ipaaalam Niya sa inyo ang inyong mga ginawa. Tunay na Siya ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga dibdib.

39:8. Kapag dumapo sa tao ang sakuna ay nananalangin ito sa

kanyang Panginoon nang nagbabalik-loob sa Kanya ngunit kapag dumating ang biyaya mula sa Kanya ay nakakalimot siya sa dinasalan niya noon at gumawa ng katambal kay Allah upang magligaw sa mga tao mula sa Kanyang landas. Sabihin, 'Maglibang ka sa iyong kawalan ng pananampalataya nang kaunti. Tunay na ikaw ay kabilang sa mga mananahan sa Impiyerno.' 39:9. Katulad ba nito ang siyang sumasamba sa gabi nang nakapatirapa at nakatayo at nangangamba para sa Kabilang-buhay at naghahangad ng habag mula sa kanyang Panginoon? Sabihin, 'Magkatulad ba ang mga nakaaalam at ang mga hindi nakaaalam?' Ang mga nakaaalala lamang ay ang mga taong may bukas na pag-iisip.

39:10. Sabihin O Muhammad sa Aking mga alipin, 'O Aking mga alipin na nanampalataya, katakutan ninyo ang Panginoon ninyo. Para sa mga nagpakamatuwid sa mundong ito ay ang kabutihan. Ang lupa ni Allah ay malawak. Ang mga matiisin ang bibigyan ng kanilang gantimpala nang walang pagtutuos.'

39:11. Sabihin, 'Tunay na ako ay pinag-utusang sambahin si Allah nang dalisay sa relihiyon Niya. 39:12. At ako ay pinag-utusan na maging una sa mga Muslim.' 39:13. Sabihin, 'Tunay na ako ay natatakot na kapag sinuway ko ang aking Panginoon, sa parusa ng Araw na dakila.' 39:14. Sabihin, 'Si Allah lamang ang aking sinasamba nang dalisay sa Kanyang relihiyon. 39:15. Sambahin ninyo ang nais ninyo liban pa sa Kanya.' Sabihin, ' Tunay na ang mga talunan ay yaong mga nilugi nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya sa Araw ng Paghuhukom. Walang duda na yaon ang pagkaluging malinaw.' 39:16. Para sa kanila sa ibabaw nila ang mga bubong na apoy at sa ilalim nila ay bubong din. Ganito binabantaan ni Allah ang Kanyang mga alipin. 'O Aking mga alipin, katakutan ninyo Ako.'

39:17. Silang mga umiwas sa diyus-diyosan dahil kung hindi ay

sinamba nila ito. Sila ay nagbalik-loob kay Allah at para sa kanila ang magandang balita. Bigyan ng magandang balita ang Aking mga alipin. 39:18. Silang mga nakinig sa sinabi at sumunod sa mabuti nito. Sila yaong mga ginabayan ni Allah. Sila ang mga may bukas na pag-iisip.

39:19. Sinumang tinupad na para sa kanya ang pagtatakda ng parusa, ikaw ba ay magliligtas sa siyang nasa Impiyerno? 39:20. Ngunit yaong mga natakot sa kanilang Panginoon ay para sa kanila ang mga silid na sa ibabaw nito ay mga silid na itinayong mataas na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Pangako ni Allah. Hindi binabali ni Allah ang pangako.

39:21. Hindi mo ba nakita na si Allah ay nagpababa mula sa langit ng tubig at pinadaloy ito sa mga bukal sa lupa at pinasibol sa pamamagitan nito ang mga pananim na ibat iba ang kulay at ito ay matutuyot at makikita mo itong maninilaw at ginawa Niyang tuyot na dayami na lamang. Tunay na naririto ang paalaala para sa mga nakauunawa. 39:22. Ang siya bang binuksan ni Allah ang kanyang dibdib sa Islam ay nasa liwanag mula sa kanyang Panginoon? Kapahamakan sa matitigas ang kanilang mga puso mula sa pag-aalaala kay Allah. Sila ang mga nasa pagkaligaw na malinaw. 39:23. Si Allah ay nagpababa ng pinakamainam na salita na Aklat na magkakatugma. Nangingilabot dahil dito ang balat ng mga may takot sa kanilang Panginoon at lumalambot ang kanilang mga balat at puso tungo sa pag-aalaala kay Allah. Yaon ang gabay ni Allah at ginagabayan Niya sa pamamagitan nito ang sinumang naisin Niya. Sinumang iligaw ni Allah ay walang matatagpuang tagapaggabay para sa kanya.

39:24. Paano naman yaong ipantatakip niya ang kanyang mukha mula sa masamang parusa sa Araw ng Paghuhukom? Sasabihin sa mga makasalanan, ‘Tikman ninyo ang inani ninyo.’

39:25. Nagpasinungaling ang mga nauna sa kanila at dumating sa kanila ang parusa mula sa hindi nila inaasahan. 39:26. Pinatikim sa kanila ni Allah ang kahihiyan sa buhay sa mundo. Ngunit ang parusa ng Kabilang-buhay ay mas matindi kung nalalaman lamang nila.

39:27. Nagbigay Kami sa tao sa Quran na ito ng lahat ng halimbawa upang sila nawa ay makaalala. 39:28. Quran na nasa wikang Arabic na walang salungatan upang sila nawa ay magpakamatuwid. 39:29. Nagbigay si Allah ng halimbawa ng isang alipin na pag-aari ng nag-aaway na mga may-ari at isang pag-aari ng isang tao lamang – sila ba ay magkatulad sa paghahalimbawa? Ang papuri ay kay Allah. Ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 39:30. Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mamamatay. 39:31. At tunay na kayo sa Araw ng Paghuhukom sa inyong Panginoon ay magtatalu-talo.

39:32. Kaya sino ba ang higit na mapang-api kaysa sa nagsinungaling tungkol kay Allah at nagpasinungaling sa katotohanan nang ito ay dumating sa kanya? Hindi ba't sa Impiyerno ay may tahanan para sa mga hindi nanampalataya? 39:33. Yaong nagdala ng katotohanan at siyang nagpatotoo rito, sila ang matutuwid. 39:34. Para sa kanila ang hinahangad nila mula sa kanilang Panginoon. Yaon ang gantimpala ng matutuwid. 39:35. Upang alisin ni Allah mula sa kanila ang pinakamasama sa kanilang mga ginawa at ibigay sa kanila ang kanilang gantimpala sa pinakamainam na ginagawa nila.

39:36. Hindi ba't si Allah ay sapat na para sa Kanyang mga alipin? Ngunit tinatakot ka nila sa pamamagitan ng mga itinambal nila sa Kanya. Sinumang iligaw ni Allah ay wala siyang tagapaggabay. 39:37. Sinumang gabayan ni Allah, para sa kanya ay walang tagapagligaw. Hindi ba't si Allah ay Makapangyarihan at Nagtatangan ng Paghihiganti?

39:38. Kapag tinanong mo sila, ‘Sino ang lumikha ng kalangitan at lupa?’ Tiyak na sasabihin nila, ‘Si Allah.’ Sabihin, ‘Nakita ba ninyo ang inyong dinadasalan liban pa kay Allah na kung naisin para sa akin ni Allah ang sakuna, sila ba ay mag-aalis ng Kanyang pinsala o kung naisin Niya para sa akin ang habag, sila ba ay pipigil sa Kanyang habag?’ Sabihin, ‘Sapat para sa akin si Allah. Sa Kanya nananalig ang mga nananalig.’ 39:39. Sabihin, ‘O aking nasyon, gawin ninyo ang marapat sa inyong posisyon, tunay na ako ay kumikilos din, at malalaman ninyo. 39:40 Kung kanino darating ang parusang magpapahiya sa kanya at kung kanino bababa ang parusang nagtatagal.’ 39:41. Tunay na ibinaba Namin sa iyo ang Aklat para sa mga tao nang buong katotohanan. Sinumang naghangad ng gabay ay para sa kanyang sarili at sinumang naligaw ay naligaw laban sa kanyang sarili lamang. Ikaw para sa kanila ay hindi tagapag-ingat.

39:42. Si Allah ang kumukuha ng mga kaluluwa sa kamatayan nila at yaong hindi namatay sa kanilang mga pagtulog. Pinananatili Niya yaong itinakda na sa kanila ang kamatayan at pinakakawalan ang iba pa hanggang sa takdang panahon. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga taong nag-iisip.

39:43. Sila ba ay kumuha liban pa kay Allah ng mga tagapamagitan? Sabihin, ‘Kahit ba hindi sila nagtataglay ng anuman at hindi sila nag-iisip?’ 39:44. Sabihin, ‘Kay Allah ang pamamagitan lahat-lahat. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa at sa Kanya kayo ibabalik.’ 39:45. Kapag si Allah ay binanggit nang mag-isa, nanliliit ang puso ng mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay, ngunit kapag binanggit ang iba pa liban sa Kanya na diyus-diyosan ay nagbubunyi sila. 39:46. Sabihin, ‘O Allah, Tagapagpasimula ng kalangitan at lupa, ang Nakaaalam ng nalilingid at hayag, Ikaw ang naghahatol sa pagitan ng Iyong mga alipin tungkol sa kanilang pinagtatalunan.’ 39:47. Kung tangan lamang ng mga makasalanan ang lahat ng bagay sa mundo at isa pang tulad nito na kasama nito ay

ipinangtubos nila ang mga ito mula sa kasamaan ng parusa sa Araw ng Paghuhukom. At isisiwalat sa kanila mula kay Allah ang hindi nila naisaalang-alang. 39:48. Isisiwalat sa kanila ang kasamaan ng kanilang mga nakamit at sila ay babalutin ng kanilang pinagtawanan.

39:49. Kapag ang tao ay dinapuan ng masama ay nananalangin siya sa Amin at kapag biniyayaan Namin siya ay sinasabi niya, 'Ito ay naibigay sa akin dahil sa aking kaalaman lamang.' Bagkus ito ay pagsubok ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 39:50. Sinabi na rin ito ng mga nauna sa kanila at hindi nakatulong sa kanila ang kanilang mga nakamit. 39:51. Sila ay dinatnan ng kasamaan ng kanilang mga nakamit. Ang mga nang-api sa kanila ay dadapuan ng kasamaan ng kanilang mga ginawa at sila ay hindi magdudulot ng pagkabigo. 39:52. Hindi ba nila nalaman na si Allah ay namamahagi ng biyaya sa sinumang naisin Niya at pumipigil nito. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga nananampalataya. 39:53. Sabihin, 'O Aking mga alipin na nang-api laban sa kanilang mga sarili, huwag mawalan ng pag-asa sa habag ni Allah. Tunay na si Allah ay nagpapatawad ng mga kasalanan lahat-lahat. Tunay na Siya ang Mapagpatawad at ang Mahabagin.' 39:54. Magbalik-loob kayo sa inyong Panginoon at tumalima sa Kanya bago pa dumating sa inyo ang parusa at hindi na kayo matutulungan.

39:55. Sundin ninyo ang mainam sa ipinahayag sa inyo mula sa inyong Panginoon bago pa dumating sa inyo ang parusa nang biglaan at kayo ay hindi nakararamdam. 39:56. O baka sabihin ninuman, 'Kasawian sa akin sa aking pagpapabaya tungkol kay Allah at tunay na ako ay kabilang sa mga nanghamak.' 39:57. O kaya ay sasabihin, 'Kung si Allah ay naggabay lamang sa akin ay tiyak na ako ay naging kabilang sa matutuwid.' 39:58. O sasabihin nito kapag nakita na niya ang parusa, 'Kung ako lamang ay may isa pang pagkakataon ay magiging kabilang ako sa matutuwid.' 39:59. Bagkus ay oo, dumating na sa iyo ang Aking mga talata ngunit pinasinungalingan mo ito

at nagmalaki ka at ikaw ay kabilang sa mga hindi nanampalataya. 39:60. Sa Araw ng Paghuhukom ay makikita mo ang mga nagsinungaling kay Allah na ang kanilang mga mukha ay mangingitim. Hindi ba't sa Impiyerno ay may tirahan para sa mga mapagmalaki? 39:61. Ililigtas ni Allah ang mga may takot sa Kanya dahil sa kanilang mga nakamit at hindi sila dadapuan ng kasamaan at hindi sila malulungkot.

39:62. Si Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Siya, sa lahat ng bagay ay Namamahala. 39:63. Sa Kanya ang mga susi ng kalangitan at lupa at ang mga hindi nanampalataya sa mga talata ni Allah ay sila yaong mga talunan. 39:64. Sabihin, 'Sa iba pa ba liban kay Allah ay inuutusan ninyo ako na sumamba, O mga mangmang?' 39:65. Ipinahayag sa iyo at sa mga nauna sa iyo na kung ikaw ay magtatambal ay tiyak na mawawalang saysay ang iyong mga gawa at tiyak na magiging kabilang ka sa mga talunan. 39:66. Bagkus, si Allah ang iyong sambahin at maging kabilang sa mga nagpapasalamat.

39:67. Hindi sila nagpahalaga kay Allah ng marapat na pagpapahalaga sa Kanya at ang lupa lahat-lahat ay nasa Kanyang paghawak sa Araw ng Paghuhukom at ang kalangitan ay nakatupi sa Kanyang kanang kamay. Luwalhati sa Kanya at Kataas-taasan Siya sa mga itinambal sa Kanya. 39:68. Iihipan ang trumpeta at mamamatay ang lahat ng nasa kalangitan at lupa liban na lamang sa naisin ni Allah. At iihipan itong muli at sila ay tatayo na nakatingin. 39:69. Ang lupa ay magniningning sa liwanag ng Panginoon nito at ilalagay ang talaan at itatanghal ang mga propeta at ang mga saksi at sila ay hahatulan ayon sa katotohanan at sila ay hindi aapihin. 39:70. At ibibigay sa bawat isa ang ayon sa ginawa nito at Siya ang pinakanakaaalam sa ginawa nila.

39:71. Itutulak ang mga hindi nanampalataya tungo sa Impiyerno nang pangkat-pangkat. Hanggang sa dumating sila rito at bubuksan

ang mga lagusan nito at sasabihin sa kanila ng mga bantay nito, ‘Hindi ba dumating sa inyo ang mga sugo na kabilang sa inyo na nagbabasa sa inyo ng mga talata ng inyong Panginoon at nagbababala sa inyo sa pagtatagpo sa Araw ninyong ito?’ Sasabihin nila, ‘Oo, ngunit naitakda na ang parusa sa mga hindi nanampalataya.’ 39:72. Sasabihin sa kanila, ‘Pumasok kayo sa mga lagusan ng Impiyerno at manatili rito habang-panahon. Napakasamang tirahan para sa mga mapagmalaki.’

39:73. Ihahatid ang mga may takot sa kanilang Panginoon tungo sa Paraiso nang pangkat-pangkat. Hanggang sa sila ay makarating dito at bubuksan ang mga lagusan nito at sasabihin sa kanila ng mga bantay dito, ‘Ang kapayapaan ay sumainyo. Naging mahusay kayo kaya pumasok kayo rito at manatili rito habang-panahon.’ 39:74. Sasabihin nila, ‘Papuri kay Allah na nagpatotoo sa amin ng Kanyang pangako at ipinamana sa amin ang lupa upang kami ay manahan sa Paraiso saan man namin naisin. Napakainam na gantimpala para sa mga nagsumikap.’ 39:75. Makikita mo ang mga anghel na pumapaligid sa trono at lumuluwalhati sa pagpuri sa kanilang Panginoon. Sila ay hahatulan sa pagitan nila nang buong katotohanan at sasabihin sa kanila, ‘Papuri kay Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.’

40. SURAH GHAFIR (ANG NAGPAPATAWAD)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

40:1. Ha Mim.

40:2. Ang pagpapababa ng Aklat ay mula kay Allah, ang Makapangyarihan at ang Maalam. 40:3. Nagpapatawad sa mga kasalanan, tumatanggap ng pagbabalik-loob, malupit magparusa at may tangan ng kayamanan. Walang diyos na marapat sambahin liban

sa Kanya. Tungo sa Kanya ang pagbabalik.

40:4. Walang sinumang nakikipagtalo tungkol sa mga tanda ni Allah liban na lamang sa mga hindi nanampalataya kaya huwag kang malinlang ng kanilang pamumuhay sa kanilang lupain. 40:5 Nagpasinungaling na bago pa sila ang nasyon ni Noah at ang sumunod na mga nasyon pagkatapos nila. Nagsikap ang bawat nasyon laban sa sugo sa kanila upang salakayin ito. Sila ay nakipagtalo gamit ang kamalian upang pawalang-saysay sa pamamagitan nito ang katotohanan. Kaya pinarusahan Ko sila at gaano katindi ang Aking parusa. 40:6. Ganito nagkatotoo ang pagtatakda ng iyong Panginoon laban sa mga hindi nanampalataya na sila ay mga mananahan sa Impiyerno.

40:7. Ang mga anghel na may pasan ng Trono at yaong nasa paligid nito ay lumuluwalhati sa pagpuri sa kanilang Panginoon at nananampalataya sa Kanya at humihingi ng tawad para sa mga nanampalataya, 'Panginoon Namin, Ikaw ay nakasasaklaw sa lahat ng bagay sa Iyong habag at kaalaman, kaya patawarin Mo ang mga nagbalik-loob at sumunod sa landas Mo at iligtas Mo sila mula sa parusa ng Apoy. 40:8. Panginoon namin, ipasok Mo sila sa mga hardin na panghabang-panahon na ipinangako Mo sa kanila at silang matutuwid sa kanilang mga magulang, mga asawa at mga anak. Tunay na Ikaw ang Makapangyarihan at ang Maalam. 40:9. Iligtas Mo sila mula sa kasamaan. Sinumang maprotektahan mula sa kasamaan sa Araw na yaon ay kinahabagan Mo. Yaon ang tagumpay na dakila.' 40:10. Tunay na ang mga hindi nanampalataya ay tatawagin, 'Ang galit ni Allah ay mas matindi kaysa sa galit ninyo sa inyong mga sarili nang kayo ay inimbitahan tungo sa pananampalataya at kayo ay tumanggi.'

40:11. Sasabihin nila, 'Panginoon namin, ginawa Mo kaming patay nang dalawang ulit at binuhay nang dalawang ulit at umaamin kami

sa aming mga kasalanan. Kaya, sa pagtakas ba ay mayroong paraan?' 40:12. 'Yaon ay dahil nang si Allah ay dinasalan mag-isa ay tumanggi kayo at kapag pinagtatambalan Siya ay naniniwala kayo. Ang paghatol ay kay Allah lamang, ang Kataas-taasan, ang Dakila.'

40:13. Siya ang nagpapakita sa inyo ng Kanyang mga tanda at nagbababa sa inyo mula sa langit ng biyaya. Walang nakaaalala liban pa sa nagbalik-loob. 40:14. Manalangin kayo kay Allah nang dalisay sa relihiyon Niya kahit pa kamuhian ng mga hindi nanampalataya. 40:15. Siya ang nasa ibabaw ng mga antas, ang Tagapagmay-ari ng Trono, ipinadadala Niya ang sugo mula sa Kanyang utos sa sinumang naisin Niya mula sa Kanyang mga alipin upang magbabala tungkol sa Araw ng Pagtatagpo. 40:16. Sa Araw na sila ay hayag, walang maililihim kay Allah ukol sa kanila na anuman. Kanino ang paghahari sa Araw na ito? Kay Allah, ang Nag-iisa at ang Tagagapi. 40:17. Sa Araw na ito ay gagantimpalaan ang lahat ayon sa kanilang ginawa. Walang pang-aapi sa araw na ito. Tunay na si Allah ay mabilis sa pagtutuos.

40:18. Babalaan mo sila sa Araw na parating na ang mga puso ay nasa lalamunan na puno ng pangamba. Ang mga mapang-api ay walang kaibigan at walang tagapamagitan na sinusunod. 40:19. Nalalaman Niya ang nanlilinlang sa mga mata at sa inililihim ng mga dibdib. 40:20. Si Allah ay naghahatol sa pamamagitan ng katotohanan. Ang mga dinadasalan nila liban sa Kanya ay hindi maghahatol sa anuman. Tunay na si Allah ang Nakaririnig at ang Nakakakita.

40:21. Hindi ba sila naglakbay sa lupa upang makita nila kung paano ang wakas ng mga nauna sa kanila? Sila ay mas matindi kaysa sa kanila sa lakas at impluwensiya sa lupa ngunit pinarusahan sila ni Allah dahil sa kanilang mga kasalanan at wala silang matatagpuan laban kay Allah na sinumang tagapag-ingat. 40:22. Yaon ay dahil sa

dumating sa kanila ang mga sugo sa kanila dala ang malilinaw na tanda at hindi sila naniwala kaya pinarusahan sila ni Allah. Tunay na Siya ay Malakas at matinding magparusa.

40:23. Isinugo Namin si Moises dala ang Aming mga tanda at autoridad na malinaw. 40:24. Tungo kay Paraon, Haman at Qarun at sinabi nila, 'Siya ay salamangkero at sinungaling.' 40:25. Nang siya ay nagdala sa kanila ng katotohanan mula sa Amin ay sinabi nila, 'Patayin ninyo ang mga anak na lalaki ng mga nanampalataya kasama niya at hayaang mabuhay ang kababaihan nila.' Ang plano ng mga hindi nanampalataya ay hindi hihigit pa sa pagkaligaw.'

40:26. Sinabi ni Paraon, 'Hayaan ninyo ako na patayin si Moises at hayaan siyang magdasal sa kanyang Panginoon. Tunay na ako ay natatakot na baguhin niya ang inyong relihiyon o magdulot siya sa lupa ng kasiraan.' 40:27. Sinabi ni Moises, 'Tunay na nagpakupkop ako sa aking Panginoon at Panginoon ninyo mula sa lahat ng mapag-malaki na hindi nanampalataya sa Araw ng Pagtutuos.'

40:28. Sinabi ng isang lalaking mananampalataya na kabilang sa pamilya ni Paraon na naglilihim ng kanyang pananampalataya, 'Papatayin ba ninyo ang isang tao na nagsasabi lamang na, 'Ang aking Panginoon ay si Allah,' samantalang dumating siya sa inyo na dala ang mga patunay mula sa inyong Panginoon. Kung siya ay sinungaling ay laban sa kanya ang kanyang kasinungalingan at kung siya ay makatotohanan ay dadapo sa inyo ang ilan sa mga ipinangako niya sa inyo. Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mapagmalabis at sinungaling. 40:29. O aking nasyon, sa inyo ang paghahari sa araw na ito na nangingibabaw sa lupa. Ngunit sino ang magpoprotekta sa amin mula sa parusa ni Allah kung ito ay darating sa amin?' Sinabi ni Paraon, 'Hindi ako magpapakita sa iyo liban na lamang sa kung ano ang nakikita ko, at hindi ko kayo ginagabayan liban na lamang sa landas ng gabay.'

40:30. Sinabi ng nanampalataya, ‘O aking nasyon, kung papatayin ninyo si Moises ay tunay na ako ay natatakot para sa inyo ng tulad sa araw ng mga alyansa ng mga hindi mananampalataya laban sa mga propeta. 40:31. Tulad ng nangyari sa mga nasyon nina Noah, ‘Ad, Thamud at mga dumating paglisan nila. Si Allah ay hindi nagnanais ng pang-aapi sa Kanyang mga alipin. 40:32. O aking nasyon, tunay na kinatatakutan ko para sa inyo ang Araw ng Pagtatawagan. 40:33. Sa Araw na tatalikod kayong patakas at wala kayong makikitang liban kay Allah na tagapag-ingat. Sinumang iligaw ni Allah, para sa kanya ay walang tagapaggabay.

40:34. Dumating sa inyo si Joseph noon na dala ang mga patunay at nanatili kayo sa pagdududa sa dala niya sa inyo. Hanggang sa siya ay namatay ay sinabi ninyo, ‘Hindi na magpapadala si Allah pagkatapos niya ng sugo.’ Ganito iligaw ni Allah ang mga mapagmalabis at mapagduda.’ 40:35. Silang mga nakikipagtalo tungkol sa mga tanda ni Allah nang walang autoridad na dumating sa kanila ay napakalaking kasamaan ito para kay Allah at sa mga nanampalataya. Ganito takpan ni Allah ang lahat ng pusong mapagmalaki at mapang-api.

40:36. Sinabi ni Paraon, ‘O Haman, magtayo ka para sa akin ng hagdan upang magkaroon ako ng paraan. 40:37. Daan patungo sa kalangitan upang tingnan ko ang Diyos ni Moises dahil tunay na ako ay naniniwala na siya ay sinungaling.’ Ganito pinaganda para kay Paraon ang masama niyang gawa at hinarangan siya mula sa tamang landas. Walang kahihinatnan ang plano ni Paraon liban sa pagkawasak.

40:38. Sinabi ng nanampalataya, ‘O aking nasyon, sundan ninyo ako, gagabayan ko kayo tungo sa landas na matuwid. 40:39. O aking nasyon tunay na ang buhay dito sa mundo ay pag-aaliw lamang at tunay na ang Kabilang-buhay ang siyang tahanang mananatili.

40:40. Sinumang gumawa ng masama ay hindi magagantimpalaan liban na lamang ng tulad nito. Sinumang gumawa ng mabuti mula sa kalalakihan o kababaihan at siya ay nanampalataya sila ang mga papasok sa Paraiso at bibiyaan dito nang walang pagtutuos. 40:41. O aking nasyon, paanong ako ay nag-iimbita sa inyo tungo sa kaligtasan samantalang kayo ay nagiimbita sa akin tungo sa Apoy? 40:42. Iniimbitahan ninyo ako na hindi manampalataya kay Allah at magtambal sa Kanya nang wala akong nalalaman tungkol dito samantalang ako ay nag-aanyaya sa inyo tungo sa Makapangyarihan at Mapagpatawad. 40:43. Katiyakan na ang ipinang-aanyaya ninyo sa akin ay walang katugunan sa mundo o sa Kabilang-buhay at ang ating pagbabalik ay kay Allah. Ang mga mapagmalabis ay sila ang mga mananahan sa Impiyerno. 40:44. Maaalala ninyo ang sinasabi ko sa inyo. Ipinagkakatiwala ko ang lahat ng bagay kay Allah. Tunay na si Allah ay Nakakakita sa Kanyang mga alipin.'

40:45. Kaya iniligtas siya ni Allah mula sa kasamaan na kanilang plinano at nangyari sa Angkan ni Paraon ang masamang parusa. 40:46. Sa Apoy, sila ay ihaharap dito sa umaga at gabi. Sa Araw na darating ang Oras ay sasabihin, 'Papasukin ang Angkan ni Paraon sa pinakamatinding parusa.'

40:47. Sila ay magtatalu-talo sa loob ng Apoy at sasabihin ng mahihina sa mga nagmalaki, 'Tunay na kami ay tagasunod lamang ninyo kaya kayo ba ay kukuha mula sa amin ng bahagi mula sa Apoy?' 40:48. Sasabihin ng mga nagmalaki, 'Tunay na tayong lahat ay naririto. Tunay na si Allah ay naghatol na sa Kanyang mga alipin.' 40:49. Sasabihin ng mga nasa Apoy sa mga tagabantay ng Impiyerno, 'Manalangin kayo sa inyong Panginoon na pagaanin para sa amin kahit isang araw lang ang parusa.' 40:50. Sasabihin sa kanila, 'Hindi ba't dumating sa inyo ang mga sugo na kabilang sa inyo dala ang mga patunay?' Sasabihin nila, 'Oo.' Sasabihin sa kanila, 'Kaya manalangin kayo.' Ngunit ang dasal ng mga hindi

nanampalataya ay nasa pagkaligaw.

40:51. Tunay na katiyakang tutulungan Namin ang Aming mga sugo at mga nanampalataya sa buhay sa mundo at sa Araw na tatayo ang mga saksi. 40:52. Sa Araw na walang pakinabang sa mga makasalanan ang pagpapalusot nila. Para sa kanila ang sumpa at para sa kanila ang masamang tirahan. 40:53. Ibinigay Namin kay Moises ang gabay at ipinamana Namin sa Angkan ng Israel ang Kasulatan. 40:54. Gabay at paalaala para sa mga nakauunawa. 40:55. Magtiis. Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo at humingi ng tawad sa iyong kasalanan at magluwalhati sa pasasalamat sa iyong Panginoon sa gabi at umaga.

40:56. Tunay na ang mga nakikipagtalo sa mga tanda ni Allah nang walang autoridad na dumating sa kanila. Walang laman ang kanilang mga puso liban pa sa pagmamalaki na hindi nila mararating. Magpakupkop kay Allah. Tunay na Siya ay ang Nakaririnig at ang Nakakakita. 40:57. Tiyak na ang pagkakalikha sa kalangitan at lupa ay mas dakila kaysa sa pagkakalikha sa tao ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam. 40:58. Hindi magkatulad ang bulag at ang nakakakita gayundin ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti at ang mga gumagawa ng masama. Kaunti ang inyong naaalala. 40:59. Tunay na ang Oras ay parating nang walang pagdududa rito ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi naniniwala.

40:60. Sinabi ng inyong Panginoon, ‘Manalangin kayo sa Akin at Ako ay tutugon sa inyo.’ Tunay na ang mga nagmalaki sa pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga hamak. 40:61. Si Allah ang nagdulot sa inyo ng gabi upang magpahinga kayo rito at ang araw bilang liwanag. Tunay na si Allah ay nagtataglay ng biyaya para sa tao ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nagpapasalamat. 40:62. Yaon si Allah na inyong Panginoon, Tagapaglikha ng lahat ng bagay, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Paanong

kayo ay nalinlang? 40:63. Ganoon nalinlang yaong sa mga tanda ni Allah ay tumatanggi.

40:64. Si Allah ang nagdulot sa inyo ng lupa na maging tirahan at ang langit bilang gusali. Siya ay naghugis sa inyo at nagpainam sa inyong mga hugis at nagbiyaya sa inyo mula sa mababuting bagay. Yaon si Allah ang inyong Panginoon. Maluwalhati si Allah ang Panginoon ng mga nilikha. 40:65. Siya ang Buhay, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Manalangin kayo sa Kanya nang taus-puso sa Kanyang relihiyon. Ang papuri ay kay Allah ang Panginoon ng mga nilikha.

40:66. Sabihin, 'Tunay na ako ay pinagbawalan na sumamba sa mga dinadasalan ninyo liban kay Allah nang dumating sa akin ang mga patunay mula sa aking Panginoon at ako ay pinag-utusan na sumuko sa Panginoon ng mga nilikha.' 40:67. Siya ang lumikha sa inyo mula sa putik at pagkatapos nito ay mula sa punlay at mula sa namuong dugo na nakabitin at inilabas kayo bilang sanggol at kayo ay lumaki na malakas at kayo ay magiging matanda. Kabilang sa inyo yaong namamatay bago pa ito. Aabutan ninyo ang takdang panahon upang kayo nawa ay mag-isip. 40:68. Siya ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito. Kapag Siya ay nagtakda ng anumang bagay ay sasabihin lamang Niya, 'Mangyari' at mangyayari nga.

40:69. Hindi mo ba nakita yaong mga nakikipagtalo tungkol sa mga tanda ni Allah, paanong sila ay nalihis? 40:70. Silang mga nagpasinungaling sa Aklat at sa mensahe ng Aming mga sugo, tiyak na malalaman nila. 40:71. Kapag ang mga tanikala sa kanilang mga leeg at ang mga kadena ay hinila. 40:72. Sa kumukulong tubig at pagkatapos ay sa Apoy sila ay sisilaban. 40:73. At sasabihin sa kanila, 'Nasaan ang mga dating itinatambal ninyo? 40:74. Liban kay Allah?' Sasabihin nila, 'Lumayo sila mula sa amin, bagkus hindi kami nanalangin ng kahit ano noon.' Ganito inililigaw ni Allah ang mga hindi nanampalataya. 40:75. Yaon ay dahil sa kayo ay nagbubunyi sa lupa sa iba pa liban pa sa

katotohanan at sa inyong masamang ugali. 40:76. Pumasok kayo sa mga lagusan ng Impiyerno at manatili rito habang-panahon. Napakasamang tirahan para sa mga mapagmalaki.

40:77. Magtiis. Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo. Kung ipapakita man Namin sa iyo ang ilan sa mga ipinangako Namin sa kanila o bawian ka Namin ng buhay ay sa Amin sila ay ibabalik.

40:78. Ipinadala Namin ang mga sugo na nauna sa iyo at mula sa kanila ay yaong ikinuwento Namin sa iyo at ilan sa kanila na hindi Namin ikinuwento sa iyo. Hindi marapat sa sugo na magbigay ng tanda liban na lamang sa pahintulot ni Allah. Kapag dumating ang utos ni Allah ay naghahatol Siya sa katotohanan at nalugi ang mga namemeke.

40:79. Si Allah ang nagbigay sa inyo ng mga pinapastol na hayop upang sakyan ninyo ang ilan at kainin ninyo ang ilan. 40:80. Para sa inyo rito ang mga pakinabang upang makita ninyo sa kanila ang pangangailangan sa inyong mga dibdib at sa kanila at sa mga barko ay lumulan kayo. 40:81. At ipakita sa inyo ang mga tanda Niya. Alin sa mga tanda ni Allah ang itinatanggi ninyo?

40:82. Hindi ba sila naglakbay sa lupa at nakita kung paano ang wakas ng mga nauna sa kanila. Sila ay mas marami kaysa sa kanila at mas matindi sa lakas at impluwensiya sa lupa ngunit hindi nagbigay ng pakinabang sa kanila ang kanilang mga nakamit. 40:83. Nang dumating sa kanila ang mga sugo dala ang mga tanda ay nagsaya sila sa anumang tangan nilang kaalaman at binalot sila ng dati nilang pinagtatawanan. 40:84. Nang nakita nila ang Aming parusa ay sinabi nila, 'Nanampalataya kami kay Allah nang nag-iisa at hindi kami naniwala sa dati naming itinatambal namin sa Kanya.' 40:85. Ngunit hindi nagbigay ng pakinabang sa kanila ang paniniwala nila nang nakita nila ang Aming parusa. Ang paraan ni Allah sa pagparusa sa mga hindi nanampalataya ay napatotohanan sa Kanyang mga alipin at nalugi rito ang mga hindi nanampalataya.

41. SURAH FUSSILAT (ANG PINALINAW)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

41:1. Ha Mim.

41:2. Kapahayagan mula sa Maawain at Mahabagin. 41:3. Aklat na nilinaw ang mga talata nito. Isang Quran sa wikang Arabic para sa mga taong nakaaalam. 41:4. Tagapagbalita at tagapagbabala, tumanggi ang karamihan sa kanila at sila ay hindi nakaririnig. 41:5. Sinabi nila, 'Ang aming mga puso ay may takip mula sa ipinang-aanyaya ninyo sa amin at sa aming mga tainga ay ang kabingihan at sa pagitan namin at pagitan mo ay harang kaya kumilos ka dahil tunay na kami ay kikilos din.'

41:6. Sabihin, 'Ako ay tao lamang na tulad ninyo na ipinahayag sa akin na ang inyong Diyos ay Diyos na nag-iisa, kaya maging matuwid kayo para sa Kanya at humingi kayo ng tawad sa Kanya.' Kapahamakan sa mga nagtatambal sa Kanya. 41:7. Yaong mga hindi nagbabayad ng obligadong kawanggawa at sa Kabilang-buhay ay hindi naniniwala. 41:8. Tunay na ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay para sa kanila ang gantimpala na walang patid.

41:9. Sabihin, 'Tunay ba na kayo ay hindi nanampalataya sa Siyang lumikha ng lupa sa dalawang araw at kayo sa Kanya ay nagtatambal? Yaon ang Panginoon ng mga nilikha.' 41:10. At naglagay Siya rito ng kabundukan sa ibabaw nito at biniyayaan ito at nagtakda rito ng kabuhayan sa apat na araw na pare-pareho para sa mga nagtatanong. 41:11. Siya ay bumaling sa langit at ito noon ay usok at sinabi rito at sa lupa, 'Tumungo kayo sa Amin nang kusa o sapilitan.' Sinabi nila, 'Dumating kami nang kusa.' 41:12. Kinumpleto Niya ang mga ito bilang pitong kalangitan sa dalawang araw at ipinahayag sa lahat ng langit ang utos dito. Pinalamutian Namin ang langit ng mundo ng mga ilaw at proteksiyon. Yaon ang pagtatakda ng Makapangyarihan at Maalam.

41:13. Kung sila ay tatanggi ay sabihin, ‘Binababalaan ko kayo ng isang parusa na tulad ng parusa sa ‘Ad at Thamud. 41:14. Nang dumating sa kanila ang mga sugo bago pa sila at pagkatapos nila na nagsasabi, ‘Huwag kayong sumamba liban kay Allah.’ Sinabi nila, ‘Kung ninais lamang ng aming Panginoon ay tiyak na nagpababa Siya ng mga anghel, kaya tunay na kami sa mensahe ninyo ay hindi maniniwala.’

41:15. Tungkol sa ‘Ad, sila ay nagmalaki sa lupa na hindi naman marapat at nagsabi, ‘Sino ang mas matindi kaysa sa amin sa lakas?’ Hindi ba nila nakita na si Allah na Siyang lumikha sa kanila ay Siyang mas matindi kaysa sa kanila sa lakas? At sila sa Aming mga tanda ay tumatanggi. 41:16. Ipinadala Namin sa kanila ang hangin na humihiyaw sa ilang araw ng sakuna upang ipatikim Namin sa kanila ang parusang nakahihiya sa buhay sa mundo. Tiyak na ang parusa sa Kabilang-buhay ay mas nakahihiya, sila ay hindi matutulungan. 41:17. Tungkol naman sa Thamud, ginabayan Namin sila ngunit mas minahal nila ang pagkabulag kaysa sa gabay at dinatnan sila ng sakuna ng parusang nakahihiya dahil sa kanilang mga ginawa. 41:18. Iniligtas Namin ang mga nanampalataya at nagpakamatuwid.

41:19. Sa Araw na titipunin ang mga kalaban ni Allah tungo sa Apoy at sila ay ihahanay. 41:20. Hanggang sa dumating sila rito at sumaksi laban sa kanila ang kanilang pandinig, paningin at balat sa kanilang mga dating ginagawa. 41:21. Sasabihin nila sa kanilang mga balat, ‘Bakit kayo sumaksi laban sa amin?’ Tutugon ang mga ito, ‘Pinag-salita kami ni Allah na nagpasalita sa lahat ng bagay at Siya ang lumikha sa inyo sa unang pagkakataon pa lamang at sa Kanya kayo ibabalik. 41:22. Kayo ay hindi makapagtatakip sa inyong mga sarili na sumaksi laban sa inyo ang inyong mga pandinig, paningin at balat ngunit inakala ninyo na kaunti lamang ang nalalaman ni Allah sa inyong mga ginagawa. 41:23. Yaon ang inyong pag-aakala na inaka-la ninyo sa inyong Panginoon. Winasak kayo nito at kayo ay naging

kabilang sa mga nalugi.' 41:24. Kung sila ay magtitiis, ang Apoy ay tahanan para sa kanila, ngunit kung sila ay makikiusap ay hindi sila pahihintulutan na makiusap.

41:25. Nagtalaga Kami sa kanila ng mga kasamang masasama na mula sa mga tao at engkanto na nagpalamuti sa kanila ng nasa harap nila at nasa likod nila at nagkatotoo sa kanila ang utos sa iba pang nasyon na nauna sa kanila mula sa mga engkanto at tao. Tunay na sila ay mga nalugi.

41:26. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Huwag makinig sa Quran na ito at magsalita nang maingay habang ito ay binabasa upang kayo ay manaig.' 41:27. Tiyak na patitikimin Namin ang mga hindi nanampalataya ng parusang matindi at tiyak na gagantimpalaan Namin sila ayon sa pinakamasama nilang ginawa. 41:28. Yaon ang gantimpala sa mga kalaban ni Allah, ang Apoy. Para sa kanila rito ang tahanang panghabang-panahon. Bilang gantimpala, dahil sila sa Aming mga tanda ay tumatanggi.

41:29. Sinabi ng mga hindi nanampalataya, 'Panginoon namin, ipakita Mo sa amin ang mga nagligaw sa amin na mga engkanto at tao upang ilagay namin sila sa ilalim ng aming mga paa upang maging kabilang sa mga pinakamababa.' 41:30. Tunay na yaong mga nagsabi, 'Ang aming Panginoon ay si Allah' at nagpakamatuwid ay bababa sa kanila ang mga anghel na magsasabing, 'Huwag kayong matakot at huwag malungkot at tanggapin ninyo ang balita ng Paraiso na ipinangako sa inyo. 41:31. Kami ang inyong mga kakampi sa buhay sa mundo at sa Kabilang-buhay. Para sa inyo rito ang naisin ng inyong mga sarili at para sa inyo rito ang hilingin ninyo. 41:32. Pagsalubong mula sa Mapagpatawad at Mahabagin.

41:33. Sino ba ang mas mainam sa pananalita kaysa sa isang nag-anyaya tungo kay Allah at gumawa ng mabuti at nagsabi, 'Tunay

na ako ay kabilang sa mga Muslim.' 41:34. Hindi magkatulad ang kabutihan at kasamaan. Gumanti sa pamamagitan ng mas mainam at dahil dito, ang siyang sa pagitan mo at pagitan niya ay may away ay magiging tulad ng isang mabuting kaibigan. 41:35. Walang mabibigyan nito liban na lamang sa mga nagtiis at walang magkakamit nito liban na lamang doon sa may malaking bahagi ng kabutihan. 41:36. Kung bubulungan ka ni Satanas ng isang bulong ay magpakupkop kay Allah. Tunay na Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 41:37. Kabilang sa Kanyang mga tanda ang gabi at araw at ang araw at buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan bagkus ay magpatirapa kayo kay Allah na Siyang lumikha sa kanila kung kayo sa Kanya lamang ay mga sumasamba. 41:38. Kung sila ay magmamalaki, yaong malalapit sa iyong Panginoon ay lumuluwalhati sa Kanya sa gabi at araw at sila ay hindi nangangamba.

41:39. Kabilang sa Kanyang mga tanda na ikaw ay nakakakita sa lupa na tuyot at kapag nagpababa Kami rito ng tubig ay nanginginig ito at nabubuhay. Tunay na ang Siyang bumuhay dito ay ang Siyang bubuhay sa mga patay. Tunay na Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 41:40. Tunay na ang mga nagtatakwil sa Aming mga tanda ay hindi makapagtatago mula sa Amin. Kaya, ang siyang itatapon sa Impiyerno ay mas mainam ba o ang darating na ligtas sa Araw ng Paghuhukom? Gawin ninyo ang nais ninyo. Tunay na Siya sa ginagawa ninyo ay Nakakakita.

41:41. Tunay na ang mga hindi nanampalataya sa mensahe nang ito ay dumating sa kanila, tunay na ito ay katiyakang Aklat na dakila. 41:42. Walang makararating ditong kamalian sa harap nito o sa likod nito, isang kapahayagan mula sa Maalam at Kapuri-puri. 41:43. Walang anumang sinabi sa iyo liban na lamang na sinabi rin ito sa mga sugo na nauna sa iyo. Tunay na ang iyong Panginoon ay nagtataglay ng pagpapatawad at parusang masakit.

41:44. Kung ginawa man Namin ito na Quran na nasa iba pang wika ay sinabi nila, ‘Bakit hindi nilinaw ang mga talata nito? Ito ba ay sa ibang wika para sa isang sugong arabo?’ Sabihin, ‘Ito, para sa mga nanampalataya ay gabay at gamot.’ Yaong mga hindi nanampalataya, sa kanilang mga tainga ay kabingihan at nasa kanila ang pagkabulag. Sila yaong mga tinatawag mula sa lugar na malayo.

41:45. Ibinigay Namin kay Moises ang Kasulatan, ngunit ito ay pinagtalunan nila. Kung hindi lamang dahil sa salitang nauna mula sa iyong Panginoon ay nahatulan na sila. Tunay na sila ay nasa pagdududa rito nang matinding pagdududa. 41:46. Sinumang gumawa ng kabutihan ay para sa kanyang sarili at sinumang gumawa ng masama ay laban sa kanya. Ang iyong Panginoon ay hindi mapang-api sa mga alipin.

41:47. Sa Kanya ang kaalaman tungkol sa Oras at hindi umuusbong ang mga bunga mula sa balat nito o magbubuntis ang sinumang babae at manganganak liban na lamang na nasa Kanyang kaalaman. Sa Araw na tatawagin Niya sila, ‘Nasaan ang Aking mga katambal?’ Sasabihin nila, ‘Ipinababatid namin sa Iyo na walang sinuman sa amin ang saksi rito.’ 41:48. Nawala mula sa kanila ang dinadasalan nila noon at nalaman na nila na wala silang matatakasan.

41:49. Hindi nalulumbay ang tao sa pananalangin para sa kabutihan ngunit kapag dinatnan siya ng kasamaan, siya ay nawawalan ng pag-asa at nalulumbay. 41:50. Kapag pinatikim Namin siya ng habag mula sa Amin pagkatapos ng kasamaan na dumapo sa kanya ay tiyak na sasabihin niya, ‘Ito ay para sa akin, hindi ko inaasahan na ang Oras ay darating. Kung ako man ay ibabalik sa aking Panginoon ay tunay na para sa akin mula sa Kanya ang pinakamainam.’ Tiyak na ipababatid Namin sa mga hindi nanampalataya ang kanilang mga ginawa at tiyak na ipatitikim Namin sa kanila ang parusang matindi.

41:51. Kapag nagbiyaya Kami sa tao ay tumatalikod siya at lumalayo ngunit kapag dinapuan siya ng kasamaan ay napupuno siya ng panalangin na malawak. 41:52. Sabihin, 'Nakikita ba ninyo kung ang Quran ay mula kay Allah at kayo ay hindi nanampalataya rito, sino ang higit na ligaw kaysa sa siyang nasa pagtaliwas na malayo?'

41:53. Ipapakita Namin sa kanila ang aming mga tanda sa abot-tanaw at sa kanilang mga sarili hanggang sa maging malinaw para sa kanila na tunay na ito ang katotohanan. Hindi ba sapat na ang iyong Panginoon ay Siyang sa lahat ng bagay ay Saksi? 41:54. Tunay na sila ay nasa pagdududa sa pagtatagpo nila ng kanilang Panginoon. Tunay na Siya sa lahat ng bagay ay Nakaaarok.

42. SURATUSH SHURA (ANG SANGGUNIAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

42:1. Ha Mim. 42:2. Ain Sin Qaf.

42:3. Ganoon nga, si Allah, ang Makapangyarihan at ang Maalam ay nagpahayag sa iyo at sa mga nauna sa iyo. 42:4. Sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at nasa lupa. Siya ang Kataas-taasan at ang Pinakadakila. 42:5. Halos mapunit ang kalangitan sa ibabaw nila. Ang mga anghel ay lumuluwalhati sa pagpuri sa kanilang Panginoon at humihingi ng tawad para sa sinumang nasa lupa. Tunay na si Allah ang Mapagpatawad at ang Mahabagin. 42:6. Yaong mga kumuha sa iba pa bilang mga kakampi liban sa Kanya, si Allah ang tagapag-ingat sa kanila, ikaw sa kanila ay hindi tagapamahala.

42:7. Gayundin ay ipinahayag Namin sa iyo ang Quran sa wikang Arabic upang magbabala ka sa ina ng mga bayan sa Makkah at sinumang nasa paligid nito at magbabala ka tungkol sa Araw ng Pagtitipon na walang pagdududa rito. Pangkat na nasa Paraiso at

pangkat na nasa Impiyerno. 42:8. Kung naisin lamang ni Allah ay ginawa Niya silang isang nasyon lamang ngunit ipinapasok Niya ang sinumang naisin Niya sa Kanyang habag. Ang mga makasalanan ay walang matatagpuan na tagapag-ingat o tagatulong. 42:9. Sila ba ay kumuha ng iba pa liban sa Kanya bilang kakampi? Si Allah ang Siyang Kakampi at Siyang nagbibigay-buhay sa mga patay at Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 42:10. Hindi kayo nagtalo rito ng anuman liban na lamang na ang hatol nito ay tangan ni Allah. Sabihin, 'Yaon si Allah, ang aking Panginoon, sa Kanya ako nanalig at sa Kanya ako magbabalik-loob.'

42:11. Tapaglikha ng kalangitan at lupa. Siyang gumawa para sa inyo mula sa inyong mga sarili ng mga asawa at mula sa mga pinapastol na hayop ay mga asawa. Pinararami Niya kayo sa pamamagitan nito. Wala Siyang katulad na anumang bagay at Siya ang Nakaririnig at Nakakakita. 42:12. Sa Kanya ang mga susi ng kalangitan at lupa. Ipinamamahagi Niya ang biyaya sa sinumang naisin Niya at pinipigil ito. Tunay na Siya sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

42:13. Itinalaga Niya sa inyo sa relihiyon ang ipinangaral Niya kay Noah at sa ipinahayag Namin sa iyo at sa siyang itinalaga Namin kay Abraham, Moises at Jesus. Ang magtaguyod ng relihiyon at huwag magkawatak-watak dito. Mabigat para sa mga nagtambal ang ipinang-aanyaya ninyo sa kanila. Si Allah ay naghihirang para sa Kanya ng sinumang Kanyang naisin at naggagabay tungo sa Kanya sa sinumang magbalik-loob.

42:14. Hindi sila nagkawatak-watak liban na lamang matapos na dumating sa kanila ang kaalaman dahil sa inggit nila sa isat isa. Kung hindi lamang dahil sa salitang nauna mula sa iyong Panginoon sa isang takdang panahon ay hinatulan na sila. Tunay na yaong mga pinamanahan ng Aklat pagkatapos nila ay nasa pagdududa rito nang matinding pagdududa.

42:15. Kaya, dahil dito ay mag-anyaya ka at magpakamatuwid tulad ng iniutos sa iyo at huwag kang sumunod sa kanilang mga pagnanasa. Sabihin, 'Nanampalataya kami sa ibinaba ni Allah mula sa Quran at pinag-utusan ako na maging makatarungan sa inyo. Si Allah ang aming Panginoon at inyong Panginoon. Para sa amin ang aming mga gawain at para sa inyo ang inyong mga gawain. Walang pagtatalo sa pagitan namin at pagitan ninyo. Si Allah ay magtitipon sa atin. Tungo sa Kanya ang hantungan.' 42:16. Yaong mga nakikipagtalo tungkol kay Allah matapos na si Propeta Muhammad ay tinugon at tinanggap ng mga tao ang Islam, ang katwiran ng mga nakikipagtalong ito na mga hindi nanampalataya ay walang saysay para sa kanilang Panginoon at para sa kanila ang galit at para sa kanila ang parusang matindi.

42:17. Si Allah ang nagpababa ng Aklat nang buong katotohanan at sa timbangan. Ano ang makapagpapabatid sa iyo na ang Oras ay maaaring malapit na? 42:18. Nagmamadali rito ang mga hindi nananampalataya. Samantalang yaong mga nanampalataya ay natatakot dito at nakaaalam na ito ay katotohanan. Walang duda na tunay na yaong mga nagtatalo tungkol sa Oras ay nasa pagkaligaw na malayo.

42:19. Si Allah ay Mabuti sa Kanyang mga alipin at nagbibiyaya sa sinumang naisin Niya. Siya ang Malakas at ang Pinakamakapangyarihan. 42:20. Sinumang magnais ng pag-ani sa Kabilang-buhay ay daragdagan Namin sa kanyang pag-ani at sinumang magnais ng pag-ani sa mundo ay ibibigay Namin ito sa kanya at wala nang bahagi para sa kanya sa Kabilang-buhay.

42:21. Sila ba ay may mga katambal na isinabatas sa kanila sa relihiyon na hindi nagpahintulot dito si Allah? Kung hindi lamang dahil sa detalyadong salita ay hinatulan na sila. Tunay na ang mga makasalanan ay para sa kanila ang parusang masakit. 42:22. Makikita mo ang mga

makasalanan na natatakot mula sa kanilang mga nakamit at ito ay darating sa kanila. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay sa mga hardin ng Paraiso. Para sa kanila ang anumang naisin nila mula sa kanilang Panginoon. Yaon ang biyayang malaki. 42:23. Ito ay ang ibinalita ni Allah sa Kanyang mga alipin na nanampalataya at gumawa ng mabuti. Sabihin, 'Hindi ako nanghihingi sa inyo para rito ng bayad liban na lamang sa pagmamahal dahil sa pagkakamag-anakan.' Sinumang gumawa ng kabutihan ay daragdagan Namin para sa kanya ang kabutihan. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mapagpasalamat.

42:24. Sinasabi ba nila, 'Nag-imbento siya laban kay Allah ng kasinungalingan.'? Kung naisin man ni Allah ay tinakpan Niya ang iyong puso. Binubura ni Allah ang kamalian at itinataguyod ang katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Tunay na Siya ay Nakaaalam sa nilalaman ng kanilang mga dibdib. 42:25. Siya ang tumatanggap sa pagbabalik-loob mula sa Kanyang mga alipin at nagpapaumanhin sa kanilang mga kasalanan at nakaaalam sa inyong mga ginagawa. 42:26. Siya ay tumutugon sa mga nanampalataya at gumawa ng mabuti at nagdaragdag sa kanila mula sa Kanyang biyaya. Ang mga hindi nanampalataya ay para sa kanila ang parusang matindi.

42:27. Si Allah man ay mamahagi nang husto ng biyaya sa Kanyang mga alipin ay mang-aapi pa rin sila sa lupa ngunit ibinababa Niya ayon sa timbang ang naisin Niya. Tunay na Siya sa Kanyang mga alipin ay Nakababatid at Nakakakita. 42:28. Siya ang nagpapababa ng ulan matapos na sila ay mawalan ng pag-asa. Ipinamamahagi Niya ang Kanyang habag. Siya ang Kakampi at ang Kapuri-puri. 42:29. Kabilang sa Kanyang mga tanda ang pagkakalikha sa kalangitan at lupa at anumang ipinakalat Niya rito mula sa mga nilikha. Siya, sa pagtitipon sa kanila kapag naisin Niya ay may kakayanan.

42:30. Anumang dumapo sa inyong sakuna ay dahil sa nakamit ng inyong mga kamay at Siya ay nagpapaumanhin sa marami. 42:31. Kayo ay hindi makapagdudulot ng kabiguan sa lupa. Wala kayong liban kay Allah na Tagapag-ingat at Tagatulong.

42:32. Kabilang sa Kanyang mga tanda ang mga barko sa dagat na malabundok. 42:33. Kung naisin Niya ay patitigilin Niya ang hangin at hindi sila gagalaw sa ibabaw nito. Tunay na naririto ang tanda para sa mga matiisin at mapagpasalamat. 42:34. O maaari Niyang wasakin sila dahil sa nakamit nila at Siya ay nagpapaumanhin sa marami. 42:35. Nalalaman ng mga nakikipagtalo sa Aming mga tanda na para sa kanila ay walang matatakasan.

42:36. Anumang ibinigay sa inyo na bagay ay panustos lamang sa buhay sa mundo. Ang anumang tangan ni Allah ay mas mainam at mas magtatagal para sa mga nanampalataya at sa kanilang Panginoon ay nananalig. 42:37. Yaong mga lumalayo sa malalaking kasalanan at kalaswaan at kapag sila ay nagalit ay nagpapatawad. 42:38. Silang mga tumugon sa kanilang Panginoon at nagtaguyod ng obligadong pagdarasal at ang kanilang paraan ay sa pamamagitan ng pagsangguni sa isat isa at mula sa ibiniyaya Namin sa kanila ay nagtutustos. 42:39. Silang kapag inapi ay nagtatanggol sa kanilang mga sarili. 42:40. Ang gantimpala ng kasamaan ay kasamaan na tulad nito ngunit sinumang magpatawad at nagsaayos, ang kanyang gantimpala ay kay Allah. Tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga mapang-api. 42:41. Sinumang maghiganti para sa kanyang sarili matapos na maapi ay sila yaong hindi masisisi. 42:42. Bagkus ang panininisi ay para lamang sa mga nang-api sa mga tao at nang-api sa lupa nang walang karapatan. Sila yaong para sa kanila ang parusang masakit. 42:43. Tunay na yaong nagtiis at nagpatawad ay tunay na yaon ay kabilang sa mga marapat na panindigan.

42:44. Sinunang iligaw ni Allah ay wala siyang matatagpuang tagapag-ingat liban pa sa Kanya. Makikita mo ang mga mapang-api kapag nakita nila ang parusa na magsasabi, ‘May daan ba pabalik?’ 42:45. Makikita mo sila na ilalapit dito na natatakot sa kahihiyan at lumilingon sa likod nang palihim. Sinabi ng mga nanampalataya, ‘Tunay na ang mga nalugi ay yaong mga nilugi ang kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya sa Araw ng Paghuhukom. Tunay na ang mga mapang-api ay nasa parusang nananatili.’ 42:46. Para sa kanila ay walang mga tagapag-ingat na tutulong sa kanila liban pa kay Allah. Sinumang iligaw ni Allah ay walang makikitang daan.

42:47. Tumugon kayo sa inyong Panginoon bago pa dumating ang Araw na walang pangingilag mula kay Allah. Wala kayong matataguan sa araw na yaon at wala kayong maitatanggi. 42:48. Kung sila ay tatalikod ay hindi ka Namin ipinadala sa kanila bilang tagapag-ingat. Bagkus ang para sa iyo ay ang pagpapahayag lamang. Tunay na Kami, kapag nagpatikim sa tao mula sa Aming habag ay nagbubunyi sila rito. Ngunit kapag sila ay dinatnan ng sakuna na dulot ng kanilang mga kamay ay tunay na ang tao ay nagtatakwil.

42:49. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Nililikha Niya ang naisin Niya. Nagbibigay Siya sa sinumang naisin Niya ng mga babaeng anak at nagbibigay sa sinumang naisin Niya ng lalaking anak. 42:50. O gagawin Niya silang mga lalaki at babae at ginagawa niya ang iba na baog. Tunay na Siya ay Nakaaalam at May Kakayanan.

42:51. Hindi marapat para sa tao ang kausapin siya ni Allah liban na lamang sa kapahayagan o sa likod ng tabing o magpapadala Siya ng sugo at magpapahayag sa Kanyang pahintulot ng naisin Niya. Tunay na Siya ay Kataas-taasan at Maalam. 42:52. Gayundin ay ipinahayag Namin sa iyo ang isang kapahayagan mula sa Aming utos. Hindi mo nabatid kung ano ang Aklat o ang pananampalataya ngunit

dinulot Namin na ito ay maging liwanag na naggagabay Kami sa pamamagitan nito sa sinumang naisin Namin mula sa Aming mga alipin. Tunay na ikaw ay naggagabay tungo sa tuwid na landas. 42:53. Matuwid na landas ni Allah na Siyang may-ari ng anumang nasa kalangitan at lupa. Walang duda na kay Allah ang lahat ng bagay ay umiinog.

43. SURATUZ ZUKHRUF (ANG PALAMUTI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

43:1. Ha Mim.

43:2. Sumpa sa Aklat na malinaw. 43:3. Tunay na Kami ay nagdulot na ito ay maging Quran sa wikang Arabic upang kayo nawa ay makaunawa. 43:4. Tunay na ito ay nasa Ina ng mga Aklat na nasa Amin na marangal at puno ng karunungan.

43:5. Aalisin ba Namin sa inyo ang paalaala dahil kayo ay mga mapagmalabis? 43:6. Ilan na ba ang isinugo Naming propeta sa mga nauna. 43:7. Walang dumating sa kanila na propeta liban na lamang na sila rito ay natatawa. 43:8. Kaya winasak Namin ang mas matindi sa kanila sa lakas at lumipas ang halimbawa ng mga sinauna.

43:9. Kapag tinanong mo sila, ‘Sino ang lumikha ng kalangitan at lupa?’ ay tiyak na sasabihin nilang, ‘Ang mga ito ay nilikha ng Makapangyarihan at ang Nakaaalam.’ 43:10. Ang Siyang nagdulot para sa inyo na ang lupa ay maging patag at gumagawa para sa inyo rito ng mga daanan upang kayo nawa ay magabayan. 43:11. Ang Siyang nagbaba mula sa langit ng tubig sa tamang sukat at binuhay-muli sa pamamagitan nito ang lupang tigang. Ganito rin kayo bubuhaying-muli. 43:12. Ang Siyang lumikha ng lahat ng ibat ibang uri at nagdulot para sa inyo na ang mga barko at pinapastol na

hayop ay masakyan ninyo. 43:13. Upang sumakay kayo sa likuran nito at maalala ninyo ang biyaya ng inyong Panginoon kapag sumakay kayo rito at sasabihin ninyo, ‘Luwalhati sa Siyang nagpagamit sa amin ng mga ito na kung hindi lamang dahil dito ay hindi namin nagawa ito. 43:14. Tunay na kami, tungo sa aming Panginoon ay magbabalik.’

43:15. Ngunit sila ay nagtuon sa ilan sa Kanyang mga alipin ng bahagi. Tunay na ang tao ay hindi mapagpasalamat na malinaw. 43:16. Siya ba ay kukuha mula sa Kanyang nilikha ng mga anak na babae samantalang kayo ay hinirang na magkaanak na lalaki? 43:17. Kapag binalitaan ang sinuman sa kanila ng pagsilang ng anak nilang babae na iniuugnay nila sa Maawain bilang halimbawa ay dumidilim ang kanyang mukha nang maitim at nagkikimkim ng galit. 43:18. Iniuugnay ba ninyo kay Allah ang anak na babae na pinalalaki sa pagpapaganda at hindi marunong mangatwiran? 43:19. Itinuring nila ang mga anghel na pawang mga alipin ng Maawain bilang mga babae. Nasaksihan ba nila ang pagkakalikha sa kanila? Itatala ang kanilang pagsaksi at sila ay tatanungin.

43:20. Sinabi nila, ‘Kung ninais lamang ng Maawain ay hindi namin sila sinamba.’ Wala silang taglay tungkol dito na kaalaman. Sila ay namemeke lamang. 43:21. Binigyan ba Namin sila ng aklat bago pa ang Quran at sila rito ay nakakapit? 43:22. Bagkus ay sinabi nila, ‘Tunay na natagpuan namin ang aming mga ninuno na nasa isang relihiyon at tunay na kami sa kanilang bakas ay nagagabayan.’ 43:23. Gayundin ay hindi Kami nagpadala ng tagapagbabala na nauna sa iyo sa anumang bayan liban na lamang na sinabi ng mayayaman dito, ‘Tunay na natagpuan namin ang aming mga ninuno sa isang relihiyon at tunay na kami sa kanilang mga bakas ay susunod.’ 43:24. Sinabi ng tagapagbabala, ‘Hindi ba ako dumating sa inyo na dala ang mas mabuting gabay kaysa sa natagpuan ninyo sa inyong mga ninuno?’ Itinugon sa kanila, ‘Tunay na kami sa dala ninyo ay hindi

naniniwala.’ 43:25. Kaya naghiganti Kami sa kanila. Tingnan mo kung paano ang wakas ng mga nagpasinungaling.

43:26. Nang sinabi ni Abraham sa kanyang ama at nasyon, ‘Tunay na ako ay walang kinalaman sa inyong sinasamba. 43:27. Liban na lamang sa Siyang lumikha sa akin. Tunay na Siya ay gagabay sa akin. 43:28. Dinulot ni Abraham na ang katagang ito, na walang diyos na marapat sambahin liban kay Allah ay maging salitang nananatili sa kanyang mga inapo upang sila nawa ay magbalik dito. 43:29. Bagkus ay pinaginhawaan Ko sila at ang kanilang mga ninuno hanggang sa dumating sa kanila ang katotohanan at sugo na malinaw. 43:30. Nang dumating sa kanila ang katotohanan ay sinabi nila, ‘Ito ay salamangka at tunay na kami rito ay hindi naniniwala.’

43:31. Sinabi nila, ‘Bakit hindi ibinaba ang Quran na ito sa isang dakilang lalaki mula sa dalawang lungsod ng Makkah o Taif?’ 43:32. Sila ba ay namamahagi ng habag ng iyong Panginoon? Kami ang naghati-hati sa kanila sa kanilang kabuhayan sa buhay dito sa mundo. Iniangat Namin ang iba sa kanila sa ibabaw ng iba pa sa mga antas, upang ang ilan sa kanila ay maglingkod sa iba. Ang habag ng iyong Panginoon ay mas mainam pa kaysa sa matipon nila. 43:33. Kung hindi lamang magiging isang nasyon ang mga tao sa hindi pananampalataya, sa pag-aakala nila na ang yaman ay sukatan ng gabay, ay dinulot Namin para sa mga hindi naniwala sa Maawain, na sa kanilang mga bahay ay magkaroon ng mga kisame na pilak at hagdan na dito sila aakyat. 43:34. Sa kanilang mga bahay ay mga pinto at sofa na dito sila sasandal. 43:35. At palamuting ginto. Ngunit ang lahat ng ito ay aliw sa buhay sa mundo at ang Kabil-ang-buhay ay tangan ng iyong Panginoon para sa matutuwid.

43:36. Sinumang tumalikod sa pag-alaala sa Maawain ay itatalaga Namin sa kanya ang isang demonyo at ito sa kanya ay magiging kasama. 43:37. Tunay na sila ay pipigil sa kanila mula sa landas

habang iniisip nila na sila ay nagabayan. 43:38. Hanggang sa sila ay dumating sa Amin at magsasabing, ‘Kung sa pagitan ko at pagitan mo lamang ay may layo na kasinglapad ng pagitan ng silangan at kanluran. Napakasama mong kasama.’ 43:39. Hindi ito makatutulong sa inyo sa Araw na ito. Nang kayo ay nang-api at kayo sa parusa ay magsasalo.

43:40. Ikaw ba ay makakapagpakinig sa bingi at maggagabay sa bulag at sa sinumang nasa pagkaligaw na malinaw? 43:41. Bawian ka man Namin ng buhay o hindi O Muhammad, tunay na Kami sa kanila ay maghihiganti. 43:42. O ipapakita Namin sa iyo ang ipinangako Namin sa kanila, tunay na Kami rito ay may perpektong kakayanan. 43:43. Panghawakan ang siyang ipinahayag sa iyo. Tunay na ikaw ay nasa landas na matuwid. 43:44. Tunay na ito ay paalaala sa iyo at sa nasyon mo at kayo ay tiyak na tatanungin. 43:45. Tanungin mo ang ipinadala Namin na nauna sa iyo mula sa Aming mga sugo kung Kami ba ay gumawa liban sa Maawain ng mga diyos na sinasamba?

43:46. Ipinadala Namin si Moises dala ang Aming mga tanda kay Paraon at kanyang kapulungan at nagsabing, ‘Tunay na ako ay sugo mula sa Panginoon ng mga nilikha.’ 43:47. Ngunit nang dumating sila na dala ang Aming mga tanda, sila ay natatawa rito. 43:48. Hindi Kami nagpakita sa kanila ng tanda liban na lamang na ito ay mas malaki kaysa sa iba pang tanda at pinadapuan Namin sila ng parusa upang sila nawa ay magbalik. 43:49. Sinabi nila kay Moises, ‘O salamangkero, magdasal ka para sa amin sa iyong Panginoon ng Kanyang ipinangako sa iyo. Tunay na kami ay magagabayan.’ 43:50. Ngunit nang inalis Namin sa kanila ang parusa, sila ay lumalabag.

43:51. At tumawag si Paraon sa kanyang nasyon, ‘O aking nasyon, hindi ba’t sa akin ang paghahari sa Ehipto at ang mga ilog na ito ay dumadaloy sa ilalim ko, hindi ba ninyo nakikita?’

43:52. Ako ba ay mas mainam kaysa rito na siyang walang saysay at hindi kayang magpaliwanag? 43:53. Kaya bakit hindi inilagay sa kanya ang mga pulseras na ginto o dumating kasama niya ang mga anghel na kasabay niya.' 43:54. Tinakot niya ang kanyang nasyon at sumunod sila sa kanya. Tunay na sila ay nasyon na suwail. 43:55. Nang ginalit nila Kami ay naghiganti Kami sa kanila at nilunod Namin silang lahat. 43:56. Ginawa Namin silang halimbawa at aral para sa mga huling henerasyon.

43:57. Nang ibinigay ng mga hindi nanampalataya ang anak ni Maria bilang halimbawa sa pagsamba sa iba pa liban kay Allah, ang iyong nasyon dito ay natatawa. 43:58. Sinabi nila, 'Ang aming mga diyos ba ay mas mainam o si Jesus?' Hindi nila ibinigay ang paghahambing sa iyo liban na lamang sa pakikipagtalo. Bagkus sila ay mga taong mahilig makipagtalo. 43:59. Si Jesus ay isang alipin lamang na biniyayaan Namin at ginawa Namin siyang halimbawa para sa Angkan ng Israel. 43:60. Kung ninais man Namin ay ginawa Namin ang mga anghel na sa lupa ay mananahan nang sunud-sunod sa halip na kayo. 43:61. Tunay na siya ay tanda ng pagdating ng Oras kaya huwag kayong magduda rito at sundin ninyo Ako. Ito ang landas na matuwid. 43:62. Huwag hayaang pigilan kayo ni Satanas. Tunay na siya para sa inyo ay kalaban na malinaw.

43:63. Nang dumating si Jesus na dala ang malilinaw na tanda ay sinabi niya, 'Dumating ako sa inyo dala ang karunungan at upang linawin sa inyo ang ilan sa mga pinagtatalunan ninyo. Katakutan ninyo si Allah at sundin ninyo ako. 43:64. Tunay na si Allah ang aking Panginoon at ang Panginoon ninyo kaya sambahin ninyo Siya. Ito ang landas na matuwid.' 43:65. Nagtalu-talo ang mga sekta nila tungkol kay Jesus. Kaya, kapahamakan sa mga nang-api sa pamamagitan ng parusa sa Araw na masakit.

43:66. Naghihintay ba sila liban na lamang na ang Oras ay darating sa kanila nang biglaan nang hindi nila nararamdaman. 43:67. Ang mga magkaibigan sa Araw na yaon sa isat isa ay magkalaban liban na lamang sa matutuwid. 43:68. O Aking mga alipin, walang takot para sa inyo sa Araw na ito at kayo ay hindi malulungkot. 43:69. Ang mga nanampalataya sa Aming mga tanda at sila ay mga Muslim. 43:70. Pumasok kayo sa Paraiso, kayo at ang inyong mga kasama na mananampalataya na nagbubunyi. 43:71. Paiikutin sa kanila ang mga plato na ginto at mga kopa. Naririto ang anumang pagnasaan ng mga kaluluwa at magpapasaya sa mga mata at kayo ay mananatili rito habang-panahon. 43:72. Yaon ang Paraiso na ipapamana sa inyo dahil sa inyong mga dating ginagawa. 43:73. Para sa inyo rito ang mga prutas na masagana na mula rito ay kakain kayo.

43:74. Tunay na ang mga makasalanan ay nasa parusa sa Impiyerno habang-panahon. 43: 75. Hindi pagagaanin para sa kanila at sila rito ay nawalan na ng pag-asa. 43: 76. Hindi Namin sila inapi ngunit sila ang nang-api. 43:77. Sila ay tatawag, 'O Malik, Anghel ng Impiyerno, wakasan na sana kami ng iyong Panginoon.' Sasabihin niya, 'Tunay kayo ay mananatili.' 43:78. Dinala Namin sa inyo ang katotohanan ngunit ang karamihan sa inyo sa katotohanan ay namumuhi. 43:79. O sila ba ay gumawa ng pakana? Tunay na Kami ay nagpaplano. 43:80. O iniisip ba nila na Kami ay hindi nakaririnig sa kanilang mga lihim at pribadong pag-uusap. Bagkus, ang mga sugo Naming anghel sa kanila ay naglilista.

43:81. Sabihin, 'Kung ang Maawain man ay may anak ay ako ang unang sasamba.' 43:82. Luwalhati sa Panginoon ng kalangitan at lupa, ang Panginoon ng Trono, mula sa anumang inilalarawan nila. 43:83. Kaya iwan mo sila na mag-usap at maglibang hanggang sa dumating sa kanila ang Araw nila na ipinangako sa kanila.

43:84. Si Allah ang Siyang sa langit ay Diyos at sa lupa ay Diyos.

Siya ang Maalam at ang Nakaaalam. 43:85. Luwalhati sa Siyang sa Kanya ang paghahari sa kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito at nasa Kanya ang kaalaman sa Oras at tungo sa Kanya kayo ay ibabalik.

43:86. Hindi nagtatangan ang mga dinadasalan nila liban sa Kanya ng pamamagitan liban na lamang sa sumaksi sa katotohanan at sila ay nakaaalam. 43:87. Kung tatanungin mo sila kung sino ang lumikha sa kanila ay tiyak na sasabihin nila, 'Si Allah.' Paanong sila ay nalinlang? 43:88. Sinabi ng Propeta, 'Panginoon ko, tunay na sila ay nasyon na hindi nanampalataya.' 43:89. Kaya layuan mo sila at sabihin, 'Kapayapaan.' At malalaman din nila.

44. SURATUD DUKHAN (ANG USOK)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

44:1. Ha Mim.

44:2. Sumpa sa Aklat na malinaw. 44:3. Tunay na ibinaba Namin ito sa gabi na mabiyaya, sa gabi ng Laylatul Qadr sa Ramadhan. Tunay na Kami ay mga tagapagbabala. 44:4. Dito ay nililinaw ang lahat ng maalam na pagtatakda. 44:5. Utos na mula sa Amin. Tunay na Kami ay magsusugo. 44:6. Bilang habag mula sa iyong Panginoon. Tunay na Siya ang Nakaririnig at ang Nakaaalam. 44:7. Panginoon ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nila. Kung kayo ay mga nakatitiyak. 44:8. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya na bumubuhay at bumabawi ng buhay. Panginoon ninyo at Panginoon ng inyong mga ninuno na nauna. 44:9. Ngunit sila ay nasa pagdududa na naglalaro. 44:10. Kaya, hintayin mo O Muhammad ang araw na ang langit ay maghahatid ng usok na malinaw. 44:11. Babalot sa mga tao. Ito ay parusang masakit. 44:12. Sasabihin ng mga tao, 'Panginoon namin, alisin Mo sa amin ang parusa. Tunay na

kami ay mga nanampalataya.’ 44:13. Paano silang makikinabang sa paalaala samantalang dumating na sa kanila ang sugo na malinaw? 44:14. At sila ay tumalikod sa kanya at nagsabi, ‘Tinuruan lamang siya at siya ay baliw.’ 44:15. Tunay na Kami ay mag-aalis ng parusa nang panandalian. Tunay na kayo ay babalik dito. 44:16. Sa Araw na hahampas Kami ng paghampas na matindi, tunay na Kami ay maghihiganti.

44:17. Sinubok Namin ang mga nauna sa kanila, ang nasyon ni Paraon at dumating sa kanila ang sugo na marangal. 44:18. Si Moises na nagsabi sa kanila, ‘Ibigay mo sa akin ang mga alipin ni Allah. Tunay na ako sa inyo ay sugo na mapagkakatiwalaan. 44:19. Huwag kayong magmalaki kay Allah. Tunay na ako ay dumating sa inyo na may autoridad na malinaw. 44:20. Tunay na ako ay nagpakupkop sa aking Panginoon at inyong Panginoon kung pagbabatuhin ninyo ako hanggang kamatayan. 44:21. Kung kayo ay hindi maniniwala sa akin ay hayaan ninyo ako.’

44:22. Kaya siya ay nanalangin sa kanyang Panginoon dahil sila ay nasyon na makasalanan. 44:23. Iniutos ni Allah kay Moises, ‘Tumakas ka kasama ang Aking mga alipin sa gabi. Tunay na kayo ay hahabulin. 44:24. Iwan ninyo ang dagat na panatag. Tunay na sila ay hukbo na malulunod.’ 44:25. Ilan ba ang iniwan nilang mga hardin at bukal. 44:26. Mga taniman at lugar na marangal. 44:27. At ginhawa na ikinatutuwa nila. 44:28. Gayundin ay ipinamana Namin ito sa iba pang nasyon. 44:29. Hindi umiyak para sa kanila ang langit at lupa at hindi sila pinalugitan.

44:30. Iniligtas Namin ang Angkan ng Israel mula sa parusang nakahihiya. 44:31. Mula kay Paraon. Tunay na siya ay mapagmalaki at kabilang sa mga mapagmalabis. 44:32. Pinili Namin sila sa kaalaman sa lahat ng nilikha. 44:33. Binigyan Namin sila mula sa mga tanda na naririto ang pagsubok na malinaw.

44:34. Tunay na sila ay nagsasabi. 44:35. ‘Wala nang magaganap pagkatapos ng una naming kamatayan at hindi kami bubuhaying-muli. 44:36. Kaya ibalik ninyo ang aming mga ninuno kung kayo ay makatotohanan.’ 44:37. Sila ba ay mas mainam o ang nasyon ng Tubba’ at ang mga nauna sa kanila? Winasak Namin sila. Tunay na sila ay mga makasalanan.

44:38. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at ang lupa at anumang nasa pagitan nito nang laru-laro lamang. 44:39. Hindi Namin nilikha ang dalawang ito liban na lamang sa katotohanan ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam. 44:40. Tunay na ang Araw ng Paghuhukom ay tagpuan nila, lahat-lahat. 44:41. Sa Araw na walang benepisyo ang relasyon ng isa sa isa pa at hindi sila matutulungan. 44:42. Liban na lamang sa kinahabagan ni Allah. Tunay na Siya ay ang Makapangyarihan at ang Mahabagin.

44:43. Tunay na ang puno ng Zaqqum. 44:44. Ay pagkain ng mga makasalanan. 44:45. Ay tulad ng kumukulong tubig na kukulo sa loob ng mga tiyan. 44:46. Tulad ng pagkulo ng kumukulong tubig. 44:47. ‘Kunin siya at hilahin tungo sa gitna ng Impiyerno. 44:48. At ibuhos sa ibabaw ng kanyang ulo ang parusang kumukulo.’ 44:49. ‘Tikman mo, tunay na ikaw ang makapangyarihan at ang marangal? 44:50. Tunay na ito ang pinagtatalunan ninyo noon.’

44:51. Tunay na ang matutuwid ay nasa lugar na panatag. 44:52. Sa mga hardin at mga bukal. 44:53. Nakasuot ng seda at magandang tela na magkakaharap. 44:54. Gayundin ay ipaaasawa Namin sila sa kababaihan sa Paraiso. 44:55. Hihingiin nila rito ang lahat ng prutas habang sila ay ligtas. 44:56. Hindi nila matitikman dito ang kamatayan liban na lamang sa kamatayang nauna. Iningatan Niya sila mula sa parusa sa Impiyerno. 44:57. Biyaya mula sa iyong Panginoon. Yaon ang tagumpay na dakila.

44:58. Tunay na pinadali Namin ang Quran sa iyong dila upang sila nawa ay mapaalalahanan lamang. 44:59. Magmasid dahil tunay na sila ay nakamasid din.

45. SURATUL JATHIYAH (ANG NAKALUHOD)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

45:1. Ha Mim.

45:2. Ang pagpapababa ng Aklat ay mula kay Allah, ang Makapangyarihan at ang Maalam. 45:3. Tunay na sa kalangitan at lupa ay ang mga tanda para sa mga nanampalataya. 45:4. At sa pagkakalikha sa inyong mga sarili at sa pagpapakalat Niya ng mga nilikha ay mga tanda para sa mga taong nakatitiyak. 45:5. Ang pagpapalitan ng gabi at araw at anumang ibinaba ni Allah mula sa langit na biyaya na binuhay Niya sa pamamagitan nito ang lupa matapos ang kamatayan nito at sa pamamahala sa hangin ay mga tanda para sa mga taong nag-iisip. 45:6. Ito ang mga talata ni Allah na binabasa Namin sa iyo sa katotohanan. Sa anong pananalita matapos ang kay Allah at Kanyang mga talata ang kanilang paniniwalaan?

45:7. Kapahamakan sa lahat ng sinungaling na makasalanan. 45:8. Na nakaririnig ng mga talata ni Allah na binabasa sa kanya ngunit nagmamalaki na parang hindi niya ito narinig. Balitaan siya ng parusang masakit. 45:9. Kapag nalaman niya ang anuman mula sa Aming mga tanda ay pinagtatawanan ito. Sila yaong para sa kanila ang parusang nakahihiya. 45:10. Sa kanilang likod ay ang Impiyerno at hindi magpapakinabang sa kanila ang kanilang mga nakamit nang kahit ano at anumang inangkin nila liban kay Allah na mga kakampi. Para sa kanila ang parusang matindi. 45:11. Ito ay gabay. Ang mga hindi nanampalataya sa mga talata ng kanilang Panginoon ay para sa kanila ang parusa na marumi at masakit.

45:12. Si Allah ang nagpagamit sa inyo ng dagat upang maglayag dito ang mga barko sa Kanyang utos at upang maghangad kayo mula sa Kanyang biyaya upang kayo nawa ay magpasalamat. 45:13. Siya ang nagpagamit sa inyo ng anumang nasa kalangitan at lupa – lahat ng ito ay mula sa Kanya. Tunay na naririto ang mga tanda para sa mga taong nag-iisip.

45:14. Sabihin sa mga nanampalataya na paumanhinan nila yaong mga hindi nanampalataya na hindi naghahangad sa mga araw ni Allah upang magantimpalaan Niya ang mga taong hindi nanampalataya ayon sa kung ano ang kanilang nakamit. 45:15. Sinumang gumawa ng kabutihan ay para sa kanyang sarili at sinumang gumawa ng masama ay laban sa kanyang sarili. Tungo sa inyong Panginoon, kayo ay ibabalik.

45:16. Ibinigay Namin sa Angkan ng Israel ang Kasulatan, paghatol at pagkapropeta at biniyayaan Namin sila mula sa mabubuting bagay at hinirang sila mula sa lahat ng mga nilikha. 45:17. Binigyan Namin sila ng mga patunay sa mga bagay-bagay. Hindi sila nagtalu-talo liban na lamang matapos na dumating sa kanila ang kaalaman dahil sa inggit sa isat isa. Tunay na ang iyong Panginoon ay maghahatol sa kanila sa Araw ng Paghuhukom sa kung anumang kanilang pinagtatalunan. 45:18. At inilagay ka Namin sa isang pagsasabatas sa mga bagay kaya sundin mo ito at huwag sundin ang pagnanasa ng mga hindi nakaaalam. 45:19. Tunay na sila ay hindi makatutulong sa iyo laban kay Allah ng kahit ano. Tunay na ang mga mapang-api ay kakampi ng isat isa. Si Allah ang Kakampi ng matutuwid. 45:20. Ito ay isang paglilinaw para sa mga tao, gabay at habag para sa mga nakatitiyak.

45:21. Iniisip ba ng mga gumawa ng masama na gagawin Namin sila at ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti na magkapantay sa buhay nila at kamatayan? Masama ang kanilang paghatol.

45:22. Nilikha ni Allah ang kalangitan at lupa nang buong katotohanan upang gantimpalaan ang lahat ayon sa nakamit nito at sila ay hindi dadayain.

45:23. Nakita mo ba yaong itinuring niyang diyos ang kanyang pagnanasa at iniligaw siya ni Allah sa kabila ng kaalaman na dumating sa kanya at nagtakip sa kanyang pandinig at puso at naglagay sa kanyang paningin ng tabing? Sino pa ang maggagabay sa kanya liban pa kay Allah? Hindi ba kayo mapaaalalahanan?

45:24. Sinabi nila, 'Ito ay hindi hihigit pa sa buhay natin sa mundo na mamamatay tayo at mabubuhay at walang wawasak sa atin liban pa sa panahon.' Wala silang tangan tungkol dito na kaalaman. Tunay na sila ay nag-aakala lamang. 45:25. Kapag binasa sa kanila ang Aming mga patunay na malilinaw, ang kanilang katwiran ay ang pagsasabi lamang nila, 'Ibalik ninyo ang aming mga ninuno kung kayo ay mga makatotohanan.' 45:26. Sabihin, 'Si Allah ang bumuhay sa inyo at babawi ng buhay ninyo at magtitipon sa inyo sa Araw ng Paghuhukom na walang pagdududa rito ngunit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakaaalam.'

45:27. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Sa Araw na itataguyod ang Oras, sa araw na yaon ay malulugi ang mga namemeke. 45:28. Makikita mo ang lahat ng nasyon na nakaluhod. Ang bawat nasyon ay tatawagin sa kanyang aklat, 'Sa araw na ito ay gagantimpalaan kayo ayon sa inyong mga ginawa. 45:29. Ito ang aming aklat na nagsalita laban sa inyo sa katotohanan. Tunay na Kami ay nagtala ng lahat ng inyong mga ginawa.'

45:30. Yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay ipapasok sila ng kanilang Panginoon sa Kanyang habag. Yaon ang tagumpay na malinaw. 45:31. Yaong mga hindi nanampalataya ay tatanungin, 'Hindi ba't ang Aking mga talata ay binasa sa inyo ngunit kayo ay

nagmalaki at kayo ay mga taong makasalanan?' 45:32. Kapag sinabi, 'Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo at ang Oras ay walang pagdududa rito.' Sinabi ninyo, 'Hindi namin alam kung ano ang Oras. Kami ay nag-aakala lamang ng pag-aakala at kami ay hindi kumbinsido.'

45:33. Nahayag sa kanila ang kasamaan ng kanilang mga ginawa at sila ay babalutin ng kanilang pinagtawanan. 45:34. Sasabihin sa kanila, 'Sa Araw na ito ay kalilimutan Namin kayo tulad ng paglimot ninyo sa pagtatagpo sa Araw ninyong ito. Ang inyong tahanan ay ang Impiyerno at wala kayong mga tagatulong. 45:35. Yaon ay dahil sa kayo ay nagturing sa mga talata ni Allah bilang katatawanan at nilinlang kayo ng buhay sa mundo.' Sa Araw na ito ay hindi sila aalisin dito. At hindi sila makapagsisisi.

45:36. Kay Allah ang lahat ng papuri. Ang Panginoon ng kalangitan at lupa at ng lahat ng nilikha. 45:37. Sa Kanya ang lahat ng kadakilaan sa kalangitan at lupa. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

46. SURATUL AHQAF (ANG MGA BUNDOK NG BUHANGIN)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

46:1. Ha Mim.

46:2. Ang pagpapababa ng Aklat ay mula kay Allah, ang Makapangyarihan at ang Maalam. 46:3. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito liban na lamang sa katotohanan at takdang panahon. Ang mga hindi nanampalataya sa ibinabala sa kanila ay tumatanggi. 46:4. Sabihin, 'Nakita ba ninyo ang dinadasalan ninyo liban kay Allah? Ipakita ninyo sa akin kung ano ang nilikha nila sa lupa o kung sila ba ay may bahagi sa kalangitan?

Magbigay kayo sa akin ng aklat na nauna rito o kaya ay bakas ng kaalaman kung kayo ay makatotohanan.' 46:5. Sino ba ang mas ligaw kaysa sa nananalangin sa iba pa liban kay Allah na hindi makatutugon sa kanya hanggang sa Araw ng Paghuhukom at sila sa kanilang mga panalangin ay walang pakialam. 46:6. Kapag tinipon ang mga tao, sila, para sa kanila ay magiging mga kaaway at sa pagsamba sa kanila ay tatanggi.

46:7. Kapag binasa sa kanila ang Aming mga patunay na malilinaw ay sinasabi ng mga hindi nanampalataya tungkol sa katotohanan nang dumating ito sa kanila, 'Ito ay salamangkang malinaw.' 46:8. O sinasabi nilang, 'Inimbento lamang niya ito.' Sabihin, 'Kung inimbento ko lamang ito ay wala kayong maitutulong akin laban kay Allah na kahit ano. Siya ang pinakanakaaalam sa kinalaman ninyo rito. Sapat Siya bilang saksi sa pagitan ko at pagitan ninyo. Siya ang Mapagpatawad at ang Mahabagin.'

46:9. Sabihin, 'Ako ay hindi isang pagbabago mula sa mga sugo at hindi ko nalalaman kung ano ang gagawin sa akin at sa inyo. Ang sinusunod ko ay ang ipinahayag lamang sa akin at ako ay hindi hihigit pa sa isang tagapagbabalang malinaw.' 46:10. Sabihin, 'Nakita ba ninyo na kung ito ay mula kay Allah at hindi kayo nanampalataya rito at sumaksi ang isang saksi mula sa Angkan ng Israel sa katulad nito at siya ay naniwala samantalang kayo ay hindi naniwala?' Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mga makasalanan.

46:11. Sinabi ng mga hindi nanampalataya sa mga nanampalataya, 'Kung ito lamang ay mabuti ay hindi nila kami naunahan dito.' At kapag sila ay hindi ginabayan sa pamamagitan nito ay sasabihin nilang, 'Ito ay kamaliang sinauna.'

46:12. Nauna rito ang kasulatan kay Moises bilang gabay at habag. Ito ay aklat na nagpapatunay na nasa wikang Arabic upang

magbabala sa mga makasalanan at magandang balita sa matutuwid. 46:13. Tunay na ang mga nagsabing, ‘Ang aming Panginoon ay si Allah.’ At sila ay nanatiling matuwid ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. 46:14. Sila ang mga mananananahan sa Paraiso, mananatili rito habang-panahon bilang gantimpala sa kanilang mga ginawa.

46:15. Itinalaga Namin sa tao para sa kanilang mga magulang ang kabutihan. Ipinagdalang-tao siya ng kanyang ina sa paghihirap at isinilang siya sa paghihirap. Ipinagbuntis at pinasususo siya ng tatlumpung buwan. Hanggang sa umabot siya sa hustong edad at umabot sa apatnapung taon ay sasabihin niya, ‘Panginoon ko dulutin Mo na ako ay magpasalamat sa Iyong biyaya na ibinigay Mo sa akin at sa aking mga magulang at dulutin Mo na gumawa ako ng mabuti na kinalulugdan Mo. Gawin Mong mabuti para sa akin ang aking mga anak. Tunay na ako ay nagbabalik-loob sa Iyo. Tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim.’ 46:16. Sila yaong tatanggapin Namin mula sa kanila ang pinakamainam nilang ginawa at pauumanhinan ang kanilang mga kamalian dahil sila ay mananahan sa Paraiso. Ito ang pangakong makatotohanan na ipinangako sa inyo.

46:17. Ngunit yaong nagsabi sa kanyang mga magulang, ‘Nakayaya-mot kayo, nangangako ba kayong dalawa na tunay na ako ay bubuhaying-muli samantalang lumisan na ang ilang henerasyon na nauna sa akin?’ Habang silang dalawa ay humihingi ng tulong kay Allah, ‘Kapahamakan sa iyo. Manampalataya ka. Tunay na ang pangako ni Allah ay totoo.’ Ngunit sasabihin niya, ‘Ito ay hindi hihigit pa sa mga alamat ng mga sinauna.’ 46:18. Sila yaong natupad na sa kanila ang utos at kabilang sa mga nasyon na nauna sa kanila mula sa mga engkanto at tao. Tunay na sila ay mga nalugi.

46:19. Para sa lahat ang mga antas ayon sa kanilang ginawa upang gantimpalaan sila sa kanilang mga ginawa at hindi sila dadayain.

46:20. Sa Araw na ihaharap ang mga hindi nanampalataya sa Apoy ay sasabihin sa kanila, ‘Inubos ba ninyo ang mabubuting bagay sa buhay ninyo sa mundo at naglibang lamang kayo rito? Sa Araw na ito ay gagantimpalaan kayo ng parusang nakahihiya dahil sa inyong pagmamalaki sa lupa nang walang karapatan gayundin sa inyong pagsuway.’

46:21. Banggitin ang kapatid ng ‘Ad na si Hud nang nagbabala siya sa kanyang nasyon sa Al Ahqaf o mga bundok ng buhangin at lumipas na ang mga tagapagbabala na nauna sa kanya at pagkatapos niya, sinabi niya, ‘Huwag kayong sumamba sa iba pa liban kay Allah. Tunay na ako ay natatakot para sa inyo sa parusa sa Araw na dakila.’ 46:22. Sinabi nila, ‘Dumating ka ba sa amin upang linlangin kami palayo sa aming mga diyos? Ibigay mo ang ipinangako mo sa amin kung ikaw ay kabilang sa mga makatotohanan.’ 46:23. Sinabi niya, ‘Tunay na ang kaalaman ay tangan ni Allah lamang at ako ay nagpapabatid sa inyo sa dahilan ng pagpapadala sa akin ngunit ako ay nakakakita sa inyo na kayo ay mga taong nagpapakamangmang.’

46:24. Nang nakita nila ito na isang ulap na papalapit sa kanilang mga lambak, sinabi ng mga hindi nanampalataya, ‘Ito ay ulap na magpapaulan sa atin.’ Bagkus, ito ay ang minamadali ninyo. Hangin na may dalang parusang masakit. 46:25. Wawasak sa lahat ng bagay sa utos ng kanyang Panginoon at hindi na sila makita liban sa kanilang mga tahanan. Ganito Namin gantimpalaan ang mga makasalanan.

46:26. Pinatira Namin sila na hindi tulad ng pagpapatira Namin sa inyo. Naglagay Kami sa kanila ng mga pandinig, paningin at puso ngunit hindi nagdulot ng pakinabang sa kanila ang kanilang mga pandinig, paningin at puso ng kahit ano nang sila ay nagtakwil sa mga tanda ni Allah at binalot sila ng pinagtatawanan nila. 46:27. Winasak Namin ang nasa paligid nila na mga bayan at nilinaw

Namin ang mga tanda upang sila nawa ay magbalik. 46:28. Bakit hindi sila tinulungan ng mga inangkin nila liban kay Allah upang ilapit sila sa Kanya? Bagkus sila ay lumayo sa kanila. Yaon ang kamalian nila at sila ay nag-iimbento lamang.

46:29. Nang ipinadala Namin sa iyo ang ilan sa mga engkanto upang makinig sa Quran. Nang sila ay dumalo rito ay sinabi nila, 'Makinig nang tahimik.' Nang ito ay natapos ay bumalik sila sa kanilang nasyon na mga tagapagbabala. 46:30. Sinabi nila, 'O aming nasyon, tunay na kami ay nakarinig ng aklat na ibinaba pagkatapos ni Moises na nagpapatunay sa nauna rito na naggagabay tungo sa katotohanan at tungo sa landas na matuwid. 46:31. O aming nasyon, tumugon sa tagapag-anyaya tungo kay Allah at manampalataya sa kanya at patatawarin para sa inyo ang inyong mga kasalanan at iingatan kayo mula sa parusang masakit. 46:32. Sinumang hindi tumugon sa tagapag-anyaya tungo kay Allah ay hindi magdudulot ng kabiguan sa lupa at wala siyang liban sa Kanya na mga kakampi. Sila ang nasa pagkaligaw na malinaw.'

46:33. Hindi ba nila nakita na si Allah ang Siyang lumikha sa kalangitan at lupa at hindi Siya nabibigo sa paglikha sa kanila at Siya ay may kakayanan sa pagbibigay ng buhay sa mga patay? Bagkus, Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 46:34. Sa araw na ihaharap ang mga hindi nanampalataya sa Impiyerno, sasabihin sa kanila, 'Hindi ba't ito ang katotohanan?' Sasabihin nila, 'Tama, O aming Panginoon.' Sasabihin sa kanila, 'Tikman ninyo ang parusa dahil sa inyong mga itinanggi.'

46:35. Magtiis tulad ng pagtitiis ng mga may tangan ng paninindigan na mga sugo – sina Noah, Abraham, Moises, Jesus at Propeta Muhammad - at huwag mainip sa pagdating ng parusa sa mga hindi nanampalataya. Na parang sila, sa Araw na makikita nila ang ipinangako sa kanila ay aakalain nila na hindi sila

nanatili liban na lamang sa isang oras sa araw sa mundo. Isang pagpapabatid. Sino ba ang wawasakin liban pa sa mga taong suwail?

47. SURAH MUHAMMAD (SI PROPETA MUHAMMAD)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

47:1. Ang mga hindi nanampalataya at humarang sa landas ni Allah ay mawawalang-saysay ang kanilang mga gawa. 47:2. Ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti at nanampalataya sa ibinaba kay Propeta Muhammad na ito ay ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Aalisin mula sa kanila ang kanilang mga kasalanan at aayusin ang kanilang mga kalagayan. 47:3. Yaon ay dahil sa ang mga hindi nanampalataya ay sumunod sa kamalian at ang mga nanampalataya ay sumunod sa katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Ganito magbigay si Allah para sa mga tao ng mga halimbawa para sa kanila.

47:4. Kapag nakaharap ninyo sa digmaan ang mga hindi nanampalataya ay tagain ninyo ang kanilang mga leeg hanggang sa mapatay ninyo sila at higpitan ninyo ang pagkakagapos. Pagkatapos ay pakitaan ninyo ang mga bihag ng kagandahang-loob o ipatubos ninyo sila hanggang sa ang digmaan ay matapos. Yaon ay kung naisin man ni Allah ay maghihiganti Siya sa kanila ngunit ito ay upang subukin Niya ang ilan sa inyo sa pamamagitan ng iba pa. Ang mga namatay sa landas ni Allah ay hindi mawawalang-saysay ang kanilang mga gawa. 47:5. Gagabayan sila at aayusin ang kanilang mga kalagayan. 47:6. Ipapasok sila sa Paraiso na ipinakilala Niya sa kanila.

47:7. O mga nanampalataya, kung tutulungan ninyo si Allah ay tutulungan Niya kayo at patatatagin ang inyong mga paa.

47:8. Ang mga hindi nanampalataya, ang pighati ay para sa kanila at mawawalang-saysay ang kanilang mga gawain. 47:9. Yaon ay dahil sila ay namuhi sa ibinaba ni Allah kaya pinawalang-saysay Niya ang kanilang mga gawa. 47:10. Hindi ba sila naglakbay sa lupa at nakita kung paano ang wakas ng mga nauna sa kanila. Winasak ni Allah ang paligid nila at para sa mga hindi nanampalataya ang tulad nito. 47:11. Yaon ay dahil si Allah ay ang tagapag-ingat ng mga nanampalataya at ang mga hindi nanampalataya ay walang tagapag-ingat para sa kanila.

47:12. Tunay na si Allah ay magpapasok sa mga nanampalataya at gumawa ng mabuti sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Ang mga hindi nanampalataya ay nagsasaya at kumakain tulad ng mga pinapastol na hayop at ang Apoy ay tahanan para sa kanila. 47:13. Ilang mga bayan ang mas matindi sa lakas kaysa sa bayan ng Makkah na nagpalayas sa iyo ang winasak Namin at walang tagatulong para sa kanila?

47:14. Ang siyang nasa malinaw na patunay mula sa kanyang Panginoon ay tulad ba ng pinaganda para sa kanya ang masama niyang gawain at sumunod sa kanilang mga pagnanasa? 47:15. Ang paglalarawan sa Paraiso na ipinangako sa matutuwid; naririto ang mga ilog ng tubig na hindi napapanis, mga ilog ng gatas na hindi nababago ang lasa nito, mga ilog ng alak na masarap para sa mga umiinom, at mga ilog ng pulot-pukyutan na dalisay. Para sa kanila rito ang lahat ng uri ng prutas at kapatawaran mula sa kanilang Panginoon. Ito ba ay katulad sa paghahalimbawa sa siyang mananatili habang-panahon sa Apoy na pinaiinom ng tubig na kumukulo na dudurog sa kanilang lamang-loob?

47:16. Mula sa kanila ay yaong mga nakikinig sa iyo hanggang sa sila ay lumayo sa iyo at sinasabi nila sa mga binigyan ng kaalaman bilang panghahamak, ‘Ano ang sinabi niya kanina lang?’ Sila yaong

tinakpan ni Allah ang kanilang mga puso at sumunod sa kanilang mga pagnanasa. 47:17. Ang mga ginabayan ay daragdagan Niya ng gabay at bibigyan Niya ng pagiging matuwid. 47:18. Naghihintay ba sila sa iba pa liban sa Oras na ito ay darating sa kanila nang biglaan samantalang dumating na ang mga tanda nito? Ano ang silbi sa kanila ng pag-alaala nila rito kapag dumating na ito sa kanila? 47:19. Alamin mo na walang diyos na marapat sambahin liban kay Allah at humingi ng tawad para sa iyong kasalanan at para sa mga kasalanan ng mga nanampalatayang lalaki at babae. Si Allah ay nakaaalam ng inyong pagkilos at pahingahan.

47:20. Sinasabi ng mga nanampalataya, 'Bakit hindi ibinaba ang isang kabanata?' Ngunit kapag ibinaba ang isang kabanata na malinaw at nabanggit dito ang pakikibaka ay makikita mo yaong ang kanilang mga puso ay may sakit na tumitingin sa iyo ng pagtingin ng isang naghihingalo sa kamatayan. Yaon ay marapat sa kanila. 47:21. Ang pagsunod at mabuting salita. Kapag napagtibay ang isang bagay, kung sila ay naging matapat kay Allah ay mainam ito para sa kanila. 47:22. Maaari kayang kung kayo ay tatalikod ay magdulot kayo ng kasamaan sa lupa at mapuputol ang inyong mga pagkakamag-anakan? 47:23. Sila yaong mga isinumpa ni Allah kaya ginawa Niya silang mga bingi at bulag ang kanilang mga paningin.

47:24. Hindi ba sila nagmuni-muni sa Quran o sa mga puso nila ay may kandado? 47:25. Tunay na yaong mga umatras sa kanilang mga likuran matapos na maging malinaw sa kanila ang gabay, si Satanas ay mang-aakit sa kanila at magpapaasa sa kanila. 47:26. Yaon ay dahil sa sila ay nagsabi sa mga namumuhi sa ibinaba ni Allah, 'Susundin namin kayo sa iba pang bagay.' Si Allah ay nakaaalam ng kanilang mga lihim. 47:27. Paano pa kaya kapag binawian sila ng buhay ng mga anghel na humahampas sa kanilang mga mukha at likuran? 47:28. Yaon ay dahil sila ay sumunod sa siyang gumagalit kay Allah at sila ay namuhi sa Kanyang kaluguran at mawawalan ng

saysay ang kanilang mga gawa.

47:29. Iniisip ba ng yaong ang kanilang mga puso ay may sakit na hindi isisiwalat ni Allah ang kanilang pagkamuhi? 47:30. Kung naisin Namin ay ipinakita Namin sila sa iyo at makikilala mo sila sa kanilang mga tanda. Tiyak na makikilala mo sila sa tono ng kanilang pananalita. Si Allah ay nakaaalam ng inyong mga gawain.

47:31. Tiyak na susubukin Namin kayo hanggang sa malaman Namin ang nagsumikap sa inyo at ang mga matiisin. Susubukin Namin ang inyong mga gawain. 47:32. Tunay na ang mga hindi nanampalataya at humarang sa landas ni Allah at tumaliwas sa Sugo matapos na maging malinaw sa kanila ang gabay ay hindi makapamiminsala kay Allah ng kahit ano. Pawawalan Niya ng saysay ang kanilang mga gawain.

47:33. O mga nanampalataya, sundin ninyo si Allah at sundin ang Sugo at huwag pawalang-saysay ang inyong mga gawain. 47:34. Tunay na ang mga hindi nanampalataya at humarang sa landas ni Allah at namatay na sila ay hindi nanampalataya ay hindi magpapatawad si Allah sa kanila. 47:35. Huwag manghina at manawagan ng kapayapaan habang kayo ay malakas. Si Allah ay kapiling ninyo at hindi kayo pagkakaitan sa gantimpala ng inyong mga gawa.

47:36. Ang buhay sa mundo ay laro at pag-aaliw lamang. Kung kayo ay maniniwala at maging matuwid ay ibibigay Niya sa inyo ang inyong mga gantimpala at hindi manghihingi sa inyo ng inyong kayamanan, bagkus ang kukunin lamang dito ay maliit na bahagi lamang nito bilang obligadong kawanggawa. 47:37. Kung ito man ay hihingiin Niya sa inyo at pilitin kayo, at kayo ay nagdamot, isisiwalat Niya ang inyong pagiging maramot. 47:38. Naririto kayo, ang mga inanyayahan na magtustos sa landas ni Allah at ang ilan sa inyo ay nagdamot. Sinumang magdamot ay nagdamot laban sa kanyang sarili

lamang. Si Allah ay Mayaman at kayo ay mahihirap. Kung kayo ay tatalikod ay papalitan Niya kayo ng iba pang mga tao at sila ay hindi magiging tulad ninyo.

48. SURATUL FATH (ANG PAGSAKOP)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

48:1. Tunay na Kami ay nagpatagumpay sa iyo ng tagumpay na malinaw. 48:2. Upang patawarin para sa iyo ni Allah ang nauna mong kasalanan at ang nahuli at gawing ganap ang Kanyang biyaya sa iyo at gabayan ka tungo sa landas na matuwid. 48:3. At tulungan ka ni Allah sa tagumpay na dakila.

48:4. Siya ang nagpababa ng kapanatagan sa puso ng mga nanampalataya upang madagdagan ng pananampalataya ang kanilang pananampalataya. Kay Allah ang hukbo sa kalangitan at lupa. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 48:5. Upang ipasok Niya ang mga mananampalatayang lalaki at babae sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog, manatili rito habang-panahon at alisin ang kanilang mga kasalanan. Yaon mula kay Allah ay tagumpay na dakila. 48:6. Upang parusahan ang mga nagpapanggap na Muslim at hindi mananampalatayang lalaki at babae na nag-aakala kay Allah ng masamang pag-aakala. Sa kanila ang kahihinatnang masama. Nagalit si Allah sa kanila, isinumpa sila at inihanda para sa kanila ang Impiyerno na masamang hantungan.48:7. Kay Allah ang mga hukbo sa kalangitan at lupa. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam.

48:8. Tunay na ipinadala ka Namin bilang saksi, tagapagbalita at tagapagbabala. 48:9. Upang maniwala sila kay Allah at sa Kanyang Sugo at parangalan Siya at igalang at upang luwalhatiin nila si Allah sa umaga at hapon. 48:10. Tunay na ang mga nangako ng pagsunod sa iyo ay nangangako ng pagsunod kay Allah lamang. Ang kamay ni

Allah ay nasa ibabaw ng kanilang mga kamay. Sinumang bumali rito ay laban ito sa kanyang sarili lamang. Sinumang tumupad sa kasunduan kay Allah ay bibigyan Niya ng gantimpalang malaki.

48:11. Sasabihin sa iyo ng mga nagpaiwan na mga taong disyerto na hindi sumama sa iyo patungong Makkah upang mag-Omrah, 'Inabala kami ng aming kayamanan at pamilya kaya humingi ka ng tawad para sa amin.' Sinasabi nila sa pamamagitan ng kanilang mga dila ang anumang wala sa kanilang mga puso. Sabihin, 'Sino ang pipigil kay Allah para sa inyo ng kahit ano kung naisin Niya sa inyo ang sakuna o naisin Niya para sa inyo ang kabutihan? Bagkus si Allah, sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid.' 48:12. Bagkus ay inakala ninyo na hindi magbabalik ang Sugo at ang mga nanampalataya sa kanilang mga pamilya kahit kailan at pinaganda ito sa inyong mga puso at nag-akala kayo ng masamang pag-aakala kaya kayo ay mga nawasak. 48:13. Sinumang hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo ay tunay na inihanda Namin para sa mga hindi nanampalataya ang Apoy. 48:14. Kay Allah ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Siya ay nagpapatawad sa sinumang naisin Niya at nagpaparusa sa sinumang Kanyang naisin. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

48:15. Sasabihin ng mga nagpaiwan kapag humayo kayo tungo sa mga kulimbat ng digmaan upang kunin ito. 'Hayaan ninyo kaming sumunod sa inyo.' Ninanais nila na baguhin ang salita ni Allah. Sabihin, 'Hindi kayo susunod sa amin. Yaon ang sinabi ni Allah noon.' Sasabihin nila, 'Bagkus ay naiinggit kayo sa amin.' Sila ay hindi nakauunawa liban na lamang sa kakaunti.

48:16. Sabihin sa mga nagpaiwan na mga taong disyerto, 'Kayo ay tatawagin tungo sa mga taong malakas ang puwersa na lalabanan ninyo o susuko sila. Kung kayo ay susunod ay bibigyan kayo ni Allah ng gantimpalang mabuti. Kung kayo ay tatalikod tulad ng

pagtalikod ninyo noon ay parurusahan Niya kayo ng parusang masakit. 48:17. Walang problema para sa isang bulag o sa isang pilay o maysakit. Sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo ay ipapasok Niya sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Sinumang tumalikod ay parurusahan Niya ng parusang masakit.

48:18. Nalugod si Allah sa mga nanampalataya nang sila ay nanumpa ng pagsunod sa iyo sa ilalim ng puno at nalaman Niya ang nilalaman ng kanilang mga puso. Ibinaba Niya ang kapanatagan sa kanila at ginantimpalaan sila ng tagumpay na nalalapit. 48:19. At kulimbat sa digmaan na marami na kukunin nila. Si Allah ay Makapangyarihan at Maalam. 48:20. Ipinangako ni Allah sa inyo ang kulimbat na marami na kukunin ninyo na pinadali para sa inyo ito at napigil ang kamay ng mga tao laban sa inyo upang ito ay maging tanda para sa mga nanampalataya at gabayan kayo sa landas na matuwid. 48:21. At iba pang hindi ninyo matutupad na naarok na ni Allah. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan.

48:22. Kung lalabanan kayo ng mga hindi nanampalataya ay tatakas sila at hindi sila makakakita ng tagapag-ingat at tagatulong. 48:23. Ang paraan ni Allah na naganap na noon. Hindi kayo makakakita sa paraan ni Allah ng pagbabago. 48:24. Siya ang pumigil sa kanilang mga kamay laban sa inyo at sa inyong mga kamay sa kanila sa loob ng Makkah matapos na matalo ninyo sila. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita.

48:25. Sila ang mga hindi nanampalataya at pumigil sa inyo mula sa Masjidul Haram sa Hudaybiyah habang ang alay na hayop ay pinigil na makarating sa lugar na pagkakatayan. Kung hindi lamang dahil sa mga mananampalatayang lalaki at babae sa Makkah na hindi ninyo nakilala na maaaring mapatay ninyo sila kapag nagkaroon ng labanan at daratnan kayo dahil dito ng kahihiyan nang hindi ninyo nalalaman. Upang ipasok ni Allah sa Kanyang habag ang naisin

Niya. Kung sila lamang ay malayo sa kanila ay pinarusahan Namin yaong mga hindi nanampalataya na kabilang sa kanila ng parusang masakit.

48:26. Nang dinulot ng mga hindi nanampalataya sa kanilang mga puso ang pagkamakasarili mula sa panahon ng kamangmangan. Si Allah ay nagpababa ng kapanatagan sa Kanyang Sugo at sa mga nanampalataya at inilagay Niya sa kanila ang salita ng pagiging matuwid at sila ay higit na karapat-dapat dito. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

48:27. Pinatotohanan ni Allah ang panaginip ng Kanyang Sugo nang buong katotohanan. Tiyak na papasok kayo sa Masjidul Haram sa pahintulot ni Allah na mga ligtas, nakaahit ang mga ulo ninyo o ginupitan na hindi kayo natatakot. Nalaman Niya ang hindi ninyo nalaman at dinulot Niya bago pa ito ang tagumpay na nalalapit.

48:28. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo dala ang gabay at relihiyon ng katotohanan upang pangibabawin ito sa mga relihiyon lahat-lahat. Sapat si Allah bilang saksi.

48:29. Si Muhammad na Sugo ni Allah at yaong mga kasama niya ay malupit sa mga hindi nanampalataya at mahabagin sa isat isa. Makikita mo sila na nakayukod at nakapatirapa na naghahangad ng biyaya mula kay Allah at kaluguran Niya. Ang tanda sa kanilang mga mukha ay mula sa bakas ng pagpapatirapa. Yaon ang paglalarawan sa kanila sa Torah. Ang paglalarawan sa kanila sa Ebanghelyo ay tulad ng isang halaman na tinubuan ng tangkay at pinatatag ang mga ito, kaya sila ay lumaking matibay sa puno nito na nagugustuhan ng mga nagtanim upang galitin ni Allah sa pamamagitan nito ang mga hindi nanampalataya. Pinangakuan ni Allah ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti na kabilang sa kanila ng kapatawaran at gantimpalang malaki.

49. SURATUL HUJURAT (ANG MGA KUWARTO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

49:1. O mga nanampalataya, huwag ninyong unahin ang inyong mga sarili kaysa kay Allah at Kanyang Sugo. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakaaalam.

49:2. O mga nanampalataya, huwag ninyong itaas ang inyong mga boses na mas mataas pa sa boses ng Propeta at huwag lakasan ang boses sa kanya sa pananalita tulad ng pagpapalakas ninyo ng boses sa isat isa o mawawalang-saysay ang inyong mga gawa at kayo ay hindi nakararamdam. 49:3. Tunay na yaong mga nagpapahina sa kanilang mga tinig sa Sugo ni Allah ay sila yaong mga sinubok ni Allah ang kanilang mga puso sa kabanalan at sila ay dinalisay ni Allah. Para sa kanila ang kapatawaran at gantimpalang malaki. 49:4. Tunay na yaong mga tumatawag sa iyo O Muhammad sa likod ng mga silid - ang karamihan sa kanila ay hindi nag-iisip. 49:5. Kung sila lamang ay nagtiis hanggang sa lumabas ka sa kanila ay mas mainam ito para sa kanila. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

49:6. O mga nanampalataya, kung darating sa inyo ang isang makasalanan na dala ang isang balita ay linawin ninyo muna ito o makakapaminsala kayo sa mga tao dahil sa kamangmangan at kayo dahil sa ginawa ninyo ay magsisisi. 49:7. Alamin ninyo na kasama ninyo ang Sugo ni Allah. Kung siya ay susunod sa inyo sa maraming bagay ay mahihirapan kayo. Bagkus ay ginawang kamahal-mahal ni Allah sa inyo ang pananampalataya at pinalamutian ito sa inyong mga puso at pinapangit sa inyo ang kawalang pananampalataya, pagsuway at pagtaliwas. Sila yaong mga nagabayan. 49:8. Biyaya ni Allah at pabor. Si Allah ay Nakaaalam at Maalam.

49:9. Kung may dalawang grupo mula sa mga nanampalataya ang maglalaban ay pag-ayusin ninyo silang dalawa. Kung ang isa ay nang-api sa isa pa ay labanan ninyo ang nang-api hanggang sa tumalima siya sa utos ni Allah. Kung siya ay susunod ay pag-ayusin sila sa katarungan at maging makatwiran. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan. 49:10. Ang mga mananampalataya lamang ang magkakapatid kaya magsaayos kayo sa pagitan ng dalawang grupo ng inyong kapatid. Katakutan ninyo si Allah upang kayo nawa ay kahabagan.

49:11. O mga nanampalataya, huwag mang-alipusta ang sinuman sa inyo laban sa iba pa dahil maaaring sila ay mas mainam pa sa kanila. Gayundin sa kababaihan, dahil maaaring ang iba ay mas mainam pa sa kanila. Huwag insultuhin ang isat isa at huwag magtawagan ng masamang pangalan. Masama ang pangalang suwail matapos ang pananampalataya. Sinumang hindi magbalik-loob ay sila yaong mga mapang-api.

49:12. O mga nanampalataya, layuan ninyo ang karamihan sa mga paghihinala. Tunay na ang ilan sa mga paghihinala ay kasalanan. Huwag maniktik at huwag libakin ang isat-isa. Minamahal ba ng sinuman sa inyo na kumain ng laman ng kanyang kapatid na patay – tiyak na kamumuhian ninyo ito. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay Tumatanggap ng pagbabalik-loob at Mahabagin.

49:13. O mga tao, tunay na nilikha Namin kayo mula sa isang lalaki at babae at dinulot Namin na kayo ay maging mga nasyon at mga tribo upang magkakilala kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo kay Allah ay ang pinakamatuwid sa inyo. Tunay na si Allah Nakaaalam at Nakababatid.

49:14. Sinabi ng mga taong disyerto, ‘Nanampalataya kami.’ Sabihin, ‘Hindi kayo nanampalataya bagkus ay sabihin ninyong, ‘Nagmuslim kami.’’ Dahil hindi pa pumasok ang pananampalataya sa inyong mga puso. Kung susundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo ay hindi Niya ipagkakait sa inyo ang gantimpala ng inyong mga gawain na kahit ano. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 49:15. Ang mga nanampalataya ay yaon lamang mga nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo at hindi nagduda. Bagkus ay nakibaka sa landas ni Allah sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at mga sarili sa landas ni Allah. Sila yaong mga makatotohanan.

49:16. Sabihin, ‘Tinuturuan ba ninyo si Allah ng inyong relihiyon samantalang si Allah ay nakaaalam ng anumang nasa kalangitan at lupa? Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.’ 49:17. Isinusumbat nila sa iyo ang pagyakap nila sa Islam. Sabihin, ‘Huwag ninyong isumbat sa akin ang inyong pagyakap sa Islam. Bagkus, si Allah ay nagbiyaya sa inyo na ginabayan Niya kayo sa pananampalataya kung kayo ay makatotohanan.’ 49:18. Tunay na si Allah ay nakaaalam ng mga nalilingid sa kalangitan at lupa. Si Allah ay Nakakakita sa inyong mga ginagawa.

50. SURAH QAF

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

50:1. Qaf. Sumpa sa Quran na marangal. 50:2. Sila ay nagtataka na dumating sa kanila ang isang tagapagbabala na kabilang sa kanila at sinabi ng mga hindi nanampalataya, ‘Ito ay bagay na kakaiba. 50:3. Kung kami ba ay mamamatay at naagnas na, kami ba ay bubuhaying-muli? Yaon ay pagbabalik na malayo.’ 50:4. Alam Namin kung anong pagkaagnas ang gagawin ng lupa sa kanila. Nasa Amin ang talaan na iniingatan. 50:5. Bagkus sila ay

nagpasinungaling sa katotohanan nang dumating ito sa kanila at sila ay nasa kundisyong nakalilito. 50:6. Hindi ba sila tumingin sa langit sa ibabaw nila kung paano Namin ito itinayo at pinalamutian ito na wala itong kapintasan? 50:7. Ang lupa ay pinalapad Namin at inilagay dito ang kabundukan at pinatubo rito ang lahat ng uri na maganda. 50:8. Pagpapabatid at paalaala para sa lahat ng alipin na nagbabalik-loob. 50:9. Ibinaba Namin mula sa langit ang tubig na mabiyaya at pinatubo Namin sa pamamagitan nito ang mga hardin at mga butil mula sa pag-ani. 50:10. At mga palmera na may mga bungang nakahanay. 50:11. Biyaya para sa mga alipin. Binuhay Namin sa pamamagitan nito ang lupang patay. Ganito ang pagkabuhay-muli.

50:12. Nagpasinungaling na bago pa sila ang nasyon ni Noah at ang As'habur Rassi at Thamud. 50:13. Ang 'Ad, si Paraon at mga kapatid ni Lot. 50:14. Ang As'habul Aykah at nasyon ng Tubba'. Lahat ay nagpasinungaling sa mga sugo at natupad ang banta. 50:15. Nabigo ba Kami sa unang paglikha? Bagkus sila ay nasa kalituhan sa Pagkabuhay-muli.

50:16. Nilikha Namin ang tao at nalalaman Namin ang ibinubulong ng sarili nito. Kami ay mas malapit sa kanya kaysa sa kanyang ugat sa leeg. 50:17. Nang tumanggap ang dalawang tagatanggap na anghel sa kanan at sa kaliwa na nakaupo. 50:18. Wala siyang sasabihing salita liban na lamang na sa kanya ay may isang tagatala na nakahanda.

50:19. At dumating ang paghihingalo nang buong katotohanan. Yaon ang bagay na iniiwasan ninyo noon. 50:20. At iihipan ang trumpeta, yaon ang Araw na ibinanta. 50:21. At darating ang lahat kasama ang mga anghel na tagatulak at saksi. 50:22. 'Ikaw noon ay nasa pagkalingat dito at inalis Namin sa iyo ang tabing at ang iyong paningin sa Araw na ito ay matalas.' 50:23. Sasabihin ng kasama niyang anghel, 'Ito ang dala ko na nakatala.' 50:24. Sasabihin ni Allah sa mga

anghel na tagatulak at saksi, ‘Itapon sa Impiyerno ang lahat ng suwail na hindi mananampalataya. 50:25. Nagbabawal sa kabutihan, palaaway at nagdududa. 50:26. Yaong kumuha ng kasama ni Allah na mga diyos na iba pa, kaya itapon ninyo siya sa parusang matindi.’ 50:27. Sasabihin ng kasama niyang demonyo, ‘Panginoon Namin hindi ko siya pinasuway bagkus siya ay nasa pagkaligaw na malayo.’ 50:28. Sasabihin, ‘Huwag kayong mag-away sa harap Ko dahil nagbigay na Ako sa inyo ng babala. 50:29. Hindi mapapalitan ang salita na nasa Akin at Ako ay hindi nang-aapi sa mga alipin.’

50:30. Sa Araw na sasabihin Namin sa Impiyerno, ‘Napuno ka ba?’ At tutugon ito, ‘May dagdag pa ba?’ 50:31. Ilalapit ang Paraiso sa matutuwid na hindi malayo. 50:32. ‘Ito ang ipinangako sa lahat ng nagbabalik-loob at naging matapat. 50:33. Sa siyang may takot sa Maawain sa nalilingid at dumating na may pusong nagbabalik-loob. 50:34. Pumasok kayo rito na mapayapa. Ito ang Araw ng buhay na walang hanggan.’ 50:35. Para sa kanila ang naisin nila rito at sa Amin ang pagdaragdag.

50:36. Ilan ba ang winasak Namin na nauna sa kanila na mga bayan na sila ay mas matindi kaysa sa kanila sa lakas at nanggalugad sa lupa. Mayroon bang matatakasan? 50:37. Tunay na naririto ang paalaala para sa sinumang may puso o nakinig habang siya ay saksi.

50:38. Nilikha Namin ang kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito sa anim na araw at hindi Kami dinapuan ng pagod. 50:39. Magtiis sa kanilang mga sinasabi at magluwalhati sa pagpuri sa iyong Panginoon bago ang pagsikat ng araw at bago ang paglubog nito. 50:40. At sa gabi ay luwalhatiin Siya pagkatapos ng pagpapatirapa.

50:41. Makinig sa Araw na tatawag ang tagatawag mula sa lugar na malapit. 50:42. Sa Araw na maririnig nila ang ugong nang totoo.

Yaon ay Araw ng Paghayo. 50:43. Tunay na Kami ay bumubuhay at bumabawi ng buhay at tungo sa Amin ang hantungan. 50:44. Sa Araw na mabibiyak ang lupa sa kanila nang mabilis. Yaon ay pagtitipon na para sa Amin ay madali.

50:45. Kami ay nakaaalam sa kanilang sinasabi. Ikaw sa kanila ay hindi tagapilit. Magpaalala sa pamamagitan ng Quran sa sinumang natatakot sa banta.

51. SURATUDH DHARIYAT (ANG HANGING TAGAPAGKALAT)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

51:1. Sumpa sa hangin na nagpapakalat ng alikabok. 51:2. At sa mga ulap na may dalang ulan. 51:3. Sa mga barkong naglalayag nang panatag. 51:4. Sa mga anghel na nagbabahagi ng mga bagay-bagay. 51:5. Tunay na ang ipinangako sa inyo ay katotohanan lamang. 51:6. Tunay na ang paggantimpala ay magaganap. 51:7. Sa langit na may mga daanan. 51:8. Tunay na kayo ay nasa salitang magkakaiba. 51:9. Nalilinlang mula rito ang nilinlang.

51:10. Nawasak ang mga namemeke. 51:11. Silang sa kalituhan ay walang pakialam. 51:12. Nagtatanungan kung kailan ang Araw ng Paghuhukom. 51:13. Sa Araw na sila sa Apoy ay parurusahan. 51:14. Sasabihin sa mga hindi nanampalataya, 'Tikman ninyo ang parusa sa inyo. Ito ang bagay na noon ay minamadali ninyo.' 51:15. Tunay na ang matutuwid ay nasa mga hardin at bukal. 51:16. Tumatanggap ng ibibigay ng kanilang Panginoon. Tunay na sila bago pa ito ay matutuwid. 51:17. Sila noon ay kaunti lamang sa gabi ang itinutulog. 51:18. Sa madaling araw ay humihingi sila ng tawad. 51:19. At sa kanilang mga kayamanan ay ang karapatan para sa mga namamalimos at hindi namamalimos na dukha.

51:20. Sa lupa ay ang mga tanda para sa mga nakatitiyak. 51:21. At sa inyong mga sarili. Hindi ba ninyo nakikita? 51:22. At sa langit ang inyong biyaya at ang ipinangako sa inyo. 51:23. Sumpa sa Panginoon ng langit at lupa, tunay na ito ay katotohanan tulad ng inyong kakayanan na magsalita.

51:24. Dumating ba sa iyo ang balita tungkol sa mga bisita ni Abraham na mararangal? 51:25. Nang dumating sila sa kanya at nagsabing, 'Kapayapaan.' Sumagot siya, 'Kapayapaan sa inyong mga hindi ko kilala.' 51:26. Tumungo si Abraham sa kanyang pamilya at naghanda ng batang baka na mataba. 51:27. Inilapit niya ito sa kanila at nagsabi, 'Hindi ba kayo kakain?' 51:28. Nakaramdam siya sa kanila ng takot. Sinabi nila, 'Huwag kang matakot.' At binalitaan siya ng batang lalaki na maalam. 51:29. Dumating ang kanyang asawa na sumigaw sa tuwa at sinampal ang mukha at nagsabing, 'Ako ay matandang baog.' 51:30. Sinabi nila, 'Yaon ang sinabi ng iyong Panginoon. Tunay siya ang Maalam at ang Nakaaalam.'

51:31. Sinabi niya, 'Ano ang inyong sadya O mga sugo?' 51:32. Sinabi ng mga anghel, 'Tunay na kami ay ipinadala sa nasyon na makasalanan. 51:33. Upang ipadala namin sa kanila ang bato na mula sa luwad. 51:34. Minarkahan sa harap ng iyong Panginoon para sa mga suwail. 51:35. Pinalabas namin ang sinumang naririto na mga nanampalataya. 51:36. Wala kaming natagpuan liban pa sa isang bahay ng mga Muslim. 51:37. Iniwan namin dito ang tanda para sa mga natatakot sa parusang masakit.'

51:38. Si Moises ay ipinadala Namin kay Paraon na may autoridad na malinaw. 51:39. Tumalikod siya kasama ang kanyang mga tagasuporta at nagsabing, 'Salamangkero o baliw.' 51:40. Kinuha Namin siya at ang kanyang hukbo at itinapon Namin sila sa dagat at siya ay sinisisi. 51:41. Sa 'Ad ay ipinadala Namin sa kanila ang

hanging tuyot. 51:42. Hindi ito nag-iwan ng anumang bagay na dinampian nito liban na lamang na dinurog ito. 51:43. At sa Thamud nang sinabi sa kanila, 'Maglibang kayo ng ilang panahon.' 51:44. Nagmalaki sila sa utos ng kanilang Panginoon at dinatnan sila ng kidlat habang sila ay nakatingin. 51:45. Hindi nila nagawang tumayo at hindi nila maipagtanggol ang sarili. 51:46. At ang nasyon ni Noah noon. Tunay na sila ay nasyon na suwail.

51:47. Ang langit ay itinayo Namin ito nang may lakas at tunay na Kami ay nagpapalawak. 51:48. Ang lupa ay pinalapad Namin at napakainam ng naglatag nito. 51:49. Mula sa lahat ng bagay ay lumikha kami ng pares upang kayo nawa ay makaalala. 51:50. Tumakas kayo tungo kay Allah. Tunay na ako sa inyo mula sa Kanya ay tagapagbabalang malinaw. 51:51. Huwag magturing kasama ni Allah ng diyos na iba pa. Tunay na ako sa inyo ay tagapagbabalang malinaw.

51:52. Gayundin ay hindi dumating ang mga nauna sa kanila na sugo liban na lamang na sinabi nila, 'Salamangkero o baliw.' 51:53. Nagpayuhan ba sila tungkol sa kanila? Bagkus sila ay mga taong suwail. 51:54. Kaya hayaan mo sila, tunay na ikaw ay hindi masisisi. 51:55. Magpaalala dahil ang paalaala ay nagdudulot ng pakinabang sa mga nanampalataya.

51:56. Hindi Ko nilikha ang mga engkanto at mga tao liban na lamang upang sumamba sa Akin. 51:57. Hindi Ko nais mula sa kanila ang biyaya at hindi Ko nais na Ako ay kanilang pakainin. 51:58. Tunay na si Allah ang Tagapagtustos at nagtataglay ng lakas at ang Matatag. 51:59. Tunay na para sa mga nagkasala ay ang tulad ng pagkakasala ng kanilang mga ninuno kaya huwag silang magmadali. 51:60. Kapahamakan sa mga hindi nanampalataya sa Araw na ipinangako sa kanila.

52. SURATUT TUR (ANG BUNDOK TUR)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

52:1. Sumpa sa bundok ng Tur, ang bundok kung saan kinausap ni Allah si Moises sa Sinai. 52:2. At sa Aklat na isinulat, ang Quran. 52:3. Sa pahina na nakabuklat. 52:4. Sa Baytul Ma'mur na iniikutan ng mga anghel sa ikapitong kalangitan. 52:5. Sa langit na iniangat. 52:6. Sa dagat na umaapaw. 52:7. Tunay na ang parusa ng iyong Panginoon ay magaganap. 52:8. Walang tagapigil nito para sa kanya. 52:9. Sa Araw na iinog ang langit paikot. 52:10. At gagalaw ang mga bundok nang mabilis. 52:11. Kapahamakan sa Araw na yaon para sa mga nagpasinungaling. 52:12. Silang sa pagpapatawa ay naglalaro. 52:13. Sa Araw na sila ay tatawagin tungo sa Apoy ng Impiyerno nang patulak. 52:14. 'Ito ang Apoy na dati ninyong pinasisinungalingan. 52:15. Salamangka ba ito o kayo ay hindi nakakakita? 52:16. Masunog kayo rito at magtiis o hindi magtiis, pareho lang ito sa inyo. Kayo ay gagantimpalaan lamang ayon sa inyong mga ginagawa.'

52:17. Tunay na ang matutuwid ay nasa mga hardin at kaligayahan. 52:18. Masaya sa ibinigay sa kanila ng kanilang Panginoon at iniligtas sila ng kanilang Panginoon mula sa parusa ng Apoy. 52:19. 'Kumain kayo at uminom nang masaya dahil sa inyong mga ginawa.' 52:20. Nakasandal sa mga tronong nakahanay at ipaaasawa Namin sa kanila ang mga babae sa Paraiso.

52:21. Ang mga nanampalataya na sumunod sa kanila ang kanilang mga inapo ay pagtatagpuin Namin sila ng kanilang mga inapo. Hindi Namin sila pagkakaitan ng mula sa kanilang mga gawa ng kahit ano. Lahat ng tao, sa kanyang nakamit ay nakasanla at mananagot dito. 52:22. Tutustusan Namin sila ng mga prutas at karne na kanilang ninanais. 52:23. Magpapalitan sila sa isat isa rito ng kopa na walang dulot na masamang pananalita o pagkakasala. 52:24. Iikot sa kanila ang mga batang lalaki na sila ay parang perlas na iniingatan. 52:25. Sila ay lalapit

sa isat isa at magtatanungan. 52:26. Sasabihin nila, ‘Tunay na tayo habang kapiling ang ating pamilya noon ay natatakot sa parusa ni Allah. 52:27. At biniyayaan tayo ni Allah at iniligtas tayo mula sa parusang mainit. 52:28. Tunay na tayo noon ay nananalangin sa Kanya. Tunay na Siya ang Mabiyaya at ang Mahabagin.’

52:29. Kaya magpaalala dahil ikaw, sa biyaya ng iyong Panginoon, ay hindi manghuhula o baliw. 52:30. O sinasabi ba nila, ‘Siya ay isang makata na hinihintay namin para sa kanya ang sakuna ng panahon.’ 52:31. Sabihin, ‘Maghintay, dahil tunay na ako ay kasama ninyo na kabilang sa mga naghihintay.’ 52:32. O inuutusan ba sila ng kanilang mga isip na gawin ito, o sila ba ay mga taong sumusuway? 52:33. O sinasabi ba nila, ‘Inimbento lang niya ito.’ Bagkus sila ay hindi naniniwala. 52:34. Kaya marapat na magpahayag sila ng salitang tulad nito kung sila ay makatotohanan.

52:35. Sila ba ay nilikha mula sa kawalan o sila ba ay mga tagapaglikha? 52:36. Nilikha ba nila ang kalangitan at lupa? Bagkus sila ay hindi nakatitiyak. 52:37. O nasa kanila ba ang imbakan ng iyong Panginoon o sila ba ang mga namamahala rito? 52:38. O sila ba ay may hagdan tungo sa kalangitan na mula rito ay nakikinig sila? Kaya maglapat ang tagapakinig nila ng autoridad na malinaw. 52:39. O sa Kanya ba ang mga anak na babae at sa inyo ang mga anak na lalaki?

52:40. O ikaw ba ay humihingi sa kanila ng bayad kaya sila sa utang ay nabibigatan? 52:41. O nasa kanila ba ang nalilingid at sila ay nagsusulat? 52:42. O nagnanais sila ng plano? Ngunit ang mga hindi nanampalataya ay sila ang pinagpaplanuhan. 52:43. O para sa kanila ba ay may iba pang diyos liban pa kay Allah? Luwalhati kay Allah mula sa kanilang itinatambal.

52:44. Kung makita nila ang isang tipak mula sa langit na nahuhulog ay sasabihin nila, ‘Ito ay ulap na naipon.’ 52:45. Kaya hayaan mo

hanggang sa makatagpo nila ang Araw na dito sila ay mawawalan ng malay. 52:46. Sa Araw na walang maidudulot sa kanila ang plano nila ng kahit ano at hindi sila matutulungan. 52:47. Tunay na para sa mga nang-api ang parusa bago pa ito ngunit ang karamihan sa kanila ay hindi nakaaalam.

52:48. Magtiis sa paghatol ng iyong Panginoon dahil tunay na ikaw ay nasa Aming tanaw. Luwalhatiin sa pagpuri ang iyong Panginoon sa iyong pagtayo. 52:49. At sa bahagi ng gabi ay luwalhatiin Siya sa paglubog ng mga bituin.

53. SURATUN NAJM (ANG BITUIN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

53:1. Sumpa sa bituin sa pagbaba nito. 53:2. Hindi naligaw ang kasama ninyo o nagkamali. 53:3. Hindi siya nagsasalita mula sa pagnanasa. 53:4. Ito ay rebelasyon na ipinahayag lamang. 53:5. Itinuro sa kanya ni Anghel Gabriel na matindi ang lakas. 53:6. Nagtataglay ng katatagan at lumuklok sa tunay nitong anyo. 53:7. Siya ay nasa abot-tanaw na kataas-taasan. 53:8. At lumapit siya at bumaba. 53:9. Siya ay nasa layo ng dalawang busog ng pana o mas malapit pa. 53:10. Nagpahayag sa Kanyang alipin ng ipapahayag. 53:11. Hindi nagsinungaling ang puso ni Propeta Muhammad sa nakita nito. 53:12. Makikipagtalo ba kayo tungkol sa kanyang nakita? 53:13. Nakita niya ito sa iba pang lugar. 53:14. Malapit sa puno ng Sidr sa dulo ng pitong kalangitan. 53:15. Malapit sa Hardin na Tahanan. 53:16. Na binabalot ng puno ng Sidr ang binabalot nito. 53:17. Hindi nalinlang ang paningin at hindi nalihis. 53:18. Nakita niya ang ilan sa mga tanda ng kanyang Panginoon na dakila sa kanyang paglalakbay sa Al Isra' wal Mi'raj.

53:19. Nakita ba ninyo ang mga diyus-diyosan na sina Al Lat at Al 'Uzza? 53:20. Si Manat na ikatlo na iba pa sa dalawa. 53:21. Para sa

inyo ba ang lalaking anak at sa Kanya ang babae? 53:22. Yaon ay paghahati na madaya. 53:23. Ang mga ito ay mga pangalan na ipinangalan lamang ninyo, kayo at ng inyong mga ninuno na hindi nagbaba si Allah rito ng autoridad. Sila ay sumusunod sa haka-haka lamang at anumang pagnasaan ng sarili. Dumating sa kanila mula sa kanilang Panginoon ang gabay. 53:24. O para ba sa tao ang hangarin niya. 53:25. Bagkus ay kay Allah ang Kabilang-buhay at ang nauna.

53:26. Ilang anghel ba sa kalangitan ang hindi makatutulong sa kanilang pamamagitan ng kahit ano liban na lamang matapos na magpahintulot si Allah sa sinumang naisin Niya at kalugdan. 53:27. Tunay na ang mga hindi nanampalataya sa Kabilang-buhay ay nagbibigay sa mga anghel ng mga pangalang pambabae. 53:28. Wala silang tangan dito na kaalaman. Sila ay sumusunod lamang sa haka-haka. Tunay na ang haka-haka ay hindi maaaring ipampalit sa katotohanan sa anuman. 53:29. Layuan mo ang sinumang nagtakwil sa Aming paalaala at hindi nagnais liban pa sa buhay sa mundo. 53:30. Yaon lamang ang inabot ng kanilang kaalaman. Tunay na ang iyong Panginoon ay pinakanakaaalam sa sinumang naligaw sa Kanyang landas at Siya ay pinakanakaaalam sa siyang nagabayan.

53:31. Kay Allah ang anumang nasa kalangitan at nasa lupa upang gantimpalaan ang sinumang naging masama sa kanilang mga gawa at gantimpalaan ang mga naging mabuti sa pamamagitan ng kabutihan. 53:32. Yaong mga lumalayo sa malalaking kasalanan at imoralidad liban na lamang sa maliliit. Tunay na ang iyong Panginoon ay malawak ang pagpapatawad. Siya ay pinakanakaaalam sa inyo nang nilikha Niya kayo mula sa lupa nang kayo ay mga sanggol pa lamang sa sinupupunan ng inyong mga ina. Huwag kayong magmalinis. Siya ang pinakanakaaalam sa pinakamatuwid.

53:33. Nakita mo ba yaong tumalikod? 53:34. Na nagbigay ng kaunti at tumanggi? 53:35. Nasa kanya ba ang kaalaman sa nalilingid at siya

ay nakakakita? 53:36. O siya ba ay hindi tinuruan ng nilalaman ng Torah ni Moises? 53:37. At Kalatas ni Abraham na siyang tumupad sa utos. 53:38. Hindi magpapasan ang sinumang tagapasan ng pasanin ng iba. 53:39. Walang anumang para sa tao liban na lamang sa kanyang pinagsumikapan. 53:40. Na ang kanyang pagsisikap ay makikita. 53:41. At siya ay gagantimpalaan ng gantimpalang buo. 53:42. Tungo sa iyong Panginoon ang wakas. 53:43. Siya ang nagpapatawa at nagpapaiyak. 53:44. Siya ang pumapatay at bumubuhay. 53:45. Siya ang lumikha ng magkapares na lalaki at babae. 53:46. Mula sa punlay nang ito ay lumabas. 53:47. Sa Kanya nakasalalay ang paglikhang susunod. 53:48. Siya ang nagpapayaman at nagsasapat. 53:49. Siya ang Panginoon ng bituin ng Sirius.

53:50. Siya ang nagwasak sa ‘Ad na nauna. 53:51. At sa Thamud na hindi Niya pinanatili. 53:52. Sa nasyon ni Noah na nauna. Tunay na sila noon ay nang-api at nagmalabis. 53:53. At ang binaligtad na bayan ng Sodom at Gomorrah. 53:54. At tinabunan sila ng pinangtabon Niya. 53:55. Kaya anong biyaya ng iyong Panginoon ang iyong pagdududahan?

53:56. Si Propeta Muhammad ay isang tagapagbabala na kabilang sa mga tagapagbabalang nauna. 53:57. Ang Papalapit na Araw ay dumating na. 53:58. Walang sinumang makapag-aalis nito liban kay Allah. 53:59. Sa pananalita bang ito sila ay nagtataka? 53:60. Tatawa ba kayo at hindi iiyak? 53:61. Habang kayo ay nagmamalaki? 53:62. Magpatirapa kayo kay Allah at sumamba.

54. SURATUL QAMAR (ANG BUWAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

54:1. Napalapit ang Oras at nabiyak ang buwan. 54:2. Kung sila ay makakita ng tanda ay tumatalikod sila at nagsasabing,

‘Salamangkang hindi magtatagal.’ 54:3. Nagpasinungaling sila at sumunod sa kanilang mga pagnanasa. Lahat ng bagay ay may takdang panahon. 54:4. Dumating sa kanila ang mga balita na naglalaman ng babala. 54:5. Karunungang malawak ngunit hindi nagbunga ang babala. 54:6. Kaya iwan mo sila sa Araw na tatawag ang Tagatawag tungo sa isang bagay na kagimbal-gimbal. 54:7. Mapanglaw ang kanilang mga paningin, sila ay lalabas mula sa kanilang mga libingan na tila sila ay mga balang na kumakalat. 54:8. Nag-uunahan tungo sa Tagatawag. Sasabihin ng mga hindi nanampalataya, ‘Ito ay Araw na mahirap.’

54:9. Nagpasinungaling bago pa sila ang nasyon ni Noah at pinasinungalingan nila ang Aming alipin at nagsabing, ‘Baliw,’ at siya ay itinaboy. 54:10. Kaya, nanalangin siya sa kanyang Panginoon, ‘Tunay na ako ay nagapi kaya tulungan Mo ako.’ 54:11. At binuksan Namin ang mga pinto ng langit na may dalang ulang bumabagsak. 54:12. At binuksan Namin ang lupa sa mga bukal at nagtagpo ang mga tubig sa isang bagay na itinakda na. 54:13. Isinakay Namin siya sa mga tabla at mga pako. 54:14. Naglalayag sa pagmamasid Namin bilang gantimpala sa siyang tinanggihan. 54:15. Nag-iwan kami rito ng tanda kaya mayroon bang makaaalala? 54:16. Gaano katindi ang parusa Ko at babala? 54:17. Pinadali Namin ang Quran sa pag-aalaala kaya mayroon bang makaaalala?

54:18. Nagpasinungaling ang ‘Ad, gaano ba katindi ang Aking parusa at babala? 54:19. Tunay na Kami ay nagpadala sa kanila ng hangin na humihiyaw sa Araw ng sakunang walang patid. 54:20. Humihila sa mga tao na para bang sila ay puno ng datiles na nabunot. 54:21. Gaano katindi ang Aking parusa at babala? 54:22. Pinadali Namin ang Quran sa pag-aalaala kaya mayroon bang makaaalala?

54:23. Nagpasinungaling ang Thamud sa babala. 54:24. Sinabi nila, ‘Isang tao ba mula sa atin ang susundin namin? Tunay na kami dahil

dito ay nasa pagkaligaw at kabaliwan. 54:25. Ibinigay ba sa kanya ang mensahe sa halip na sa amin? Bagkus siya ay matinding sinungaling.' 54:26. Malalaman nila bukas kung sino ang matinding sinungaling. 54:27. Tunay na Kami ay magpapadala ng babaeng kamelyo bilang pagsubok sa kanila kaya panoorin mo sila at magtiis. 54:28. Sabihin mo sa kanila na ang tubig ay paghahatian nila. Sa bawat isa ay inuming itinakda.

54:29. Ngunit sila ay tumawag sa kanilang kasama at siya ay nangahas at tinaga ito. 54:30. Gaano katindi ang Aking parusa at babala? 54:31. Tunay na Kami ay nagpadala sa kanila ng isang sigaw at sila ay naging parang tuyong pananim na pakain sa hayop. 54:32. Pinadali Namin ang Quran sa pag-aalaala kaya mayroon bang makaaalala?

54:33. Nagpasinungaling ang nasyon ni Lot sa babala. 54:34. Tunay na Kami ay nagpadala sa kanila ng ulan na bato liban na lamang sa pamilya ni Lot. Iniligtas Namin sila sa madaling-araw. 54:35. Biyaya mula sa Amin. Ganito Namin gantimpalaan ang nagpapasalamat. 54:36. Binabalaan Namin sila sa Aming pagsalakay ngunit nag-alinlangan sila sa babala. 54:37. Pinilit nila siya sa kanyang mga panauhin ngunit binura Namin ang kanilang mga mata, 'Kaya tikman ninyo ang Aking parusa at babala.' 54:38. Pinaabot Namin sila sa umaga sa parusang nananatili. 54:39. Kaya tikman ninyo ang Aking parusa at babala. 54:40. Pinadali Namin ang Quran sa pag-aalaala kaya mayroon bang makaaalala?

54:41. Dumating sa Angkan ni Paraon ang babala. 54:42. Nagpasinungaling sila sa Aming mga tanda lahat-lahat at pinarusahan Namin sila ng parusang makapangyarihan at hindi magagapi.

54:43. Ang inyong mga hindi nanampalataya ay mas mainam ba kaysa sa mga nauna o kayo ba ay inosente ayon sa naunang mga kasulatan na kayo ay hindi maparurusahan?

54:44. O sinasabi nila, ‘Kami ay grupong nagtutulungan.’ 54:45. Ang grupo nila ay matatalo at sila ay tatalikod paatras. 54:46. Bagkus ang Oras ay itinakda sa kanila at ang Oras ay mapaminsala at mapait. 54:47. Tunay na ang mga makasalanan ay nasa pagkaligaw at kabaliwan. 54:48. Sa Araw na sila ay hihilahin tungo sa Apoy sa kanilang mga mukha, ‘Tikman ninyo ang haplos ng Impiyerno.’

54:49. Tunay na ang lahat ng bagay ay nilikha Namin nang may pagtatakda. 54:50. Wala Kaming utos liban sa iisang utos tulad ng pagkurap ng mata. 54:51. Winasak Namin ang mga katulad ninyo, kaya mayroon bang makaaalala? 54:52. Lahat ng bagay na ginawa nila ay nasa talaan. 54:53. Lahat ng maliit at malaking bagay ay nakasulat. 54:54. Tunay na ang matutuwid ay nasa mga hardin at ilog. 54:55. Sa upuan ng karangalan malapit sa Haring Makapangyarihan.

55. SURATUR RAHMAN (ANG MAAWAIN)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

55:1. Ang Maawain. 55:2. Nagturo ng Quran. 55:3. Lumikha sa tao. 55:4. Nagturo sa kanya ng husay sa pananalita. 55:5. Ang araw at ang buwan ay nasa tiyak na pagsasalitan. 55:6. Ang mga bituin at mga puno ay nagpapatirapa. 55:7. Ang langit ay itinaas Niya at inilagay ang timbangan. 55:8. Upang hindi kayo lumampas sa timbangan. 55:9. At itaguyod ang timbang nang may katarungan at hindi magkulang sa timbang.

55:10. Ang lupa ay inilagay Niya para sa mga nilikha. 55:11. Nariri-to ang mga prutas at datiles na may mga ubod. 55:12. At mga butil na may balat at mababangong halaman. 55:13. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang

pasisinungalingan ninyo? 55:14. Lumikha sa tao mula sa putik na pinatigas. 55:15. At lumikha sa engkanto mula sa apoy na walang usok. 55:16. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:17. Panginoon ng dalawang silangan at dalawang kanluran. 55:18. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:19. Nagpalaya sa dalawang dagat na nagtatagpo. 55:20. Sa pagitan nila ay harang na hindi nila nalalampasan. 55:21. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:22. Lumalabas mula sa kanilang dalawa ang mga perlas at koral. 55:23. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:24. Sa Kanya ang mga barko na mataas ang layag na parang mga bundok sa dagat. 55:25. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo?

55:26. Lahat ng naririto ay magwawakas. 55:27. At mananatili ang mukha ng iyong Panginoon na nagtataglay ng Karangalan at Dangal. 55:28. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:29. Humihiling sa Kanya ang sinumang nasa kalangitan at lupa. Sa bawat araw, Siya ay nagpapatupad. 55:30. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo?

55:31. Magtutuon Kami sa inyo na mga tao at mga engkanto. 55:32. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:33. O mga engkanto at tao, kung kaya ninyo na lumampas sa mga hangganan ng kalangitan at lupa ay lampasan ninyo ito. Hindi kayo makalalampas liban pa sa pamamagitan ng autoridad. 55:34. Alin sa mga biyaya ng

Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:35. Ipinapadala sa inyong dalawa ang apoy na walang usok at tanso at hindi ninyo maipagtatanggol ang inyong mga sarili. 55:36. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo?

55:37. Kapag nabiyak ang langit at naging kulay rosas na parang langis. 55:38. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:39. Sa Araw na yaon ay walang tatanungin tungkol sa kanyang kasalanan ang sinumang tao o engkanto. 55:40. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:41. Makikilala ang mga makasalanan sa mga tanda nila at hihilahin sila sa kanilang mga ulo at mga paa. 55:42. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:43. Ito ang Impiyerno na pinasinungalingan ng mga makasalanan. 55:44. Iikot sila sa paligid nito at sa kumukulong tubig na pinainit. 55:45. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo?

55:46. Para sa sinumang may takot sa antas ng kanyang Panginoon ay ang dalawang hardin. 55:47. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:48. Na may mga sanga. 55:49. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:50. Sa dalawang ito ay may dalawang batis na dumadaloy. 55:51. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:52. Naririto sa dalawang ito ang lahat ng prutas na dalawang uri. 55:53. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang

pasisinungalingan ninyo? 55:54. Nakasandal sa mga higaan na ang palamuti nito ay mamahaling tela at ang mga prutas ng dalawang hardin ay abot-kamay. 55:55. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:56. Naroroon ang mga babaeng hindi tumitingin sa iba na hindi nakipagtalik kahit sa unang pagkakataon sa tao man o engkanto. 55:57. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:58. Sila ay tila mga mapupulang bato at coral. 55:59. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:60. Ang gantimpala ba ng kabutihan ay liban pa sa kabutihan? 55:61. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo?

55:62. Sa ibaba ng dalawang ito ay dalawang hardin. 55:63. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:64. Malalim na berde ang kulay. 55:65. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:66. Naririto ang dalawang batis na bumubulwak. 55:67. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:68. Nasa dalawang ito ang mga prutas, palmera at pomegranate. 55:69. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:70. Naririto ang mababuti at magagandang kababaihan. 55:71. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:72. Kababaihan sa Paraiso na pinapangalagaan sa mga tolda. 55:73. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:74. Hindi nagalaw ng tao o engkanto. 55:75. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang

pasisinungalingan ninyo? 55:76. Nakasandal sa mga unan na berde at mga karpet na magaganda. 55:77. Alin sa mga biyaya ng Panginoon ninyong dalawa, kayong mga engkanto at mga tao, ang pasisinungalingan ninyo? 55:78. Luwalhati sa pangalan ng iyong Panginoon na nagtataglay ng Karangalan at Dangal.

56. SURATUL WAQI'AH (ANG HINDI MAPIPIGILANG PANGYAYARI)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

56:1. Kapag naganap ang hindi mapipigilan, ang Pagkabuhay-muli. 56:2. Sa kaganapang ito ay walang pagtanggi. 56:3. Maghahamak sa mga hindi nanampalataya at mag-aangat sa mga nanampalataya upang ipasok sila sa Paraiso. 56:4. Kapag niyanig ang lupa ng lindol. 56:5. At winasak ang mga bundok nang durug na durog. 56:6. Na parang alikabok na nagkalat. 56:7. Kayo ay mahahati sa tatlong uri.

56:8. Ang mga nasa gawing kanan, ano ang mga nasa gawing kanan? 56:9. Ang mga grupong nasa gawing kaliwa, ano ang mga nasa gawing kaliwa? 56:10. Ang mga nanguna ang siyang mangunguna. 56:11. Sila ang malalapit. 56:12. Sa mga Hardin ng Ligaya. 56:13. Malaking grupo mula sa mga naunang tao. 56:14. At kaunti mula sa mga nahuli. 56:15. Sa mga trono na pinalamutian. 56:16. Nakasandal dito na magkakaharap. 56:17. Umiikot sa kanila ang mga batang lalaking hindi tumatanda. 56:18. Dala ang mga sisidlan, pitsel at kopa mula sa batis. 56:19. Hindi sasakit ang kanilang ulo dahil dito o malalasing. 56:20. Mga prutas mula sa mga pinili nila. 56:21. Karne ng ibon na hinahangad nila. 56:22. At mga babae ng Paraiso. 56:23. Na ang tulad nila ay mga perlas na iningatan. 56:24. Gantimpala sa anumang ginawa nila. 56:25. Hindi sila makaririnig dito ng masamang pananalita o kasalanan. 56:26. Liban na lamang sa pagsasabi ng, 'Kapayapaan, kapayapaan.'

56:27. Ang grupo sa kanan, ano ang grupo sa kanan? 56:28. Nasa mga puno ng Sidr na inalisan ng tinik. 56:29. Mga punong may masaganang bunga. 56:30. At lilim na malapad. 56:31. Tubig na isinasalin. 56:32. Mga prutas na sagana. 56:33. Walang patid at walang pagbabawal. 56:34. Mga kama na nakaangat. 56:35. Tunay na Kami ay lumikha sa kababaihan sa Paraiso na mga natatanging nilikha. 56:36. Ginawa Namin silang mga birhen. 56:37. Mapagmahal at pantay-pantay ang edad. 56:38. Para sa mga nasa gawing kanan. 56:39. Malaking grupo mula sa mga nauna. 56:40. At grupo mula sa mga nahuli.

56:41. Ang mga nasa gawing kaliwa, ano ang mga nasa gawing kaliwa? 56:42. Sila ay nasa mainit na apoy at kumukulong tubig. 56:43. At lilim ng maiitim na usok. 56:44. Walang lamig at pakinabang. 56:45. Tunay na sila noon ay nagpakasasa sa kayamanan. 56:46. Sila noon ay nanindigan sa pagsuway na matindi. 56:47. Sila noon ay nagsasabi, ‘Kapag namatay ba kami at naabo na at mga buto na lamang, tunay ba na kami ay bubuhaying-muli? 56:48. O ang aming mga ninuno?’ 56:49. Sabihin, ‘Tunay na ang mga nauna at nahuli 56:50. Ay titipunin nang sama-sama tungo sa tagpuan sa Araw na tukoy.’56:51. At tunay na kayong mga naligaw ay nagpasinungaling. 56:52. Kayo ay tiyak na kakain mula sa puno ng Zaqqum. 56:53. Pupunuin nito ang kanilang mga tiyan. 56:54. Sila ay iinom ng kumukulong tubig. 56:55. Sila ay iinom na parang uhaw na kamelyo. 56:56. Ito ang pagsalubong sa kanila sa Araw ng Paghuhukom.

56:57. Kami ang lumikha sa inyo, kaya bakit hindi kayo maniwala? 56:58. Nakita ba ninyo ang lumalabas sa inyo na punlay? 56:59. Kayo ba ang lumilikha nito o Kami ang Tagapaglikha? 56:60. Kami ay nagtakda sa inyo ng kamatayan at Kami ay hindi mauunahan. 56:61. Dito ay babaguhin Namin ang inyong mga anyo at gagawin Namin kayo sa anyong hindi ninyo nalalaman. 56:62. Nalaman na ninyo ang unang paglikha kaya hindi ba kayo makaaalala?

56:63. Nakita ba ninyo ang itinatanim ninyo? 56:64. Kayo ba ang nagpatubo nito o Kami ang nagpatubo? 56:65. Kung ninais lamang Namin ay ginawa Namin itong tuyot na dayami at mananatili kayong nag-iisip. 56:66. Sinabi nila, 'Tunay na kami ay nagkautang. 56:67. Bagkus kami ay pinagkaitan.' 56:68. Nakita ba ninyo ang tubig na iniinom ninyo? 56:69. Kayo ba ang nagpababa nito mula sa ulap o Kami ang nagpapababa nito? 56:70. Kung ninais lamang Namin ay ginawa Namin itong mapait, kaya bakit hindi kayo nagpapasalamat? 56:71. Nakita ba ninyo ang apoy na pinagningas ninyo? 56:72. Kayo ba ang lumikha ng puno nito o Kami ang lumikha nito? 56:73. Kami ay nagdulot na ito ay maging paalala at panustos sa mga naglalakbay. 56:74. Luwalhatiin mo ang pangalan ng iyong Panginoon na dakila.

56:75. Sumpa sa nilulubugan ng mga bituin. 56:76. Tunay na ito ay panunumpa, na kung nalalaman lamang ninyo ay dakila. 56:77. Tunay na ito ay Maluwalhating Quran. 56:78. Sa Talaang iniingatan. 56:79. Walang hahawak dito liban sa mga Dalisay, mga anghel na malilinis at mga tao na nagtataglay ng kadalisayan. 56:80. Kapahayagan mula sa Panginoon ng mga nilikha. 56:81. Sa pananalita ba na ito kayo ay tumatanggi? 56:82. Dinulot ba ninyo na ang biyaya sa inyo ay pasinungalingan ninyo.

56:83. Kaya bakit kayo ay walang magawa kapag ang kaluluwa ay umabot na sa lalamunan. 56:84. At kayo sa panahong ito ay nakatingin. 56:85. Kami ay mas malapit sa kanya kaysa sa inyo ngunit hindi ninyo nakikita. 56:86. Kaya bakit hindi, kung kayo ay hindi gagantimpalaan. 56:87. Bakit hindi ninyo ibalik ang kaluluwa kung kayo ay makatotohanan. 56:88. Kung ang namatay ay kabilang sa mga inilapit kay Allah. 56:89. Para sa kanya, ang pahinga at biyaya sa hardin ng ligaya. 56:90. Ngunit kung siya ay kabilang sa mga nasa gawing kanan. 56:91. 'Ang kapayapaan ay sumaiyo dahil ikaw ay kabilang sa mga nasa gawing kanan.' 56:92. Ngunit kung kabilang sa mga nagpasinungaling at naligaw.

56:93. Ang pagsalubong para sa kanila ay kumukulong tubig. 56:94. At susunugin siya sa Impiyerno. 56:95. Tunay na ito ay katotohanan na tiyak. 56:96. Luwalhatiin mo ang pangalan ng iyong Panginoon na dakila.

57. SURATUL HADID (ANG BAKAL)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

57:1. Lumuluwalhati kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa at Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam. 57:2. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa, bumubuhay at bumabawi ng buhay. Siya, sa lahat ng bagay ay May Kakayanan. 57:3. Siya ang Una at ang Huli, ang Nangingibabaw at ang Malapit. Siya, sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 57:4. Siya ang lumikha ng kalangitan at lupa sa loob ng anim na araw at pagkatapos nito ay lumuklok sa trono. Nakaaalam ng pumapasok sa lupa, anumang lumalabas mula rito, anumang bumababa mula sa langit at anumang umaakyat dito. Siya ay kapiling ninyo saan man kayo naroroon. Si Allah sa anumang gawin ninyo ay Nakakakita. 57:5. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng kalangitan at lupa at tungo kay Allah ay ibabalik ang mga bagay. 57:6. Pinapapasok ang gabi sa araw at pinapapasok Niya ang araw sa gabi. Siya ay Nakaaalam sa nilalaman ng mga puso.

57:7. Manampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo at magtustos mula sa idinulot Niya na kayo ay mapagkatiwalaan dito. Ang mga nanampalataya na kabilang sa inyo at nagtustos ay para sa kanila ang gantimpalang malaki. 57:8. Ano ang problema sa inyo at hindi kayo maniwala kay Allah habang ang Sugo ay nag-aanyaya sa inyo upang maniwala kayo sa inyong Panginoon at nakipagkasunduan sa inyo kung kayo ay mga nanampalataya? 57:9. Siya ang nagbaba sa Kanyang alipin ng mga tanda na malilinaw upang alisin kayo mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Tunay na si Allah sa inyo ay Mabuti at

Mahabagin. 57:10. Ano ang problema sa inyo at hindi kayo nagtutustos sa landas ni Allah samantalang kay Allah ang tunay na pagmamay-ari ng kalangitan at lupa. Hindi katulad ninyo ang nagtustos bago pa ang pagsakop sa Makkah at nakibaka. Sila ay nasa mas dakilang antas mula sa mga nagtustos pagkatapos nito at nakibaka. Ngunit sa lahat ay nangako si Allah ng kabutihan. Si Allah, sa inyong mga ginawa ay nakababatid.

57:11. Sinumang magpapautang kay Allah ng magandang pautang ay dodoblehin Niya ito para sa kanya at para sa kanya ang gantimpalang marangal. 57:12. Sa Araw na makikita mo ang mga nanampalatayang lalaki at babae na nauuna sa kanila ang kanilang mga liwanag at sa kanilang mga kanan, 'Ang magandang balita sa inyo sa araw na ito ay ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili kayo rito habang-panahon. Yaon ang tagumpay na malaki.' 57:13. Sa Araw na sasabihin ng mga nagpapanggap na Muslim na lalaki at babae sa mga nanampalataya, 'Hintayin ninyo kami upang maliwanagan kami mula sa ilaw ninyo.' Sasabihin sa kanila, 'Umatras kayo sa likod ninyo at humanap kayo roon ng liwanag.' Ilalagay sa pagitan nila ang pader at sa pader na ito ay may pinto, ang loob nito ay may habag at ang labas nito ay may parusa. 57:14. Ang mga ito ay tatawag sa kanila, 'Hindi ba't kami ay kasama ninyo?' Sasabihin nila, 'Oo, ngunit kayo ay nagparusa sa inyong mga sarili, nag-atubili, nagduda at nalinlang kayo ng inyong mga pangarap hanggang sa dumating sa inyo ang utos ni Allah. Ang Tagapaglinlang na si Satanas ay nanlinlang sa inyo tungkol kay Allah. 57:15. Sa Araw na ito ay walang kukunin mula sa inyo na danyos gayundin sa mga hindi nanampalataya. Ang tahanan ninyo ay ang Impiyerno. Ito ay karapat-dapat sa inyo at masamang hantungan.'

57:16. Hindi ba dumating ang oras sa mga nanampalataya na nagpakumbaba ang kanilang mga puso sa pag-aalaala kay Allah at sa anumang bumabang katotohanan? Hindi sila marapat na maging

tulad ng mga binigyan ng Aklat na nauna na humaba para sa kanila ang panahon na lumipas at tumigas ang kanilang mga puso. Karamihan sa kanila ay mga suwail 57:17. Alamin ninyo na si Allah ay bumubuhay sa lupa matapos ang kamatayan nito. Nilinaw Namin sa inyo ang mga tanda upang kayo nawa ay makaunawa.

57:18. Tunay na ang mga nagkakawanggawang lalaki at babae na nagpautang kay Allah ng magandang pautang ay dodoblehin ito para sa kanila at para sa kanila ang gantimpalang marangal. 57:19. Ang mga nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo ay sila yaong mga makatotohanan. Ang mga martir ay malalapit sa kanilang Panginoon at para sa kanila ang kanilang gantimpala at liwanag. Ang mga hindi nanampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga tanda ay sila yaong mga mananahan sa Impiyerno.

57:20. Alamin ninyo na ang buhay sa mundo ay laro, libangan at palamuti lamang. Ito ay pagpapagalingan ninyo sa isat isa at pagpaparamihan sa kayamanan at mga anak. Tulad ng ulan na ang bunga nito ay nagpapasaya sa magsasaka at ito ay natutuyot at makikita mong naninilaw at magiging nagkalat na dayami. Sa Kabilang-buhay ay ang parusang matindi at kapatawaran mula kay Allah at kaluguran Niya. Ang buhay sa mundo ay hindi hihigit pa sa libangang mapanlinlang. 57:21. Mag-unahan kayo tungo sa kapatawaran mula sa inyong Panginoon at Paraiso na ang lapad nito ay tulad ng lapad ng kalangitan at lupa na inihanda para sa mga nanampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Sugo. Yaon ay biyaya ni Allah na ibinibigay Niya sa naisin Niya. Si Allah ay nagtataglay ng biyayang dakila.

57:22. Walang dadapong anumang sakuna sa lupa o sa inyong mga sarili liban na lamang na ito ay nasa Talaan bago pa Namin ito ipatupad. Tunay na yaon para kay Allah ay madali. 57:23. Upang hindi kayo mawalan ng pag-asa sa lumampas sa inyo o matuwa nang

labis sa ibinigay sa inyo. Si Allah ay hindi nagmamahal sa lahat ng mapagmalaki at mayabang. 57:24. Yaong mga nagdaramot at nag-uutos sa mga tao ng kadamutan. Sinumang tumalikod ay tunay na si Allah ay ang Mayaman at ang Kapuri-puri.

57:25. Ipinadala Namin ang Aming mga sugo dala ang malilinaw na tanda at ibinaba Namin kasama nila ang Aklat at timbangan upang humayo ang mga tao nang may katarungan. At ibinaba Namin ang bakal nang may lakas na matindi at pakinabang sa mga tao upang malaman ni Allah kung sino ang tumutulong sa Kanya at sa Kanyang Sugo sa nalilingid. Tunay na si Allah ay Malakas at Makapangyarihan.

57:26. Ipinadala Namin sina Noah at Abraham at ibinigay Namin sa kanilang mga inapo ang pagkapropeta at kasulatan. Kabilang sa kanila yaong mga nagabayan at karamihan sa kanila ay suwail. 57:27. At pinasunod Namin sa kanilang mga bakas ang mga sugo at pinasunod si Jesus, anak ni Maria at ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo. Inilagay Namin sa puso ng mga Kristiyano ang habag, awa at debosyon sa pagsamba na inimbento lamang nila na hindi Namin itinalaga sa kanila. Isang halimbawa nito ay ang monastisismo na paglayo sa mga makamundong bagay - liban na lamang doon sa mga nagnais dito ng kaluguran ni Allah – na lumayo sila sa materyal na mga bagay-bagay upang kaluguran sila ni Allah at hindi upang magmalabis sa relihiyon. Hindi naisagawa ng mga Kristiyano ang kanilang relihiyon sa tamang pagsasagawa. Ibinigay Namin sa mga nanampalataya na kabilang sa kanila ang kanilang gantimpala. Karamihan sa kanila ay mga suwail.

57:28. O mga nanampalataya, katakutan ninyo si Allah at manampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo. Bibigyan Niya kayo ng doble ng Kanyang habag at bibigyan kayo ng liwanag na lalakad kayo sa pamamagitan nito at magpatawad sa inyo. Si Allah ay

Mapagpatawad at Mahabagin. 57:29. Upang malaman ng Angkan ng Kasulatan na wala silang kakayanan na magdulot ng anumang bagay mula sa biyaya ni Allah. Ang lahat ng biyaya ay nasa kamay ni Allah at ibinibigay Niya ito sa sinumang naisin Niya. Si Allah ay nagtataglay ng biyayang dakila.

58. SURATUL MUJADILAH (ANG BABAENG NAKIKIPAGTALO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

58:1. Narinig ni Allah ang sinabi ng nakikipagtalo sa iyo tungkol sa kanyang asawa at nagrereklamo kay Allah. Si Allah ay nakaririnig sa pag-uusap ninyong dalawa. Tunay na si Allah ay Nakaririnig at Nakakakita.

58:2. Yaong mga nagbawal sa kanilang mga sarili na makipagtalik sa kanilang mga asawa, sa pamamagitan ng dhihar o pagsasabing, 'Ikaw ay ipinagbabawal sa akin katulad ng likuran ng aking ina,' na hindi naman nila sila mga ina. Tunay na ang kanilang mga ina ay yaon lamang nagsilang sa kanila. Tunay na sila ay nagsasabi ng masamang bagay mula masamang pananalita at kamalian. Tunay na si Allah ay Mapagpaumanhin at Mapagpatawad. 58:3. Silang mga nagbawal sa kanilang mga sarili ng pakikipagtalik sa kanilang mga asawa at binabawi ang kanilang sinabi ay marapat na bayaran ito ng pagpapalaya ng alipin bago pa sila makipagtalik sa isat isa. Ito ang babala sa inyo. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid. 58:4. Sinumang walang alipin ay mag-ayuno ng dalawang buwan na magkakasunod bago pa sila makipagtalik sa isat isa. Sinumang hindi ito kaya ay magpakain ng animnapung mahihirap. Yaon ay upang kayo ay maniwala kay Allah at sa Kanyang Sugo. Ito ang mga hangganan ni Allah. Para sa mga hindi nanampalataya ang parusang masakit.

58:5. Tunay na yaong mga tumataliwas kay Allah at sa Kanyang Sugo ay hahamakin tulad ng mga nauna sa kanila. Ibinaba na Namin ang mga patunay na malilinaw. Para sa mga hindi nanampalataya ang parusang kahiya-hiya. 58:6. Sa Araw na bubuhayin silang muli ni Allah lahat-lahat at ipababatid sa kanila ang kanilang mga ginawa. Binilang na ito ni Allah habang nakalimutan nila ito. Si Allah sa lahat ng bagay ay Saksi.

58:7. Hindi mo ba nakita na si Allah ay nakaaalam sa anumang nasa kalangitan at anumang nasa lupa? Walang anumang lihim na pag-uusap ng tatlo liban na lamang na Siya ang ikaapat nila. O ng lima liban na lamang na Siya ang ikaanim nila. Walang mas kaunti o mas marami pa rito liban na lamang na Siya ay kapiling nila saan man sila naroon. At ipababatid Niya sa kanila ang kanilang ginawa sa Araw ng Paghuhukom. Tunay na si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam. 58:8. Hindi mo ba nakita yaong mga pinagbawalan sa lihim na pakikipag-usap at bumabalik sa ipinagbawal sa kanila at nag-uusap nang lihim sa kasalanan, pakikipag-away at pagsuway sa Sugo? At kapag sila ay tumungo sa iyo ay binabati ka nila sa pagbati na hindi ipinambati sa iyo ni Allah at nagsasabi sila sa isat isa, ‘Bakit hindi tayo pinarurusahan ni Allah sa ating mga sinasabi?’ Sapat na para sa kanila ang Impiyerno na papasukin nila at napakasamang hantungan ito.

58:9. O mga nanampalataya, kapag nag-usap kayo nang lihim ay huwag mag-usap tungkol sa kasalanan, pakikipag-away at pagsuway sa Sugo bagkus ay mag-usap kayo tungkol sa kabanalan at takot kay Allah. Katakutan ninyo si Allah na tungo sa Kanya kayo ay titipunin. 58:10. Ang lihim na pakikipag-usap ay mula kay Satanas upang palungkutin lamang ang mga nanampalataya ngunit hindi makapipinsala sa kanila ng kahit ano liban pa sa pahintulot ni Allah. Kay Allah marapat na manalig ang mga nanampalataya.

58:11. O mga nanampalataya, kapag sinabi sa inyo, ‘Magbigay

espasyo sa mga pagtitipon' ay magbigay espasyo. Si Allah ay magbibigay sa inyo ng espasyo. Kapag sinabi sa inyo, 'Humayo' ay humayo kayo. Iniaangat ni Allah ang mga nanampalataya sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman sa mga antas. Si Allah, sa inyong mga ginagawa ay Nakababatid.

58:12. O mga nanampalataya, kapag sumangguni kayo sa Sugo ay magkawanggawa muna kayo sa mahihirap bago ang pagsangguni. Yaon ay mas mainam para sa inyo at mas dalisay. Kung wala kayong pangkawanggawa ay tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 58:13. Natatakot ba kayo na magbigay muna kayo ng kawanggawa bago magsimula ang inyong pagsangguni? Kung hindi ninyo ito gagawin at si Allah ay nagpatawad sa inyo ay magtaguyod kayo ng obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa at sundin si Allah at ang Kanyang Sugo. Si Allah ay Nakababatid sa inyong mga ginagawa.

58:14. Hindi mo ba nakita yaong mga nakipagkampihan sa mga kinamuhian ni Allah. Sila ay hindi kabilang sa inyo at kayo ay hindi kabilang sa kanila. Sila ay nanunumpa sa kasinungalingan at nalalaman nila ito. 58:15. Inihanda ni Allah para sa kanila ang parusang matindi. Tunay na sila ay naging masama sa kanilang mga ginawa. 58:16. Ginamit nila ang kanilang mga panunumpa bilang tabing kaya hinarangan nila ang mga tao mula sa landas ni Allah. Para sa kanila ang parusang kahiya-hiya.

58:17. Hindi makatutulong sa kanila ang kanilang yaman o mga anak laban kay Allah nang kahit ano. Sila ang mga mananahan sa Impiyerno. Sila rito ay mananatili habang-panahon. 58:18. Sa Araw na bubuhayin silang muli ni Allah lahat-lahat at sila ay manunumpa sa Kanya tulad ng panunumpa nila sa inyo at nag-aakala sila na sila ay nasa isang bagay. Tunay na sila ang mga sinungaling. 58:19. Tinalo sila ni Satanas at pinalimot sa kanila ang pag-alaala

kay Allah. Sila ang grupo ni Satanas. Tunay na ang grupo ni Satanas ang silang mga nalugi. 58:20. Tunay na yaong tumataliwas kay Allah at sa Kanyang Sugo ay sila yaong nasa kahihiyan. 58:21. Isinulat na ni Allah, 'Tiyak na mangingibabaw Ako at ang Aking mga sugo.' Tunay na si Allah ay Malakas at Makapangyarihan.

58:22. Hindi ka makatatagpo ng sinumang nanampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay na nagmamahal sa sinumang tumaliwas kay Allah at sa Kanyang Sugo kahit pa sila ay kanilang mga ama, mga anak, mga kapatid o kamag-anak. Sila yaong itinakda na sa kanilang mga puso ang pananampalataya at tinulungan sila sa pamamagitan ng banal na espiritu na mula sa Kanya at yaon ay si Anghel Gabriel. Papapasukin Niya sila sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili rito habang-panahon. Nalugod si Allah sa kanila at nalugod sila kay Allah. Sila ang grupo ni Allah. Tunay na ang grupo ni Allah ang magtatagumpay.

59. SURATUL HASHR (ANG PAGPAPATAPON)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

59:1. Lumuluwalhati kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa at Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam. 59:2. Siya ang naglabas sa mga hindi nanampalataya mula sa Angkan ng Kasulatan, ang mga Hudyo ng Banu Nadhir na nagtraydor sa mga Muslim mula sa kanilang mga tahanan sa Madinah patungo sa Syria sa unang pagpapalayas sa kanila. Hindi ninyo inakala na sila ay lilisan. At inakala nila na iingatan sila ng kanilang mga kastilyo mula kay Allah kaya dumating sa kanila ang itinakda ni Allah mula sa hindi nila inasahan. Inilagay Niya sa kanilang mga puso ang takot. Sinira nila ang kanilang mga bahay sa pamamagitan ng sarili nilang mga kamay at kamay ng mga nanampalataya. Kunin ninyo ang babala o mga nakakakita.

59:3. Kung hindi lamang dahil sa nakapagtakda na sa kanila si Allah sa paglisan ay pinarusahan na Niya sila sa mundo. Para sa kanila sa Kabilang-buhay ang parusa sa Apoy. 59:4. Yaon ay dahil sa sila ay tumaliwas kay Allah at sa Kanyang Sugo. Sinumang tumaliwas kay Allah ay tunay na si Allah ay malupit sa pagpaparusa. 59:5. Anumang pinutol ninyo na puno ng palmera o pinanatili ninyo na nakatayo sa mga ugat nito ay nasa pahintulot ni Allah upang hamakin Niya ang mga suwail.

59:6. Anumang ibinigay ni Allah sa Kanyang Sugo bilang kulimbat ng digmaan mula sa kanila ay hindi kayo ang nagdulot ng mga ito sa pamamagitan ng anumang kabayo o kamelyo, bagkus, si Allah ay nagbigay ng kapangyarihan sa Kanyang mga Sugo sa sinumang naisin Niya. Si Allah sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 59:7. Anumang ibinigay ni Allah sa Kanyang Sugo bilang kulimbat ng digmaan, mula sa mga tao ng mga bayan ay para kay Allah, sa Kanyang Sugo at sa kanyang malalapit na kamag-anak, mga ulila, mahihirap at mga naantalang manlalakbay. Upang ito ay hindi mapasakamay lamang ng mayayaman sa inyo. Anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at anumang ipinagbawal niya sa inyo ay layuan ninyo. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay matindi magparusa. 59:8. Para sa mahihirap na lumikas mula sa Makkah patungong Madinah na pinalayas mula sa kanilang mga tahanan at kanilang mga kayamanan na naghahangad ng biyaya ni Allah at kaluguran Niya at sumusuporta kay Allah at sa Kanyang Sugo, sila ang mga makatotohanan.

59:9. Silang mga nanahan sa Madinah na nauna sa kanila, sila ay nagmamahal sa mga lumikas tungo sa kanila at hindi sila nakatatagpo sa kanilang mga dibdib ng pangangailangan sa ibinigay sa kanila upang ipagdamot ito sa mga lumikas. Sila ay hindi nagpauna sa kanilang mga sarili kahit pa sila rin ay nangangailangan. Sinumang naligtas mula sa kadamutan ng kanyang sarili ay sila

yaong mga matagumpay. 59:10. Yaong mga dumating pagkatapos nila ay nagsasabi, ‘Panginoon namin, patawarin Mo kami at ang aming mga kapatid na nauna sa amin sa pananampalataya. Huwag Mong dulutin na magkaroon sa aming mga puso ng poot laban sa mga nanampalataya. Panginoon namin, tunay na Ikaw ay Mabuti at Mahabagin.’

59:11. Hindi mo ba nakita ang mga nagpapanggap na Muslim na nagsasabi sa kanilang mga kapatid na hindi nanampalataya mula sa Angkan ng Kasulatan, ‘Kung kayo ay palalayasin ay tiyak na aalis kami kasama ninyo at hindi kami susunod sa sinuman laban sa inyo kahit kailan. Kung kayo ay lalabanan ay tiyak na tutulungan namin kayo.’ Si Allah ay sumasaksi na sila ay tiyak na mga sinungaling. 59:12. Kapag sila ay pinalayas ay hindi sila aalis kasama sila at kung sila ay lalabanan ay hindi sila tutulong sa kanila at kung sila man ay tutulong sa kanila ay aatras sila sa likuran nila at hindi sila matutulungan.

59:13. Kayo ay higit na nakakatakot sa mga dibdib nila kaysa kay Allah. Yaon ay dahil sa sila ay mga taong hindi nag-iisip. 59:14. Silang lahat ay hindi lalaban sa inyo liban na lamang sa mga bayan na nasa loob ng muog o sa likod ng pader. Ang karahasan nila laban sa isat isa ay matindi. Aakalain mo na sila ay nagkakaisa ngunit ang puso nila ay magkakahiwalay. Yaon ay dahil sa sila ay mga taong hindi nag-iisip.

59:15. Tulad ng mga nauna sa kanila nang kaunti. Natikman nila ang kasamaan ng kalagayan nila at para sa kanila ang parusang masakit. 59:16. Tulad ni Satanas nang sinabi niya sa tao, ‘Huwag kang manampalataya.’ At nang siya ay hindi nanampalataya ay sinabi nito, ‘Tunay na ako ay walang kinalaman sa iyo. Tunay na ako ay natatakot kay Allah. Ang Panginoon ng mga nilikha.’

59:17. Kaya ang hantungan nilang dalawa ay pareho silang nasa Impiyerno na mananatili rito habang-panahon. Yaon ay gantimpala sa mga makasalanan.

59:18. O mga nanampalataya, katakutan ninyo si Allah at marapat na tingnan ng bawat isa kung ano inihanda nito para bukas. Katakutan ninyo si Allah. Tunay na si Allah ay Nakababatid sa inyong mga ginagawa. 59:19. Huwag maging katulad ng mga nakalimot kay Allah kaya dinulot Niya na makalimutan nila ang kanilang mga sarili. Sila ang mga suwail. 59:20. Hindi magkatulad ang mga mananahan sa Apoy at ang mga mananahan sa Paraiso. Ang mga mananahan sa Paraiso ang mga matagumpay.

59:21. Kung ibinaba man Namin ang Quran na ito sa bundok ay makikita mo itong nagpapakumbaba at nadudurog dahil sa takot kay Allah. Ito ang mga halimbawa na ibinibigay Namin sa mga tao upang sila nawa ay mag-isip. 59:22. Siya si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Ang Nakaaalam ng mga lingid at hayag. Siya ang Maawain at ang Mahabagin. 59:23. Siya si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, ang Hari, ang Banal, ang Kapayapaan, ang Nagdudulot ng Pananampalataya, ang Tagapag-ingat, ang Makapangyarihan, ang Tagapilit at ang Nangingibabaw. Luwalhati kay Allah mula sa kanilang itinatambal. 59:24. Siya si Allah, ang Tagapaglikha, ang Tagagawa at ang Tagapaghugis. Sa Kanya ang pinakamainam na mga pangalan. Lumuluwalhati sa Kanya ang anumang nasa kalangitan at lupa. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam.

60. SURATUL MUMTAHANAH (ANG BABAENG SINUBOK)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

60:1. O mga nanampalataya, huwag ninyong kunin ang kalaban Ko

at kalaban ninyo bilang mga kakampi na kayo ay babaling sa kanila nang may pagmamahal samantalang hindi sila nanampalataya sa dumating sa inyo na katotohanan. Sila ay nagpalayas sa Sugo at sa inyo dahil nanampalataya kayo kay Allah bilang inyong Panginoon. Huwag makipagsabwatan sa kanila kung kayo ay hahayo sa pakikibaka sa Aking landas at naghangad ng kaluguran Ko. Lihim kayong nakikipag-usap sa kanila nang may pagmamahal at Ako ay nakaaalam sa ikinukubli ninyo at inihahayag ninyo. Sinumang gumawa nito na kabilang sa inyo ay naligaw mula sa tuwid na landas. 60:2. Kung sila ay mangingibabaw sa inyo, sila ay magiging kalaban ninyo at gagamitin sa inyo ang kanilang mga kamay at mga dila sa kasamaan. Hinihiling nila na kayo ay hindi manampalataya. 60:3. Hindi magpapakinabang sa inyo ang inyong mga kamag-anak o mga anak. Sa Araw ng Paghuhukom ay maghahatol Siya sa pagitan ninyo. Si Allah sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita.

60:4. Para sa inyo ang mabuting halimbawa ni Abraham at ng kanyang mga kasama nang sinabi nila sa kanilang nasyon, 'Tunay na kami ay walang kinalaman sa inyo at sa inyong mga sinasamba liban kay Allah. Itinatanggi namin kayo at lumitaw na sa pagitan namin at pagitan ninyo ang galit gayundin ang pagkamuhi magpakailanman hanggang sa manampalataya kayo kay Allah nang nag-iisa.' Liban na lamang sa sinabi ni Abraham sa kanyang ama, 'Tiyak na hihingi ako ng tawad para sa iyo at ako ay walang tangan para sa iyo laban kay Allah na anuman.' Sinabi rin niya, 'Panginoon namin, sa Iyo kami nanalig at sa Iyo kami nagbalik-loob at tungo sa Iyo ang pagbabalik. 60:5. Panginoon namin, huwag Mo kaming gawing pagsubok sa mga hindi nanampalataya sa pamamagitan ng pangingibabaw nila sa amin at patawarin Mo kami aming Panginoon. Tunay na Ikaw ang Makapangyarihan at ang Maalam.' 60:6. Para sa inyo mula sa kanila ang mabuting halimbawa para sa sinumang naghahangad kay Allah at Huling Araw. Sinumang tumalikod ay tunay na si Allah ay ang Mayaman at ang Kapuri-puri. 60:7. Maaaring si Allah ay magdulot

sa pagitan ninyo at mga kumalaban sa inyo mula sa kanila ng pagmamahal. Si Allah ay May Kakayanan at si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

60:8. Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah para roon sa mga hindi kumalaban sa inyo sa relihiyon at hindi kayo pinalalayas sa inyong mga tahanan na maging mabuti at makatarungan kayo sa kanila. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan. 60:9. Bagkus ay pinagbabawalan kayo ni Allah mula lamang sa mga kumalaban sa inyo sa relihiyon at nagpalayas sa inyo sa inyong mga tahanan at nakipagtulungan sa pagpapalayas sa inyo. Pinagbawalan kayo ni Allah na kayo ay makipagkampihan sa kanila. Sinumang makipagkampihan sa kanila ay sila ang mga mapang-api.

60:10. O mga nanampalataya, kapag dumating sa inyo ang mga babaeng mananampalataya na lumikas mula sa bayan ng mga hindi mananampalataya ay bigyan sila ng pagsusulit sa kanilang pananampalataya. Si Allah ang nakaaalam ng kanilang pananampalataya. Kapag napagtibay ninyo na sila ay mananampalataya ay huwag ninyo silang ibabalik sa mga hindi nanampalataya. Ang babaeng mananampalataya ay hindi pinahihintulutan para sa kanilang kalalakihang hindi nanampalataya at ang kalalakihang hindi nanampalataya ay hindi pinahihintulutan para sa mga babaeng mananampalataya. Ibalik sa mga hindi nanampalataya ang dote na ibinigay nila sa babaeng mananampalataya na lumikas tungo sa inyo, walang problema sa inyo na pakasalan ang kababaihang mananampalataya na isinauli ninyo sa dati nilang asawang hindi nanampalataya ang kanilang dote. Huwag ninyo pigilang mag-aasawa ng hindi mananampalataya ang sinumang babaeng dati ninyong asawa kung sila ay tatalikod sa Islam. Kunin ninyo ang ginastos ninyo na dote mula sa mga hindi nanampalataya at hingiin ng mga hindi nanampalataya ang ginastos nilang dote mula sa inyo. Ito ang hatol ng Diyos; naghahatol Siya sa inyo nang makatarungan. Ang Diyos ay Nakaaalam at Maalam.

60:11. Kung mawala man sa inyo ang isa sa inyong mga asawa tungo sa mga hindi nanampalataya at hindi ninyo nabawi ang ibinigay ninyong dote mula sa kanila; at kalaunan ay nakakuha kayo ng ilang bagay mula sa kulimbat ng digmaan ay ibigay ninyo roon sa mga hindi mananampatalaya na nilisan ng asawa nilang naging Muslim ang katumbas ng ginastos nilang dote. Katakutan ninyo si Allah na sa Kanya kayo ay nananampalataya.

60:12. O Propeta, kapag dumating sa iyo ang mga babaeng mananampalataya at nanumpa na hindi sila magtatambal kay Allah ng anuman at hindi magnanakaw, makikiapid, papatay ng mga anak, o maninirang-puri na naimbento nila sa pagitan ng kanilang mga kamay at mga paa, o susuway sa iyo sa tama ay tanggapin ang kanilang panata ng katapatan at humingi ka kay Allah ng tawad para sa kanila. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 60:13. O mga nanampalataya, huwag makipagkampihan sa mga taong ang galit ni Allah ay nasa kanila. Sila ay nawalan na ng pag-asa s a Kabilang-buhay tulad ng kawalan ng pag-asa ng mga hindi nanampalataya na kabilang sa mga nasa libingan.

61. SURATUS SAFF (ANG HANAY)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

61:1. Lumuluwalhati kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam. 61:2. O mga nanampalataya, bakit ninyo sinasabi ang hindi ninyo ginagawa. 61:3. Malaking kasalanan kay Allah na sabihin ninyo ang hindi ninyo ginagawa. 61:4. Tunay na si Allah ay nagmamahal sa mga nakikiba-ka sa landas Niya nang nakahanay na tila isang gusaling matatag.

61:5. Banggitin nang sinabi ni Moises sa kanyang nasyon, ‘O aking nasyon, bakit ninyo ako pinipinsala samantalang nalalaman ninyo na

ako ay Sugo ni Allah sa inyo.' Ngunit nang sila ay nalihis ay inilihis pa ni Allah ang kanilang mga puso. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga suwail.

61:6. Banggitin nang sinabi ni Jesus na anak ni Maria, 'O Angkan ng Israel, tunay na ako ay sugo ni Allah sa inyo na nagpapatunay sa nauna sa akin mula sa Torah at nagbabalita tungkol sa sugo na darating paglisan ko at ang pangalan niya ay Ahmad.' Ngunit nang dumating siyang dala ang malilinaw na patunay ay sinabi nila, 'Ito ay salamangkang malinaw.' 61:7. Sino ba ang mas mapang-api kaysa sa siyang nag-imbento laban kay Allah ng kasinungalingan habang siya ay iniimbitahan tungo sa Islam. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga mapang-api.' 61:8. Ninanais nila na apulahin ang liwanag ni Allah sa pamamagitan ng kanilang mga bibig ngunit si Allah ay magkukumpleto ng kanyang liwanag kahit pa kamuhian ng mga hindi nanampalataya. 61:9. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo na dala ang gabay at relihiyon ng katotohanan upang pangibabawin ito sa lahat ng relihiyon kahit pa kamuhian ito ng mga nagtatambal.

61:10. O mga nanampalataya, ituturo ko ba sa inyo ang isang negosyo na magliligtas sa inyo mula sa parusang masakit? 61:11. Manampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang Sugo at makibaka kayo sa landas ni Allah sa pamamagitan ng inyong yaman at mga sarili. Yaon ay mas mainam sa inyo kung nalalaman lamang ninyo. 61:12. Patatawarin Niya para sa inyo ang inyong mga kasalanan at papapasukin kayo sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog sa mga tahanang mainam sa hardin na panghabang-panahon. Yaon ang tagumpay na dakila. 61:13. At iba pang bagay na magugustuhan ninyo. Tagumpay na mula kay Allah at pagwawagi na nalalapit. Bigyan ng magandang balita ang mga nanampalataya.

61:14. O mga nanampalataya, maging mga tagatulong ni Allah tulad ng sinabi ni Jesus na anak ni Maria sa kanyang mga apostol,

‘Sino ang mga tagatulong ko kay Allah?’ Tumugon ang mga disipulo, ‘Kami ang mga tagatulong ni Allah.’ Nanampalataya ang isang grupo ng Angkan ng Israel at hindi nanampalataya ang isa pang grupo. Tinulungan Namin ang mga nanampalataya laban sa kanilang mga kalaban at sila ay naging matagumpay.

62. SURATUL JUMU’AH (ANG ARAW NG BIYERNES)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

62:1. Lumuluwalhati kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa, ang Hari, ang Banal, ang Makapangyarihan at ang Maalam. 62:2. Siya ang nagpadala sa mga hindi marunong bumasa, sa mga Arabo, ng isang Sugo na kabilang sa kanila na bumabasa sa kanila ng Kanyang mga talata, nagdadalisay sa kanila at nagtuturo sa kanila ng Aklat at karunungan kahit pa sila noon ay nasa pagkaligaw na malinaw. 62:3. At sa iba pa sa sangkatuhan na hindi pa dinatnan ng mensahe para sa kanila. Siya ang Makapangyarihan at ang Maalam. 62:4. Yaon ay biyaya ni Allah na ibinibigay Niya sa naisin Niya. Si Allah ay may tangan ng biyayang dakila.

62:5. Ang halimbawa ng mga may tangan ng Torah at hindi nila alam at isinasabuhay ang nilalaman nito ay tulad ng asno na may dalang mga aklat. Masama ang halimbawa ng mga tao na nagpasinungaling sa mga tanda ni Allah. Si Allah ay hindi naggagabay sa mga mapang-api. 62:6. Sabihin, ‘O mga Hudyo, kung kayo ay nag-aangkin na kayo ay mga kakampi ni Allah at hindi kasama ang ibang tao ay hangarin ninyo ang kamatayan kung kayo ay makatotohanan.’ 62:7. Ngunit hindi nila ito hahangarin kahit kailan dahil sa ginawa ng kanilang mga kamay. Si Allah ay Nakaaalam sa mga makasalanan. 62:8. Sabihin, ‘Tunay na ang kamatayan na tinatakasan ninyo ay tiyak na makatatagpo ninyo. At kayo ay ibabalik sa nakaaalam ng nalilingid at hayag at ipaaalam Niya sa inyo ang inyong mga ginagawa.

62:9. O mga nanampalataya, kapag tinawag kayo para sa obligadong pagdarasal sa Araw ng Jumu'ah ay humayo kayo sa pag-alaala kay Allah at iwan ninyo ang pagtitinda. Yaon ay mas mainam para sa inyo kung nalalaman lamang ninyo. 62:10. Kapag naitaguyod na ang obligadong pagdarasal ay humayo kayo sa lupa at hangarin ang biyaya ni Allah. Alalahanin ninyo si Allah nang maraming pag-alaala upang kayo nawa ay magtagumpay. 62:11. Kapag sila ay nakakita ng pagtitinda o pag-aaliw ay tumatakbo sila patungo rito at iniiwan kang nakatayo. Sabihin, 'Anumang tangan ni Allah ay mas mainam kaysa sa pag-aaliw at pagtitinda. Si Allah ang pinakamainam na tagapagtustos.'

63. SURATUL MUNAFIQUN
(ANG MGA NAGPAPANGGAP NA MUSLIM)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

63:1. Kapag dumating sa iyo ang mga nagpapanggap na Muslim na nagsasabing, 'Sumasaksi kami na tunay na ikaw ay Sugo ni Allah.' Si Allah ay nakaaalam na tunay na ikaw ay tiyak na Kanyang Sugo at si Allah ay sumasaksi na tunay na ang mga nagpapanggap na Muslim ay mga sinungaling. 63:2. Ginagamit nila ang kanilang mga panunumpa bilang panangga at humaharang sila sa landas ni Allah. Tunay na masama ang kanilang ginagawa. 63:3. Yaon ay dahil sa sila ay nanampalataya at hindi na nanampalataya at tinakpan na ang kanilang mga puso at sila ay hindi nakauunawa.

63:4. Kapag nakita mo sila ay hahanga ka sa kanilang mga anyo at kapag sila ay nagsalita ay makikinig ka sa sinasabi nila. Sila ay tulad ng kahoy na nakasandal lamang at walang silbi. Iniisip nila na ang lahat ng kaganapan ay laban sa kanila. Sila ang mga kalaban kaya pangilagan mo sila. Wasakin nawa sila ni Allah. Paanong sila ay nalinlang? 63:5. Kapag sinabi sa kanila, 'Halina kayo at hihingi ng

tawad para sa inyo ang Sugo ni Allah.' Iiling ang kanilang mga ulo at makikita mo sila na umiiwas at sila ay nagmamalaki. 63:6. Pareho lamang para sa kanila kung hihingi ka ng tawad para sa kanila o hindi ka hihingi ng tawad kay Allah para sa kanila. Hindi sila patatawarin ni Allah. Tunay na si Allah ay hindi naggagabay sa mga suwail.

63:7. Sila ang mga nagsasabing, 'Huwag kayong magtustos sa sinumang kasama ng Sugo ni Allah hanggang sa maghiwa-hiwalay sila.' Kay Allah ang imbakan sa kalangitan at lupa ngunit ang mga nagpapanggap na Muslim ay hindi nakauunawa. 63:8. Sinasabi nila, 'Kung kami ay ibabalik sa Madinah, ay tiyak na palalayasin ng mas marangal ang hamak. Kay Allah ang karangalan, sa Kanyang Sugo at para sa mga nanampalataya ngunit ang mga nagpapanggap na Muslim ay hindi nakaaalam.

63:9. O mga nanampalataya, huwag kayong magpalihis sa inyong mga yaman o mga anak mula sa pag-alaala kay Allah. Sinumang gumawa nito ay sila yaong mga nalugi. 63:10. Magtustos sa pamamagitan ng ibiniyaya Namin sa inyo bago pa dumating ang sinuman sa inyo sa kamatayan at sasabihin niya, 'Panginoon ko, palugitan Mo ako ng kaunting panahon at ako ay magkakawanggawa at magiging kabilang sa matutuwid.' 63:11. Hindi palulugitan ni Allah ang sinuman kapag dumating ang takdang panahon niya. Si Allah ay Nakababatid sa inyong mga ginagawa.

64. SURATUT TAGHABUN (ANG PAGKALUGI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

64:1. Lumuluwalhati kay Allah ang anumang nasa kalangitan at lupa. Sa Kanya ang paghahari at sa Kanya ang papuri. Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 64:2. Siya ang lumikha sa inyo at ang ilan sa inyo ay hindi nanampalataya at ang ilan naman sa inyo ay

nanampalataya. Si Allah, sa inyong mga ginagawa ay Nakakakita. 64:3. Siya ang lumikha sa kalangitan at lupa nang buong katotohanan at hinugisan kayo at pinainam ang inyong mga hugis. Tungo sa Kanya ang pagbabalik. 64:4. Nakaaalam sa anumang nasa kalangitan at lupa at nakaaalam sa anumang inililihim at ihinahayag ninyo. Si Allah ang Nakaaalam sa nilalaman ng mga puso.

64:5. Hindi ba dumating sa inyo ang balita tungkol sa mga hindi nanampalataya na nauna? Natikman nila ang dulot ng kalagayan nila at para sa kanila ang parusang masakit. 64:6. Yaon ay dahil sa dumarating sa kanila ang mga sugo para sa kanila dala ang malilinaw na tanda ngunit sinabi nila, 'Isang tao ba ang gagabay sa amin?' Sila ay hindi nanampalataya at tumalikod. Itinaboy sila ni Allah. Si Allah ay Mayaman at Kapuri-puri.

64:7. Inaangkin ng mga hindi nanampalataya na hindi sila bubuhaying-muli. Sabihin O Muhammad, 'Oo, sumpa sa aking Panginoon, tiyak ka kayo ay bubuhaying-muli at tiyak na ipababatid sa inyo ang inyong mga ginawa. Yaon para kay Allah ay madali.' 64:8. Manampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang Sugo at sa liwanag na ibinaba Namin. Si Allah, sa inyong ginagawa ay Nakababatid. 64:9. Sa Araw na titipunin kayo sa Araw ng Pagtitipon. Yaon ang Araw ng Pagkita at Pagkalugi. Sinumang manampalataya kay Allah at gumawa ng mabuti ay aalisin mula sa kanya ang kanyang masasamang nagawa at ipapasok siya sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili rito habang-panahon. Yaon ang tagumpay na malaki. 64:10. Ang mga hindi nanampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga talata ay sila yaong mananahan sa Impiyerno at mananatili rito habang-panahon. Isang napakasamang hantungan.

64:11. Walang dadapong sakuna sa sinuman liban na lamang sa pahintulot ni Allah. Sinumang manampalataya kay Allah ay gagabayan Niya ang puso nito. Si Allah sa lahat ng bagay ay Nakaaalam.

64:12. Sundin ninyo si Allah at sundin ang Sugo. Kung kayo ay tatalikod, ang obligasyon ng Sugo Namin ay ang pagpapabatid na malinaw lamang. 64:13. Si Allah, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Kay Allah marapat na manalig ang mga nanampalataya.

64:14. O mga nanampalataya, tunay na kabilang sa inyong mga asawa at mga anak ang kalaban para sa inyo kaya mangilag kayo sa kanila. Kung magpapaumanhin kayo, hindi magbibigay-pansin at magpapatawad, tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 64:15. Ang inyong mga yaman at mga anak ay pagsubok lamang para sa inyo. Si Allah ang may tangan ng gantimpalang dakila. 64:16. Katakutan ninyo si Allah sa abot ng inyong makakaya, makinig, sumunod at magtustos – ito ay mas mabuti para sa inyo. Sinumang mailigtas mula sa kadamutan ng kanyang sarili ay sila yaong matagumpay. 64:17. Kung kayo ay magpapautang kay Allah ng magandang pautang ay dodoblehin Niya ito para sa inyo at patatawarin kayo. Si Allah ay Mapagpasalamat at Mapagpaumanhin. 64:18. Nakaaalam ng lingid at hayag. Ang Makapangyarihan at ang Maalam.

65. SURATUT TALAQ (ANG DIBORSIYO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

65:1. O Propeta, kapag diniborsiyo ninyo ang kababaihan ninyo ay diborsiyuhin ninyo sila sa panahon ng Iddah o panahon ng pagiging dalisay mula sa buwanang-dalaw at walang pakikipagtalik sa babae. Bilangin ang panahong ito upang matukoy ang inyong pakikipagbalikan o tuluyang paghihiwalay kung nais ninyo. Katakutan ninyo si Allah ang inyong Panginoon. Huwag silang paalisin sa tahanan ng kanilang mga asawa sa panahon ng Iddah at huwag silang umalis liban na lamang na makagawa sila ng

pakikiapid na malinaw. Ito ang hangganan ni Allah. Sinumang lumampas sa mga hangganan ni Allah ay nang-api sa kanyang sarili. Hindi mo nalalaman na maaaring si Allah ay magdudulot matapos nito ng isang bagay. 65:2. Kapag malapit nang dumating ang takdang Iddah nila ay panatilihin sila sa kabutihan bilang mga asawa o hiwalayan sila sa kabutihan. Pasaksihin ang dalawang makatarungang lalaki sa inyo at itaguyod ang pagsaksi para kay Allah. Yaon ay itinalaga sa sinumang nanampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay. Sinumang matakot kay Allah ay bibigyan Niya ng matatakasan. 65:3. At bibiyayaan siya mula sa hindi niya inaasahan. Sinumang manalig kay Allah ay sapat na Siya sa kanya. Tunay na si Allah ay tutupad sa Kanyang utos. Si Allah ay nagdulot sa lahat ng bagay ng pagtatakda.

65:4. Ang mga hindi na nagkaroon ng buwanang-dalaw mula sa kababaihan ninyo kung kayo ay magduda, ang takdang panahon nila ay tatlong buwan gayundin ang mga wala pang buwanang-dalaw. Ang mga buntis naman, ang kanilang takdang panahon ay hanggang sa makapanganak sila. Sinumang matakot kay Allah ay magdudulot Siya sa kanyang gawain ng pagpapadali. 65:5. Yaon ang utos ni Allah na ibinaba Niya sa inyo. Sinumang matakot kay Allah ay aalisin sa kanya ang kanyang mga kasalanan at palalakihin para sa kanya ang gantimpala.

65:6. Patirahin ninyo sila sa kung saan man kayo nakatira ayon sa inyong pamumuhay at huwag ninyo silang pinsalain upang pahirapan sila. Kung sila ay mga buntis ay magtustos sa kanila hanggang sa makapanganak sila. Kung sila ay magpasuso para sa inyo at ibigay sa kanila ang bayad sa kanila. Makipagkasunduan kayo sa isat isa sa kabutihan. Kung hindi kayo magkakasundo ay magpapasuso para sa kanya ang iba pa. 65:7. Marapat na magtustos ang mayaman mula sa kayamanan niya. Yaong limitado ang biyaya sa kanya ay magtustos ayon sa ibinigay sa kanya ni Allah. Hindi nag-aatas si Allah sa sinuman liban pa sa kung ano ang ibinigay sa kanya. Magdudulot si

Allah pagkatapos ng paghihirap ng ginhawa.

65:8. Ilang bayan na ba ang sumuway sa utos ng Panginoon nito at sa utos ng mga sugo rito at tinuos Namin sila ng pagtutuos na matindi at pinarusahan Namin sila ng parusang matindi? 65:9. Natikman nila ang dulot ng kanilang sitwasyon at ang wakas nila ay pagkalugi. 65:10. Inihanda ni Allah para sa kanila ang parusang matindi. Katakutan ninyo si Allah O mga taong nakauunawa na nanampalataya. Si Allah ay nagpababa sa inyo ng paalala. 65:11. Isang Sugo na bumabasa sa inyo ng mga talata ni Allah na malilinaw upang alisin ang mga nanampalataya at gumawa ng mabuti mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Sinumang manampalataya kay Allah at gumawa ng mabuti ay ipapasok Niya sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog at mananatili sila rito habang-panahon. Si Allah ay nagperpekto sa kanya ng Kanyang biyaya.

65:12. Si Allah ang lumikha ng pitong kalangitan at lupa na tulad nito. Bumababa ang utos sa pagitan nilang dalawa upang malaman ninyo na si Allah, sa lahat ng bagay ay may kakayanan at si Allah ay nakasasaklaw sa lahat ng mga bagay sa kaalaman.

66. SURATUT TAHRIM (ANG PAGBABAWAL)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

66:1. O Propeta, bakit mo ipinagbabawal ang pinahintulutan ni Allah sa iyo. Naghahangad ka ng kaluguran ng iyong mga asawa. Si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin. 66:2. Inobliga ni Allah para sa inyo ang pamalit sa inyong mga panunumpa kung hindi ninyo ito matutupad: pagpapalaya ng alipin, pagpapakain ng sampung mahihirap o pag-aayuno ng tatlong araw. Si Allah ang tagapag-ingat ninyo. Siya ang Nakaaalam at ang Maalam.

66:3. Nang lihim na nakipag-usap ang Propeta sa kanyang asawa na si Hafsah at nang ibinunyag niya ito kay Aishah ay ipinabatid ito ni Allah sa Propeta; sinabi niya sa asawa niya ang ilang bagay na ikinuwento ni Hafsah kay Aisah at iniwan ang iba pa. Nang sinabi ito ng Propeta kay Hafsah ay tinanong nito, 'Sino ang nagsabi sa iyo?' Sinabi ng Propeta, 'Ipinahayag ito sa akin ng Nakaaalam at ang Nakababatid.' 66:4. Kung kayong dalawa lamang, Hafsah at Aishah, ay magbabalik-loob kay Allah dahil nalihis ang mga puso ninyong dalawa. Ngunit kung kayo ay magtutulungan laban sa Propeta ay tunay na si Allah ang kanyang tagapag-ingat, gayundin si Anghel Gabriel, ang matutuwid na mananampalataya, ang mga anghel ay pawang kanyang mga tagatulong. 66:5. Maaaring ang kanyang Panginoon, kapag diniborsiyo niya kayong lahat na mga asawa niya ay papalitan Niya kayo ng mga asawang mas mainam pa sa inyo na mga tumatalima kay Allah, mananampalataya, masunurin, nagbabalik-loob, sumasamba, nag-aayuno, mga dati nang may asawa at mga birhen.

66:6. O mga nanampalataya, iligtas ninyo ang inyong mga sarili at ang inyong mga pamilya mula sa Apoy na ang panggatong nito ay mga tao at mga bato. Naririto ang mga anghel na malulupit at mabagsik na hindi sumusuway kay Allah sa iniutos Niya sa kanila at gumagawa lamang ng iniutos sa kanila. 66:7. O mga hindi nanampalataya, huwag magpalusot sa araw na ito. Tunay na gagantimpalaan kayo ayon sa inyong mga ginawa lamang.

66:8. O mga nanampalataya, magbalik-loob kayo kay Allah ng tunay na pagbabalik-loob. Maaaring ang inyong Panginoon ay magbubura sa inyong mga kamalian at ipapasok kayo sa mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Sa Araw na hindi hahamakin ni Allah ang Propeta at ang mga nanampalatayang kasama niya. Ang kanilang liwanag ay nasa kanilang unahan at kanan at nagsasabing, 'Panginoon namin, gawin Mong ganap ang liwanag namin at

patawarin Mo kami. Tunay na Ikaw sa lahat ng bagay ay may kakayanan.'

66:9. O Propeta, makibaka laban sa mga hindi nanampalataya at mga nagpapanggap na Muslim at maging malupit sa kanila. Ang tahanan nila ay ang Impiyerno at napakasamang hantungan ito. 66:10. Nagbigay si Allah ng halimbawa sa mga hindi nanampalataya sa asawa ni Noah at asawa ni Lot. Silang dalawa ay nasa ilalim ng dalawang alipin Namin na mula sa mga alipin Naming matutuwid at nilinlang nila sila ngunit hindi ito nagdulot ng pakinabang sa kanila laban kay Allah ng kahit na ano. Sinabi sa kanilang dalawa, 'Pumasok kayong dalawa sa Impiyerno kasama ang mga papasok dito.'

66:11. Nagbigay si Allah ng halimbawa sa mga nanampalataya sa asawa ni Paraon nang sinabi niya, 'Panginoon ko, ipagtayo Mo ako ng bahay malapit sa iyo sa Paraiso at iligtas Mo ako mula kay Paraon at sa masama niyang gawa at iligtas Mo ako mula sa mga mapang-api.'66:12. At si Maria na anak ni Imran na nag-ingat sa kanyang puri na ihininga Namin sa kanya ang Espiritu na mula sa Amin at pinatotohanan niya ang mga salita ng kanyang Panginoon at Kanyang kasulatan at siya ay kabilang sa mga masunurin.

67. SURATUL MULK (ANG KAHARIAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

67:1. Maluwalhati ang Siyang nasa Kanyang kamay ang pagmamay-ari at Siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan. 67:2. Ang Siyang lumikha sa kamatayan at buhay upang subukan kayo kung sino sa inyo ang mabuti sa gawa. Siya ang Makapangyarihan at ang Mapagpatawad. 67:3. Siyang lumikha ng pitong kalangitan na magkakapatong. Wala kang makikita sa paglikha ng Maawain na

salungatan. Ibalik mo ang iyong paningin kung may makita kang kapintasan. 67:4. Ibalik mo uli ang iyong paningin ng dalawang ulit at babalik sa iyo ang iyong paningin na nagpapakumbaba at pagod.

67:5. Pinalamutian Namin ang langit ng mundo ng mga bituin at ginawa Namin itong pambato sa mga satanas. At inihanda Namin para sa kanila ang parusang nagliliyab. 67:6. Para sa mga hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon ang parusa sa Impiyerno at masamang hantungan ito. 67:7. Kapag itinapon sila rito ay maririnig nila ang ungol nito habang kumukulo ito. 67:8. Halos sumabog ito sa galit. Tuwinang itatapon dito ang isang grupo ay nagtatanong ang mga bantay nito, 'Hindi ba dumating sa inyo ang isang tagapagbabala?' 67:9. Tutugon sila, 'Bagkus ay dumating sa amin ang tagapagbabala ngunit nagpasinungaling kami at sinabi namin, 'Walang ibinaba si Allah na anumang bagay bagkus kayo ay nasa pagkaligaw na malaki.'' 67:10. Sasabihin nila, 'Kung kami lamang ay nakinig at nag-isip ay hindi kami mabibilang sa mga mananahan sa Apoy.' 67:11. At aaminin nila ang kanilang mga kasalanan at nawalan na ng pag-asa ang mga tao sa Impiyerno.

67:12. Tunay na ang mga may takot sa kanilang Panginoon sa nalilingid at kahit hindi nakikita ng ibang tao ay para sa kanila ang kapatawaran at gantimpalang malaki. 67:13. Ilihim man ninyo ang inyong mga sinasabi o ihayag ito. Tunay na Siya ay nakaaalam ng nilalaman ng mga dibdib. 67:14. Hindi ba Niya nalalaman ang nilikha Niya samantalang Siya ang Mabuti at ang Nakababatid?

67:15. Siya ang nagdulot sa inyo na ang lupa ay umamo sa inyo, kaya lumakad kayo sa mga sulok nito at kumain mula sa mga biyaya nito. Tungo sa Kanya ang pagbabalik. 67:16. Inaakala ba ninyo na kayo ay ligtas sa Siyang nasa langit na dulutin Niya na lamunin kayo ng lupa na bigla na lang itong gagalaw? 67:17. Inaakala ba ninyo na kayo ay ligtas sa Siyang nasa langit na magpaulan Siya sa inyo ng bato?

Malalaman ninyo kung gaano katindi ang Aking babala. 67:18. Nagpasinungaling na ang mga nauna sa kanila. Gaano katindi ang Aking parusa?

67:19. Hindi ba sila tumingin sa ibon sa ibabaw nila na nakabuka ang pakpak at minsan ay nakasara? Walang nagpapalipad dito liban pa sa Maawain. Tunay na Siya sa lahat ng bagay ay nakakakita. 67:20. Sino ba ang magiging hukbo para sa inyo na tutulong sa inyo liban pa sa Maawain? Ang mga hindi nanampalataya ay nasa kahibangan. 67:21. O sino ba ang magtutustos sa inyo kung pipigilan Niya ang biyaya Niya? Bagkus sila ay nagpatuloy sa kabastusan at pagsuway.

67:22. Ang siyang gumagapang sa kanyang mukha ay higit bang nagabayan kaysa sa isang naglalakad nang tuwid sa landas na matuwid? 67:23. Sabihin, 'Siya ang lumikha sa inyo at nagbigay sa inyo ng pandinig, paningin at mga puso. Kaunti ang inyong pasasalamat.' 67:24. Sabihin, 'Siya ang nagparami sa inyo sa lupa at tungo sa Kanya kayo ay titipunin.'

67:25. Sinasabi nila, 'Kailan ang pangakong ito kung kayo ay makatotohanan?' 67:26. Sabihin, 'Ang kaalaman ay kay Allah lamang at ako ay tagapagbabalang malinaw lamang.' 67:27. Nang nakita nila itong palapit ay nalungkot ang mukha ng mga hindi nanampalataya at sasabihin sa kanila, 'Ito ang dati ninyong hinihiling.' 67:28. Sabihin, 'Nakita ba ninyo kung winasak ako ni Allah at sinumang kasama ko o kahabagan kami, sino ang magliligtas sa mga hindi nanampalataya mula sa parusang masakit?' 67:29. Sabihin, 'Siya ang Maawain. Nanampalataya Kami sa Kanya at sa Kanya kami nanalig. Malalaman ninyo kung sino ang nasa pagkaligaw na maliwanag.' 67:30. Sabihin, 'Nakita ba ninyo kung ang tubig ninyo ay lumubog sa lupa, sino ang magbibigay sa inyo ng tubig na dumadaloy?'

68. SURATUL QALAM (ANG PANULAT)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

68:1. Nun. Sumpa sa panulat at sa isinusulat ng mga ito. 68:2. Ikaw O Muhammad, sa biyaya ng iyong Panginoon, ay hindi isang baliw. 68:3. Tunay na para sa iyo ang gantimpala na walang patid. 68:4. Tunay na ikaw ay nasa asal na dakila. 68:5. Kaya makikita mo at makikita nila. 68:6. Kung sino sa inyo ang tunay na sinapian. 68:7. Tunay na ang iyong Panginoon ay pinakanakaaalam sa siyang naligaw mula sa Kanyang landas at Siya ang pinakanakaaalam sa nagabayan.

68:8. Kaya, huwag mong sundin ang mga nagpapasinungaling. 68:9. Nais nila na magpaubaya ka upang magpaubaya din sila sa iyo. 68:10. Huwag sundin ang lahat ng mapanumpa na walang saysay. 68:11. Ang mapanghamak at mapagkalat ng tsismis. 68:12. Nagbabawal sa kabutihan, mapagmalabis at makasalanan. 68:13. Malupit at mapagkunwari. 68:14. Dahil siya ay may taglay ng yaman at mga anak. 68:15. Kapag binasa sa kanya ang Aming mga talata ay nagsasabi, 'Alamat ng mga sinauna.' 68:16. Tatatakan Namin siya sa ilong.

68:17. Tunay na sinubok Namin sila tulad ng kung paano Namin sinubok ang mga may-ari ng hardin nang sila ay nanumpa na aanihin nila ang bunga nito sa umaga. 68:18. At hindi sila nagsabi ng, 'Inshallah. Kung naisin ni Allah.' 68:19. Kaya dumating sa kanila ang pinsala mula sa iyong Panginoon habang sila ay natutulog. 68:20. At ito ay natupok. 68:21. Sila ay nagtawagan sa umaga. 68:22. 'Tumungo kayo nang maaga sa pananim ninyo kung kayo ay mag-aani.' 68:23. Kaya humayo sila na mahina ang boses. 68:24. 'Walang papasok dito na sinumang mahirap sa araw na ito.' 68:25. Tumungo sila nang maaga na nag-aakala na sila ay may kakayanan. 68:26. Nang nakita nila ito ay sinabi nila, 'Tunay na tayo ay

naligaw.’ Sa pag- aakala na ibang hardin ang napuntahan nila. 68:27. Ngunit nalaman nila na ito nga ang hardin nila ay sinabi nila, ‘Bagkus tayo ay mga pinagkaitan.’ 68:28. Sinabi ng pinakamahinahon sa kanila, ‘Hindi ba’t sinabi ko sa inyo, ‘Bakit hindi kayo lumuwalhati?’’ 68:29. Sinabi nila, ‘Luwalhati sa aming Panginoon. Tunay na kami ay nagkasala.’ 68:30. Sila ay humarap sa isat isa na nagsisisihan. 68:31. Sinabi nila, ‘Kapahamakan sa amin. Tunay na kami ay mga suwail. 68:32. Maaaring ang ating Panginoon ay papalitan ito para sa atin ng mas mainam pa rito. Tunay na kami sa aming Panginoon ay naghahangad.’ 68:33. Ganito ang parusa. Ang parusa sa Kabilang-buhay ay mas malaki kung nalalaman lamang nila.

68:34. Tunay na para sa matutuwid, mula sa kanilang Panginoon ang mga hardin ng ligaya. 68:35. Gagawin ba Naming magkatulad ang mga Muslim at ang mga makasalanan? 68:36. Ano ang problema ninyo? Bakit kayo ganyan maghatol? 68:37. O kayo ba ay may kasulatan na inyong pinag-aaralan. 68:38. Tunay na para sa inyo rito ang anumang piliin ninyo? 68:39. O para sa inyo ay may mga tipanan na tutuparin Namin hanggang sa Araw ng Paghuhukom? Tunay na para sa inyo ang anumang ihatol ninyo. 68:40. Tanungin mo sila kung alin sa mga diyos nila ang makakapangyari. 68:41. O sila ba ay may mga katambal? Hayaan mo silang dalhin ang mga katambal nila kung sila ay makatotohanan.

68:42. Sa Araw na ang binti ay ipapakita at sila ay aanyayahan tungo sa pagpapatirapa at hindi nila ito magagawa. 68:43. Ang mga mata nila ay nakatungo at babalutin sila ng kahihiyan. Sila ay inimbitahan tungo sa pagpapatirapa habang sila ay ligtas. 68:44. Kaya, ipaubaya mo sa Akin ang mga nagpapasinungaling sa Quran. Sila ay unti-unti Naming hihilahin tungo sa parusa nang hindi nila nalalaman. 68:45. Palulugitan Ko sila. Tunay na ang plano Ko ay matatag.

68:46. O humihingi ka ba sa kanila ng bayad at sila sa utang ay nakabaon? 68:47. O alam na nila ang lalilingid at sila ay nagsusulat nito? 68:48. Magtiis sa paghatol ng iyong Panginoon at huwag maging katulad ng kasama ng isda na si Propeta Yunus nang siya ay tumawag habang siya ay nagdadalamhati. 68:49. Kung hindi lamang dahil sa biyaya mula sa kanyang Panginoon ay itinapon siya nang nakahubad sa dalampasigan habang siya ay sinisisi. 68:50. Hinirang siya ng kanyang Panginoon at ginawa siyang kabilang sa matutuwid. 68:51. Halos magawa ng mga hindi nanampalataya na maitumba ka sa paningin nila O Muhammad nang marinig nila ang paalaala at sila ay nagsasabing, 'Tunay na siya ay baliw.' 68:52. At ito ay hindi hihigit pa sa paalaala sa mga nilikha.

69. SURATUL HAQQAH (ANG PAGKABUHAY-MULI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

69:1. Ang Pagkabuhay-muli. 69:2. Ano ang Pagkabuhay-muli? 69:3. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang Pagkabuhay-muli? 69:4. Nagpasinungaling ang Thamud at ang 'Ad sa Kalamidad. 69:5. Ang Thamud ay winasak sa pamamagitan ng pagsabog. 69:6. Ang 'Ad ay nawasak sa pamamagitan ng hangin na mabagsik at nagtagal. 69:7. Pinatagal sa kanila ng pitong gabi at walong araw nang sunud-sunod, at makikita mo ang mga tao rito na nakahandusay na parang katawan ng mga puno ng datiles na walang laman. 69:8. May nakita ka ba sa kanila na bakas? 69:9. Dumating si Paraon at mga nauna sa kanya at ang binaligtad na mga bayan ng nasyon ni Lot dala ang mga kasalanan. 69:10. Sumuway sila sa sugo ng kanilang Panginoon kaya pinarusahan sila ng parusang matindi. 69:11. Tunay na Kami, nang umapaw ang tubig ay pinalulan Namin kayo sa Arko ni Noah. 69:12. Upang gawin sila para sa inyo na paalaala at ang nakikinig na tainga ay magbigay-pansin.

69:13. Kapag inihipan ang trumpeta ng pag-ihip na nag-iisa. 69:14. At iniangat ang lupa at ang kabundukan at pinatag ng pagpatag na nag-iisa. 69:15. Sa araw na yaon ay magaganap ang hindi mapipigilan. 69:16. Mabibiyak ang langit at ito sa araw na yaon ay marupok. 69:17. Ang mga anghel ay nasa mga dulo nito at bumubuhat sa trono ng iyong Panginoon sa Araw na yaon ang walo sa kanila. 69:18. Sa Araw na yaon ay ipapakita at hindi maitatago sa inyo ang anumang nakatago.

69:19. Sinumang bigyan ng kanyang aklat sa kanyang kanang kamay ay magsasabi, 'Ito, basahin ninyo ang talaan ko. 69:20. Tunay na ako ay umasa na makatatagpo ko ang talaan ko.' 69:21. Siya ay magkakaroon ng buhay na kalugud-lugod. 69:22. Sa mga hardin na nakaangat. 69:23. Ang mga bunga nito ay abot-kamay. 69:24. 'Kumain kayo at uminom nang marami dahil sa inyong ginawa sa mga araw na lumipas.' 69:25. At sinumang bigyan ng kanyang aklat sa kanyang kaliwang kamay ay magsasabi, 'Sana ay hindi ibinigay sa akin ang talaan ko. 69:26. At hindi ko nalaman ang talaan ko. 69:27. Kung ang kamatayan sana ang naging wakas ko. 69:28. Hindi nakatulong sa akin ang aking salapi. 69:29. Nawala sa akin ang aking autoridad.' 69:30. Sasabihin sa mga bantay ng Impiyerno tungkol sa hindi nanampalataya, 'Kunin ninyo siya at igapos. 69:31. At sa Impiyerno ay itapon. 69:32. At sa kadena na ang haba nito ay pitumpung siko ay igapos siya.' 69:33. Tunay na siya ay hindi nanampalataya kay Allah ang Dakila. 69:34. At hindi naghimok sa pagpapakain sa mahihirap. 69:35. Walang para sa kanya sa araw na ito na malapit na kaibigan. 69:36. O anumang pagkain liban pa sa nana. 69:37. Walang kakain nito liban pa sa makasalanan.

69:38. Sumusumpa Ako sa nakikita ninyo. 69:39. At sa hindi ninyo nakikita. 69:40. Tunay na ito ay salita ng Sugo na marangal. 69:41. Hindi ito salita ng makata. Kaunti ang inyong paniniwala. 69:42. Hindi ito salita ng manghuhula. Kaunti ang inyong pag-alaala.

69:43. Ito ay kapahayagan mula sa Panginoon ng mga nilikha. 69:44. Kung siya man ay nag-imbento laban sa Amin ng ilang mga sawikain. 69:45. Ay tiyak na kinuha Namin siya sa kanyang kanang kamay. 69:46. At tiyak na pinutol Namin ang kanyang ugat sa puso. 69:47. Walang sinuman sa inyo ang makapipigil sa kanya nito. 69:48. Tunay na ito ay paalaala para sa matutuwid. 69:49. Tunay na Kami ay nakaaalam na kabilang sa inyo ang mga nagpapasinungaling. 69:50. Tunay na ito ay pagsisisihan ng mga hindi nanampalataya. 69:51. Tunay na ito ay ang katotohanang tiyak. 69:52. Luwalhatiin ang pangalan ng iyong Panginoong dakila.

70. SURATUL MA'ARIJ (ANG MGA DAAN PAAKYAT)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

70:1. Nagtanong ang tagapagtanong tungkol sa parusang paparating. 70:2. Para sa mga hindi nanampalataya ay walang tagapigil. 70:3. Mula kay Allah na may tangan ng mga daan paakyat. 70:4.Umaakyat ang mga anghel at si Anghel Gabriel sa Kanya sa isang araw na kasinghaba ng limampung libong taon. 70:5. Magtiis ng pagtitiis na maganda. 70:6. Tunay na sila ay nakakakita na ito ay malayo. 70:7. Ngunit nakikita Namin na ito ay malapit. 70:8. Sa Araw na ang langit ay magiging parang langis. 70:9. At ang kabundukan ay magiging parang balahibo. 70:10. Walang magtatanong na kaibigan sa kaibigan. 70:11. Sila ay ipapakita sa isat isa. Hihilingin ng makasalanan na matubos siya mula sa parusa sa Araw na yaon sa pamamagitan ng kanyang mga anak. 70:12. Asawa at kapatid. 70:13. Malapit na kamag-anak na kumupkop sa kanya. 70:14. At sinumang nasa buong lupa na makapagliligtas sa kanya.

70:15. Hindi, bagkus ito ay ang apoy. 70:16. Tumutuklap ng balat. 70:17. Nag-aanyaya sa sinumang tumalikod at nagtakwil. 70:18. Nangurakot at nandambong. 70:19. Tunay na ang tao ay nilikha na

mainipin. 70:20. Kapag dinapuan ng kasamaan ay hindi nagtitiis. 70:21. Kapag dinatnan ng kabutihan ay nagdadamot. 70:22. Liban sa mga nagtataguyod ng obligadong pagdarasal. 70:23. Silang sa kanilang mga obligadong pagdarasal ay palagian. 70:24. At silang sa kanilang yaman ay may karapatang kinikilala. 70:25. Para sa mahihirap na nanghihingi man o hindi. 70:26. Silang mga nagpapatotoo sa Araw ng Paghuhukom. 70:27. Silang sa parusa ng kanilang Panginoon ay natatakot. 70:28. Tunay na sa parusa ng kanilang Panginoon ay hindi sila ligtas. 70:29. Silang sa kanilang mga pribadong bahagi ng katawan ay nag-iingat. 70:30. Liban na lamang sa kanilang mga asawa o sa aliping tangan ng kanilang mga kanang kamay at sila ay hindi masisisi. 70:31. Sinumang maghangad ng higit pa rito ay sila ang mga nagmalabis. 70:32. Silang sa mga ipinagkatiwala at ipinangako nila ay tumutupad. 70:33. Silang sa kanilang mga pagsaksi ay matutuwid. 70:34. Silang sa kanilang mga obligadong pagdarasal ay nag-iingat. 70:35. Sila ay nasa mga hardin, na mga pinarangalan.

70:36. Ano ang nangyari sa mga hindi nanampalataya at tumungo sila sa iyo? 70:37. Sa iyong kanan at kaliwa at sa magkaibang mga grupo. 70:38. Hinahangad ba ng lahat ng tao mula sa kanila na ipasok sila sa hardin ng ligaya? 70:39. Hindi, bagkus ay nilikha Namin sila mula sa nalalaman nila.

70:40. Sumpa sa Panginoon ng mga sinisikatan at nilulubugan ng araw, tunay na Kami ay may kakayanan. 70:41. Na palitan sila ng mas mainam pa sa kanila at Kami ay hindi mauunahan. 70:42. Hayaan mo silang mag-usap nang walang saysay at maglibang hanggang sa makatagpo nila ang Araw nila na ipinangako sa kanila. 70:43. Sa araw na lalabas sila mula sa mga libingan nang mabilisan na tila tutungo sila sa isang rebulto na sila ay nagmamadali. 70:44. Nakayuko ang kanilang mga mata at binalot sila ng kahihiyan. Yaon ang Araw na sa kanila ay ipinangako.

71. SURAH NOAH (SI PROPETA NOAH)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

71:1. Tunay na ipinadala Namin si Noah sa kanyang nasyon upang babalaan ang kanyang nasyon bago pa dumating sa kanila ang parusang masakit. 71:2. Sinabi niya, 'O aking nasyon, tunay na ako para sa inyo ay tagapagbabala na malinaw. 71:3. Sambahin ninyo si Allah at katakutan ninyo Siya at sundin ninyo ako. 71:4. Patatawarin Niya para sa inyo ang inyong mga kasalanan at palulugitan kayo hanggang sa takdang panahon. Tunay na ang panahong itinakda ni Allah, kapag dumating ito ay hindi maipagpapaliban kung nalalaman lamang ninyo.' 71:5. Sinabi niya, 'Panginoon ko, tunay na ako ay nag-anyaya sa aking nasyon sa gabi at araw. 71:6. Ngunit ang aking paanyaya ay hindi nagdagdag sa kanila liban pa sa paglayo. 71:7. Tunay na ako, tuwinang aanyayahan ko sila upang magpatawad Ka sa kanila ay inilalagay nila ang mga daliri nila sa kanilang mga tainga at binabalot ang kanilang mga sarili ng kanilang mga damit, nagmamatigas at nagmamalaki ng matinding pagmamalaki. 71:8. Tunay na ako ay nag-anyaya sa kanila nang hayagan. 71:9. Tunay na ako ay nagpahayag sa kanila at nakipag-usap nang lihim sa kanila. 71:10. Sinabi ko, 'Humingi kayo ng tawad sa inyong Panginoon. Tunay na Siya ay palaging Mapagpatawad. 71:11. Nagpapadala Siya mula sa langit ng ulan sa inyo. 71:12. At dinaragdagan ang inyong yaman at mga anak at nagbigay sa inyo ng mga hardin at mga ilog. 71:13. Ano ang problema sa inyo na hindi kayo nagtutuon kay Allah ng pagdakila? 71:14. Samantalang nilikha Niya kayo sa ibat ibang antas. 71:15. Hindi ba ninyo nakita kung paanong nilikha ni Allah ang pitong kalangitan na magkakapatong? 71:16. At lumikha ng buwan na naririto ang liwanag at ang araw bilang ilaw. 71:17. Si Allah ay nagpalaki sa inyo mula sa lupa nang tuluy-tuloy. 71:18. At ibinabalik kayo rito at ilalabas kayo sa isang pagpapalabas. 71:19. Si Allah ay nagdulot sa inyo na ang lupa ay lumawak. 71:20. Upang sundin ninyo ang mga kalsada at daanan.''

71:21. Sinabi ni Noah, ‘Panginoon ko, tunay na sila ay sumuway sa akin at sinundan nila yaong hindi magdaragdag ang yaman at mga anak nito liban pa sa pagkalugi. 71:22. Sila ay nagplano ng planong malaki. 71:23. Sinabi nila, ‘Huwag ninyong iwan ang inyong mga diyos at huwag ninyong iwan sina Wadd, Suwa’, Yaguth, Ya’uq at Nasr. 71:24. Sila ay nagligaw sa marami. Huwag Mong dagdagan sila liban pa sa kamalian.’ 71:25. Dahil sa kamalian nila ay nilunod sila at ipinasok sa Apoy at hindi sila nakakita para sa kanila liban pa kay Allah na mga tagatulong.

71:26. Sinabi ni Noah, ‘Panginoon ko, huwag Kang mag-iwan sa lupa ng mga hindi mananampalataya na mananahan dito. 71:27. Tunay na kung iiwan Mo sila ay ililigaw nila ang Iyong mga alipin at hindi sila magkakaanak liban pa sa mga makasalanan at hindi mananampalataya. 71:28. Panginoon ko, patawarin Mo ako at ang aking mga magulang at sinumang pumasok sa aking bahay na mananampalataya at sa mga lalaki at babaeng mananampalataya. Huwag Mong dagdagan ang mga makasalanan liban pa sa pagkawasak.’

72. SURATUL JINN (ANG ENGKANTO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

72:1. Sabihin O Muhammad, ‘‘Ipinahayag sa akin na nakinig ang isang grupo ng mga engkanto at nagsabi, ‘Tunay na narinig namin ang isang Quran na kamangha-mangha. 72:2. Naggagabay tungo sa gabay at nanampalataya kami rito. Hindi kami magtatambal sa aming Panginoon ng kahit sino. 72:3. Kataas-taasan ang dangal ng aming Panginoon. Hindi Siya nagkaroon ng asawa o anak. 72:4. Sinasabi ng tanga na kabilang sa amin ang tungkol kay Allah na mga kalabisan. 72:5. Inakala namin na hindi magsasalita ang tao at engkanto tungkol kay Allah ng kasinungalingan.

72:6. May kalalakihan na kabilang sa mga tao na nagpapakupkop sa kalalakihang engkanto at dinagdagan lamang sila ng pasanin. 72:7. Sila ay nag-akala tulad ng pag-aakala ninyo na hindi magpapadala si Allah ng sinuman. 72:8. Tayo ay nagsikap na marating ang langit at natagpuan natin ito na napupuno ng mga bantay na malupit at apoy. 72:9. Tayo ay umuupo malapit dito sa mga upuan upang makinig. Sinumang makapakinig sa atin ngayon ay makikita niya ang apoy na naghihintay sa kanya. 72:10. Hindi natin alam kung masama ang ninais para sa mundo o ninais para sa kanila ng kanilang Panginoon ang gabay. 72:11. Kabilang sa atin ang matutuwid at kabilang sa atin ang liban pa rito. Tayo ay magkakaiba sa pamamaraan. 72:12. Tayo ay naniniwala na hindi mabibigo si Allah sa lupa at tayo ay hindi makatatakas. 72:13. Nang narinig namin ang gabay ay nanampalataya kami rito. Sinumang manampalataya sa kanyang Panginoon ay hindi matatakot sa kawalan o pasanin. 72:14. Ang ilan sa atin ay mga Muslim at ang ilan ay mapang-api. Sinumang nag-Muslim ay sila yaong naghangad ng gabay. 72:15. Ang mga mapang-api, sila sa Impiyerno ay panggatong.'

72:16. Ipinahayag ni Allah, 'Kung sila lamang ay nanatili sa tuwid na landas ay pinainom Namin sila ng tubig na masagana. 72:17. Upang subukin Namin sila rito. Sinumang tumalikod sa paalaala ng kanyang Panginoon ay ilalagay Namin sa parusang mahirap. 72:18. Ang mga Masjid ay para kay Allah kaya huwag manalangin sa iba pa bilang kasama ni Allah. 72:19. Nang tumayo ang alipin ni Allah na nananalangin sa Kanya ay halos maipon sila sa kanya lahat-lahat.'' 72:20. Sabihin, 'Ako ay nananalangin sa aking Panginoon lamang at hindi ako nagtatambal sa Kanya ng kahit sino.' 72:21. Sabihin, 'Ako ay hindi nagmamay-ari para sa inyo ng pinsala o gabay.' 72:22. Sabihin, 'Tunay na ako ay hindi ay mapag-iingatan mula kay Allah ninuman at hindi ako makakakita liban pa sa Kanya ng masisilungan. 72:23. Liban na lamang sa pagpapabatid mula kay Allah at kapahayagan Niya.' Sinumang sumuway kay Allah at sa

Kanyang Sugo ay tunay na para sa kanya ang apoy ng Impiyerno at mananatili rito habang-panahon.

72:24. Hanggang sa makita nila ang ipinangako sa kanila at malalaman nila kung sino ang mas mahina ang tagatulong at mas kaunti ang bilang. 72:25. Sabihin, 'Hindi ko nalalaman kung malapit na ba ang ipinangako sa inyo o magdudulot dito ang aking Panginoon ng palugit.' 72:26. Ang Nakaaalam ng nalilingid, Siya ay hindi maghahayag ng nalilingid sa sinuman. 72:27. Liban na lamang sa kaluguran Niya sa Kanyang mga sugo, tunay na Siya ay magpapadala bago pa sila o pagkatapos nila ng mga tagabantay. 72:28. Upang malaman Niya na naiparating nila ang mga kapahayagan ng kanilang Panginoon at naaarok Niya ang anumang dala nila at nalalaman Niya ang mga bagay sa bilang nito.

73. SURATUL MUZZAMMIL (ANG NAKATALUKBONG)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

73:1. O ikaw na nakatalukbong. 73:2. Tumayo ka sa gabi liban na lamang sa kakaunti. 73:3. Kalahati nito o bawasan mo nang kaunti. 73:4. O dagdagan mo ito at basahin ang Quran sa mainam na pagbasa. 73:5. Tunay na ilalagay Namin sa iyo ang salitang mabigat.

73:6. Tunay na ang mga oras ng gabi ang mas mainam sa pag-iisa at mas matuwid na pananalita. 73:7. Tunay na sa araw ay ang pagkaabala na mahaba. 73:8. Banggitin mo ang pangalan ng iyong Panginoon at ilaan mo ang iyong sarili nang buong puso. 73:9. Panginoon ng silangan at kanluran, walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, kunin mo Siya bilang Tagapamahala. 73:10. Magtiis sa kanilang mga sinasabi at layuan sila ng mabuting paglayo. 73:11. Hayaan mo Ako sa mga nagpapasinungaling na maging maginhawa sila at palugitan mo sila ng kaunti.

73:12. Tunay na nasa Amin ang kadena at Apoy. 73:13. At pagkain na sumasakal at parusang masakit. 73:14. Sa araw na yayanigin ang lupa at kabundukan at ang kabundukan ay parang buhanging ibinubuhos.

73:15. Tunay na ipinadala Namin sa inyo ang Sugo bilang saksi sa inyo tulad ng pagpapadala Namin kay Paraon ng sugo. 73:16. Sinuway ni Paraon ang sugo at pinarusahan Namin siya ng parusang mapangwasak. 73:17 Kaya, paanong kayo ay matatakot, kung kayo ay hindi naniwala sa Araw na magdudulot na ang mga bata ay pumuti ang buhok? 73:18. Ang langit ay mabibiyak dahil dito. Ang pangako Niya ay matutupad. 73:19. Tunay na ito ay paalaala. Sinumang magnais ay kumuha tungo sa kanyang Panginoon ng daan.

73:20. Tunay na ang iyong Panginoon ay nakaaalam na ikaw ay tumatayo sa halos dalawang ikatlo ng gabi o kalahati nito o ikatlo nito, gayundin ang isang grupo na kasama mo. Si Allah ang nagtatakda ng gabi at araw. Nalaman Niya na hindi ninyo ito magagawa at pinatawad na kayo. Kaya basahin ninyo ang madali mula sa Quran. Nalaman na Niya na ang ilan sa inyo ay may sakit at ang iba naman ay naglalakbay sa lupa na naghahanap ng biyaya ni Allah at ang iba ay nakikibaka sa landas ni Allah. Kaya basahin ninyo ang madali mula rito. Itaguyod ninyo ang obligadong pagdarasal at magbayad ng obligadong kawanggawa at magpautang kay Allah ng pautang na maganda. Anumang gawin ninyo para sa inyong mga sarili na kabutihan ay matatagpuan ninyo kay Allah. Ito ay mas mainam at may mas malaking gantimpala. Humingi kayo ng tawad kay Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad at Mahabagin.

74. SURATUL MUDDATHTHIR (ANG NAKABALABAL)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

74:1. O ikaw na nakabalabal. 74:2. Tumayo at magbabala. 74:3. Ang iyong Panginoon ay dakilain. 74:4. Ang damit mo ay dalisayin. 74:5. Ang karumihan ay layuan. 74:6. Huwag tumulong upang madagdagan. 74:7. Para sa iyong Panginoon ay magtiis.

74:8. Kapag inihipan ang trumpeta sa ikalawang pag-ihip. 74:9. Yaon ang Araw na mahirap. 74:10. Para sa mga hindi nanampalataya ay hindi madali. 74:11. Iwan mo Ako at ang nilikha Ko na mag-isa at walang kasama sa sinapupunan ng kanyang ina. 74:12. Na binigyan ko ng yaman na marami. 74:13. At mga anak na kasama niya noon. 74:14. Pinadali Ko para sa kanya nang may pagpapadali. 74:15. At naghangad siya na dagdagan Ko pa. 74:16. Hindi. Tunay na siya sa Aming mga tanda ay umaayaw. 74:17. Babalutin Ko siya ng parusa.

74:18. Tunay na siya ay nag-isip at naghanda. 74:19. Kapahamakan sa kanya kung paano siya naghanda. 74:20. At kapahamakan sa kanya kung paano siya naghanda. 74:21. At siya ay nag-isip. 74:22. Sumimangot at nagkunut-noo. 74:23. Tumalikod at nagmalaki. 74:24. Sinabi niya, ‘Ito ay hindi hihigit pa sa salamangkang ginaya. 74:25. Ito ay hindi hihigit pa sa salita ng tao.’

74:26. Dadalhin Ko siya sa Saqar. 74:27. Ano ang magpapaunawa sa iyo kung ano ang Saqar? 74:28. Hindi nagpapanatili at hindi nag-iiwan. 74:29. Nagpapaitim ng balat. 74:30. Nagbabantay dito ang labingsiyam na mga anghel. 74:31. Hindi Kami nagtalaga ng bantay ng Impiyerno liban pa sa mga anghel. At hindi Namin ginawa ang kanilang bilang liban na lamang na maging isang pagsubok sa mga hindi nanampalataya upang makatiyak ang mga binigyan ng kasulatan at madagdagan ang mga nanampalataya ng pananampalataya. At upang hindi magduda ang mga binigyan ng

kasulatan at mga nanampalataya. Upang sabihin ng yaong ang mga puso ay may sakit at mga hindi nanampalataya, ‘Ano ang nais ni Allah sa halimbawang ito?’ Ganito inililigaw ni Allah ang sinumang naisin Niya at ginagabayan ang naisin Niya. Walang nakaaalam sa hukbo ng iyong Panginoon liban sa Kanya. Ito ay hindi hihigit pa sa paalaala sa mga tao.

74:32. Hindi. Isinusumpa Ko sa buwan. 74:33. Sa gabi sa pag-alis nito. 74:34. Sa umaga sa pagliwanag nito. 74:35. Tunay na ang Apoy ang dakilang parusa. 74:36. Babala sa sangkatauhan. 74:37. Sinumang magnais sa inyo na humayo o magpaiwan. 74:38. Bawat isa sa kanyang nakamit ay nakasanla. 74:39. Liban na lamang sa grupo na nasa kanan. 74:40. Sa mga hardin ay nagtatanungan. 74:41. Tungkol sa mga makasalanan. 74:42. ‘Ano ang naglagay sa inyo sa Saqar?’ 74:43. Tutugon sila, ‘Hindi kami kabilang sa mga nagtaguyod ng obligadong pagdarasal. 74:44. At hindi kami nagpakain ng mahirap. 74:45. Kami noon ay nag-uusap nang walang saysay kasama ang mga nangungusap nito. 74:46. Kami noon ay nagpapasinungaling sa Araw ng Paghuhukom. 74:47. Hanggang sa dumating sa amin ang kamatayan.’ 74:48. Hindi nakatulong sa kanila ang pamamagitan ng mga namamagitan.

74:49. Ano ang problema sa kanila na sa paalaala sila ay tumatalikod. 74:50. Na sila ay tila mga asno na nabulabog. 74:51. Na tumatakas sa leon? 74:52. Bagkus ay nais ng lahat ng tao mula sa kanila na mabigyan ng kasulatan na nakabuklat. 74:53. Hindi. Bagkus ay hindi sila natatakot sa Kabilang-buhay. 74:54. Hindi. Tunay na ito ay paalaala. 74:55. Sinumang maghangad ay maaalala ito. 74:56. Hindi sila makakaalala liban sa naisin ni Allah. Siya ang karapat-dapat sa takot at marapat na magpatawad.

75. SURATUL QIYAMAH (ANG PAGKABUHAY-MULI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

75:1. Sumpa sa Araw ng Paghuhukom. 75:2. Sumpa sa kaluluwang naninisi sa sarili. 75:3. Iniisip ba ng tao na hindi Namin titipunin ang mga buto niya? 75:4. Oo. Kami ay may kakayanan hanggang sa dulo ng daliri niya. 75:5. Bagkus ay nagnanais ang tao na magpatuloy sa kasalanan. 75:6. Nagtatanong, 'Kailan ang Araw ng Paghuhukom?' 75:7. Kapag nagulat ang paningin. 75:8. At nagdilim ang buwan. 75:9. At pinagsama ang araw at ang buwan. 75:10. Sasabihin ng tao sa Araw na yaon, 'Saan ang matatakasan?' 75:11. Wala. Walang masisilungan. 75:12. Tungo sa iyong Panginoon sa Araw na yaon ay ang pamamalagi. 75:13. Ipaaalam sa mga tao sa Araw na yaon ang unang ginawa nila at huli. 75:14. Bagkus ang tao sa kanyang sarili ay saksi. 75:15. Kahit pa magbigay siya ng palusot.

75:16. Huwag mong igalaw dito ang dila mo upang magmadali sa pagbasa nito. 75:17. Tunay na sa Amin ang pagtipon nito at pagbasa nito. 75:18. Kapag binasa Namin ito ay sundan mo ang pagbasa nito. 75:19. At tunay na para sa Amin ang paglilinaw nito.

75:20. Hindi. Bagkus kayo ay nagmamahal sa panandalian. 75:21. At iniiwan ninyo ang Kabilang-buhay. 75:22. Ang mga mukha sa Araw na yaon ay maliwanag. 75:23. Tungo sa kanyang Panginoon ay nakatingin. 75:24. Ang mga mukha sa Araw na yaon ay malungkot. 75:25. Umaasa na igagawad dito ang babali sa likod niya. 75:26. Hindi. Kapag umabot ang kaluluwa sa balagat malapit sa lalamunan. 75:27. At sinabi rito, 'Sino ang gagamot dito?' 75:28. At inasahan niya na ito na ang paghihiwalay. 75:29. At ang paa ay ipinantay sa isa pang paa. 75:30. Tungo sa iyong Panginoon sa Araw na yaon ang pagtungo.

75:31. Hindi siya nagpatotoo o nagdasal. 75:32. Bagkus ay nagpasinungaling at nagtakwil. 75:33. At tumungo sa kanyang pamilya na nagyayabang. 75:34. Kapahamakan sa iyo at kapahamakan. 75:35. At kapahamakan sa iyo at kapahamakan. 75:36. Inaakala ba ng tao na iiwan siyang mag-isa. 75:37. Hindi ba siya dati ay pinaghalong likido lamang na mula sa punlay na lumabas. 75:38. At siya ay naging nakabitin na laman at nilikha Niya at hinugisan. 75:39. At ginawa silang isang pares ng lalaki at babae. 75:40. Hindi ba't Siya ay may kakayanan na buhayin ang patay?

76. SURATUL INSAN (ANG TAO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

76:1. Dumating ba sa tao ang isang panahon na siya ay hindi anumang bagay na binabanggit? 76:2. Tunay na nilikha Namin ang tao mula sa namuong laman upang subukin Namin siya at ginawa Namin siyang nakaririnig at nakakakita. 76:3. Tunay na ginabayan Namin siya sa landas kung siya ba ay mapagpasalamat o hindi mapagpasalamat.

76:4. Tunay na inihanda Namin para sa mga hindi nanampalataya ang mga kadena, tanikala at apoy. 76:5. Tunay na ang matutuwid ay iinom mula sa kopa ng pinaghalong Kafur. 76:6. Isang batis na iinom mula rito ang mga alipin ni Allah na paaagusin nila nang masaganang pag-agos. 76:7. Silang mga tumutupad sa panata at natatakot sa Araw na ang kasamaan nito ay laganap. 76:8. Sila ay nagpapakain ng pagkain sa kabila ng pagmamahal nila rito, doon sa mga nangangailangan, ulila at bihag. 76:9. 'Pinapakain Namin kayo para lamang sa kaluguran ni Allah at hindi namin nais mula sa inyo ang gantimpala o pasasalamat. 76:10. Tunay na kami ay natatakot sa aming Panginoon sa Araw na malungkot at nakatatakot.' 76:11. Kaya iingatan sila ni Allah mula sa kasamaan ng Araw na

at bibigyan sila ng ningning at kaligayahan. 76:12. At gagantimpalaan sila sa kanilang pagtitiis ng hardin at seda. 76:13. Nakasandal dito sa mga upuan. Hindi nila makikita rito ang mainit na araw o matinding lamig. 76:14. Malapit sa kanila ang lilim nito at bababa ang mga bunga sa pagsunod. 76:15. Iikot sa paligid nila ang sisidlan na pilak at mga kopa na parang salamin. 76:16. Malilinaw na salamin mula sa pilak na sinukat nila ng tamang sukat. 76:17. Paiinumin sila rito mula sa kopa na pinaghalong luya. 76:18. Mula sa batis na pinangalanang Salsabil. 76:19. Iikot sa kanila ang mga batang lalaki na hindi tumatanda na kapag makita mo sila ay aakalain mong perlas na nagkalat. 76:20. Kapag tumingin ka rito, makikita mo ang kaligayahan at kahariang malaki. 76:21. Nakapatong sa kanila ang mga damit na berde at mamahaling tela. Sila ay papalamutian ng pulseras na pilak at paiinumin sila ng kanilang Panginoon ng inumin na dalisay. 76:22. 'Tunay na ito ay para sa inyo bilang gantimpala at ang inyong pagsisikap ay pinasalamatan.'

76:23. Tunay na Kami ay nagbaba sa iyo ng Quran na unti-unting ibinaba. 76:24. Magtiis sa hatol ng iyong Panginoon at huwag sumunod sa kanilang mga makasalanan at hindi nanampalataya. 76:25. Banggitin ang pangalan ng iyong Panginoon sa umaga at sa gabi. 76:26. Sa gabi ay magpatirapa sa Kanya at luwalhatiin Siya sa gabi nang mahaba. 76:27. Tunay na sila ay nagmamahal sa panandalian at iniiwan sa likod nila ang Araw na mabigat. 76:28. Kami ay lumikha sa kanila at pinatatag ang anyo nila. Kung naisin man Namin ay pinalitan Namin ang hugis nila nang ganap na pagpapalit. 76:29. Tunay na ito ay paalaala, kaya sinumang magnais ay kumuha tungo sa kanyang Panginoon ng daan. 76:30. Hindi kayo nagnanais liban na lamang sa naisin ni Allah. Tunay na si Allah ay Nakaaalam at Maalam. 76:31. Ipapasok Niya ang sinumang Kanyang naisin sa Kanyang habag. At ang mga makasalanan ay pinaghandaan Niya para sa kanila ng parusang masakit.

77. SURATUL MURSALAT (ANG MGA ISINUGO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

77:1. Sumpa sa hangin na bumubugso. 77:2. Sa hangin na malakas. 77:3. Sa hangin na nagpapakalat. 77:4. Sa mga anghel na naghihiwalay sa katotohanan at kamalian. 77:5. At sa mga anghel na may dalang paalaala. 77:6. Paumanhin o babala. 77:7. Tunay na ang ipinangako sa inyo ay matutupad.

77:8. Kapag ang mga bituin ay nabura. 77:9. Kapag ang langit ay binuksan. 77:10. Kapag ang mga bundok ay napulbos. 77:11. Kapag ang panahon ng mga sugo ay dumating. 77:12. Sa anong araw ito ipinagpaliban? 77:13. Sa Araw ng Paghuhukom. 77:14. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano Araw ng Paghuhukom? 77:15. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpapasinungaling. 77:16. Hindi ba Namin winasak ang mga nauna? 77:17. At pinasundan Namin sila sa mga nahuli. 77:18. Ganito ang gagawin Namin sa mga makasalanan. 77:19. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling.

77:20. Hindi ba Namin kayo nilikha mula sa tubig na walang saysay? 77:21. At inilagay Namin ito sa masisilungang matatag. 77:22. Hanggang sa takdang panahon. 77:23. Nagtakda Kami at Kami ay mainam na tagapagtakda. 77:24. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 77:25. Hindi ba namin ginawa ang lupa na sisidlan? 77:26. Para sa buhay at patay? 77:27. At naglagay Kami rito ng kabundukan na matatag at pinainom kayo ng tubig na matamis. 77:28. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling.

77:29. ‘Tumungo kayo roon sa pinasinungalingan ninyo.’ 77:30. Tumungo kayo roon sa anino ng usok ng Apoy ng Impiyerno na may tatlong bahagi. 77:31. Walang lilim o pakinabang mula sa Apoy.

77:32. Tunay na ito ay nagbubuga ng siklab na kasinglaki ng palasyo. 77:33. Na parang mga kamelyong dilaw. 77:34. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 77:35. Ito ang Araw na hindi sila magsasalita. 77:36. Hindi pahihintulutan sa kanila dahil sila ay magpapalusot. 77:37. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 77:38. Ito ang Araw ng Paghuhukom. Tinipon Namin kayo at ang mga nauna. 77:39. Kung kayo ay may plano ay pagplanuhan ninyo Ako. 77:40. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling.

77:41. Tunay na ang matutuwid ay nasa mga lilim at mga batis. 77:42. At mga prutas na ninanais nila. 77:43. 'Kumain kayo at uminom nang masagana dahil sa inyong mga ginawa.' 77:44. Tunay na ganito Namin gantimpalaan ang matutuwid. 77:45. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 77:46. Kumain at magpakasaya nang kaunti, tunay na kayo ay mga makasalanan. 77:47. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 77:48. Kapag sinabi sa kanila na, 'Yumukod.' Sila ay hindi yumuyukod. 77:49. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 77:50. Kaya, sa anong salita liban pa sa Quran ang paniniwalaan nila?

78. SURATUN NABA' (ANG BALITA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

78:1. Tungkol saan ang itinatanong nila sa isat isa? 78:2. Tungkol sa balitang dakila. 78:3. Ang siyang sila rito ay nagtatalu-talo. 78:4. Hindi. Malalaman nila. 78:5. At hindi. Malalaman nila. 78:6. Hindi ba Namin ginawa ang lupa na patag. 78:7. At ang kabundukan na parang mga pako. 78:8. At nilikha Namin kayo na magkapares. 78:9. At ginawa Namin ang inyong pagtulog bilang pahinga. 78:10. At ginawa Namin ang gabi bilang damit. 78:11. At ginawa Namin ang araw bilang kabuhayan. 78:12. At bumuo Kami sa ibabaw ninyo ng pitong matatag.

78:13. At ginawa Namin dito ang ilaw na maliwanag. 78:14. At ibinaba Namin mula sa mga ulap ang tubig na pumapatak. 78:15. Upang patubuin Namin sa pamamagitan nito ang mga butil at halaman. 78:16. At mga hardin na malalago. 78:17. Tunay na ang Araw ng Paghuhukom ay itinakda.

78:18. Sa Araw na iihipan ang trumpeta at darating sila na malalaking grupo. 78:19. At bubuksan ang langit at magiging mga lagusan. 78:20. At aalisin ang mga bundok at magiging parang guni-guni. 78:21. Tunay na ang Impiyerno ay naghihintay. 78:22. Para sa mga suwail, isang lugar na babalikan. 78:23. Mananatili rito habang-panahon. 78:24. Hindi sila makatitikim dito ng lamig o inumin. 78:25. Liban pa sa kumukulong tubig at nana. 78:26. Gantimpalang nararapat. 78:27. Tunay na sila ay hindi naghahangad sa pagtutuos. 78:28. At nagpasinungaling sa Aming mga tanda nang matinding pagpapasinungaling. 78:29. Lahat ng bagay ay binilang Namin sa talaan. 78:30. Kaya, tikman ninyo ito at hindi kayo madaragdagan liban pa sa parusa.

78:31. Tunay na para sa matutuwid ang tagumpay. 78:32. Mga hardin at ubasan. 78:33. At mga babae sa Paraiso na pare-pareho ang edad. 78:34. At kopa na puno. 78:35. Hindi sila makaririnig dito ng kabastusan o kasinungalingan. 78:36. Gantimpala mula sa iyong Panginoon at regalong angkop. 78:37. Panginoon ng kalangitan at lupa at anumang nasa pagitan nito. Sa Maawain ay hindi sila magtataglay sa Kanya ng pakikipag-usap. 78:38. Sa Araw na tatayo si Anghel Gabriel at ang mga anghel nang nakahanay. Hindi sila magsasalita liban na lamang sa pahintulutan ng Maawain at magsasalita lamang sila ng matuwid. 78:39. Yaon ang Araw ng Katotohanan. Sinumang magnais ay kumuha tungo sa kanyang Panginoon ng daan pabalik. 78:40. Tunay na binabalaan Namin kayo tungkol sa parusang nalalapit. Sa Araw na titingin ang tao sa ginawa ng kanyang dalawang kamay at sasabihin ng hindi nanampalataya,

‘Sana ako ay naging alabok na lamang.’

79. SURATUN NAZI’AT (ANG MGA HUMIHILA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

79:1. Sumpa sa mga anghel na humihila nang marahas sa mga kaluluwa ng mga hindi nanampalataya. 79:2. At yaong humihila nang marahan sa kaluluwa ng mga mananampalataya. 79:3. At doon sa mga lumilipad na tila lumalangoy. 79:4. At sa mga nakikipag-unahan na tila nasa isang karera. 79:5. Sa mga nagsasaayos ng mga bagay. 79:6. Sa Araw na ang pag-ihip sa trumpeta ay magpapayanig. 79:7. At susundan ito ng isa pang pag-ihip. 79:8. Ang mga puso sa Araw na yaon ay manginginig. 79:9. Ang kanilang mga paningin ay nakatungo. 79:10. Sinasabi nila, ‘Tunay ba na kami ay ibabalik sa dati naming buhay. 79:11. Matapos na kami ay maging mga butong naagnas na?’ 79:12. Sasabihin nila, ‘Yaon ay magiging pagbabalik na may pagkalugi.’ 79:13. Tunay na ito ay sigaw na nag-iisa lamang. 79:14. At sila ay magkakamalay.

79:15. Dumating ba sa iyo ang balita tungkol kay Moises? 79:16. Nang tinawag siya ng kanyang Panginoon sa lambak na banal ng Tuwa. 79:17. ‘Tumungo ka kay Paraon, tunay na siya a y nagmalabis. 79:18. Sabihin kay Paraon, ‘Ikaw ba ay magpapadalisay? 79:19. At gagabayan kita tungo sa iyong Panginoon upang matakot ka?’’ 79:20. At ipinakita sa kanya ang tandang dakila. 79:21. Ngunit si Paraon ay nagpasinungaling at sumuway. 79:22. Siya ay tumalikod at nagpumiglas. 79:23. Tinipon niya ang mga tao at nagtawag. 79:24. Nagsabing, ‘Ako ang Panginoon ninyong kataas-taasan.’ 79:25. Kaya pinarusahan siya ni Allah ng parusa sa huli at una niyang kasalanan. 79:26. Tunay na naririto ang bahala para sa sinumang may takot.

79:27. Kayo ba ay mas mahirap likhain kaysa sa langit na itinayo ni Allah? 79:28. Iniangat Niya ang bubong nito at hinugisan ito. 79:29. Pinadilim Niya ang gabi nito at inalis ang liwanag nito. 79:30. At ang lupa matapos nito ay lumapad. 79:31. Pinalabas mula rito ang tubig at pastulan nito. 79:32. At ang mga bundok ay pinatatag Niya. 79:33. Panustos sa inyo at sa inyong mga pinapastol na hayop.

79:34. Kapag dumating ang kalamidad na malaki. 79:35. Sa Araw na maaalala ng tao ang pinagsikapan niya. 79:36. At ihahayag ang Impiyerno para sa makakakita. 79:37. Sinumang magmalabis. 79:38. At pumili sa buhay sa mundo. 79:39. Tunay na ang Impiyerno ang siyang tahanan nila. 79:40. Ngunit sinumang matakot sa antas ng kanyang Panginoon at pinigil ang sarili mula sa pagnanasa. 79:41. Ay tunay na ang Paraiso ang siyang tahanan nila. 79:42. Nagtatanong sila sa iyo tungkol sa Oras, 'Kailan ang pagdating nito? 79:43. Sino ka para banggitin ito?' 79:44. Tungo sa iyong Panginoon ang iyong wakas. 79:45. Ikaw ay tagapagbabala sa mga may takot lamang. 79:46. Sila sa Araw na yaon na makita ito ay mag-aakala na hindi sila nanatili liban na lamang sa isang hapon o umaga nito.

80. SURAH ABASA (ANG SUMIMANGOT)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

80:1. Sumimangot at tumalikod ang Propeta. 80:2. Nang dumating sa kanya ang isang bulag. 80:3. Ano ang magpapabatid sa iyo na maaaring siya ay madalisay. 80:4. O makaaalala at makikinanabang siya sa paalaala. 80:5. Samantalang sa siyang umastang walang pangangailangan. 80:6. Ay sa kanya ka nagbibigay-pansin. 80:7. Walang paninisi sa iyo kung hindi siya magpapadalisay. 80:8. Ngunit ang siyang dumating sa iyo na nagsisikap. 80:9. Habang natatakot. 80:10. Ikaw sa kanya ay nagagambala. 80:11. Hindi. Bagkus ang mga ito ay paalaala. 80:12. Kaya sinumang magnais ay umaalala nito.

80:13. Sa mga pahinang mararangal. 80:14. Pinarangalan at dinalisay. 80:15. Sa kamay ng mga anghel. 80:16. Mararangal at matatapat. 80:17. Isinumpa ang tao dahil sa kanyang hindi pananampalataya. 80:18. Mula sa anong bagay siya ay nilikha? 80:19. Mula sa pinaghalong punlay ay nilikha Niya siya at nagtadhana sa kanya. 80:20. At ang landas ay pinadali Niya sa kanya. 80:21. At babawian siya ng buhay at bibigyan ng libingan. 80:22. At kapag ninais Niya ay bubuhayin Niya siyang muli. 80:23. Hindi. Hindi natupad ng tao ang iniutos sa kanya. 80:24. Marapat na tingnan ng tao ang kanyang pagkain. 80:25. Na Kami ay nagbuhos ng tubig nang sapat. 80:26. At biniyak Namin ang lupa ng sapat na pagbiyak. 80:27. At pinatubo rito ang butil. 80:28. At mga ubas at halaman. 80:29. Oliba at datiles. 80:30. Mga hardin na mayabong. 80:31. Mga prutas at damo. 80:32. Panustos sa inyo at sa mga pinapastol na hayop ninyo.

80:33. Kapag dumating ang pagsabog. 80:34. Sa Araw na tatakas ang tao mula sa kapatid niya. 80:35. Sa ina niya at ama niya. 80:36. Sa asawa at mga anak niya. 80:37.Para sa lahat ng tao sa Araw na yaon ang bagay na sapat na para sa kanya. 80:38. Ang mga mukha sa Araw na yaon ay maningning. 80:39. Tumatawa at nagbubunyi sa magandang balita. 80:40. Ang mga mukha sa Araw na yaon ay maaalikabukan. 80:41. Babalutin sila ng kadiliman. 80:42. Sila ang mga hindi nanampalataya at suwail.

81. SURATUT TAKWIR (ANG PAGBALOT)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

81:1. Kapag ang araw ay binalot. 81:2. Kapag ang mga bituin ay bumagsak. 81:3. Kapag ang mga bundok ay tinanggal. 81:4. Kapag ang manganganak nang kamelyo ay iniwan. 81:5. Kapag ang mababangis na hayop ay tinipon. 81:6. Kapag ang mga dagat ay nag-apoy. 81:7. Kapag ang mga kaluluwa ay pinagsama.

81:8. At ang batang babaeng inilibing nang buhay ay tatanungin. 81:9. Sa anong kasalanan siya ay pinatay. 81:10. Kapag ang mga pahina ay inihayag. 81:11. Kapag ang langit ay inalis. 81:12. Kapag ang Impiyerno ay pinagningas. 81:13. At kapag ang Paraiso ay inilapit. 81:14. Malalaman ng tao ang ginawa nito.

81:15. Sumpa sa lumulubog na bituin. 81:16. Yaong tumatakbo sa daanan nito at naglalaho. 81:17. Sa gabi habang ito ay papalapit. 81:18. Sa bukang-liwayway sa paghinga nito. 81:19. Tunay na ito ay salita na ipinahayag sa pamamagitan ng Sugong marangal na si Anghel Gabriel. 81:20. May taglay na lakas at nasa May-ari ng tronong matatag. 81:21. Sinusunod at mapagkakatiwalaan. 81:22. Ang inyong kasama ay hindi baliw. 81:23. Nakita niya si Anghel Gabriel sa abot-tanaw na malinaw. 81:24. Siya sa nalilingid ay hindi nakaaalam. 81:25. Hindi rin ito salita ng Satanas na isinumpa. 81:26. Kaya saan kayo pupunta? 81:27. Ito ay paalaala lamang sa mga nilikha. 81:28. Para sa sinumang magnais sa inyo ng tuwid na landas. 81:29. Hindi kayo nagnanais liban pa sa naisin ni Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.

82. SURATUL INFITAR (ANG PAGSABOG)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

82:1. Kapag ang langit ay nabiyak. 82:2. Kapag ang mga bituin ay nalaglag. 82:3. Kapag ang mga dagat ay sumabog. 82:4. Kapag ang mga libingan ay nabuksan. 82:5. Malalaman ng tao ang una at huling ginawa nito. 82:6. O tao, ano ang nanlinlang sa iyo mula sa iyong Panginoon na Mapagbigay? 82:7. Ang Siyang lumikha sa iyo, naghugis at nagbalanse sa iyo. 82:8. Sa anumang hugis na naisin Niya ay binuo ka Niya. 82:9. Hindi. Bagkus ay nagpasinungaling kayo sa Araw ng Paghuhukom. 82:10. Tunay na nasa inyo ang mga anghel na tagapag-ingat. 82:11. Mararangal na tagapagtala.

82:12. Nakaaalam ng inyong mga ginagawa. 82:13. Tunay na ang matutuwid ay nasa ligaya. 82:14. At tunay na ang mga makasalanan ay nasa Impiyerno. 82:15. Ipapasok dito sa Araw ng Paghuhukom. 82:16. Sila rito ay hindi liliban. 82:17. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Paghuhukom? 82:18. At ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Paghuhukom? 82:19. Ang Araw na walang tangan ang sinuman para sa iba na anuman. At ang utos sa Araw na yaon ay kay Allah lamang.

83. SURATUL MUTAFFIFIN (ANG MGA MANDARAYA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

83:1. Kapahamakan sa mga mapanlamang. 83:2. Silang kapag tinimbang ng ibang tao ay husto. 83:3. Ngunit kung sila ay magsukat o magtimbang para sa iba ay nagkukulang. 83:4. Hindi ba nila inaakala na sila ay bubuhaying-muli? 83:5. Para sa Araw na matindi. 83:6. Sa Araw na ang sangkatauhan ay tatayo sa harap ng Panginoon ng mga nilikha. 83:7. Hindi. Tunay na ang aklat ng mga makasalanan ay ang Sijjin. 83:8. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang Sijjin? 83:9. Aklat na detalyado. 83:10. Kapahamakan sa Araw na yaon sa mga nagpasinungaling. 83:11. Silang mga nagpapasinungaling sa Araw ng Paghuhukom. 83:12. Walang nagpapasinungaling dito liban pa sa mapagmalabis na makasalanan. 83:13. Tuwinang binabasa sa kanya ang Aming mga talata ay nagsasabing, ‘Alamat ng mga sinauna.’ 83:14. Hindi. Bagkus ay nagmantsa sa kanilang mga puso ang kanilang dating mga ginawa. 83:15. Hindi. Tunay na sila sa kanilang Panginoon sa Araw na yaon ay paghihiwalayin. 83:16. At tunay na sila ay papasok sa Impiyerno. 83:17. At sasabihin sa kanila, ‘Ito ang dati ninyong pinasisinungalin-g a n .’

83:18. Hindi. Tunay na ang talaan ng mabubuti ay nasa Illiyun. 83:19. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang Illiyun?

83:20. Aklat na detalyado. 83:21. Sumasaksi rito ang mga anghel na malalapit kay Allah. 83:22. Tunay na ang matutuwid ay nasa kaligayahan. 83:23. Sa magagandang upuan na nakamasid. 83:24. Makikilala mo sa kanilang mga mukha ang ningning ng ligaya. 83:25. Paiinumin sila mula sa inuming selyado. 83:26. Ang dulo nito ay Musk. Dito ay mag-unahan ang mga nakikipag-unahan. 83:27. Ito ay pinaghalong Tasnim. 83:28. Batis na iinom mula rito ang malalapit kay Allah. 83:29. Tunay na ang mga makasalanan sa mga nanampalataya ay tumatawa noon. 83:30. Kapag sila ay dumaan sa kanila ay nagkikindatan. 83:31. Kapag sila ay bumalik sa kanilang pamilya ay bumabalik na nagpapatawa. 83:32. Tuwinang nakikita nila sila ay sinasabi nilang, 'Tunay na ang mga yaon ay nangaligaw.' 83:33. Hindi sila ipinadala sa mga nanampalataya bilang mga tagapag-ingat. 83:34. Kaya sa Araw na ito ang mga nanampalataya, sa mga hindi nanampalataya ay tatawa. 83:35. Sa magagandang upuan na nakamasid. 83:36. Ginantimpalaan ba ang mga hindi nanampalataya ayon sa kanilang ginawa?

84. SURATUL INSHIQAQ (ANG PAGBIYAK)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

84:1. Kapag ang langit ay napunit. 84:2. At tumugon sa kanyang Panginoon at tumalima. 84:3. Kapag ang lupa ay nabanat. 84:4. At iniluwal ang nilalaman nito at isinuko ito. 84:5. At tumugon sa kanyang Panginoon at tumalima. 84:6. O tao, tunay na ikaw ay nagsumikap tungo sa iyong Panginoon nang may matinding pagsisikap at makikita ito. 84:7. Kaya sinumang bibigyan ng kanyang aklat sa kanyang kanang kamay. 84:8. Ay tutuusin ng magaang pagtutuos. 84:9. At babalik sa kanyang nasyon na masaya. 84:10. Sinumang bibigyan ng kanyang aklat sa kanyang likod. 84:11. Ay hihiling ng pagkawasak. 84:12. At itatapon sa Apoy. 84:13. Tunay na siya noon sa kanyang nasyon ay masaya.

84:14. Tunay na siya ay nag-akala na hindi siya magbabalik. 84:15. Bagkus tunay na ang kanyang Panginoon sa kanya ay Nakatingin. 84:16. Sumpa sa liwanag sa paglubog ng araw. 84:17. At sa gabi sa pagbalot nito. 84:18. At sa buwan sa pagbilog nito. 84:19. Ikaw ay tiyak na dadaan sa mga yugto. 84:20. Ano ang problema nila at hindi sila nananampalataya. 84:21. At kapag binasa sa kanila ang Quran ay hindi sila nagpapatirapa? 84:22. Bagkus ang mga hindi nanampalataya ay nagpapasinungaling. 84:23. Si Allah ay higit na nakaaalam sa inililihim nila. 84:24. Balitaan mo sila ng parusang masakit. 84:25. Liban na lamang sa mga nanampalataya at gumawa ng kabutihan. Para sa kanila ang gantimpalang walang humpay.

85. SURATUL BURUJ (ANG MALALAKING BITUIN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

85:1. Sumpa sa langit na may malalaking bituin. 85:2. Sa araw na ipinangako, ang Araw ng Paghuhukom. 85:3. Sa saksi na Araw ng Jumu'ah at sinaksihan na Araw ng Arafah. 85:4. Kapahamakan sa mga nagmamay-ari ng hukay. 85:5. Ang apoy na may panggatong. 85:6. Na sila malapit dito ay nakaupo. 85:7. At silang sa ginawa nila sa mga nanampalataya ay mga saksi. 85:8. Hindi sila naghiganti sa mga nanampalataya liban na lamang na sila ay nanampalataya kay Allah ang Makapangyarihan at ang Kapuri-puri. 85:9. Na Siyang nagmamay-ari sa kalangitan at lupa. Si Allah sa lahat ng bagay ay Saksi. 85:10. Tunay na yaong mga nagpahirap sa mga mananampalatayang lalaki at babae at hindi nagbalik-loob ay para sa kanila ang parusa ng Impiyerno at para sa kanila ang parusang nagliliyab. 85:11. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay para sa kanila ang mga hardin na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Yaon ang malaking tagumpay. 85:12. Tunay na ang ganti ng iyong Panginoon ay matindi. 85:13. Tunay na Siya ang nagpapasimula at nag-uulit nito. 85:14. Siya ang Mapagpatawad at ang

Mapagmahal. 85:15. May-ari ng dakilang trono. 85:16. Nagpapatupad ng nais Niya. 85:17. Dumating ba sa iyo ang kuwento ng mga sundalo. 85:18. Ni Paraon at ng Thamud. 85:19. Ngunit ang mga hindi nanampalataya ay nagpapasinungaling. 85:20. Si Allah sa likod nila ay nakaaarok. 85:21. Bagkus ito ay Quran na marangal. 85:22. Sa Tabletang iniingatan.

86. SURATUT TARIQ (ANG BITUING MALIWANAG)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

86:1. Sumpa sa langit at sa bituin na At Tariq. 86:2. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang At Tariq? 86:3. Ito ay bituing tumatagos ang liwanag. 86:4. Walang sinumang umiiral liban na lamang na ito ay may tagapag-ingat. 86:5. Kaya tingnan ng tao kung mula saan siya nilikha. 86:6. Nilikha siya mula sa likidong tumatalsik. 86:7. Na lumalabas sa pagitan ng gulugod at dibdib. 86:8. Tunay na Siya sa pagpapabalik sa kanya ay may kakayanan. 86:9. Sa Araw na susubukin ang mga lihim. 86:10. At wala siyang lakas o tagatulong. 86:11. Sumpa sa langit na nagpapaulan. 86:12. At sa lupa na natitipak. 86:13. Tunay na ito ay salitang naghihiwalay. 86:14. Ito ay hindi libangan. 86:15. Tunay na sila ay nagpaplano ng isang plano. 86:16. At Ako ay nagpaplano ng isang plano. 86:17. Palugitan mo ang mga hindi nanampalataya. Hayaan mo muna sila.

87. SURATUL A'LA (ANG KATAAS-TAASAN)

Sa ngalan ni Allah. Ang Maawain. Ang Mahabagin.

87:1. Luwalhatiin ang pangalan ng iyong Panginoon na Kataas-taasan. 87:2. Na lumikha at naghugis. 87:3. Na nagtakda at naggabay. 87:4. Na nagpasibol ng pastulan. 87:5. At ginawa itong itim na dayami. 87:6. Ipababasa Namin ito sa iyo at hindi mo

makakalimutan. 87:7. Liban na lamang sa naisin ni Allah. Tunay na Siya ay nakaaalam sa hayag at lihim. 87:8. Padadaliin Namin sa iyo ang pagpapagaan. 87:9. Magpaalala kung magbibigay-pakinabang ang pagpapaalala. 87:10. Makaaalala ang may takot kay Allah. 87:11. At lalayuan ito ng makasalanan. 87:12. Na siyang itatapon sa pinakamalaking apoy. 87:13. Hindi mamamatay o mabubuhay dito. 87:14. Nagtagumpay ang nagpadalisay. 87:15. At bumanggit sa pangalan ng kanyang Panginoon at nagtaguyod ng obligadong pagdarasal. 87:16. Bagkus ay hinahangad ninyo ang buhay sa mundo. 87:17. Samantalang ang Kabilang-buhay ay mas mainam at magtatagal. 87:18. Tunay na ito ay nasa naunang mga kapahayagan. 87:19. Sa kapahayagan kina Abraham at Moises.

88. SURATUL GHASHIYAH
(ANG NAKAKATAKOT NA KAGANAPAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

88:1. Dumating ba sa iyo ang balita tungkol sa nakakatakot na pangyayari? 88:2. Ang mga mukha sa araw na yaon ay nagpapakumbaba. 88:3. Nagtatrabaho at napapagod. 88:4. Papasok sa apoy na napakainit. 88:5. Paiinumin sila mula sa bukal na kumukulo. 88:6. Wala silang pagkain liban pa sa halaman na Dari'. 88:7. Walang sustansiya at hindi nakapapawi ng gutom. 88:8. Ang mga mukha sa araw na yaon ay masaya. 88:9. Sa kanilang ginawa ay masaya. 88:10. Sa hardin na mataas. 88:11. Hindi sila makaririnig dito ng masamang pananalita. 88:12. Naririto ang bukal na dumadaloy. 88:13. Naririto ang matataas na upuan. 88:14. Mga baso na nasa lagayan. 88:15. Mga unan na nakaayos. 88:16. Mga carpet na nakalatag. 88:17. Hindi ba sila tumitingin sa kamelyo kung paano ito nilikha? 88:18. O sa langit kung paano ito inangat? 88:19. O sa kabundukan kung paano ito naitatag? 88:20. Sa lupa kung paano ito napalawak? 88:21. Magpaalala ka dahil ikaw ay tagapagpaalala lamang.

88:22. Hindi ka tagapilit sa kanila. 88:23. Liban na lamang sa tumalikod at hindi nanampalataya. 88:24. Si Allah ay magpaparusa sa kanya ng matinding pagpaparusa. 88:25. Tunay na tungo sa Amin ang kanilang pagbabalik. 88:26. Tunay na sa Amin ang kanilang pagtutuos.

89. SURATUL FAJR (ANG BUKANG-LIWAYWAY)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

89:1. Sumpa sa bukang-liwayway. 89:2. Sa unang sampung gabi ng Dhul Hijjah. 89:3. Sa Araw ng Eid at Araw ng Arafah. 89:4. Sa gabi sa paglaganap nito. 89:5. Hindi ba't ang mga panunumpang ito ay sapat sa umuunawa? 89:6. Hindi mo ba nakita kung ano ang ginawa ng iyong Panginoon sa 'Ad? 89:7. Sa Iram na may matataas na haligi. 89:8. Na hindi nalikha ang tulad nila sa lupa? 89:9. Ang Thamud na naglilok sa mga bato sa lambak? 89:10. Kay Paraon na may tangan ng malakas na hukbo? 89:11. Na pawang nang-api sa lupa. 89:12. Nagparami rito ng kasiraan. 89:13. Kaya ibinuhos sa kanila ng iyong Panginoon ang maraming parusa. 89:14. Tunay na ang iyong Panginoon ay nakamasid. 89:15. Ang tao, kapag sinubok ng kanyang Panginoon at pinarangalan at biniyayaan ay nagsasabi, 'Ang aking Panginoon ay nagparangal sa akin.' 89:16. At kapag siya naman ay sinubok at pinigil ang biyaya sa kanya ay nagsasabi, 'Ang aking Panginoon ay naghamak sa akin.' 89:17. Hindi. Bagkus ay hindi kayo nagpapahalaga sa ulila. 89:18. Hindi kayo naghihimok sa pagpapakain sa mahirap. 89:19. Kinakamkam ninyo ang ipinamana sa iba at inuubos ito lahat-lahat. 89:20. Minamahal ninyo ang kayamanan ng matinding pagmamahal. 89:21. Hindi. Kapag dinurog ang lupa nang durug na durog. 89:22. At dumating ang iyong Panginoon kasama ang mga anghel nang nakahanay. 89:23. At ibinunyag sa araw na yaon ang Impiyerno. Sa Araw na yaon ay makaaalala ang tao ngunit ano ang saysay sa kanya ng pag-alaala?

89:24. Sasabihin niya, ‘Sana ay gumawa ako ng mabuti sa aking buhay.’ 89:25. Sa araw na yaon ay walang magpaparusa na kasingtindi ng Kanyang parusa na sinuman. 89:26. At walang gagapos na kasingtindi ng Kanyang paggapos na sinuman. 89:27. ‘O kaluluwang panatag. 89:28. Bumalik ka sa iyong Panginoon na nalulugod at kalugud-lugod. 89:29. Pumasok kasama ang Aking mga alipin. 89:30. At pumasok sa Aking Paraiso.’

90. SURATUL BALAD (ANG LUNGSOD)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

90:1. Sumpa sa lungsod na ito ng Makkah. 90:2. Ikaw O Muhammad ay malaya sa lungsod na ito. 90:3. Sumpa sa ama ng sangkatauhan na si Adan at sa anak niya na ang lahat ng mga tao. 90:4. Nilikha Namin ang tao sa paghihirap. 90:5. Iniisip ba ng tao na walang makagagapi sa kanya na kahit sino? 90:6. Sinasabi niya, ‘Gumasta ako ng limpak-limpak na salapi.’ 90:7. Iniisip ba niya na hindi siya nakita ninuman? 90:8. Hindi ba Kami gumawa para sa kanya ng dalawang mata? 90:9. Dila at dalawang labi? 90:10. At naggabay Kami sa kanya sa dalawang landas? 90:11. Hindi siya nakalampas sa mahirap na daanan. 90:12. Ano ang magpapaunawa sa iyo kung ano ang mahirap na daanan? 90:13. Ito ay pagpapalaya ng alipin. 90:14. O pagpapakain sa araw ng matinding gutom. 90:15. Sa ulilang malapit na kamag-anak. 90:16. O dukhang nasa matinding kahirapan. 90:17. May ilang mga nanampalataya ang nagpayuhan sa isat isa sa pagtitiis at nagpayuhan sa isat isa sa habag. 90:18. Sila ang mga nasa gawing kanan. 90:19. Ang mga hindi nanampalataya sa Aming mga tanda ay ang nasa gawing kaliwa. 90:20. Sa kanila ang apoy na papalibot.

91. SURATUSH SHAMS (ANG ARAW)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

91:1. Sumpa sa araw at sa liwanag nito. 91:2. Sa buwan na sumusunod dito. 91:3. Sa araw na naghahayag nito. 91:4. Sa gabi na bumabalot dito. 91:5. Sa langit at sa bumuo nito. 91:6. Sa lupa at sa nagpalapad nito. 91:7. Sa kaluluwa at sa naghugis nito. 91:8. Na nagpahayag dito ng kasamaan nito at kabutihan. 91:9. Nagtagumpay ang nagdalisay nito. 91:10. Nabigo ang sumira rito. 91:11. Nagpasinungaling ang Thamud sa pagsuway nito. 91:12. Nang ipinadala nito ang pinakamasama sa kanila. 91:13. Sinabi sa kanila ng sugo ni Allah, 'Ito ang babaeng kamelyo ni Allah at painumin ninyo ito.' 91:14. Nagpasinungaling sila sa kanya at kinatay nila ang babaeng kamelyo. Kaya pinarusahan sila ng kanilang Panginoon sa kasalanan nila at ginawa silang pare-pareho rito. 91:15. At hindi Siya natatakot sa kahihinatnan nito.

92. SURATUL LAYL (ANG GABI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

92:1. Sumpa sa gabi sa pagbalot nito. 92:2. Sa araw sa paglitaw nito. 92:3. Sa Siyang lumikha sa lalaki at babae. 92:4. Tunay na ang inyong pagsisikap ay magkakaiba. 92:5. Sinumang magbigay at matakot kay Allah. 92:6. At nagpatotoo sa gantimpala. 92:7. Kami ay magpapagaan sa kanya tungo sa ginhawa. 92:8. Sinumang maging kuripot at nagtakwil sa gantimpala. 92:9. At nagpasinungaling sa gantimpala. 92:10. Kami ay magpapagaan sa kanya tungo sa paghihirap. 92:11. Hindi makatutulong sa kanya ang kanyang yaman kapag itinapon siya sa Impiyerno. 92:12. Tunay na sa Amin ang gabay. 92:13. At sa Amin ang Kabilang-buhay at ang buhay sa mundo. 92:14. Kaya binababalaan Ko kayo mula sa apoy na nagliliyab. 92:15. Walang ipapasok dito liban pa sa pinakamasama.

92:16. Na siyang nagpasinungaling at nagtakwil. 92:17. Ilalayo mula rito ang matuwid. 92:18. Na siyang namimigay ng kanyang salapi upang magpadalisay. 92:19. Hindi para sa sinumang nakatulong sa kanya bilang ganti. 92:20. Liban na lamang bilang paghahangad sa kaluguran ng kanyang Panginoong Kataas-taasan. 92:21. Siya ay tiyak na malulugod.

93. SURATUD DUHA (ANG UMAGA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

93:1. Sumpa sa umaga. 93:2. At sa gabi sa pagdilim nito. 93:3. Hindi ka iniwan ng iyong Panginoon at tinalikuran. 93:4. Katiyakang ang Kabilang-buhay ay mas mainam para sa iyo kaysa sa nauna. 93:5. Katiyakang bibigyan ka ng iyong Panginoon at ikaw ay malulugod. 93:6. Hindi ka ba Niya natagpuan na ulila at pinasilong ka Niya? 93:7. Nagtagpuan ka Niya na ligaw at ginabayan ka? 93:8. At natagpuan kang mahirap at pinagyaman ka? 93:9. Kaya ang ulila ay huwag apihin. 93:10. At ang namamalimos ay huwag itaboy. 93:11. Ang biyaya ng iyong Panginoon ay ipahayag mo.

94. SURATUSH SHARH (ANG GINHAWA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

94:1. Hindi ba Namin pinaluwag para sa iyo ang iyong dibdib? 94:2. At inalis Namin sa iyo ang iyong pasanin. 94:3. Na nakadagan sa iyong likod. 94:4. At iniangat ang iyong karangalan. 94:5. Tunay na kasama ng paghihirap ang ginhawa. 94:6. Tunay na kasama ng paghihirap ang ginhawa. 94:7. Kapag ikaw ay nabakante ay tumayo sa pagsamba. 94:8. At tungo sa iyong Panginoon ay maghangad.

95. SURATUT TIN (ANG PUNO NG TIN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

95:1. Sumpa sa puno ng Tin at sa Oliba. 95:2. At sa bundok ng Sinai. 95:3. At sa lungsod na ito ng Makkah na ligtas. 95:4. Nilikha Namin ang tao sa pinakamainam na anyo. 95:5. At ibinalik Namin siya sa pinakamababa sa mabababa. 95:6. Liban na lamang sa mga nanampalataya at gumawa ng mabuti na para sa kanila ang gantimpalang walang patid. 95:7. Ano ang nagpasinungaling sa iyo sa Araw ng Paghuhukom? 95:8. Hindi ba't si Allah ang pinakamakatarungang hukom?

96. SURATUL ALAQ (ANG NAMUONG LAMAN NA NAKABITIN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

96:1. Bumasa, sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha. 96:2. Lumikha sa tao mula sa namuong laman na nakabitin sa sinapupunan. 96:3. Bumasa at ang iyong Panginoon ang pinakamapagbigay. 96:4. Ang nagturo sa pamamagitan ng panulat. 96:5. Nagturo sa tao ng mga bagay na hindi niya nalaman. 96:6. Hindi. Tunay na ang tao ay sumusuway. 96:7. Dahil, nakikita niya ang kanyang sarili na walang pangangailangan. 96:8. Tunay na sa iyong Panginoon ang pagbabalik. 96:9. Nakita mo ba yaong nagbabawal, si Abu Jahl na kalaban ni Propeta Muhammad. 96:10. Sa isang alipin na nagtataguyod ng obligadong pagdarasal? 96:11. Nakita mo ba kung siya lamang ay nasa gabay. 96:12. O nag-utos ng pagiging matuwid? 96:13. Nakita mo ba kung siya ay magpasinungaling at tumalikod? 96:14. Hindi ba niya nalaman na si Allah ay nakakakita? 96:15. Hindi. Kung hindi siya titigil ay hihilahin siya sa kanyang noo. 96:16. Noo na sinungaling at makasalanan. 96:17. Tawagin niya ang kanyang mga kakampi.

96:18. Tatawagin naman Namin ang mga anghel ng Impiyerno. 96:19. Hindi. Huwag mo siyang sundin bagkus ay magpatirapa at lumapit kay Allah.

97. SURATUL QADR (ANG GABI NG PAGTATAKDA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

97:1. Tunay na ibinaba Namin ang Quran sa Laylatul Qadr. 97:2. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang Laylatul Qadr. 97:3. Ang gabi ng Qadr ay mas mainam pa sa isang libong buwan. 97:4. Bumababa ang mga anghel at si Anghel Gabriel dito sa pahintulot ng kanilang Panginoon dala ang lahat ng utos. 97:5. Kapayapaan hanggang sa bukang-liwayway.

98. SURATUL BAYYINAH (ANG MALINAW NA TANDA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

98:1. Ang mga hindi nanampalataya mula sa Angkan ng Kasulatan at mga nagtambal kay Allah ay hindi tatalikod sa kawalang pananampalataya hanggang sa dumating sa kanila ang malinaw na patunay. 98:2. Isang Sugo mula kay Allah na bumabasa ng kasulatan na dalisay. 98:3. Na naririto ang matutuwid na nakatala. 98:4. Hindi magwawatak-watak ang mga binigyan ng Kasulatan liban na lamang pagkatapos dumating sa kanila ang malinaw na patunay. 98:5. Hindi sila pinag-utusan liban na lamang na sambahin si Allah nang dalisay sa Kanyang relihiyon na kumikiling sa katotohanan, nagtataguyod ng obligadong pagdarasal at nagbabayad ng obligadong kawanggawa. Yaon ang tamang relihiyon. 98:6. Tunay na yaong mga hindi nanampalataya mula sa Angkan ng Kasulatan at mga nagtambal kay Allah ay mapupunta sa Impiyerno at mananahan dito habang-panahon.

Sila ang pinakamasahol na nilikha. 98:7. Tunay na yaong mga nanampalataya at gumawa ng mabuti ay sila ang pinakamainam na nilikha. 98:8. Ang gantimpala nila mula sa kanilang Panginoon ay mga hardin ng Paraiso na dumadaloy sa ilalim nito ang mga ilog. Mananahan sila rito habang-panahon. Nalugod si Allah sa kanila at sila ay nalugod sa Kanya. Yaon ay para sa may takot sa kanyang Panginoon.

99. SURATUZ ZALZALAH (ANG LINDOL)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

99:1. Kapag niyanig ang kalupaan ng matinding pagyanig nito.
99:2. At inilabas ng lupa ang pasanin nito. 99:3. Itatanong ng tao, 'Ano ang nangyayari rito?' 99:4. Sa Araw na yaon ay maglalahad ito ng mga kaganapan dito. 99:5. Dahil ang iyong Panginoon ay nag-utos dito. 99:6. Sa Araw na ang tao ay maghihiwa-hiwalay upang makita ang kanilang mga gawa. 99:7. Sinumang gumawa ng katiting na kabutihan ay makikita ito. 99:8. At sinumang gumawa ng katiting na kasamaan ay makikita ito.

100. SURATUL 'ADIYAT (MGA KABAYONG PANDIGMA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

100:1. Sumpa sa mga kabayong pandigma na hinihingal. 100:2. At sa siyang kumikislap ang paa nito sa pagkiskis sa bato. 100:3. At sa mga sumasalakay sa madaling-araw. 100:4. Na nagpapakalat ng alikabok. 100:5. Na sumasalakay sa gitna ng mga kalaban. 100:6. Tunay na ang tao sa kanyang Panginoon ay hindi mapagpasalamat. 100:7. Tunay na siya rito ay saksi. 100:8. Tunay sa siya sa pagmamahal sa kayamanan ay matindi. 100:9. Hindi ba niya nalalaman kapag ikinalat ang laman ng mga libingan. 100:10. At ang laman ng mga

dibdib ay inilantad. 100:11. Tunay na ang kanilang Panginoon, sa kanila, sa Araw na yaon ay Nakababatid.

101. SURATUL QARI'AH (ANG MALAGIM NA KAGANAPAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

101:1. Ang kalamidad. 101:2. Ano ang kalamidad? 101:3. Ano magpapabatid sa iyo kung ano ang kalamidad? 101:4. Ang araw na ang mga tao ay parang gamu-gamo na nakakalat. 101:5. At ang kabundukan ay parang balahibo na nililipad-lipad. 101:6. Sinumang mabigat ang kanyang timbangan ng mababuting gawa. 101:7. Siya ay nasa magandang buhay. 101:8. Sinumang magaan ang kanyang timbangan ng mababuting gawa. 101:9. Ang tahanan niya ay ang Impiyerno. 101:10. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ito? 101:11. Ito ay apoy na napakainit.

102. SURATUT TAKATHUR (ANG PAGPAPARAMIHAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

102:1. Nilinlang kayo ng pagpaparamihan ng makamundong bagay. 102:2. Hanggang sa kayo ay mailibing. 102:3. Hindi, bagkus ay malalaman ninyo. 102:4. At hindi, bagkus ay malalaman ninyo. 102:5. Bagkus kung nalalaman lamang ninyo nang may katiyakan. 102:6. Ay makikita ninyo ang Impiyerno. 102:7. At makikita ninyo ito nang may katiyakan. 102:8. At tatanungin kayo sa Araw na yaon tungkol sa mga biyaya.

103. SURATUL ASR (ANG PANAHON)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

551

103:1. Sumpa sa panahon. 103:2. Tunay na ang tao ay nasa pagkalugi. 103:3. Liban pa sa mga nanampalataya, gumawa ng kabutihan, nagpayuhan sa katotohanan at nagpayuhan sa pagtitiis.

104. SURATUL HUMAZAH (ANG MAPANIRANG-PURI)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

104:1. Kasawian sa lahat ng mapanira at mapanlait na tao. 104:2. Na siyang nag-iipon ng yaman at binibilang lamang ito. 104:3. Inaakala niya na ang kanyang yaman ay magpapanatili sa kanya. 104:4. Bagkus siya ay itatapon sa tagadurog na Impiyerno. 104:5. Ano ang magpapabatid sa iyo kung ano ang tagadurog? 104:6. Ang apoy ni Allah na sinilaban. 104:7. Na nanunuot sa mga puso. 104:8. Ito ay babalot sa kanila. 104:9. Sa nagtataasang mga haligi.

105. SURATUL FIL (ANG ELEPANTE)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

105:1. Hindi mo ba nakita kung ano ang ginawa ng iyong Panginoon sa hukbo na may dalang elepante? 105:2. Hindi ba Niya iniligaw ang kanilang mga plano na wasakin ang Ka'bah sa Makkah? 105:3. At nagpadala Siya ng mga ibon na Ababil. 105:4. Bumabato sa kanila ng batong pinatigas na luwad. 105:5. At ginawa silang parang kinaing pananim.

106. SURAH QURAYSH (ANG TRIBONG QURAYSH)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

106:1. Sa kapanatagan ng Quraysh. 106:2.Sa kanilang paglalakbay sa taglamig at tag-init. 106:3.Marapat na sambahin nila ang Panginoon ng Ka'bah. 106:4. Ang Siyang nagpakain sa kanila mula sa gutom at nagpanatag sa kanila mula sa takot.

107. SURATUL MA'UN (ANG MALIIT NA KAWANGGAWA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

107:1.Nakita mo ba yaong nagpasinungaling sa Araw ng Paghuhukom? 107:2. Ang siyang nagtataboy sa mga ulila. 107:3. Hindi naghihimok sa pagpapakain sa mahihirap. 107:4. Kapahamakan sa mga nagtataguyod ng pagdarasal. 107:5. Silang mga nagsasawalang-bahala sa kanilang pagdarasal. 107:6. Silang mga nagpapakitang-tao. 107:7. At nagbabawal sa maliit na kawanggawa.

108. SURATUL KAWTHAR (ISANG ILOG SA PARAISO)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

108:1. Tunay na ibinigay Namin sa iyo O Muhammad ang Al Kawthar, isang ilog sa Paraiso. 108:2. Kaya manalangin ka sa iyong Panginoon at mag-alay. 108:3. Tunay na ang iyong mga kaaway ang siyang napahamak.

109. SURATUL KAFIRUN
(ANG MGA HINDI NANAMPALATAYA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

109:1. Sabihin, 'O mga hindi nanampalataya. 109:2. Hindi ko sinasamba ang inyong sinasamba. 109:3. Hindi kayo sumasamba sa aking sinasamba. 109:4. Hindi ako sasamba sa inyong sinasamba. 109:5. Hindi kayo sumasamba sa aking sinasamba. 109:6. Sa inyo ang inyong relihiyon at sa akin ang aking relihiyon.'

110. SURATUN NASR (ANG TAGUMPAY)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

110:1. Kapag dumating ang tagumpay ni Allah at ang pagsakop sa Makkah. 110:2. At makita mo na ang mga tao ay pumapasok sa relihiyon ni Allah nang maramihan. 110:3. Luwalhatiin mo sa pagpuri ang iyong Panginoon at humingi ng tawad sa Kanya. Tunay na Siya ay tumatanggap sa pagbabalik-loob.

111. SURATUL MASAD (ANG HIBLA NG PALMERA)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

111:1.Kapahamakan sa dalawang kamay ni Abu Lahab, kalaban ni Propeta Muhammad. Kapahamakan sa kanya. 111:2. Walang naitulong sa kanya ang kanyang kayamanan o ang kanyang nakamit. 111:3. Siya ay ipapasok sa Impiyerno ng naglalagablab na apoy. 111:4. Gayundin ang kanyang asawa na may dalang panggatong. 111:5. Sa kanyang leeg ay ang lubid na gawa sa hibla.

112. SURATUL IKHLAS (ANG KADALISAYAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

112:1. Sabihin O Muhammad, 'Siya si Allah, ang Nag-iisa. 112:2. Si Allah ay walang pangangailangan sa nilikha. 112:3. Hindi nagkaanak at hindi ipinanganak. 112:4. Wala Siyang kahalintulad na anuman.'

113. SURATUL FALAQ (ANG BUKANG-LIWAYWAY)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

113:1. Sabihin O Muhammad, 'Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-liwayway. 113:2. Mula sa kasamaan ng mga nilikha. 113:3. Mula sa kasamaan ng madilim na gabi sa pagsapit nito. 113:4. Mula sa kasamaan ng mangkukulam na umiihip sa mga ibinuhol na tali. 113:5. Mula sa kasamaan ng naiinggit tuwinang ito ay naiinggit.'

114. SURATUN NAS (ANG SANGKATUHAN)

Sa ngalan ni Allah, ang Maawain, ang Mahabagin.

114:1. Sabihin O Muhammad, 'Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan. 114:2. Ang Hari ng sangkatauhan. 114:3. Ang Diyos ng sangkatauhan. 114:4. Mula sa kasamaan ng demonyong bumubulong ng masama. 114:5. Na bumubulong sa puso ng mga tao. 114:6. Mula sa mga engkanto at mga tao.'

Peace Center Manila
(Facebook Tagalog & English)

Peace Center Manila
(Tiktok Tagalog & English)

Peace Center Manila
(Website)

SCAN ME!

Peace World TV
(Youtube Tagalog & English)

Peace World TV
(Youtube English)

SCAN TO DOWNLOAD THIS BOOK IN PDF

Peace World TV
(Youtube URDU)

Hasanah Media Agency
(Youtube)

Good Word Books
(Website)

Good Word Books App
(Play Store)

Good Word Books App
(Apple Store)

Islam sa Pilipinas
(Website)

peacecentermanila Peace Center Manila PEACE WORLD TV

GoodWord peacecentermanila.com peaceworldtv19@gmail.com

(02) 8724 4822 (+63) 917 190 6753 (GLOBE) (+63) 998 9973223 (SMART)

W ORLD PEACE